Ellen G. White Estate

# ANG MALAKING TUNGGALIAN



ELLEN G. WHITE

# ANG MALAKING TUNGGALIAN

**Ellen G. White**

**1950**

**Copyright © 2014**
**Ellen G. White Estate, Inc.**

# Information about this Book

## Overview

This eBook is provided by the Ellen G. White Estate. It is included in the larger free Online Books collection on the Ellen G. White Estate Web site.

## About the Author

Ellen G. White (1827-1915) is considered the most widely translated American author, her works having been published in more than 160 languages. She wrote more than 100,000 pages on a wide variety of spiritual and practical topics. Guided by the Holy Spirit, she exalted Jesus and pointed to the Scriptures as the basis of one's faith.

## Further Links

A Brief Biography of Ellen G. White
About the Ellen G. White Estate

## End User License Agreement

The viewing, printing or downloading of this book grants you only a limited, nonexclusive and nontransferable license for use solely by you for your own personal use. This license does not permit republication, distribution, assignment, sublicense, sale, preparation of derivative works, or other use. Any unauthorized use of this book terminates the license granted hereby.

## Further Information

For more information about the author, publishers, or how you can support this service, please contact the Ellen G. White Estate at mail@whiteestate.org. We are thankful for your interest and feedback and wish you God's blessing as you read.

# PUNONG SALITA

Ang aklat na ito, mahal na bumabasa, ay hindi inilathala upang sabihin sa atin na sa sanlibutang ito'y mayroong kasalanan at kaabaan at kahirapan. Pawang nalalaman na natin ito.

Ang aklat na ito'y hindi inilathala upang sabihin sa atin na mayroong di-mapagkakasundong tunggalian ang kadiliman at kaliwanagan, ang kasalanan at katuwiran, ang mali at ang matuwid, ang kamatayan at buhay. Sa kaibuturan ng ating mga puso'y nalalaman na natin ito, at nalalaman din naman natin na tayo'y nakakassama, at mga may bahagi sa tunggaliang ito.

Datapuwa't sa bawa't isa sa atin ay dumarating kung minsan ang isang pananabik na magkaroon ng lalong kaalaman tungkol sa malaking tunggalian. Paano nagpasimula ang tunggalian? o ito ba'y laging naririto? Anu-anong mga bagay ang nakakasama sa magusot na kaayusan nito? Ano ang kaugnayan ko rito? Ano ang aking tungkulin? Natuklasan ko ang aking sarili sa sanlibutang ito hindi sa sarili kong kagustuhan. Nangangahulugan ba itong mabuti o masama sa akin?

Ano ang malalaking simulaing may kaugnayan dito? Hanggang kailan magpapatuloy ang tunggaliang ito? Ano ang magiging wakas nito? Lulubog ba ang lupang ito, gaya ng sinasabi sa atin ng ilang mga siyentipiko, sa isang kalalimang walang araw, isang napakalamig na walang-hanggang gabi? o mayroon bang isang mabuting hinaharap, na nagliliwanag sa dilag ng buhay, at pinaiinit ng walang-hanggang pag-ibig ng Diyos?

Lalong napapalapit ang tanong: Paano mapasisiyahan sa pagtatagumpay ng mabuti, at mapasisiyahan magpakailan man, sa aking sariling puso ang tunggalian, ang laban sa pumapasok na kasakiman, at ang tungkol sa inihahayag na pag-ibig? Ano ang sinasabi ng Biblia?

Ang mga tanong na ganito'y matatagpuan natin sa lahat ng dako. Mapilit na nagsisibangon ito buhat sa kaibuturan ng sarili nating puso. Humihingi sila ng tiyak na kasagutan.

Tunay na ang Diyos na lumalang ng ating kasabikan sa lalong mabuti, ng pagnanais sa katotohanan, ay di-magkakait sa atin ng lahat ng mga kasagutan sa mga kailangang kaalamang ito; sapagka't "ang Panginoong Diyos ay walang gagawin, kundi Kanyang ihahayag ang Kanyang lihim sa Kanyang mga ling-kod na mga propeta." [6]

Layunin ng aklat na ito, mahal na bumabasa, ang makatu-long sa nababagabag na kaluluwa sa pagkatuklas ng tumpak na lunas sa lahat ng mga suliraning ito. Sinulat ito ng isang nakatuklas at nakatikim na ang Diyos ay mabuti, at natuto sa pakikisangguni sa Diyos at sa pag-aaral ng Kanyang salita na ang lihim ng Panginoon ay nasa kanila na natatakot sa Kanya, at Kanya ngang ipakikita sa kanila ang Kanyang tipan.

Upang lalo nating maunawaan ang mga simulain ng tung-galiang itong mahalaga sa lahat, na rito'y nakakaramay ang buhay ng isang buong santinakpan, ito'y ipinakikilala sa atin ng sumulat sa pamamagitan ng mga dakila at maliliwanag na aral ng nagdaang dalawampung dantaon.

Ang aklat ay nagpapasimula sa malungkot at huling panoorin ng kasaysayan ng Jcrusalem, ang lunsod na pinili ng Diyos, pagkatapos na itakwil niya ang Tao ng Kalbaryo, na naparito upang magligtas. Buhat doon at patuloy sa mga daang bayan ng mga bansa, ay itinuturo tayo nito sa mga pag-uusig sa mga anak ng Diyos noong unang dantaon; sa sumunod na malaking pagtalikod sa Kanyang iglesya; sa pagbabangon ng Reporma sa buong sanlibutan, na rito'y nahayag ang ilan sa mga dakilang simulain ng tunggalian; sa pagbibigay buhay at pagkatampok ng mga Kasulatan, at sa mapagpala at nagbibigay-buhay na impluensya nito; sa pagbabagong sigla ng relihiyon ng mga huling araw; sa pag-aalis ng tatak ng nagliliwanag na batis na salita ng Diyos, taglay ang kahanga-hangang mga pahayag ng liwanag at kaalaman nito upang masagupa ang paglitaw ng bawa't nakamamatay na karayaan ng kadiliman.

Ang di-maiiwasang tunggalian sa kasalukuyan, na kinauugnayan ng mahalagang simulain, na dito'y wala sinuman ang maaaring di-makasama, ay ipinakikilala sa isang simple, maliwanag, at malakas na paraan. Huli sa lahat, ay sinasabi sa atin ang walang-hanggan at maluwalhating tagumpay ng mabuti sa kasamaan, ng matuwid sa kamalian, ng liwanag sa kadiliman, ng galak sa kalungkutan, ng pag-asa sa kasiphayuan, ng kapurihan sa kahihiyan, ng buhay sa

kamatayan, at ng walang-hanggan, at matiising pag-ibig sa mapaghiganting kapootan.

Ang aklat na ito ay isang pinaigsing sipi ng aklat na Ingles ng may-katha nito, na pinamagatang *The Great Controversy Between Christ and Satan*, na ngayo'y aabot na sa halos 2,000,000 mga sipi ang naisalin sa 24 na mga wika. Ang buong aklat ay mabibili sa wikang Kastila, Intsik, at Ingles. Ang pinaigsing sipi ay mabibili sa wikang Sebuano, Ilokano, Ilonggo, at Tagalog.

Ang mga Tagapaglathala

[7]

# PAGPAPAKILALA

Bago nakapasok ang kasalanan, ay nagkaroon si Adan ng harapang pakikipag-usap sa May-gawa sa kanya; nguni't sapul nang ihiwalay ng tao ang kanyang sarili sa Diyos sa pamamagitan ng pagsalansang, ang tanging karapatang ito'y inalis sa sangkatauhan. Gayunman, sa pamamagitan ng panukala ng kaligtasan, ang daan ay nabuksan na sa pamamagitan nito'y maaaring magkaroon ng kaugnayan sa langit ang mga naninirahan sa lupa. Nakikisangguni ang Diyos sa tao sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, at ang banal na liwanag ay ipinagkaloob sa sanlibutan sa pamamagitan ng pagpapahayag sa pinili Niyang mga lingkod. "Ang mga tao ay nagsalita buhat sa Diyos, na nangaudyukan ng Espiritu Santo." 2 Pedro 1:21.

Sa nalolooban ng naunang 2,500 taon ng kasaysayan ng sangkatauhan, ay walang napasulat na anumang banal na pahayag. Yaong mga tinuruan ng Diyos, ay siya namang nagturo ng kanilang kaalaman sa mga iba, at ito'y inilipat sa anak na lalaki buhat sa ama, sa mga sunudsunod na salin ng lahi. Ang paghahanda ng nakasulat na salita ay nagsimula noong panahon ni Moises. Ang mga kinasihang pahayag ay binuo noon sa isang kinasihang aklat. Ang gawaing ito'y nagpatuloy sa nalolooban ng mahabang panahon n,g 1,600 taon—mula kay Moises, na ma nanaysay ng paglalang at ng kautusan, hanggang kay Juan, na tagaulat ng pinakadakilang mga katotohanan ng ebanghelyo.

Itinuturo ng Biblia ang Diyos na siyang may-akda nito; nguni't ito'y sinulat ng mga kamay ng tao; at sa iba't ibang paraan ng pagkakasulat ng iba't ibang mga aklat nito ay ipinakikilala ang mga likas ng mga nagsisulat. Ang mga katotohanang ipinahahayag ay pawang "kina- sihan ng Diyos" (2 Timoteo 3:16): gayon ma'y [8]
ang mga ito'y binigkas sa salita ng mga tao. Ang Isang Walang-hanggan ay nagbigay ng liwanag sa mga isipan at mga puso ng Kanyang mga alipin sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu. Nagbigay Siya ng mga panagi-nip at mga pangitain. mga simbulo at

mga sagisag; at sila na pinagpahayagan ng katotohanan sa gayong paraan, ay siya ring bumuo ng isipan nito sa salita ng tao.

Sinulat sa iba't ibang panahon, ng mga lalaking may malaking pagkakaiba ang uri at ang gawain, at sa mga kaloob na ukol sa pag-iisip at sa espiritu, ay ipinakikilala ng mga aklat ng Biblia ang malaking pagkakaiba ng pa-raan ng pagkakasulat ng bawa't isa sa mga ito, kung pa-anong mayroon din namang pagkakaiba ang uri ng mga paksang inihahayag. Iba't ibang anyo ng pangungusap ang ginagamit ng iba't ibang mga manunulat; madalas na ang di-naiibang katotohanan ay ipinakikilala ng isang manunulat sa isang paraang lalong maliwanag kaysa mga iba.

Sa pagpapakilala nito sa pamamagitan ng iba't ibang mga tao, ang katotohanan ay ipinahahayag ayon sa iba't ibang mga anyo nito. Ang isang panig ng paksa ay siyang lalong kumilos sa isang manunulat; naunawaan niya ang mga puntong itong nakakatugma ng kanyang karanasan o ng kanyang kabatiran at pagpapahalaga; iba namang panig ang nakikita ng iba; at ipinakikilala ng bawa't isa, sa ilalim ng pagpatnubay ng Banal na Espiritu, ang lalong malakas na nakakilos ng kanyang pag-iisip—ibang panig ng katotohanan sa bawa't isa, nguni't isang ganap na pagtutugma ng lahat. At ang mga katotohanang ipinahayag sa gayong paraan ay nagsasama-sama upang maging isang ganap na kabuuan, na naaangkop na tumugon sa pangangailangan ng mga tao sa lahat ng mga pangyayari at mga karanasan ng buhay.

Ikinalugod ng Diyos na isangguni ang Kanyang kato-tohanan
[9] sa sanlibutan sa pamamagitan ng mga tao, at Siya na rin. sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu, ang siyang nag-angkop at nagbigay sa tao ng kakayahan upang magawa ang gawaing ito. Pinatnubayan Niya ang isipan sa pagpili kung ano ang dapat sabihin at dapat isulat. Ang kayamana'y ipinagtiwala sa sisidlang lupa, gayon man ito'y, gayon ding buhat sa langit. Ang patotoo'y ibinigay sa pamamagitan ng walang kaganapang pagpapahayag ng salita ng tao, gayon ma'y ito'y salita ng Diyos; at dito'y nakikita ng masunurin at sumasampalatayang anak ng Diyos ang kaluwalhatian ng isang banal na kapangyarihan, na puno ng biyaya at katotohanan.

Ang Espiritu ay ipinangako ng ating Tagapagligtas, na siyang magbubukas ng Salita sa Kanyang mga alipin, upang liwanagan at iangkop ang mga turo nito. At sapagka't ang Espiritu ng Diyos ang

siyang kumasi sa Biblia, ay di nga maaari na ang turo ng Espiritu ay maging laban sa itinuturo ng Salita.

Ang Espiritu'y hindi ipinagkaloob—ni hindi kailan man ito ipagkakaloob—upang siyang kumuha ng lugar ng Biblia; sapagka't maliwanag na sinasabi ng mga Kasulatan na ang salita ng Diyos ay siyang pamantayang sa pamamagitan nito'y ang lahat ng turo at karanasan ay dapat subukin. Ang wika ni apostol Juan, "Huwag kayong magsipaniwala sa bawa't espiritu, kundi inyong subukin ang mga espiritu, kung sila'y sa Diyos: sapagka't maraming nagsilitaw na mga bulaang propeta sa sanlibutan." 1 Juan 4:1. At ang pahayag ni Isaias, "Sa kautusan at sa patotoo! kung hindi sila magsalita ng ayon sa salitang ito, tunay na walang umaga sa kanila." Isaias 8:20.

Kasang-ayon ng salita ng Diyos, ang Espiritu Niya'y magpapatuloy ng paggawa sa buong panahon ng kapana-hunan ng ebanghelyo. Sa nalolooban ng mga panahong ang mga Kasulatan ng Matanda at Bagong Tipan ay ibi-nibigay, ay walang tigil ang Banal na Espiritu sa pagka-kaloob ng liwanag sa isa't isang isipan, bukod sa mga pahayag na nasa kabuuan ng Banal na Kasulatan. [10]

Si Jesus ay nangako sa Kanyang mga alagad, "Ang Mang-aaliw, samakatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa Aking pangalan, Siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y Aking sinabi." "Kung Siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan Niya kayo sa buong katotohanan: . . . at Kanyang ipaha-hayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating." Juan 14:26; 16:13. Maliwanag na itinuturo ng Kasulatan na ang mga pangakong ito, na malayong maging ukol lamang sa panahon ng mga apostol, ay umaabot sa iglesya ni Kristo sa lahat ng panahon. Tiyak na sinabi ng Taga-pagligtas sa Kanyang mga alagad, "Ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Mateo 28:20. At sinabi ni Pablo na ang mga kaloob at mga pagkahayag ng Espiritu ay pawang inilagay sa iglesya "sa ika-sasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Kristo: hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagka-kilala sa Anak ng Diyos, hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo." Efeso 4:12, 13.

Kaugnay kaagad ng mga panoorin ng dakilang araw ng Diyos, ay ipinangako ng Panginoon sa pamamagitan ng propetang si Joel ang

tanging pagkahayag ng Kanyang Espiritu. (Joel 2:28.) Ang isang bahagi ng hulang ito ay nagkaroon na ng katuparan nang ibuhos ang Espiritu noong araw ng Pentekostes; nguni't aabutin nito ang lubusang pagkatupad sa pagkahayag ng biyaya ng Diyos na siyang sasama sa pangwakas na gawain ng ebanghelyo.

Sa pamamagitan ng liwanag ng Banal na Espiritu, ang mga panoorin ng matagal na labanan ng kabutihan at ng kasamaan ay nabuksan sa mga manunulat ng mga dahong ito. Sa pana-panahon ay ipinahintulot sa akin na makita ko ang paggawa, sa iba't ibang mga panahon, ng malaking tunggalian ni Kristo na Prinsipe ng buhay,
[11] na May- gawa ng ating kaligtasan, at ni Satanas, na prinsipe ng kasamaan, na may-gawa ng kasalanan, na unang sumalansang sa banal na kautusan ng Diyos. Ang kapootan ni Satanas laban kay Kristo ay inihayag laban sa Kanyang mga alagad. Ang kapootang ding yaon sa mga simulain ng utos ng Diyos, ang pamamalakad ding yaon ng pagdaraya, na sa pamamagitan nito'y pinalilitaw na matuwid an,g kamalian, ang mga kautusan ng mga tao ay ipinapalit sa utos ng Diyos, at. ang mga tao'y naaakay sa pagsamba sa kinapal sa halip ng sa May-kapal, ay maaaring matuntun sa lahat ng mga kasaysayan ng mga panahong nagdaan.

Sa pagbubukas ng Espiritu n,g Diyos sa aking isipan ng mga dakilang katotohanan ng Kanyang mga salita, at ng mga panoorin ng nakaraan at ng hinaharap na panahon, ay sinabi sa akin na ipaalam ko sa mga iba ang mga bagay na inihayag—na tuntunin ang kasaysayan ng tunggalian nang mga panahong nagdaan, at lalo na, na ito'y ipakilala sa paraang ito'y makapagbibigay liwanag sa labanan sa hinaharap na matulin na dumarating. Sangayon sa hangaring ito, ay pinagsikapang kong piliin at pagsama-samahin ang mga pangyayari sa kasaysayan ng iglesya sa isang paraang matutunton ang pagpapahayag ng dakilang sumusubok na mga katotohanan na sa iba't ibang panahon ay ibinigay sa sanlibutan, na siyang nagbunsod sa kagalitan ni Satanas, at ng kapootan ng iglesyang maka-sanlibutan, mga katotohanang iningatan ng mga pagsaksi niyaong mga hindi nagsiibig sa "kanilang buhay hanggang sa kamatayan."

Sa mga ulat na ito'y makikita natin ang unang anino ng tunggalian sa panahong ating hinaharap. Sa pagsasaalang-alang sa mga ito ayon sa liwanag ng salita ng Diyos, at sa pamamagitan ng liwanag ng Kanyang Espiritu, ay makikita natin ang pagkahayag

ng mga pakana ng isang masama, at ang mga panganib na dapat iwasan nilang nagnanais na masumpungang "mga walang dungis" sa harapan ng Panginoon sa Kanyang pagdating. [12]

Ang layunin ng aklat na ito ay hindi ang pagpapakilala ng bagong mga katotohanan tungkol sa mga pagpupunyagi ng unang mga panahon, kundi ang pagbibigay ng m,ga katunayan at mga simulaing may kinalaman sa mga darating na mga pangyayari. Gayunman, sa pagpapalagay na ito'y isang bahagi ng tunggalian ng mga hukbo ng kaliwanagan at ng mga hukbo ng kadiliman, ang lahat ng mga ulat na ito ng panahong nagdaan ay nakikitang mayroong bagong kahalagahan; at sa pamamagitan ng mga ito'y naliliwanagan ang panahong hinaharap, at naliliwanagan ang landas niyaong mga tatawagin, kagaya ng mga repormador ng mga panahong nagdaan, kahit na sa ikapapanganib ng lahat ng tinatangkilik sa sanlibutan, upang sumaksi "dahil sa salita ng Diyos at sa patotoo ni Jesus."

Upang ipamalas ang mga panoorin ng malaking tunggalian ng katotohanan at ng kamalian; upang ihayag ang mga silo ni Satanas, at ang mga pamamaraan na sa pamamagitan ng mga ito'y matagumpay siyang mapaglabanan; upang ipakilala ang kasiya-siyang lunas sa malaking suliranin ng kasamaan, sa isang paraang makapagbigay liwanag sa pinagbuhatan at sa pagpawi sa wakas sa kasalanan upang lubusang ipahayag ang katarungan at kagandahang-loob ng Diyos sa lahat ng Kanyang pakikitungo sa mga nilalang Niya; at upang ipakita ang banal, at di-nagbabagong likas ng Kanyang kautusan, ay siyang layunin ng aklat na ito. Na sa pamamagitan ng impluensya nito ay maligtas ang mga kaluluwa mula sa kapangyarihan ng kadiliman, upang "makabahagi sa mana ng mga banal sa kaliwanagan," sa kapurihan Niya na umibig sa atin, at nagbigay ng Kanyang sarili dahil sa atin, ay siyang tauspusong dalangin ng sumulat nito.

E. G. W.

[13]

# NILALAMAN

# Contents

Information about this Book . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . i
PUNONG SALITA . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . ii
PAGPAPAKILALA . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . v
NILALAMAN . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . x
*Kabanata 1*—Ang wakas ng isang bansa . . . . . . . . . . . . . . . . . . 14
*Kabanata 2*—Pinag-usig ng paganismo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 24
*Kabanata 3*—Ang iglesya sa roma . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 31
*Kabanata 4*—Ang iglesya sa mga kabundukan . . . . . . . . . . . . . . 41
*Kabanata 5*—Isang liwanag sa kadiliman . . . . . . . . . . . . . . . . . . 51
*Kabanata 6*—Dalawang tanyag na martir . . . . . . . . . . . . . . . . . 62
*Kabanata 7*—Pagsilang ng isang bayani . . . . . . . . . . . . . . . . . . 79
*Kabanata 8*—Ang paglitis sa katotohanan . . . . . . . . . . . . . . . . 101
*Kabanata 9*—Sa gitnang europa . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 117
*Kabanata 10*—Naligalig ang suisa . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 121
*Kabanata 11*—Pagtatanggol sa pananampalataya . . . . . . . . . . 134
*Kabanata 12*—Ang panawagan sa mga pranses . . . . . . . . . . . 145
*Kabanata 13*—Sa olanda at sa eskandinabya . . . . . . . . . . . . . . 167
*Kabanata 14*—Sa mga pulo ng britanya . . . . . . . . . . . . . . . . . . 176
*Kabanata 15*—Paggising sa bansa . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 183
*Kabanata 16*—Pagsisikap ukol sa kalayaan . . . . . . . . . . . . . . . 191
*Kabanata 17*—Nakapagtatakang mga tanda . . . . . . . . . . . . . . 201
*Kabanata 18*—Isang malaganap na pagkagising . . . . . . . . . . . 210
*Kabanata 19*——Isang dakilang amerikano . . . . . . . . . . . . . . 217
*Kabanata 20*—Tinanggihan ang babala . . . . . . . . . . . . . . . . . . 237
*Kabanata 21*—Ipinaliwanag ang hiwaga . . . . . . . . . . . . . . . . . 243
*Kabanata 22*—Ang krus at ang anino nito . . . . . . . . . . . . . . . . 253
*Kabanata 23*—ANG TEMPLO NG SANTINAKPAN . . . . . . 266
*Kabanata 24*—Ang dakilang tuntunin ng buhay . . . . . . . . . . . 272
*Kabanata 25*— Isang kilusang pangsanlibutan . . . . . . . . . . . . 288
*Kabanata 26*—“Ang panahon ng kanyang paghatol” . . . . . . . 297
*Kabanata 27*—Ang pinagmulan ng masama . . . . . . . . . . . . . . 309
*Kabanata 28*—Tao laban sa diyablo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 321
*Kabanata 29*—Mabuti at masamang espiritu . . . . . . . . . . . . . . 327
*Kabanata 30*—Nakasisilong mga erehiya . . . . . . . . . . . . . . . . 334

*Kabanata 31*—Ang hiwaga ng kaluluwa . . . . . . . . . . . . . . . . . . 345
*Kabanata 32*—Makakausap ba natin ang patay? . . . . . . . . . . . . 362
*Kabanata 33*—Tumitingin sa roma ang sanlibutan . . . . . . . . . . 371
*Kabanata 34*—Ang darating na labanan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 388
*Kabanata 35*—Ang sanggalang laban sa pagdaraya . . . . . . . . . 396
*Kabanata 36*—Ang babala sa sanlibutan . . . . . . . . . . . . . . . . . . 406
*Kabanata 37*—Ang panahon ng kabagabagan . . . . . . . . . . . . . . 416
*Kabanata 38*—Magtatagumpay ang katotohanan . . . . . . . . . . . 432
*Kabanata 39*—Ang paghihirap ng lupa . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 449
*Kabanata 40*—Ang wakas ng tunggalian . . . . . . . . . . . . . . . . . 458

"Sapagka't ang mag mata ng
Panginoon ay nagsisiyasat sa pa-
libot ng buong lupa, upang pa-
kilala na matibay sa ikagaga-
ling ng mag yaon na ang puso
ay sakdal sa Kaniya."
2 Mag Cronica 16:9.

[16]

[17]

## *Kabanata 1*—Ang wakas ng isang bansa

Kung sa araw na ito ay nakilala mo sana, sa iyong sarili, ang mga bagay na nauukol sa iyong kapayapaan! Datapuwa't ngayo'y pawang nangatatago sa iyong mga mata. Sapagka't darating sa iyo ang mga araw, na babakuran ka ng kuta ng mga kaaway mo, at kukubkubin ka, at gigipitin ka sa magkabi-kabila; at ilulugso ka sa lupa, at ang mga anak mo na nasa loob mo; at sa iyo'y hindi sila mag-iiwan ng bato sa ibabaw ng kapuwa bato: sapagka't hindi mo nakilala ang panahon ng sa iyo'y pagdalaw."[1]

Mula sa tuluktok ng Bundok ng mga Olibo, ay tinunghayan ni Jesus ang Jerusalem. Maganda at payapa ang panooring nakalahad sa harap Niya. Noo'y panahon ng Paskua at mula sa lahat ng lupain ay nagtitipon doon ang mga anak ni Jakob upang ipagdiwang ang dakilang kapistahang pambansa. Sa gitna ng mga halamanan at mga ubasan, at luntiang mga libis ng bundok na napapalamutihan ng mga tolda ng mga nagsisipaglakbay ay nakatayo ang mga burol na may mga pitak, ang magagarang mga palasyo, at naglalakihang kuta ng punonglunsod ng Israel. Ang anak na babae ng Sion ay nagsasabi mandin sa kanyang kapalaluan: "Ako'y nauupong reyna, at hindi makakakita ng kalungkutan;" maganda siya noon at ipinalalagay ang kanyang sarili na mapanatag siya sa lingap ng Diyos, gaya ng inawit ng tagaawit ng hari nang mga panahong lumipas: "Maganda sa kataasan, ang kagalakan ng buong lupa, siyang bundok ng Sion .
[18] . . na bayan ng dakilang Hari."[2]

Lantad na lantad sa Kanyang paningin ang kahali-halinang kayarian ng templo. Ang sinag ng araw na lumulubog ay tumatama sa mapuputing marmol na pader na kasingputi ng niyebe, at kumikislap mula sa ginintuang pinto, at taluktok, at tore. Ang "kasakdalan ng kagandahan" ay nakatayo, ang ipinagmamalaki ng bansang Hudyo. Sinong anak ng Israel ang makatitingin dito na hindi makadarama ng katuwaan at paghanga!

---

[1] Lucas 19:42-44.

[2] Mga Awit 48:2.

Datapuwa't naiibang diwa ang naghari sa pag-iisip ni Jesus. "At nang malapit na Siya, nakita Niya ang bayan, at ito'y Kanyang tinangisan."[3] Sa kalagitnaan ng mga pagsasaya ng madla dahil sa matagumpay na pagpasok Niya sa lunsod, samantalang iwinawasiwas ang mga dahon ng palma, samantalang ang masasayang hosana ng pagpupuri ay umaalingawngaw sa mga burol, at itinatanyag Siyang hari ng mga libu-libong tinig, pinapanglumo ang Manunubos ng sanlibutan ng isang bigla at mahiwagang kalungkutan. Siya, na anak ng Diyos, Isang Pangako sa Israel, na ang kapangyariha'y nanaig sa kamatayan, at bumuhay sa mga bilanggo ng libingan, ay lumuha, hindi sa karaniwang kalumbayan, kundi sa matindi at di-mapaglabanang kapighatian.

Ang kasaysayan ng mahigit sa isang libong taong tanging paglingap at maibiging pagkupkop ng Diyos sa bayang hinirang, ay nakabukas sa paningin ni Jesus. Ang Jerusalem ay pinarangalan ng Diyos ng higit sa lahat ng bayan sa ibabaw ng lupa. "Pinili ng Panginoon ang Sion; Kanyang ninasa na pinakatahanan niya."[4] Sa dakong yaon, sa loob ng maraming panahon ay binigkas ng mga banal na propeta ang kanilang mga babala. Doo'y ipinakita ni Heoba ang Kanyang pakikiharap sa pamamagitan ng alapaap ng kaluwalhatian, sa ibabaw ng luklukan ng awa. Kung sa pagkabansa ng Israel ay iningatan niyang matapat ang kanyang pakikipanig sa Langit, nanatili sanang hirang ng Diyos ang Jerusalem magpakailan man.[5] Da- [19]
tapuwa't ang kasaysayan ng bayang iyan na pinagpakitaan ng Diyos ng lingap ay kasaysayan ng pagtalikod at paghihimagsik. Tinanggihan nila ang biyaya ng Langit, nagpakalabis sila sa kanilang mga karapatan, at niwalang kabuluhan ang kanilang mga pagkakataon. Higit sa pagibig ng isang ama sa anak na kanyang minamahal, ang Diyos ay "nagsugo sa kanila sa pamamagitan ng Kanyang mga sugo, na bumangong maaga at nagsugo; sapagka't siya'y nagdalang habag sa Kanyang bayan, at sa Kanyang tahanang dako."[6] Nang di-maari ang pagsansala, pamanhik, at pagsaway, ipinadala Niya ang pinakamabuting kaloob ng langit; hindi lamang gayon, kundi ibinuhos Niya ang buong sangkalangitan sa isang Kaloob na iyan.

[3]Lucas 19:41.
[4]Mga Awit 132:13.
[5]Jeremias 17:21-25.
[6]2 Cronica 36:15.

Ang Anak ng Diyos ay isinugo upang mamanhik sa bayang ayaw magsisi.

Tatlong taong singkad na ang Panginoon ng liwanag at kaluwalhatian ay naglabas-masok na kahalubilo ng Kanyang mga hinirang. Siya'y naglibot "na gumagawa ng mabuti, at nagpapagaling sa lahat ng mga pinahihirapan ng diyablo,"[7] tinatalian Niya ang mga bagbag na puso, pinalalaya ang mga nagagapos, isinasauli ang paningin ng mga bulag, pinalalakad ang mga pilay at binibigyan ng pakinig ang mga bingi, nililinis ang mga ketongin, binubuhay ang mga patay, at ipinangangaral ang ebanghelyo sa mga dukha.[8] Bagaman masama ang iginanti sa mabuti, at kapootan sa Kanyang pag-ibig [9] mahigpit ding Kanyang pinanununtunan ang Kanyang tungkuling magdalang-awa. Kailan ma'y hindi Niya itinakwil yaong humahanap ng Kanyang biyaya. Ang mga alon ng kaawaan na sinagupang pabalik ng matitigas na puso ay muling dumarating sa isang malakas na agos ng puspos-habag at di masambitlang pag-ibig.

Datapuwa't ang Israel ay tumalikod sa kanyang pinakamabuting
[20] Kaibigan at tangi lamang Katulong. Ang pamanhik ng Kanyang pag-ibig ay inuyam, ang Kanyang mga payo ay itinakwil, at ang Kanyang babala ay nilibak. Ang oras ng pag-asa at kapatawaran ay mabilis na lumipas; ang saro ng kagalitan ng Diyos na malaon na Niyang tinimpi ay halos puno na. Ang ulap na natitipon sa mahabang panahon ng pagtalikod at paghihimagsik, at ngayo'y maitim nang taglay ang kakilakilabot na kahirapan ay babagsak na lamang sa bayang makasalanan; at Siya lamang na tanging makapag-aadya sa kanila sa nagbabalang kapahamakan ay niwalan nila ng kabuluhan, tinampalasan, itinakwil, at di malalauna't ipapako sa krus. Kapag nabayubay na si Kristo sa krus ng Kalbaryo, ang kaarawan ng Israel, sa kanyang pagkabansa na pinarangalan at pinagpala ng Diyos, ay mawawakasan.

Ang pagkawaglit ng kahi't isang kaluluwa ay isang kapahamakang lalong malaki kaysa pakinabang at kayamanan ng isang sanlibutan; datapuwa't sa pagtunghay ni Kristo sa Jerusalem, ay napasaharapan Niya ang kapahamakan ng buong lunsod, ng isang buong bansa—yaong lunsod, yaong bansa, na noong una'y hinirang

[7] Mga Gawa 10:38.

[8] Lucas 4:18; Mateo 11:5.

[9] Mga Awit 109:5.

ng Diyos, bansang tangi Niyang kayamanan. Nang malasin Niya ang kapanahunan, natanaw Niyang nagkakawatak-watak sa lahat ng lupain, "gaya ng wasak na sasakyan sa malungkot na tabi ng dagat" ang bayang sa Kanya'y nakipagtipan. Nakita ni Jesus sa parusang ibubuhos na lamang sa mga anak ng Jerusalem ang unang pagtungga nito sa saro ng kagalitan na sa huling panahon paghatol ay lalagukin Niya pati latak. Ang banal na awa at sabik na pag-ibig, ay binigkas ng Kanyang mga labi sa pamamagitan ng namimighating mga pangungusap: " 'Oh Jerusalem, Jerusalem, na pumapatay sa mga propeta at bumabato sa mga sinusugo sa kanya! makailang inibig Kong tipunin ang iyong mga anak, na gaya ng pagtitipon ng inahing manok sa kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, ay ayaw kayo.'[10] Kapag ikaw ay nawasak, ikaw lamang ang [21]
may kapanagutan. 'Ayaw kayong magsilapit sa akin, upang kayo'y magkaroon ng buhay.'[11]

Nakita ni Kristo sa Jerusalem ang isang sagisag ng sanlibutang pinatigas ng kawalang pananampalataya at paghihimagsik, na nagdudumaling sumagupa sa mga kahatulang ibubuhos ng Diyos. Ang kaaba-abang kalagayan ng lahing nagkasala, na sumisiil sa Kanyang kaluluwa ang pumilit sa Kanya na bukhin sa Kanyang mga labi ang napakapait na panambitan. Na kita Niya ang talaan ng kasalanan na nasusulat sa hirap, luha, at dugo ng sangkatauhan; ang Kanyang puso ay nabagbag sa hindi matingkalang awa Niya sa mga napipighati at nangahihirapang mga tao sa lupa; ibig Niyang tulungan silang lahat. Datapuwa't ang Kanya mang kamay ay hindi rin makapipigil sa agos ng kahirapan; iilan ang may nasang humanap sa tanging bukal ng saklolo. Laan siyang maglugmok ng Kanyang kaluluwa hanggang sa kamatayan, mabigyan lamang sila ng kaligtasan; subali't iilan ang ibig lumapit sa Kanya upang mangagkaroon ng buhay.

Ang Hari ng sangkalangitan ay tumatangis! Ang Anak ng walang-hanggang Diyos ay nagugulumihanan, at nanglulumo dahil sa kapanglawan! Ang tanawin ay nagdulot ng pagkamangha sa buong sangkalangitan. Inihahayag sa atin ng panooring yaon ang ganap na kasamaan ng kasalanan; ipinakikilala nitong isang napakahirap na gawain maging sa Kanya na walang-hanggan ang

[10]Mateo 23:37.
[11]Juan 5:40.

kapangyarihan, ang iligtas ang mga makasalanan sa ibinubunga ng kanilang pagsuway sa kautusan ng Diyos. Sa pagtunghay ni Jesus sa kahuli-hulihang salin ng lahi, ay nakita Niyang ang sanlibutan ay kalahok sa isang pagdarayang katulad niyaong nagbagsak sa Jerusalem. Ang malaking kasalanan ng mga Hudyo ay ang pagtatakwil nila kay Kristo; ang magiging malaking kasalanan naman ng
[22] Sangkakristiyanuhan ay ang pagtanggi nila sa kautusan ng Di- yos, na siyang patibayan ng Kanyang pamahalaan sa langit at sa lupa. Ang mga utos ni Heoba ay kapopootan at pawawalang kabuluhan. Angaw-angaw na nasa pagkaalipin sa kasalanan, na inaalipin ni Satanas, na walang pagsalang daranas ng ikalawang kamatayan, ang tatangging makinig sa mga salita ng katotohanan sa kaarawan ng sa kanila'y pagdalaw. Kakila-kilabot na pagkabulag! Nakapagtatakang pagkahaling!

Dalawang araw bago dumating ang Paskua, noong huling pagalis ni Kristo sa templo, pagkatapos na Kanyang mabatikos ang pagkamapagpaimbabaw ng mga pinunong Hudyo, ay muli Siyang nagpunta sa Bundok ng Olibo na kasama ang Kanyang mga alagad, at naupo Siyang kasama nila sa madamong gulod na nakatunghay sa lunsod. Minsan pang minasdan Niya ang templo sa nakasisilaw na karilagan nito, isang diyadema ng kagandahang nakakorona sa banal na bundok.

Ang mga alagad ay napuno ng sindak at pagtataka sa sinabi ni Jesus na pagkawasak ng templo, at ninais nilang lubos na maunawaan ang kahulugan ng Kanyang mga salita. Ang kayamanan, pagpapagal, at kasanayan sa arkitektura ay malayang ginamit upang mapalalo ang karilagan nito. Malayang pinaggugulan ito ni Herodes na Dakila ng salaping Romano at ng kayamanan ng mga Hudyo, at kahit na ang mga emperador ng sanlibutan ay nagpasagana rin dito sa pamamagitan ng kanilang mga kaloob. Malalaking piraso ng maputing marmol, na halos ay di-mapaniniwalaan ang laki, na ipinadala buhat sa Roma ukol sa pagtatayo nito, ay naging isang bahagi ng kabuuan nito; at sa mga ito'y tinawag ng mga alagad ang pansin ng kanilang Guro, na kanilang sinasabi:

"Masdan Mo, pagkaiinam ng mga bato, at pagkaiinam ng mga gusali!"[12]

[12]Mateos 13:1.

Sa mga salitang ito'y isang solemne at nakagugulat na sagot ang itinugon ni Jesus, "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Dito'y walang [23] maiiwang isang bato sa ibabaw ng ibang bato, na hindi ibababagsak."[13]

Ipinahayag ni Jesus sa nagsisipakinig na mga alagad ang mga kahatulang babagsak sa Israel na tumalikod, at lalo na ang paghihiganting darating sa kanila dahil sa kanilang pagtanggi at pagpapako sa Mesias. Ang di-inapagkakamalang mga tanda ay siyang mar.gunguna sa kakila-kilabot na kasukdulan. Ang nakapanghihilakbot na oras na yao'y bigla at madaling darating.

Sa pamumuno ni Herodes, ay hindi lamang malaki ang iginanda ng Jerusalem, kundi sa pagkapagpatayo ng mga tore, mga bakod, at mga kuta, na mga naging karagdagan sa katutubong kalakasan ng pagkakatayo nito, ito'y naging wari di-kayang lupigin. Ang sinumang magsasabing hayagan ng pagkawasak nito sa panahong ito ay maaaring tawaging mangmang na mananakot, gaya noong kapanahunan ni Noe. Datapuwa't sinabi ni Kristo, "Ang langit at ang lupa ay lilipas, datapuwa't ang Aking mga salita ay hindi lilipas."[14] Dahil sa kanyang mga kasalanan, ang kagalitan ay binigkas laban sa Jerusalem, at ang matigas na di niya pagsampalataya ay siyang nagdulot ng tiyak niyang kapahamakan.

Sa loob ng kulang-kulang na apatnapung taon pagkatapos na mabigkas ni Kristo ang pagkaguhong daranasin ng Jerusalem, ay pinigil ng Panginoon ang Kanyang parusa sa lunsod at sa bansa. Kagilagilalas ang mahabang pagtitiis ng Diyos sa mga tumatanggi sa Kanyang ebanghelyo at sa nagsipatay sa Kanyang Anak. Yaong talinghaga tungkol sa punong-kahoy na walang bunga ay kumakatawan sa mga pakikisama ng Diyos sa bansang Hudyo. Lumabas ang utos na nagsabi: "Putulin mo, bakit pa makasisikip sa lupa?"[15] datapuwa't an,g banal na kaawaan ay nagpalugit dito ng kaunti pang panahon. Sa mga Hudyo'y marami pa rin ang hindi nakauunawa sa likas at ga- wain ni Kristo. At hindi pa nakakamtan ng mga anak ang [24] mga pagkakataon o tinatanggap rnan ang liwanag, na tinanggihan ng kanilang mga magulang. Sa pamamagitan ng pangangaral ng mga apostol at ng kanilang mga katulong ay pasisikatin ng Diyos ang liwanag sa kanila; pahihintulutan silang makakita ng pagkatupad

[13]Mateo 24:2, 3.

[14]Mateo 24:35.

[15]Lucas 13:7.

ng hula, hindi lamang sa pagkapanganak at naging kabuhayan ni Kristo, kundi sa Kanyang kamatayan at pagkabuhay na maguli. Ang mga anak ay hindi hinahatulan dahil sa kasalanan ng mga magulang; datapuwa't nang tanggihan ng mga anak ang karagdagang liwanag na ipinakilala sa kanila, bukod sa pagkakilala sa buong liwanag na ibinigay sa kanilang mga magulang, naging karamay na sila sa mga kasalanan ng kanilang mga magulang, at pinuno nila ang takalan ng kanilang kasamaan.

Ang lahat ng hulang sinabi ni Kristo hinggil sa pagkawasak ng Jerusalem ay nangatupad sang-ayon sa pagkatitik. Naranasan ng mga Hudyo ang katotohanan ng Kanyang mga babala na: "Sa panukat na inyong isusukat ay susukatin kayo."[16]

Lumitaw ang mga tanda at mga kagilagilalas na bagay na nagbabanta ng kapahamakan at kagibaan. Sa kinahatinggabihan napakita ang isang di-karaniwang liwanag sa ibabaw ng templo at ng dambana. Sa ibabaw ng mga alapaap kung lumulubog na ang araw ay napapalarawan ang mga karo at mga taong nasasakbatan na nagtitipon sa pagbabaka. Ang mga saserdoteng nangangasiwa kung gabi sa santuaryo ay kinilabutan dahil sa mga mahiwagang ugong; nayanig ang lupa, at narinig nila ang sumisigaw na tulad sa maraming tinig: "Umalis tayo rito." Ang malaking pintuan sa silangan, na totoong napakabigat na anupa't mahirap na maipinid ng dalawampung lalaki, at pinatibay ng malalaking baras na bakal na malalim na nakabaon sa inilatag na matitigas na mga bato, ay
[25] nabuksan sa hating-gabi, na wala sinumang nakitang nagbukas.[17]

Wala isa mang Kristiyano ang napahamak sa pagkawasak ng Jerusalem. Binabalaan ni Kristo ang Kanyang mga alagad, at binantayan ng lahat ng nagsipanampalataya sa Kanyang mga salita ang tandang ipinangako. "Pagka nangakita ninyong nakukubkob ng mga hukbo ang Jerusalem, kung magkagayo'y talastasin ninyo na ang kanyang pagkawasak ay malapit na. Kung magkagayo'y ang mga nasa Judea ay magsitakas sa mga bundok; at ang mga nasa loob ng bayan ay magsilabas."[18]

Pagkatapos na ang lunsod ay makubkob ng mga Romano sa ilalim ng pamumuno ni Gestio, ay bigla nilang iniwan ang

[16]Mateo 7:2.

[17]H. H. Milman, *Histpry of the Jews*, aklat 13.

[18]Lucas 21:20, 21.

pagkubkob sa gayorg wari'y napapanahon na ang lahat sa dagling pagsalakay. Ang mga nakukubkob, sa kawalang-pag-asa sa matagumpay na pakikipaglaban, ay magsisisuko na lamang nang paurungin ng heneral na Romano ang kanyang hukbo na walang makitang kaunti mang kadahilanan. Datapuwa't ang mahabaging kalooban ng Diyos ay siyang nangangasiwa sa mga pangyayari sa ikabubuti ng Kanyang bayan. Ang pangakong tanda ay ibinigay sa naghihintay na mga Kristiyano, at ngayo'y pinagkalooban ng pagkakataon ang lahat ng magsisisunod, upang makasunod sila sa babala ng Tagapagligtas. Walang pagpapalibang nagsilikas sila sa isang dakong panatag—sa lunsod ng Pela, sa lupain ng Perea, sa dako roon ng Jordan. Kakilakilabot ang kapahamakang bumagsak sa Jerusalem nang ang pagkubkob ay ulitin ni Tito.* Ang lunsod ay linusob noong kasalukuyang idinaraos ang paskua, noong angaw-angaw na mga Hudyo ang nagkakatipon sa loob ng mga kuta nito. Ang itinatago nilang pagkain na kung inimbak lamang na maingat ay nagkasiya sa mga taong bayan sa maraming taon, kamakailan lamang ay inaksaya nila dahil sa pagkakainggitan at paghihiganti ng mga lapiang naglalabanan, at ngayo'y dinanas ng mga tao ang lahat ng kahirapan ng kagutom. [26]

Libu-libo ang nangapuksa dahil sa salot at sa gutoni. Sinikap ng mga pangulong Romano na takutin ang mga Hudyo at sa gayo'y magsisuko. Yaong mga bihag na lumaban ay hinampas, pinahirapan, at ipinako sa krus sa harap ng kuta ng lunsod. Daan-daan ang pinagpapatay araw-araw sa ganitong paraan, at ang kakila-kilabot na pagpapahirap na ito ay nagpatuloy hanggang sa ang kapatagan ng Josafat at ang Kalbaryo ay matayuan ng mga krus ng mga pinatay na anupa't hindi na halos makaraan ang mga tao sa pagitan. Tunay na nakakikilabot ang nangyari na anupa't natupad yaong ipinahayag ng mga tao sa harap ng hukuman ni Pilato: "Mapasa amin ang Kanyang dugo, at sa aming mga anak."[19]

Inibig ni Tito na bigyang wakas ang mga nakapanghihilakbot na panoorin, at nang huwag mangyari sa Jerusalem ang lubos na kagibaan. Si Tito ay nangilabot ng makita niyang nakabunton ang mga bangkay sa mga kapatagan. Katulad ng isang nasa pangitain ay

*Heneral ng hubo ng Roma.

[19]Mateo 27:25.

nagmalas siya at mula sa taluktok ng Bundok ng Olibo ay minasdan niya ang magandang templo at nag-utos na huwag galawin ni kahit isang bato noon. Datapuwa't hindi pinansin ang kanyang utos. Nang namamahinga na sa kanyang tolda sa kinagabihan ay nagsilabas ang mga Hudyo sa templo at sinalakay ang mga kawal sa labas. Sa pagsasagupaan ay isang dupong ang inihagis ng isang kawal na naglagos sa siwang sa portiko at nagliyab kapagkaraka ang mga silid na sedro sa palibot ng bahay na banal.

"Hindi nasawata ni Tito ang kagalitan ng mga kawal; kasama ng kanyang mga opisyal ay pumasok siya at tiningnan ang loob ng banal na gusali. Humanga sila sa kagandahan; at sapagka't hindi pa pumapasok ang apoy sa banal na dako, pinagsikapan niyang ito'y mailigtas, at muli niyang pinag-utusan ang mga kawal na patayin ang lagablab. Pinagsikapan ng senturiong si Liberalis pati ng kanyang
[27] mga katulong na pinuno na ipasunod ang utos; datapuwa't nawala kahit ang paggalang sa emperador at gumiit ang malaking ngitngit sa mga Hudyo, alalaong baga'y ang mabangis na paglalabanan at ang malaking katakawan sa masasamsam. Nakita ng mga kawal na ang lahat na nasa palibot nila'y nagliliwanag sa gintong nakasisilaw dahil sa naglalagablab na ningas ng apoy; ipinalagay nila na di-matatayang kayamanan ang naiimbak sa santuaryo. Ang isang kawal na hindi nakikita ay nagsulsul ng nagniningas na sulo sa kinakakabitan ng pinto; sa isang sandali ay nag-alab ang buong gusali. Itinaboy ng usok na nakabubulag at ng apoy ang mga pinuno at ang dakilang gusali'y naiwan upang mawasak!"[20]

Pagkatapos na mabagsak ang templo, ang buong lunsod ay napasa kamay agad ng mga Romano. Ang lunsod at ang templo'y kapuwa ibinagsak nila at ang lupang kinatatayuan ng banal na bahay ay inararong "parang bukid."[21] Sa pagkakubkub at sa pamumuksang sumunod ay mahigit sa 1,000,000 tao ang namatay; ang mga natirang buhay ay dinalang bihag, ipinagbiling bilang mga alipin, dinala sa Roma upang magparangal sa pagwawagi ng mananagumpay, inihagis sa mababangis na hayop sa ampitiyatro, o pinagwatak-watak bilang mga naglalagalag na walang tahanan sa lahat ng dako ng lupa.

[20]H. H. Milman, *History of the Jews*, aklat 16.

[21]Jeremias 26:18.

Ang hula n,g Tagapagligtas hinggil sa pagdalaw ng mga parusa sa Jerusalem ay magkakaroon ng ikalawang katuparan na anupa't ang kakila-kilabot na pagwawasak na yaon ay isang malabong anino lamang. Sa naging palad ng lunsod na yaon na hinirang ng Diyos ay makikita natin ang kapahamakan ng sanlibutan na tumanggi sa kaawaan ng Diyos at yumurak sa Kanyang kautusan.

Maitim ang mga kasaysayan ng hirap na dinanas ng sangkatauhan na sinaksihan ng santinakpan sa mahabang panahon ng kanyang pagsalangsang. Nagdaramdam ang ating mga puso at [28]
napapagal ang ating mga pag-iisip kapag binubulay-bulay natin iyan. Nakapanghihilakbot ang mga ibinunga ng pagtatakwil sa kapangyarihan ng langit. Datapuwa't lalong madilim ang pangyayaring ipinakikilala sa pamamagitan ng mga pahayag na mangyayari sa panahong hinaharap. Ang kasaysayan ng nakaraan—ang mahabang pagkakasunud-sunod ng mga kaguluhan, digmaan at mga paghihimagsik, ang "lahat na sakbat ng nasasakbatang tao sa kaguluhan, at ang mga kasuutang puno ng dugo,"[22] — ano ang mga ito, kung itutulad sa mga kakila-kilabot na pangyayari sa araw na yaon, kapag inalis nang lubusan ang pumipigil na Espiritu ng Diyos sa masasama, na hindi na nito mapipigilan pa ang mapupusok na damdamin ng mga tao at ang galit ni Satanas! Kung magkagayo'y makikita ng sanlibutan ang hindi pa niya nakikitang mga bunga ng paghahari ni Satanas.

Datapuwa't sa araw na yaon, gaya ng kaarawan ng mabagsak ang Jerusalem, ang bayan ng Diyos ay maliligtas, "ang bawa't nasusulat sa mga nabubuhay."[23] [29]

---

[22]Isaias 9:5.
[23]Isaias 4:3.

## *Kabanata 2*—Pinag-usig ng paganismo

Mula sa Bundok ng Olibo ay namalas ng Tagapagligtas ang bagyong malapit bumugso sa iglesyang itinatag ng mga apostol; at sa lagusang pagtingin Niya sa panahong hinaharap, ay nakita ng Kanyang paningin ang mabagsik at mapangwasak na mga unos na bubugso sa Kanyang mga alagad sa dumarating na mga panahon ng kadiliman at pag-uusig Sa ilang maikling pangungusap na may kalagim-lagim na kahulugan, ay sinabi Niya ang gagawin sa iglesya ng Diyos ng mga pangulo ng sanlibutang ito.[1] Ang mga alagad ni Kristo ay dapat magsilakad sa landas ding iyon ng paghamak, paninisi, at kahirapan, na siyang tinunton ng kanilang Panginoon. Ang kapootang pumutok laban sa Manunubos ng sanlibutan, ay ihahayag laban sa lahat ng magsisisampalataya sa Kanyang pangalan.

Pinatunayan ng kasaysayan ng unang iglesya ang pagkatupad ng pangungusap ng Tagapagligtas. Ang mga kapangyarihan sa lupa at sa impiyerno ay naglakip at sa kanilang pakikibaka sa mga susunod kay Kristo'y kanilang nilabanan si Kristo. Nakita kapagkaraka ng Paganismo na kung magwawagi ang ebanghelyo ay malilipol ang kanyang mga templo at mga dambana kaya't tinawag niya ang kanyang mga hukbo upang iwasak ang Kristiyanismo. Ang mga apoy ng pag-uusig ay pinapag-alab. Ang mga Kristiyano'y sinamsaman ng mga ariarian at pinalayas sa kanilang mga tahanan. Sila'y nagtiis ng "malaking pakikilaban ng mga pagbabata."[2] "Nangagka-
[30] roon" sila ng mga "pagsubok sa pagkalibak at pagkahampas, oo, bu-
[31] kod dito'y sa mga tanikala at bilangguan naman."[3] Pinagtibay ng
marami ang kanilang patotoo sa pamamagitan ng kanilang sariling dugo. Mga taong mararangal at mga alipin, mayayaman at mga dukha, marurunong at mga mangmang, ay pawang pinagpapatay na walang awa.

[1] Mateo 24:9, 21, 22.
[2] Hebreo 10:32.
[3] Hebreo 11:36.

Ang mga pag-uusig na ito, na nagpasimula noong panahon ng emperador Neron noong patayin si Pablo, ay nagpatuloy sa loob ng daan-daang taon na kung minsan ay matindi at kung minsan ay mahina. Ang mga Kristiyano'y pinaratangang nakagawa ng napakabibigat na krimen at ipinahayag na sila ang dahil ng malalaking kasakunaan—gutom, salot, at lindol. At nang sila'y kapootan at paghinalaan ng inadla, humanda naman ang mga tagapagsumbong upang ipagkanulo ang mga walang sala upang magtamo lamang sila ng salapi. Sila'y hinatulan bilang mga naghihimagsik sa kaharian, mga kaaway ng relihiyon, at mga salot sa lipunan. Marami ang inihagis sa maninilang hayop o sinunog na buhay sa mga ampitiyatro. Ang mga iba ay ipinako sa krus; ang iba pa ay dinamtan ng mga balat ng maiilap na hayop at inihagis sa isang kulong na lugar upang pagwaraywarayin ng mga aso. Ang parusa sa kanila ay madalas na ginawang pinaka malaking aliwan sa pagpipista ng bayan. Nagkakatipon ang karamihan upang manood na may katuwaan, at ang mga daing ng mga nalalagutan ng hininga ay tinutugon nila ng tawanan at palakpakan.

Saan man nagtago ang mga nanampalataya kay Kristo ay pinaghahanap nilang tulad sa paghanap sa mabangis na hayop. Napilitan silang humanap ng kanilang mapagtataguan sa mga ilang na pook. "Sila'y . . . nangapighati, tinampalasan (na sa mga yaon ay hindi karapat-dapat ang sanlibutan), na nangaliligaw sa ilang, at sa mga kabundukan, at sa mga yungib, at sa mga lungga ng lupa."[4] Ang mga katakumba[*] ay napanganlungan ng libu-libo. Sa ilalim [32] ng mga burol na nasa labas ng lunsod ng Roma ay humukay sila ng mahahabang daan na naglalagos sa lupa at bato; ang madilim at pasanga-sangang daanang ito ay nakalabas ng malayo sa kuta ng lunsod. Sa mga guwang na ito sa ilalim ng lupa ay inilibing ng mga sumusunod kay Kristo ang kanilang mga patay; at dito rin naman sila nakasusumpong ng tahanan kapag sila ay pinaghihinalaan at dinarakip.

Sa gitna ng pinakamabangis na pag-uusig ay iningatang walang dungis ng mga saksing ito ni Jesus ang kanilang pananampalataya. Bagaman salat sa ginhawa, kubli sa liwanag ng araw, at tumitira

[4] Hebreo 11:37, 38.

[*] Sementeryo sa ilalim ng lupa.

sa madilim nguni't palakaibigang sinapupunan ng lupa, hindi sila dumaing ng anuman. Sa mga salita ng pananampalataya, pagtitiis, at pag-asa, ay nagpapayuhan sila sa isa't isa na magtiis ng kasalatan at kahirapan. Ang pagkawala ng lahat nilang pagaari sa lupa ay hindi makapilit sa kanila na iwaksi ang kanilang pananalig kay Kristo. Gaya ng mga alipin ng Diyos noong unang kapanahunan, marami sa kanila ang "nangamatay sa hampas na hindi tinanggap ang kanilang katubusan; upang kamtin nila ang lalong mabuting pagkabuhay na mag-uli."[5] Bumaba sa kanila ang isang tinig na mula sa luklukan ng Diyos na anya'y "Magtapat ka hanggang sa kamatayan, at bibigyan kita ng putong ng buhay."[6]

Walang narating ang mga pagsisikap ni Satanas na gibain ang iglesya ni Kristo sa pamamagitan ng dahas. Ang malaking labanan na kinamatayan ng mga alagad ni Jesus ay hindi natapos nang mahapay sa pagganap ng tungkulin ang mga tapat na nagsipagdala ng watawat. Nagwagi sila sa pamamagitan ng pagkatalo. Pinagpapatay ang mga manggagawa ng Diyos datapuwa't patuluyang sumulong ang Kanyang gawain. Ang ebanghelyo ay nagpatuloy ng paglaganap
[33] at ang bilang ng kabig Niya ay lumago.

Libu-libo ang ibinilanggo at pinatay; datapuwa't tumindig naman ang mga iba upang sa kanila'y humalili. At yaong mga pinatay dahil sa kanilang pananampalataya ay nangapanatag kay Kristo at mga ibinibilang Niyang mga nagtatagumpay. Nakipagbaka sila ng mabuting pakikipagbaka, at sila'y tatanggap ng putong ng kaluwalhatian sa ikalawang pagdating ni Kristo. Ang mga hirap na binata ng mga Kristiyano ay siyang naglapit sa kanila sa isa't isa at sa kanilang Manunubos. Ang kanilang buhay na halimbawa at ang patotoo nila sa oras ng kanilang kamatayan ay naging isang palaging saksi sa katotohanan; at sa dakong babahagya ang pag-asa na ito'y mangyayari, ay iniwan si Satanas ng kanyang mga kampon at nagsilipat sa ilalim ng watawat ni Kristo.

Sa gayo'y pinanukala ni Satanas na lalong matagumpay na bakahin ang pamahalaan ng Diyos, sa pagtitirik ng kanyang watawat sa iglesya Kristiyana. Kung madaraya lamang ang mga sumusunod

[5] Hebreo 11:35.
[6] Apocalipsis 2:10.

kay Kristo, at maaakay na sumuway sa Diyos, ang kanilang lakas, katatagan, at katibayan ay magagapi, at sila'y madaling malulupigan.

Nang magkagayo'y pinagsikapan naman ng mahigpit na kaaway na makuha sa pamamagitan ng lalang yaong hindi niya nakuha sa pamamagitan ng lakas. Huminto ang pag-uusig, at sa halip nito'y napalit ang mapanganib na panghalina ng kasaganaan at karangalan sa sanlibutan. Ang mga sumasamba sa diyus-diyusan ay nangaakay na tumanggap ng isang bahagi ng pananampalatayang Kristiyano, bagaman ang ibang mahahalagang katotohanan ay tinanggihan nila. Nagbansag silang nananiniwala na si Jesus ay Anak ng Diyos, at nananiniwala rin sa Kanyang pagkamatay at pagkabuhay na maguli; datapuwa't wala silang pagkilala sa kanilang pagkamakasalanan at hindi nila naramdamang kailangan pa ang pagsisisi at ang isang bagong puso. Sa pagtanggap nila ng ilang bahagi ng paniniwalang Kristiyano, ay iminungkahi nila na ang mga ito'y tumanggap din ng ilang bahagi ng ka- nilang paniniwala upang silang lahat ay [34]
magkaisa sa pananampalataya kay Kristo.

Ngayon ang iglesya'y napasa katakut-takot na kapanganiban. Ang bilangguan, ang pagpapahirap, ang apoy, at ang tabak, ay naging mga pagpapala kung ihahambing sa kapanganibang ito. Ang ilan sa mga Kristiyano ay tumayong matibay, na nagpahayag na hindi sila makasasang-ayon sa anumang kasunduang may-pasubali. Ang iba naman ay payag na sumang-ayon o kaya'y baguhin ang ilang bahagi ng kanilang pananampalataya, at makilakip doon sa mga tumanggap sa isang bahagi ng Kristiyanismo, na kanilang ipinilit na maaaring ito ang maging daan ng kanilang lubos na pagkahikayat. Ang panahong yaon ay panahon ng matinding kadalamhatian ng mga tapat na alagad ni Kristo. Sa ilalim ng balatkayong pagpapanggap Kristiyano ay ipinapasok ni Satanas ang kanyang sarili sa iglesya upang dungisan ang pananampalataya nito at ilayo ang kanilang pag-iisip sa salita ng katotohanan.

Sa wakas ay marami sa mga Kristiyano ang umayon na babaan ang kanilang pamantayan, at ginawa ang pagkakaisa ng Kristiyanismo at ng Paganismo. Bagaman ang mga sumasamba sa diyusdiyusan ay nagpapanggap na hikayat na nakilakip na sa iglesya, hindi pa rin nila binibitiwan ang kanilang pagsamba sa diyus-diyusan, pinalitan nila ang dating mga larawang sinasamba nila ng mga larawan ni Jesus, at ni Maria at ng mga banal. Ang maruming

lebadurang ito ng pagsamba sa diyusdiyusan, na ipinasok sa iglesya, ay nagpatuloy sa kanyang masamang gawain. Ang mga maling aral, mga ritong pamahiin, at ang mga seremonyang ukol sa diyusdiyusan ay inilakip sa kanyang pananampalataya at pagsamba. Nang ang mga sumusunod kay Kristo ay inakisama sa mga sumasamba sa diyus-diyusan, ang relihiyong Kristiyano ay narumhan, at nawala sa iglesya ang kanyang kalinisan at kapangyarihan, Gayon ma'y
[35] mayroong ilang hindi nailigaw ng mga karayaang ito. Iningatan pa rin nila ang kanilang katapatan sa May-gawa ng katotohanan, at sa tunay na Diyos lamang sila sumamba.

Kinailangan ang mahigpit na pakikilaban niyaong mga ibig magtapat upang makatayo silang matatag laban sa mga pagdaraya at mga karumaldumal na gawaing natatago sa mga damit saserdoteng ipinasok sa iglesya. Ang Biblia ay hindi tinanggap na pamantayan ng pananampalataya. Ang aral ukol sa kalayaan ng relihiyon ay ipinalagay nilang salungat sa paniwala at ang mga tumatangkilik nito ay kinapopootan at itinitiwalag sa iglesya.

Pagkatapos ng matagal at mahigpit na pakikilaban, ang ilang matapatin ay nagpasiyang tumiwalag sa iglesyang tumalikod, kung ang iglesyang ito'y hindi hihiwalay sa kasinungalingan at pagsamba sa diyus-diyusan. Nakita nilang lubhang kailangan ang paghiwalay kung susundin din lamang nila ang salita ng Diyos. Hindi nila mapayagang mamalagi ang mga kamaliang magpapahamak sa kanilang mga kaluluwa at maglagay ng isang halimbawa na magpapahamak sa pananampalataya ng kanilang mga anak at mga inapo. Upang magkaroon ng kapayapaan at pagkakaisa, nahahanda silang sumang-ayon sa anumang bagay na tungo sa pagtatapat sa Diyos; datapuwa't ipinalagay nila na kapayapaan man ay napakamahal na lubha kung ang kapalit ay ang ikapapalungi ng simulain.

Ang mga unang Kristiyano ay tunay na isang tanging bayan. Ang kanilang walang kapintasang pagkilos at dinagmamaliw na pananampalataya ay isang pagsuwat na parating lumiligalig sa kapayapaan ng makasalanan. Bagaman sila'y iilan, maralita, walang katungkulan, ni titulo ng karangalan, kinatakutan sila ng mga manggagawa ng kasamaan, saan man mabalita ang kanilang mga likas at mga aral. Dahil dito sila'y kinapootan ng masasama, gaya ni Abel na kinapootan ng walang takot sa Diyos na si Kain. Yaon ding naging
[36] dahil ng pagpatay ni Kain kay Abel ang dinahilan noong mga ayaw

papigil sa Banal na Espiritu sa kanilang pagpuksa sa bayan ng Diyos. Iyan din ang sanhi kung kaya itinakwil at ipinako sa krus ng mga Hudyo ang Tagapagligtas—sapagka't ang kalinisan at kabanalan ng Kanyang likas ay isang palaging pagsuwat sa kanilang kasakiman at kasamaan. Mula noong kaarawan ni Kristo hanggang sa panahong ito, ang Kanyang mga tapat na alagad ay siyang umuuntag ng poot at pagsalansang niyaong mga umiibig at sumusunod sa landas ng kasalanan.

Ang ebanghelyo ay isang balita ng kapayapaan. Ang Kristiyanismo ay isang kaayusan, na kung tatanggapin at susundin, ay maglalaganap ng kapayapaan, pagkakaisa, at ligaya, sa buong sangkalupaan. Ang relihiyon ni Kristo ay siyang bibigkis sa lahat ng tatanggap sa mga aral nito sa isang mahigpit na pagkakapatiran. Ang pakay ni Jesus ay ang ipakipagkasundo ang mga tao sa Diyos, at ang tao sa kanyang kapuwa. Datapuwa't ang pinakamalaking bahagi ng sanlibutan ay nasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas, na pinakamapait na kaaway ni Kristo. Ang ebanghelyo ay nagpapakilala sa mga tao ng mga simulain ng buhay na kaibang-kaiba sa kanilang mga ugali at pagnanasa, dahil dito, sila'y naghimagsik laban sa ebanghelyo. Kinapootan nila ang kalinisang naghahayag at humahatol sa kanilang mga kasalanan, at pinag-uusig at nililipol ang mga taong nagpapakilala sa kanila ng matuwid at kabanalang inaangkin nito. Sa isipang ito—sapagka't ang dakilang katotohanang dinadala nito ay nagiging dahilan n,g galit at pagtutunggali—ang ebanghelyo ay tinatawag na tabak.

Ang mahiwagang kalooban ng Diyos na nagpapahintulot sa mga banal na magdanas ng pag-uusig sa kamay ng masasama, ay isang dahil ng malaking kagulumihanan ng mahihina sa pananampalataya. Handa nga ang ilan na iwaksi ang kanilang pagtitiwala sa Diyos, sapagka't pinahintulutan Niyang managana ang kasama-samaang tao sa- mantalang ang pinakamabuti ay pinag uusig at pinahihi- [37]
rapan ng kanilang malupit na kapangyarihan. Paano kaya, ang tanong, mapababayaan ang gayong kalikuan at pagpapahirap, ng Isang matuwid at mahabagin, at isa ring may kapangyarihang walang hanggan? Ito'y isang suliraning wala tayong kinalaman. Binigyan tayo ng Diyos ng sapat na katibayan ng Kanyang pag-ibig, at hindi natin dapat pag-alinlanganan ang Kanyang kabutihan dahil sa hindi natin maunawa ang mga paggawa ng Kanyang kalooban. Sinabi ng

Tagapagligtas sa Kanyang mga alagad, sa pagkakita Niya sa mga pag-aalinlangang sisiil sa kanilang kaluluwa sa mga araw ng pagsubok at kadiliman: "Alalahanin ninyo ang salitang sa inyo'y Aking sinabi, Ang alipin ay hindi dakila kaysa kanyang panginoon. Kung Ako'y kanilang pinag-usig, kayo man ay kanilang pag-uusigin din."[7] Si Jesus ay naghirap dahil sa atin higit sa kahirapang ipinaranas sa Kanyang mga alagad ng mga tao ng kasamaan. Yaong mga tinawagan upang magtiis ng pahirap at kamatayan, ay sumusunod lamang sa mga hakbang ng minamahal na Anak ng Diyos.

"Hindi mapagpaliban ang Panginoon tungkol sa Kaniyang pangako."[8] Hindi Niya nililimot o pinababayaan man ang Kaniyang mga anak; datapuwa't pinahihintulutan Niyang maipakilala ng mga masama ang kanilang tunay na likas, upang ang sinumang nagnanasang makakilala ng Kanyang kalooban ay huwag madaya tungkol sa kanila. Muli pa, ang mga matuwid ay inilagay sa hurno ng kapighatian, upang sila'y madalisay, nang ang kanilang halimbawa o kabuhayan ay magpakilala sa mga iba ng katotohanan ng pananampalataya at kabanalan; at upang ang kanilang matuwid at walang-pagbabagong pamumuhay ay humatol sa mga suwail at ayaw manampalataya.

Pinahihintulutan ng Diyos na sumulong ang kabuhayan ng masasama, at ipakilala ang kanilang pakikilaban sa Kanya, upang
[38] kung mapuno na nila ang takalan ng ka- nilang kasamaan ay makita naman nila ang katarungan at kaawaan ng Diyos sa lubusang paglipol sa kanila. Ang kaarawan ng Kanyang paghihiganti ay nagdudumali; na sa araw na yao'y ang lahat na sumalansang sa Kanyang kautusan at nagpahirap sa Kanyang bayan ay magkakaroon ng katampatang ganti sa kanilang mga gawa; na ang bawa't gawa ng kalampalasanan at kalikuan sa mga tapat na anak ng Diyos ay mangapaparusahang
[39] tulad sa kung ginawa nila kay Kristo na rin.

[7] Juan 15:20.
[8] 2 Pedro 3:9.

## *Kabanata 3*—Ang iglesya sa roma

Si apostol Pablo, sa ikalawa niyang sulat sa mga taga-Tesalonica, ay nagpahayag na ang kaarawan ni Kristo ay hindi darating, "maliban nang dumating muna ang pagtaliwakas, at mahayag ang taong makasalanan, ang anak ng kapahamakan, na sumasalansang, at nagmamataas laban sa lahat na tinatawag na Diyos o sinasamba; anupa't siya'y nauupo sa templo ng Diyos na siya'y nagtatanyag sa kanyang sarili na tulad sa Diyos." At pinagpaunahan pa ng apostol ang kanyang mga kapatid na "ang hiwaga ng kasamaan ay gumagawa na."[1] Noon pa mang maagang kapanahunan niya ay nakita na niyang pumasok sa iglesya ang mga kamalian na maghahanda ng daan sa paglago ng kapapahan.

Unti-unti sa pasimula at dahandahan at tahimik, at pagkatapos,
nang lumakas na at makapaghari na sa isipan ng mga tao, lantaran
nang ipinagpatuloy ng "hiwaga ng kasamaan" ang kanyang maraya
at mapamusong na gawa. Ang mga kaugalian ng mga pagano ay
nakapasok sa loob ng iglesya Kristiyana na halos di-namamalayan.
Ang diwa ng may pasubaling pakikipagkasundo at pagsang-ayon
ay ilang panahon ding napigil ng mahigpit na pag-uusig na tiniis
ng iglesya nang kapanahunan ng paganismo. Datapuwa't nang
huminto na ang paguusig, at pumasok ang Kristiyanismo sa loob
ng mga korte at mga palasyo ng mga hari, ay binayaan na niya
ang mapagpakumbabang kasimplihan ni Kristo at ng mga alagad,
upang palitan ng karangalan at kapalaluan ng mga saserdote at mga
punong pagano; at sa mga utos at bi- lin ng Diyos ay ipinalit niya ang [40]
pala-palagay at sali't saling sabi ng mga tao. Ang pagkahikayat ni [41]
Konstantino sa pangalan lamang, noong unang bahagi ng ikaapat na
dantaon, ay naging dahilan ng malaking katuwaan; at ang sanlibutan
na nababalat-kayuan ng anyo ng kabanalan ay pumasok sa iglesya.
Ang paganismo, bagaman waring nalupig sa palagay ay siya ring
nagtagumpay. Ang diwa nito ay naghari sa iglesya. Ang aral nito,

[1] 2 Tesalonica 2:3, 4 , 7.

seremonya, at pamahiin ay nalakip sa pananampalataya at pagsamba ng mga nagsasabing sumasamba kay Kristo.

Ang may pasubaling kasunduang ito ng paganismo at Kristiyanismo ay nauwi sa pagbabangon ng "taong makasalanan" na ipinagpaunang sinabi ng hula na sasalansang at magmamataas laban sa Diyos.

Minsa'y sinikap ni Satanas na may pasubaling makipagsundo kay Kristo. Doon sa ilang ay nilapitan niya ang Anak ng Diyos upang tuksuhin, at pagkatapos na maipakita ang lahat ng kaharian sa sanlibutan at ang kaluwalhatian ng mga yaon, ay nangako na ibibigay niya ang lahat ng iyon sa Kanyang mga kamay kung kikilala lamang Siya sa kapangyarihan ng prinsipe ng kadiliman. Sinaway ni Kristo ang pangahas na manunukso at pinilit siyang umalis. Datapuwa't si Satanas ay nananagumpay kapagka inihaharap niya sa mga tao ang tukso ring yaon. Ang iglesya, upang magtamo ng kayamanan at karangalang ukol sa sanlibutan, ay narahuyong humanap ng lingap at tangkilik sa mga dakilang tao ng lupa.

Alam na alam ni Satanas na ang Banal na Kasulatan ay siyang sa mga tao'y maaaring magpakilala sa kanyang mga pandaya, upang mapaglabanan nila ang kanyang kapangyarihan. Sa pamamagitan ng Salita ay napaglabanan ng Tagapagligtas ng sanlibutan ang mga pagsalakay ng kaaway. Sa bawa't salakay ay iniharap ni Kristo ang kalasag ng walang-hanggang katotohanan, na sinabi: "Nasusulat." Sa bawa't mungkahi ng kaaway ay inilaban Niya ang karunungan
[42] at kapangyarihan ng Salita. Upang mapanatili ni Satanas ang pigil niya sa mga tao at maitatag ang kapangyarihan ng tao, ay kailangan niyang panatilihin silang walang nalalaman tungkol sa Kasulatan. Itatanghal ng Biblia ang Diyos, at ilalagay ang mga tao sa kanilang talagang dapat kalagyan; kaya nga ang banal na katotohanan nito'y kailangang itago at pigilin. Ang pangangatuwirang ito ay ginamit ng Iglesya Romana. Sa loob ng daan-daang taon ay ipinagbawal ang pagkakalat ng Biblia. Ang mga tao'y binawalang bumasa, o magkaroon kaya nito sa kanilang mga tahanan, at ang mga aral nito'y ipinaliwanag ng mga pari at mga prelado na walang simulain upang patunayan ang kanilang ipinamamarali sa mga tao. Sa ganya'y ang papa ay kinilala halos ng buong sanlibutan na kahalili ng Diyos sa lupa, na pinagkalooban ng kapangyarihan sa iglesya at sa pamahalaan ng bansa.

Nang maalis na ang tagapagpakilala ng kamalian ay gumawa na si Satanas ng alinsunod sa kanyang kalooban. Ang pahayag ng hula tungkol sa kapapahan ay "kaniyang iisiping baguhin ang panahon at ang kautusan."[2] Ito'y hindi maliwag gawin. Upang ang mga paganorg nagsipanampalataya ay mabigyan ng ibang sinasamba na kahalili ng mga diyus-diyusan, at sa gayo'y umunlad ang kanilang bahagyang pagtanggap sa Kristiyanismo, ang pagsamba sa mga larawan at mga relikya ay unti-unting ipinasok sa pagsambang Kristiyano. Ang kapasiyahang napagtibay sa isang pangkalahatang sanggunian ang sa wakas ay siyang nagtatag ng kaayusang ito na pag amba sa mga diyus-diyusan.

Ang diwa ng pagsang-ayon sa paganismo ay siyang nagbukas ng daan sa patuloy na pagtanggi sa kapangyarihan ng Langit. Si Satanas, na gumagawa sa pamamagitan ng mga walang kabanalang pangulo ng iglesya, ay nanghimasok din naman sa ikaapat na utos, at sinikap alisin ang dating Sabado,[3] ang araw na Sabado na pina- [43]
kabanal ng Diyos,[4] at sa lugar nito y itinanghal ang kapistahang ipinangingilin ng mga pagano bilang "kagalanggalang na kaarawan ng araw."[5] Sa pasimula ang pagbabagong ito ay hindi hayagang ginawa. Noong mga unang dantaon ang tunay na Sabado ay ipinangilin ng lahat ng Kristiyano. Masisikap sila sa pagpaparangal

[2]Daniel 7:25.

[3]Paliwanag: Ang pangungusap na "araw na kapahingahan" sa ikaapat n autos ng Dekalogo (Exodo 20:8-11) at sa iba pang bahagi ng mga Banal na Kasulatan ay "araw ng Sabado" sa talatang Hebreo. Iyan ay isang bagay na pinatutunayan ng kasaysayan na ang mga tao ng Diyos ay nagsipangilin ng Sabado, na *ikapitong* araw ng sanlinggo, noong mga kapanahunan ng Biblia. Dahil dito'y tinatawag pa rin natin ngayong Sabado sa mga wika natin ditto sa Pilipinas ang *ikapitong* araw ng sanlinggo. Ang ngalang ito ng araw ng sanlinggo. ANg ngalang ito ng araw ay kinuha natin sa wikang Kastila. Ito ang anyong Kastila ng salitang *Shabbath* ng wikang Hebreo.

[4]Genesis 2:2, 3.

[5]Paliwanag: Noong Marso 7, P. K. 321, ay ipinahayag nni Konstantino, na emperador ng Roma, ang unang hatas ukol sa pangingilin ng Linggo na nauulat sa kasaysayan. Ganito ang sinasabi: "Si Konstantino, na Emperador Agosto, kay Elpidio: Sa kagalang-galang na kaarawan ng Araw ang mga mahistrado at ang mga taong nananahanan sa mga lunsod ay magsipagpahinga sana, at ipinid ang lahat ng mga pagawaan. Gayunman, ang mgataong nagsisigawa sa kabukiran ay maaaring magpatuloy sa kanilang mga Gawain; sapagka't madalas na nangyayari na ang ibang araw ay hindi mabuti para sa paghahasik ng binhi o para sa pagtatanim ng ubas; baka sa pagpapabaya sa tamang panahng ukol sa gawaing ito, ay mawala ang kasaganaang kaloob ng langit." — Philip Schaff, *History of the Christian Church*, tomo 3, kab. 7, pang. 75, par. 5 (unang pahiwatig).

sa Diyos, at sa kanilang paniniwala na ang Kanyang kautusan ay hindi mababago, mahigpit nilang iningatan ang kabanalan ng mga utos nito. Datapuwa't taglay ang malaking pagdaraya ay sinikap ni Satanas sa pamamagitan ng kanyang mga ahente na maisakatuparan ang kanyang layunin. At upang ang pansin ng mga tao ay maiukol sa unang araw ng Linggo, ay ginawa itong isang kapistahan sa karangalan ng pagkabuhay na mag-uli ni Kristo. Nagdaos ng mga pulong ukol sa relihiyon sa araw na iyan, gayon ma'y ipinalagay ito na isang araw lamang ng pagaaliw, at ang Sabado'y ipinangingilin at iniingatang banal pa rin.

Upang mahanda ang daan para sa gawaing pinanukala ni Satanas na ganapin, ay inakay niya ang mga Hudyo bago ipinanganak si Kristo, na buntunan ang Sabado ng mahihigpit na utos upang maging isang mabigat na pasanin ang pangingilin nito. Sa pagsasamantala
[44] niya sa hindi tunay na liwanag na kanyang ipinakilala ay pinawalan niyang kabuluhan at hinamak ang Sabado sa pagsasabing ito'y sa mga Hudyo lamang. Samantalang ipinagpapatuloy ng mga Kristiyanong ang Linggo'y ipagdiwang na isang napakasayang kapistahan, ay inakay sila ni Satanas upang kamuhian nila ang relihiyon ng mga Hudyo, upang ang Sabado'y gawing isang araw ng pag-aayuno, araw ng kalungkutan, at kapanglawan.

Sa unang bahagi ng ikaapat na dantaon, ang emperador Konstantino ay nagpalabas ng isang utos na nagtatadhanang ang Linggo ay maging isang kapistahang bayan sa buong Imperyo ng Roma.[5] Ang kaarawan ng araw ay iginalang ng kanyang mga paganong nasasakupan at pinarangalan ng mga Kristiyano. Naging pamamalakad ng emperador na papaglakipin ang mga nagkakalabang mga interes ng paganismo at Kristiyanismo. Napilit siya sa paggawa nito ng mga obispo ng iglesya na dahil sa kanilang paghahangad

[5]Paliwanag: Noong Marso 7, P. K. 321, ay ipinahayag nni Konstantino, na emperador ng Roma, ang unang hatas ukol sa pangingilin ng Linggo na nauulat sa kasaysayan. Ganito ang sinasabi: "Si Konstantino, na Emperador Agosto, kay Elpidio: Sa kagalang-galang na kaarawan ng Araw ang mga mahistrado at ang mga taong nananahanan sa mga lunsod ay magsipagpahinga sana, at ipinid ang lahat ng mga pagawaan. Gayunman, ang mgataong nagsisigawa sa kabukiran ay maaaring magpatuloy sa kanilang mga Gawain; sapagka't madalas na nangyayari na ang ibang araw ay hindi mabuti para sa paghahasik ng binhi o para sa pagtatanim ng ubas; baka sa pagpapabaya sa tamang panahng ukol sa gawaing ito, ay mawala ang kasaganaang kaloob ng langit." — Philip Schaff, *History of the Christian Church*, tomo 3, kab. 7, pang. 75, par. 5 (unang pahiwatig).

at kauhawan sa kapangyarihan ay nangagakalang kung isang araw lamang ang ipangingilin ng mga Kristiyano at mga pagano ito'y makatutulong upang sa paano ma'y tanggapin ng mga pagano ang pananampalatayang Kristiyano at sa gayo'y lalaki ang kapangyarihan at kaluwalhatian ng iglesya. Datapuwa't bagaman untiunting naakay ang mga Kristiyanong may takot sa Diyos na kilalanin na ang Linggo ay mayroong kaunting kabanalan, ay pinanghawakan pa rin nila ang tunay na Sabado na siyang banal ng Panginoon, at ito'y kanilang ipinangilin sa pagsunod sa ikaapat na utos.

Hindi pa natatapos ng puno ng magdaraya ang kanyang gawain. Ipinasiya niyang tipunin ang Sangkakristiyanuhan sa ilalim ng kanyang bandila, at gamitin ang kaniyang kapangyarihan sa pamamagitan ng kaniyang kinatawan, yaong palalong pontipisi na nagbansag na kinatawan ni Kristo. Sa pamamagitan ng mga paganong hindi lubos ang pagkakristiyano, ng mga mapag-imbot na pari, at ng mga kasapi sa iglesyang makasanlibutan, ay naisagawa ni Satanas ang kanyang adhika. Malalaking sanggunian ang idinaos sa [45] pana-panahon, na doo'y tinipon ang mga mararangal na puno ng iglesya mula sa lahat na bahagi ng sanlibutan. Sa halos lahat ng sanggunian ang Sabadong [6] itinatag ng Diyos ay ibinababa ng kaunti samantalang ang Linggo ay siya namang ibinubunyi. Sa ganya'y ang kapistahan ng mga pagano sa wakas ay dinakilang tulad sa itinatag ng Diyos, samantalang ang Sabadong itinuturo ng Biblia ay ipinahayag na isang tanda ng relihiyong Hudyo at ang mga nangingilin nito'y ipinahahayag na mga sinumpa.

Ang bantog na tumalikod ay nagtagumpay sa pagtatanghal ng kanyang sarili "laban sa lahat na tinatawag na Diyos, o sinasamba."[7] Pinangahasan niyang baguhin yaong utos sa banal na kautusan na siya lamang nagtuturo na walang pagkakamali sa buong sangkatauhan sa tunay at buhay na Diyos. Ipinakikilala sa ikaapat na utos na ang Diyos ang lumalang ng langit at ng lupa, at sa gayo'y natatangi sa mga ibang hindi tunay na diyos. Ito'y isang alaala ng paglalang, kaya't ito'y pinakabanal upang ipagpahinga ng mga tao. Iya'y pinanukala upang maingatang lagi sa isipan ng mga tao na ang Diyos ay bukal ng buhay at dapat igalang at sambahin. Pinag-

[6]Tingnam ang Paliwanag sa p. 43.

[7]2 Tesalonica 2:4.

sisikapan ni Satanas na ilayo ang mga tao sa pakikikampi sa Diyos at pagsunod sa Kanyang kautusan, kaya naman iniubos niya ang kanyang mga paggawa laban sa utos na nagsasabing ang Diyos ang Manglalalang.

Nang ikaanim na dantaon ang kapapahan ay natayo nang matibay. Ang kanyang luklukan ng kapangyarihan ay nalagay sa lunsod ng imperyo, at ang obispo ng Roma ay ipinahayag na pangulo ng buong iglesya. Ang paganismo ay hinalinhan ng kapapahan. Ibinigay ng dragon sa hayop ang kaniyang "kapangyarihan, at ang kaniyang luklukan at dakilang kapamahalaan."[8] At nagpasimula na
[46] ang 1260 taon ng pag-uusig ng kapapahan na ipinagpauna sa hula ni Daniel at sa Apokalipsis.[9] Ang mga Kristiyano'y napilitang mamili na isuko ang kanilang malinis na pananampalataya at tanggapin ang mga aral at pagsambang itinuturo ng papa, o mamatay sa loob ng bilangguan, o sa pamamagitan ng iba't ibang pahirap, o sa tabak kaya ng berdugo. Natupad ang sinabi ni Jesus na: "Kayo'y ibibigay ng kahi't mga magulang, at mga kapatid, at mga kamaganak, at mga kaibigan; at ipapapatay nila ang iba sa inyo. At kayo'y kapopootan ng lahat ng mga tao dahil sa Aking pangalan."[10]

Ang pag-uusig ay dumagsa sa mga tapat, pag-uusig na lalong mabangis kaysa lahat ng nangyari nang pag-uusig, at ang sanlibutan ay naging malaking larangan ng digma. May daan-daang taong ang iglesya ni Kristo ay nakasumpong ng kanlungan sa pag-iisa at pagkakatago. Ganito ang sinabi ng propeta: "Tumakas ang babae sa ilang, na roon siya'y ipinaghanda ng Diyos ng isang dako, upang doon siya ampuning isang libo dalawang daan at animnapung araw."[11]

Ang pag-akyat ng iglesya Romana sa kapangyarihan ay siyang tanda ng pagpapasimula ng Madilim na Kapanahunan. Sa paglaki ng kaniyang kapangyarihan ay kumapal naman ang kadiliman. Ang pananampalataya ay inalis kay Kristo na siyang tunay na saligan, at inilipat sa papa ng Roma. Sa halip na magtiwala ang mga tao sa Anak ng Diyos sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan at sa walang-hanggang kaligtasan, sila'y umasa sa papa at sa mga pari at sa mga

[8] Apocalipsis 13:2.
[9] Daniel 7:25; Apocalipsis 13:5-7.
[10] Lucas 21:16, 17.
[11] Apocalipsis 12:6.

prelado na pinagkalooban niya ng kapangyarihan. Itinuro sa kanila na ang papa ang siya nilang tagapamagitan dito sa lupa, at wala sinumang makalalapit sa Diyos kundi sa pamamagitan niya; at siya ang lumalagay sa lugar ng Diyos sa kanila, kaya't kailangang siya'y mahigpit na sundin. Ang paglihis sa kanyang kahingian ay sapat nang dahilan ng pinakamabagsik na kaparusahan sa katawan at [47] kaluluwa ng mga nagkasala. Sa ganyang kaparaana'y ang isipan ng mga tao'y nangaaalis sa Diyos at nangalagay sa nagkakamali, at nagkakasalang tao.

Ang mga araw na yaon ay araw na mapanganib sa iglesya ni Kristo. Tunay na iilan ang tapat na tagapagdala ng watawat. Bagaman ang katotohanan ay hindi naiwang walang saksi, maminsan-minsan ay wari manding ang kamalian at pamahiin ay siyang sa wakas ay ganap na mangingibabaw at ang tunay na relihiyon ay mapapawi na sa buong lupa. Nakaligtaan ang ebanghelyo, datapuwa't ang mga anyo ng relihiyon ay dumami, at ang mga tao'y nangabuntunan ng mahihigpit na utos.

Itinuro sa kanila hindi lamang ang tumingin sila sa papa na pinaka-tagapamagitan nila, kundi magtiwala sa sarili nilang mga gawa na siyang tutubos sa kasalanan. Ang mahahabang paglalakbay, ang pagpipinetensya, ang pagsamba sa mga relikya, pagpapatayo ng mga simbahan, relikaryo, at dambana, pagbabayad ng malaking halaga sa iglesya—ang mga ito at marami pang ibang katulad nito, ay ipinag-utos upang mapahibag ang kagalitan ng Diyos o makamtan ang Kanyang awa; na tila bagang ang Diyos ay katulad ng mga tao, na mapagagalit sa maliliit na bagay, at mapalulubag ng mga kaloob o ng mga pagpipinetensya!

Waring patuloy rin ang pagkapal ng kadiliman. Lumaganap ang pagsamba sa mga larawan. Sinindihan ang mga kandila sa harapan ng mga larawan at dinalanginan ang mga ito. Samantalang ang mga pari at mga obispo ay mga maibigin sa kalayawan, mga mahahalay, at mga masasama, walang sukat maasahan kundi malubog sa kamangmangan at bisyo ang mga taong tumitingin sa kanila upang patnubayan.

Isa pang hakbang ng pagpapanggap ang ginawa ng kapapahan, nang, noong ika-11 dantaon ay ipahayag ni Papa Gregorio VII ang kasakdalan ng Iglesya Romana. Ang isa sa mga sinabi niya ay yaong [48] nagpapahayag na ang iglesya ay di kailan man nagkamali, ni hindi

rin kailan man magkakamali, ayon sa mga Kasulatan. Datapuwa't ang mga sinabi niyang ito'y walang mga katibayan ng Kasulatan.

Ang isang maliwanag na halimbawa ng malupit na likas ng nagbabansag na ito na wala siyang pagkakamali ay nahayag sa ginawa sa emperador ng Alemanya na si Enrique IV. Sa pangahas na pagwawalang bahala ng emperador na ito sa kapangyarihan ng papa, ipinahayag naman ng papa na siya'y eskomulgado at dapat maalis sa kanyang luklukan. Sa pagkatakot ni Enrique na baka siya'y takasan at pagbantaan ng kanyang mga prinsipe na inudyukan ng utusan ng papa na maghimagsik laban sa kanya, nadama niyang kailangang siya'y makipamayapa sa Roma. Kasama ang kanyang asawa at isang tapat na alipin ay tinawid niya ang kabundukan ng Alpes nang nagkakalahati na ang panahon ng tagginaw, upang mangayupapa sa harapan ng papa. Nang sumapit siya sa isang kastilyo na pinanggalingan ni Gregorio ay inihatid siyang nag-iisa sa patyo sa labas, at doon, sa gitna ng lamig. walang takip ang ulo, at walang sapin ang paa, at sa kaaba-abang pananamit, ay inantabayanan niya ang kapahintulutan ng papa na makalapit sa kanyang harapan. Hindi siya pinatawad ng papa hanggang hindi natapos ang tatlong araw na paga-ayuno at pagpapahayag ng kanyang kasalanan. Napatawad man nga siya'y kinailangan pa ring antayin niya ang kapahintulutan ng papa bago siya gumanap ng kanyang kapangyarihang pagkahari. At si Gregorio, na nagmataas dahil sa kanyang tagumpay, ay namarali na tungkulin niya ang magbaba ng kapalaluan ng mga hari.

Anong laki ang pagkakaiba ng labis na kapalaluan ng mapagmataas na pontipising ito at ang kaamuan at kapakumbabaan ni Kristo, na napakikilalang tumatawag sa pinto ng puso upang makapasok, upang magdala ng kapatawaran at kapayapaan, na siya ring
[49] nagturo sa Kanyang mga alagad na: "Sinumang mag-ibig na maging una sa inyo, ay magiging alipin ninyo."[12]

Ang mga sumusunod na dantaon ay sumaksi sa isang patuloy na paglago ng kamalian sa mga aral na itinuturo ng Roma. Noon mang bago napatayo ang kapapahan, ang mga turo ng mga pilosopong pagano ay tumanggap na ng pagpansin at nagkaroon ng impluensya sa loob ng iglesya. Marami sa nagbabansag na mga nahikayat ang nanghahawak pa rin sa mga iniaaral ng kanilang pilosopiyang

[12]Mateo 20:27.

pagano, at hindi lamang ipinagpapatuloy nila ang pagaaral nito kundi ipinapayo pa nila ito sa mga iba na isang paraan ng paglaganap ng kanilang impluensya sa mga pagano. Sa ganya'y naipasok sa pananampalatayang Kristiyano ang malubhang kamalian. Ang lalong kilala sa mga kamaliang ito ay ang paniniwala sa katutubong pagkawalang kamatayan ng tao, at ang paniniwalang ang patay ay nakakamalay pa. Ang aral na ito ay naglagay ng patibayan na pinagtayuan ng Roma ng aral na pagdalangin sa mga santo at pagsamba kay Birheng Maria. Mula rito'y bumangon din naman ang erehiyang paniniwala sa walang-hanggang pagpapahirap sa mga di-nagsisi, na noon pa mang unang kapanahunan ay napalahok na sa paniniwalang makapapa.

Nang magkagayo'y napahanda ang daan sa pagpasok ng isa pang paniniwala na likha ng paganismo, na pinamagatan ng Roma na purgatoryo, at ito'y ginamit upang takutin ang mga mangmang at mapamahiing karamihan. Sa pamamagitan ng erehiyang ito ay pinatutunayan na mayroong isang pook ng parusahan, na roo'y magdaranas ang mga kaluluwang hindi nagkamit ng walang-hanggang pagkapahamak. ng parusa dahil sa kanilang mga kasalanan, at kapag nalinis na sila sa lahat ng karumihan ay saka tatanggapin sa langit.

Kinailangan pa rin ang ibang katha upang makinabang ang Roma
sa pagkatakot at bisyo ng kanyang mga kabig. Ito ang aral tungkol [50]
sa indulhensya. Ang lubos na kapatawaran ng mga pagkakasala, nang nakaraan, sa kasalukuyan, at sa hinaharap at kapatawraran sa lahat ng hirap at kaparusahang ipapataw, ay ipinangako sa lahat ng magpapatala sa mga pakikidigma ng papa upang mapalaki ang kanyang kaharian, upang parusahan ang kanyang mga kaaway, o kaya'y lipulin yaong mga nangahas tumanggi sa kanyang kataasang ukol sa espiritu. Itinuro din naman sa mga tao na sa pagbibigay nila ng salapi sa iglesya ay maililigtas nila ang kanilang sarili sa kasalanan, at mapalalaya ang mga kaluluwa ng kanilang nangamatay na kaibigan na pinahihirapan sa liyab ng purgatoryo.

Ang banal na hapunan na itinatag ng Panginoon na ipinakilala ng Banal na Kasulatan ay hinalinhan ng maka-diyus-diyusang paghahain ng misa. Nagkunwa ang mga pari na ang simpling tinapay at

alak ay nagagawa nilang tunay na "katawan at dugo ni Kristo."[13] Hayagang inaangkin nila ang kapangyarihan ng paglalang sa Diyos, na Maylalang ng lahat ng bagay.

Ang kapapahan ay naging mapaghari-harian sa buong sanlibutan. Ang mga hari at mga emperador ay yumukod sa mga pasiya ng pontipising Romano. Ang kapalaran ng mga tao, sa panahong ito at sa walang-hanggan man, wari mandi'y nasa ilalim ng kanyang kapamahalaan. Sa loob ng daan-daang taon, ang mga aral ng Roma ay mahigpit na niyakap sa lahat ng dako, ang kanyang mga ritos ay magalang na ginanap, ang kanyang mga kapistahan ay ipinangilin ng lahat. Ang kanyang mga pari ay iginalang at tinangkilik ng mga saganang kaloob. Kai-kailan man ang Iglesya Romana ay hindi umabot sa lalong malaking karangalan, kadakilaan, o kapangyarihan, kundi nang panahong yaon.

[51] Datapuwa't "ang katanghaliang tapat ng kapapahan ay siyang hatinggabi ng sanlibutan."[14] Ang mga Banal na Kasulatan ay halos hindi naaalaman, hindi lamang ng mga tao, kundi pati ng mga pari. Nang maalis na ang kautusan ng Diyos na siyang patakaran ng katuwiran, ay malabis na nilang ginamit ang kanilang kapangyarihan, at nagbisyo na sila ng walang tuos. Sa loob ng maraming panahon, ang Europa ay walang ikinasulong sa kaalaman, sa sining, o sa kabihasnan. Dinapuan ng paralisis arg moral at ang pag-iisip ng Sangkakristiyanuhan.

Ang kalagayan ng sanlibutan sa ilalim ng kapangyarihang Romano ay nagpakilala sa isang kakilakilabot at katangi-tanging katuparan ng mga pangungusap ng propetang si Oseas: "Ang Aking bayan ay nasira dahil sa kakulangan ng kaalaman: sapagka't ikaw ay nagtakwil ng kaalaman, Akin namang itatakwil ka . . . yamang iyong nilimot ang kautusan ng iyong Diyos, Akin namang kalilimutan ang iyong mga anak." "Walang katotohanan, ni kaawaan man, ni kaalaman man tungkol sa Diyos sa lupain. Wala kundi pagsumpa at kawalan ng pagtatapat, at pagpatay, pagnanakaw, at pangangalunya; sila'y nagsidaluhong, at nagkakabubuan ng dugo."[15] Ito ang mga
[52] bunga ng pagtatapon sa salita ng Diyos.

[53] [13]Cardnal N. P. Wiseman, *Lectures on the Principal Doctrines and Practices of the Catholic Church*, No. 8, "The Real Presence," sek. 3, par. 26. (Londres, 1836.)

[14]J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat I, kah.4.

[15]Oseas 4:6, 1, 2.

## *Kabanata 4*—Ang iglesya sa mga kabundukan

Sa gitna ng kadiliman na lumukob sa lupa sa loob ng mahabang panahong pangingibabaw ng kapapahan, ang ilaw ng katotohanan ay hindi lubos na namatay. Sa bawa't panahon ay nagkaroon ang Diyos ng mga saksi—mga taong nagmahal sa pananampalataya kay Kristo na siyang tanging tagapamagitan sa Diyos at sa tao, mga taong naniwala na ang Banal na Kasulatan ay siyang tanging tuntunin ng kabuhayan, mga taong nangilin ng tunay na Sabado. Kung gaano kalaki ang utang ng sanlibutan sa mga taong ito, ay hindi maaalaman ng mga inanak kailan man.

Ang kasaysayan ng bayan ng Diyos sa loob ng mga panahon ng kadiliman na sumunod sa panahon ng pangingibabaw ng Roma, ay nasusulat sa langit, datapuwa't kakaunti ang lugar nito sa ulat ng mga tao. Kakaunti ang mga ulat na ating matatagpuang nagsasaad ng tungkol sa kanilang pananatili, maliban sa mga kinatatalaan ng mga paratang ng mga nagsipag-usig sa kanila. Pamamalakad ng Roma na pawiin ang bawa't bakas ng pagtutol sa kanyang mga aral at mga pasiya. Ang bawa't bagay na eretikal, kung mga tao man o mga sinulat, ay sinikap niyang pawiin. Ang mga pangungusap na may alinlangan, o ang mga pag-aalinlangan sa mga dogma ng kapapahan, ay sapat na upang ikamatay ng mayaman man o mahirap, ng dakila o hamak. Pinagsikapan din naman ng Roma na sirain ang lahat ng ulat ng kanyang kalupitan sa mga nagsitutol. Ipinasiya ng mga sanggunian ng kapapahan na ang mga aklat at mga sinulat na naglalaman ng gayong mga ulat ay dapat ibigay sa liyab ng apoy. [54]
Bago nakatha ang paglilimbag, ay iilan lamang ang mga aklat, at nasa isang ayos na hindi maiingatan; sa gayo'y wala ngang naging hadlang ang mga Romanista sa pagsasagawa ng kanilang hangarin.

Walang iglesya sa nasasakupan ng Roma na nagtagal sa pagtatamasa ng kalayaan ng budhi na hindi ginambala. Kapagkarakang matamo ng kapapahan ang kapangyarihan, inunat niya agad ang kanyang mga bisig upang durugin ang lahat ng tatangging kumi-

lala sa kanyang pamamahala; at sunud-sunod na sumuko ang mga iglesya sa kanyang pananakop.

Sa mga lupaing hindi nasasaklaw ng Roma, ay nanatili sa loob ng maraming dantaon ang mga katipunan ng mga Kristiyano na halos nalayo sa kasamaan ng kapapahan. Nalilibot ang mga ito ng mga pagano, at sa kahabaan ng panahon ay nahawa sila sa mga kamalian ng mga pagano, datapuwa't nanatili rin silang kumilala sa Biblia na siyang tanging patakaran ng pananampalataya, at nanghawak sila sa marami sa mga katotohanan nito. Ang mga Kristiyanong ito ay naniwala sa pamamalagi ng kautusan ng Diyos at ipinangilin nila ang Sabado ng ikaapat na utos.[1] Ang mga iglesyang nanghawak sa pananampalataya at pagsasagawa nito ay nangasa Gitnang Aprika at sa Armenya sa Asya.

Datapuwa't sa mga nagsihadlang sa panghihimasok ng kapangyarihan ng papa, ay nangunguna ang mga Baldense. Doon sa lupaing matibay ang luklukan ng kapapahan ay doon naman mahigpit na tinutulan ang kanyang karayaan at kasamaan. Daan-daang taon na ang mga iglesya sa Piamonte ay malaya datapuwa't sa wakas ay dumating din ang panahon na pinilit silang pasukuin ng Roma. Pagkatapos ng pawang bigong pakikitalad sa kanyang kapangyarihan ng mga pinuno ng mga iglesyang ito, napilitan din silang kumilala sa isang kapangyarihang waring iginagalang ng buong sanlibutan. Gayon
[55] ma'y may- roong ilang hindi sumuko sa kapangyarihan ng papa o prelado. Ipinasiya nila ang pananatiling tapat sa pakikikampi sa Diyos at ingatan ang kalinisan at kadalisayan ng kanilang pananampalataya. Nangyari ang pagkakahati. Yaong mga nanghawak sa dating pananampalataya ay humiwalay; ang ilang tumakas sa tinubuan nilang Alpes ay nagtirik ng bandila ng katotohanan sa mga ibang lupain; ang mga iba naman ay nangagtago sa mga yungib at sa mabatong liblib ng kabundukan, at doo'y pinanatili nila ang kanilang kalayaang sumamba sa Diyos.

Ang pananampalatayang sa loob ng maraming dantaon ay pinanghawakan at itinuro ng mga Kristiyanong Baldense, ay kaibang-kaiba sa mga maling aral na itinuro ng Roma. Ang paniniwala nila tungkol sa relihiyon ay nasasalig sa nasusulat na salita ng Diyos, na siyang tunay na batayan ng pananampalatayang Kris-

[1] Tingnan ang paliwanag sa p. 43.

tiyano. Ipinakipaglaban nila ang pananampalataya ng iglesya na itinatag ng mga apostol—ang "pananampalataya na ibinigay na minsan at magpakailan man sa mga banal."[2] Ang "iglesya sa ilang," at hindi ang palalong kalipunan ng mga pari na naluluklok sa dakilang punong-lunsod, ang tunay na iglesya ni Kristo, ang tagapag-ingat ng kayamanan ng katotohanan na inihabilin ng Diyos sa Kanyang bayan upang ipangaral sa sanlibutan.

Ang mga Baldense ay kabilang sa unang mga tao sa Europa na nagkaroon ng salin ng Banal na Kasulatan. Daan-daan pang taon bago dumating ang Reporma, ay mayroon na silang manuskrito ng Biblia sa kanilang sariling wika. Nasa kanila ang katotohanan na walang halo, at dahil dito'y tangi silang kinapootan at pinag-usig. Ipinahayag nila na ang Iglesya ng Roma ay siyang Babilonyang tumalikod na sinasabi sa Apokalipsis, at sa kapahamakan ng kanilang mga buhay, ay tumindig sila upang labanan ang kanyang kasamaan. Samantalang sila'y nasa ilalim ng matagal at patuloy na pag- uusig, [56] ipinakipagkasundong may pasubali ng ilan ang kanilang pananampalataya, unti-unting bumitiw sila sa mga katangi-tanging simulain nito, subali't ang iba naman ay nanghawak na matibay sa katotohanan. Sa loob ng maraming panahon ng kadiliman at pagtalikod sa katotohanan ng Diyos, ay may ilan sa mga Baldense na ayaw kumilala sa kapangyarihan ng Roma, tumangging sumamba sa mga larawan, at sila'y nangilin ng tunay na Sabado.

Wagas, simple, at maningas ang kabanalan ng nrga alagad na ito ni Kristo. Ang mga simulain ng katotohanan ay pinahalagaban nila ng higit sa mga bahay, at mga lupa, mga kaibigan, kamaganak, at maging sa kanilang sariling buhay nran. Ang mga simulaing ito ay pinagsikapan nilang itanim na mabuti sa puso ng mga kabataan. Itinuro sa mga bata mula pa sa kanilang kasanggulan ang banal na Kasulatan, at itinurong kilalaning banal ang mga pag angkin ng utos ng Diyos. Bihira noon ang Biblia; dahil dito'y ang mahahalagang salita nito ay isinaulo nila.

Ang iglesya ng mga Vaudois sa kanilang kalinisan at kasimplihan, ay walang iniwan sa iglesya noong kaarawan ng mga apostol. Naniwala silang ang Banal na Kasulatan ay siyang tanging mapanghahawakan na hindi nagkakamali. Pinakain ng kanilang mga pastor

[2] Judas 3.

ang kawan ng Diyos na inaakay sila sa mga sariwang pastulan at sa mga buhay na bukal ng Kanyang banal na salita. Malalayo sa mga bantayog ng karangyaan at kapalaluan ng tao, sila'y ragtitipon hindi sa magagarang mga simbahan o sa malalaking katedral, kundi sa lilinr ng mga bundok, at sa mga kapatagan ng Alpes o kung panahon rg kapanganiban, ay sa mga muog na kabatuhan, upang pakinggan ang mga salita ng katotohanan na ibinabalita ng mga lingkod ni Kristo.

Tumanggap ng aral ang mga kabataan sa kanilang mga pastor. Bagaman pinag-aaralan nila ang ilang sangay ng karunungan, ang Biblia ay siyang lalo nang kanilang pir.agaaralan. Ang mga ebanghe-
[57] lyo ni Mateo at ni Juan at marami pang ibang sulat ng mga apostol ay isinaulo. Isinalin din naman nila ang Kasulatan. Ang ilang salin ay naglalaman ng buong Biblia, ang mga iba naman ay ilang maiigsing sipi, na dinugtungan ng ilang magagaang paliwanag niyaong mga maalam magpaliwanag sa mga Kasulatan. Ang mga anghel sa langit ay humahantong sa palibot ng mga tapat na manggagawang ito.

Pinanukala ng Diyos na ang Biblia ay maging aklat na pag-aaralan ng buong sangkatauhan, sa pagkabata. sa kabataan, at sa katandaan, at dapat pag-aaralan sa buong panahon. Ibinigay Niya ang Kanyang salita sa mga tao bilang pagpapahayag ng Kanyang sarili. Ang bawa't bagong katotohanang natuklasan ay isang sariwang paglalahad sa likas ng Diyos na May-gawa. Ang pagaaral ng Kasulatan ay siyang paraang itinatag ng Diyos upang mailapit na lalo ang mga tao sa May-lalang sa kanila, at upang bigyan sila ng isang lalong maliwanag na pagkakilala sa Kanyang kalooban. Ito ang paraan ng pakikipag-usap ng Diyos sa tao.

Pagkapanggaling ng mga kabataan sa kanilang paaralang nasa kabundukan, ang ilan sa kanila ay ipinadadala sa mabubuting paaralan sa mga lunsod ng Pransya o Italya na kinaroroonan ng mga lalong malawak na mapag-aaralan, mapag-iisipan, at maoobserbahan kaysa kung sila'y nasa kanilang tahanan sa Alpes. Sa mga paaralang kanilang pinapasukan ay di dapat silang magkaroon ng sinumang katapatang-loob. Ang mga damit nila ay niyari sa isang paraang maaaring itago ang pinaka mahalaga nilang kayamanan—ang mahalagang manuskrito ng Banal na Kasulatan. Ang mga bungang ito ng kanilang pagsusumakit sa loob ng maraming buwan o taon, ay daladala nila. At kailan ma't walang makahahalata sa kanila, maingat

nilang inilalagay ang Banal na Kasulatan sa daraanan ng sinuman na ang puso ay waring bukas sa pagtanggap ng katotohanan.

Ang espiritu ni Kristo ay isang espiritung misyo- nero. Ang [58] kauna-unahang tibukin ng pusong nabago ay ang maglapit din naman ng iba sa Tagapagligtas. Iyan ang espiritu ng mga Kristiyanong Vaudois. Nadama nilang hinihingi sa kanila ng Diyos ang lalong higit kaysa pag-iingat lamang sa kanilang sariling mga iglesya ng katotohanan sa kalinisan nito; na nababababaw sa kanila ang kapanagutang paningningin ang liwanag sa gitna n,g nangasa kadiliman. Sa pamamagitan ng malakas na kapangyarihan ng salita ng Diyos ay sinikap nilang patirin ang kaalipinang ipinilit sa kanila ng Roma.

Sinanay ang mga ministrong Vaudois bilang mga misyonero, at ang bawa't isa na may nasang pumasok sa paglilingkod ay kailangang magkaroon ng isang kasanayan sa pagka-ebanghelista. Ang bawa't isa'y kailangang maglingkod ng tatlong taon sa ilang bukirang misyonero bago mangasiwa sa isang iglesya sa sariling bayan. Ang paglilingkod na ito na sa pasimula pa'y nangangailangan ng pagtanggi sa sari at ng pagsasakripisyo ay isang pasimulang naaangkop sa kabuhayan ng pastor sa mga panahong sinusubok ang kaluluwa ng tao. Ang kabataang inordinahan para sa banal na tungkulin ay nakakikita sa kanilang harapan, hindi ng kayamanan at kaluwalhatian sa lupa, kundi ng isang kabuhayan ng paggawa at panganib, at maaari ring kamatayan ng isang martir. Dala-dalawang lumalakad ang mga misyonero gaya ng pagkapagsugo ni Jesus sa Kanyang mga alagad. Sa isang kabataang lalaki ay laging pinasasama ang isang may gulang na at may kasanayan; ang kabataan ay nasa ilalim ng patnubay ng kanyang kasama na siya namang nananagot sa pagsasanay sa kanya at ang kanyang turo ay kailangang sundin. Ang dalawang manggagawang ito ay hindi laging magkasama datapuwa't malimit magtagpo sa pananalangin at pagpapayuhan; sa gayo'y napalalakas ang isa't isa sa pananampalalaya.

Ang gawain ng mga misyonerong ito ay nagsimula sa mga kapatagan at sa libis sa paanan ng mga bundok na kinaroroonan [59] nila, datapuwa t ito'y lumaganap sa kabila ng mga bundok na iyon. Walang sapin ang paa nila at magagaspang at marurumi ang mga damit sa paglalakbay gaya ng sa kanilang Panginoon, binagtas nila ang malalaking lunsod, at nagtungo sa malalayong lupain. Sa la-

hat ng dako ay inihasik nila ang mahalagang binhi. Sumibol ang mga iglesya sa kanilang dinaanan, at ang dugo ng mga martir ay sumaksi sa katotohanan. Ang kaarawan ng Diyos ay siyang maghahayag ng isang masaganang ani ng mga kaluluwang natipon dahil sa pagsisikap ng mga tapat na taong ito. Nalalambungan at tahimik, ang salita ng Diyos ay pumapasok sa buong lupang Kristiyano, at pinasasalubungan naman ng masayang pagtanggap sa tahanan at puso ng mga tao.

Sa ganang mga Baldense, ang Banal na Kasulatan ay hindi isang ulat lamang ng pakikitungo ng Diyos sa mga tao nang unang panahon, ni hindi isang pahayag ng mga kapanagutan at tungkulin para sa kasalukuyan, kundi isang paglalanlad ng mga kapanganiban at kaluwalhatian sa hinaharap na panahon. Naniniwala sila na hindi na malayo ang wakas ng lahat ng bagay; at habang pinagaaralan nila ang Biblia na may kalakip na pananalangin at pagluha ay lalo namang nakikintal sa kanila ang mahalagang pahayag nito, at ang kanilang tungkuling ipaalam sa mga iba ang nagliligtas na mga katotohanan nito. Nakita nilang napakalinaw na nahahayag sa mga banal na dahon nito ang panukala ng pagliligtas, at nasumpungan nila ang kaaliwan, pag-asa at kapayapaan sa pananampalataya kay Jesus. Sa pagsikat ng liwanag sa kanilang pang-unawa, at sa kagalakan rg kanilang mga puso, ay kinasabikan nilang itanglaw ang liwanag nito roon sa nangasa kadiliman ng kamalian ng kapapahan.

Nakita nila na sa pangunguna ng papa at ng mga pari, ay napakarami ang walang kabuluhang nagsisikap upang magkamit ng kapatawaran sa pamamagitan ng pagpapasakit sa kanilang mga
[60] katawan dahil sa pagkakasala ng kani- lang kaluluwa. Sa pagkapagturo sa kanila na magtiwala sa pagliligtas ng mabubuti nilang gawa, ay lagi nilang tinitingnan ang kanilang mga sarili, na dinidilidili nila ang kanilang makasalanang kalagayan, sa dahilang nakikita nilang sila'y nalalantad sa galit ng Diyos. Pinahirapan nila ang kaluluwa nila at katawan, gayon ma'y hindi rin sila nagkakaroon ng kaginhawahan. Sa ganya'y natalian ng mga aral ng Roma ang mga taong may mabubuting budhi. Libu-libo ang lumayo sa kanilang mga kaibiga't kamaganak, al ginugol ang kanilang mga buhay sa mga kombento. Sa pamamagitan ng malimit na pagaayuno at walang awang paghampas sa katawan, sa pagpupuyat sa hating-gabi, sa pagdapang mahabang oras sa malamig at basa-basang bato ng

kanilang malungkot na tahanan, sa mahabang paglalakbay, sa pamamagitan ng penitensya at kakilakilabot na pagpapahirap sa katawan ay walang kabuluhang pinagsikapan ng libu-libo na magkamit ng kapayapaan ng budhi. Pinahihirapan ng pagkaalam nilang sila'y nagkasala, at ginagambala ng katakutan sa naghihiganting galit ng Diyos, marami ang patuloy na nagbata hanggang sa nanghina ang katawan nila at sila'y nabulid sa libingan na walang anumang silahis ng liwanag o pag-asa man.

Ang mga Baldense ay may kasabikang mamahagi ng tinapay ng buhay sa mga nagugutom na kaluluwa, buksan sa kanila ang mga pabalila ng kapayapaang nasa mga pangako ng Diyos, at ituro sila kay Kristo na siyang tangi nilang pag-asa at kaligtasan. Ang aral na ang mabubuting gawa ay makatutubos sa pagkasuway nila sa kautusan ng Diyos, ay pinaniwalaan nilang nasasalig sa kabulaanan. Ang pananalig sa sariling karapatan ng tao ay humahadlang sa pagkakita sa walang-hanggang pagibig ni Kristo. Si Jesus ay namatay na pinaka isang handog patungkol sa mga tao sapagka't walang magagawang anuman ang nagkasalang sangkatauhan na makapagtatagubilin sa kanyang sarili sa Diyos. Ang mga karapatan [61]
ng isang ipinako at nabuhay na mag-uling Tagapagligtas ay siyang patibayan ng pananampalatayang Kristiyano. Ang pananalig ng kaluluwa kay Kristo ay kasintunay, at ang pagkakaugnay nito ay dapat maging kasinlapit, gaya ng isang kamay sa katawan, o ng isang sarga sa puno ng ubas.

Ang mga aral ng mga papa at mga pari ay siyang umakay sa mga tao upang ipalagay nila na ang likas ng Diyos, at kahit na ni Kristo, ay mabagsik. malagim, at ayaw malapitan. Ipinakikilalang ang Tagapagligtas ay walang habag sa sangkatauhang nagkasala na anupa't ang pamamagitan ng mga pari at mga santo ay kailangang hingin. Nasasabik ang lahat ng naliwanagan ng salita ng Diyos na ituro ang mga taong nagkasala kay Jesus na siya nilang mahabagin at maibiging Tagapagligtas, na nakatayong nakaunat ang kamay, at nag-aanyayang lumapit sa Kanya ang lahat na taglay ang kanilang mga kasalanan, kaligaligan, at kapagalan. Kinasasabikan nilang alisin ang mga hadlang na itinambak ni Satanas, mga hadlang na pipigil upang huwag makita ng mga tao ang mga pangako at sa gayo'y makalapit na tuwiran sa Diyos upang ipahayag ang kanilang mga kasalanan, at magtamo ng patawad at kapayapaan.

May kasabikang inilahad ng mga misyonerong Vaudois ang mahahalagang katotohanan ng ebanghelyo sa sinumang may nasang makaalam. Maingat niyang inilalabas ang isinulat na bahagi ng Banal na Kasulatan. Ang pinakamalaki niyang katuwaan ay ang magbigay ng pag-asa sa mga may budhing tapat at kaluluwang lipos ng kasalanan, na walang nakikita kundi isang mapaghiganting Diyos, na walang inaantay kundi ang humatol. Nangangatal ang kanyang mga labi at lumuluha ang kanyang mga mata, at malimit ay nakaluhod, na binubuksan niya sa kanyang mga kapatid ang mahalagang katotohanan na nagpahayag ng tanging pag-asa ng makasalanan. Sa ganyan ang liwanag ng katotohanari ay tumaos
[62] sa mara- ming nalalabuang pag-isip, na itinataboy ang maiitim na ulap ng kadiliman hanggang sa sumilang sa kanilang puso ang Araw ng Katuwiran [3] na may kagalingan sa kanyang mga sinag. Marami ang hindi nadaya hinggil sa mga inaangkin ng Roma. Nakita nilang walang kabuluhan ang pamamagitan ng mga tao o ng mga anghel man patungkol sa makasalanan. Nang magliwayway ang tunay na liwanag sa kanilang mga pag-iisip, sa katuwaan ay napasigaw sila: "Si Kristo ang aking saserdote; ang Kanyang dugo ay siya kong hain; ang Kanyang dambana ay siya kong kumpisalan." Inilagak nilang lubos ang kanilang sarili sa karapatan ni Jesus, na inuulit ang mga pangungusap: "Kung walang pananampalataya ay hindi maaaring maging kalugud-lugod sa Kanya."[4] "Walang ibang pangalan sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao na sukat nating ikaligtas."[5]

Ang kasiguruhan ng pag-ibig ng Tagapagligtas ay wari manding totoong napakalaki upang madama ng kaawa-awang mga kaluluwang ipinapadpad ng bagyo. Gayon na lamang kalaki ang kaginhawahang dinala ng pag-ibig na ito at gayon na lamang ang liwanag na itinanglaw sa kanila, na anupa't wari baga'y nalipat na sila sa kalangitan. Pinahawakan nilang may pagtitiwala ang kanilang mga kamay kay Kristo; ang mga paa nila'y natatag sa Batong Buhay.

Sa mga lihim na dako, ang salita ng Diyos ay inilalabas at binabasa kung minsa'y sa isang tao lamang at kung minsan nama'y sa isang maliit na pulutong na nasasabik makakita ng liwanag at katotohanan. Madalas na buong magdamag ang nagugugol sa ganitong

[3] *Paliwanag*: Ang pananalita sa Malakias 4:2 ay tumutukoy kay Kristo.
[4] Hebreo 11:6.
[5] Mga Gawa 4:12.

paraan. Nagiging gayon na lamang ang pagkamangha at paghanga ng nangakikinig, na anupa't ang sugo ng kaawaan ay malimit mapatigil sa kanyang pagbasa hanggang sa matarok ng pag-iisip ang mga balita ng kaligtasan. Madalas na sabi- hin nila ang ganito: "Tatang- [63]
gapin kaya ng Diyos ang *aking* handog? *Ako* kaya'y Kanyang ngingitian?" "Patatawarin kaya Niya *ako*?" Saka babasahin naman ang tugon: "Magsiparito sa Akin kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y Aking papagpapahingahin."[6]

Ang pananampalataya ay nanghawak sa pangakong ito at ang masayang tugon ay narinig: "Wala nang malalayong paglalakbay pa upang sumamba; wala nang mahirap na paglalakad na papunta sa mga banal na dambana. Makalalapit na ako kay Jesus sa aking talagang kalagayang, makasalanan at walang kabanalan, at hindi Niya tatanggihan ang panalangin ng nagsisisi. 'Pinatawad na ang inyong mga kasalanan.' Ang aking kasalanan, oo, ang aking mga kasalanan ay maipatatawad Niya."

Aapawan ang puso ng banal na katuwaan at ang pangalan ni Jesus ay dadakilain sa pamamagitan ng pagpupuri at pagpapasalamat. Ang nangatutuwang kaluluwang yaon ay nangagsiuwi sa kanilang tahanan upang ikalat ang liwanag at upang ulitin sa mga iba ang kanilang bagong karanasan; na natagpuan nila ang tunay at buhay na Daan. Nagkaroon ng isang naiiba at banal na kapangyarihan ang mga pangungusap sa Kasulatan na tahasang nagsalita sa mga puso niyaong nangasasabik na makaalam ng katotohanan. Yaon ang tinig ng Diyos, at ito y naghatid ng pagkahikayat sa puso ng nagsipakinig.

Ang mga pag-uusig na itong dumalaw sa nalolooban ng maraming dantaon sa mga taong itong may takot sa Diyos ay tiniis nila na may pagtitiyaga at pagtatapat na nagbigay dangal sa kanilang Manunubos. Sa kabila ng mga pagsalakay at ng mga malupit na pagpatay sa kanila, nagpatuloy silang nagsugo ng mga misyonero upang magkalat ng mahalagang katotohanan. Sila'y inusig sa kamatayan; subali't nadilig ng kanilang dugo ang bin- hing nahasik; at di nga [64]
sumala't ito'y nagbunga. Sa ganya'y daan-daan pang taon bago ipinanganak si Lutero, ay sumaksi na ang mga Baldense sa Diyos. Sa kanilang pagkakawatak-watak sa maraming lupain, itinanim nila ang mga binhi ng Reporma na nagpasimula sa panahon ni Wicleff,

[6]Mateo 11:28.

na siyang lumaki at lumaganap ng mga kaarawan ni Lutero, at patuloy na nailaganap hanggang sa wakas ng panahon sa pamamagitan niyaong mga nagnanasa rin namang magtiis ng lahat ng bagay dahil
[65] sa “salita ng Diyos at sa patotoo ni Jesus.”[7]

[7] Apocalipsis 1:9.

## *Kabanata 5*—Isang liwanag sa kadiliman

Bago dumating ang Reporma ay nagkaroon ng mga panahon na mayroong iilang kopya lamang ng Biblia; datapuwa't hindi pinahintulutan ng Diyos na lubusang mawala ang Kanyang salita. Ang mga katotohanan nito ay hindi lalaging nakatago magpakailan man. Madali rin naman Niyang mapalalaya ang salita ng buhay gaya ng pagbubukas Niya sa mga pintong bakal ng bilangguan, upang palayain ang kanyang mga lingkod. Sa iba't ibang bansa ng Europa ay kinilos ng Espiritu ng Diyos ang mga tao upang saliksikin ang katotohanang tulad sa paghanap sa mga natatagong kayamanan. Sa pagkaakay sa kanila sa mga Banal na Kasulatan ayon sa kalooban ng Diyos, pinag-aralan nilang may maningas na interes ang mga banal na dahon nito. Handa silang tumanggap ng liwanag, anuman ang mangyari sa kanila. Bagaman di-maliwanag na nakita nila ang lahat, ay ipinagkaloob na maunawa nila ang maraming malaon nang natatagong katotohanan. Sila'y yumaong tulad sa mga sinugo ng langit, na pinapatid ang mga tanikala ng kamalian at pamahiin, at tinatawagang bumalikwas yaong malaong nangabusabos upang ipakilala ang kanilang kalayaan.

Maliban sa mga Baldense, ang salita ng Diyos ay sinarhan sa mga wika na ang mga nag-aral lamang ang nakaaalam; datapuwa't dumating ang panahon na kailangang isalin sa ibang wika ang Banal na Kasulatan, at ipagkaloob sa mga tao sa iba't ibang lupain sa kanilang sariling wika.

Noong ikalabing-apat na dantaon ay sumipot sa Ing- latera ang [66]
"tala sa umaga ng Reporma." Si Juan Wicleff ay siyang tagapag- [67]
bansag ng reporma, hindi lamang para sa Inglatera, kundi sa lahat ng Sangkakristiyanuhan. Ang malaking pagtutol na pinahintulutang mabigkas niya laban sa Roma ay hindi mapatatahimik kailan man. Ang pagtutol na yaon ay siyang nagsimula sa labanan na nauwi sa pagpapalaya sa mga tao, sa mga iglesya, at sa mga bansa.

Si Wicleff ay nakapag-aral na mabuti, at sa ganang kanya ang pagkatakot sa Panginoon ay siyang pasimula ng karunungan. Siya'y

nabantog sa kolehiyo dahil sa kanyang maningas na kabanalan at sa kahanga-hanga niyang mga talento at sa kabutihan sa pag-aaral. Sa kasabikan niya sa karunungan ay sinikap niyang matutuhan ang bawa't sanga ng kaalaman. Nag-aral siya ng pilosopiya eskolastika, ng mga batas ng iglesya, at ng batas sibil, lalung-lalo na yaong sa kanyang sariling bayan. Sa mga huli niyang gawa ay nahayag ang kahalagahan ng kanyang maagang pagkapag-aral. Ang kanyang ganap na kaalaman sa pilosopiya espekulatiba noong kanyang kapanahunan ay siyang sa kanya'y tumulong na ilantad ang mga kamalian ng pilosopiyang iyon; at sa pamamagitan ng kanyang pagkapag-aral sa batas ng bansa at ng relihiyon ay nahanda siya sa malaking pakikipagtunggali ukol sa kalayaang sibil at kalayaan ng relihiyon. Samantalang nagagamit niya ang mga sandatang nanggagaling sa salita ng Diyos, ay nagtamo naman siya sa mga paaralan ng disiplina ng isipan, at nataho niya ang mga paraan ng mga tao ng paaralan. Ang kapangyarihan ng kanyang katalinuhan at ang kalakihan at kaganapan ng kanyang kaalaman ay pinagpitaganan ng kanyang mga kaibigan at mga kalaban.

Samantalang nasa kolehiyo pa si Wicleff, ay pinag-aralan niya ang mga Kasulatan. Siniyasat niya ang mga ito na taglay ang gayon ding kaganapan sa paggawa na sa pamamagitan nito'y lubusan
[68] niyang natutuhan ang mga kaalaman ng mga paaralan. Bago dumating ang panahong ito ay naranasan niya ang isang malaking kasalatan, na hindi mabigyang kasiyahan ng kanyang natutuhan sa paaralan o ng mga aral man ng iglesya. Sa salita ng Diyos ay natuklasan niya ang di niya masumpungan nang una. Dito'y nakita niyang nahayag ang panukala ng kaligtasan, at dito'y nakita niyang si Kristo ang tanging pintakasi ng mga tao. Itinalaga niya ang kanyang sarili sa paglilingkod kay Kristo, at ipinasiya niyang ibalita ang mga katotohanang kanyang nasumpungan.

Nang simulan ni Wicleff ang kanyang gawain, ay hindi rin niya nakita ang kanyang kahahangganan na gaya ng mga Repormador na sumunod sa kanya. Hindi niya talagang pinanukala na salungatin ang Roma. Datapuwa't di-maaaring di siya dalhin ng kanyang pagtatapat sa katotohanan sa pakikipagtunggali sa kasinungalingan. Samantalang lalo niyang naliiiwanagan ang mga maling aral ng kapapahan, ay lalo naman niyang masikap na ipinakikilala ang iniaaral ng Biblia. Natuklasan niya na ang Roma ay tumalikod sa salita

ng Diyos at bumaling sa sali't saling sabi ng tao; ang mga pari ay walang takot niyang pinaratangang nagtapon sa mga Kasulatan, at hiningi niyang isauli sa mga tao ang Biblia, at ang kapangyarihan nito ay itatag na muli sa iglesya. Siya ay may kakayahan at masipag na guro, magaling na mangangaral, at ang kabuhayan niya sa araw-araw ay naghayag ng katotohanang ipinangaral niya. Ang kaalaman niya sa Banal na Kasulatan, ang lakas ng kanyang pangangatuwiran, ang dalisay niyang kabuhayan, at ang hindi nangingimi niyang katapangan at kalinisan ng budhi, ay nagdulot sa kanya ng papuri at pagtitiwala ng mga tao. Maraming tao ang nangawalan ng tiwala sa kanilang dating pananampalataya nang makita nila ang kasamaang nananagana sa Iglesya Romana, at tinanggap nilang may hayag na katuwaan ang mga katotohanang ipinakikilala ni Wicleff; [69]
datapuwa't ang mga pinuno ng papa ay naginit na totoo nang makita nila na lumalaganap ang impluensya ng Repormador na ito, ng higit sa kanila.

Si Wicleff ay magaling na tumiktik ng kamalian, at walang gulat niyang binatikos ang mga kapaslangang ipinagtatanggol ng kapangyarihan ng Roma. Nang siya'y kapelyan pa ng hari, ay mahigpit niyang nilabanan ang pagbabayad ng buwis na hinihingi ng papa sa haring Ingles at ipinakilala niya na ang kapangyarihang ginagamit ng papa sa mga pinuno ng pamahalaan ay laban sa katuwiran at sa banal na pahayag. Ang mga kahingian ng papa ay lumikha ng malaking ngitngit at ang mga aral ni Wicleff ay lumaganap sa mga tanyag na tao ng bansa. Ang hari at ang matataas na tao ay nangagsitanggi sa inaangkin ng papa na kapangyarihan niya sa pamahalaan, at sa pagbabayad ng buwis. Sa ganya'y mabisang dagok ang tumama sa pangingibabaw ng kapangyarihan ng papa sa Inglatera.

Ang isa pang kasamaang matagal at malakas na pinakipaglabanan ng Repormador ay ang pagtatatag ng mga orden ng mga prayleng nagpapalimos. Dumagsa ang mga prayleng ito sa Inglatera, at dinungisan nila ang kadakilaan at kasaganaan ng bayan. Ang industriya, ang pagtuturo, at ang moralidad ay pawang nakadama ng sumisirang impluensya. Ang tamad at mapagpalimos na kabuhayan ng mga monghe ay hindi lamang humithit ng kayamanan ng bayan, kundi nakaalipusta pa sa pinakikinabangang paggawa. Ang mga kabataan ay nawalan ng moral at sumama. Dahil sa impluensya ng mga prayle ay marami ang naakit na pumasok sa kombento at italaga

ang kanilang sarili sa gayong pamumuhay, at ito'y hindi lamang walang pahintulot ng mga magulang, kundi hindi nila nalalaman at laban sa kanilang mga ipinatutupad.

Ang mga mongheng ito ay pinagkalooban ng papa ng karapatang
[70] kumumpisal at makapagpatawad ng mga ka- salanan. Ito'y naging isang bukal ng malaking kasamaan. Sa pagnanasa ng mga prayleng mapalaki ang kanilang pakinabang, sila'y naging laang magbigay ng kapatawaran sa tuwituwina na anupa't ang lahat ng uri ng mga kriminal ay nagsilapit sa kanila, at bilang bunga nito'y mabilis na lumago ang pinakamasasamang bisyo. Ang mga maysakit at mga dukha ay napabayaan sa kahirapan, samantalang ang mga kaloob na makatutulong sana sa kanilang mga pangangailangan ay nauwi sa mga monghe na sa pamamagitan ng mga pananakot ay humingi ng limos sa mga tao at pinararatangang walang kabanalan ang ayaw magbigay ng kaloob sa kanilang mga orden. Sa kabila ng pagbabansag ng mga prayle na sila'y mahihirap, ang kayamanan nila ay patuloy na lumaki at ang maaliwalas nilang gusali at masarap na pagkain ay nagpakilala ng patuloy na pagdadahop ng bansa. At samantalang ginugugol nila ang kanilang panahon sa kasaganaan at kasayahan, ay nagsusugo sila ng mga taong mangmang na walang nalalaman kundi magsalaysay lamang ng mga kuwentong kathakatha, mga alamat, at mga katatawanan panglibang sa mga tao, at ng sa gayo'y lalo silang maulul ng mga monghe. Gayon ma'y nanatili pa rin ang kapamahalaan ng mga prayle sa mga mapamahiing karamihan, at pinapaniwala ang mga ito na ang lahat ng tungkulin sa relihiyon ay nabubuo sa pagkilala sa kapangyarihan ng papa, sa pagsamba sa mga santo at sa paglilimos sa mga monghe at ito'y sapat na upang magkaroon ng tahanan sa langit.

Ang mga taong may pinag-aralan at maibigin sa kabanalan ay nangabigo sa pagsisikap na magpasok ng pagbabago sa mga gawain ng ordeng ito ng mga monghe; datapuwa't dahil sa maliwanag na pagkaunawa ni Wieleff ay sinapol niya ang ugat ng kasamaan, at ipinahayag niya na ang kaayusang ito'y may karayaan, at nararapat na alisin. Pinasimulan niyang sumulat at maglathala ng mga babasahin
[71] laban sa mga prayle, datapuwa't hindi upang makipagtalo sa kanila kundi upang tawagan ang alaala ng bayan sa mga iniaral ng Biblia at ng Diyos na Maygawa. Sinabi niya na ang kapangyarihan ng papa na magpatawad at mag-eskomunyon ay hindi higit sa kapangyarihan

ng mga pari, at sinumang tao ay hindi maaaring maging eskomulgado malibang ipataw sa kanya ang hatol ng Diyos. Wala nang iba pang paraang magagawa siya upang ibagsak ang itinayo ng papa na napakalaking kahariang sumasakop sa pamahalaan at sa relihiyon, at kinabibilangan ng kaluluwa at katawan ng angaw-angaw na mga tao.

Ang mga kulog ng papa ay pinaputok agad laban sa kanya. Tatlong bula ang ipinadala sa Inglatera, isa sa unibersidad, isa'y sa hari, at ang isa'y sa mga prelado—ang lahat ng ito'y pawang nagbibiling gumawa ng madali at mahigpit na mga hakbang upang mapatahimik ang nagtuturo ng erehiya.[1] Gayon man bago dumating ang mga bula ay ipinatawag ng mga masisigasig na obispo si Wicleff upang litisin. Datapuwa't ang dalawa sa pinakamalakas na prinsipe ng kaharian ay sumama sa kanya hanggang sa hukuman; at ang mga tao na lumiligid sa gusali, at nagpipilit na makapasok, ay nagbanta ng gayon na lamang sa mga hukom, na anupa't ipinagpaliban tuloy ang paglilitis at siya'y mapayapang pinaalis. Hindi nalaunan at ang haring si Eduardo III na sinusulsulan ng mga pari laban sa Repormador, ay namatay, at ang tagapagtanggol ni Wicleff noong una ay siyang pinagkatiwalaan ng kaharian.

Datapuwa't ang mga bula ng papa na dumating ay nagbigay ng pangwakas na utos sa buong Inglatera na hulihin at ibilanggo ang erehe. Ang utos na ito ay nangangahulugan ng pagsunog. Malinaw na si Wicleff ay madaling mahuhulog sa paghihiganti ng Roma. Datapuwa't Siya na nagpahayag sa isang tao noong unang dako na "huwag kang matakot; Ako ang iyong kalasag,"[2] ay nag-unat na [72]
muli ng Kanyang bisig upang ipagtanggol ang Kanyang lingkod. Dumating ang kamatayan hindi sa Repormador, kundi sa papa na nag-utos na patayin ang Repormador. Namatay si Gregorio XI, at ang lahat ng paring nagkatipon upang lumitis kay Wicleff ay nangaghiwa-hiwalay.

Ang kalooban ng Diyos ay namaibabaw pa rin sa mga pangyayari upang mapaunlad ang Reporma. Ang pagkamatay ni Gregorio ay sinundan ng paghahalal sa dalawang papang nagpapangagaw. Ang dalawang nagtutunggaling kapangyarihan, na ang bawa't isa'y

[1] J. A. W. Neander, *History of the Christian Religion and Church*, ika-6 panahon, pangkat 2, bahagi 1, par. 8.

[2] Genesis 15:1.

nagpapanggap na hindi nagkakamali, ngayo'y nag-aangking nararapat silang sundin. Ang bawa't isa'y nanawagan sa mga tapat upang tulungan siya laban sa katunggali, ipinipilit niya ang kanyang mga hinihingi sa pamamagitan ng mga kakila-kilabot na sumpa laban sa kanyang mga kaaway, at ipinangangako ang mga gantimpala sa langit sa lahat ng tumutulong sa kanya. Ang pangyayaring ito ay nagpahinang lubha sa kapangyarihan ng kapapahan. Ang dalawang pangkating nagtutunggali ay wala nang iba pang magawa kundi ang tuligsain ang isa't isa, at nagkaroon si Wicleff ng panahon upang makapagpahinga. Sa tahimik na tahanan sa Lutterworth, ang Repormador na si Wicleff ay walang likat na nagpapagal upang alisin ang pag-asa ng mga tao sa dalawang papang naglalaban at ilagay kay Jesus na Prinsipe ng Kapayapaan.

Ipinangaral ni Wicleff ang ebanghelyo sa mga dukha gaya ng kanyang Panginoon. Sa hindi niya pagkakaroon ng kasiyahan sa paglalaganap ng liwanag sa tahanan ng mga dukha sa kaniyang parokya, ay ipinasiya niyang ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng sulok ng Inglatera. Upang maganap ilo, ay nagtatag siya ng isang kalipunan ng mga mangangaral, mga taong tapat at maibigin sa kabanalan, na umiibig sa katotohanan at walang ibang adhika kundi ang ito'y ilaganap. Ang mga taong ito'y humayo sa lahat ng dako na nagtuturo sa mga pamilihan, sa mga lansangan ng malalaking
[73] lunsod, at sa mga landas na patungo sa labas ng bayan. Pinaghanap nila ang mga matanda, ang mga maysakit, at ang mga dukha, at binuksan sa kanila ang mabuting balita ng biyaya ng Diyos.

Datapuwa't ang dakila sa lahat ng ginawa ni Wicleff ay ang pagsasalin ng mga Kasulatan sa wikang Ingles. Sa kanyang aklat na *On the Truth and Meaning of the Scripture*, ay ipinahayag niya ang kanyang adhika na isalin ang Biblia upang mabasa ng bawa't tao sa Inglatera sa sarili niyang wika ang mga kahanga-hangang gawa ng Diyos.

Datapuwa't biglang napatigil ang kanyang paggawa. Bagaman wala pa siyang animnapung taon, ang walang tigil na paggawa, pag-aaral, at mga pagsalakay ng kanyang mga kaaway, ay nagpahina sa kanya at nagmukhang matanda siya agad. Dinapuan siya ng mabigat na sakit. Lubhang ikinatuwa ng mga prayle ang mga balitang ito. Inakala nilang ngayo'y mapait na niyang pagsisisihan ang masama niyang ginawa sa iglesya, at nagsipasok sila agad sa kanyang silid

upang siya'y kumpisalin. Nagtipon ang mga kinatawan ng apat na orden, na may kasamang apat na opisyal, sa palibot ng taong ipinalalagay na mamamatay. "Nasa mga labi mo na ang kamatayan," ang sabi nila; "ikalumbay mo na ang iyong mga kasalanan, at bawiin mo sa aming harap ang lahat ng paninira mo sa amin." Tahimik na nakinig ang Repormador; pagkatapos ay iniutos niya sa nag-aalaga sa kanya na siya'y ibangon, at sa pagkatitig niya sa kanila samantalang sila'y naghihintay na bawiin niya ang lahat niyang sinabi, ay ipinahayag niya sa isang matatag at malakas na tinig, na malimit magpanginig sa kanila: "Hindi ako mamamatay, kundi mabubuhay, at muli kong ihahayag ang masasamang gawa ng mga prayle."[3] Nagsilabas agad ang mga prayle sa kanyang silid na nangamangha at nangapahiya.

Natupad ang mga sinabi ni Wicleff. Nabuhay siya upang ilagay [74] sa kamay ng kanyang mga kababayan ang lalong makapangyarihang sandata na magagamit laban sa Roma—upang ibigay sa kanila ang Biblia na siyang kasangkapan na itinakda ng Diyos upang magpalaya, magbigay liwanag, at magpakilala ng ebanghelyo sa mga tao.

Marami at malaki ang nakahahadlang na kailangang pangibabawan upang maganap ang gawang ito. Si Wicleff ay may dinadalang mga karamdaman. Alam niyang iilan na lamang taon ang nalalabing kanyang igagawa, nakita niya ang pagsalansang na kakailanganin niyang sagupain; datapuwa't pinasigla palibhasa ng mga pangako ng salita ng Diyos, humayo siyang walang takot. Sa buong lakas ng kapangyarihan ng kanyang pag-iisip, na sagana sa malawak na karanasan, siya'y kinupkop at inihanda ng kalooban ng Diyos sa gawaing ito na siyang pinakadakila sa lahat niyang ginawa. Samantalang ang buong lupang Kristiyano ay puno ng kaguluhan, ang Repormador naman ay nasa kanyang rektorya sa Lutterworth, na hindi pinapansin ang bagyong bumabagsak sa labas, kundi masikap na inaasikaso ang pinili niyang gawain.

Sa wakas ay natapos ang kanyang ginagawa—ang kauna-unahang pagsasalin ng Biblia sa Ingles. Nabuksan sa Inglatera ang salita ng Diyos. Ngayo'y wala nang takot ang Repormador sa bilangguan

[3] J. H. Merle d'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 17, kab. 7.

o sunugan man. Nailagay na niya sa mga kamay ng sambayanang Ingles ang tanglaw na hindi mamamatay kailan man. Sa pagbibigay niya ng Biblia sa kanyang mga kababayan, ay lalong malaki ang nagawa niya upang patirin ang mga tanikala ng kamangmangan at bisyo, upang palayain at itaas ang kanyang bayan, kaysa nagawa kailan man ng pinakamaniningning na tagumpay sa larangan ng digma.

Sapagka't hindi pa nalalaman noon ang sining ng paglilimbag, sa pamamagitan lamang ng napakabagal at nakapapagod na gawain nakayayari sila ng mga kopya ng Biblia. Gayon na lamang kalaki
[75] ang kasabikan ng mga tao na magkaroon ng aklat, anupa't marami ang nagkusang tumulong sa pagkopya nito, datapuwa't napakahirap pa ring masapatan ng mga nagsisikopya ang kahilingan ng mga tao. Ang ilan sa mayayaman ay ibig bumili ng buong Biblia. Ang iba naman ay isang bahagi lamang nito. Sa maraming pangyayari ay maraming mga sambahayan ang nagsasama upang bumili ng isang salin. Sa gayo'y di nalauna't nakapasok ang Biblia ni Wicleff sa tahanan ng mga tao. Ang pagkakaroon ng mga Kasulatan ay nagdulot ng pangamba sa mga pamunuan ng iglesya. Dapat silang makitalad ngayon sa isang lalong makapangyarihan kaysa kay Wicleff—isang laban dito'y walang gasinong magagawa ang kanilang mga sandata. Sa Inglatera nang panahong ito ay wala pang batas na nagbabawal ng Biblia, sapagka't kailan man noong una ay di pa ito napapalimbag sa wika ng mga tao. Ang gayong mga batas ay saka pa lamang ginawa at mahigpit na ipinatupad nang sumunod na mga panahon. Samantala'y sa kabila ng pagsisikap ng mga pari, ay nagkapanahon sa pagkakaroon ng pagkakataong maikalat ang salita ng Diyos.

Halos matapos na ang gawain ni Wicleff; ang watawat ng katotohanang dinala niyang mahabang panahon ay malapit nang bitiwan ng kanyang kamay. Sa iglesya niya sa Lutterworth, nang halos ipamahagi na niya ang komunyon, ay nabuwal siya, sa sakit na paralisis, at di-nalauna't nalagutan siya ng hininga.

Si Wicleff ay nanggaling sa kalabuan ng Madilim na Kapanahunan. Walang nauna sa kanya na nagkaroon ng gawaing maaaring pagbatayan ng kanyang pagbabago. Ibinangong gaya ni Juan Bautista upang gumanap ng isang tanging gawain, siya ang tagapagbansag ng isang bagong kapanahunan. Gayon ma'y ang ayos ng

katotohanang kanyang ipinakilala ay nagkaroon ng pagkakaisa at kaganapang di-nahigitan ng mga repormador na nagsisunod sa kanya, at ni di-naabot ng mga iba, kahit na nang sumunod na sandaang taon. Napakalawak at mala- lim ang pinagsasaligan, napakatibay at tunay [76]
ang balangkas nito, na anupa't di na ito dapat pang baguhin ng mga nagsisunod sa kanya.

Si Wicleff ay isa sa mga pinakadakilang Repormador. Sa lawak ng katalinuhan, sa liwanag ng pag-iisip, sa tibay ng pananatili sa katotohanan, at sa katapangang ipagsanggalang ito, ay iilan sa mga nagsisunod sa kanya ang sa kanya'y nakapantay. Ang malinis na kabuhayan, ang hindi napapagod na kasipagan sa pag-aaral at sa paggawa, ang walang dungis na kalinisang-budhi, at ang pag-ibig at katapatan sa paglilingkod na gaya ni Kristo, ay siyang katangian niya na una sa mga Repormador. Ito'y sa kabila ng kadiliman ng pag-iisip at sa karumihang moral na siya niyang sinilangan.

Ang likas ni Wicleff ay isang patotoo ng nagtuturo at bumabagong kapangyarihan ng Banal na Kasulatan. Ang Biblia ang gumawa ng kabutihan ng kanyang pagkatao. Ang pagsisikap na matamo ang mga dakilang katotohanan ng banal na pahayag ay nagbibigay ng kasariwaan at kalakasan sa buong pag-iisip. Ito ang nagpapalawak sa isipan, nagpapatalas sa pang-unawa, at nagpapagulang sa pagkukuro. Ang pag-aaral ng Biblia ay magpaparangal sa bawa't isipan, damdamin, at mithiin na hindi magagawa ng pag-aaral ng anumang bagay. Ito ang nagbibigay ng katibayan ng hangarin, ng pagtitiyaga, ng tapang, at ng matining na kalooban; ito ang nagpapalinis sa likas at nagpapabanal sa kaluluwa. Ang masikap at magalang na pag-aaral ng Banal na Kasulatan, na doo'y inilalapit ng nag-aaral ang kanyang pag-iisip sa pag-iisip ng Diyos, ay magbibigay sa sanlibutan ng mga tao na may lalong matibay at masiglang pag-iisip, at may lalong marangal na simulain kaysa pag-iisip at simulain na ibinunga ng pilosopiya ng tao. "Ang bukas ng iyong mga salita," ang sabi ng mang-aawit, "ay nagbibigay ng liwanag; nagbibigay ng unawa."[4] [77]

Ang mga aral na itinuro ni Wicleff ay patuloy na lumaganap ng ilang panahon; ang mga kapanalig niya na kung tawagin ay mga Wiclefista o mga Lolardo, ay hindi sa Inglatera lamang tumawid

[4]Mga Awit 119:130.

kundi nangalat sa ibang lupain, taglay ang kanilang kaalaman ng ebanghelyo. Ngayong wala na ang nangunguna sa kanila, ay lalong pinagibayo kaysa noong una ng mga mangangaral ang kanilang kasigasigan, at marami ang nagsilapit upang pakinggan ang kanilang mga aral. Ang ilan sa mga maharlika, at pati ang asawa ng hari, ay nangaakit sa pananampalataya. Sa maraming pook ay nagkaroon ng malaking pagbabago sa mga pag-uugali ng mga tao, at ang mga tanda ng pagsamba sa mga diyus-diyusan ng Romanismo ay inalis sa mga iglesya.

Datapuwa't di-nalauna't bumulalas ang walang-awang bagyo roon sa mga tumatanggap sa Biblia na pinakapatnubay nila. Dahil sa pananabik ng mga haring Ingles na palakasin ang kanilang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagtatamo ng tulong ng Roma, ay di sila nag-atubiling isakripisyo ang mga Repormador. Ito ang kauna-unahang panahon sa kasaysayan ng Inglatera na ipinag-utos sunugin ang mga alagad ng ebanghelyo. Sunud-sunod na pinagpapatay ang mga martir. Ang mga nagtatanghal ng katotohanan, na pinararatangan at pinarurusahan ay walang magawa kundi ibuhos na lamang ang kanilang mga pagtangis sa pakinig ng Panginoon ng mga hukbo. Bagaman tinugis tulad sa mga kaaway ng iglesya at mga taksil sa kaharian, ay nagpatuloy din silang nangaral sa mga lihim na dako, na hanggang mangyayari'y nangagkukubli sa mga abang tahanan ng mga dukha, at malimit na nagtatago sa mga yungib at mga kuweba.

Sa kabila ng mabangis na pag-uusig, ay nagpatuloy sa loob ng daan-daang taon ang isang tahimik, banal, masikap, at matiyagang pagtutol laban sa kumakalat na kasamaan ng pananampalataya ng relihiyon. Ang mga Kristiyano ng naunang panahong yaon ay may-
[78] roong ba- hagya lamang kaalaman sa katotohanan subali't matiyaga silang nangagbata alang-alang sa salita ng Diyos. Gaya ng mga alagad nang kapanahunan ng mga apostol, marami sa kanila ang nagsakripisyo ng kanilang mga ariarian sa sanlibutang ito para sa gawain ni Kristo. Magalak na inampon niyaong mga tinulutang tumira sa kani-kanilang tahanan ang kanilang mga kapatid na ipinatatapon; at kapag pati sila ay itinataboy, ay buong lugod nilang tinatanggap ang kapalaran ng itinapon. Tunay nga na tinalikdan ng libu-libo ang kanilang pananampalataya makalaya lamang sila dahil sa takot sa kabangisan ng sa kanila'y nagsisiusig, at sila'y nagsilabas sa bilangguan na nararamtan ng damit-nagsisi, upang ilathala ang

kanilang pagbawi. Datapuwa't hindi kakaunti ang bilang —at dito'y kasama ang mga maharlika at abang mga tao —niyaong mga walang takot na sumaksi sa katotohanan, sa mga silid ng bilangguan, sa mga "tore ng mga Lolardo," at sa gitna ng pagpapahirap at apoy, at nangatutuwang sila'y naging karapat-dapat makaalam ng "pakikisama sa Kanyang mga kahirapan."

Sa pamamagitan ng mga sinulat ni Wicleff ay naakay si Juan Hus na taga-Bohemya, upang tumalikod sa mga kamalian ng aral ng Roma, at tumulong sa gawain ng Reporma. Kaya't sa dalawang lupaing ito, na malaki ang pagkakaagwat, ay nahasik ang binhi ng katotohanan. Mula sa Bohemya ay lumaganap sa ibang lupain ang gawain. Nabaling ang mga pag-iisip ng mga tao sa salita ng Diyos, na malaon nang nalimutan. Isang banal na kamay ang naghahanda ng daan ng Dakilang Reporma. [79]

## *Kabanata 6*—Dalawang tanyag na martir

Noon pa mang ikasiyam na dantaon ay natanim na sa Bohemya ang ebanghelyo. Isinalin ang Biblia, at idinaos ang mga pagpupulong sa sariling wika ng mga tao. Datapuwa't habang lumalaki ang kapangyarihan ng papa, ay nadidimlan naman ang salita ng Diyos. Si Papa Gregorio VII, na kumuha sa kanyang sarili ng pananagutang papagpakumbabain ang kapalaluan ng mga hari, ay nag-adhika rin namang umalipin sa bayan, at sa ganito'y nagpadala siya ng bula na nagbabawal ng pagdadaos ng hayag na pagpupulong sa wika ng mga taga-Bohemya. Ipinahayag ng papa na "ikinalulugod ng Makapangyarihan sa lahat na ang pagsamba sa Kanya ay idaos sa wikang hindi nalalaman ng mga tao, at maraming kasamaan at erehiya ang bumangon dahil sa hindi pagsunod sa tuntuning ito."[1] Sa ganya'y ipinag-utos ng Roma na dapat patayin ang tanglaw ng salita ng Diyos, at ang mga tao'y nararapat kulungin sa kadiliman. Datapuwa't naglaan ang Langit ng ibang mga tulong na siyang mag-iingat sa iglesya. Ang marami sa mga Baldense at Albihense na itinaboy ng pag-uusig mula sa kanilang mga tahanan sa Pransya at sa Italya, ay dumating sa Bohemya. Bagaman sila'y hindi nangahas magturo ng hayagan, masikap naman silang gumawa sa lihim. Sa gayong paraa'y naingatan ang tunay na pananampalataya sa sunud-sunod na dantaon.

Bago dumating ang kaarawan ni Hus, ay nagkaroon na muna ng mga lalaki sa Bohemya na tumindig upang hayagang batikusin ang
[80] mga kasamaang ginagawa sa loob ng iglesya at ang kahalayan ng
[81] mga tao. Ang mga paggawa nilang ito ay nagbunsod sa pagkakaroon ng malaganap na interes. Nangamba ang mga pari at nabuksan ang paguusig sa mga alagad ng ebanghelyo. Napataboy upang sumamba sa mga gubat at kabundukan, ay pinaghanap sila ng mga kawal, at marami ang pinagpapatay. Pagkatapos ng ilang panahon, nagkaroon ng isang utos na ang lahat ng tumalikod sa pagsambang ipinasusunod ng Katoliko Romano ay dapat sunugin. Datapuwa't isinuko man

[1] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 3, kab. 1.

ng mga Kristiyano ang kanilang mga buhay, umasa naman sila na magwawagi ang kanilang gawain. Ang isa sa kanila na "nagturo na ang kaligtasan ay matatagpuan lamang sa pananampalataya sa napakong Tagapagligtas," nang mamamatay na ay nagsabi ng ganito: "Ang poot ng mga kaaway ng katotohanan ay nananaig ngayon laban sa atin, nguni't iya'y hindi magpapatuloy magpakailan man, may isang babangon sa gitna ng mga taong karaniwan, na walang tabak o kapangyarihan, at sa kanya'y hindi sila mananagumpay."[2] Malayo pa ang kapanahunan ni Lutero; datapuwa't noon pa man ay mayroon nang isang bumangon, na ang patotoo laban sa Roma ay liligalig sa mga bansa.

Mababang pamilya ang pinagmulan ni Juan Hus at maaga siyang naulila sa kanyang ama. Ang kanyang makabanalang ina, na nagpapalagay na ang karunungan at ang pagkatakot sa Diyos ay siyang pinakamahalagang pagaaring matatangkilik ng tao, ay nagsikap na ito'y maipamana sa kanyang anak. Nag-aral si Hus sa paaralang lalawigan, at pagkatapos ay pumasok sa unibersidad ng Praga, na roo'y natanggap bilang isang mag-aaral sa pamamagitan ng kawanggawa. Sa paglalakbay na patungo sa Praga ay sinainahan siya ng kaniyang ina; balo at dukha, wala siyang maipagkaloob na kayamanan ng sanlibutang ito sa kanyang anak, nguni't nang sila'y nalalapit na sa malaking lunsod, nanikluhod siya sa piling ng ulila sa amang kabataan, at hiningi para sa kanya ang pagpapala ng Ama [82]
nilang nasa langit. Walang gasinong pagkaunawa ang inang yaon kung paano sasagutin ang kanyang panalangin.

Sa unibersidad, ay hindi nagtagal at natanghal si Hus dahil sa kanyang masigasig na pag-aaral at mabilis na pagsulong, samantalang ang kanyang malinis na kabuhayan at kagandahang-loob, at mabuting pag-uugali, ay pinupuri ng kalahatan. Siya'y isang tapat na kapanalig ng Iglesya Romana, at isang masikap na naghahanap ng mga pagpapalang ukol sa espiritu na ipinagpapanggap nitong maibibigay.

Minsan nang hubileo ay nangumpisal siya, ibinayad ang kaunting kuwaltang kanyang naipon, at sumama sa prusisyon upang matanggap niya ang ipinangakong kapatawaran ng kasalanan. Nang makatapos na siya sa kolehiyo, pinasukan niya ang pagpapari at

[2] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 3, kab. 1.

sapagka't matulin ang kanyang pagkataas ay madali siyang natanggap sa korte ng hari. Ginawa rin siyang propesor at pagkatapos ay rektor ng unibersidad na kanyang pinag-aralan.

Sa loob ng ilan taon lamang ang mapakumbabang mag-aaral na ito na nakapag-aral ng walang bayad ay ipinagmalaki na ng kanyang bayan, at ang kanyang pangalan ay nabantog sa buong Europa.

Datapuwa't sa ibang bukiran sinimulan ni Hus ang gawaing pagbabago. Pagkaraan ng ilang taon nang maging pari na siya, ay nahirang siyang mangangaral sa kapilya sa Betlehem. Ang nagtayo ng kapilyang ito ay nagpahayag na totoong mahalagang ipangaral ang Banal na Kasulatan sa sariling wika ng mga tao. Sa kabila ng pagtutol ng Roma sa gawaing ito, ay hindi ito lubusang napatigil sa Bohemya. Datapuwa't marami ang walang kaalaman sa Biblia, at ang napakasamang mga bisyo ay siyang umiiral sa lahat ng uri ng mga tao. Ang mga kasamaang ito ay walang pangingiming binatikos
[83] ni Hus, na ipinananawagan ang salita ng Diyos upang ipasunod ang mga simulain ng katotohanan at kalinisang kanyang itinuro.

Isang taga-Praga, si Jeronimo, na sa dakong huli ay naging kasama-sama ni Hus, ay nagdala ng mga aklat na sinulat ni Wicleff nang siya'y manggaling sa Inglatera. Ang reyna ng Inglatera, na naniniwala sa mga aral ni Wicleff, ay isang prinsesang taga-Bohemya at sa pamamagitan ng impluensya niya'y kumalat din naman ang mga aklat ng Repormador sa kanyang bayang tinubuan. Ang mga aklat na ito ay binasa ni Hus na may malaking kasabikan; naniwala siyang isang tapat na Kristiyano ang sumulat niyaon, at may hilig siyang sumang-ayon sa pagbabagong itinataguyod niya. Noon pa man, ay walang malay si Hus na siya'y nakapasok sa isang landas na magialayo sa kanya sa Roma.

Nang panahong ito ay dumating sa Praga ang dalawang lalaking buhat sa Inglatera, mga taong marurunong, na nagsitanggap ng liwanag, at naparito sa malayong lupaing ito upang magkalat ng liwanag na kanilang natanggap. Sapagka't nagpasimula sila sa isang hayagang pagsalakay sa pamumuno ng papa, madali silang pinatahimik ng mga may kapangyarihan; at sapagka't ayaw nilang talikdan ang kanilang layunin, ay iba namang paraan ang kanilang ginamit. Palibhasa'y mga pintor sila at mangangaral pa, sinimulan nilang gamitin ang kanilang kaalaman. Sa isang dakong lantad sa madla ay gumuhit sila ng dalawang larawan. Ang isa'y

kumakatawan sa pagpasok ni Kristo sa Jerusalem, "maamo at nakasakay sa isang asno,"[3] at sinusundan ng kanyang mga alagad na ang kasuuta'y naluma na dahil sa paglalakbay at mga walang sapin ang paa.

Ang ikalawa ay naglalarawan ng isang prusisyon ng papa—ang papa ay nararamtan ng mahal na damit at napuputungan ng koronang tatlong patong, nakasakay sa isang kabayo na nagagayakang [84] mainam, pinangungunahan ng mga humihihip ng pakakak. at sinusundan naman ng mga kardenal at mga pari na nakasisilaw sa kinang ang pananamit.

Narito ang isang sermon na tumawag sa pansin ng lahat ng uri ng tao. Pulu-pulutong na mga tao ang dumating upang tingnan ang mga larawan. Walang hindi nakaunawa ng aral na itinuturo niyaon at marami ang mataos na nakilos sa malaking pagkakaiba ng kaamuan at kababaan ni Kristong Panginoon, at ng kapalaluan at paghahari-harian ng papa na nagbabansag na lingkod ni Kristo. Nagkaroon ng malaking kaguluhan sa Praga at natagpuan ng mga nangingibang bayang ito na kailangang sila'y tumakas upang huwag silang mapahamak. Datapuwa't ang aral na kanilang itinuro ay hindi nalimutan.

Ang mga larawang kanilang iginuhit ay nakintal ng malalim sa isipan ni Hus, at siya'y naakay sa masinop na pag-aaral ng Biblia, at ng mga sinulat ni Wicleff. Bagaman noo'y hindi pa siya handang tumanggap ng lahat ng itinatanyag na pagbabago ni Wicleff, malinaw naman niyang nakita ang tunay na likas ng kapapahan, at may lalong kasigasigang binatikos niya ang kapalaluan, hangarin at kasamaan ng kapapahan.

Mula sa Bohemya ay umabot ang liwanag hanggang sa Alemanya; sapagka't ang kaguluhan sa unibersidad ng Praga ay naging dahil ng pag-uwi ng mga daan-daang nagsisipag-aral na Aleman. Marami sa kanila ang tuinanggap mula kay Hus ng kanilang unang pagkakilala sa Banal na Kasulatan at ng sila'y magsiuwi ay inilaganap nila ang ebanghelyo sa bayang kanilang tinubuan.

Ang mga balita ng nangyayari sa Praga ay umabot sa Roma at di-nalauna't si Hus ay ipinatawag upang humarap sa papa. Ang pagsunod ay paglalantad ng kanyang sarili sa kamatayan. Ang hari

[3] Mateo 21:5.

at reyna ng Bohemya, ang unibersidad, ang mga maharlika, at ang
[85] mga namumuno sa pamahalaan ay samasamang namanhik sa papa na si Hus ay pahintulutang maiwan sa Praga, at sa pamamagitan na lamang ng kinatawan siya sasagot sa Roma. Nguni't sa halip na ipagkaloob ang kahilingang ito, ipinagpatuloy ng papang litisin at hatulan si Hus, at pagkatapus ay ipinahayag na ang Praga ay nasa ilalim ng interdikto.

Noong mga panahong yaon, kapag binibigkas ang ganitong hatol, ay malaking kaligaligan ang nalilikha. Ang mga seremonyang ginagamit ay tunay na iniangkop upang makapagbigay takot sa isang bayang kumikilala sa papa na kinatawan ng Diyos, na may hawak ng mga susi ng langit at ng impiyerno, at may hawak ng kapangyarihang makahingi ng mga kaparusahang ukol sa laman at gayon din sa espiritu. Ang paniniwala noo'y sinasarhan ang mga pintuan ng langit laban sa pook na nilalagpakan ng interdikto ng papa; at hanggang hindi minamagaling ng papa na alisin ang interdikto ay hindi makapapasok ang patay sa pinagpalang tahanan. Bilang tanda ng kakila-kilabot na kasakunaang ito ay pinigil ang lahat ng pagpupulong ukol sa relihiyon. Ipininid ang mga simbahan. Ang pagkakasal ay sa patyo ginaganap. Ang mga patay, sapagka't ayaw ipalibing sa lupang benditado ay ibinabaon na lamang sa mga kanal o inihuhukay sa mga bukid, na wala nang anumang rito na ginaganap sa paglilibing.

Sa gayo'y sa pamamagitan ng mga pamamalakad na kumikilos sa dilidili ay sinikap ng Roma na pamahalaan ang budhi ng mga tao.

Ang lunsod ng Praga ay napuno ng kagusutan. Marami ang nagparatang kay Hus at sinabing siya ang dahil ng lahat nilang mga kasakunaan, at hiniling na siya'y ibigay sa paghihiganti ng Roma. Upang matahimik ang bagyo, umuwi ang Repormador sa kanyang bayan at ilang panahong nagtira roon. Hindi tumigil si Hus sa kanyang paggawa, kundi naglakbay pa nga sa bayan sa palibot, na
[86] nangangaral sa mga nananabik na mga tao. Sa ganitong kaparaanan, ang mga paraang ginamit ng papa upang pigilin ang ebanghelyo ay siya pa ngang dito'y nagpalaganap. Tayo'y "walang anumang magagawang laban sa katotohanan, kundi ayon sa katotohanan."[4]

[4] 2 Corinto 13:8.

Hanggang sa panahong ito'y nag-iisang gumagawa si Hus, nguni't ngayon si Jeronimo, na noong nasa Inglatera ay tumanggap ng mga aral ni Wicleff ay nakisama sa kanya sa gawaing pagbabago. Ang dalawang ito mula ng panahong yaon ay nagkasama na sa kanilang kabuhavan at sa kamatayan ma'y hindi na magkakahiwalay. Sa katalasan nga pag-iisip, kabutihan sa pananalita, at karunungan—mga kaloob na umaakit sa pagsang-ayon ng marami—ay nakalalamang si Jeronimo; datapuwa't sa mga uri namang bumubuo sa tunay na likas, ay lalong dakila si Hus. Ang banayad na pagkukuro ni Hus ay naging isang pangpigil sa mapusok na kalooban ni Jeronimo; buong amo na kinilala ni Jeronimo ang katangian ni Hus at napahinuhod sa kanyang payo. Sa pamamagitan ng magkalakip na pagpapagal nila ay lalong mabilis na lumaganap ang Reporma.

Pinahintulutan ng Diyos na malaking liwanag ang sumilang sa pag-iisip ng mga piling taong ito, na sa kanila'y inihayag ang maraming mga kamalian ng Roma; datapuwa't hindi nila tinanggap ang lahat ng liwanag na dapat ibigay sa sanlibutan. Sa pamamagitan ng mga lingkod Niyang ito, ay inakay ng Diyos ang mga tao buhat sa kadiliman ng Romanismo; datapuwa't marami at malalaki ang mga hadlang na kanilang sasagupain, at hakbanghakbang na inakay Niya sila, alinsunod sa kanilang kakayahan. Hindi pa sila handang tumanggap ng buong liwanag na paminsanan. Gaya ng lubos na liwanag ng araw sa tanghaling-tapat doon sa mga matagal na nasa dilim, lalayuan nila ito, kung sa kanila'y ipahayag. Kaya't ito'y unti-uncing ipinakita ng Diyos sa kanyang mga tagapagtaguyod ayon sa matatanggap ng mga tao. [87]

Sa pagdating ng bawa't dantaon, ay may susunod namang iba pang mga tapat na manggagawa, upang akayin ang mga tao na magpatuloy sa landas ng pagbabago.

Nagpatuloy ang pagpapangkat-pangkat sa loob ng iglesya. Naging tatlo ang papang nagpapangagaw sa pagkapangulo at sa kanilang paglalaban ay napuno ng krimen at kaguluhan ang Sangkakristiyanuhan. Taglay ang lumalalong katapangan araw-araw, ay ipinagsigawan ni Hus na parang kulog ang mga karumalang tinutulutan sa pangalan ng relihiyon.

Waring ang lunsod ng Praga ay nabibingit na naman sa madugong labanan. Gaya noong mga panahong una, ang alipin ng Diyos ay pinaratangang siyang "mangbabagabag sa Israel."[5]

Muli na namang sumailalinr lrg interdikto ang lunsod, at umuwi si Hus sa kanyang sariling nayon. Nawakasan na ang patotoong buong tapat niyang ipinahayag sa kanyang pinakaiibig na kapilya sa Betlehem. Dapat siyang magsalita sa lalong malawak na tungtungan, sa buong Sangkakristiyanuhan, bago niya ihain ang kanyang buhay na pinakasaksi sa katotohanan.

Upang malunasan ang mga kasamaang gumugulo sa Europa, isang pangkalahatang pulong ang ipinag-anyayang idaos sa Konstansa. Ang pulong ay ipinag-anyaya ng isa sa tatlong nag-aagawang mga papa, si Juan XXIII, ayon sa kahilingan ng emperador Sigismundo.

Dumalo si Papa Juan na taglay ang maraming pagaalinlangan, gayon nra'y pumasok siya sa bayan ng Konstansa na rnay malaking karilagan, na kasarna ang mga may matataas na tungkulin sa iglesya, at sinusundan ang mahabang hanay ng mga abay. Lahat ng pari at matataas na tao ng bayan, at malaking pulutong ng mga taong bayan ay nagsilabas upang salubungin siya. Sa itaas ng kanyang ulo ay may ginintuang langit-langit na dala ng apat na matataas
[88] na pinunong bayan. Ang ostya ay di- nala sa kanyang unahan, at ang mahal na bihisan ng mga kardenal at mga maharlika ay naging napakagara.

Samantala'y may iba namang naglalakbay na dumarating sa Konstansa. Alam ni Hus ang mga kapanganibang nagbabanta sa kanya. Nagpaalam siya sa kanyang mga kaibigan na wari bagang hindi na niya sila muling makikita pa at yumaon sa kanyang lakbayin na nararamdaman niyang patungo siya sa pagsusunugan sa kanya. Bagaman nakakuha siya ng pases sa hari ng Bohemya, na nangangakong hindi siya magagalaw ninuman, at tumanggap ng isa pa kay emperador Sigismundo, inayos din niya ang lahat ng bagay na waring naki-kinikita na niya ang kanyang pagkamatay.

Sa paglalakbay ni Hus ay namataan niya ang lahat ng tanda ng paglaganap ng kanyang mga aral, gayon din ang tanda ng pagsang-ayon dito ng mga tao. Dumagsa ang mga taong sasalubong sa kanya,

[5] 1 Mga Hari 18:17.

at sa ilang bayan ay sinamahan siya ng mga pinunong bayan sa kanilang mga lansangan.

Nang dumating si Hus sa Konstansa ay binigyan siya ng ganap na kalayaan. Sa pangako ng emperador ay naragdag ang pangako ng papa na ililigtas siya. Datapuwa't ang mahahalaga't muli't muling pahayag na ito ay sinira rin, at ang Repormador na ito ay hindi nalaunan at hinuli, sa bisa ng utos ng papa at ng mga kardenal, at ipinasok siya sa mabahong bilangguan. Pagkatapos ay inilipat siya sa isang matibay na kastilyo sa ibayo ng Rin, at doon piniit.

Ang papa na nakinabang ng kaunti sa kanyang kataksilan ay hindi nalauna't ipinasok sa bilangguan ding ito.[6] Napatunayan sa harap ng kapulungan na nakagawa siya ng pinakamahahalay na kasalanan, bukod sa pagpatay, simoniya,[7] at pangangalunya, "mga kasalanang hindi dapat bukhin sa labi." Kaya't ang kapulungan na rin ang sa kanya'y humatol; at sa wakas ay inalisan siya ng tiyara at [89] ibinilanggo. Ang mga nakikipangagaw sa pagkapapa ay inalis din naman, at isang bagong pontipisi ang hinirang.

Ang pagkabilanggo ni Hus ay ikinagalit na lubha ng mga taga-Bohemya. Ang mga maharlikang may malaking kapangyarihan ay mahigpit na tumutol sa kapulungan laban sa kapaslangang ito. Ang emperador na ayaw pumayag na labagin ang pases na kanyang ibinigay ay tumutol sa mga ginawa kay Hus. Datapuwa't ang mga kaaway ng Repormador ay galit at nagmatigas.

Sa wakas ay iniharap si Hus sa kapulungan na mahina na dahil sa pagkakasakit at pagkabilanggo—sapagka't ang alimuom ng basa-basang bilangguan, at ang kabahuan ng hangin doon ay nakapag-palagnat sa kanya, na halos kinitil ang kanyang buhay. Siya'y natatanikalaang tumayo sa harapan ng emperador, na sa ngalan ng karangalan at mabuting pangungusap ay nangakong ipagsasang-galang siya. Sa mahabang paglilitis sa kanya ay mahigpit niyang ipinagtanggol ang katotohanan, at sa harapan ng nagkakatipong mga dakilang tao ng iglesya at ng pamahalaan, ay ipinahayag niya ang kanyang taimtim at tapat na pagtutol laban sa kasamaan ng mga tao ng iglesya. Nang pamiliin siya, sa bawiin ang kanyang mga iniaral

[6] F. P. de Bonnechose, *The Reformers Before the Reformation*, tomo 1, p. 247.

[7] *Paliwanag*: Ang simoniya ay ang pagbibili ng mataas na katungkulang eklesyastiko.

o magbata ng kamatayan ay minagaling pa niya ang mamatay na isang martir.

Sa katapus-tapusan ay iniharap si Hus sa kapulungan. Yao'y isang malaki at marangal na kapulungan—kapulungang binubuo ng emperador, mga prinsipe ng kaharian, mga sugo ng hari, mga kardenal, mga obispo, at mga pari, at isang malaking kalipunan ng mga taong sadyang naparoon upang manood sa mga gagawin sa araw na yaon. Mula sa lahat ng bahagi ng Sangkakristiyanuhan ay nagkatipon ang mga saksi sa unang dakilang pag-aalay na ito ng buhay sa gitna ng mahabang pakikipagpunyagi, na sa pamamagitan
[90] nito'y matatamo ang kalayaan ng budhi.

Nang tawagan si Hus para sa kanyang huling kapasiyahan, ipinahayag niya ang kanyang pagtangging bawiin pa ang kanyang mga nasabi na, at sa pagkapako ng kanyang nanunuot na titig sa haring ang salita'y nakahihiyang pinawalang kabuluhan at sinuway, ay sinabi niya: "Ipinasiya ko sa aking sariling kalooban na humarap sa pulong na ito, sa ilalim ng pagkakalinga ng madla at sa pananalig ko sa pangako ng emperador na dito'y kaharap."[8] Namula si Sigismundo samantalang ang mga mata ng kalahatan ay nakatitig sa kanya.

Nang mabasa na ang hatol, ginawa naman ang seremonya ng pag-aba sa kanya. Dinamtan ng mga obispo ang kanilang bilanggo ng ayon sa ugaling saserdote, at samantalang tinatanggap niya ang damit paring ito, ay kanyang sinabi: "Ang ating Panginoong Jesus ay binalabalan ng maputing damit upang hamakin, nang ipadala siya ni Herodes sa harapan ni Pilato."[9] Nang payuhan siyang muli na bawiin ang kanyang sinabi, ganito ang kanyang itinugon na nakatingin pa sa mga tao: "Ano ngang mukha ang ihaharap ko sa langit? Papaano ko titingnan yaong karamihang pinangaralan ko ng malinis na ebanghelyo? Hindi, minamahal ko ang kanilang kaligtasan ng higit sa abang katawang ito, na hinatulang mamatay."

Isa-isang hinubad ang kanyang suot, na bawa't obispo ay bumibigkas ng isang sumpa habang ginaganap ang kanyang bahagi sa seremonya. Katapus-tapusan ay "pinatungan siya sa ulo ng isang gora o mitrang papel na hugis tagilo na may nakatatakot na mga

[8] F. P. de Bonnechose, *The Reformers Before the Reformation*, tomo 2, p.84.

[9] F. P. de Bonnechose, *The Reformers Before the Reformation*, tomo 2, p. 86.

larawan ng mga demonyo, at ganito ang nakatitik sa harap 'Punong erehe.' 'Lubos kong ikinatutuwa,' ang wika ni Hus, 'na iputong sa akin ang kahiya-hiyang koronang ito dahil sa Iyo, O Jesus, na dahil sa akin ay pinutungan Ka ng koronang tinik.' " [91]

Nang maramtan na siya ng ganito, "ay sinabi ng mga pari, 'Ngayo'y itinatalaga namin ang kaluluwa mo sa diyablo.' 'At ako,' ang sabi ni Hus, na nakatingin sa langit, 'ay naglalagak ng aking espiritu sa Iyong mga kamay, Oh Panginoong Jesus, sapagka't Iyo akong tinubos.' "[10]

Nang magkagayo'y ibinigay siya sa mga may kapangyarihan, at siya'y dinala sa pook na kanyang kamamatayan. Isang malaking pulutong ang kasunod, daan-daang mga taong nasasandatahan, mga pari, at mga obispo na nararamtan ng mahal na damit, at mga taong bayan ng Konstansa. Pagkatapos na maitali ang martir sa haligi at handa na ang lahat upang silaban ang kahoy, muling pinayuhan siya na bawiin ang sinabi niyang mga kamalian upang maligtas ang kanyang buhay. "Anong mga kamalian ang aking babawiin?" ang sabi ni Hus, "alam kong wala ako ni isa mang kasalanan. Saksi ko ang Diyos, na ang lahat ng aking ipinangaral at sinulat ay pawang sa adhikang magligtas ng mga kaluluwa mula sa kasalanan at kapahamakan; kaya't buong galak kong pinagtitibay sa pamamagitan ng aking dugo, ang katotohanang aking sinulat at ipinangaral."[10]

Nang magliyab na ang apoy sa kanyang paligid, ay nagpasimula siyang umawit: "Jesus, Ikaw na Anak ni David, maawa Ka sa akin," nagpatuloy siya hanggang sa manahimik ang kanyang tinig magpakailan man.

Nang lubos na masupok ang katawan ni Hus, ang kanyang mga abo, pati ng lupang kinalagyan, ay tinipon at inihagis sa Rin, at sa gayo'y naanod hanggang sa malaking dagat. Walang nangyari sa inakala ng mga nagsiusig sa kanya na kanilang nabunot na pati mga ugat ng mga katotohanan na kanyang ipinangaral. Hindi man lamang nila naging pangarap na ang mga abong natangay sa dagat nang araw na yaon, ay magiging binhing kakalat sa lahat ng bayan ng sangkalupaan; na sa mga lupaing hindi pa kilala noon ay magbubunga ito ng sagana sa pagsaksi sa katotohanan. Ang tinig [92]

[10] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 3, kab. 7.
[10] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 3, kab. 7.

na narinig sa bulwagan ng hukuman ng Konstansa ay nakalikha ng marami pang alingawngaw na siyang maririnig sa lahat ng panahong darating. Wala na si Hus, datapuwa't ang katotohanang kanyang ikinamatay ay hindi mapapawi kailan man. Ang ibinigay niyang halimbawa ng pananampalataya at pagtatapat ay magpapasigla sa marami na tumayong matatag sa katotohanan, sa harap ng pagdurusa at kamatayan. Ang pagkapatay sa kanya ay naglantad sa buong sanlibutan ng taksil na kalupitan ng Roma. Ang mga kaaway ng katotohanan, bagaman hindi nila namamalayan, ay nakatulong lamang sa pagpapalaganap ng kilusang pinagpilitang iwasak.

Isa pang pagsusunugan ang itinayo sa Konstansa. Ang dugo ng ikalawang saksi ay kailangang magpatotoo sa katotohanan. Nang nagpapaalam na si Hus kay Jeronimo, at aalis na patungo sa kapulungan, ay pinayuhan nito si Hus na magpakatapang, at magpakatibay, at sinabi pang pag nahulog siya sa anumang kapanganiban, ay madali siyang paroroon upang sa kanya'y sumaklolo. Nang mabalitaan niya ang pagkabilanggo ng Repormador, ang tapat na alagad ay naghanda upang tupdin ang kanyang pangako. Tinungo niya ang Konstansa na isa lamang ang kasama, bagaman wala siyang dalang pases na makapagtatanggol sa kanya. Nang dumating siya roon ay napagkilala niyang inilalantad lamang niya ang kanyang sarili sa panganib, at wala siyang magagawang anuman upang iligtas niya si Hus. Tumakas siya sa lunsod, datapuwa't dinakip nang siya'y pauwi, at ibinalik na natatanikalaan at binabantayan ng mga kawal. Ang pagsisikap ni Jeronimo na sagutin ang mga paratang na iniharap laban sa kanya, noong una siyang humarap sa kapulungan, ay sinalubong ng mga sigawang "Sunugin iyan! sunugin iyan!"[11] Sa gayo'y ip-
[93] inasok siya sa bilang- guan at tinanikalaan, at ito ang nagbigay sa kanya ng malaking hirap; tinapay at tubig lamang ang ipinakain sa kanya. Pagkaraan ng ilang buwan ang mga kalupitang ginawa kay Jeronimo sa bilangguan ay siyang naging dahil ng pagkakasakit niya na ikinabingit ng kaniyang buhay sa panganib at dahil sa pagaalaala ng kanyang mga kaaway na baka siya'y mamatay agad ay hindi siya lubhang ginahasa, bagaman isang taon pa siyang natira sa bilangguan.

[11] F. P. de Bonnechose, *The Reformers Before the Reformation*, tomo 1, p. 234.

Ang pagkamatay ni Hus ay hindi nagbunga ng gaya ng inaasahan ng mga makapapa. Ang pagpapawalang kabuluhan sa pases na sa kanya'y ibinigay ay lumilikha ng malaking kagalitan, at upang ito'y mapayapa, ay ipinasiya ng kapulungan na sa halip na sunugin si Jeronimo ay pilitin na lamang siya kung mangyayari na bawiin ang kaniyang sinabi at itinuro. Iniharap siya sa kapulungan, at pinapamili siya sa bawiin ang kanyang mga sinabi at itinuro o sa mamatay sa apoy. Ang pagpatay sa kanya sa pasimula pa lamang ng kanyang pagkabilanggo ay naging isang awa sana kung itutumbas sa kakila-kilabot na pasakit na kanyang dinanas; nguni't dahil sa kahinaan sa pagkakasakit na kanyang dinanas gawa ng pahirap sa kanya sa bilangguan, at sa paghihimutok ng pag-iisip at pagkabigo, dala ng kalayuan sa mga kaibigan niya, at sa pagkatakot sa kamatayang ikinamatay ni Hus, ay gumupo ang katibayan ni Jeronimo, at siya'y umayon sa kahilingan ng kapulungan. Nangako siyang mananatili sa pananampalatayang Katoliko, at tinanggap niya ang kapasiyahan ng kapulungan na sumpain ang mga aral nina Wicleff at Hus, maliban lamang sa mga "banal na katotohanan" na kanilang itinuturo.[12]

Sa pamamagitan ng pagsukong ito ay sinikap ni Jeronimo na payapain ang tinig ng kanyang budhi at iwasan ang kanyang kamatayan. Datapuwa't sa kanyang pag-iisa sa bilangguan ay lalong [94] maliwanag niyang nakita ang kanyang ginawa. Naalaala niya ang tapang at pagtatapat ni Hus, at sa kabila nama'y nadilidili niya ang kanyang pagtatakwil sa katotohanan. Naalaala niya ang banal na Panginoon na pinangakuan niyang paglilingkuran, na dahil sa kanya'y nagbata ng kamatayan sa krus. Nang di pa niya binabawi ang kanyang sinabi at iniaral, sa lingap na ipinangako ng Diyos ay nakatagpo siya ng kaaliwan, sa gitna ng lahat niyang pagdurusa; datapuwa't ngayo'y himutok at pag-aalinlangan ang nagpapahirap sa kanyang kaluluwa. Alam niyang may mga iba pang pagbawi na kailangang gawin bago siya magkaroon ng kapayapaan sa Roma. Ang landas na pinapasok niya ay walang ibang kauuwian kundi ganap na pagtalikod. Kaya't kanyang ipinasiya na hindi niya itatakwil ang kanyang Panginoon upang makaiwas lamang sa isang maikling panahon ng pagdurusa.

[12] F. P. de Bonnechose, *The Reformers Before the Reformation*, tomo 2, p. 141.

Hindi nalaunan at iniharap siyang muli sa kapulungan. Ang kanyang pagsuko ay hindi pa ikinasiya ng mga nagsisihatol sa kanya. Ang kauhawan nila sa dugo, na pinatindi ng pagkapatay kay Hus, ay humihingi pa ng mga bagong papatayin. Sa pamamagitan lamang ng ganap na pagtatakwil sa katotohanan mangyayaring mailigtas ni Jeronimo ang kanyang buhay. Datapuwa't ipinasiya niyang ingatang matibay ang kanyang pananampalataya, at sundan ang kanyang martir na kapatid sukdan humantong man siya sa apoy.

Pinawalan niyang kabuluhan ang kanyang unang pagbawi, at bilang isang taong mamamatay, mahigpit niyang hiniling na bigyan siya ng panahon upang maipagsanggalang ang kanyang sarili. Palibhasa'y kinatatakutan ng mga prelado ang ibubunga ng kanyang sasalitain, hiniling nilang sukat ang kilalanin o tanggihan na lamang ang katotohanan ng mga paratang na ibinubuhat sa kanya. Si Jeronimo ay tumutol laban sa ganitong karahasan at katampalasanan.
[95] "Ako'y kinulong ninyong tatlong daan at apatnapung araw sa isang nakatatakot na bilangguan," ang sabi niya, "sa gitna ng karumihan, kabahuan, kaingayan, at ganap na kakulangan ng lahat ng bagay; saka ninyo ako inilabas upang humarap sa inyo, at pagkatapos na marinig ninyo ang patotoo ng aking mahihigpit na kaaway, ay ayaw naman ninyo akong dinggin. . . Kung tunay kayong mga pantas, at mga ilaw ng sanlibutan, ay huwag ninyong salangsangin ang katuwiran. Sa ganang akin, ako'y isang mahinang tao lamang; ang aking buhay ay walang gaanong halaga; at kapag pinayuhan ko kayong huwag magbitiw ng hindi matuwid na hatol ay hindi lamang para sa akin, kundi lalo na para sa inyo ako nagsasalita."[13]

Sa wakas ay itinulot din ang kanyang hinihingi. Nanikluhod si Jeronimo sa harap ng mga huhukom sa kanya, at nanalangin na pamahalaan nawa ng banal na Espiritu ang kanyang pag-iisip at pananalita, upang siya'y huwag makapagsalita ng laban sa katotohanan o ng hindi marapat sa kanyang Panginoon. Sa kanya ay natupad nang araw na yaon ang pangako ng Diyos sa kanyang mga alagad na: "Kayo'y dadalhin sa harap ng mga gobernador at mga hari dahil sa akin... Datapuwa't pagka kayo'y ibinigay nila, huwag ninyong ikabalisa kung paano o kung ano ang inyong sasabihin; sapagka't sa oras na yaon ay ipagkakaloob sa inyo ang inyong

[13] F. P. de Bonnechose, *The Reformers Before the Reformation*, tomo 2, p. 146, 147.

sasabihin. Sapagka't hindi kayo ang nangagsasalita, kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang sa inyo'y nagsasalita."[14]

Ang mga pangungusap ni Jeronimo ay pinagtakhan at hinangaan kahit na ng kanyang mga kaaway. Isang taong singkad siyang ikinulong sa bilangguan, na dahil sa malaking paghihirap ng kanyang katawan at pag-iisip ay hindi siya makabasa o makakita man. Gayon ma'y ang kanyang pangangatuwiran ay nalahad na may malaking kaliwanagan at kapangyarihan na pa- rang nagkaroon siya ng [96]
pagkakataong makapag-aral na walang pagkakagambala. Itinuro niya sa mga nangakikinig sa kanya ang mahabang talaan ng mga banal na tao na hinatulan ng mga likong hukom. Sa halos bawa't salin ng lahi, ay nagkaroon ng mga tao na samantalang nagsisikap na maitaas ang bayan ay mga siniphayo at ipinagtatapon datapuwa't nang mga huling panahon ay napagkilalang marapat parangalan. Si Kristo man ay hinatulan na tulad sa isang masamang tao ng isang hindi matuwid na hukuman.

Sa unang pagbawi ni Jeronimo sa kanyang mga sinabi ay inamin niyang matuwid ang pagkahatol kay Hus; datapuwa't ngayo'y ipinahayag niya ang kanyang pagsisisi sa sinabi niyang yaon at sumaksi siya sa kawalang sala at sa kabanalan ng martir. Ang sabi niya; "Nakilala ko siya mula sa kanyang pagkabata. Siya'y napakabuting tao, tapat at banal; siya'y hinatulan bagama't siya'y walang sala. . . . Ako man—ako'y handang mamatay: ako'y hindi uurong sa harap ng mga pahirap na inihanda sa akin ng aking mga kaaway at mga saksing bulaan, na balang araw ay magbibigay ng sulit sa lahat nilang masasamang gawa sa harap ng dakilang Diyos, na hindi madaraya nino man."[15]

Nang nakaturo siya sa kanyang mga hukom, ay sinabi sa matigas na pangungusap: "Inyong hinatulan si Wicleff at si Juan Hus, hindi sa dahilang kanilang niluglog ang aral ng iglesya, kundi sa dahilan lamang na kanilang hinamak ang mga kahalayan ng mga pari—ang kataasan, kapalaluan, at lahat ng bisyo nila at ng kanilang mga puno. Ang mga bagay na kanilang pinatunayan, at hindi mapasisinungalingan, ay ipinalalagay ko at ipinahahayag kong gaya rin ng kanilang pagpapahayag."[16]

---

[14] Mateo 10:18-20.

[15] F. P. de Bonnechose, *The Reformers Before the Reformation*, tomo 2, p. 151.

[16] F. P. de Bonnechose, *The Reformers Before the Reformation*, tomo 2, p. 151, 152.

[97] Muling buinugso ang bagyo ng kagalitan, at si Jero- nimo ay madaling dinala sa bilangguan. Gayon ma'y may ilan sa kapulungan na kinakintalan ng kanyang mga pangungusap, at nagnasang iligtas ang kanyang buhay. Dinalaw siya ng mararangal na tao ng iglesya, at pinamanhikan siyang sumuko na sa kapulungan. Inalayan siya ng mainam na pangako na pinaka gantimpala, itigil lamang niya ang kanyang paglaban sa Roma. Datapuwa't gaya ng kanyang Panginoon, nang alayan ng kaluwalhatian ng buong sanlibutan, si Jeronimo ay nanatiling matibay.

Hindi nagluwat at hinatulan siya. Siya'y inakay roon din sa pook na kinamatayan ni Hus. Umaawit siyang lumalakad, ang kanyang mukha ay maliwanag dahil sa tuwa at kapayapaan. Ang kanyang paningin ay nakatitig kay Kristo, at sa kanya ang kamatayan ay nawalan ng kilabot. Nang pasalikod niya ang berdugo, noong malapit nang sindihan ang talaksan ng kahoy, ganito ang sinabi ng martir:

"Huwag kang mangimi; lumapit ka sa harap ko; sa tapat ng aking mukha pagningasin mo ang apoy. Kung ako'y takot ay hindi na ako paririto."

Ang mga huli niyang pangungusap samantalang tutumataas ang liyab, ay isang panalangin. "Panginoon, Amang makapangyarihan sa lahat," ang daing niya, "maawa ka sa akin, at ipatawad po Ninyo ang aking mga kasalanan; sapagka't alam Ninyo na iniibig kong lagi ang Inyong katotohanan."[17] Nawala ang kanyang tinig, datapuwa't ang kanyang mga labi ay patuloy na gumagalaw sa pananalangin. Nang matapos na ng apoy ang kanyang gawain, ang mga abo ng martir pati ng lupang nakalatan, ay tinipon, at gaya rin kay Hus, ay inihagis sa Rin.

Sa ganya'y namatay ang mga tapat na tagapagdala ng liwanag
[98] ng Diyos. Datapuwa't ang liwanag ng mga kato- tohanang kanilang ipinahayag—ang liwanag ng mabayaning halimbawang iniwan—ay hindi mapapatay. Subukin na rin sana ng mga taong paurungin ang araw sa pagsikat nito, kung hahadlangan nila ang pamimitak ng bukang-liwayway na noo'y malapit nang mamanaag sa sanlibutan.

Ang pagpatay kay Hus ay nagpaalab ng galit at lagim ng mga taga-Bohemya. Napagkilala ng buong bansa na siya'y nahulog sa

[17]F. P. de Bonnechose, *The Reformers Before the Reformation*, tomo 2, p. 168.

kainggitan ng mga pari at kataksilan ng emperador. Siya'y ipinahayag na isang tapat na tagapagturo ng katotohanan, at ang kapulungang humatol na siya'y mamatay ay pinaratangan ng kasalanang pagpatay ng tao. Ang kanyang mga aral ay lalo ngayong naalaala ng madla ng higit sa nakaraan. Sa pamamagitan ng mga utos ng papa ay ipinasunog ang mga sinulat ni Wicleff. Datapuwa't yaong mga hindi nasira ay inilabas ngayon sa mga kinatataguan, at pinag-aralang kaugnay ng Biblia o dili kaya'y ng mga bahagi nitong maaaring mahagilap ng mga tao, at sa ganitong paraan ay marami ang naakay na tanggapin ang bagong pananampalataya.

Ang mga pumatay kay Hus ay hindi tumayo na lamang na tahimik at nagmasid sa pananagumpay ng kanyang gawain. Ang papa at ang emperador ay nagkaisang dumurog sa kilusan, at ang mga hukbo ni Sigismundo ay isinugo sa Bohemya.

Ingay at gulo ang sumunod. Linusob ang Bohemya ng mga hukbo ng ibang bayan, at ang bansa'y binagabag ng mga sarili niyang kaguluhan. Yaong nanganatiling tapat sa ebanghelyo ay dumanas ng madugong pag-uusig.

Samantalang yaong nang una'y kanilang mga kapatid, na ngayo'y nakipagkasundo na sa Roma, ay nangahahawa sa kanyang kamalian, yaon namang nagsipanatili sa dating pananampalataya ay bumuo ng isang hiwalay na iglesya, na pinamagatang "Nagkakaisang Magkakapatid." Ikinagalit ng lahat ng tao ang kanilang ginawi. Gayon ma'y hindi nakilos ang kanilang katiba- yan. Bagaman [99]
napilitan silang magkubli sa kaparangan at mga yungib, ay nagtitipon din sila upang bumasa ng salita ng Diyos at nagsasama sa pagsamba sa Kanya.

Sa pamamagitan ng mga sugong ipinadadala nila ng lihim sa iba't ibang bayan, ay napag-alaman nilang dito at doon ay may "mangilan-ngilang sumasampalataya sa katotohanan, ilan sa bayang ito at ilan doon, at gaya rin nila, ay pinag-uusig; at sa gitna ng mga bundok ng Alpes ay mayroong isang matandang iglesya, na nabababaw sa mga patibayan ng Banal na Kasulatan, at tumututul laban sa mga masasamang gawa ng Roma na pagsamba sa mga diyus-diyusan."[18] Ang pahiwatig na ito ay tinanggap nilang may malaking tuwa at nakipagsulatan sila sa mga Kristiyanong Baldense.

[18] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 3, kah. 19.

Ang mga taga Bohemyang matatag sa ebanghelyo, ay nagsipag-puyat sa buong magdamag ng pag-uusig, at sa pinakamadilim na oras ay nakatitig pa rin ang kanilang mga mata sa silangan, tulad sa mga taong naghihintay ng umaga. "Ang kanilang kapalaran ay tumama sa masasamang araw, datapuwa't . . . naalaala nila ang mga pangungusap na unang binigkas ni Hus, at inulit ni Jeronimo, na kailangang magdaan ang isang daang taon bago magbubukang-liwayway. Ang mga ito sa ganang mga Taborita [mga Husita] ay gaya ng mga pangungusap ni Jose sa mga lipi ni Israel noong sila'y nasa bahay ng pagkaalipin: 'Ako'y mamamatay, at walang pagsalang dadalawin kayo ng Diyos, at ilalabas kayo.' "[18]

Ang huling bahagi ng ikalabinlimang dantaon ay sumaksi sa unti-unti nguni't patuloy na paglago ng mga iglesya ng Magkaka-patid. Bagaman lagi nang binabagabag ay nagtamasa rin sila ng malalaking kapahingahan. Sa pasimula ng ikalabing-anim na dan-taon, ang kanilang mga iglesya sa Bohemya at Morabya ay umabot
[100] sa dalawang daan."[19]

"Lubhang mapalad ang nalabi, na, palibhasay'y nakatakas sa mapangwasak na galit ng apoy at tabak, ay pinahintulutang makakita
[101] ng pagliliwayway niyaong araw na ipinagpaunang sinabi ni Hus.[18]

[18] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 3, kah. 19.
[19] E. H. Gillet, *Life and Times of John Huss*, ikatlong pagkalimbag, tomo 2, p. 570.
[18] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 3, kah. 19.

## *Kabanata 7*—Pagsilang ng isang bayani

Sa mga tinawagan upang ilabas ang iglesya sa kadiliman ng kapapahan at dalhin sa liwanag ng isang lalong malinis na pananampalataya, ay nangunguna si Martin Lutero. Masigasig, mapusok, at tapat, na walang nakikilalang takot kundi ang pagkatakot sa Diyos, at walang kinikilalang ibang patibayan ng iglesya hinggil sa pananampalataya kundi ang Banal na Kasulatan lamang, si Lutero ang taong lalong angkop sa panahong yaon; sa pamamagitan niya'y gumawa ang Diyos ng isang malaking gawain, sa pagbabago sa iglesya at sa paghahatid ng liwanag sa sanlibutan.

Si Lutero ay nagmula sa mga taong dukha tulad sa mga unang tagapamansag ng ebanghelyo. Ang mga unang taon ng kanyang kabuhayan ay ginugol niya sa abang tahanan ng isang taga-bukid na Aleman. Ang salaping ipinagpaaral sa kanya ay kita ng kanyang ama sa paggawa sa mina. Nais sana niyang siya'y mag-abogado datapuwa't niloob ng Diyos na siya'y tumulong sa pagtatayo ng malalaking templo na unti-unting tumataas sa loob ng maraming panahon. Kahirapan, kasalatan, at mahigpit na disiplina ang siyang paaralang pinagsanayan ng Diyos kay Lutero, upang siya'y mahanda sa mahalagang gawain ng kanyang kabuhayan.

Ang ama ni Lutero ay isang taong may malakas at masiglang pag-iisip, at makapangyarihang likas, mapagtitiwalaan, matibay at matapatin. Tapat siya sa pagkilala sa kanyang tungkulin mangyari na ang mangyayari. Ang mabuti niyang pagkakilala ay siyang nagalis ng kanyang tiwala sa monasteryo. Ipinagngitngit na lubha ng
kan- yang kalooban ang pagpasok ni Lutero sa monasteryong wala [102]
siyang pahintulot; at dalawang taon pa muna ang nakaraan bago siya [103]
nakipagkasundo sa kanyang anak, gayunma'y hindi rin nagbago ang kanyang palagay at pagkakilala.

Ang mga magulang ni Lutero ay totoong maingat sa pagtuturo at pagsasanay sa kanilang mga anak. Sinikap nilang sa kanila'y ituro ang pagkakilala sa Diyos at ang pagsasakabuhayan ng mga kabaitang kristiyano. Ang panalangin ng ama ay malimit na pumailanglang

na naririnig ng kanyang anak upang matanim sa isipan nito ang pangalan ng Panginoon, at upang balang araw ay tumulong sa ikasusulong ng Kanyang katotohanan. Sabik na sinamantala ng mga magulang niya ang lahat ng pagkakataon upang bumuti ang paguugali o pag-iisip kaya nila, na ipinahintulot ng mahirap nilang kabuhayan. Ang kanilang mga pagsisikap ay tapat at matiyaga upang maihanda lamang ang kanilang mga anak sa isang banal at mabuting kabuhayan. Taglay ng katibayan at kalakasan ng kanilang likas, maminsan-minsan ay nagiging mabalasik sila; datapuwa't bagaman alam ng Repormador na sa ilang bahagi ay nagkakamali sila natagpuan naman niyang lalong marami ang kanyang masasangayunan sa kanilang disiplina kaysa mapupulaan.

Sa paaralang pinasukan ni Lutero noong siya'y bata pa ay pinagpakitaan siya ng kagahasaan at karahasan. Gayon na lamang ang karukhaan ng kanyang mga magulang na anupa't nang umalis siya sa kanila upang magaral sa kasunod na bayan lamang, ay kinailangang siya'y lumapit sa bahay-bahay at umawit upang mayroon siyang ipagtawid-gutom. Ang madilim at batbat ng pamahiing paniniwala tungkol sa relihiyon na naghahari noon, ay siyang nagdulot sa kanya ng takot. Kung gabi, siya'y matutulog na nagdadalamhati ang puso at nanginginig na tinitingnan ang panahong hinaharap, at laging
[104] kinikilabutan sa pagkaalam niya na ang Diyos ay isang mahigpit, at walang awang hukom, isang mabagsik na puno, at hindi isang mahabaging Ama na nasa langit.

Datapuwa't sa ilalim ng gayong kayrami at kaylaking mga bagay na sukat ipanglupaypay, ay buong tapang na nagpatuloy si Lutero sa mataas na patakaran ng moralidad at kadalubhasaan na gumagayuma sa kanyang kaluluwa. Kinauhawan niya ang karunungan, at ang mataimtim at mapraktikang katutubo ng kanyang pag-iisip ay siyang nagpanabik sa kanya na nasain ang mga bagay na matatag at mapapakinabangan, ng higit kaysa mga bagay na mapagparangya at mapagpaimbabaw.

Nang pumasok siya sa unibersidad ng Erfurt, sa gulang na labingwalong taon, ang kanyang kalagayan ay mabuti-buti at ang kanyang hinaharap ay lalong may pag-asa kaysa noong siya'y bata. Ang kanyang mga magulang, nang makaipon ng salapi sa pamamagitan ng pagtitipid at kasipagan, ay nakapagbigay sa kanya ng lahat ng tulong na kanyang kailangan. At ang impluensya ng matatalino

niyang kaibigan ay nakapagbago ng bahagya sa nakalulungkot na ibinunga ng kanyang unang pag-aaral. Iniubos niya ang kanyang pag-iisip sa pag-aaral ng mga sinulat ng pinakamabuting manunulat, at masikap na tinandaan ang kanilang pinakamahahalagang isipan, at ginawang kanya ang karunungan ng mga pantas. Maging sa ilalim man ng mabagsik na pagpapasunod ng kanyang mga unang tagapagturo ay ipinakilala niya ang kanyang katangian; at sa pamamagitan ng mabubuting impluensya ay malakas na sumulong ang kanyang pag-iisip. Isang matatandaing isip, buhay na pagkukuro, malakas na pangangatuwiran, at walang pagod na pagsasakatuparan, ay hindi nagluwat at siyang nagtampok sa kanya sa unahan ng kanyang mga kasama. Ang pagdisiplina sa pag-iisip ay siyang nagpagulang sa kanyang pang-unawa at nagpakilos ng kanyang pag-iisip at nagpatalas ng kanyang isipan na siyang mga naghanda sa kanya sa pakikitalad sa mga kahirapan sa buhay. [105]

Ang pagkatakot sa Panginoon ay namahay sa puso ni Lutero, at ito ang tumulong sa kanya sa pagkakaroon ng matibay na hangarin, at umakay sa kanya sa lubos na pagpapakumbaba sa harap ng Diyos. Lagi niyang nadarama ang pananalig sa tulong ng Diyos, at kailan ma'y hindi niya pinasimulan ang araw ng walang panalangin, samantalang ang kanyang puso naman ay palaging nagpapailanglang ng isang kahilingang siya'y akayin at tangkilikin. "Ang mabuting pananalangin," malimit niyang sabihin, "ay siyang lalong mabuting kalahati ng pagaaral."[1]

Isang araw, samantalang sinisiyasat ni Lutero ang mga aklat sa aklatan ng unibersidad, ay natuklasan niya ang isang Bibliang Latin. Kailan man ay hindi pa siya nakakita ng gayong aklat. Hindi niya alam na mayroon palang gayong aklat. Napakinggan na niyang binabasa sa mga tao ang mga bahagi ng mga ebanghelyo at epistola sa hayag na pagsamba, at ipinalagay niyang yaon na ang buong Biblia. Ngayon pa lamang niya unang nakita ang buong salita ng Diyos. Binuklat niya ang mga banal na dahon nito, taglay ang pitagan at pagkamangha, binasa niya ang mga salita ng buhay na taglay ang mabilis na pagpitik at tibok ng puso at maminsan-minsan

[1] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 2, kab. 2.

ay huminto siya sa pagsasabing "Oh, bigyan sana ako ng Diyos ng ganitong aklat!"[1]

Ang taimtim na pagnanasang maligtas sa kasalanan at magkaroon ng kapayapaan sa Diyos, ay siyang sa wakas ay umakay kay Lutero na pumasok sa isang kombento at italaga ang kanyang sarili sa buhay monasteryo. Dito'y kinailangan siyang gumawa ng kaabaabang gawain at magpalimos sa bahay-bahay Siya noo'y nasa gulang na katutubo sa tao ang magnasang siya'y purihin o igalang at dahil dito ang mababababang gawaing ito ay nakahahamak sa kanyang
[106] katutubong damdamin; datapuwa't matiyaga niyang binata ang mga kahirapang ito, palibhasa'y naniniwala siyang yao'y kailangan dahil sa kanyang mga kasalanan.

Bawa't sandali na kanyang itinitigil sa paggawa ay ginagamit niya sa pag-aaral, na ginugugol pati oras na dapat itulog, at binabawasan ang panahong ukol sa kaunti niyang pagkain. Higit sa lahat ay ikinaliligaya niya ang mag-aral ng salita ng Diyos. Nakasumpong siya ng isang Bibliang nakatanikala sa dingding ng kombento, at malimit siyang pumaroon. Nang makilala niya ng higit at higit ang kanyang pagkamakasalanan, ay sinikap niya sa pamamagitan ng kanyang sariling mga gawa na magtamo ng kapatawaran, at kapayapaan. Pinahirapan niyang mabuti ang kanyang katawan, na nag-aayuno, nagpupuyat, at pinasasakitan ang sarili upang masupil ang kasamaan ng kanyang likas, datapuwa't di siya mabigyang ginhawa ng buhay monasteryo. Hindi niya inurungan ang anumang hirap makamtan niya lamang yaong kadalisayan ng puso na makapagpapaari sa kanya na tumayong ganap sa harapan ng Diyos. "Tunay," ang sabi niya sa dakong huli, "ako'y isang banal na monghe noon, at sumusunod sa mga patakaran ng aking orden na higit sa aking masasabi. Kung ang langit ay matatamo ninomang monghe dahil sa kanyang mga gawa, ako sana'y walang salang naging karapat-dapat na magkamit niyaon. . . . Kung ito'y nagpatuloy pa ng kaunting panahon, isinagawa ko pa rin sana ang pagpapahirap kahit hanggang sa kamatayan."[2] Bilang bunga ng mahigpit na disiplinang ito, siya'y nanghina at nagbata ng pasumpungsumpong

[1]J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 2, kab. 2.

[2]J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 2, kab. 3.

na pagkahilo, at sa ibinunga ng sakit na ito'y hindi siya lubos na gumaling. Datapuwa't sa lahat niyang ginawang pagsisikap ay hindi rin siya nakasumpong ng ginhawa. Sa wakas ay dumating siya sa bingit ng kawalang-pag-asa. [107]

Nang akalain ni Lutero na napariwara na ang lahat, ay nagbangon ang Diyos ng isang kaibigan at tagatulong sa kanya. Binuksan ni Staupitz, na maibigin sa kabanalan ang salita ng Diyos sa kanyang isipan, at pinagbilinan siyang huwag tumingin sa kanyang sarili ni isipin ang walang-hanggang kaparusahan dahil sa pagsalansang sa kautusan ng Diyos, kundi tumingin kay Jesus, na siya niyang mapagpatawad na Tagapagligtas. "Sa halip na pahirapan mo ang iyong sarili dahil sa iyong mga kasalanan, ay ipakupkup mo ang iyong sarili sa mga kamay ng Manunubos. Magtiwala ka sa Kanya, sa kabanalan ng Kanyang kabuhayan, at sa pagtubos na Kanyang ginawa sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan. . . . Pakinggan mo ang Anak ng Diyos. Nagkatawang-tao Siya upang ipadama sa iyo ang pag-asa sa Kanyang banal na paglingap." "Ibigin mo Siya na unang umibig sa iyo."[3] Ganyan ang pananalita ng tagapagbalitang ito ng kaawaan. Ang kanyang mga pangungusap ay nabakas ng malalim sa isip ni Lutero. Pagkatapos ng maraming pakikilaban sa matatandang kamalian, ay nangyaring nadama rin niya ang katotohanan, at sumapit ang kapayapaan sa kanyang bagabag na kaluluwa.

Si Lutero ay inordenahan bilang isang pari, at tinawag siya mula sa kombento upang maging propesor sa unibersidad ng Wittenberg. Dito'y ibinigay niya ang kanyang sarili sa pag-aaral ng mga Kasulatan sa mga wikang orihinal.

Si Lutero ay tunay na anak pa rin ng iglesyang makapapa at wala siyang anumang akala na siya'y magiging iba pa. Sa talaga ng Diyos ay nakadalaw siya sa Roma. Yumaon siyang naglalakad, na tumitigil sa mga monasteryong kanyang dinadaanan. Sa isang kombento sa Italya ay nanggilalas siyang lubos sa nakita niya roong kayamanan, kagandahan at kasaganaan. Sa saganang sala- ping [108]
dumarating sa kanila, ang mga monghe ay nakatira sa maiinam na tahanan, nararamtan ng maiinam at mahal na damit, at kumakain ng masasarap na pagkain. Taglay ang mahapding pag-aalinlangan, ay

[3] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 2, kab. 4.

ipinaris ni Lutero ang panooring ito sa mahirap niyang kabuhayan na pagtanggi sa sarili. Ang kanyang isipan ay nagulo.

Sa wakas ay nakita niya ang lunsod na natatayo sa pitong burol. Taglay ang malalim na pagkakilos ng damdamin ay dumapa siya sa lupa, na nagsabi: "Banal na Roma, pinagpupugayan kita!"[4] Pumasok siya sa lunsod, dinalaw ang mga simbahan, pinakinggan ang nakapagtatakang mga balita na inuulit ng mga pari at mga monghe at ginawa ang lahat ng seremonya na kailangan. Sa bawa't dako ay nakakita siya ng mga panooring nagdulot sa kanya ng pagtataka at kakilabutan. Nakita niya ang kasamaang naghahari sa lahat ng uri ng pari. Napakinggan niya ang mahahalay na pagbibiruan ng mga prelado, at kinilabutan siya sa kanilang panunungayaw, maging sa oras ng pagsasagawa ng misa. Sa kanyang pakikisalamuha sa mga monghe at mga taong bayan ay nakita niya ang mahalay na pamumuhay at pagmamalabis. Saan man niya ibaling ang kanyang paningin sa dakong banal, ay kapusungan ang kanyang natatagpuan. "Hindi malirip ninuman " ang isinulat niya, "ang kaylalaking kasalanan at masasamang gawang ginagawa sa Roma; kailangang makita at mapakinggan ang mga yaon upang paniwalaan. Anupa't pinagkaugalian na nila ang magsabi, 'kung may impiyerno, ay sa ibabaw nito nakatayo ang Roma.' Ito'y isang kalalimang pinagmumulan ng lahat ng uri ng kasalanan."[4]

Sa pamamagitan ng isang pasiya kamakailan lamang, ay nangako ang papa ng isang indulhensya sa lahat ng aakyat na paluhod
[109] sa "hagdan ni Pilato," na sinasabing siyang dinaanan ng ating Tagapagligtas nang siya'y manaog sa hukumang Romano, at mahiwagang nadala sa Roma buhat sa Jerusalem. Isang araw, si Lutero ay taimtim na umaakyat sa hagdang ito, nang wari manding narinig niya ang isang tinig na tulad sa kulog na nagsabi sa kanya: "Ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya."[5] Siya'y biglang tumindig at nagmadaling umalis sa kahihiyan at pangingilabot. Ang talatang yaon ay hindi nawalan kailan man ng kapangyarihan sa kanyang kaluluwa. Mula na noo'y lalo niyang naliwanagang higit

[4] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 2, kab. 6.

[4] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 2, kab. 6.

[5] Roma 1:17.

kaysa nang una ang kamalian ng magtiwala sa mga gawang sarili ng tao sa ikaliligtas, at naliwanagan din naman niya na kailangan ang palaging manampalataya sa mga karapatan ni Kristo. Namulat ang kanyang mga mata, at hindi na mapipikit kailan man, sa harap ng mga pandaya ng kapapahan. Nang italikod niya ang kanyang mukha sa Roma, ay tumalikod din naman ang kanyang puso, at mula noon ay lumaki na ng lumaki ang pagkakahiwalay hanggang sa patirin niya ang lahat niyang pakikiugnay sa iglesyang makapapa.

Pagkapanggaling ni Lutero sa Roma ay tumanggap siya ng titulong "Doktor ng Teolohiya" sa Unibersidad ng Wittenberg. Ngayon ay lubos na niyang itinalaga ang kanyang sarili, higit kailan man, sa pag-aaral ng Banal na Kasulatan na kanyang iniibig. Mahigpit niyang ipinanata na maingat niyang pag-aaralan at matapat na lpangangaral ang salita ng Diyos at hindi ang mga sabi at aral ng mga papa, sa buong panahong kanyang ikabubuhay. Hindi na siya isang monghe o guro lamang, kundi isang may pahintulot na tagapagbalita ng Banal na Kasulatan. Siya'y tinawagan bilang pastor na . magpapakain sa kawan ng Diyos, na nangagugutom at nangauuhaw sa katotohanan. Mahigpit niyang ipinahayag na ang mga Kristiyano ay hindi dapat tumanggap ng anumang ibang aral kundi yaong mga [110]
sinasang-ayunan ng Banal na Kasulatan. Ang mga pangungusap na ito ay pumukol sa mismong patibayan ng pangingibabaw ng kapapahan. Diyan napapaloob ang mahalagang simulain ng Reporma.

Nakita ni Lutero na mapanganib ang pagtataas ng mga kurukuro ng tao sa ibabaw ng salita ng Diyos. Buong tapang niyang sinalakay ang salat sa pananampalatayang haka-haka ng mga guro, at sinalungat niya ang pilosopiya at teolohiya na malaon nang panahong sumusupil sa mga tao. Ang ganyang mga pag-aaral ay ipinahayag niyang hindi lamang walang kabuluhan kundi nakasisira pa, at sinikap niyang ilayo sa mga maling katha-katha ng mga pilosopo at teologo ang pag-iisip ng mga nagsisipakinig sa kanya at ilagay sa mga walang-hanggang katotohanang itinuturo ng mga propeta at mga apostol.

Mahalaga ang pabalitang dinala niya sa karamihang sabik na naghihintay sa kanyang mga pangungusap. Kailan man noong una'y hindi sila nakarinig ng ganyang mga aral kundi ngayon lamang. Ang masasayang balita tungkol sa pag-ibig ng Tagapagligtas, ang pag-asa sa kapatawaran at kapayapaan sa pamamagitan ng Kanyang dugong

itinubos ay nagpagalak sa mga puso nila, at lumikha ng isang pag-asa na hindi mamamatay sa kanilang kalooban. Sa Wittenberg ay sinindihan ang isang ilawan na ang liwanag ay aabot hanggang sa kasuluk-sulukan ng lupa at magliliwanag ng magliliwanag hanggang sa wakas ng panahon.

Datapuwa't ang liwanag at dilim ay di-maaaring magkasama. Sa pagitan ng katotohanan at ng kamalian ay may pagtutunggaling di-maaapula. Ang pagpapanatili at pagsasanggalang sa una ay pagsalakay at pagbabagsak sa pangalawa. Ang Tagapagligtas na rin ang may sabi: "Hindi ako naparito upang magdala ng kapayapaan
[111] kundi tabak."[6] Pagkaraan ng ilang taon buhat nang pasi- mulan ang Reporma ay ganito ang sinabi ni Lutero: "Ako'y hindi inaakay ng Diyos, ako'y kanyang itinutulak, ako'y dinadala Niya. Hindi ako ang panginoon ng aking sarili. Ibig kong mamuhay sa kapayapaan; datapuwa't ako'y napalulong sa gitna ng mga kaguluhan at mga himagsikan."[7] Noo'y malapit na siyang mapaloob sa pakikilaban.

Ang biyaya ng Diyos ay kinakalakal ng Iglesya Romana. Ang mga dulang ng mga nagpapalit ng salapi [8] ay itinayo sa tabi ng mga dambana, at ang himpapawid ay napuno ng sigawan ng nagbibili. Dahil sa hangad na makalikom ng salapi upang itayo ang katedral ni San Pedro sa Roma, ay inialok sa madla para sa kasalanan ang mga indulhensya na ipagbili sa pamamagitan ng pahintulot ng papa. Sa pamamagitan ng halaga ng kasalanang nagawa ay itatayo ang isang templong gagamitin sa pagsamba sa Diyos.

Si Tetzel ay siyang opisyal na hinirang upang mangasiwa sa pagbibili ng mga indulhensya sa Alemanya. Taglay ang makapal na mukha ay isinaysay niya ang pinakamalaking karayaaan at nagbalita ng mga kahanga-hangang mga pangyayari upang dayain ang isang bayang mangmang at mapamahiin. Kung nasa kanila ang salita ng Diyos ay hindi sana sila nadaya. Nang pumasok siya sa isang bayan ay nanguna sa kanya ang isang tagapagbalita, na nagsabi: "Ang biyaya ng Diyos at ng banal na padre ay nasa inyong mga pintuan."[9]

---

[6]Mateo 10:34.

[7]J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 5, kab. 2.

[8]Mateo 21:12.

[9]J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 3, kab. 1.

At tinanggap ng bayan ang mapamusong na magdaraya, na wari manding siya'y Diyos na nanaog sa kanila mula sa langit.

Ang mahalay na kalakal ay ipinasok sa simbahan, at sa pagtayo ni Tetzel sa pulpito, ay nagpahayag siya na ang mga indulhensya ay siyang pinakamahalagang kaloob ng Diyos. Sinabi niyang sa bisa ng kanyang mga katiba- yan ng pagpapatawad ng kasalanan, ang [112]
lahat ng kasalanan na ibiging gawin ng bibili ay ipatatawad, at ni "pagsisisi man ay hindi na kailangan."[9] Higit sa rito ay ipinangako niya sa nangakikinig, na ang mga indulhensya ay may kapangyarihang magligtas hindi lamang sa mga buhay kundi sa mga patay din naman na sa sandaling kumalansing sa kahon ang kanilang salapi, ang kaluluwang pinagpatungkulan ng pagbabayad ay aalis agad sa purgatoryo at lilipat sa langit.[10]

Bagaman noo'y tapat pa rin si Lutero sa relihiyon ng Katoliko Romano ay kinilabutan siya dahil sa mapamusong na pangungusap ng mga nagbibili ng mga indulhensya. Marami sa kanyang sariling mga kapisanan ang bumili ng mga indulhensyang ito, at hindi naglaon at lumapit sila sa kanilang pari, na ipinahahayag ang iba't iba nilang kasalanan, at nagsisiasang sila'y patatawarin, hindi dahil sa sila'y nagsisisi at ibig magbago, kundi dahil sa pagtitiwala nila sa biniling indulhensya. Tumanggi si Lutero na sila'y patawarin, at binalaan silang kapag di nagsisi at nagbago ng kabuhayan, ay walang pagsalang sila'y mapapahamak sa kanilang mga kasalanan. Sa malaki nilang kagulumihanan ay lumapit sila kay Tetzel at nagsumbong, na ang katibayang yaon ay niwalang kabuluhan ng kumukumpisal sa kanila; at ang ilan ay buong tapang na hininging isauli ang kanilang salapi.

Ang prayle ay nagngitngit sa galit. Bumigkas siya ng mga kakila-kilabot na sumpa, at nag-utos na magpalingas ng apoy sa mga liwasan, at nagpahayag na siya'y "tumanggap sa papa ng utos na sunugin ang lahat ng erehe, na nangangahas sumalansang sa kabanal-banalang indulhensya."[11]

---

[9] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 3, kab. 1.

[10] K. R. Hagenbach, *History of the Reformation*, tomo 1, p. 96.

[11] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 3, kab. 4.

Ngayo'y walang gulat na pumasok si Lutero sa kanyang gawain
[113] na tagapagsanggalang ng katotohanan. Na- rinig ang kanyang tinig mula sa pulpito sa mataimtim at solemneng pagbibigay ng babala. Ipinakilala niya sa mga tao ang karumaldumal na likas ng kasalanan, at itinuro sa kanila na ang sariling mga gawa ng tao ay hindi makaaawas ng kasalanan o makapagliligtas man sa kaparusahan. Wala kundi pagsisisi sa Diyos lamang at pananampalataya kay Kristo, ang makapagliligtas sa taong nagkasala. Ang biyaya ni Kristo'ay hindi mabibili; ito'y kaloob na walang bayad. Pinayuhan niya ang bayan na huwag bumili ng mga indulhensya kundi tumingging may pananampalataya sa isang napakong Manunubos. Inihanay niya ang kanyang sariling mahapding karanasan sa walang kabuluhang pagsisikap na magtamo ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagpapakumbaba at pagpapakahirap subali't walang kabuluhan, at tiniyak niya sa nagsisipakinig na nang alisin niya ang kanyang tiwala sa sarili at manampalataya kay Kristo ay saka lamang nagkaroon siya ng kapayapaan at katuwaan.

Sapagka't ipinagpatuloy din ni Tetzel ang kanyang kalakal at ang walang kabanalan niyang pagkukunwari, ay ipinasiya ni Lutero na mahigpit na tutulan ang mga pagpapakalabis na ito. Hindi nagtagal at dumating ang isang pagkakataon. Ang simbahan sa kastilyo ng Wittemberg ay may maraming mga relikya, na sa ilang kapistahan ay ipinakikita sa mga tao, at ganap na kapatawaran ng mga kasalanan ang ibinibigay sa lahat ng dadalaw sa simbahan at magkukumpisal. Kaya't sa mga araw na yaon ay maraming tao ang naparoroon.

Ang isa sa pinakamahalagang pagkakataong ito, na tinatawag na Kapistahan ng mga Banal o "Todos los Santos" ay dumarating noon. Nang bisperas ng pista ay nakisama si Lutero sa karamihang pumasok sa simbahan, at inilagay niya sa pinto ang isang papel na kinasusulatan ng siyamnapu't limang paksang laban sa aral ng mga indulhensya. Ipinahayag niyang siya'y handang magsanggalang ng
[114] mga paksang ito sa kinabukasan sa unibersidad, laban sa lahat ng nag-aakalang tumutul sa mga yaon.

Ang kanyang mga paksa ay tumawag sa pansin ng lahat. Ang mga ito ay binasa at muling binasa, at inulit sa lahat ng dako. Nagkaroon ng malaking pagkaligalig sa unibersidad at sa buong bayan. Ang mga paksang ito ay nagpakilala na ang kapangyarihan na makapagpatawad ng kasalanan at ang magparusa, ay hindi ibinigay kailan

man sa papa o sa kanino mang tao. Ang buong pakanang yaon ay isang pagdaraya—isang lalang upang makakuha ng salapi sa pamamagitan ng paglalaro sa mga pamahiin ng tao—isang panukala ni Satanas upang ipahamak ang mga kaluluwa ng lahat na nananalig sa mga kasinungalingang ito. Maliwanag din namang ipinakilala na ang ebanghelyo ni Kristo ay siyang pinakamahalagang kayamanan ng iglesya, at ang biyaya ng Diyos, na roo'y nahahayag, ay ipinagkakaloob na walang-bayad sa lahat ng hahanap sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya.

Bagaman si Lutero ay kinilos ng Espiritu ng Diyos upang pasimulan ang kanyang gawain, ay hindi niya ito ipagpapatuloy na walang mahigpit na pakikitunggali. Ang mga paghamak ng kanyang mga kaaway, ang kanilang maling pagpapakahulugan sa kanyang mga adhika, ang kanilang di-matuwid at maling pagkaunawa sa kanyang likas at balak, ay dumagsa sa kanyang tulad sa isang malaking baha; at ikinabakla niyang mainam. Palagay ang kanyang loob na ang mga pinunong bayan, sa loob ng iglesya at sa mga paaralan, ay magagalak na makikisama sa kanya sa mga pagsisikap ukol sa pagbabago. Ang mga pampasiglang pangungusap niyaong nangasa matataas na tungkulin ay nagdulot sa kanya ng tuwa at pagasa. Noon pa man ay inasahan na niyang makakakita siya ng lalong maliwanag na araw na magliliwayway sa iglesya. Datapuwa't ang pampasigla ay nabago at nauwi sa siphayo at hatol.

Nanginig si Lutero nang mamalas niya ang kanyang sarili— [115]
isang laban sa pinakamalakas sa lahat ng kapangyarihan sa lupa. Maminsan-minsa'y pinag-aalinlanganan niya kung talagang inaakay nga siya ng Diyos upang ilagay ang kanyang sarili laban sa kapangyarihan ng iglesya. "Sino ako," ang kanyang isinulat, "na sasalungat sa karangalan ng papa, na sa harap niya'y . . . nanginginig ang mga hari sa lupa at ang buong sanlibutan? . . . Wala sinumang nakaaalain kung ano ang tiniis ng aking puso sa loob ng unang dalawang taong ito, at kung sa anong pagaalapaap, masasabi kong panglulupaypay, ako nadala."[12] Datapuwa't hindi siya pinabayaan ng Diyos upang ganap na manglupaypay. Nang walang taong tumulong sa kanya, ay sa Diyos lamang siya tumingin at natutuhan niya na makasasandig

[12] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 3, kab. 6.

siyang may ganap na kapayapaan sa kamay ng Makapangyarihan sa lahat.

Sa isang kaibigan ng Reporma ay ganito ang isinulat ni Lutero: "Hindi maaabot ng ating pag-iisip ang Banal na Kasulatan, maging sa pamamagitan ng pag-aaral o ng sariling karunungan man. Ang una mong tungkulin ay ang manalangin muna. Ipamanhik mo sa Panginoon, na alang-alang sa Kanyang malaking habag, ay pagkalooban ka Niya ng tunay na pagkakilala sa Kanyang salita. Walang ibang tagapagpaliwanag sa salita ng Diyos kundi ang Maygawa ng salitang iyan; gaya ng Kanyang sinabi: 'Tuturuan silang lahat ng Diyos.' Huwag kang umasa sa iyong mga gawa, ni sa iyong sariling kaalaman; sa Diyos ka lamang magtiwala, at sa kapangyarihan ng Kanyang Espiritu. Paniwalaan mo ito sapagka't sinasabi ng isang mayroon nang karanasan."[13] Narito ang isang mahalagang aral para roon sa nakakadama na sila'y tinawagan ng Diyos upang magpakilala sa mga iba ng mahalagang katotohanang ukol sa kasalukuyan. Ang mga katotohanang ito ay siyang kikilos ng galit
[116] ni Satanas, at ng mga taong umiibig sa mga sabi-sabing likha niya. Sa pakikibaka sa mga kapangyarihan ng kasamaan, ay higit sa lakas ng pag-iisip at karunungan ng tao ang kailangan.

Nang manawagan ang mga kaaway sa pamamagitan ng kaugalian at sali't saling sabi o ng mga pahayag at kapangyarihan ng papa, ay sinagupa sila ni Lutero sa pamamagitan ng Biblia at ng Biblia lamang. Narito ang mga katuwirang hindi nila masagot; kaya't hiningi ng mga alipin ng pormalismo at pamahiin ang kanyang dugo, gaya ng paghingi ng mga Hudyo sa buhay ni Kristo. "Siya'y isang erehe," ang sigaw ng mga panatikong Romano. "Isang malaking kataksilan sa iglesya ang pabayaang mabuhay ng isang oras ang ganyang kakila-kilabot na erehe. Ihanda agad ang bibitayan sa kanya."[14]

Datapuwa't si Lutero ay hindi nahulog sa kanilang poot. Ang Diyos ay may ipinagagawa sa kanya, at ang mga anghel ng langit ay isinugo upang ipagsanggalang siya.

---

[13] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 3, kab. 7.

[14] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 3, kab. 9.

Sa lahat ng dako ay nagising ang pagnanasa ng mga tao sa pagunlad sa espiritu. Sa bawa't pook ay mayroong malaking kagutuman at kauhawan sa kabanalan, na hindi nakita kailan man ng mga panahong nakaraan. Ang paningin ng mga tao, na malaong nakatunghay sa mga ritos at sa pamamagitang-tao, ay bumaling ngayon sa pagsisisi at pananampalataya kay Kristong napako sa krus.

Ang malaganap na kasabikang ito ay lalong ipinangamba ng mga may kapangyarihang makapapa. Si Lutero ay tumanggap ng pasabi na siya'y humarap sa Roma, upang tugunin ang ipinararatang sa kanya na erehiya. Ang utos na ito ay lubhang ikinatakot ng kanyang mga kaibigan. Alam na alam nila ang kapanganibang nakaabang sa kanya sa masamang bayang yaon, na lasing na sa dugo ng mga martir ni Jesus. Nagsitutol sila sa kanyang pagparoon sa Roma, at [117]
hiniling na siya'y sa Alemanya na lamang siyasatin.

Sa wakas ay sinunod ang pakikipag-ayos na ito, at hinirang ang kinatawan ng papa upang siyang duminig sa usapin. Sa mga habilin ng pontipisi sa kanyang kinatawang ito, ay nasasaad na si Lutero ay ipinahayag nang isang erehe. Kaya't sa kinatawan ay ipinagbilin na kanyang "isakdal at hulihing walang liwag." Kung siya'y magmamatigas at hindi mahuhuli, ang kinatawan ng papa ay pinagkalooban ng kapangyarihan "na ituring siyang wala nang karapatan pang mabuhay sa alin mang dako ng Alemanya; itapon, sumpain, at eskomulgahin ang lahat niyang mga kapanalig."[15]

Nang panahong ito, na kailangang lubha ni Lutero ang pakikiramay at payo ng isang tunay na kaibigan, ay sinugo ng Diyos si Melanchton sa Wittenberg. Bagaman si Melanchton ay isang kabataan lamang, magalang at mahihiyain sa kanyang kilos, ang mabuting pagkukuro niya at malawak na kaalaman, at ang mapanghalinang pananalita, lakip ang malinis at matuwid niyang kabuhayan, ay siyang nagtanghal sa kanya, na anupa't hinangaan ng madla. Ang kagalingan ng kanyang mga katutubong kaloob ay hindi nakahihigit sa kabutihan ng kanyang pag-uugali. Di-nalauna't siya'y naging tapat na alagad ng ebanghelyo, at lalong pinagkakatiwalaang kaibigan at mabuting alalay ni Lutero; ang kanyang kabaitan, pagkamaingat, at kaganapan ay nagiging kapupunan ng tapang at lakas ni

[15] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 4, kab. 2.

Lutero. Ang pagsasama nila sa gawain ay nakapagpalakas sa Reporma, at sa ganang kay Lutero ay naging isang bukal ng malaking kasiglahan.

Ang Augsburgo ay siyang itinakdang dako na paglilitisan, at ang Repormador ay lakad na naparoon. Nagkaroon ng malubhang pangamba alang-alang sa kanyang kapakanan. Hayagan siyang
[118] pinagbantaan na huhuli- hin at papatayin sa daan, kaya't ipinamanhik ng kanyang mga kaibigan na huwag na siyang mangahas pumaroon. Nagsumamo sila sa kanya na umalis muna siya sa Wittenberg, at tumira sa mga magsasanggalang sa kanya na buong galak. Datapuwa't ayaw niyang lisanin ang tungkuling iniatang sa kanya ng Diyos. Kailangang matapat niyang ipagtatanggol na lagi ang katotohanan, bagama't hinahampas ng mga bagyo.

Ang balita, na dumarating na si Lutero sa Augsburgo, ay ikinaligaya ng kinatawan ng papa. Ang manggugulong erehe, na lumiligalig sa buong sanlibutan ay wari ngayong nasa kapangyarihan ng Roma, at ipinasiya ng kinatawan ng papa na huwag siyang paligtasin pa. Nakaligtaan ni Lutero ang humingi ng liham na nagbabawal na siya'y galawin ninuman. Dahil dito'y pinayuhan siya ng kanyang mga kaibigan na huwag humarap sa kinatawan ng papa ng walang pases, at sinikap nilang humingi nito sa emperador. Tinangka ng kinatawan ng papa, na kung mangyayari, ay pilitin si Lutero na bawiin ang kanyang mga sinabi at mga sinulat, o kung hindi man ito mangyari ay ipadala siya sa Roma, upang tanggapin ang kapalarang tinanggap nina Hus at Jeronimo. Kaya't sa pamamagitan ng kanyang katulong ay sinikap niyang himukin si Lutero na humarap sa kanya ng walang anumang pases buhat sa emperador, at siya na ang bahala sa kanya. Ito ay mahigpit na tinanggihan ng Repormador. Hanggang hindi niya tinanggap ang katibayan ng emperador na nangangakong siya'y ipagtatanggol, ay hindi siya humarap sa sugo ng papa.

Inakala ng mga Katoliko Romano na ang mabuting paraan ay ang hikayatin si Lutero sa pamamagitan ng pagkukunwaring sila'y may kabaitan. Ang sugo ng papa, sa pakikipag-usap kay Lutero, ay nag-anyong mabuting kaibigan, datapuwa't mapilit niyang hiniling na lubos na sumuko si Lutero sa kapangyarihan ng iglesya, at tanggi-
[119] han ang lahat ng bagay ng walang anuman katu- wiran. Nagkamali ang pag-aakala niya sa likas ng taong kanyang kinakaharap. Bilang katugunan, ay ipinahayag ni Lutero na pinagpipitaganan niya ang

iglesya, iniibig niya ang katotohanan, at handa siyang sumagot sa lahat ng itinututol sa kanyang mga itinuro, at ipinaiilalim ang kanyang mga aral sa kapasiyahan ng ilang tanyag na tao ng unibersidad. Datapuwa't tumutol siya sa kahilingan ng kardenal na kanyang bawiin ang kanyang mga sinabi samantalang di siya napatutunayang nasa kamalian.

Ang sagot lamang sa kanya ay: "Bawiin mo, bawiin mo!" Ipinakilala ng Repormador na ang kanyang katuwiran ay pinatutunayan ng Banal na Kasulatan, at mahigpit niyang ipinahayag na hindi niya matatanggihan ang katotohanan. Nang wala nang maisagot ang kinatawan ng papa sa mga katuwiran ni Lutero ay pinabagsakan na lamang siya ng isang bagyo ng pagsiphayo, paglait, at pagkutya, na sinasalitan ng mga sipi mula sa sali't saling sabi at pahayag ng mga Padre, at hindi na binigyan ng panahong makapagsalita ang Repormador. Yamang naalaman ni Lutero na kung magpapatuloy ng pagayon ang konsilyo ay walang mangyayari, sa wakas ay napilitang binigyan siya ng pahintulot na iharap na nakasulat ang kanyang sagot.

Nang ganapin ang sumunod na paglilitis, ay iniharap ni Lutero ang isang malinaw, maikli, at malakas na pagpapakilala ng kanyang mga paniniwalang ganap na pinatutunayan ng maraming sipi ng Banal na Kasulatan. Nang matapos niyang basahin ang sulat na ito, ay iniabot niya sa kardenal; at ito ay kanyang itinapon at ipinahayag na isang bunton ng mga walang kabuluhang salita at mga siping hindi nababagay sa usapan. Sapagka't nag-init na mabuti si Lutero ay sinagupa niya ngayon ang kardinal sa kanyang pinagtitibayan—sa mga sali't saling sabi at mga aral ng iglesya—at ganap na ginapi ang kanyang mga katuwiran.

Nang makita ng kardenal na ang katuwiran ni Lu- tero ay hindi [120]
niya masasagot, nawala ang kanyang pagtitimpi, at sa kagalitan ay sumigaw siya ng wikang: "Bawiin mo! o kung hindi ay ipadadala kita sa Roma, upang doo'y humarap sa mga hukom na sisiyasat ng iyong kasalanan. Eeskomulgahin kita, at lahat ng mga kapanalig mo, lahat ng aayon sa iyo sa ano mang panahon ay ititiwalag ko

sa iglesya." At sa katapusan ay kanyang sinabi sa palalo at galit na pangungusap: "Bawiin mo, kung dili ay hindi ka na makauuwi."[16]

Biglang umalis ang Repormador na kasaina ang kanyang mga kaibigan, na sa gayo'y malinaw niyang ipinahayag na siya'y hindi maaasahang babawi ng kanyang mga sinabi at iniaral. Hindi ito ang hinahangad ng kardenal. Buong-buo ang kanyang akala na sa pamamagitan ng dahas ay matatakot niya si Lutero upang sumuko. Ngayong naiwan siyang kasama ng kanyang mga kapanalig, ay tiningnan niya ang isa't isa na lubhang nababalisa sa hindi niya inaasahang pagkabigo ng kanyang pakana.

Ang mga ginawa ni Lutero sa ganitong pagkakataon ay di nawalan ng mabuting ibinunga. Ang nagkakatipong malaking kapulungan ay nagkaroon ng pagkakataon upang pagparisin ang dalawang taong ito, at hatulan sa ganang kanilang sarili, ang isa't isa, ayon sa kanilang diwang ipinakita, sa ipinakilalang kalooban, at ng lakas at katotohanan ng kanilang mga katuwiran. Anong laki ng pagkakaiba! Ang Repormador, na mahinhin, mapagpakumbaba, matibay, ay tumindig sa lakas ng Diyos, na nasa panig ng katotohanan, at ang kinatawan ng papa, palalo, mabagsik, mapaghari-harian, at walang katuwiran, at wala ni isa mang katuwirang galing sa Kasulatan, gayon ma'y malakas na humihiyaw ng "Bawiin mo,
[121] kung hindi ay ipadadala kita sa Roma upang doon ka parusahan."

Bagaman si Lutero ay binigyan ng emperador ng isang katibayan na walang gagalaw sa kanya, gayon ma'y ang mga Katoliko Romano ay nagtangkang siya'y hulihin at ibilanggo. Ipinayo ng kanyang mga kaibigan na walang mararating ang kanyang mga pagtatagal doon, at dapat siyang bumalik sa Wittenberg kapagkaraka, at kailangang gumamit ng malaking pag-iingat upang mailihim ang kanyang mga balak. Dahil dito'y umalis siya sa Augsburgo bago nagliwayway ang araw, na sakay sa kabayo, .at kasama ng isang taliba na ibinigay sa kanya ng punong bayan. Sa kabila ng maraming kapanganiban ay lihim siyang nagdaan sa madilim at tahimik na mga lansangan ng bayan. Ang kanyang mga kaaway na palaging nakabakay at mabagsik, ay nangagtangkang siya'y patayin. Makaliligtas kaya siya sa mga silong iniuumang sa kanya? Yao'y mga sandali ng

[16] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 4, kab. 8. (Limbag sa Londres.)

kabalisahan at mataos. na pananalangin. Dumating siya sa isang maliit na pinto ng kuta ng bayan. Yao'y binuksan para sa kanya, at kasama ang kanyang taliba ay nakaraan silang walang hirap. Nang panatag na silang makalabas, ay nagdumali silang tumakas, at bago naalaman ng kinatawan ng papa na lumayas na si Lutero, ay malayo na siya at di na maaabot ng nagsisiusig. Si Satanas at ang kanyang mga kinatawan ay nangagapi. Ang lalaking inaakala nilang nasa kanilang kapangyarihan ay wala na, at tumakas na gaya ng ibon sa silo ng humuhuli.

Nang mabalitaan ng kinatawan ng papa ang pagtakas ni Lutero, ay nagtaka siya at nagalit. Inasahan niyang tatanggap siya ng malaking karangalan, dahil sa kanyang katalinuhan at kahigpitan sa pakikitungo sa manggugulong ito ng iglesya; datapuwa't nabigo ang kanyang pag-asa. Ang kanyang kagalitan ay ipinahayag niya sa isang liham na ipinadala niya kay Federico na elektor ng Sahonya, na may kapaitang binatikos si Lutero, at hiniling na ipadala siya ni Federico sa Roma o kaya'y palayasin sa Sahonya. [122]

Sa pagsasanggalang ni Lutero ay hiniling niyang patunayan sa kanya ng kinatawan o ng papa man sa pamamagitan ng Kasulatan ang kanyang mga pagkakamali, at mahigpit na nangakong itatakwil ang kanyang mga aral sakaling maipakilala sa kanyang siya'y nasisinsay sa salita ng Diyos. At ipinahayag niya ang kanyang pagpapasalamat sa Diyos na nabilang din siyang marapat magbata alang-alang sa napakabanal na gawain.

Noo'y bahagya pa lamang ang pagkaalam ng elektor sa mga bagong aral datapuwa't malalim ang pagkakintal sa kanyang alaala, ng katapatan, lakas at linaw ng pangungusap ni Lutero; at hanggang hindi napatutunayang nasa kamalian nga ang Repormador ay ipinasiya ni Federico na ipagsanggalang siya. Bilang tugon sa kahilingan ng kinatawan ng papa ay ganito ang kanyang isinulat: "'Yamang humarap sa iyo sa Ausburgo si Doctor Martin, ay dapat ka nang masiyahan. Hindi namin inaakala na pipilitin mo siyang bawiin ang kanyang mga aral na hindi mo muna naipakilalang siya'y namamali. Wala isa mang matalinong tao sa aming bayan na nagsabi sa akin na ang aral ni Martin ay hindi ukol sa kabanalan, o laban kaya sa Kristiyano, o eretikal.' Bukod sa rito'y tumanggi ang prinsipe

na ipadala si Lutero sa Roma o palayasin kaya sa mga lalawigang kanyang nasasakupan."[17]

Nakita rin ng elektor na sa pagkaguro ng unibersidad, si Lutero ay tanyag na matagumpay. Isang taon pa lamang ang nakaraan buhat nang ipaskil niya sa simbahan ng kastilyo ang siyam napu't limang paksa laban sa mga indulhensya, ay malaki ang iniunti ng bilang ng mga nagsisipaglakbay upang dumalo sa iglesya kung Todos los Santos. Ang Roma ay nabawasan ng mga sumasamba at ng mga handog, nguni't sa lugar nila'y nahalili ang iba namang uri
[123] ng mga taong nagsisiparoon sa Wittenberg, hindi upang sumamba sa kanyang mga relikya, kundi upang mag-aral sa kanyang mga paaralan. Ang mga sinulat ni Lutero ay lumikha sa lahat ng dako ng kasipagan sa pagsasaliksik ng Banal na Kasulatan, at hindi lamang sa lahat ng bahagi ng Alemanya, kundi sa lahat ng lupain, nagmumula ang mga nagsisipag-aral upang pumasok sa unibersidad. Ang mga kabataan sa kanilang kauna-unahang pagkakita sa Wittenberg, "ay nagtataas ng kanilang mga kamay sa langit, at pinuri ang Diyos, sa pagpapasilang ng tanglaw ng katotohanan mula sa bayang ito na gaya ng Sion nang unang kapanahunan, at buhat dito'y lumaganap sa malalayong bayan."[17]

Ang mga sinulat ni Lutero at ang kanyang aral ay kumalat sa lahat ng bansa ng Sangkakristiyanuhan. Ang gawain ay umabot sa Suisa at Olanda. Ang mga kopya ng kanyang mga sinulat ay nakarating sa Pransya at Espanya. Sa Inglatera, ang kanyang mga aral ay tinanggap na tulad sa salita ng buhay. Sa Belhika at sa Italya ay dumating din naman ang katotohanan. Libu-libo ang bumalikwas sa mahimbing na pagkakatulog at nadulutan ng ligaya at pag-asa sa isang kabuhayan ng pananampalataya.

Sa isang pamanhik sa emperador at sa mga maharlika ng Alemanya alang-alang sa ikababago ng Kristiyanismo, ay ganito ang isinulat ni Lutero hinggil sa papa: "Isang bagay na kakila-kilabot ang masdan ang tao na nagbabansag na kahalili ni Kristo, at nagpapakita ng karangalang hindi napantayan nino mang emperador. Ang tao bagang ito ay katulad ng abang si Jesus, o ng mapag-

[17] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 4, kab. 10.

[17] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 4, kab. 10.

pakumbabang si Pedro? Ang wika nila'y siya ang panginoon ng sanlibutan. Datapuwa't si Kristo, na ipinagpapalalo niya na kanyang kinakatawan ay nagsabi: 'Ang kaharian Ko ay hindi sa sanlibutang ito.' Ang nasasakupan kaya ng isang kinatawan ay hihigit pa roon sa nakatataas sa kanya?"[18]

Ganito naman ang kanyang isinulat tungkol sa mag unibersi- [124]
dad: "Nanganganib akong totoo na baka ang mga unibersidad ay maging malalaking pinto ng impiyerno, maliban na lamang kung sila'y magsikap sa pagpapaliwanag ng Banal na Kasulatan, at sa pagtatanim ng mga yaon sa mga puso ng kabataan. Hindi ko maipapayo sa kaninuman na papag-aralin ang kanyang anak sa lugar na hindi kinikilala o pinahahalagahan ang Banal na Kasulatan. Ang lahat ng institusyon na hindi palaging nagsisiyasat ng Banal na Kasulatan ay walang pagsalang mapapahamak."[18]

Ang pamanhik na ito ay madaling pinalaganap sa buong Alemanya, at nagkabisa sa mga tao. Nakilos ang buong bansa, at nagsitindig ang karamihan upang tumulong sa pagbabago. Ang mga kalaban ni Lutero, na nagngingitngit sa kagalitan at nagbabantang maghiganti, ay nagpilit sa papa na gumawa siya ng mahigpit na pamamaraan laban kay Lutero. Ipinag-utos na ang lahat niyang aral ay dapat ipahayag agad ang kamalian. Animnapung araw ang ipinalugit sa Repormador at sa kanyang mga kapanalig, at paglampas niyaon at hindi pa nila binabawi ang kanilang mga aral ay eeskomulgahin na silang lahat.

Ang pangyayaring yaon ay isang kakila-kilabot na kagipitan ng Reporma. Sa loob ng daan-daang taon ang pageeskomulga ay kinatakutan ng makapangyarihang mga hari; ito ang pumuno sa mga kaharian ng hirap at kasiraan. Yaong mga nilagpakan ng hatol na ito, ay pinangilagan at kinatakutan ng lahat; itiniwalag sila sa kanilang mga kapuwa, at ipinalagay na salarin, upang usigin at puksain. Alam ni Lutero ang bagyong malapit nang bumagsak sa kanya; datapuwa't tumayo siyang matatag, na nagtitiwalang si Kristo ang kanyang tanggulan at kalasag. Taglay ang pananampalataya at tapang ng
isang martir ay sumulat siya ng ganito: "Kung ano ang malapit nang [125]

[18] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 6, kab. 3.

[18] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 6, kab. 3.

mangyari ay hindi ko nalalaman, ni hindi ko iniibig na maalaman. . . Bumagsak na nga ang dagok kung saan babagsak, wala akong gulat. Ni ang isang dahon man ng kahoy ay hindi nalalagas kung hindi kalooban ng Ama. Gaano pa kaya tayo! Isang madaling bagay ang mamatay alang-alang sa Verbo yamang ang Verbo na nagkatawangtao ay namatay. Kung mamamatay tayong kalakip Niya, ay mabubuhay rin naman tayong kalakip Niya; at sapagka't dinanas natin yaong Kanyang dinanas ay doroon naman tayo sa Kanyang kinaroroonan at mananahang kasama Niya magpakailan man."[19]

Nang dumating kay Lutero ang bula ng papa ay nagsabi siya ng ganito: "Iya'y aking kinasusuklaman at tinutuligsa na walang kabanalan at walang katotohanan. . . . Si Kristo na rin ang hinahatulan diyan. . . . Ikinatutuwa kong magtamo ng ganitong mga hirap alang-alang sa pinakamabuti sa lahat ng layunin. Ngayon pa man ay nadarama ko na sa aking puso ang lalong malaking kalayaan; sapagka't napagkilala ko na ang papa ay siyang antikristo, at ang kanyang luklukan ay luklukan ni Satanas."[20]

Gayon ma'y ang utos ng Roma ay may nagawa rin. Bilangguan, pahirap, at tabak, ay mga sandatang gagamitin upang ipasunod ang utos. Ang mahihina at mapamahiin ay nanginig sa harap ng pasiya ng papa at bagaman may pakikiramay ang damdamin ng lahat kay Lutero ay ipinalagay ng marami na totoong mahalaga ang kanilang buhay, na hindi nila maibibigay dahil lamang sa kapakanan ng pagbabago. Ang lahat ay waring nagsasaad na ang gawain ni Lutero ay malapit nang mawakasan.

Gayunma'y ang huling pagpapasiya ni Lutero upang humiwalay sa iglesya ay hindi niya nagawa na walang mahigpit na pakikipagla-
[126] ban sa sarili. Nitong mga pa nahong ito ay sumulat siya: "Sa araw-araw ay lalo't lalo kong nararamdaman na mahirap iwaksi ang pagkamaingat sa natutunan ng isang tao buhat sa kanyang pagkabata. Oh! anong laking sakit ang dinanas ko, bagaman kaayon ko ang Banal na Kasulatan, sa pag-aaring ako'y nasa matuwid, at pangahasang kong tumayong nag-iisa laban sa papa, at ipakilala na

[19] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 6, kab. 9. (Ikatlong pagkalimbag, Walther, Londres, 1840.)

[20] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 6, kab. 9.

siya'y antikristo! Ano pang mga kapighatian ang hindi dinanas ng aking puso! Gaano kalimit kong itanong sa aking sarili yaong katanungang madalas bukhin ng mga makapapa: 'Ikaw ba lamang ang maalam? Namamali na ba ang lahat? Ano nga, kung pagkatapos ng lahat ay ikaw ang mali at inakit mo ang marami sa iyong kamalian, sino kung gayon ang mapapariwara magpakailan man?' Ganyan ang aking pakikibaka sa aking sarili at kay Satanas, hanggang sa pagtibayin ni Kristo ang aking puso laban sa mga pag-aalinlangang ito, sa pamamagitan ng Kanyang di-nagkakamaling pangungusap."[21]

Si Lutero ay pinagbantaan ng papa na eskomulgahin kapag hindi niya binawi ang kanyang mga iniaral, at ngayo'y ginawa na ang ibinabanta. Lumabas ang isang bagong bula, na nagsasabing eskomulgado na ang Repormador, at sinumpa ng Langit siya at ang lahat ng tatanggap sa kanyang mga aral. Nasubo na siya sa malaking pakikilaban.

Pagsalungat ang laging nagiging karanasan ng lahat na ginagamit ng Diyos upang magpakilala ng mga katotohanang nauukol sa kanilang kapanahunan. Nagkaroon ng isang pangkasalukuyang katotohanan nang mga kaarawan ni Lutero—isang katotohanang napakamahalaga nang panahong yaon; ngayon naman ay may isang pangkasalukuyang katotohanan para sa iglesya. Siya na gumagawa ng lahat ng bagay, alinsunod sa payo ng Kanyang kalooban, ay nalugod na ilagay ang mga tao sa ilalim ng iba't ibang pangyayari, at bigyan sila ng mga tungkuling katangi-tangi sa kanilang kinaroroo- [127]
nan. Kung pahahalagahan nila ang liwanag na sa kanila ay ibinigay ay malaking bahagi ng katotohanan ang ipakikita pa sa kanila. Datapuwa't ang katotohanan ay tinatanggihan ng marami sa mga tao sa panahong ito gaya ng pagtanggi ng mga makapapang nagsitutol kay Lutero.

May gayon ding kaisipan na tanggapin ang mga hakahaka at pamahiin ng mga tao sa halip ng salita ng Diyos gaya noong unang mga kapanahunan. Yaong mga nagpapakilala ng katotohanang ukol sa panahong ito ay dapat umasang magdadanas din ng malaking hirap gaya ng mga unang Repormador. Ang malaking tunggalian ng katotohanan at kamalian, ni Kristo at ni Satanas, ay sisidhi ng sisidhi hanggang sa dumating ang wakas ng kasaysayan ng sanlibutang ito.

[21] W. C. Martyn, *The Life and Times of Luther*, p. 372, 373.

Ang sabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad: "Kung kayo'y taga sanlibutan, ay iibigin ng sanlibutan ang kanyang sarili; nguni't sapagka't kayo'y hindi taga sanlibutan, kundi kayo'y hinirang Ko sa sanlibutan, kaya napopoot sa inyo ang sanlibutan. Alalahanin ninyo ang salitang sa inyo'y Aking sinabi: Ang alipin ay hindi dakila kaysa kanyang panginoon. Kung Ako'y kanilang pinag-usig, kayo man ay kanilang pag-uusigin din; kung tinupad nila ang Aking salita, ang inyo man ay tutuparin din."[22]

Sa kabilang dako naman ay malinaw ang pagkasabi ng ating Panginoon: "Sa aba ninyo, pagka ang lahat ng mga tao ay mangagsalita ng magaling tungkol sa inyo! sapagka't sa gayon ding paraan ang ginawa ng kanilang mga magulang sa mga bulaang propeta."[23]

Kung paano noong unang kapanahunan ay gayon din naman ngayon, na ang espiritu ng sanlibutan ay hindi kaayon ng espiritu ni Kristo; at yaong mga nangangaral ng malinis na ebanghelyo ay tatanggap ng gayon ding malaking pagkaapi gaya ng tinanggap
[128] nila noon. Mang- yayaring magbago ang anyong pagsalansang; mangyayaring ang kapootan ay di-mahayag sapagka't ito'y may katusuhan; datapuwa't iyon ding pagsalungat na iyon ang mananatili,
[129] at mahahayag hanggang sa wakas ng panahon.

[22] Juan 15:19, 20.

[23] Lucas 6:26.

# *Kabanata 8*—Ang paglitis sa katotohanan

Isang bagong emperador, si Carlos V, ang umupo ngayon sa luklukan ng Alemanya, at ang mga kinatawan ng Roma ay nagmadaling nagharap ng kanilang mga papuri at kanilang sinulsulan ang hari na gamitin ang kanyang kapangyarihan laban sa Reporma. Datapuwa't ang prinsipe naman ng Sahonya, na pinagkakautangan ng malaki ni Carlos sa kanyang pagiging emperador, ay namanhik sa kanya na huwag siyang gumawa ng anuman laban kay Lutero hanggang hindi niya siya nabibigyan ng pagkakataong mapakinggan "sa harapan ng hukuman ng mga marurunong, may kabanalan, at walang kinikilingang mga hukom."[1]

Ang pansin ng lahat ng pangkatin ay napabaling ngayon sa kapulungan ng mga lalawigan ng Alemanya, na nagpulong sa Worms, pagkatapos na mapaupo si Carlos sa luklukan ng kaharian. May mahahalagang suliranin sa politika na kinakailangang suriin ng pambansang kapulungang ito, at ito ang kauna-unahang pagkakataon na makakapulong sa panayam ng mga prinsipe ng Alemanya ang kanilang kabataang emperador. Buhat sa lahat ng sulok ng bansa, ay dumating ang mga marangal na tao ng iglesya at ng pamahalaan. Ang mga pinapanginoon sa bayan, na mga mahal na tao, makapangyarihan, at mapagmalaki dahil sa mga karangalan at kapangyarihang kanilang minana, ang mga pangulo ng iglesya, na nagpapalalo dahil sa ipinalalagay nilang kataasan ng kanilang uri at kapangyarihan; ang mga kabalyero ng korte at ang kanilang mga tagapagdala ng [130]
sandata; at ang mga sugo ng iba't ibang malalayong lupain—silang [131]
lahat ay nagkatipon sa Worms. Datapuwa't sa malaking kapulungang iyon, ang suliraning nakalikha ng pinakamalalim na pagaasikaso ay ang usapin ng Repormador ng Sahonya.

[1] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 6, kab. 11.

Pinagbilinan na ni Carlos ang elektor na ipagsama si Lutero sa Diyeta [2] at ipinangako niyang siya'y ipagsasanggalang, magkakaroon ng malayang pakikipagkatuwiran sa mga taong may kakayahan hinggil sa suliraning pinag-uusapan. Si Lutero ay sabik na humarap sa emperador. Sa pagkalat ng balita sa Worms na si Lutero ay haharap sa Diyeta, ay nagkaroon ng pangkalahatang pagkaligalig. Si Aleandro, na kinatawan ng papa, na siyang tanging pinagtiwalaan ng usaping ito, ay nababahala at nagngingitngit. Napagkilala niya na ang ibubunga nito ay makasisira sa usapin ng papa. Kaya't madali siyang humarap kay Carlos at tumutul sa pagpapahintulot na paharapin si Lutero sa Worms.

Nang panahong ito'y inilathala ang bula na nagsasabing si Lutero ay eskomulgado na; at ito, kalakip ang mga pagtutol ng kinatawan ng papa, ang siyang nakahimok sa emperador na pumayag. Sinulatan niya ang elektor na kundi rin lamang babawiin ni Lutero ang kanyang mga sinabi ay maiwan na siya sa Wittenberg.

Hindi pa rin nasiyahan si Aleandro sa tagumpay na ito, kaya't gumawa pa siya na may bagong kapangyarihan at katusuhan, upang mahatulan si Lutero. Si Carlos, na nadaig palibhasa ng lalang ni Aleandro ay pumayag na iharap nito ang kanyang katuwiran sa Diyeta.

"Yaon ay isang dakilang araw ng palalong kinatawan ng papa. Dakila ang kapulungang yaon nguni't lalo pang dakila ang kanilang pag-uusapan. Si Aleandro ang magtatanggol sa Roma." "May kaloob siya sa pananalumpati, at tumayo. siya sa dakilang pagti-
[132] tipong iyan. Itinad- hana ng Diyos na bago hatulan ang Roma ay mapaharap muna siya sa pinakadakilang hukuman at ipagtanggol ng pinakamabuti sa kanyang mga mananalumpati."[3]

Ang talumpati ng sugo ng papa ay napakintal ng malalim sa isipan ng mga kaharap sa kapulungan. Doo'y walang kaharap na Lutero na magpapakilala ng malinaw at hindi matututulang mga katotohanan ng salita ng Diyos, upang ibagsak ang nagtatanggol sa papa. Wala sinumang magtanggol sa Repormador. Datapuwa't ang waring tagumpay ay siyang tiyak ng pagkatalo. Mula noon ay

[2] *Paliwanag*: Ang Diyeta ay ang kapulungan ng empertador at ng kaniyang mga bonsehal para sa pamahalaan na tinatawag na Banal na Imperyo ng Roma sa Europa noong panahong Edad Medya (400-1400 P. K.)

[3] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 6, kab. 4.

lalong maliwanag na makikita ang pagkakaiba ng katotohanan at ng kamalian. Sapol sa araw na iyon ay hindi na makatatayo ng matatag ang Roma na gaya ng kanyang dating pagkatayo.

Bagaman ang karamihan sa mga kaharap sa kapulungan ay hindi mag-aatubiling ibigay si Lutero sa paghihiganti ng Roma, marami sa kanila ang nakakita at nalunos sa kaabaan ng iglesya, at nagnanasang may pumigil ng mga kapaslangan dinaranas ng sambahayanang Aleman, bilang bunga ng mga kasamaan at kasakiman ng mga pari. Ipagtatanggol ng sugo ng papa sa pinakamabuting paraan ang paghahari ng papa. Ngayo'y kinilos ng Panginoon ang isang kasapi sa kapulungan na magbigay ng isang tunay na paglalarawan ng mga nagawa ng pagpapahirap ng kapapahan. Taglay ang marangal na katibayan, ay tumindig ang Duke ng Sahonya sa kapulungang yaon ng mga prinsipe at tiniyak ng malinaw ang mga pagdaraya at karumaldumal na mga gawa ng kapapahan, at ang mahalay na mga ibinunga niyaon.

Ni si Lutero man ay hindi makapaghaharap ng lalong malinaw at malakas na paghamak sa mga kapaslangan ng kapapahan kaysa rito; at ang katotohanan na ang nagsalita ay isang mahigpit na kaaway ng Repormador, ay nagbigay ng laong malaking bisa sa kanyang mga-pangungusap.

Kung mabubuksan lamang ang paningin ng kapulu- ngan disin [133]
ay nakita nila ang mga anghel ng Diyos sa gitna nila na naghahagis ng liwanag upang hawiin ang kadiliman ng kamalian, at magbukas ng pag-iisip at puso ng mga tao upang matanggap ang katotohanan. Kapangyarihan ng Diyos ng katotohanan at karunungan ang pumigil sa mga kalaban ng Reporma at sa gayo'y nahanda ang daraanan ng dakilang gawain na magaganap na lamang. Si Martin Lutero ay hindi kaharap; datapuwa't ang tinig ng Diyos na lalong dakila kay Lutero ay narinig sa kapulungang yaon.

Hiningi ngayon ng kapulungan na iharap sa kanila si Lutero. Sa kabila ng mga pamanhik, tutul, at babala ni Aleandro, ay pumayag din sa wakas ang emperador, at ipinatawag si Lutero upang humarap sa kapulungan. Sa pagtawag ay kalakip din naman ang pases, na nangangakong sa pag-uwi ay ihahatid siya sa isang pook na walang gagalaw sa kanya. Ito'y dinala sa Wittenberg ng isang utusan, na siyang pinagbilinang maghatid sa kanya sa Worms.

Datapuwa't si Lutero ay hindi yayaon sa kanyang mapanganib na paglalakbay na nag-iisa. Bukod sa sugo ng emperador, ay tatlo sa kanyang matatalik na kaibigan ang nagpasiyang sumama sa kanya. Malaki ang nasa ni Melanchton na sumama. Ang kanyang puso ay natatali kay Lutero, at maningas ang kanyang pag-ibig na sumunod sa kanya kahit sa bilangguan o sa kamatayan man, kung kinakailangan. Datapuwa't hindi pumayag si Lutero sa kanyang mga pamanhik. Sakaling mapahamak si Lutero, ang mga pag-asa ng Reporma ay walang mapaglalagyan kundi ang kanyang kamanggagawang ito na nasa kasibulan. Ang sabi ni Lutero nang iwan niya si Melanchton: "Kung hindi na ako bumalik at patayin na ako ng aking mga kaaway, ay magpatuloy kang magturo, at magtibay ka sa katotohanan.
[134] Gumawa kang kahalili ko."[4]

Nang siya'y dumating sa Worms, ay nagdagsaan ang maraming tao sa pintuang bayan upang siya'y salubungin. Walang ganito karami ang nagkatipon na sumalubong sa emperador. Hindi inakala ng mga makapapa na mangangahas si Luterong humarap sa Worms, at ang kanyang pagdatal ay lumigalig sa kanila. Ipinatawag agad ng emperador ang kanyang mga kasangguni upang pag-aralan nila kung ano ang marapat sundin. Ang isa sa mga obispo na isang mahigpit na makapapa, ay nagpahayag ng ganito: "Matagal na tayong nagsang-usapan tungkol sa bagay na ito. Ipag-utos nga ng iyong kamahalan, na ipapatay ang taong ito. Hindi baga ipinasunog ni Sigismundo si Juan Hus? Wala kaming tungkuling magbigay o magpitagan man sa pases ng isang erehe." "Hindi mangyayari," tugon ng emperador, "Kinakailangan naming tupdin ang aming ipinangako."[5] Kaya't ipinasiyang litisin ang Repormador.

Kinabukasan ay ipinatawag si Lutero upang dumalo sa kapulungan. Isang opisyal ng emperador ang pinagutusan na ihatid siya sa bulwagan na pinagpupulungan; gayon may nahirapan siya bago dumating sa pinagpupulungan. Ang bawa't daan ay siksik sa mga nanunuod, na mga sabik na makakita sa monghe na nangahas sumalungat sa kapangyarihan ng papa.

[4] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 7, kab. 6.

[5] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 7, kab. 8.

Sa wakas ay naharap din si Lutero sa kapulungan. Ang emperador ay nakaupo sa luklukan. Siya'y naliligid ng pinakamarangal na tao sa kaharian. Kailan man ay hindi napaharap ang sinumang tao sa isang marangal na kapulungang lalo pa kaysa kinaharapan ni Martin Lutero, noong ito'y managot tungkol sa kanyang pananampalataya. "Ang pagharap na ito ay isang maliwanag na tanda ng pagkatalo ng kapapahan. Hinatulan ng papa ang taong ito, at ngayo'y nakatayo siya sa harap ng isang hukuman, na dahil sa ganitong pangyayari ay naging mataas pa kaysa papa. Siya'y inilagay ng papa sa ilalim ng [135]
interdicto at itiniwalag sa lahat ng sambahan ng mga tao; gayon ma'y ipinatawag siya sa mapitagang pangungusap, at tinanggap sa harap ng pinakamalaking kapulungan sa sanlibutan. Hinatulan na siya ng papa na manahimik magpakailanman, at ngayon ay magsasalita siya sa harap ng libu-libong nagsisipakinig, na nagsipanggaling sa kalayu-layuang bahagi ng Sangkakristiyanuhan. Isang malaking pagbabago ang naibangon ni Lutero. Ang Roma ay nabababa na sa kanyang luklukan, at tinig ng isang monghe lamang ang gumagawa ng pagkababa niyang ito."[6]

Si Lutero ay sinamahan sa tapat ng harapan ng emperador. Malaking katahimikan ang nanaig sa nagsisiksikang kapulungan. Nang magkagayo'y tumindig ang isang opisyal ng kaharian, at pagkaturo sa natitipong mga aklat na sinulat ni Lutero, ay hininging tugunin ng Repormador ang dalawang katanungan—kung kinikilala niyang kanya ang mga yaon, at kung binabawi niya ang mga kurukuro na kanyang ipinakilala roon. Pagkatapos na mabasa ang mga pangalan ng mga aklat ay tumugon si Lutero na hinggil sa unang katanungan ay kinikilala niyang ang mga aklat na yaon ay kanya. "Hinggil sa ikalawa," anya, "palibhasa'y iyan ay isang katanungang may kinalaman sa pananampalataya at ikaliligtas ng mga kaluluwa, at kinararamayan ng salita ng Diyos, na pinakadakila at pinakamahalagang kayamanan sa langit at sa lupa, ay magiging isang mangmang ako, kung ako'y sasagot nang walang paghuhunusdili. Baka ako'y makapagpatotoo ng kulang sa itinatanong o ng higit kaysa sa katotohanang kinakailangan, at sa gayo'y magkakasala ako laban sa pangungusap na ito ni Kristo: "Sino mang sa Aki'y magkaila sa harap ng mga tao, ay ikakaila Ko naman siya sa harap ng aking Ama

[6]Mateo 10:33.

na nasa mga langit."[6] Dahil dito ay may buong pagpapakumbaba na ipinamamanhik ko sa inyong kamahalan, oh kagalang-galang na
[136] emperador, na bigyan ninyo ako ng panahon, upang huwag akong makasagot ng ipagkakasala sa salita ng Diyos."[5]

Sa kinabukasan ay haharap siya upang ibigay ang kanyang huling tugon. Sandaling nanglumo ang kanyang puso habang dini-dilidili niya ang mga hukbong nangagtutulung-tulong laban sa katotohanan. Nanghina ang kanyang pananampalataya; takot at pangamba ay dumating sa kanya, at kakilabutan ang tumabon sa kanya. Mga panganib ay dumagsa sa harap niya; ang mga kaaway niya ay waring mananagumpay, at ang mga hukbo ng kadiliman ay nananaig. Sa kanyang paligid ay kumakapal ang dilim at ito mandin ang naglalayo sa kanya sa Diyos. Kinasabikan niya ang pangakong sasa kanya ang Panginoon ng mga hukbo. Sa panglulumo niya ay lumugmok siyang padapa sa lupa, at binigkas ang malulungkot na daing na ito, na sukat nang makadurog ng puso, na wala kundi Diyos lamang ang nakauunawa:

"Oh Diyos na makapangyarihan sa lahat, at walang hanggan," ang kanyang daing, "totoong kakila-kilabot ang sanlibutang ito! Narito, ibinubuka niya ang kanyang bibig upang ako'y lamunin, at kayliit ng aking pagtitiwala sa Inyo. . . . Kung sa lakas lamang ng sanlibutang ito ilalagay ko ang aking tiwala, ay wala na ang lahat . . . . Dumating na ang aking wakas at ipinahayag na ang hatol sa akin . . . Oh Diyos, tulungan Ninyo ako laban sa katalinuhan ng sanlibutan. Gawin Ninyo ito . . . Kayo lamang; . . . sapagka't ito ay hindi aking gawain, kundi Inyo. Ako'y walang anumang magagawa rito, walang anumang ipinakikipaglaban sa mga dakilang taong ito ng sanlibutan. . . . Datapuwa't Inyo ang gawain, . . . at ito ay isang matuwid at walang-hanggang gawain. Oh Panginoon, tulungan Ninyo ako. Tapat at hindi nagbabagong Diyos, sa sinumang tao ay hindi ko inilalagak ang aking tiwala. . . . Ang lahat ng sa tao ay hindi maaasahan; ang lahat na nagmumula sa tao ay nabibigo. . . . Pinili Ninyo ako para sa gawaing ito. Tumayo Kayo sa tabi ko,
[137] alang- alang sa Inyong pinakaiibig na si Jesu-Kristo, na siya kong

[6]Mateo 10:33.

[5]J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 7, kab. 8.

tanggulan, kalasag, at matibay na muog."[5]

Isang Diyos na marunong sa lahat ang nagpahintulot kay Lutero na matalastas ang kanyang kapanganiban, upang huwag siyang magtiwala sa sariling lakas, at sa gayo'y mangahas na sumugba sa kapanganiban. Datapuwa't hindi takot sa hirap ng katawan, at pangingilabot sa mga pagpapasakit o kamatayan, na babagsak na mandin sa kanya, ang sa kanya'y nagpanglumo. Dumating na siya sa kagipitan, at naramdaman niya ang kawalan niyang kayang dito'y sumagupa. Sa pamamagitan ng kanyang kahinaan ay mangyayaring mapauntol ang pagsulong ng usapin ng katotohanan. Hindi dahil sa kanyang ikapapanatag, kundi dahil sa ikapananagumpay ng ebanghelyo, kaya siya nakipagbuno sa Diyos. Sa kanyang malaking kahinaan, ang kanyang pananampalataya'y natanim kay Kristo, na makapangyarihang Tagapagligtas. Siya'y pinalakas ng pananalig na hindi siya nag-iisang haharap sa kapulungan. Nanauli ang kapayapaan ng kanyang kaluluwa, at siya'y nagalak na pinahintulutan siyang magtanghal ng salita ng Diyos sa harap ng mga pinuno ng buong bansa.

Nang iharap siyang muli sa kapulungan ang kanyang mukha ay walang bakas ng takot o pagkahiya man. Siya'y humarap na tiwasay at payapa, gayon ma'y matapang at marangal na isang saksi sa gitna ng mga dakilang tao sa lupa. Hinihingi ngayon ng opisyal ng imperyo ang kasagutan na kung babawiin niya ang kanyang mga iniaral. Si Lutero ay sumagot sa isang marahan at mapagpakumbabang tinig, na walang galit o simbuyo ng damdamin. Ang kanyang kilos ay banayad at magalang; gayon ma'y nagpakilala siya ng isang pagtitiwala at kaluguran na ipinanggilalas ng kapulungan.

"Kataas-taasang emperador, mga marangal na prinsipe, mga maginoo," ang wika ni Lutero, "humaharap ako sa inyo ngayon, alinsunod sa bilin sa akin kahapon, at sa pamamagitan ng mga [138]
kaawaan ng Diyos ay ipinamamanhik ko sa inyong kamahalan at sa inyong mga kaginoohan, na inyong matiyagang dinggin ang pagtatanggol ko sa isang usapin na kinikilala kong matuwid at tunay. Kung dahil sa di ko kaalaman ay malabag ko ang mga kaugalian at katumpakang pagkilos sa mga korte, ay ipinamamanhik kong ako'y

[5] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 7, kab. 8.

patawarin; sapagka't ako'y hindi lumaki sa mga palasyo ng mga hari, kundi sa katahimikan ng isang kombento."[5]

Saka, sa pagpapatuloy niya sa pinag-uusapan, ay ipinahayag niyang ang kanyang mga aklat na inilathala ay hindi iisa ang uri. Sa ilang aklat ay ipinakilala niya ang pananampalataya at mabubuting gawa, at maging ang mga kaaway man niya ay nangagpahayag na yao'y hindi makasasama kundi pakikinabangan. Kung bawiin niya ang mga ito ay nangangahulugang hinamak niya ang mga katotohanang inaamin ng lahat ng pangkatin. Ang ikalawang uri ay binubuo ng mga aklat na naglalahad ng mga kasamaan at katampalasanan ng kapapahan. Kung sirain ang mga aklat na ito ay lalakas ang paghahari-harian ng Roma, at lalong luluwang ang pinto upang makapasok ang marami at malulubhang kabuktutan. Sa ikatlong uri ng kanyang mga aklat ay sinalakay niya ang mga tao na nagtatanggol sa mga lumilipanang katampalasanan. Hinggil sa mga ito malaya niyang ipinahayag na naging mabagsik siya ng higit sa nararapat. Hindi niya sinasabing hindi siya nagkakamali; datapuwa't ni ang mga aklat mang ito ay hindi rin niya mababago, sapagka't ang gayon ay magpapalakas ng loob ng mga kaaway ng katotohanan, at ito'y kanilang dadahilanin upang lipulin ang bayan ng Diyos sa lalong mabangis na paraan.

"Gayunman, ako ay isang tao lamang at hindi Diyos," ang kanyang patuloy, "kaya't ipagtatanggol ko ang aking sarili na gaya ng ginawa ni Kristo; 'kung Ako'y nagsalita ng masama patotohanan
[139] ninyo ang kasamaan.'[7] . . . Alang-alang sa kaawaan ng Diyos ay ipinamamanhik ko sa inyo, mahinahong emperador, kayong mga mahal na prinsipe, at lahat ng uri ng tao, na inyong patunayan sa pamamagitan ng mga alagad na ako'y nagkamali. Kung sa sandaling ito'y maipakilala sa akin, ay babawiin ko ang lahat at ako ang unang maghahagis ng mga iyan sa apoy."[5]

Si Lutero ay nagsalita sa wikang Aleman; ngayon ay hiniling na ulitin niya ang mga pangungusap din iyon sa Latin. Bagaman pagod na siya dahil sa unang pagsasalita, ay sumunod din siya, at

[5] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 7, kab. 8.

[7] Juan 18:33.

[5] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 7, kab. 8.

inulit ang kanyang talumpati, na maliwanag at mabisa ring gaya nang una. Kalooban ng Diyos ang nangasiwa sa bagay na ito. Ang pagiisip ng marami sa mga prinsipe ay nabulag na mabuti ng kamalian at pamahiin, kaya't sa unang talumpati ay hindi nila nakita ang lakas ng pangangatuwiran ni Lutero; datapuwa't ang pagkaulit ay nakatidong sa kanila na makitang malinaw ang mga katuwirang kanyang inilahad.

Yaong mga nagmatigas na nagpikit ng kanilang mga mata upang huwag makita ang liwanag, at nangagpasiyang huwag maniwala sa katotohanan ay nangagalit dahil sa kapangyarihan ng mga pangungusap ni Lutero. Nang tumigil na siya ng pagsasalita, ang tagapagsalita ng Panayam ay galit na nagsabi ng ganito: "Hindi mo sinagot ang itinatanong sa iyo. . . . Ikaw ay inuutusang magbigay ng isang malinaw at maikling tugon. . . . Babawiin mo ba, o hindi?"[5]

Sumagot ang Repormador: "Yamang ang inyong mga kamahalan at ang inyong mataas na kapangyarihan ay humihiling na magbigay ako ng isang malinaw, maikli, at tiyak na sagot, ay isa lamang ang ibibigay ko sa inyo, at narito: Hindi ko maisusuko ang aking pananampalataya maging sa papa o sa mga kapulungan man, sapagka't kasing liwanag ng araw, na malimit silang magkamali at magkasalungatan sa isa't isa. Kaya't malibang ako'y mapaniwala sa pamamagitan ng mga patotoo ng Kasula tan o sa pamamagitan ng [140]
maliwanag na pangangatuwiran, malibang ako'y mapapaniwala ng mga sinipi kong pangungusap, at malibang ang mga ito ay magpakilala na ang aking budhi ay dapat sumang-ayon sa salita ng Diyos, *hindi ko mababawi at ayaw kong bawiin*, sapagka't hindi panatag na ang isang Kristiyano ay magsalita ng laban sa kanyang budhi. Dito ako nananayuan, di ko magagawa ang iba pa; tulungan nawa ako ng Diyos. Siya nawa."[5]

Sa unang tugon ay nagsalita si Lutero sa mahinang tinig na may magalang at banayad na kilos. Ipinalagay ngayon ng mga Romanista na nanghina na ang kanyang loob. Ang kahilingan niyang iliban ang paglilitis ay itinuturing nilang pasimula na ng kanyang pagbawi sa kanyang mga sinulat. Ang tapang at katibayan na ipinakilala niya

[5]J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 7, kab. 8.

[5]J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 7, kab. 8.

ngayon, at gayon din ang kapangyarihan at kaliwanagan ng kanyang pangangatuwiran, ay kinamanghaan ng lahat ng pangkatin.

Ang emperador ay humanga at nagsabi: "Ang mongheng ito ay nagsasalitang may matapang na puso at hindi nagbabagong lakas ng loob." Ang mga prinsipeng Aleman ay tuminging may pagmamalaki at katuwaan sa kinatawang ito ng kanilang bansa.

Lalong napasama ang mga kapanalig ng Roma; ang kanilang usapin ay lumitaw na pangit. Sinikap nilang ingatan ang kanilang kapangyarihan, hindi sa pamamagitan ng paggamit ng Kasulatan, kundi sa mga pananakot na siyang mapagtagumpay na kasangkapan ng Roma. Ang sabi ng tagapagsalita ng kapulungan: "Kung hindi mo babawiin ang iyong mga sinabi, ang emperador at ang mga lalawigan ng kaharian ay magsasang-usapan hinggil sa paraang nararapat gamitin laban sa isang ereheng mapagmatigas."

Ang mga kaibigan ni Lutero na buong lugod na nakinig sa kanyang marangal na pagtatanggol, ay nanginig sa mga pangun-
[141] gusap na ito; datapuwa't ang Repormador ay banayad na nagsabi: "Nawa'y tulungan ako ng Diyos, sapagka't wala akong mababawing anuman."[5]

Siya'y pinagbilinang lumabas sa kapulungan, samantalang nagsasanggunian ang mga prinsipe. Ipinalagay noon na dumating na ang isang malaki at mapanganib na kalagayan. Ang di-mabalibaling pagtanggi ni Lutero na sumuko, ay mangyayaring bumago ng kasaysayan ng iglesya sa habang panahon. Kaya't pinagkaisahang bigyan siya ng isa pang pagkakataon upang bawiin ang kanyang mga aral. Iniharap siyang muli bilang kahulihulihan, sa kapulungan. Muli na namang tinanong siya kung babawiin niya ang kanyang mga aral. "Wala na akong ibang maisasagot," ang kanyang sinabi, "kundi ang naisagot ko na." Maliwanag na hindi siya mangyayaring mahimok sa pamamagitan ng mga pangako o ng mga pananakot man, na sumuko sa utos ng Roma.

Nangahiya ang mga pinunong makapapa palibhasa'y ang kanilang kapangyarihan, na nagpanginig sa mga hari at mataas na tao, ay hinamak ng isang monghe lamang; ibig sana nilang madama niya ang kanilang poot. Datapuwa't sa pagkaunawa ni Lutero ng

[5] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 7, kab. 8.

kanyang kapanganiban, ay nagsalita siya sa lahat na may karangalan at kahinahunang Kristiyano. Ang kanyang mga pangungusap ay hubad sa kapalaluan, at galit, bagkus panay na katotohanan. Nalayo ang paningin niya sa kanyang sarili at sa mga dakilang taong nakapaligid sa kanya, at ang nadama lamang niya ay siya'y nasa harapan ng Isang walang-hanggan, na mataas kaysa mga papa, mga mataas na pari, mga hari, at mga emperador. Si Kristo ang nagsalita sa pamamagitan ng patotoo ni Lutero, na may kapangyarihan at kadakilaan na sandaling nagbigay ng takot at pagtataka sa mga kaibigan at mga kaaway ng Repormador. Ang Espiritu ng Diyos ay kaharap sa kapulungang yaon, na kumikilos sa mga puso ng mga pangulong tao ng imperyo. Ang marami sa mga prinsipe ay lakas-loob na kumilala na nasa matuwid ang usapin ni Lutero. Marami ang nakakilala ng [142]
katotohanan; subali't ang pagkabakas nito sa isipan ng ilan ay hindi nagluwat. May mga iba rin naman na ng mga sandaling yaon ay hindi nagpahayag ng kanilang paniniwala, subali't pagkatapos na masiyasat nila ang Banal na Kasulatan ay nangaging walang takot na tagapagtanggol ng Reporma nang dumating na ang kapanahunan.

Dalawang nagkakalabang paniniwala ang iginigiit ngayon ng mga kasapi sa kapulungan. Ang mga sugo at mga kinatawan ng papa, ay nag-utos na hindi na dapat pansinin ang pases ng Repormador. "Ang Rin," anila, "ay siyang nararapat tumanggap sa kanyang mga abo gaya ng pagtanggap sa mga abo ni Juan Hus noong may isang daan na ngayong taong nakaraan."[8] Datapuwa't ang mga prinsipe ng Alemanya, bagaman mga makapapa at mahigpit na mga kaaway ni Lutero, ay tumutol sa ganyang pagsira sa pagtitiwala ng madla, at anila'y isang dungis sa karangalan ng bansa. Dinaliri nila ang mga kapahamakang sumunod sa pagkamatay ni Hus, at kanilang ipinahayag na hindi maaatim ng kanilang kalooban na bumagsak sa Alemanya at sa ulo ng kanilang kabataang emperador, ang gayong kakila-kilabot na mga kasamaan.

Nang tugunin ni Carlos ang hamak na panukala, ay nagsabi siya ng ganito: "Kung ang dangal at pananampalataya ay pawiin man sa buong sanlibutan, ay dapat makasumpong ang mga ito ng kanlungan

[8] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 7, kab. 9.

sa mga puso ng mga prinsipe."[8] Pinamanhikan pa rin siya ng mga pinakamabagsik na makapapang kaaway ni Lutero, na gawin sa Repormador ang gaya ng ginawa ni Sigismundo kay Hus—ibigay ito sa kapamahalaan ng iglesya; nguni't nang maalaala niya ang panoorin, na sa gitna ng madla ay dinaliri ni Hus ang kanyang tanikala at ipinaalaala sa hari ang kanyang nasirang pangako, ay ipinahayag ni
[143] Carlos: "Ayaw kong mamula sa hiya gaya ni Sigismundo."[9]

Datapuwa't sadyang tinanggihan ni Carlos ang mga katotohanang ipinakilala ni Lutero. "Matibay kong ipinasisiya, na susundin ko ang halimbawa ng aking mga ninuno,"8 ang isinulat ng emperador. Pinagtibay niya sa kanyang puso, na hindi siya aalis sa kinagisnan upang lumakad sa mga daan sa katotohanan at katuwiran. Sapagka't ipinagtanggol ng kanyang mga magulang ang kapapahan ay yaon din ang kanyang gagawin, sa buong katampalasanan at kabulukan nito. Sa gayo'y nagpakatibay siya, na tinatanggihan niya ang anumang liwanag na hindi tinanggap ng kanyang magulang ni gumanap kaya ng anumang tungkulin na hindi nila ginampanan.

Marami ngayon ang ganyang nangungunyapit sa mga ugali at sali't saling sabi ng kanilang mga magulang. Kapag pinadadalhan sila ng Panginoon ng karagdagang liwanag, ay ayaw nilang tanggapin, sapagka't hindi iyon tinanggap ng kanilang magulang, palibhasa'y hindi ipinagkaloob sa kanila. Hindi tayo inilalagay sa kinalagyan ng ating mga magulang; dahil dito'y ang ating mga tungkulin at pananagutan ay hindi katulad ng kanila.

Hindi tayo sasang-ayunan ng Diyos kung titingnan natin ang halimbawa ng ating mga magulang upang makilala ang ating tungkulin, sa halip na saliksikin ang Salita ng katotohanan, sa ganang atin. Ang ating pananagutan ay lalong malaki kaysa ating mga magulang. Tayo'y mananagot sa liwanag na kanilang tinanggap at iniwan sa atin na pinaka mana, at may pananagutan din naman tayo sa karagdagang liwanag na kumikinang ngayon sa atin mula sa salita ng Diyos.

Inutusan agad si Lutero, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng emperador, na umuwi, at naalaman niyang ang patalastas na ito ay susundan agad ng hatol. Mapanganib na mga ulap ay nakahalang

[8]J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 7, kab. 9.

[9]J. Lenfant, *History of the Council of Constance*, tomo 1, p. 422.

sa kanyang daraanan; datapuwa't nang umalis siya sa Worms ay umapaw ang tuwa at pagpupuri sa kanyang puso. Anya, "Ang diyablo ay nakabantay sa kuta ng papa; datapuwa't si Kristo ay [144] gumawa ng malaking sira sa kutang ito at napilitan si Satanas na kumilalang ang Panginoon ay makapangyarihan kaysa kanya."[10]

Nang makaalis na si Lutero palibhasa'y ibig niyang huwag ipagkamali na ang kanyang katibayan ay paghihimagsik, sumulat siya sa emperador: "Ang Diyos na siyang sumisiyasat ng mga puso, ay siya kong saksi," ang wika niya, "na ako'y handang tumalima sa inyong kamahalan, sa karangalan o sa di-karangalan, sa buhay at sa kamatayan, pagtalimang walang di-sinasaklaw maliban sa salita ng Diyos, na ikinabubuhay ng tao. Sa lahat ng mga gawain ng buhay na ito, ang aking pagtatapat ay hindi makikilos, sapagka't dito ang mawalan o magkaroon ay walang kinalaman sa kaligtasan. Datapuwa't kapag ang nabibilang ay mga kapakanang walang-hanggan, ay hindi kalooban ng Diyos na ang tao ay sumuko sa tao. Sapagka't ang ganyang pagsuko sa mga bagay na ukol sa espiritu ay isang tunay na pagsamba, at dapat iukol lamang sa May-lalang."[10]

Sa kanyang paglalakbay mula sa Worms, ang pagpaparangal sa kanya ng mga bayan ay lalong maringal kaysa kanyang pagdating doon. Ang mga prinsipe ng iglesya ay nag-anyaya sa paring eskomunikado, at ang mga pinuno ng pamahalaan ay gumagalang sa taong hinatulan ng emperador. Siya'y pinilit na mangaral, at bagaman pinagbawalan na siya ng emperador ay muli na namang tumayo siya sa pulpito. "Kailan ma'y hindi ako nangako na aking itatanikala ang salita ng Diyos," ang kanyang sinabi, "at talagang hindi ko ito gagawin."[11]

Hindi pa siya natatagalang nakaalis sa Worms nang manaig ang mga makapapa sa emperador na magpalabas ito ng isang utos laban sa kanya. Sa pasiyang ito ay hinatulan siya at sinabing siya'y si "Satanas na rin na nag-anyong tao at nararamtan ng damit monghe." Ipinag- utos ng emperador na kapagkarakang lumipas ang kanyang [145] pases ay gawin na ang lahat ng paraan upang mapatigil ang kanyang

[10] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 7, kab. 11.

[10] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 7, kab. 11.

[11] W. C. Martyn, *The Life and Times of Luther*, tomo 1, p. 420.

paggawa. Lahat ay pinagbawalang siya'y patuluyin, o bigyan kaya ng pagkain o inumin, o kaya'y maging sa pamamagitan ng salita o gawa, sa hayag o sa lihim, siya ay huwag tulungan o saklolohan. Siya'y huhulihin saan man siya maparoon, at ibibigay sa mga may kapangyarihan. Ang kanyang mga kapanalig ay ibibilanggo rin naman at ang kanilang pag-aari ay sasamsamin. Ang kanyang mga sinulat ay sisirain, at sa wakas, ang lahat ng sasalungat sa pasiyang ito ay lalapatan ng hatol ding ito. Kapagkarakang siya'y umalis, ang prinsipe ng Sahonya, at ang mga prinsipeng matalik niyang kaibigan ay umalis din, at ang pasiya ng emperador ay pinagtibay ng kapulungan. Nagdiwang ngayon ang mga Romanista. Ipinalagay nilang natatakan na ang kamatayan ng Reporma.

Ang Diyos ay naglaan ng daang matatakasan ng kanyang lingkod sa panahong ito ng kapanganiban. Isang matang nagmamasid ang tumutugaygay sa mga pagkilos ni Lutero, at isang tapat at marangal na puno ang nagpasiyang sumagip sa kanya. Malinaw na ang Roma ay hindi masisiyahan hanggang sa di siya napapatay; pagkukubli lamang ang tanging makapagliligtas mula sa bunganga ng liyon. Kaya't ang Diyos ay nagkaloob ng karunungan kay Federico ng Sahonya upang gumawa ng isang panukala sa ikaliligtas ng Repormador. Sa tulong ng mga tapat na kaibigan, ang panukala ng elektor ay naisagawa, at si Lutero ay nailayo sa kanyang mga kaibigan at kaaway. Sa kanyang pag-uwi ay dinakip siya, inagaw sa kanyang mga kasama, at dinala agad sa parang hanggang sa kastilyo ng Wartburgo, isang kuta na nagiisa sa bundok. Ang pagkaagaw at pagkatago sa kanya ay nabibilot ng hiwaga, anupa't ni si Federico ay hindi nakaalam kung saan siya dinala. Ang hindi pagkaalam na
[146] ito ay may adhika; habang hindi niya nalalaman ang kinalalagyan ni Lutero ay wala siyang masasabing anuman. Inaliw niya ang kanyang loob sa paniniwala na si Lutero ay panatag, at dahil dito siya'y nasiyahan.

Dumaan ang tagsibol, tag-araw, at taglagas, at dumating ang tagginaw, at si Lutero ay bilanggo pa rin. Si Aleandro at ang kanyang mga kapanalig ay nangagkatuwa nang waring kumukupas na ang liwanag ng ebanghelyo. Subali't hindi; kundi pinupuno lamang ng Repormador ang kanyang ilawan ng mga katotohanan; at ang liwanag nito ay sisilang ng lalong matingkad.

Sa mapayapang kanlungan ng Wartburgo ay sandaling nalugod si Lutero dahil sa kanyang pagkalayo sa higpit at ligalig ng labanan. Datapuwa't hindi siya lubhang masiyahan sa pananahimik at pagpapahingalay. Palibhasa'y namihasa sa kasipagan at mahigpit na pakikilaban, ay hindi niya matiis ang manatiling walang ginagawa. Sa mga araw na itong siya'y natatago, ay naalaala niya ang kalagayan ng iglesya, at siya'y napasigaw sa kagulumihanan na nagsabi: "Anong kaabaan! na wala ni isa man sa huling araw na ito ng kagalitan ng Diyos na tumayong tulad sa isang kuta sa harap ng Panginoon upang iligtas ang Israel!"[12] Muli na namang naalaala niya ang kanyang sarili, at natakot siyang maparatangang duwag sa pag-urong sa pakikilaban. Sa gayo'y sinisi niya ang kanyang katawan dahil sa kanyang katamaran at pagbibigaylugod sa sarili. Gayon ma'y mayroon siyang ginagawa sa araw-araw na waring hindi makakayang gawin ng isang tao lamang. Ang kanyang panulat ay hindi natitigil. Samantalang ang kanyang mga katunggali ay naghahambog na siya, anila'y kanilang napatahimik, ay nanggilalas sila at nangatilihan sa malinaw na katotohanan na siya'y walang humpay na gumagawa. Ang isang karamihan ng mga maliliit na babasahin, na nagmumula sa kanyang panulat, ay kumalat sa buong Alemanya. Napakalaki rin naman ang kanyang naipaglingkod sa [147]
kanyang mga kababayan sa pagkapagsalin niya ng Bagong Tipan sa wikang Aleman. Mula sa kanyang mabatong Patmos na ito ay nagpatuloy siyang kulang-kulang sa isang taong singkad na nagpapahayag ng ebanghelyo, at sumansala sa mga kasalanan at kamaliang laganap nang panahong yaon.

Datapuwa't hindi lamang upang iligtas si Lutero mula sa galit ng kanyang mga kalaban, ni upang bigyan siya ng panahon ng katahimikan na magawa ang mahalagang gawaing ito, kung kaya pinigil ng Diyos ang Kanyang lingkod mula sa hayag na kabuhayan. Mayroon pang lalong mahalagang bagay na ibinunga ito. Sa katahimikan at kalayuan ng bundok na pinagtataguan ni Lutero ay naputol ang pagkandili ng mga tao sa kanya sampu ng papuri nila. Sa gayo'y naligtas siya sa kapalaluan at pagtitiwala sa sarili na malimit ibunga ng pananagumpay. Sa pamamagitan ng paghihirap at

[12] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 9, kab. 2.

pagpapakababa ay nahanda siyang muli upang lumakad ng panatag sa matayog na kataasan na bigla niyang kinalagyan.

Sa katuwaan ng mga tao sa mga kalayaang dinala sa kanila ng katotohanan, ay katutubong itanyag nila yaong ginamit ng Diyos upang patirin ang mga tanikala ng kamalian at pamahiin. Sinisikap ni Satanas na alisin ang pag-iisip at pagibig ng mga tao sa Diyos, at ilagay sa mga taong kanyang ginagamit; inaakay niya silang parangalan ang ginagamit lamang, at pawalang kabuluhan ang Kamay na nangungulo sa lahat ng pangyayari. Napakalimit na ang mga pinuno sa relihiyon na pinupuri at iginagalang ng gayon ay nakalilimot ng kanilang pagasa sa Diyos, at nangaaakay na magtiwala sa kanilang sarili. Bilang bunga nito'y sinisikap nilang pangibabawan ang pag-iisip at budhi ng mga tao, na malamang umasa sa kanilang pagpatnubay sa halip na umasa sa salita ng Diyos. Ang gagawin ng pagbabago ay malimit mauntol dahil sa pag-iimpok ng diwang
[148] ito niyaong mga nagtataguyod. Ibig ng Diyos na ilayo ang gawain ng Reporma sa kapanganibang ito. Nais Niya na ang gawaing ito ay tumanggap, hindi ng tatak ng tao kundi ng tatak ng Diyos. Ang paningin ng mga tao ay nangapabaling kay Lutero na pinakatagapagpaliwanag ng katotohanan; kaya't si Lutero'y inilayo upang ang lahat ng paningin ay mabaling sa walang-hanggang Bukal ng
[149] katotohanan.

# *Kabanata 9*—Sa gitnang europa

Ang mahiwagang pagkawala ni Lutero ay nakaligalig sa buong Alemanya. Ang mga pagtatanong tungkol sa kanya ay narinig sa lahat ng dako. Kumalat ang alingaw-ngaw, at marami ang nanganiwalang siya'y pinatay. Nagkaroon ng gayon na lamang panangisan, hindi lamang ng kanyang pinakamatalik na mga kaibigan, kundi pati ng libu-libong hindi pa hayagang pumapanig sa Reporma. Marami ang nagsisumpang ipaghihiganti nila ang kanyang kamatayan.

Ang mga pinuno ng Roma ay nangatakot ng kanilang makita kung saan nahangga ang galit sa kanila. Bagaman masaya sila sa pasimula sa pagaakalang namatay na si Lutero, ay ninasa nila kapagkaraka na magtago mula sa poot ng mga tao. Ang kanyang mga kalaban ay hindi gaanong nabagabag sa kanyang pinakamapangahas na gawa, na di gaya nang siya'y mawala. Yaong mga taong nang una'y humahanap ng paraan upang patayin ang matapang na Repormador dahil sa kanilang poot ay napuno ngayon ng takot nang siya'y naging kaawa-awang bilanggo. "Ang nalalabi lamang na paraan upang mailigtas natin ang ating sarili," ang sabi ng isa sa kanila, "ay ang magsindi ng mga sulo, at hanapin si Lutero sa buong sanlibutan, upang maisauli natin siya sa bansang humihingi sa kanya."[1] Ang utos ng emperador ay wari manding walang kapangyarihan. Nag-alab ang galit ng mga kinatawan ng papa, pagka't ang utos ng emperador ay hindi inaasikaso ng mga tao na gaya ng pagaasikaso nila sa kinahinatnan ni Lutero. [150]

[151] Ang balitang dumating na siya'y nasa mabuting katayuan, bilanggo nga lamang ay pumayapa sa takot ng bayan, at gumising sa kanilang diwa upang sa kanya'y pumanig. Ang kanyang mga sinulat ay binasa ng mga tao na may malaking kasabikan, higit kaysa noong una. Dumarami ang bilan,g ng nakikipanig sa bayani, na, sa kakila-kilabot na mga pangyayari, ay nagtanggol sa salita ng Diyos. Ang Reporma ay nagpatuloy ng paglakas. Ang binhing ipinunla

[1] J. H. Merle d'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 9, kab. I.

ni Lutero ay sumibol sa lahat ng dako. Ang kanyang pagkawala ay gumawa ng isang gawain na hindi niya magagawa sa kanyang sarili kung siya'y kaharap. Ngayong mawala ang dakilang pangulo ay nakadama ang mga ibang manggagawa ng isang bagong kapanagutan. Taglay ang bagong pananampalataya at kasipagan ay nagpatuloy sila upang gamitin ang buo nilang kapangyarihan, upang huwag mapatigil ang gawain na pinasimulang may karangalan.

Pagkapanggaling ni Lutero sa Wartburgo ay tinapos niya ang pagsasalin ng Bagong Tipan, at ang ebanghelyo ay naibigay, di naglaon, sa bayang Aleman sa kanilang sariling wika. Ang pagkakasaling ito ay tinanggap na may malaking kagalakan ng lahat na umiibig sa katotohanan; datapuwa't may paglait na tinanggihan naman ng mga umiibig sa mga sali't saling sabi at mga utos ng tao.

Nabahala ang mga pari nang kanilang maalaman na ang mga taong karaniwan ay maaari na ngayong makipagliwanagan sa kanila tungkol sa mga utos ng salita ng Diyos, at sa gayo'y mahahayag ang kanilang kamangmangan. Ang mga sandata ng kanilang pangangatuwirangtao ay walang lakas laban sa tabak ng Espiritu. Tinipon ng Roma ang buo niyang kapangyarihan upang pigilin ang pagkakalat ng Banal na Kasulatan; datapuwa't ang utos, pasiya, at pahirap ay pawang nangabigo. Hangga't hinahatulan niya at ipinagbabawal ang Banal na Kasulatan, ay lalo namang lumalaki ang pananabik ng mga tao na malaman kung ano nga ang tunay na itinu-
[152] turo nito. Ang lahat ng marunong bumasa ay nasabik mag-aral ng salita ng Diyos sa ganang kanila. Dala-dala nila ito saan man sila paroon, at kanilang binabasa ng binabasa, at hindi sila nasisiyahan hanggang sa hindi nila maisaulo ang maraming talata. Nang makita ni Lutero ang may pagsang-ayon pagtanggap sa Bagong Tipan, ay pinasimulan niya kapagkaraka, na isalin ang Matandang Tipan, at kapagkarakang may mayari ay ipinalilimbag niya ng baha-bahagi.

Tinanggap sa lunsod at sa nayon ang mga sinulat ni Lutero. "Ang nayari ni Lutero at ng kanyang mga kaibigan ay ikinalat ng mga iba. Ang mga monghe, na naniniwalang hindi matuwid ang mga gawain sa monasteryo, at sabik na ipagpalit ang matagal nilang buhay tamad sa isang masipag na paggawa, datapuwa't walang anumang nalalaman upang ipahayag ang salita ng Diyos, ay naglakbay sa mga lalawigan, na dinadalaw ang mga nayon at mga dampa at doo'y kanilang ipinagbibili ang mga aklat ni Lutero at ng kanyang

mga kaibigan. Hindi naluwatan at ang Alemanya ay nadagsaan ng matatapang na mga kulpurtor na ito."[2]

Ang mga sinulat na ito ay pinag-aralang mabuti ng mayayaman, at ng mga dukha, ng matatalino at ng mga mangmang. Kung gabi ay binabasa ng mga nagtuturo sa paaralan ng nayon ang mga ito ng malakas sa maliliit na kalipunang nagtitipon sa tabi ng siga. Sa tuwing basahin ito ay may ilang kaluluwang nananiniwala sa katotohanan, at kapagkarakang matanggap nila ang salita na may katuwaan, ay ipinahahayag naman nila ang mabubuting balita sa mga iba.

Lahat ng uri ng tao ay nakikitang may hawak na Banal na Kasulatan, na ipinagtatanggol ang mga aral ng Reporma. Ang mga makapapa na nagpaubaya sa mga pari at sa mga prayle ng pag-aaral sa Banal na Kasulatan, ay tumatawag ngayon sa kanila na humarap at [153] lumaban sa mga bagong aral. Datapuwa't palibhasa'y ang mga pari at prayle ay walang naalaman sa Banal na Kasulatan at sa kapangyarihan ng Diyos, ay ganap na dinaig sila ng mga pinararatangan nilang walang muwang at mga erehe. "Sa kasamaang palad" ang sabi ng isang manunulat na Katoliko, "ay napagsabihan pa ni Lutero ang kanyang mga kapanalig na huwag maniwala sa anomang ibang aklat maliban sa Banal na Kasulatan."[2] Pulu-pulutong ang nagtitipon upang makinig sa katotohanang ipinakikilala ng mga taong kakaunti ang pinag-aralan, at nakikipagtalo sa mga matatalino at magagaling na teologo. Ang kahiya-hiyang kamangmangan ng mga dakilang taong ito ay nahayag, nang ang kanilang mga katuwiran ay salubungin ng maliwanag na aral ng salita ng Diyos. Ang mga manggagawa, mga kawal, at mga babae pati ng mga bata, ay naging lalong matalino sa mga itinuturo ng mga Banal na Kasulatan kaysa mga pari at mga pantas na teologo.

Nang makita ng mga pari ng Roma na umuunti ang kanilang mga kapanalig, ay napatulong sila sa mga pinuno ng pamahalaan, at sa lahat ng paraang magagawa nila ay sinikap nilang mapanumbalik ang kanilang mga tagapakinig. Datapuwa't sa mga bagong aral na ito ay natagpuan ng mga tao ang ikinasiya ng kanilang mga kaluluwa,

[2]J. H. Merle d'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 9, kab. II.

[2]J. H. Merle d'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 9, kab. II.

at tumalikod sila doon sa malaong nagpakain sa kanila ng walang kabuluhang ipa ng mga pamahiin at mga sali't saling sabi ng mga tao.

Nang simulan ang pag-uusig sa mga nagtuturo ng katotohanan, ay tinalima nila ang mga sinalita ni Kristo: "Pag kayo'y pinag-uusig nila sa isang bayang ito, ay magsitakas kayo tungo sa kasunod na bayan."[3] Ang liwanag ay lumagos sa lahat ng dako. Ang mga tumatakas ay nakasusumpong ng mapagpatuloy at bukas na tahanan,
[154] at habang naroroon sila ay ipinangangaral naman nila si Kris- to, kung minsan ay sa loob ng simbahan, o kung itanggi sa kanila ang karapatang ito, ay kahi't na sa mga bahay o kaya ay sa labas. Saan man sila pakikinggan ng mga tao ay inaari nila yaong isang templong itinalaga ng Diyos. Ang katotohanan, na ipinahayag sa gayong kasigla at kapanatagan, ay lumaganap na taglay ang kapangyarihang
[155] hindi mangyayaring mapigil.

[3] Mateo 10:23.

## *Kabanata 10*—Naligalig ang suisa

Sa pamimili ng mga gagamitin upang baguhin ang iglesya, yaon ding banal na panukalang gaya ng nakita noong itatag ang iglesya ang siyang nakita. Hindi pinansin ng Gurong buhat sa langit ang mga dakilang tao sa lupa, ang mga matatalino, at mayayaman, na bihasa sa pagtanggap ng papuri at galang sa pagka mga pangulo ng bayan. Ang mga tanyag na Repormador ay mga lalaking buhat sa mababang uri ng kabuhayan—mga taong kung sa dangal ay walang maipagpapalalo at mga taong ligtas sa kapangyarihan ng pagkapanatiko at lalang ng mga pari. Pinanukala ng Diyos na gumamit ng mga mapagpakumbabang tao sa paggawa ng mga dakilang bagay. Kung magkagayo'y ang kapurihan ay hindi mapapasa mga tao, kundi sa Kanya na gumagawa sa pamamagitan nila, upang gawin at sundin ang kanyang mabuting kalooban.

Makaraan ang ilang linggo pagkatapos maipanganak si Lutero sa isang kubo ng magmimina sa Sahonya, si Ulrico Zuinglio ay ipinanganak naman sa isang dampa ng pastol sa mga kabundukan ng Alpes. Ang mga nasa pinagkalakhan ni Zuinglio nang siya'y musmos pa at ang pagtuturo sa kanya nang siya'y maliit pa, ay siyang sa kanya'y naghanda sa kanyang tungkulin sa mga hinaharap na araw. Palibhasa'y lumaki sa kagandahan, kadakilaan, at karangalan ng kalikasan, ang kanyang pag-iisip sa pagkabata pa lamang ay natamnan na ng pagkakilala sa kadakilaan, sa kapangyarihan, at sa karangalan ng Diyos. Ang mga kasaysayan ng mga mabayaning
gawa na nangyari sa mga bundok na kanyang nilakhan, ay nag- [156]
pasigla sa kanyang mga mithiin sa kabataan. Napakinggan niya [157]
ang mahahalagang kasaysayan ng Biblia na nakuha ng kanyang lola sa mga aklat at sali't salingsabi ng iglesya na sa kanya'y sinasabi. Pinakinggan niyang may malaking pananabik ang mga dakilang gawa ng mga patiarka, at mga propeta, ng mga pastol na nagbabantay ng kanilang mga kawan sa mga burol ng Palestina, na roo'y sinalita sa kanila ng mga anghel, ang tungkol sa pagkapanganak kay Jesus sa Betlehem at pagkapako niya sa Kalbaryo.

Gaya ni Juan Lutero, ay ninasa ng ama ni Zuinglio na matuto ang kanyang anak, at ang bata ay maagang inilayo sa kanyang bayang tinubuan. Malakas ang pagkasulong ng kanyang isip, kaya't hindi naglaon at inalaala nila kung saan kaya sila hahanap ng mga gurong may kayang magturo sa kanya. Sa gulang na labintatlong taon, siya ay napasa Berna na noo'y siyang kinaroroonan ng pinakamagaling na paaralan sa buong Suisa. Subali't dito ay bumangon ang kapanganiban na nagbantang magpahamak sa mabuti niyang kapalaran. Mahigpit na sinikap ng mga prayle na akitin siya sa monasteryo.

Nakita ng mga Dominikano sa Berna na kung makukuha nila ang matalinong batang mag-aaral na ito, ay magtatamo sila ng yaman at karangalan. Ang kanyang kabataan, ang kanyang katutubong kakayahan sa pananalumpati at pagsulat, at ang kanyang katalinuhan sa musika at sa tula, ay magiging lalong mabisa kaysa kanilang gilas, at karangyaan sa pag-akit sa mga tao sa kanilang orden at sa pagpapalaki ng kanilang kinikita.

Sa talaga ng Diyos ay tumanggap ang kanyang arna ng pahiwatig hinggil sa mga panukala ng mga prayle. Nakita niyang nanganganib ang mabuting kapalaran ng kanyang anak kaya pinagbilinan ito na umuwi agad.

Umuwi ang bata; datapuwa't hindi siya masiyahang tumira [158] ng matagal sa libis na kanyang tinubuan, kaya't binalak niya kapagkarakang mag-aral na muli, at pagkaraan ng panahon siya'y nagpunta sa Basilea. Dito narinig ni Zuinglio ang walang-bayad na ebanghelyo ng biyaya ng Diyos. Si Wittemback, isang guro sa mga matatandang wika, samantalang nag-aaral ng Griego at Hebreo, ay naakay sa Banal na Kasulatan at sa gayo'y nagliwanag ang banal na tanglaw sa mga pag-iisip ng kanyang mga tinuturuan. Kanyang ipinahayag na may isang katotohanang lalong una at mahalagang di hamak kaysa paniniwalang itinuturo ng mga guro at mga pilosopo. Ang unang katotohanang ito ay walang iba kundi ang pagkamatay ni Kristo na siyang tanging tubos sa makasalanan. Kay Zuinglio ang mga pangungusap na ito ay tulad sa unang sinag ng liwanag bago magbukang liwayway.

Hindi nalaunan at tinawag si Zuinglio mula sa Basilea, upang pasimulan ang kanyang gawain sa buong buhay. Ang unang dako na kanyang gagawan ay isang kapilya sa Alpes na hindi malayo sa kanyang tinubuan. Pagkatapos na maordenahan siya sa pagkapari ay

"itinalaga niya ang buo niyang kaluluwa sa pagsasaliksik ng banal na katotohanan; sapagka't alam na alam niya," ang sabi ng isa niyang kapanahong repormador, "na lubhang malaki ang dapat maalaman ng pinagkakatiwalaan ni Kristo ng kanyang kawan."[1] Habang sinasaliksik niya ang mga Banal na Kasulatan ay lalo namang lumiliwanag sa kanya ang pagkakaiba ng mga katotohanan nito at ng mga erehiya ng Roma. Isinuko niya ang kanyang sarili sa mga Banal na Kasulatan, na siyang salita ng Diyos, tanging sapat at hindi nagkakamaling patakaran. Nakita niyang ang Kasulatan ang dapat inaging tagapagpaliwanag ng Kasulatan. Hindi niya pinangahasang ipaliwanag ang Kasulatan upang patunayan ang isang dating paniniwala o aral, kundi ginawa niyang kanyang tungkulin ang pagaralan kung ano ang tiyak at malinaw na itinuturo nito. Pinagsikapan niyang masamantala ang lahat na sa kan- ya'y makatutulong upang magkaroon ng isang ganap at matuwid na pagkaunawa ng kahulugan nito, [159]
at hiningi niya sa Diyos ang tulong ng Banal na Espiritu, na sinabi niyang siyang maghahayag ng kahulugan, sa lahat ng hahanap na may katapatan at panalangin.

"Ang mga Banal na Kasulatan," ani Zuinglio, "ay mula sa Diyos, hindi sa tao, at ang Diyos ding iyan na nagbibigay liwanag ang siyang sa iyo'y magpapaaninaw ng pangungusap na iyan na mula sa Diyos. Ang salita ng Diyos . . . ay hindi maaaring mabigo; ito'y nagliliwanag, itinuturo nito ang kanyang sarili, inihahayag ang kanyang sarili, tinatanglawan ang kaluluwa, na dala ang buong kaligtasan at biyaya, inaaliw ang kaluluwa tungkol sa Diyos, at itinuturo ang kapakumbabaan, na anupa't tinatanggihan nito tuloy ang kanyang sarili at kumakapit sa Diyos."[2] Ang katotohanan ng mga pangungusap na ito ay nasubok ni Zuinglio na rin. Nang kanyang salaysayin ang kanyang karanasan nang panahong ito, ay ganito ang isinulat niya pagkatapos: "Nang . . . italaga kong lubos ang aking sarili sa mga Banal na Kasulatan, ang pilosopiya at ang teolohiya (eskolastika) ay laging nagmumungkahi sa akin ng pagtutol. Sa wakas ay ganito ang aking naisip. 'Nararapat mong itakwil ang lahat ng kasinungalingang iyan at pag-aralan mo ang ibig sabihin sa iyo ng Diyos sa Kanyang salitang madaling unawain.' Nang magkagayo'y

[1] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 8, kab. 5.
[2] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 8, kab. 6.

pinasimulan kong humingi sa Diyos ng Kanyang liwanag at ang Banal na Kasulatan ay naunawa kong madaling-madali."[2]

Ang aral na itinuro ni Zuinglio ay hindi niya natutuhan kay Lutero. Yao'y aral ni Kristo. "Kung si Kristo ang ipinangangaral ni Lutero," ang sabi ng Repormador na Suizong ito, "ay ginagawa niya ang ginagawa ko. Ang mga nailapit niya kay Kristo ay marami kaysa nailapit ko. Nguni't walang anuman iyan sa akin. Hindi
[160] ako tatanggap ng ibang pangalan kundi ang kay Kristo, na ako'y Kanyang kawal, at Siya lamang ang aking Pinuno. Ni isa mang salita ay hindi ako sumulat kay Lutero, ni si Lutero man sa akin. At bakit? . . . Upang maipakilala ang lubos na pagkakaisa ng gawa ng Espiritu ng Diyos, yamang kapuwa kami nagtuturo ng aral ni Kristo na may malaking kaisahan, na walang anumang pagkakasalungatan."[3]

Nang taong 1516 ay inanyayahan si Zuinglio na maging mangangaral sa kombento ng Einsiedeln. Dito lalong mahahayag sa kanya ang mga kasamaan ng Roma, at magkakaroon siya ng impluensya sa pagkarepormador na aabot sa malayong pook hanggang sa kabila ng Alpes na kanyang tinubuan. Isa sa mga panghalina ng Einsiedeln ay ang larawan ng Birhen na sinasabing may kapangyarihang gumawa ng mga kababalaghan. Sa itaas ng pinto ng kombento ay may ganitong titik: "Dito matatamo ang ganap na kapatawaran ng mga kasalanan."[4] Ang mga manglalakbay ay nagsisipunta sa lahat ng panahon sa dambanang ito ng Birhen, nguni't dinadayo ito ng mga taong nanggagaling sa lahat ng sulok ng Suisa at maging sa Pransya at Alemanya sa malaking taunang pista ng pagtatalaga rito. Ito ay ikinabaklang mainam ni Zuinglio, kaya't sinamantala niya ang pagkakataong ito upang ipahayag sa mga naaliping yaon ng pamahiin ang kalayaang ibinibigay ng ebanghelyo.

At kanyang sinabi: "Huwag ninyong akalaing ang Diyos ay nasa templong ito na higit sa ibang bahagi ng kanyang nilalang. Ano man ang bayang inyong tinitirahan, ang Diyos ay malapit sa inyo, at dinirinig kayo . . . . Ang mga walang kabuluhang gawa, ang malalayong paglalakbay, ang mga paghahandog, ang mga larawan,

[2]J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 8, kab. 6.

[3]J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 8, kab. 9.

[4]J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 8, kab. 5.

ang pananalangin sa Birhen o sa mga santo ay makapagdudulot baga sa inyo ng biyaya ng Diyos? . . . Ano ang magagawa ng maraming salitang bumubuo sa ating mga panala- ngin? Ano ang [161] bisa ng magandang kaputsa ng prayle, ng makinis na ahit ng ulo, ng mahaba at malaylay na abito o ng tsinelas na nabuburdahan ng ginto?. . . . Ang Diyos ay tumitingin sa puso, at ang ating mga puso ay malayo sa Kanya." "Si Kristo," anya, "na inihandog na minsan sa krus, ay siyang hain at alay, na tumutubos sa mga kasalanan ng mga nananampalataya sa buong panahong walang-hanggan."[4]

Hindi minagaling ng maraming nangakinig ang mga aral na ito. Sa ganang kanila ay isang mapait na pagkabigo ang sila'y pagsabihan na ang mahirap nilang paglalakbay ay walang kabuluhan. Ang kapatawarang walang bayad na iniaalay sa kanila sa pamamagtian ni Kristo ay hindi maabot ng kanilang pag-iisip. Nangasiyahan na sila sa dating daang patungo sa langit, na iginuhit ng Roma para sa kanila. Inurungan nila ang mahirap na paghanap ng lalong mabuti. Lalong madali sa kanila ang ipagkatiwala sa mga pari at sa mga papa ang kanilang kaligtasan kaysa hanapin ang ikalilinis ng puso.

Datapuwa't may mga ibang magalak na nagsitanggap sa mga balita ng katubusan sa pamamagitan ni Kristo. Ang mga pamamalakad na ipinag-utos ng Roma ay hindi nakapagdala ng kapayapaan sa kanilang kaluluwa, at sa pananampalataya ay tinanggap nila ang dugo ni Kristo na pinakapangpalubag-loob. Sila'y nagsiuwi upang ihayag sa mga iba ang mahalagang katotohanan na kanilang tinanggap.

Sa ganitong kaparaana'y nadala ang katotohanan sa isang nayon hanggang sa kabila, sa isang bayan hanggang sa sumunod, at ang bilang ng mga dumadayo ng pagsamba sa Birhen ay dumalang ng malaki. Nagkulang ang mga abuloy, at bunga nito'y nagkulang pati ang sahod ni Zuinglio, na kinukuha roon. Datapuwa't katuwaan lamang ang naidulot nito sa kanya, sa pagkakita niyang nababali ang kapangyarihan ng pagkapanatiko at pamahiin. [162]

Ang mga ginagawa ni Zuinglio ay di-lingid sa mata ng mga pinuno ng iglesya nguni't sa kasalukuyan ay nagpaumanhin sila't hindi nakikialam. Palibhasa'y may pag-asa pa rin sila na makakabig

[4] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 8, kab. 5.

siya sa kanilang panig, sinikap nilang makuha siya sa pamamagitan ng pagpuri; samantala nama'y natatanim ang katotohanan sa puso ng mga tao.

Ang mga paggawa ni Zuinglio sa Einsiedeln ay siyang sa kanya'y naghanda sa lalong malawak na bukiran, at ito ay malapit na niyang pasukan. Pagkatapos ng tatlong taon dito ay tinawag siyang maging mangangaral sa katedral sa Zurich. Ito, noong mga panahong yaon, ay siyang pinakatampok na bayan sa lahat ng lalawigan ng Suisa, at ang magagawa niya rito ay madarama hanggang sa malalayong pook. Ang mga paring nag-anyaya sa kanya na pumaroon sa Zurich ay nagnasang siya ay pigilin sa pagtuturo ng anumang bagong bagay, at dahil dito'y nagpatuloy sila na itinuro sa kanya kung ano ang kanyang mga tungkulin.

Pagkatapos na maipahayag ang kanyang pagpapasalamat sa karangalan na matawag sa ganitong mahalagang tungkulin, ay sinimulan niyang ipaliwanag ang paraang binalak niyang sundin. "Ang buhay ni Kristo," anya "ay malaon nang nakukubli sa mga tao. Ako'y mangangaral buhat sa buong ebanghelyo ni San Mateo, . . . hahanguin ko sa mga bukal ng Kasulatan lamang, tatarukin ang kanyang kalaliman, ipaparis ang isang talata sa iba, at hahanap ng kaunawaan sa pamamagitan ng palagi at maningas na panalangin. Sa ikaluluwalhati ng Diyos, sa ikapupuri ng Kanyang bugtong na Anak, sa tunay na ikaliligtas ng mga kaluluwa, at sa kanilang ikatitibay sa tunay na pananampalataya, ay itatalaga ko ang aking pangangasiwa."[5]

[163] Bagaman hindi sinang-ayunan ng ilang pari ang balak ni Zuinglio at sinikap na pigilin siya, ay nanatili rin siya sa kanyang adhika. Ipinahayag niyang hindi bagong paraan ang kanyang ipapasok, kundi ang dati na ring paraang ginamit ng iglesya nang mga una at malinis na kapanahunan.

Noon pa ma'y nagkaroon na ng interes ang mga tao sa katotohanang itinuro niya; at sila'y nagdagsaan upang makinig sa kanyang pangangaral. Marami ang matagal na hindi nakikipagpulong ang nagsisipakinig sa kanya. Sinimulan niya ang kanyang pangangasiwa sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga ebanghelyo, at pagbasa at pag-

[5] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 8, kab. 6.

papaliwanag sa mga nangakikinig ng tungkol sa naging kabuhayan, sa mga pangangaral, at sa pagkamatay ni Kristo. Dito, gaya rin nang sa Einsiedeln, ay ipinakilala niya na ang salita ng Diyos ang patibayan na hindi nagkakamali at gayon din ang kamatayan ni Kristo ay siyang tanging ganap na hain. "Kay Kristo," anya, "ibig kong akayin kayo—kay Kristo na siyang tunay na bukal ng kaligtasan."[5] Nagkatipon sa palibot ng mangangaral na ito ang lahat ng uri ng tao, buhat sa mga estadista at paham hanggang sa mga karaniwang manggagawa at mga taga bukid. Pinakinggan nila ang kanyang mga pangungusap na taglay ang malaking pananabik. Hindi lamang ipinangaral niya ang alay na kaligtasang walang-bayad, kundi walang gulat din namang sinansala niya ang mga kasamaang noon ay lipana. Marami ang nagsiuwi pagkapanggaling sa katedral na niluluwalhati ang Diyos. "Ang taong ito," ang wika nila "ay nangangaral ng katotohanan. Siya ang magiging Moises natin, na sa atin ay maglalabas sa kadiliman ng Ehipto."[5]

Nguni't bagaman sa pasimula ay tinanggap ng mga tao na may malaking kasiglahan ang kanyang itinuturo, pagkatapos ng ilang panahon ay bumangon ang pagsalansang. Pinangatawanan ng mga monghe na pigilin ang kanyang paggawa at ipahayag na mali ang mga ini- aral niya. Siya'y tinuligsa ng marami sa pamamagitan ng [164] kutya at pagtuya; ang mga iba nama'y nagmalabis sa pagsasalita sa kanya at binabalaan siya. Datapuwa't binata ni Zuinglio ang lahat ng ito, na sinabi: "Kung ibig nating mailapit kay Kristo ang mga masama ay kailangang ipikit natin ang ating mga mata sa maraming bagay."[5]

Sa Suisa, ang pagbibili ng mga indulhensya ay ipinagkatiwala sa kamay ng mga Pransiskano, sa pangangasiwa ni Samson, isang mongheng Italyano. Si Samson ay nakagawa na ng matapat na paglilingkod sa iglesya, nakalikom sa Alemanya at sa Suisa ng limpak-limpak na salapi, upang mapuno ang kabang-yaman ng papa. Ngayo'y tinahak niya ang Suisa na umakit sa maraming tao, hin-

[5] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 8, kab. 6.

[5] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 8, kab. 6.

[5] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 8, kab. 6.

uhuthot ang kaunting kita ng mga dukhang tagabukid, at pinipilit ang mayayaman na magbigay ng malaki. Datapuwa't ang implu-ensya ng Reporma ay halatang-halatang pumuputol sa kalakal na indulhensya, bagaman hindi pinatitigil nang tuluyan. Si Zuinglio ay hindi pa umaalis sa Einsiedeln, nang si Samson, kapagkarakang pumasok sa Suisa, ay dumating na dala-dala ang kanyang kalakal sa isang kalapit-bayan. Sapagka't tumanggap ng pahiwatig si Zuinglio tungkol sa gawain ni Samson, humanda siya sa pagsagupa sa kanya. Ang dalawa ay hindi nagkatagpo, datapuwa't gayon na lamang ang pananagumpay ni Zuinglio sa paglalantad ng mga pamamarali ng prayleng ito, na anupa't siya'y napilitang umalis upang lumipat sa ibang bayan.

Sa Zurich ay buong tapang na nangaral si Zuinglio laban sa mga nagsisipangalakal ng kapatawaran, at nang pumasok na si Samson sa bayan ay sinalubong siya ng isang sugo ng mga may kapangyari-han na nagsabing mabuti ang siya'y magtuloy nang lumampas. Sa pamamagitan ng lalang ay nakakuha rin si Samson ng pahintulot na makapasok datapuwa't pinalayas din siyang hindi nakapagbili ng kahi't isang kapatawaran at hindi naluwatan, pagkatapos, ay umalis
[165] siya sa Suisa.

Isang malakas na pagsulong ang tinamo ng Reporma ng lumitaw ang salot na tinatawag na "malaking pagkakamatay," na lumaganap sa buong Suisa nang taong 1519. Nang ang mga tao'y mapaharap ng mukhaan sa salot, marami ang nangakakilala na talagang walang kabuluhan ang mga indulhensya na kanilang binili, at kinasabikan nila ang lalong matatag na patibayan ng kanilang pananampalataya. Sa Zurich ay dinapuan ng sakit si Zuinglio at gayon na lamang ang pagkaratay niya sa higaan, anupa't hindi inasahang mabubuhay pa siya, at kumalat ang balitang siya'y namatay na. Sa mapansubok na sandaling yaon ang kanyang pag-asa at tapang ay hindi natinag. Sa pananampalataya ay tumitig siya sa krus ng Kalbaryo na nagtitiwala sa ganap na pangpalubagloob sa kasalanan. Pagkapanggaling niya sa mga pinto ng kamatayan ay ipinangaral niya ang ebanghelyo ng lalong makapangyarihan kaysa noong una; at ang kanyang mga pangungusap ay nagkaroon ng di-pangkaraniwang kapangyarihan. Ikinalugod ng bayan na tanggapin ang kanilang iniibig na pastor, na nabingit sa labi ng hukay. Sila man ay nanggaling din sa pag-aalaga

ng mga maysakit at naghihingalo, at nadama nila, higit kailan man, ang kahalagahan ng ebanghelyo.

Si Zuinglio ay nagkaroon ng lalong malinaw na pagkakilala sa mga katotohanan ng ebanghelyo, at naranasan niya ang kapangyarihan nito na bumago ng kabuhayan. Ang pagkakasala ng tao at ang panukala ng pagtubos ay siyang mga suliraning tinalakay niya. "Kay Adan," ang kanyang sinabi, "tayong lahat ay nangamatay, nalubog sa kasamaan at kahatulan."[6] "Tayo ay binili . . . ni Kristo . . . ng isang katubusan na hindi lilipas magpakailan man. . . . Ang kanyang paghihirap ay . . . isang walang-hanggang hain, at kailan ma'y mabisang magpagaling; binibigyan nitong kasiyahan ang katarungan ng Diyos magpakailan man alang-alang doon sa nagtitiwala na may matibay at di-natitinag na pananampalataya." [166] Gayonma'y napakalinaw niyang itinuro na hindi dahil sa biyaya ni Kristo, ang mga tao'y malaya nang makapagpatuloy sa pagkakasala. "Saan man mayroong pananampalataya sa Diyos, ay naroroon ang Diyos; at saan man tumitira ang Diyos, ay nananahan doon ang isang kasiglahan na nag-uudyok at pumipilit sa mga tao na gumawa ng mabuti."[7]

Hakbang-hakbang ang pagsulong ng Reporma sa Zurich. Dahil sa pangamba ng mga kaaway, ito'y mahigpit nilang nilabanan. Nang taong sinundan, ang isang monghe sa Wittenberg ay bumigkas ng sagot na "Hindi" sa papa at sa emperador, at ang nangyayari ngayon sa Zurich ay waring nagpapakilala ng gayon ding pagsalansang sa mga ipinasusunod ng papa. Sunudsunod na mga pagsalakay ang ginawa kay Zuinglio. Sa pana-panahon, ang mga alagad ng ebanghelyo sa mga distrito ng papa, ay sinunog; datapuwa't hindi pa iyon naging sapat; ang nagtuturo ng erehiya ay nararapat ding patahimikin. Dahil dito ang obispo sa Konstansa ay nagsugo ng tatlong kinatawan sa konsilyo sa Zurich at pinararatangan si Zuinglio na nagtuturo sa bayan na lumabag sa mga batas ng iglesya, at sa gayo'y inilalagay niya sa panganib ang kapayapaan at katiwasayan ng lipunan. Kung wawaling kabuluhan ang kapangyarihan ng iglesya, ang paliwanag niya, ay magbubunga ito ng laganap na kaguluhan. Tumugon si Zuinglio na apat na taon na siyang nagtuturo

[6] J. A: Wylie, *History of Protestantism*, aklat 8, kab. 9.

[7] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 8, kab. 9.

sa Zurich ng ebanghelyo, at "ang bayang ito ay lalong tahimik at payapa kaysa alin mang ibang bayan sa lahat ng lalawigan ng Suisa." "Kung gayon," ang dugtong pa niya, "hindi baga ang Kristiyanismo ay isang pinakamabuting taga-pagingat ng kapanatagan ng lahat?"[8]

[167] Ang mga sinugo ng obispo ay nagbigay-payo sa mag kagawad ng konsilyo na sila'y manatili sa loob ng iglesya, sapagka't sa labas ang wika nila ay walang kaligtasan. Tumugon si Zuinglio: "Huwag kayong matigatig sa paratang na ito. Ang pinagtitibayan ng iglesya ay iyon ding Bato, iyon ding Kristo, na nagbigay kay Pedro ng kanyang pangalan, sapagka't ipinahayag Niya siya na may pananampalataya. Sa bawa't bansa, ang sinumang mananampalataya ng buong puso sa Panginoong Jesus ay tinatanggap ng Diyos. Ito ang tunay na iglesya, at sa labas nito ay wala ni isa mang maliligtas."[9] At bunga ng panayam, ay isa sa mga sinugo ng obispo ang tumanggap ng bagong pananampalataya.

Ang konsilyong yaon ay tumangging gumawa ng anuman laban kay Zuinglio, kaya naghanda ang Roma upang gumawa ng panibagong pagsalakay. Nang pahiwatigan ang Repormador ng tungkol sa masamang balak ng kanyang mga kaaway, ay ganito ang kanyang sinabi: "Bayaan ninyo silang pumarito; ang takot ko sa kanila ay gaya ng takot ng malaking bato sa mga along humahampas sa paanan niya."[9] Ang mga pagsisikap ng mga tauhan ng iglesya ay siyang nakapagpalaganap na lalo ng gawaing pinagpipilitan nilang iwasak. Nagpatuloy ang pagkalat ng katotohanan. Sa Alemanya ang mga nananalig sa katotohanan na nanganglulupaypay dahil sa pagkawala ni Lutero, ay nagpanibagong sigla nang makita nila ang pagsulong ng ebanghelyo sa Suisa.

Sa pagkatatag ng Reporma sa Zurich, ang mga ibinunga nito ay lalong nahayag sa pagkapigil sa bisyo, at sa pagkasulong ng kaayusan at pagkakaisa. "Ang kapayapaan ay nananatili sa aming nayon," isinulat ni Zuinglio, "walang alitan, walang pagkukunwari, walang inggitan, walang pagtatalo. Saan pa magmumula ang ganitong kaisahan kundi sa Diyos, at sa aming aral na siyang pumupuno

[8] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 8, kab. 11.

[9] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 8, kab. 11. (Limbag sa Londres.)

[9] J. H. Merle D 'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth century,* aklat 8, kab. 11. (Limbag sa Londres)

sa amin ng mga bunga ng kapayapaan at kabanalan?"[10] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat. 8, kab. 15. [168]

Ang mga tagumpay na tinamo ng Reporma ang nakabahala sa mga Romanistang magpasiya ng lalong mahigpit upang ito'y maigupo. Sa pagkakita nilang napakaliit ang ibinunga ng paguusig sa nagawa ni Lutero sa Alemanya, ay pinagkaisahan nilang labanan ang gawaing Reporma at gamitin ang sariling sandata rin nito. Makikipagtalo sila kay Zuinglio at siya ang pipili ng pook na paglalabanan at ng mga hukom na hahatol sa maglalabanan, sa ganito'y walang salang kanila ang tagumpay. At minsang naipailalim nila si Zuinglio sa kanilang kapangyarihan, ay pag-iingatan nilang huwag na siyang makawala pa. Kapag napatahimik na nila ang pangulo, ang kilusang pinangunguluhan ay madali nang mawawasak. Gayon pa man ang panukalang ito ay pinakaingat-ingatan nilang huwag maalaman ninuman.

Kanilang itinakda na ang pagtatalo ay ganapin sa Baden; nguni't wala roon si Zuinglio. Ang konsilyo sa Zurich, sa paghihinala sa mga balak ng mga Katoliko Romano, at sa pagkatakot sa mga nagliliyab na bunton ng kahoy sa mga pook na makapapa na inihanda sa mga sumusunod sa ebanghelyo, ay nagbawal sa kanilang pastor na ilantad nito ang kanyang sarili sa kapahamakan. Sa Zurich ay handa siyang makipagtalo sa kaninumang isusugo ng Roma; datapuwa't kung tumungo siya sa Baden, na hindi pa nalalaunan na naging larangan na dinaluyan ng dugo ng mga bayaning Kristiyano alangalang sa katotohanan, ay para na siyang yumaon sa tiyak na kamatayan.

Si Ecolampadio at si Haller ay nahirang na kumatawan sa mga Repormador, samantalang ang bantog na Doktor Eck, na tinangkilik ng mga pantas at mga pari, ay siya namang tagapagtanggol ng Roma.

Bagaman si Zuinglio ay hindi kaharap sa panayam na yaon, nadama rin naman doon ang kanyang impluensya. Ang isang nagaaral na dumadalo sa konsilyo ay gu- mawa gabi-gabi ng isang ulat ng lahat ng katuwirang kanilang inilahad. Ang mga papel na ito ay inihahatid ng iba pang dalawang mag-aaral, kasama ang mga sulat ni Ecolampadio araw-araw kay Zuinglio sa Zurich. Ang Repormador naman ay tumutugon at ibinibigay ang kanyang mga [169]

10

payo at mungkahi. Ang kanyang mga liham ay sa gabi niya sinusulat, at sa umaga naman ay dinadala ng mga nagsisipag-aral sa Baden.

Sa ganitong paraan nakipaglaban si Zuinglio sa kanyang mga mapaglalang na katunggali. "Lalong malaki ang kanyang nagawa," ang wika ni Miconio, "sa pamamagitan ng kanyang mga pagbubulay-bulay, ng kanyang pagpupuyat at ng payo na ipinadala niya sa Baden, kaysa magagawa niya kung makikipagtalo siya ng harapan sa gitna ng kanyang mga kaaway."[11]

Ang mga kinatawan ng papa na masigla sa pag-asang man-anagumpay, ay dumating sa Baden, na nararamtan ng kanilang pinakamahal na damit at kumikinang sa mga hiyas. Sagana ang kanilang pagkain, at ang kanilang mga.dulang na kainan ay naha-hainan ng pinakamahal na pagkain at pinakapiling mga alak.

Sa kabila nito'y iba naman ang katayuan ng mga Repormador, na hindi nagtatagal sa dulang sa kakauntian ng kanilang pagkain.

Sa paminsan-minsang pagtingin ng may-ari ng tinutuluyang bahay ni Ecolampadio, ay nasumpungan niya na siya'y lagi nang nag-aaral at nananalangin, at sa kanyang malaking paghanga, ay sinabi na ang erehe ay "napakabanal" pala naman.

Sa komperensya "si Eck ay may-kapalaluang pumanhik sa isang pulpito na nararamtan ng mahal na damit, samantalang ang ma-pagpakumbabang si Ecolampadio na nakasuot ng pangkaraniwang damit, ay napilitang naupo sa harap ng kanyang kaaway sa isang
[170] bangkong maliit at masama ang yari."[11] Ang napakalakas na tinig at lubos na kapanatagan kailan ma'y hindi nawawala kay Eck. Ang kasigasigan niya ay pinagpag-alab ng pag-asa sa salapi at sa karangalan; sapagka't ang nagtatanggol ng pananampalataya ay gagantihin ng mainam na kabayaran. Kapag wala na siyang mabut-ing matuwid ay gumagamit siya ng mga kutya at mga paghamak.

Si Ecolampadio, na mahinhin at hindi marunong magtiwala sa sarili, ay umurong sa gayong pakikilaban, at ito'y kanyang pinasok sa pamamagitan ng mataimtim na pahayag, "wala akong kiniki-

[11] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 11, kab. 13.

[11] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 11, kab. 13.

lalang ibang pamantayan ng paghatol maliban sa salita ng Diyos."[11] Bagaman siya'y mahinhin at magalang sa pagkilos, ay nagpakilala siyang may kaya at walang gulat.

Samantalang ang mga Romanista, alinsunod sa kanilang kinagawian, ay nanghahawak sa mga ugali ng iglesya, ang Repormador naman ay mahigpit na nanghawak sa Banal na Kasulatan. "Ang ugali" ang wika niya, "ay walang lakas sa ating bayang Suisa, malibang iya'y kaayon ng saligang batas; ngayon, sa mga bagay na may kinalaman sa pananampalataya, ang Biblia ay siya nating saligang-batas."[11]

Ang pagkakaiba ng dalawang nagtatalo ay di-nawalang bisa. Ang payapa at malinaw na pangangatuwiran ng Repormador, na totoong maamo at napakahinahong inihanay ay kumilos sa pag-iisip na nagkaroon ng pagkamuhi sa palalo at maingay na pala-palagay ni Eck.

Ang pagtatalo ay labing-walong araw na nagtagal. Sa wakas ay buong pagtitiwalang inangkin ng pangkating makapapa ang tagumpay. Ang karamihan sa mga kinatawan ay kumampi sa Roma, at ipinahayag ng konsilyo na nadaig ang mga Repormador, at sila, pati ng kanilang pinunong si Zuinglio ay itiniwalag na sa iglesya. Datapuwa't ang mga ibinunga ng panayam na yaon ay nagpakilala na kung aling panig ang nakalalamang.

Ang pagtutunggali ay nauwi sa isang malakas na pag- sulong ng [171]
gawain ng Protestante, at hindi nagtagal pagkatapos nito, ang mahahalagang lunsod ng Berna at Basilea ay nagpahayag ng kanilang
pagkatig sa Reporma. [172]

[173]

[11] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 11, kab. 13.

[11] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 11, kab. 13.

## *Kabanata 11*—Pagtatanggol sa pananampalataya

Ang isa sa pinakamarangal na patotoo sa kapakanan ng Reporma ay ang Pagtutol na iniharap sa Diyeta sa Espira noong taong 1529, ng mga prinsipeng Kristiyano ng Alemanya. Ang kalakasang-loob, pananampalataya, at katatagan ng mga taong yaon ng Diyos, ay nagpamana sa mga susunod na panahon ng kalayaan ng pag-iisip at budhi. Ang kanilang Protesta ay nagbigay sa nabagong iglesya ng ngalang Protestante; ang mga simulain niyaon ay siyang "kakanggata ng aral ng Protestantismo."[1]

Ang Reporma ay inabot ng isang madilim at nagbabalang araw. Bagaman sa Worms ay lumabas ang pasiyang nagpapahayag na si Lutero ay isang salarin, at nagbabawal na ituro o paniwalaan ang mga aral ng taong ito, ay naghari din sa imperyo ang kalayaan sa relihiyon. Ang kalooban ng Diyos ang sumawata sa kapangyarihang sumasalungat sa katotohanan. Ipinasiya ni Carlos V na durugin ang Reporma, datapuwa't malimit na kapag iniaamba niya ang kanyang kamay napipilitan huwag niyang ituloy. Muli't muling tila hindi maiiwasan ang pagkapahamak noong mga sumasalungat sa Roma; datapuwa't kapag dumarating na ang sandaling mapanganib, ang emperador ay binabaka ng hukbo ng Turkya na mula sa Silangan, o dili kaya'y ng hari ng Pransya o ng papa na rin, sa pananaghili sa lumalagong kadakilaan niya, at sa gayo'y sa kalagitnaan ng sigalot at gulo ng mga bansa, ang Reporma ay napabayaan upang magpalakas at sumulong.

[174] Sa wakas ay pinigil ng mga haring katoliko ang kani- lang alitan, upang kanilang mapagtulung-tulungan ang mga Repormador. Ang Diyeta sa Espira noong 1526 ay nagkaloob sa bawa't lalawigan ng ganap na kalayaan sa mga bagay na ukol sa relihiyon hanggang sa tawagin ang isang pangkalahatang kapulungan; datapuwa't hindi pa man lumilipas ang mga kapanganibang nag-udyok sa pagkakasundong ito ay ipinag-utos na ng emperador na magdaos ng ikalawang

[1] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 13, kab. 6.

konsilyo sa Espira noong 1529 upang pag-usapan ang pagdurog sa erehiya. Ang mga prinsipe ay hihimukin, sa pamamagitan ng mapayapang kaparaanan kung mangyayari, na huwag kumampi sa Reporma; datapuwa't sakaling walang mangyayari, si Carlos ay handang gumamit ng tabak.

Natuwa ang mga makapapa. Marami silang nagsiharap sa Espira, at hayag na ipinakilala ang kanilang pagkamuhi sa mga Repormador at sa lahat ng nakikiayon sa mga ito. Ang sabi ni Melanehton: "Kami ang sinumpa at sukal na winalis ng sanlibutan; datapuwa't tutunghayan ni Kristo ang kanyang kaawa-awang bayan, at iingatan sila."[2] Ang mga prinsipeng ebangheliko na dumalo sa konsilyo ay pinagbawalan na magpahintulot na ipangaral ito sa kanilang mga tahanan. Datapuwa't ang mga taga-Espira ay uhaw sa salita ng Diyos, at sa harap ng pagbabawal, ay nagdagsaan ang libu-libo sa mga pulong na ginanap sa kapilya ng elektor ng Sahonya.

Ito ang nagpadali sa pagdating ng kapanganiban. Ang isang kalatas ng emperador ay nagpahayag sa Diyeta, na sapagka't ang batas na nagbibigay ng kalayaan ng budhi ay nagbangon ng malalaking kaguluhan, ay hinihingi ngayon ng emperador na ito'y pawalang bisa. Ang magahasang asal na ito ay umuntag sa kagalitan at paghihimagsik ng mga Kristiyanong ebangheliko.

Ang pagpapahintulot sa Relihiyon ay pinagtibay ng batas, at ang mga lalawigang ebangheliko ay nangag- pasiyang tumutol, [175]
sa panghihimasok sa kanilang mga karapatan. Si Lutero, palibhasa'y sumasailalim pa ng pagbabawal ng pasiya ng Worms, ay hindi pinahintulutang humarap sa Espira; subali't siya'y inako ng kanyang mga kamanggagawa at ng mga prinsipeng tinawagan ng Diyos upang magsanggalang sa kanyang gawain sa ganitong kagipitan. Ang marangal na taong si Federico ng Sahonya, na dating sanggalang ni Lutero, ay namatay na; nguni't ang Duke Juan, na kanyang kapatid at kahalili, ay buong galak na tumanggap sa Reporma at bagaman siya'y isang kaibigan ng kapayapaan, ay nagpakilala siya ng malaking sigla at tapang sa lahat ng bagay na may kinalaman sa mga kapakanan ng pananampalataya.

[2] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 13, kab. 5.

Hiningi ng mga pari na ang mga lalawigang tumanggap sa Reporma ay ganap na sumuko sa kapangyarihan ng Roma. Sa kabilang dako naman ay iginiit ng mga Repormador ang kalayaang sa kanila'y ibinigay noong una. Hindi nila mapahihintulutang sumailalim na muli ng Roma yaong mga lalawigang tumanggap na sa salita ng Diyos ng buong galak.

Upang magkasundo ay binalak, sa wakas, na roon sa pook na hindi pa matatag ang Reporma, ang pasiya ng Worms ay buong higpit na ipasusunod, at "doon sa pook na ang pasiyang ito ay ayaw kilalanin ng mga tao at hindi makaaayon dito na walang panganib na maghimagsik ay hindi sila magpapasok ng bagong pagbabago, at hindi nila sasalangin ang anumang bahaging pinagtatalunan, at hindi nila pipigilin ang pagmimisa, at hindi nila pahihintulutang tumanggap ang Katoliko Romano ng Luteranismo."[2] Ang pasiyang ito ay pinagtibay ng Diyeta at ikinasiyang lubha ng mga pari at ng mga panguluhan nilang makapapa.

Kung ipasusunod ang pasiyang ito, "ang Reporma ay hindi aabot. . . sa lugar na di pa nakaaalam nito, ni maitatayo man sa matatag na
[176] mga patibayan. . . sa lu- gar na kinaroroonan na nito."[2] Ang kalayaan sa pagsasalita ay ipagbabawal. Ipagbabawal ang paghikayat. At sa mga pagbabawal at paghihigpit na ito, ang mga kaibigan ng Reporma ay hininging pailalim agad. Mandi'y halos mamatay na ang mga pag-asa ng sanlibutan. "Ang muling pagkatatag ng organisasyon ng mga pari ng Roma . . . ay walang pagsalang magsasauli ng mga dating kapaslangan;" at ito ang magbibigay ng pagkakataon upang "malubos ang pagkawasak ng isang gawaing naliglig nang mainam," ng pagkapanatiko at pagsalungat."

Nang magpulong ang pangkating ebangheliko upang magsanggunian, ay nangagtinginan sila na natitigilan. Sila-sila'y nagtatanungan; "ano ang dapat gawin?" Malalaking suliranin ng sanlibutan ang nabibingit sa kapanganiban. "Susuko baga ang mga pangulo ng Reporma at tatanggap sa pasiya? Gaano kadaling makapangatuwiran ng pamali ang mga Repormador sa harap ng ganitong kagipitan!

[2] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 13, kab. 5.

[2] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 13, kab. 5.

Gaano karaming inabubuting dahilan at maiinam na katuwiran ang masasangkalan nila sa pagsuko!

"Sa kabutihang palad ay tiningnan nila ang simulaing kinababatayan ng pagkakaayos na ito, at sila'y kumilos na may pananampalataya. Anong simulain yaon? Yao'y ang karapatan ng Roma na gahasain ang budhi ng tao at magbawal ng malayang pagsisiyasat. Ang pag-ayon sa iniharap na kasunduan ay magiging isang pag-amin, na ang kalayaan sa relihiyon ay dapat maukol lamang sa narepormang Sahonya; at hinggil sa ibang bahagi ng Sangkakristiyanuhan, ang malayang pagsisiyasat at pagtanggap sa bagong pananampalataya, ay mga krimen at dapat bayaran ng pagkabilanggo o pagkasunog. Makaaayon baga sila na sa isang dako na lamang mabigyang luwag ang kalayaan sa relihiyon? at ipahayag na noon ay naakit na ng Reporma ang kahuli-hulihan niyang kabig? Ito sana'y naging pagkakanulo noong huling oras na iyon, ng gawain [177] ng ebanghelyo at ng kalayaan ng Sangkakristiyanuhan."[3] "Inibig pa nilang isakripisyo ang lahat ng bagay, maging ang kanilang mga lalawigan, ang kanilang mga korona, at pati ng kanilang mga buhay."[2]

"Tanggihan natin ang pasiyang ito," anang mga prinsipe. "Sa mga bagay na may kinalaman sa budhi ng tao, ang nakararami ay walang kapangyarihan." Ipinahayag ng mga kinatawan: "Sa batas na napagtibay noong 1526 ay utang natin ang kapayapaang tinatamasa ngayon ng kaharian; kung pawiin ito ay mapupuno ang Alemanya ng mga bagabag at pagkakahati-hati. Ang Diyeta ay walang karapatang gumawa ng anuman maliban sa ingatan ang kapayapaan sa relihiyon hanggang sa magpulong na muli."[2] Ang pagsasanggalang sa kalayaan ng budhi ay tungkulin ng pamahalaan, at ito na ang hangganan ng kanyang kapangyarihan sa mga bagay na ukol sa relihiyon.

Ang bawa't pamahalaang nangangahas mag-utos o magpasunod ng mga utos ng relihiyon sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan

[3] J. A. Wylie, *History of Prtestantism*, aklat 9, kab. 15.

[2] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 13, kab. 5.

[2] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 13, kab. 5.

ay pumapatay sa simulain na marangal na ipinakipagpunyagi ng mga Kristiyano ebangheliko.

Nakita ng Haring Fernando, kinatawan ng emperador sa Diyeta, na ang pasiya ay magbubunga ng malulubhang pagkakahati-hati kung hindi maaakit ang mga prinsipe na tanggapin at tangkilikin ang pasiyang yaon. Nang magkagayo'y ginamit niya ang matalinong paghikayat, yamang alam na alam niya na ang paggamit ng lakas sa gayong mga tao ay magpapatigas lamang ng kanilang loob. "Isinamo niya sa mga prinsipe na tanggapin na ang pasiya at ipinangako niya sa kanila na malulugod na totoo ang emperador sa kanila." Datapuwa't ang mga tapat na taong ito ay nagsikilala sa isang kapangyarihang lalong mataas sa mga pangulo sa lupa, at sumagot
[178] sila ng banayad: "Susundin namin ang emperador sa bawa't ba- gay na makatutulong sa ipagkakaroon ng kapayapaan at paggalang sa Diyos."[2]

Sa harap ng Diyeta ay ipinahayag ng hari sa prinsipe at sa kanyang mga kaibigan, na ang pasiya "ay isusulat na at gagawin nang batas ng imperyo," at wala nang "nalalabi pa sa kanila kundi ang sumunod na lamang sa karamihan." Pagkasalita niya ay umalis siya sa kapulungan, at hindi na binigyan ang mga Repormador ng pagkakataong makapagsalita o makasagot man. "Walang narating ang pagsusugo nila ng mga kinatawan sa hari na namanhik na siya'y bumalik." Sa kanilang mga pagtutol ay sumagot na lamang siya ng ganito: "Tapos na ang suliraning iyan, pagsuko ang siya na lamang nalalabi."[2]

Sapagka't ayaw kilalanin ni Fernando ang paniniwala ng budhi ng mga prinsipe, ipinasiya nilang huwag pansinin ang kanyang di pagdalo, kundi iharap agad sa kapulungang pangbansa ang kanilang pagtutol. Isang mahalagang pahayag ang kanilang ginawa at iniharap sa Diyeta. Ganito ang sinasabi:

"Kami'y turnututol sa pamamagitan ng mga nakikiharap na ito, sa harapan ng Diyos, na ating Manglalalang, Tagapagingat, Manunubos, at Tagapagligtas, na siyang magiging Hukom natin balang araw, at gayon din naman sa harapan ng lahat ng tao at lahat ng nilalang,

[2] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 13, kab. 5.

[2] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 13, kab. 5.

na kami, sa ganang amin at sa aming bayan, ay hindi pumapayag o kumakatig, sa anumang kaparaanan, sa panukalang-batas na ito, sa anumang bagay na laban sa Diyos, sa Kanyang banal na salita, at sa aming matuwid na budhi, sa ikaliligtas ng aming mga kaluluwa."

"Ano! kakatigan namin ang batas na ito! Ipahahayag ba namin na kapag ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat ay tumatawag sa isang taong kilalanin Siya, ang taong ito ay hindi makatatanggap ng pagkakilala sa Diyos?" "Walang tunay na aral kundi yaong ayon sa salita ng Diyos. Ipinagbabawal ng Panginoon ang pagtuturo ng anumang ibang aral. . . . Ang mga Banal na Kasulatan ay dapat [179]
ipaliwanag ng mga iba at lalong maliliwanag na talata; . . . ang banal na aklat na ito, sa lahat ng bagay, ay kailangan ng Kristiyano, pagka't madaling maunawa, at sadyang itinalaga sa pagpapasabog ng kadiliman. Ipinasiya namin, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, na panatilihin ang malinis at ganap na pangangaral ng Kanya lamang salita, na napapalaman sa mga aklat ng Matanda at Bagong Tipan, na hindi daragdagan ng anumang nalalaban dito. Ang Salitang ito ay siya lamang katotohanan; ito ang walang pagkakamaling tuntunin ng lahat ng aral sa buong kabuhayan, kailan ma'y di nito bibiguin ni dadayain man tayo. Ang nagtatayo sa ibabaw ng patibayang ito ay makapananaig sa lahat ng kapangyarihan ng impiyerno, samantala'y ang lahat ng walang kabuluhang itinatayo ng mga tao laban dito ay mababagsak sa harapan ng Diyos."

"Dahil dito'y tinatanggihan namin ang pamatok na sa ami'y ipinapapasan." "Sa pagtanggi naming ito'y umaasa namang kami na ang kagalang-galang na emperador ay aasal sa aming tulad sa isang prinsipeng Kristiyano, na umiibig sa Diyos ng higit sa lahat ng bagay; at ipinatatalastas naming kami'y handang magbigay sa kanya, at sa inyo man, mga mapagbiyayang panginoon, ng buong pagmamahal at pagtalima na siyang matuwid at ayon sa batas na aming tungkulin."[1]

Ito'y napakintal ng malalim sa isipan ng mga kaharap sa Diyeta. Ang karamihan ay napuno ng pagkamangha at pagkatakot sa katapangan ng mga tumututol. Ang hinaharap na panahon ay nakita nilang mabagyo at maligalig. Ang pagsalungat, alitan, at pagtitigis

[1] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 13, kab. 6.

ng dugo ay tila hindi maiiwasan. Datapuwa't ang mga Repormador, sa pagkatiyak na matuwid ang kanilang usapin at sa pagtitiwala sa bisig ng Makapangyarihan sa lahat, ay "nangapuspos ng lakas ng loob at katatagan."

"Ang mga simulaing napapaloob sa bantog na Protestang ito
[180] . . . ay siyang kakanggata ng Protestantismo. Ang Pagtutol na ito ay sumasalungat sa dalawang pagpapakalabis ng tao tungkol sa mga bagay ng pananampalataya: ang una'y ang panghihimasok ng pamahalaang sibil, at ang ikalawa'y ang di-mababagong kapangyarihan ng iglesya. Sa halip ng mga kamaliang ito, ay inilalagay ng Protestantismo ang kapangyarihan ng budhi sa ibabaw ng kapangyarihan ng isang namamahala, at ang kapangyarihan ng salita ng Diyos sa ibabaw ng iglesya ng nakikita. Sa una'y tinatanggihan nito ang kapangyarihang sibil na manghimasok sa mga bagay na ukol sa relihiyon, at kasama ng mga propeta at ng mga apostol ay nagsabi: *'Dapat muna kaming magsitalima sa Diyos bago sa mga tao!'* Sa harapan ng korona ni Carlos V, ay itinaas nito ang korona ni Jesu-Kristo. At bukod dito'y may iba pa: Inilagay rin nito ang simulain, na ang lahat ng aral ng tao ay dapat sumailalim ng mga salita ng Diyos."[1] Pinagtibay rin naman ng mga tumututol ang kanilang mga karapatang magpahayag ng malaya ng kanilang pagkakilala sa katotohanan. Hindi lamang nila sasampalatayanan at susundin ang ipinakikilala ng salita ng Diyos kundi ituturo pa, at di nila kinilala ang matuwid ng pari o ng isang namamahala na makialam. Ang Pagtutol sa Espira ay isang mataimtim na pagsaksi laban sa di pagbibigay-pahintulot sa relihiyon, at isang pahayag ng matuwid ng lahat ng tao na sumamba sa Diyos alinsunod sa itinitibok ng sarili nilang budhi.

Nagawa na ang pahayag. Nasulat sa alaala ng libulibo at natala na sa mga aklat sa kalangitan, roo'y hindi na mapapawi kahi't anumang pagsisikap ang gawin ng tao. Tinanggap ng buong Alemanyang ebanghelika ang Protesta na pinakabalayan ng kanilang pananampalataya. Sa pahayag na ito, nakita ng mga tao sa lahat ng dako ang pag-asa na dumarating ang isang bago at mabuting panahon. Ganito ang sabi ng isa sa mga prinsipe sa mga Protestante

[1] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 13, kab. 6.

sa Espira: "Nawa ay ingatan kayo hanggang sa walang-hanggan, ng Makapangyarihan sa lahat, na nagbigay sa inyo ng biyaya na [181] makapagpahayag ng buong lakas, laya, at tapang."[1]

Kung ang Reporma ay pumayag na sumang-ayon sa sanlibutan pagkatapos na magtamo ng kaunting tagumpay, ay hindi sana siya naging tapat sa Diyos at sa kanyang sarili, at sa gayo'y siya na rin ang gumawa ng kanyang ikapapahamak. Ang karanasan ng mga marangal na Repormador na ito ay naglalaman ng isang aral para sa lahat ng susunod na panahon. Ang paraan ng paggawa ni Satanas laban sa Diyos at sa kanyang salita'y hindi nagbabago, at gaya noong ikalabing-anim na dantaon ay mahigpit pa rin ngayon ang paglaban niya sa Banal na Kasulatan na ginagawang gabay ng mga tao sa kabuhayan. Sa ating kapanahunan ay malaki ang paghiwalay ng mga tao sa mga aral at utos ng Kasulatan at kinakailangan ang manumbalik sa dakilang simulaing Protestante—ang Biblia, at ang Biblia lamang, na siyang tuntunin ng pananampalataya at tungkulin. Gumagawa pa rin si Satanas sa lahat ng kaparaanang masasamantala niya upang iwasak ang kalayaan sa relihiyon. Ang kapangyarihang antikristiyano, na tinanggihan noon ng mga Protestante sa Espira, ay nagpanibago ngayon ng lakas, sa pagsisikap na maitayong muli ang kanyang nawalang pangingibabaw.

Iyon ding matibay na panghahawak sa salita ng Diyos na ipinakilala nila noong kapanahunan ng Reporma, ay siyang tanging pag-asa sa pagbabago sa panahong ito.

Ang Reporma ay dapat matanyag sa harap ng mga makapangyarihang tao sa lupa. Ang mga prinsipeng ebangheliko ay hindi pinakinggan ng haring Fernando; datapuwa't sila'y pagkakalooban pa ng isang pagkakataon na maiharap ang kanilang usapin sa emperador at sa nagkakatipong matataas na tao ng iglesya at pamahalaan. Upang mapayapa ang mga pagtatalo na gumulo sa imperyo, si Carlos V nang mag-iisang taon na, pagkaraan ng pagtutol sa Espira, ay tumawag ng isang Diyeta sa Augsburgo, na roo'y ipinahayag niya [182] ang kanyang adhika na mangulo sa pulong. Doo'y tinawagan ang mga pangulong Protestante.

[1] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 13, kab. 6.

Ang mga prinsipeng nagsitanggap ng bagong aral ay nangagkaisa na ilagay sa isang maayos na paraan ang pagpapahayag ng kanilang mga paniniwala, lakip ang patotoo ng Banal na Kasulatan, upang iharap sa Diyeta at ang pag-aayos nito ay ipinagkatiwala kay Lutero, Melanchton, at sa kanilang mga kasama. Ang pahayag na ito ay kinilala ng mga Protestante na pinaka isang paliwanag ng kanilang pananampalataya, at sila'y nagkatipon upang magsilagda ng kanilang pangalan. Yaon ay isang solemne at mapangsubok na panahon.

Nang magsilapit na ang mga prinsipeng Kristiyano upang lumagda sa dokumento, namagitan si Melanehton na nagsabi: "Nasa mga teologo at mga ministro ang magmungkahi ng mga bagay na ito; dapat nating itaan sa mga ibang bagay ang kapamahalaan ng mga makapangyarihang tao sa lupa." "Huwag nawang ipahintulot ng Diyos," ang tugon ni Juan ng Sahonya, na "ako'y hindi ninyo isama. Ako'y natatalagang gumawa ng matuwid, at hindi ko inaalaala ang aking korona. Ninanasa kong ipahayag ang Panginoon. Sa ganang akin ang sombrero ko sa pagkaprinsipe at ang aking toga ay hindi kasinghalaga ng krus ni Jesu-Kristo." Pagkatapos na makapagsalita siya ng ganito ay inilagda niya ang kanyang pangalan. Ang wika naman ng isa pa sa mga prinsipe ng hawakan niya ang panitik: "Kung kinakailangan ng karangalan ng aking Panginoong Jesu-Kristo, ay handa ako . . . upang lisanin ang aking mga ariarian pati ng aking buhay." "Iibigin ko pang talikdan ang aking mga sakop at ang aking mga estado, lisanin ang lupa ng aking mga magulang," ang kanyang patuloy, "kaysa tumanggap ng ibangaral na hindi napapalaman sa
[183] pamamahayag na ito."[4] Ganyan ang pananalig at lakas ng loob ng mga taong yaon ng Diyos.

Dumating ang panahong itinadhana ng pagharap sa emperador. Si Carlos V, na nakaupo sa kanyang luklukan, at naliligiran ng mga manghahalal at ng mga prinsipe ay nanainga sa mga Repormador na Protestante. Binasa ang pahayag ng kanilang pananampalataya. Sa malaking katipunang yaon, ang mga katotohanan ng ebanghelyo ay malinaw na nahayag, at ang mga kamalian ng iglesyang makapapa ay dinaliri. Matuwid ang pagkasabi, na ang araw na yaon ay "siyang

[4]J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 14, kab. 6.

pinakadakilang araw ng Reporma. At isa sa pinakamaluwalhati sa kasaysayan ng Kristiyanismo at katauhan."[5]

Noong mga kaarawan ni Pablo, ang ebanghelyo, na naging dahil ng kanyang pagkabilanggo, ay nakasapit sa ganyan ding kaparaanan, sa mga prinsipe at mga maharlika sa lunsod ng imperyo. Gayon din naman sa pagkakataong ito, yaong ipinagbawal ng emperador na ipangaral sa pulpito ay ipinahayag sa palasyo ng hari; ang ipinalagay ng marami na hindi bagay pakinggan maging ng mga alipin, ay dininig na may pagkamangha ng mga guro at mga pinuno sa kaharian. Ang mga hari at mga dakilang tao ang nagsisipakinig, ang mga nakakoronang prinsipe ang siyang mga tagapangaral, at ang sermon nila ay ang marangal na katotohanan ng Diyos. "Mula nang panahon ng mga alagad," anang isang manunulat, "ay hindi nagkaroon ng isang dakilang gawain o isang marangal na pagpapahayag na higit kaysa rito."[5]

Ang isa sa mga simulaing matibay na ipinagtanggol ni Lutero ay ang hindi nararapat na paghingi ng tulong sa pamahalaan upang matangkilik ang Reporma, at hindi nararapat umasa sa sandata ng pamahalaan upang maipagtangol ito. Ikinatuwa niya, na ang ebanghelyo ay kinilala ng mga prinsipe ng imperyo; datapuwa't nang balakin ni- lang magkaisa upang ito'y ipagtanggol, ay ipina- [184]
hayag niyang "ang aral ng ebanghelyo ay dapat ipagtanggol ng Diyos lamang. . . . Kung di-gasinong makikialam ang tao sa gawain, ay lalo namang makikita ang pamamagitan ng Diyos sa kapakanan nito. Ang lahat ng mga iminungkahing pag-iingat na ukol sa politika, ayon sa kanyang pagkakilala, ay bunga ng walang kabuluhan pagkatakot at kawalang tiwala."[6]

Nang ang mga malalakas na kalaban ay nagkakaisa upang ibagsak ang bagong pananampalataya, at libu-libong tabak ang waring bubunutin laban dito, ay ganito ang sinulat ni Lutero: "Inilalabas ni Satanas ang kanyang galit, ang mga walang kabanalang pontipise ay lumilikha ng masasamang balak; at tayo'y tinatakot sa pama-

[5] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat14, kab. 7.

[5] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 14, kab. 7.

[6] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 10, kab. 14. (Limbag sa Londres.)

magitan ng digma. Payuhan ninyo ang bayan na buong tapang na makilaban sa harap ng luklukan ng Panginoon, sa pamamagitan ng pananampalataya at pananalangin, upang ang mga kaaway nating dinaig ng Espiritu ng Diyos ay mapilitang makipamayapa. Ang ating unang kailangan, ang ating unang gawain, ay ang manalangin; unawain sana ng mga tao na sila ngayo'y nalalantad sa talim ng tabak at sa galit ni Satanas, at manalangin sana sila."[7]

Buhat sa lihim na dakong dalanginan ay lumabas ang kapangyarihang yumanig sa sanlibutan noong panahon ng Dakilang Reporma. Doon, taglay ang banal na katiwasayan ay tinatagan ng mga lingkod ng Panginoon ang kanilang tayo, sa ibabaw ng malaking bato ng Kanyang mga pangako. Nang panahong pakikipagpunyagi sa Augsburgo, si Lutero "ay hindi nagparaan ng isang araw na di siya nagtatalaga ng kahi't tatlong oras man lamang sa pananalangin,
[185] at yao'y mga oras na siyang pinakamabuti niyang ipag-aral."

Dininig ng Diyos ang mga daing ng kanyang mga lingkod. Ang mga prinsipe at ang mga ministro ay pinagkalooban Niya ng biyaya at tapang upang maipagtanggol ang katotohanan laban sa mga pangulo ng kadiliman ng sanlibutang ito. Ang sabi ng Panginoon: "Narito Aking inilalagay sa Sion ang isang batong panulok na pangulo, hirang, mahalaga; at ang sumasampalataya sa Kanya ay hindi mapapahiya."[8] Ang mga Repormador na Protestante ay nangagtibay kay Kristo at ang mga pintuan ng impiyerno ay hindi makapanaig
[186] sa kanila.

[187]

[7] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 10, kab. 14.

[8] 1 Pedr 2:6.

## *Kabanata 12*—Ang panawagan sa mga pranses

Ang protesta sa Espira at ang Pagpapahayag sa Augsburgo, na siyang naging tanda ng pagwawagi ng Reporma sa Alemanya, ay sinundan ng mga taon ng labanan at kadiliman. Ang Protestantismo na pinapanghina ng pagkakahati-hati ng mga tagatangkilik nito, at sinasalakay ng makapangyarihang kaaway, ay wari bagang hahantong sa pagkawasak. . . . Nguni't sa sandali ng wari kanyang pagtatagumpay, ang emperador ay hinampas ng pagkatalo. Nakita niyang naagaw ang huli niya sa kanyang mga kamay, at sa wakas ay napilitan siyang magbigay pahintulot sa mga aral na siyang naging hangaring iwasak ng kanyang kabuhayan. Itinaya niya ang kanyang kaharian, ang kanyang kayamanan, at ang buhay na rin, upang pawiin ang erehiya. Ngayo'y nakita niyang ang kanyang mga hukbo'y pinapanghina ng labanan, ang kanyang kabang-yaman ay wala nang laman, ang marami niyang mga kaharian ay binabalaan ng paghihimagsik, samantalang sa lahat ng dako'y lumalaganap ang pananampalatayang walang kabuluhang pinagsikapan niyang sugpuin. Si Carlos V ay nakipaglaban sa kapangyarihang walang-hanggan. Sinabi ng Diyos, "Magkaroon ng liwanag," nguni't pinagsikapan ng emperador na papanatilihin ang kadiliman. Nabigo ang kanyang mga hangarin; at sa napadali niyang pagtanda, na pinapanghina ng matagal na pakikipagpunyagi, ay nilisan niya ang luklukan at itinago niya ang kanyang sarili sa isang kombento.

Sa Suisa, gaya rin sa Alemanya, ay nagkaroon ng madidilim na mga araw para sa Reporma. Bagaman mara- ming mga kanton [188]
[nakakatulad ng lalawigan] ang nagsitanggap sa bagong pananampalataya, ang iba nama'y nanatili sa aral ng Roma. Ang pag-uusig nila sa mga nagnanais na tumanggap sa katotohanan, ay siyang naging dahilan ng labanang sibil sa kawakasan. Si Zuinglio at ang marami pang ibang nakisama sa kanya sa gawaing pagbabago, ay nangabuwal sa madugong labanan sa Kappel. Si Ecolampadio, na napanagumpayan ng ganitong kasakunaan, ay di-natagala't inabot ng kamatayan.

Nagwagi ang Roma, at sa maraming dako'y wari bagang makukuha na niyang muli ang mga nawala sa kanya. Datapuwa't Siya na ang Kanyang payo ay buhat sa walang-hanggan ay di-nagpapabaya sa Kanyang gawain o sa Kanyang bayan. Ang kamay Niya ay siyang magliligtas sa kanila. Nagtayo Siya ng mga manggagawa sa ibang mga lupain upang magtaguyod ng gawaing pagbabago.

Sa Pransya, bago narinig ang pangalan ni Lutero bilang isang Repormador, ay dumating na ang pagbubukang-liwayway. Ang isa sa mga unang tumanggap ng liwanag ay ang matandang Lefevre, isang lalaking may malawak na kaalaman, isang propesor sa Unibersidad ng Paris, at isang tapat at masigasig na Katoliko Romano. Sa kanyang pagsasaliksik ng mga babasahin ng unang panahon ay natawag ang kanyang pansin sa Biblia, at kanyang itinagubilin ang pag-aaral nito sa mga magaaral niya.

Nang 1512, bago pinasimulan ni Lutero o ni Zuinglio ang kanilang gawain ng pagbabago, ay sumulat si Lefevre: "Ang Diyos ang nagbibigay sa atin, sa pamamagitan ng pananampalataya, na ang katuwiran sa pamamagitan lamang ng biyaya ang nagpapaging-dapat ukol sa buhay na walang-hanggan."[1] Sa pagsasaisip niya
[189] ng inga hiwaga ng pagtubos, ay sinabi niya, "Oh, ang di-mabigkas na kadakilaan ng pagpapalit na yaon—ang Isang Walang-sala'y hinatulan, at siyang maysala'y pinalaya; ang Pagpapala ang nagdala ng sumpa, at ang sinumpa ay dinala sa pagpapala; ang Buhay ay namatay, at ang patay ay nabuhay; ang Kaluwalhatian ay binalot ng kadiliman, at siya na walang nalalaman kundi ang kaguluhan ng mukha ay nadaramtan ng kaluwalhatian."[2]

At samantalang itinuturo na ang kaluwalhatian ng kaligtasan ay sa Diyos lamang, ay ipinahayag din naman niya na ang tungkuling pagsunod ay sa tao. "Kung ikaw ay isang kaanib ng iglesya ni Kristo," ang wika niya, "ay isang sangkap nga ikaw ng Kanyang katawan; kung ikaw ay sa Kanyang katawan, kung gayo'y puno ka ng banal na katutubo ng Diyos. . . . Oh, kung mauunawaan lamang ng mga tao ang tanging karapatang ito, gaano nga kadalisay, kalinis, at gaano kabanal na mamumuhay sila, at gaano nga ang gagawin nilang paghamak sa lahat ng kaluwalhatian ng sanlibutang

[1] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 13, kab. 1.

[2] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 12, kab. 2. (Limbag sa Londres.)

ito, kung ihahambing sa kaluwalhatiang nasa kanila—kaluwalhatiang di-nakikita ng mata ng laman."[2]

May ilan sa mga mag-aaral ni Lefevre ang may kasabikang nakinig sa kanyang mga salita, at pagkaraan ng matagal na pagkatahimik ng tinig ng kanilang guro, ay magpapatuloy na magpahayag ng katotohanan. Gayon si Guillermo Farel. Anak ng mga makabanalang mga magulang, at tinuruan upang tanggaping may lubos na pananampalataya ang mga turo ng iglesya, ay maaari sanang nasabi niyang kasama ni Pablo, tungkol sa kanyang sarili, "Alinsunod sa lalong mahigpit na sekta ng aming relihiyon ay nabuhay akong isang Pariseo."[3] Isang tapat na Romano, ay maningas ang kanyang kasiglahang lipulin ang lahat ng mangangahas na sumalungat sa iglesya. . . . Nguni't ang mga ginagawa niyang ito [mga bagay na ipinagagagawa ng Iglesya Romana] ay di-maka- pagdulot ng [190]
kapayapaan sa kaluluwa. Ang sumbat ng kasalanan ay nangapit sa kanya, at ito'y di-mapawi ng lahat ng ginagawa niyang pagpipinitensya. Gaya ng isang tinig na buhat sa langit, ay pinakinggan niya ang mga salita ng Repormador: "Ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng biyaya." "Ang Isang Walang-sala ay hinatulan, at ang kriminal ay pinalaya." "Ang krus lamang ni Kristo ang nagbubukas ng mga pintuan ng langit, at nagpipinid ng mga pintuan ng impiyerno."[4]

Magalak na tinanggap ni Farel ang katotohanan. Sa pamamagitan ng isang pagkahikayat na katulad ni Pablo, ay iniwan niya ang pagkaalipin sa mga sali't saling sabi at tinungo niya ang kalayaan ng mga anak na lalaki ng Diyos. "Sa halip ng mamamatay na puso ng isang lobong maninila, ay nagbalik siya," sinabi niya, "na matahimik, gaya ng isang maamo at mabait na tupa, na ang kanyang puso'y lubusang inalis sa papa, at ibinigay kay Jesu-Kristo."[5]

Samantalang patuloy ang pagpapakalat ni Lefevre ng liwanag sa kanyang mga mag-aaral, si Farel na masigasig sa gawain ni Kristo gaya rin naman ng kasigasigan niya sa gawain ng papa, ay humayo upang ipahayag ang katotohanan sa madla. Ang obispo ng Meaux,

[2] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 12, kab. 2. (Limbag sa Londres.)

[3] Mga Gawa 26:5.

[4] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 13, kab. 2.

[5] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 12, kab. 3.

na isang may marangal na tungkulin sa iglesya, ay di-natagala't sumama rin sa kanila. Ang iba pang mga guro na may kataasan sa kakayahan at sa karunungan, ay nagsamasama sa pagpapahayag ng ebanghelyo, at nakahikayat sa lahat ng uri ng mga tao, buhat sa mga tahanan ng mga nagsisigawa sa pagawaan at ng mga magbubukid hanggang sa palasyo ng hari. Ang kapatid na babae ni Francisco I, na siyang hari noon, ay tumanggap sa bagong pananampalataya. Ang hari na rin, at ang reynang ina, ay waring may pagsang-ayon din sa kaunting panahon, at ang mga Repormador ay nagkaroon
[191] ng mala- king pag-asa na darating ang panahong ang Pransya ay mahihikayat ng ebanghelyo.

Datapuwa't ang mga pag-asang yao'y hindi madarama. Pagsubok at pag-uusig ang naghihintay sa mga alagad ni Kristo. Gayunman, ay may kahabagang nilambungan ito mula sa kanilang mga paningin. Nagkaroon ng isang panahon ng kapayapaan, upang sila'y magkaroon ng kalakasang isasagupa sa bagyo; at ang Reporma ay nagkaroon ng mabilis na pagsulong. Ang obispo ng Meaux ay masigasig na gumawa sa sarili niyang nasasakupan upang turuan ang mga ministro at gayon din ang mga tao. Ang mga mangmang at mga paring nagsisigawa ng kahalayan ay pawang pinag-aalis, at, hangga't maaari, ay pinagpapalitan ng mga lalaking may kaalaman at kabanalan. Nilunggati ng obispo na ang mga taong nasasakupan niya'y magkaroon para sa kanilang sarili ng salita ng Diyos, at di-natagala't ito'y naisagawa. Isinagawa ni Lefevre ang pagsasalin ng Bagong Tipan; at nang panahong pinalalabas ang Bibliang Aleman ni Lutero sa Wittenberg, ang Bagong Tipang Pranses ay nalimbag na rin naman sa Meaux. Pinagpaguran at pinaggugulan ng obispo ang pagpapakalat nito sa kanyang mga distrito ng iglesya, at di-natagala't ang mga magbubukid ng Meaux ay nagkaroon ng mga Banal na Kasulatan.

Gaya ng magalak na pagtanggap ng mga naglalakbay na nanghihina na sa uhaw sa bukal ng buhay na tubig, gayon ding tinanggap ng mga kaluluwang ito ang pabalita ng langit. Pinasasaya ng mga nagsisigawa sa bukiran, at ng mga manggagawa sa mga pagawaan ang kanilang araw-araw na paggawa sa pamamagitan ng pagsasalitaan ng tungkol sa mahahalagang katotohanan ng Biblia. Sa gabi, sa halip na patungo sila sa mga tindahan ng alak, ay nagtitipon sila sa mga tahanan ng isa't isa upang basahin ang salita ng Diyos at magsama-

sama sa pananalangin at pagpupuri. Isang malaking pagba- bago ang nahayag sa mga katipunang ito. Bagaman nasa pinakamababang uri ng mga tao, sa kabuhayan ng mga di-nagsipag-aral at mga batak sa trabahong mga magbubukid, ay namalas ang bumabago at nagpapadakilang kapangyarihan ng biyaya ng Diyos. Mapakumbaba, may pag-ibig, at banal, ay tumayo sila bilang mga saksi sa magagawa ng ebanghelyo sa mga taus-pusong magsisitanggap nito. [192]

Malayo ang naabot ng liwanag na sinindihan sa Meaux. Araw-araw ay dumarami ang mga nahihikayat. Ang galit ng herarkiya sa kaunting panahon ay napigil ng hari, na nasusuklam sa pagkapanatiko ng mga monghe; nguni't sa wakas ay nanaig din ang mga namumunong maka-papa. Ngayo'y itinayo na ang sunugan. Ang obispo ng Meaux, na napilitang mamili sa apoy at sa pagbawi, ay tumanggap sa landas na lalong magaan; datapuwa't sa kabila ng pagkahulog ng nangunguna, ay nanatiling matatag ang kanyang kawan. Marami ang sumaksi sa katotohanan sa gitna ng ningas ng apoy. Sa pamamagitan ng lakas ng loob at pagtatapat nila doon man sa sunugan, ang mapakumbabang mga Kristiyanong ito ay nagsalita sa libu-libong hindi nakarinig ng kanilang mga patotoo noong mga araw ng katiwasayan.

Hindi lamang ang mga aba at mga dukha ang sumaksi kay Kristo sa gitna ng pag-uusig at paghamak. Sa mga bulwagan ng kastilyo at palasyo ng mga panginoonin, ay may mga likas-haring kaluluwa na ang pagpapahalaga sa katotohanan ay lalong higit kaysa kayamanan o taas ng tungkulin o kahit na buhay. Sa baluting makahari ay natatago ang lalong dakila at lalong matatag na espiritu kaysa masusumpungan sa loob ng balabal at mitra ng obispo. Si Luis de Berquin ay may marangal na pagsilang. Isang kabalyerong matapang at marunong kumilos sa korte, siya'y mahilig sa pag-aaral, linang sa kanyang mga pagkilos, at may moral na walang kapintasan. Katulad ng maraming mga iba, na naakay sa Bi- blia sa pamamagi- [193]
tan ng banal na kalooban, ay namangha siya nang matuklasan niya roon "hindi ang mga doktrina ng Roma, kundi ang mga doktrina ni Lutero."[6] Sapul noo'y ibinigay niyang lubusan ang kanyang sarili sa gawain ng ebanghelyo.

[6] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 13, kab. 9.

"Pinakamarunong sa lahat ng mga maharlika ng Pransya," ang kanyang kadalubhasaan at kabutihang mangusap, ang di-nagugulat niyang katapangan at maka-bayaning kasigasigan, at ang impluensya niya sa korte—sapagka't siya'y nililingap ng hari—ay siyang naging dahilan ng pagpapalagay ng marami na siya'y magiging Repormador ng kanyang bayan. Ang wika ni Beza, "si Berquin sana'y naging ikalawang Lutero, kung nasumpungan niya kay Francisco I ang ikalawang elektor." "Siya'y lalong masama kaysa kay Lutero,"[6] ang sigaw ng mga kampon ng papa. Lalo nga siyang kinatakutan ng mga Katoliko Romano ng Pransya. Ibinilanggo nila siya bilang isang erehe, nguni't siya'y pinalaya ng hari. Maraming taon nagpatuloy ang tunggalian. Sa di-pagkaalam ni Haring Francisco kung sino ang kikilingan niya sa Roma at sa Reporma, ay pahintuluta't pigilin ang ginagawa niya sa maningas na kasigasigan ng mga monghe. Si Berquin ay makatatlong ibilanggo ng mga kapangyarihang maka-papa, upang palayain lamang ng hari, na dahil sa kanyang paghanga sa kanyang kadalubhasaan at karangalan ng likas, ay tumanggi sa pagsasakripisyo sa kanya sa galit ng herarkiya.

Paulit-ulit na binalaan si Berquin ng panganib na nagbabala sa kanya sa Pransya, at pinipilit siyang sumunod sa mga hakbang niyaong mga nakasumpung ng kapanatagan sa kusang pag-alis sa lupain. Ang mahinang-loob at lambuting si Erasmo, na sa kabila ng kanyang maningning na pagkapag-aral ay salat siya sa kadakilaang moral na naglalagay sa buhay at karangalan sa ilalim ng katotohanan,
[194] ay sumulat kay Berquin: "Hingin mong suguin kang isang kinatawan sa ibang lupain; humayo ka at maglakbay sa Alemanya. Nakikilala mo si Beda at ang gaya niya—siya'y isang malaking hayop na may isang libong ulo, na bumubuga ng lason sa lahat ng dako. Ang ngalan ng iyong mga kaaway ay pulutong. Kung ang iyo mang gawain ay lalong mabuti kaysa gawain ni Jesu-Kristo, ay hindi ka rin nila bibitiwan hanggang sa ikaw ay di nila maipahahamak. Huwag mong gasinong panaligan ang pagsasanggalang ng hari. Sa anumang pangyayari, ay *huwag mo akong pasang-ayunin* sa sangay ng teolohiya."[6]

[6] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 13, kab. 9.

[6] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 13, kab. 9.

Datapuwa't sa paglaki ng kapanganiban, ay lalo namang lumalakas ang kasigasigan ni Berquin. Malayo sa paggamit ng makasariling pamamaraan at payo ni Erasmo, ay ipinasiya niya ang paggawang may lalo pang katapangan. Buhat sa mga sinulat ng mga doktor ay kumuha siya ng labindalawang suliranin na inihayag niya sa madla na "laban sa Biblia at eretiko;" at nanawagan siya sa hari upang siyang humatol sa kanilang pagtatalo.

Ang hari, na walang pag-aatubiling paghambingin ang lakas at katalasan ng nagtatanggol na magkalaban, at natutuwa sa pagkakataong ito upang hamakin ang kapalaluan ng mga mapagmataas na mga monghe, ay nagsabi sa mga Katoliko Romano na ipagsanggalang nila ang kanilang panig sa pamamagitan ng Biblia. Nalalaman nila na ang sandatang ito'y bahagya lamang ang maitutulong sa kanila; ang bilangguan, pagpapahirap, at ang sunugan, ang lalo nilang nalalamang gamitin. Nabaliktad na ngayon ang pangyayari, at nakita nila ang kanilang sarili na halos mahulog sa balong paghuhulugan sana nila kay Berquin. Namamanghang nagpalingalinga sila upang humanap ng daang matatakasan.

"Nagkataon noon na ang isang inanyuang larawan ng birhen na nasa sulok ng isa sa mga lansangan, ay pinagpira-piraso ' Naligalig ng gayon na lamang ang bayan. Maraming mga tao ang nangagtitipon sa lugar na iyon, na kanilang ipinahahayag ang kanilang kalungkutan at pagka- poot. Ang hari ay nakilos din ng gayon na [195]
lamang. . . . "Ang mga ito ang bunga ng mga doktrina ni Berquin," ang sigaw ng mga monghe. "Halos iwasak na ang lahat— ang relihiyon, ang mga kautusan, ang luklukan na rin— ng pagbabangong ito ng mga Luterano."[6]

Muling dinakip si Berquin. Umalis ang hari sa Paris, at ang mga monghe ay naiwang malayang gumawa ng kanilang maibigan. Nilitis ang Repormador, at hinatulan sa kamatayan, at dahil sa baka muling makialam ang Haring Francisco upang iligtas siya, noong ding araw ng paghatol ay isinagawa rin nila ang kahatulan. Nang tanghali ay dinala si Berquin sa dako ng kamatayan. Isang makapal na karamihan ang nagtitipon upang saksihan ang pangyayari, at marami sa mga nakakita ang nagtataka at nag-aalinlangan na ang

[6] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat. 13, kab. 9.

biktima ay pinili sa pinakamabuti at pinakamatapang ng maharlikang sambahayan ng Pransya.

Ang abang karitong kanyang nilulanan, ang nakasimangot na mga mukha ng mga nag-uusig sa kanya, ang nakatatakot na kamatayang kanyang pinatutunguhan—ang mga ito'y di niya inalintana; Siya na nabubuhay na nakatikim ng kamatayan, at nabubuhay magpakailan man, at may mga susi ng kamatayan at ng impiyerno, ay nasa piling niya. Sa mukha ni Berquin ay nakikita ang liwanag at kapayapaan ng langit. Binihisan niya ang kanyang sarili ng magandang kasuutan, "isang balabal na gamusa, isang hustilyong satin at damasko, at ginintuang mga kalsa."[7] Malapit na siyang magpatotoo tungkol sa kanyang pananampalataya sa harapan ng Hari ng mga hari at ng sumasaksing sansinukob, at wala ngang anumang tanda ng kalungkutan ang dapat makaulap sa kanyang kagalakan.

Samantalang marahang nagpapatuloy ang prusisyon sa nagsisikip sa taong lansangan, ay may pagkamanghang napuna ng mga
[196] tao ang walang ulap na kapayapaan, ang ma- galak na tagumpay, ng kanyang hitsura at anyo. "Siya, wika nila, "ay katulad ng isang nakaupo sa templo, at nagbubulaybulay ng mga banal na bagay."[6]

Sa sunugan, ay pinagsikapan ni Berquin ang magsalita ng ilang kataga sa mga tao; nguni't sapagka't natatakot sila sa ibubunga nito, ay nagsigawan ang mga monghe, at pinagpingki ng mga kawal ang kanilang mga sandata, at ang tinig ng martir ay nadaig ng kanilang kaingayan. Sa gayo'y nang 1529, ang pinakamataas sa sining ng panunulat at kapangyarihang eklesiyastiko ng linang na Paris "ay nagpakita sa mga mamamayan ng 1793 ng isang hamak na halimbawa ng pag-impit sa mga banal na salita ng isang malalagutan ng hininga sa sunugan."[6]

Ang balita ng pagkamatay ni Berquin ay nagdulot ng kalungkutan sa mga kaibigan ng Reporma sa buong Pransya. Nguni't hindi nawalang kabuluhan ang kanyang halimbawa. "Kami ay handa rin," ang wika ng mga saksi ng katotohanan, "upang masayang tanggapin

[7] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Time of Calvin*, aklat 2, kab. 16.

[6] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 13, kab. 9.

[6] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 13, kab. 9.

namin ang kamatayan, na ang aming mga mata'y nakapako sa buhay na darating."[7]

Noong panalion ng pag-uusig sa Meaux, ang mga tagapagturo ng bagong pananampalataya ay inalisan ng lisensya sa pangangaral, at sila'y nagpunta sa ibang mga bukiran. Pagkaraan ng kaunting panahon ay lumipat si Lefevre sa Alemanya. Si Farel ay nagbalik sa bayan niyang tinubuan sa silangang Pransya, upang ikalat ang liwanag sa tahanan ng kanyang kabataan. Nakatanggap na ng balita ng tungkol sa nangyayari sa Meaux, at ang katotohanan, na kanyang ipinangaral sa pamamagitan ng walang takot na kasigasigan, ay nakasumpong na ng mga makikinig. Hindi natagala't ang mga namumuno ay nagsikilos upang patahimikin siya, at siya'y pinaalis sa lunsod. Bagaman hindi na siya makagawa pang hayagan, ay nilakbay niya ang mga kapatagan at mga nayon, at nagtuturo siya sa tirahan ng mga tao at sa mga tagong parang, at nakasumpong siya ng kanlungan sa mga gubat at sa mga yungib na bato na lagi niyang [197]
pinupuntahan nang panahon ng kanyang kabataan.

Gaya nang mga araw ng mga apostol, ang pag-uusig ay "naging sa ikasusulong ng ebanghelyo."[8] Nang palayasin sila sa Paris at sa Meaux, "silang nangapakalat ay nagpunta sa lahat ng dako na kanilang ipinangangaral ang salita."[9] Sa gayo'y nakasumpong ang liwanag ng daang patungo sa malalayong dako ng mga lalawigan ng Pransya.

Naghahanda pa rin ang Diyos ng mga manggagawang magtataguyod ng Kanyang gawain. Sa isang paaralan sa Paris ay may isang maalalahanin, at tahimik na kabataan, na may ipinamamalas na isang malakas at matalas na pagiisip, at gayon ding kilala siya sa kabuhayang walang-kapintasan gaya ng sa alab ng pag-iisip at pagtatapat sa relihiyon. Dahil sa kanyang kadalubhasaan at pagsasagawa, di-nalauna't siya'y naging isang ipinagmamalaki ng kolehiyo, at nagtiwala sila sa pag-asa na si Juan Calvino ay magiging isa sa pinakamalakas at pinakamarangal na tagapagtanggol ng iglesya. Datapuwa't isang sinag ng banal na liwanag ay tumagos din sa mga kuta ng mga pinagaralan at pamahiin na siyang kumuku-

[7] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Time of Calvin*, aklat 2, kab. 16.

[8] Filipos 1:12.

[9] Mga Gawa 8:4.

long kay Calvino. Nangatal siya ng marinig niya ang mga bagong doktrina, at wala siyang pag-aalinlangan na nararapat ngang mapasa apoy yaong mga erehe.

Nguni't sa kanyang pag-iisip ay may mga diwang di niya kusang mapawi. Kumapit sa kanya ang sumbat ng kasalanan; nakita niya ang kanyang sarili na walang tagapamagitan, sa harapan ng isang banal at makatarungang Hukom. Ang pamamagitan ng mga santo, ang mabubuting gawa, ang mga seremonya ng iglesya, ay pawang walang kapangyarihang maglinis ng kasalanan. Wala siyang makita sa harapan niya liban sa kaitiman ng walang-hanggang kawalang-pag-asa. Walang magawang anuman ang mga doktor ng iglesya
[198] upang pagaanin ang kanyang ka- abaan. Ang pangungumpisal, ang pagpipmitensya, ay ginawa niya nguni't walang kabuluhan; hindi maipakipagkasundo ng mga ito ang kaluluwa sa Diyos.

Samantalang patuloy pa rin ang pakikipagpunyagi niyang walang kabuluhan, ay di-kinukusang napadalaw si Calvino isang araw sa plasa ng bayan, at nasaksihan niya ang pagsusunog sa isang erehe. Namangha siya sa namalas niyang kapayapaan sa mukha ng martir. Sa gitna ng pagpapahirap ng kakila-kilabot na kamatayang iyon, at sa ilalim ng lalong nakatatakot na paghatol ng iglesya, ay ipinamalas niya ang isang pananampalataya at kalakasang loob, na masakit na inihambing ng kabataang magaaral sa kalagayan niyang salat sa pag-asa at sagana sa kadiliman, samantalang siya'y namumuhay sa mahigpit na pagsunod sa iglesya. Ipinasiya niyang pag-aaralan ito, at tuklasin, kung magagawa niya, ang lihim ng kanilang kagalakan.

Sa Kasulatan niya nasumpungan si Kristo. "O Ama," ang wika niya, "ang sakripisyo Niya ang nagpalubag ng Inyong kagalitan; hinugasan ng dugo Niya ang aking karumihan; dinala ng Kanyang krus ang mga sumpa sa akin; ang kamatayan Niya ang tumubos sa akin. Gumawa kami para sa aming sarili ng mga walang kabuluhang kamalian, nguni't inilagay Ninyo sa harapan ko ang Inyong salitang gaya ng isang tanglaw, at kinilos Ninyo ang aking puso, upang aking kasuklaman ang lahat ng mga karapatan maliban yaong kay Jesus."[10]

Tahimik na pinasukan ni Calvino ang kanyang gawain, at ang kanyang mga salita ay gaya ng hamog na nagpapanariwa sa lupa. Umalis siya sa Paris, at ngayo'y naroon na siya sa isang bayan

[10]W. C. Martyn, *The Life and Times of Luther*, tomo 3, kab. 13.

sa lalawigan sa ilalim ng pagkakalinga ni Prinsesa Margarita, na, dahil sa pag-ibig niya sa ebanghelyo, ay ipinagkaloob niya ang kanyang pagsasanggalang sa mga alagad nito. Si Calvino ay isang kabataan pa lamang, na maamo, at may di-mapagkunuwang anyo. [199]
Ang kanyang gawain ay nagpasimula sa mga tao sa kanilang mga tahanan. Nalilibot ng mga kaanib ng sambahayan, ay binabasa niya ang Biblia, at binubuksan ang mga katotohanan ng kaligtasan. Ang mga nakakarinig ng pabalita ay nagdadala ng mabuting balitang ito sa mga iba, at di-natagala't ang tagapagturo ay nakaabot sa labas ng lunsod sa mga kalapit na bayan at mga nayon. Tinanggap siya sa kastilyo at sa dampa, at nagpatuloy siya, na naglalagay ng saligan ng mga iglesya na panggagalingan ng walang takot na mga saksi sa katotohanan.

Pagkaraan ng ilang buwan ay nagpunta siyang muli sa Paris. May di-pangkaraniwang pagkaligalig ang mga lalaking marunong at pantas. Ang pag-aaral nila ng mga wika ng unang panahon ay siyang nag-akay sa mga tao sa Kasulatan, at tinalakay ang mga katotohanan nito ng maraming mga pusong di pa nasasagid. Samantalang ang mga bulwagan ng mga unibersidad ay puno ng ingay ng mga pagtatalo sa teolohiya, si Calvino ay nagpupunta sa bahay-bahay, na binubuksan ang Kasulatan sa rnga tao, at nagsasalita sa kanila ng tungkol kay Kristo na ipinako sa krus.

Ayon sa kalooban ng Diyos, ang Paris ay minsan pang tatanggap ng panawagan sa pagtanggap ng ebanghelyo. Ang hari, na naimpluensya ng pagsasaalang-alang sa politika, ay di pa lubusang nakikipanig sa Roma laban sa Reporma. Ang Prinsesa Margarita ay nanghahawak pa rin sa pag-asang ang Protestantismo ang siyang mananagumpay sa Pransya. Ipinasiya niyang ang bagong pananampalataya ay dapat maipangaral sa Paris. Nang wala ang hari, ay iniutos niya sa isang ministrong Protestante na mangaral sa mga iglesya ng lunsod. Sapagka't ito'y ipinagbabawal ng mga maka-papang namumuno sa iglesya, ay binuksan ng prinsesa ang palasyo. Ang isang silid ay ginawa nilang kapilya, at ipinagbigay alam na araw-araw, sa tinuringang oras, ay mayroong magsasa lita, at ang lahat ng uri ng mga tao ay inaanyayahang dumalo. Marami ang [200]
nagsidalo sa pagpupulong. Hindi lamang ang kapilya, kundi pati ang mga silid na kaagapay nito at ang mga bulwagan ay puno rin n,g mga tao. Libu-libo ang nagtitipon araw-araw—mga maharlika,

mga estadista, mga abogado, mga komersyante, at mga manggagawa sa mga pagawaan. Ang hari, sa halip na ipagbawal ang mga pagpupulong, ay nag-utos na buksan ang dalawang simbahan sa Paris. Kailan ma'y dinakilos ang lunsod sa pamamagitan ng salita ng Diyos gaya ng pagkakilos ngayon. Ang espiritu ng buhay mula sa langit ay waring siyang inihihinga sa mga tao. Ang pagpipigil, kalinisan, kaayusan, at kasipagan ang siyang kumukuha ng lugar ng paglalasing, kahalayan, pagkakagalit, at katamaran.

Dalawang taong ipinangaral ang salita ng Diyos sa punong-lunsod; nguni't bagaman marami ang nagsitanggap ng ebanghelyo, ay tinanggihan ito ng karamihan sa mga tao. Nagpamalas si Haring Francisco ng pagpapahintulot alang-alang sa kanyang sariling kapakanan, at nagtagumpay na muli ang mga maka-papa upang makapangibabaw. Muling ipininid ang mga simbahan, at itinayo ang mga sunugan.

Si Calvino ay nasa Paris pa noon, na inihahanda ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pag-aaral, pagbubulaybulay, at pananalangin, ukol sa gawain niya sa hinaharap, at patuloy na nagkakalat ng liwanag. Sa wakas, siya'y pinaghinalaan. Ipinasiya ng mga nasa kapangyarihan na dalhin siya sa sunugan. Sa pagpapalagay niyang mapanatag ang kanyang sarili sa kanyang taguan, ay di niya iniisip ang panganib, nang dumating ang mga kaibigan niya sa kanyang silid at taglay ang balitang dumarating ang mga opisyal upang siya'y dakpin. Dali-dali siyang nagpunta sa hanggahan ng lunsod. Nang makapagtago siya sa bahay ng isang trabahador na kaibigan ng gawaing pagbabago, ay nagbalatkayo siya sa pagsusuot ng damit
[201] ng kanyang tinuluyan, at pasan ang asarol, ay nagpatuloy siya sa paglalakbay. Sa paglalakad niyang patungo sa timugan, ay muli siyang nakasumpong ng kanlungan sa nasasakupan ng Prinsesa Margarita.[11]

Tumigil siya rito sa loob ng ilang buwan, na mapanatag sa ilalim ng pagkakalinga ng makapangyarihang kaibigan. Nang waring nakalipas na ang bagyo, ay humanap siya ng bagong bukirang magagawan sa Poitiers, na roo'y may isang unibersidad, at doo'y nakasumpung ng paglingap ang bagong mga kuru-kurong ito. Ang

[11] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Time of Calvin*, aklat 2, kab. 30.

lahat ng uri ng mga tao'y magalak na nagsisipakinig sa ebanghelyo. Walang mga pangangaral sa publiko, kundi sa tahanan ng punong mahistrado, sa sarili niyang bahaytuluyan, at kung minsan ay sa halamanang bayan, ay binubuksan ni Calvino ang mga salita ng buhay na walanghanggan sa mga nag-nanais na makinig. Pagkaraan ng kaunting panahon, sa pagdami ng nagsisipakinig, ay inisip nila na lalong mapanatag ang magtitipon sa labas ng lunsod. Ang isang yungib sa tabi ng malalim at makitid na bangin, na ito'y lalo pang napatago dahil sa mga punong-kahoy at sa mga batong nasa itaas, ay siyang napili upang siyang pagpulungan. Ang maliliit na mga pulutong, na umaalis sa lunsod sa pamamagitan ng iba't ibang daan, ay nangagtatatagpo roon. Sa tagong dakong ito'y binabasa at ipinaliliwanag ang Biblia. Dito unangunang ginanap ang Banal na Hapunan (Komunyon) ng mga Protestante ng Pransya. Buhat sa maliit na iglesyang ito ay marami sa mga tapat na ebanghelista ang sinugo.

Minsan pang nagbalik si Calvino sa Paris. Hindi pa niya mapawi ang pag-asa na ang Pransya bilang isang bansa ay tatanggap sa Reporma. Datapuwa't nasumpungan niya na halos ang bawa't pinto'y nakapinid, kaya't ipinasiya niyang patungo sa Alemanya. [202]

Sa kasabikan ng mga Repormador na Pranses na makita ang kanilang bansang nakakapantay ng Alemanya at Suisa, ay ipinasiya nila na may katapangan dagukan ang mga pamahiin ng Roma ng dagok na siyang gigising sa buong bansa. Nasasang-ayon dito, isang gabi ay naglagay sila ng mga paskil sa buong Pransya. Sa halip na makapagpasulong ito sa pagbabago, ang masigasig nguni't walang katalinuhang kilusang ito ay nagdulot ng kapahamakan, hindi lamang sa mga tagapagtaguyod nito, kundi sa mga kaibigan din naman ng bagong pananampalataya sa buong Pransya. Nagbigay ito sa mga Romanista ng matagal na nilang ninanais—isang dahilan upang pilit na mahingi nila ang lubusang paglipol sa mga erehe bilang mga manunulsol na mapanganib sa pagkatatag ng luklukan at sa kapayapaan ng bansa.

Sa pamamagitan ng isang lihim na kamay—kung iyon ma'y isang di-maingat na kaibigan o isang tusong kaaway kailan ma'y di ito napag-alaman—ang isa sa mga paskil ay inilagay sa pinto ng sariling silid ng hari. Ang hari ay napuno ng panghihilakbot. Sa papel na ito'y tinuligsa ng walang pakundangang kamay ang

mga pamahiing pinagpitaganang napakaraming taon. At ang walang katulad na kalakasang loob na nangahas na naglagay ng tahas at nakagugulat na pananalitang ito sa harapan ng hari, ay naging sanhi ng kanyang pagkagalit. Sa gayon na lamang pagtataka niya ay may ilang sandali siyang nakatayong nanginginig at di-makapangusap. Pagkatapos ay naihinga niya ang kanyang kagalitan sa pamamagitan ng kakila-kilabot na mga salitang ito: "Dakping walang pagtatangi ang lahat ng pinaghihinalaang Luterano. Lilipuling ko silang lahat."[12] Nayari ang kapasiyahan. Ipinasiya na ng hari na ibigay na lubusan ang kanyang sarili sa panig ng Roma.

[203] Isinagawa nila kaagad ang pagdakip sa bawa't Lute- ranong nasa Paris. Hinuli nila ang isang hamak na trabahador, isang alagad ng bagong pananampalataya, na sanay na sa pagtawag sa mga nananampalataya sa pagpunta sa lihim nilang mga pagpupulong, at sa pamamamagitan ng balang biglang kamatayan sa sunugan, ay inutusang sumama sa mga tiktik ng papa upang puntahan ang tahanan ng bawa't Protestanteng nasa lunsod. Inurungan niyang nanghihilakbot. ang gayong napakaimbing mungkahi, nguni't sa wakas ay nakapanaig din ang takot sa ningas ng apoy, at pumayag siyang maging tagapagkanulo sa kanyang mga kapatid. Sumusunod sa ostiya, at nalilibot ng hanay ng mga pari, ng mga may dala ng kamanyang, ng mga monghe, at mga kawal, si Morin, na tiktik ng hari, kasama ang taksil, ay marahan at tahimik na lumalakad sa mga lansangan ng lunsod. Ang ginagawang ito ay isang pagpapakita alang-alang sa karangalan ng "banal na sakramento," isang pagtubos dahil sa paghamak sa misa ng mga nagsipagprotesta. Datapuwa't sa ilalim ng palabas na ito ay natatago ang isang pumapatay na hangarin. Pagdating sa tapat ng bahay ng isang Luterano, ay nagbibigay ng hudyat ang nagkakanulo, nguni't wala ni anumang sinasalita. Humihinto ang prusisyon, pinapasok ang bahay, kinakaladkad ang buong sambahayan at tinatanikalaan, at ang nakapangingilabot na pulutong ay patuloy sa paghahanap ng mga bagong biktima. Sila'y "walang kinaligtaang bahay, malaki man o maliit, kahit na ang mga kolehiyo

[12] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Time of Calvin*, aklat 4, kab. 10.

ng unibersidad ng Paris. . . . Pinapanginig ni Morin ang buong ulnsod. . . . Yao'y paghahari ng hilakbot."[12]

Sa hangad ng mga paring mapapanatili ang malaking kagalitan, ay nagpakalat sila ng nakapangingilabot na mga paratang laban sa mga Protestante. Pinaratangan sila na sila'y nagsasapakatan upang pagpapatayin ang mga Katoliko Romano, ibagsak ang pamahalaan, at patayin ang hari. Wala silang mapalitaw ni kaunti mang anino ng katunayan na magpapatibay sa kanilang mga pahayag. Gayunma'y [204]
ang mga hulang ito ng kasamaan ay magkakaroon ng katuparan; datapuwa't sa ilalim ng iba-ibang mga pangyayari, at sa mga dahilang may salungat na likas. Ang mga kalupitan ng mga Katoliko Romano sa mga Protestante, ay nag-imbak ng isang mabigat na kagantihan, at pagkaraan ng ilang daang taon ay ginawa nito ang kasawiang sinabi nilang darating, sa hari, sa kanyang pamahalaan, at sa kanyang mga sakop; datapuwa't ginawa ito ng mga walang kinikilalang Diyos, at ng mga maka-papa na rin. Hindi ang pagtatatag, kundi ang pagsugpo sa Protestantismo, ang siyang magdadala sa Pransya, pagkaraan ng tatlong daang taon, ng gayon na lamang mga sakuna.

Ang paghihinala, di-pagtitiwala, at sindak ang siyang naghari sa lahat ng uri ng mga lipunan. Sa gitna ng pangkalahatang pangamba ay nakita nila kung gaano kalalim ang pagkatanim ng aral ng Luterano sa isipan ng mga taong may pinakamataas na pinag-aralan, impluensya, at kabutihan ng likas. Ang mga tungkuling may tiwala at karangalan ay bigla nilang nakitang iniwan. Ang mga manggagawa sa pagawaan, mga maglilimbag, mga dalubhasa, mga propesor sa mga unibersidad, mga manunulat, at kahit na ang mga tagapaglingkod sa korte ay nangawala. Daan-daan ang nagsialis sa Paris, mga kusang-loob na nagsialis sa lupa nilang tinubuan, na sa maraming pangyayari'y unang nagsasaad na kinakatigan nila ang bagong pananampalataya. Ang mga maka-papa ay nangagtatakang patingin-tingin sa palibot nila na iniisip ang di-pinaghihinalaang mga erehe na pinabayaang makahalubilo nila. Inubos nila ang kanilang kagalitan sa maraming mga hamak na biktima na nasa kanilang kapangyarihan. Nagsikip ang mga bilangguan, at ang mismong

[12]J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Time of Calvin*, aklat 4, kab. 10.

hangin ay waring maitim sa usok ng mga talaksang nagniningas, na sinindihan ukol sa mga umaamin sa ebanghelyo.

[205] Ang Pransya sa pamamagitan ng isang solemne at hayagang seremonya ay lubusang magbibigay ng kanyang sarili sa paglipol sa Protestantismo. Mapilit na hiningi ng mga pari na ang paghamak sa mataas na Langit sa ginawang paghatol sa misa, ay dapat tubusin sa pamamagitan ng dugo, at, sa kapakanan ng kanyang bayan, ay dapat hayagang ibigay ng hari ang kanyang pagsang-ayon sa kakila-kilabot na gawaing ito.

Ang ika-21 ng Enero, 1535, ay siyang taning na araw ukol sa nakapanghihilakbot na seremonyang ito. Nagising ang makapamahiing takot at pusok ng kagalitan ng buong bansa. Nagsisikip ang Paris sa mga nagsisiksikan sa mga lansangan na mga taong buhat sa mga bayang nasa palibot. Ang araw ay pasisimulan ng isang prusisyong malaki at dakila. "Ang mga bahay sa tabi ng daraanan ay binitinan ng mga paladlad ng pananangis, at naglagay sila ng mga dambanang may agwatan." Sa bawa't pinto ay may isang tanglaw na may sindi sa karangalan ng "banal na sakramento." Bago dumating ang bukangliwayway, ay isinaayos na nila ang prusisyon sa palasyo ng hari. "Ang nangunguna ay mga watawat at ang mga krus ng iba't ibang mga distrito ng mga pari; sumusunod dito ang mga mamamayan, na nagsisilakad na daladalawa, at may dalang mga tanglaw." Sumusunod dito ang apat na orden ng mga prayle, ang bawa't orden ay may tangi niyang kasuotan. Pagkatapos ay sumunod dito ang maraming natipong bantog na mga relikya. Ang sumusunod sa mga ito ay ang mga nakasakay na mga panginooning eklesiyastiko na nadaramtan ng mga balabal na kulay-ubi at napapalamutihan ng mga hiyas, isang napakaganda at kumikislap na kasuutan.

"Ang ostiya ay dala ng obispo ng Paris sa ilalim ng isang magandang langit-langit, . . . na alalay ng apat na prinsipe ng kaharian. . . . Kasunod ng ostiya ay lumalakad ang hari. . . . Si Francisco I ay hindi nagkorona nang araw na iyon ni nagsuot man ng balabal ng estado." Ang hari ng Pransya na "walang takip ang ulo, ang mga
[206] ma- ta niya'y nakatingin sa lupa, at sa kamay niya'y hawak ang isang may sinding kandila," ay wari bagang "isang nagsisisi."[13] Sa bawa't dambana ay yumuyuko siyang may pagpapakumbaba, hindi

[13] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 13, kab. 21.

dahil sa anumang kasamaang dumungis sa kanyang kaluluwa, ni sa walang-salang dugong nagmantsa sa kanyang mga kamay, kundi dahil sa pumapatay na kasalanan ng kanyang mga sakop na may kapangahasang humatol sa misa. Sumusunod sa kanya ay ang reyna at ang mga kamahalan ng estado, nagsisilakad ding dala-dalawa, na ang bawa't isa'y may dala ng sinindihang tanglaw.

Naging kakila-kilabot ang kadiliman ng bansang tumanggi sa liwanag ng katotohanan. "Napakita ang biyaya ng Diyos na may dalang kaligtasan;" datapuwa't ang Pransya, pagkatapos na mamasdan niya ang kapangyarihan nito at kabanalan, pagkatapos na ang libu-libo'y maakit ng banal na kagandahan nito, pagkatapos na ang mga bayan at mga nayon ay maabot ng liwanag nito, ay tumalikod, na pinili pa niya ang kadiliman kaysa kaliwanagan. Nilayuan nila ang kaloob ng langit, nang ito'y ialok sa kanila. Tinawag nilang masama ang mabuti, at mabuti ang masama, hanggang sa sila'y sawiin ng kanila na ring pagdaya sa sarili. Ngayon bagaman tunay na paniwalaan nilang ginagawa nila ang gawain ng Diyos sa paguusig nila sa Kanyang bayan, gayunma'y hindi sila pinawawalang sala ng tapat na loob nilang paggawa. Ang liwanag na nagligtas sana sa kanila sa pagkadaya, mula sa pagdungis sa kanilang kaluluwa ng kasalanang pagpatay, ay kinusa nilang tinanggihan.

Isang taimtim na sumpa upang pawiin ang erehiya ay ginawa sa isang malaking simbahan na roon di'y, pagkatapos ng tatlong daang taon, ang "Diyosa ng Katuwiran" ay iluluklok ng isang bansang lumimot sa Diyos na buhay. "Sa layong maliliit ang agwat ay nagtayo sila ng mga sunugan, na roo'y sisilabang buhay ang ilang mga [207]
Protestanteng Kristiyano, inayos nila ito upang ang pampalingas ay sindihan sa pagdating ng hari, at ang prusisyon ay hihinto upang saksihan ang pagsusunog."[13] Ang mga kuntilbutil ng mga pahirap na tiniis ng mga saksi kay Kristo ay totoong nakasasakit na ulitin pa, nguni't di-nagkaroon ng pagkatigatig ang mga biktima. Nang pinipilit na tumakwil, ay sinabi ng isa sa kanila: "Ako'y naniniwala lamang sa mga ipinangaral ng mga propeta at mga apostol noong una, at sa lahat ng pinaniniwalaan ng lahat ng mga banal. Ang aking

[13] J. A. Wyie, *History of Protestantism* aklat 13, kab. 21.

pananampalataya'y may pagtitiwala sa Diyos na makikipaglaban sa lahat ng kapangyarihan ng impiyerno."[14]

Ang ebanghelyo ng kapayapaang tinanggihan ng Pransya ay tunay ngang tiyak. na papawiing lubusan, at kakila-kilabot ang ibubunga nito. Noong ika-21 ng Enero, 1793, dalawang daan at limampu't walong taon buhat noong tiyak na araw na lubusang napabigay ang Pransya sa pag-uusig sa mga Repormador, ay may iba nanamang prusisyon, na may napakaibang hangarin, ang nagdaan sa mga lansangan ng Paris, "Muli nanamang ang hari ang siyang punong panoorin; muling nagkaroon ng gusot at hiyawan; muling narinig ang sigaw ukol sa marami pang mga biktima; muling nagkaroon ng maiitim na bibitayan; at muling nagpinid ang mga pangyayari ng araw na iyon sa pamamagitan ng nakapanghihilakbot na pagkitil ng buhay; si Luis XVI, na nagpupumiglas sa mga kamay ng nangagbilanggo at sa mga pupugot sa kanya, ay pilit na hinila nila sa pugutan, at doo'y pinigilan siya ng buong lakas hanggang sa bumagsak ang patalim, at ang napahiwalay niyang ulo ay gumulong sa pugutan."[13] Hindi lamang ang hari ang sinawi; sa malapit sa dako ring iyon ay dalawang libo at walong daang tao ang inalisan ng buhay sa pamamagitan ng gilotina nang madugong mga araw na
[208] yaon ng Paghahari ng Hilakbot.

Iniharap ng Reporma sa sanlibutan ang isang bukas na Kasulatan, na inihayag ang mga utos ng Diyos, at binigyang diin ang mga pag-aangkin nito sa budhi ng mga tao. Ang Walang-hanggang Pag-ibig ang naghayag sa tao ng mga utos at mga simulain ng langit. Ang wika ng Diyos, "Ingatan nga ninyo at inyong isagawa; sapagka't ito ang inyong karunungan at ang inyong kaalaman sa paningin ng mga tao, na makakarinig ng palatuntunang ito, at magsasabi, Tunay na ang dakilang bansang ito ay isang pantas at maalam na bayan."[15] Nang tanggihan ng Piansya ang kaloob ng langit, ay naghasik siya ng binhi ng kaguluhan at kawasakan, at ang di-maiiwasang ibinubunga ng anumang paggawa ay siyang nagbunsod sa Himagsikan at sa Paghahari ng Hilakbot.

[14] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Time of Calvin*, aklat 4, kab. 12.

[13] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 13, kab. 21.

[15] Deuteronomio 4:6.

Matagal na panahon bago nagkaroon ng pag-uusig na ibinunsod ng mga paskil, ang malakas ang loob at masigasig na si Farel ay napilitang umalis sa lupang kanyang tinubuan. Nagpunta siya sa Suisa, at sa pamamagitan ng kanyang mga paggawa, na pangalawa ng paggawa ni Zuinglio, ay nakatulong siya upang mapalamang ang timbang sa panig ng Reporma. Ang huli niyang mga taon ay gugugulin sa bansang ito, gayunma'y nagkaroon siya ng malaking impluensya sa reporma sa Pransya.

Pinasukan ni Farel ang gawain niya sa Suisa sa pamamagitan ng mapakumbabang balatkayo ng isang guro ng paaralan. Napatungo siya sa isang malayong distrito, at ibinigay niya ang kanyang sarili sa pagtuturo sa mga bata. Bukod sa mga karaniwang sangay ng karunungan, ay maingat niyang itinuturo ang mga katotohanan ng Biblia, at umaasa siyang maaabot nito ang mga magulang sa pamamagitan ng mga bata. May ilang nagsisampalataya, nguni't pinahinto ng mga pari ang paggawa, at ang mga mapamahiing mga taong bukid ay pinakilos upang sumalungat dito. Gaya ng unang mga alagad, nang siya'y pinaguusig sa isang bayan ay napatungo naman siya sa iba. Bu- hat sa isang nayo'y doon sa isa, at mula sa isang baya'y doon [209] sa isa, ay humayo siyang naglalakad, nagtitiis ng gutom, ginaw, at kapaguran, at sa bawa't dako'y napapanganib ang kanyang buhay. Nangaral siya sa mga pamilihan, sa mga simbahan, at kung minsan ay sa mga pulpito ng mga katedral. Nagpatuloy siya sa paggawa. Bagaman madalas siyang mapaurong, sa pamamagitan ng walang kapagalang pagpupumilit ay binabalikan niya ang pakikitalad; at isa-isa niyang nakita ang mga bayan at mga lunsod na naging mga muog ng kapapahan, na nagbubukas ng kanilang mga pintuan sa ebanghelyo. Ang maliit na distritong una niyang ginawaan, ay dinagluwat at tumanggap sa bagong pananampalataya. Itinakwil na rin ng mga lunsod ng Morat at Neuchatel ang mga ritos ng papa, at inalis na nila ang mga inanyuang mga diyus-diyusan sa kanilang mga simbahan.

Malaon nang nilulunggati ni Farel na maitayo ang watawat ng Protestante sa Henebra. Kung makukuha ang lunsod na ito, ay maaaring maging sentro ito ng Reporma sa Pransya, sa Suisa, at sa Italya. Taglay ang layuning ito, ay ipinagpatuloy niya ang paggawa hanggang sa ang maraming mga bayan sa palibot at mga nayon ay makuha. Pagkatapos ay pinasok niya ang Henebra na iisa ang

kanyang kasama. Datapuwa't dadalawang sermon ang kanyang naipangaral doon.

Ukol sa susunod na gagawing pagsubok ay pinili ang isang may kababaang instrumento—isang kabataang lalaki, na totoong napakamapakumbaba ang anyo na anupa't malamig ang pakikitungo sa kanya kahit na noong mga nagpapanggap na mga kaibigan ng pagbabago. Ano nga ang magagawa ng isang gayon sa lugar na roo'y tinanggihan nila si Farel? Paano nga makatatayo ang isang halos walang tapang at karanasan sa bagyong sa harap nito'y napilitang tumakas ang pinakamalakas at pinakamatapang? "Hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamam-
[210] agitan ng Aking Es- piritu, sabi ng Panginoon."[16] "Pinili ng Diyos ang mga bagay na mahihina ng sanlibutan, upang hiyain Niya ang mga bagay na malalakas." "Sapagka't ang kamangmangan ng Diyos ay lalong marunong kaysa mga tao; at ang kahinaan ng Diyos ay lalong malakas kaysa mga tao."[17]

Pinasimulan ni Fromento ang kanyang gawain bilang isang guro ng paaralan. Ang mga katotohanang itinuturo niya sa mga bata sa paaralan, ay inuulit naman nila sa kanilang mga tahanan. Hindi natagala't nagsilapit ang mga magulang upang mapakinggan ang pagpapaliwanag ng Biblia, hanggang sa ang silid-aralan ay mapuno ng sabik na mga nagsisipakinig. Ang mga Bagong Tipan at mga polyeto ay malaya nilang ipinamahagi, at marami ang naabot nilang mga di-makapangahas na hayagang magsipakinig sa mga bagong doktrina. Pagkaraan ng panahon ay napilitan ding umalis ang manggagawang ito; nguni't ang mga katotohanang kanyang itinuro ay nakapanghawak na sa isipan ng mga tao. Naitanim na ang Reporma, at ito'y nagpatuloy na lumakas at lumawak. Nagbalik ang mga mangangaral, at sa pamamagitan ng kanilang paggawa ang pagsambang Protestante ay napatatag sa Henebra.

Ang lunsod ay nagpahayag na sa panig ng Reporma, nang pasukin ni Calvino ang mga pintuan nito, pagkatapos ng kanyang mga paglalagalag at papalit-palit na kalagayan.

Sa pagdalaw na ito, ay nakita ni Farel ang kamay ng Diyos. Bagaman tinanggap na ng Henebra ang bagong pananampalataya,

[16] Zacarias 4:6.
[17] 1 Corinto 16:27, 25.

ay may isa pa ring malaking gawain ang dapat gampanan doon. Ang mga tao'y nahihikayat sa Diyos hindi bilang mga bayan-bayanan kundi isaisa; ang pagbabago ay dapat magawa sa puso at sa budhi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, hindi sa pamamagitan ng pasiya ng mga sanggunian. Ba- gaman iwinaksi [211]
na ng mga mamamayan ng Henebra ang kapangyarihan ng Roma, ay hindi pa rin sila gasinong handa upang itakwil ang mga bisyong lumago sa ilalim ng kanyang pamamahala. Ang pagtatatag rito ng dalisay na mga simulain ng ebanghelyo, at ang paghahanda sa mga taong ito upang maging karapat-dapat sila sa tungkuling waring ipinananawagan sa kanila ng Banal na Kalooban, ay isang di-magaang gawain.

May pagtitiwala si Farel na nasumpungan niya kay Calvino ang isang maaaring makasama niya sa kanyang gawain. Sa pangalan ng Diyos ay mataimtim na tinagubilinan niya ang kabataang ebanghelista na manatili upang gumawa rito. Umurong si Calvino sa pangamba. Nguni't ang mataimtim na payo ni Farel ay dumating sa kanya bilang isang panawagang mula sa langit, at di niya ito matanggihan. Ayon sa kanya'y wari bagang "iniunat ng Diyos ang Kanyang kamay buhat sa langit, at hinawakan siya, at ipinirmi siya sa isang paraang di na siya makatanggi pa sa lugar na iyong totoong balisa na siya sa pag-alis."[18]

Sa buong Sangkakristiyanuhan, ang Protestantismo ay pinagbabalaan ng malalakas na kaaway. Pagkalipas ng unang mga pagtatagumpay ng Reporma, ay gumamit ang Roma ng mga bagong kalakasan, sa pag-asang maisasagawa niya ang kawasakan nito.

Nguni't sa ilalim ng pagpapala ng Diyos at sa pagsisikap ng mga lalaking ibinangon ng Diyos na humalili kay Lutero, ang Protestantismo ay hindi naiwasak. Hindi sa pagkupkop o sa mga sandata ng mga prinsipe ito nangutang ng kanyang kalakasan. Ang kaliitliitang mga bansa, ang kababaan at mahina sa lahat na mga bansa, ang siyang naging mga muog ng kalakasan nito. Ito'y ang maliit na Henebra sa gitna ng malalakas na kaaway na nagpapanukala ng kanyang kawasakan; ito'y Olanda sa buhanginang pasigan niya sa [212]
dagat sa hilagaan, na nakikipagpunyagi sa kalupitan ng Espanya,

[18] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Time of Calvin*, aklat 9, kab. 17.

na noo'y pinakadakila at pinakasagana sa lahat ng mga kaharian; ito'y ang maginaw, at baog na Suesya, na siyang nagkaroon ng mga pagtatagumpay ukol sa Reporma.

Si Calvino ay gumawa sa Henebra sa nalolooban ng halos tatlumpung taon; una ay ang pagtatatag ng isang iglesyang nanghahawak sa kalinisang moral ng Kasulatan, at sumunod ang pagpapasulong ng Reporma sa buong Europa. Ang paggawa niya bilang pangulo sa harapan ng madla ay hindi isang walang kapintasan, ni ang mga doktrina niya ay hindi rin yaong walang kamalian. Nguni't siya'y naging isang kasangkapan sa pagtataguyod ng mga katotohanang may tanging kahalagahan nang kanyang kapanahunan, sa pagpapanatili ng mga simulaing Protestantismo laban sa mabilis na nagbabalik na aral ng kapapahan, at sa pagpapaunlad sa mga bagong iglesya ng kasimplihan at kalinisan ng kabuhayan, sa lugar ng kapalaluan at kasamaang pinalago sa ilalim ng aral ng Roma.

Buhat sa Henebra, ay humayo ang mga palathala at mga tagapagturo upang ikalat ang bagong mga aral. Sa lugar na ito tumitingin sa aral, sa payo, sa kasiglahan ang mga pinag-uusig sa lahat ng lupain. Ang lunsod ni Calvino ay siyang naging kublihan ng mga pinaghahanap na mga Repormador sa buong Kanlurang Europa. Sa pagtakas nila buhat sa katakut-takot na mga bagyong nagpatuloy sa nalolooban ng daan-daang taon, ang mga nangungubling ito'y nagsidating sa pintuan ng Henebra. Nagugutom, sugatan, inulila sa tahanan at sa mga kamag-anak, ay taus-puso silang tinanggap at may kahabagang kinalinga; at sa pagkasumpong nila ng isang tahanan dito, ang lunsod na itong inari nilang sarili ay pinagpala nila sa pamamagitan ng kanilang kasanayan, ng kanilang karunungan, at ng kanilang kabanalan. Marami sa mga nangagkubli rito ang nagsi-
[213] balik din naman sa sarili nilang lupain upang pakipaglabanan ang kalupitan ng Roma. Si Juan Knox, na matapang na Repormador ng Eskosya, ang di iilan sa mga Puritanong Ingles, ang mga Protestante ng Olanda, at ng Espanya, at ang mga Hugonote ng Pransya, ang mga ito'y nangagdala buhat sa Henebra ng tanglaw ng katotohanan
[214] upang paliwanagin ang kadiliman ng bansa nilang tinubuan.

[215]

## *Kabanata 13*—Sa olanda at sa eskandinabya

Sa olanda ay maagang tumawag ng pagtutol ang kalupitan ng kapapahan. Noong pitong daang taon bago dumating ang kapanahunan ni Lutero, ang pontipiseng Romano ay walang katakutang pinaratangan ng dalawang obispo, na, noong ipadala sila bilang mga kinatawan sa Roma, ay nabatid nila ang tunay na likas ng "banal na luklukan:" "Ang reyna at kasintahan Niya [ng Diyos], ang iglesya, ay ginawa Niyang isang marangal at walang-hanggang taan sa kanyang sambahayan, na may isang dote na di-kumukupas ni masisira man, at binigyan siya ng walang-hanggang putong at setro; . . . sa lahat ng ito'y nakikinabang ka gaya ng isang manghaharang. Inilagay mo ang iyong sarili sa templo ng Diyos; sa halip na maging pastor, ikaw ay naging isang lobo sa mga tupa; . . . nais mong paniwalaan naming ikaw ay siyang kataas-taasang obispo, datapuwa't pinili mo ang pag-uugali ng isang malupit. . . . Sa halip na dapat ka sanang maging isang alipin ng mga alipin, gaya ng itinatawag mo sa iyong sarili, ay pinagsisikapan mong ikaw ay maging panginoon ng mga panginoon. . . . Ang mga utos ng Diyos ay dinadala mo sa paghamak. . . . Ang Banal na Espiritu ang siyang tagapagtayo ng lahat ng mga iglesya hanggang sa kalawakan ng lupa. . . . Ang lunsod ng ating Diyos, na roo'y mga mamamayan tayo, ay umaabot sa lahat ng dako ng mga langit; at yao'y lalong dakila kaysa lunsod, na pinanganlan ng mga propetang Babilonya, na nagkukunwang banal, itinataas niya ang kanyang sarili sa langit, at ipinangangalandakan na ang kanyang kaalaman ay walang-hanggan; at sa kahuli-hulihan, [216]
bagaman walang matuwid, na aniya'y di siya nagkamali kailan man, ni di-magkakamali kailan man."[1]

May mga iba pang nagsibangon sa bawa't pagdating ng dantaon upang paalingawngawin ang ganitong pagtutol. At ang naunang mga tagapagturong yaon, na mga naglalakbay sa iba't ibang mga lupain at nangakikilala sa iba't ibang mga pangalan, na nagtaglay

[1] Gerard Brandt, *History of the Reformation inand About the Low Countries*, aklat 1, p. 6, 14.

ng likas ng mga misyonerong Vaudois, at nagkalat sa lahat ng dako ng kaalaman ng ebanghelyo, ay nangakaabot hanggang sa Olanda. Madaling kumalat ang kanilang mga aral. Ang Bibliang Baldense ay isinalin sa tula sa wikang Olandes. Sinabi nila "na may malaking kalamangan ito; walang mga pagbibiro, walang mga katha-katha, walang mga bagay na walang kabuluhan, walang mga pagdaraya, kundi mga salita ng katotohanan; na dito at doon ay mayroon ngang bahaging matitigas, nguni't ito'y upang madaling matuklasan ang masarap at matamis ng bagay na mabuti at banal."[1] Gayon ang isinulat ng mga kaibigan ng pananampalataya ng unang panahon, noong ikalabindalawang dantaon.

Nagsimula na ngayon ang mga pag-uusig; nguni't sa gitna ng mga pangsunog at pagpapahirap ay nagpatuloy ang pagdami ng mga nananampalataya, na walang tigatig na nagpapahayag na ang Biblia ay siya lamang walang pagkakamaling kapangyarihan sa relihiyon, at "wala sinumang tao ang dapat piliting maniwala, kundi siya'y dapat hikayatin sa pamamagitan ng pangangaral."[2] Ang mga aral ni Lutero ay nakasumpong ng tumpak na lupa sa Olanda, at may nagsibangong matataimtim at mga tapat na lalaki upang ipangaral ang ebanghelyo. Buhat sa isa sa mga lalawigan ng Olanda ay dumating si Menon Simonis. Isang Katoliko Romano sa pinag-aralan, at inor-
[217] denahan sa pagkapari, ay lubos na wala si- yang nalalaman tungkol sa Biblia, at ayaw niya itong basahin, sa pangambang baka siya'y iligaw nito sa pagkaerehe. Nang gumigiit sa kanyang isipan ang isang pag-aalinlangan tungkol sa doktrinang transubstansyasyon, ay ipinalagay niya itong isang tukso buhat kay Satanas, at sa pamamagitan ng dasal at pangungumpisal ay pinagsikapan niyang palayain ang kanyang sarili; nguni't hindi ito maari. Pinagsikapan niyang patahimikin ang nagpaparatang sa kanyang tinig ng budhi sa pamamagitan ng mga isipan ng pagkariwara; nguni't ito ma'y hindi rin maari. Pagkaraan ng kaunting panahon ay naakay siya sa pag-aaral ng Bagong Tipan, at ito, kasama ang mga sinulat ni Lutero, ang siyang naging dahilan ng pagtanggap niya ng bagong pananampalataya. Hindi natagalan pagkatapos noon ay nasaksihan niya sa isang kalapit na nayon ang pagpugot sa ulo ng isang lalaking muling

[1] Gerard Brandt, *History of the Reformation inand About the Low Countries*, aklat 1, p. 6, 14.

[2] W. C. Martyn, *The Life and Times of Luther*, tomo 2, p. 87.

napabinyag. Ito ang nag-akay sa kanya upang kanyang pag-aralan sa Biblia ang tungkol sa pagbibinyag ng sanggol. Wala siyang makitang katibayan nito sa mga Kasulatan, kundi nakita niya sa bawa't dako na ang pagsisisi at pananampalataya ay kinakailangan bilang kondisyon sa pagtanggap ng binyag.

Iniwan ni Menon ang iglesya Romana, at lubusang ibinigay niya ang kanyang buhay sa pagtuturo ng katotohanang kanyang natanggap. Sa Alemanya at sa Olanda ay nagkaroon ng isang uri ng mga taong panatiko, na nagtuturo ng mga doktrinang walang katuturan at labag sa bayan, na pumapalibhasa sa kaayusan at sa kalinisang moral, at nagbubunsod sa karahasan at pagbabangon laban sa mga maykapangyarihan. Nakita ni Menon ang walang pagsalang kakila-kilabot na ibubunga ng ganitong mga pagkilos, at buong lakas na tinutulan niya ang mga maling turong ito at ligaw na mga pakana ng mga panatiko. Gayunman, ay marami rin ang nailigaw ng mga panatikong ito, nguni't mga nagtakwil na ng mga mapanirang aral na ito; at marami pa rin ang natitirang mga inanak [218]
ng mga Kristiyano noong unang panahon, na mga bunga ng aral ng mga Baldense. Sa mga uri ng taong ito gumawa si Menon na may malaking kasigasigan at tagumpay.

Sa nalolooban ng dalawampu't limang taon ay naglakbay siyang kasama ang kanyang asawa at mga anak, at tiniis niya ang malaking hirap at kasalatan, at malimit na mapasa panganib ang kanyang buhay. Nilakbay niya ang Olanda at ang hilagaan ng Alemanya, at gumawa siyang lalo na sa mababang uri ng mga tao, datapuwa't nagkaroon siya ng malaki at malawak na impluensya. Katutubong magandang magsalita, bagaman mababa ang kanyang pinag-aralan, siya'y isang taong may matatag na kalinisang-budhi, may mapakumbabang espiritu at banayad na pagkilos, at may tapat at taimtim na kabanalan, na ipinakikita sa sarili niyang kabuhayan ang mga tuntuning kanyang itinuturo, at nakuha niya ang pagtitiwala ng mga tao. Ang mga tagasunod niya ay kalat-kalat at sinisiil. Malaki ang kahirapang kanilang tiniis dahil sa sila'y napaghinalaang kasamahan ng mga panatikong Munsterita. Gayunma'y marami ang nahikayat sa ilalim ng kanyang paggawa.

Wala nang iba pang dakong doo'y lalong pangkalahatang tinanggap ang bagong aral liban sa Olanda. Sa iilan lamang lupain nagtiis ng lalong higit na pag-uusig ang kanilang mga tagasunod. Ipinag-

bawal ni Carlos V ang Reporma sa Alemanya, at magalak sana niyang ipahahatid sa sunugan ang mga kakampi nito; nguni't tumayo ang prinsipe na isang hadlang sa kanyang kalupitan. Sa Olanda ay lalong malaki ang kapangyarihan niya, at sunud-sunod ang pagdating ng mga kapasiyahan tungkol sa pag-uusig. Ang pagbasa ng Biblia, ang pakikinig o pangangaral nito, o kahit na ang pagsasalitaan lamang tungkol dito, ay pagbabayaran ng kamatayan sa sunugan. Ang lihim na pagdalangin sa Diyos, ang di-pagyuko sa inanyuang
[219] larawan, o ang pagkanta ng awit, ay may parusa ring kamatayan. Kahit na yaong mga bumabawi sa nagawa nilang mga kamalian, ay hinahatulan din, kung mga lalaki, ay sa kamatayan sa pamamagitan ng tabak; kung mga babae, ay inililibing na buhay. Libu-libo ang nilipol sa ilalim ng paghahari ni Carlos at ni Felipe II.

Minsan ang buong sambahayan ay dinala sa harapan ng mga ingkisidor, pinaratangan sila ng hindi pakikimisa, at ng pagsasagawa ng pagsamba sa kanilang tahanan. Sa paglilitis na ito kung ano ang lihim na ginagawa nila, ay sumagot ang pinakabunsong anak na lalaki, "Naninikluhod kami, at idinadalangin naming liwanagan nawa ng Diyos ang aming mga isipan at patawarin ang aming mga kasalanan; idinadalangin namin ang namumuno sa amin, upang ang kanyang pamamahala ay maging maunlad at ang kanyang kabuhayan ay maging masaya; idinadalangin namin ang aming mga mahistrado, upang sila'y kupkupin ng Diyos."[3] Nakilos ng malaki ang ilan sa mga tagahatol, gayunma'y ang ama at ang isa sa kanyang mga anak na lalaki ay hinatulang dalhin sa sunugan.

Ang galit ng mga nag-uusig ay tinimbangan ng pananampalataya ng mga martir. Hindi lamang ang mga lalaki kundi pati ang maiingat na mga babae at ang mga kadalagahan ay nagpakita ng walang pagbabagong kalakasang loob. "Ang mga babae ay nagsisitayo sa piling ng kanilang mga asawa sa sunugan, at samantalang nagbabata ang lalaki sa apoy ay ibinubulong ng asawa niya ang mga salitang umaaliw, o kaya'y kumakanta siya ng mga awit upang siya'y pasayahin." "Ang mga dalagang nasa kanilang kabataan ay nagsisihiga sa kanilang mga libingan na para bagang pumapasok sila sa kanilang silid upang matulog sa kinagabihan; o kaya'y huma-

[3] J. A. Wylie, *History of Prtestantism*, aklat 18, kab. 6.

hayo sila sa sunugan at sa apoy, na nadaramtan ng pinakamabuting kasuutan, na para bagang sila'y kakasalin."[3] [220]

Gaya noong mga araw na pagsikapan ng paganismong lipulin ang ebanghelyo, ang dugo ng mga Kristiyano ay binhi.[4] Ang paguusig ay siyang nagparami sa bilang ng mga saksi ukol sa katotohanan. Taon-taon, sa galit ng hari dahil sa di-mapasukong pagmamatigas ng mga tao, ay ipinagpatuloy niya ang kanyang malupit na gawain; nguni't di rin ito maari. Sa ilalim ng pamamahala ng marangal na si Guillermo ng Orange, ang paghihimagsik sa wakas ay nagdulot sa Olanda ng kalayaan sa pagsamba sa Diyos.

Sa mga kabundukan ng Piyamonte, sa mga kapatagan ng Pransya, at sa pasigan ng Olanda, ang pagsulong ng ebanghelyo ay tinatakan ng dugo ng mga alagad nito. Nguni't sa mga lupain sa Hilaga ay mapayapa itong nakapasok. Ang mga nagsisipag-aral sa Wittenberg, na nagsisiuwi sa kanilang mga tahanan, ay siyang nagdadala ng bagong pananampalataya sa Eskandinabya. Ang paglalathala ng mga sinulat ni Lutero ay nagpakalat din naman ng liwanag. Ang mga simple, at matipunong mga tao ng Hilaga ay nagsitalikod sa kasamaan, sa karangyaan, at sa mga pamahiin ng Roma, upang magalak na tanggapin ang kalinisan, kasimplihan, at ang nagbibigay-buhay na katotohanan ng Biblia.

Si Tausen, "na Repormador ng Dinamarka," ay anak na lalaki ng isang magbubukid. Maagang ipinamalas ng bata ang katalinuhan ng kanyang pag-iisip; kinauhawan niya ang karunungan; nguni't ito'y ipinagkaila sa kanya ng maralitang kalagayan ng kanyang mga magulang, kaya't pumasok siya sa isang kombento. Ang kalinisan ng kanyang kabuhayan sa lugar na ito, at ang kanyang kasipagan at pagtatapat, ay siyang umakit sa pagtingin ng mga nakatataas sa kanya. Ipinakita ng pagsusuri na mayroon siyang talentong makapangangako ng mabuting paglilingkod sa iglesya sa panahong hinaharap. Ipinasiya nilang siya'y papag-aralin sa isa sa mga unibersidad ng [221] Alemanya o Olanda. Ang kabataang magaaral na ito ay pinahintulutang pumili ng paaralan para sa kanyang sarili, na may isang pasubali, na siya'y huwag pupunta sa Wittenberg, Ang mag-aaral ng

[3] J. A. Wylie, *History of Protestantism* aklat 18, kab. 6.

[4] Tingnan ang kab. 50 ng Apology ni Tertulyano.

iglesya ay di-dapat ipanganib sa lason ng erehiya. Gayon ang wika ng mga prayle.

Si Tausen ay nagpunta sa Kolonya, na noon, gaya rin naman ngayon, ay isa sa mga muog ng Iglesya Romana. Hindi nagtagal ay kinasuyaan niya ang pagkamistisismo ng mga tagapagturo sa paaralan. Noong ding panahong iyo'y nakatanggap siya ng mga sinulat ni Lutero. Binasa niya itong may paghanga at kaluguran, at nilunggati niyang tamasahin ang personal na pagtuturo ng Repormador. Datapuwa't kung gagawin niya ito ay maaaring mapanganib siya sa pagkagalit ng mga nakatataas sa kanya sa kombento, at aalisin na ang pagtangkilik sa kanya. Madali niya itong pinasiyahan, at hindi nalauna't napatala na siya bilang isang mag-aaral sa Wittenberg.

Sa pagbabalik niya sa Dinamarka, ay muli siyang nagtira sa kombento. Wala pang naghihinala sa kanya ng pagiging Luteranismo; hindi niya ipinahayag ang kanyang lihim, kundi pinagsikapan niya, sa isang paraang huwag magkaroon ng pangingilag ang kanyang mga kasama, upang maakay niya sila sa isang dalisay na pananampalataya at banal na kabuhayan. Binuksan niya ang Biblia, at ipinaliwanag ang tunay na kahulugan nito, at sa huli ay ipinangaral niya sa kanila si Kristo na katuwiran ng isang makasalanan at ang kanya lamang pagasa sa ikaliligtas. Gayon na lamang ang kagalitan ng priyor, na may malaking pag-asang siya'y magiging isang matapang na tagapagtanggol ng iglesya. Inilipat siya kaagad sa ibang kombento, at ikinulong sa isang silid-bilangguan, sa ilalim ng mahigpit na pamamahala.

Sa takot ng mga bago niyang mga tagapagbantay, ay marami na [222] sa mga monghe ang nagpahayag na sila'y mga hikayat na sa Protestantismo. Sa pamamagitan ng mga baras ng kanyang kulungan, ay pinaabot ni Tausen sa kanyang mga kasamahan ang kaalaman ng katotohanan. Kung ang mga paring Dinamarkes na yaon ay may kasanayan sa panukala ng iglesya sa pakikitungo sa erehiya, hindi na sana muli pang narinig ang tinig ni Tausen; kundi sa halip na ilagay siya sa isang libingan sa isang bilangguan sa ilalim ng lupa, ay pinalayas nila siya sa kombento. Ngayo'y wala na silang kapangyarihan sa kanya. Ang isang utos ng hari, na kalalabas pa lamang, ay nagkakaloob ng pagsasanggalang sa mga tagapagturo ng bagong doktrina. Pinasimulan ni Tausen ang pangangaral. Bukas sa kanya ang lahat ng mga simbahan, at nagsilapit ang makapal na

tao upang pakinggan siya. May mga iba pang nangangaral ng salita ng Diyos. Ang Bagong Tipan na isinalin sa wikang Dinamarkes ay malawak na ipinangalat. Ang pagsisikap ng mga makapapa upang igiba ang gawain ay nagbunga ng pagpapalawak nito, at di-nagtagal at ipinahayag ng Dinamarka ang pagtanggap nito ng bagong pananampalataya.

Sa Suesya, ay ang kabataan ding mga lalaki na nagsiinom buhat sa balon ng Wittenberg ang nagdala ng tubig ng buhay sa kanilang mga kababayan. Ang dalawa sa mga tagapanguna sa Repormang Suesya, si Olaf at si Laurencio Patri, mga anak na lalaki ng panday sa Orebro, ay nagsipag-aral sa ilalim ni Lutero at ni Melanchton, at ang katotohanang kanilang natutuhan ay may kasipagan nilang itinuro. Katulad ng dakilang Repormador, ay ginising ni Oaf ang mga tao sa pamamagitan ng kanyang kasigasigan at magandang pangungusap, samantalang si Laurencio naman, gaya ni Melanchton, ay marunong, maalalahanin, at mahinahon. Ang dalawang lalaking ito'y kapuwa maningas sa kabanalan, may mataas na kaalaman sa teolohiya, at walang pagbabagong kalakasang loob sa pagpapasulong ng katotohanan. Wa- lang pagkukulang ang pagsalungat ng [223] makapapa. Pinakilos ng mga paring Katoliko ang mga mangmang at mga mapamahiin. Si Olaf Petri ay madalas na daluhungin ng mga mapanggulo, at sa maraming pangyayari ay bahagya na lamang nailigtas ang kanyang buhay. Gayunman, ang mga Repormador na ito ay may pagkalinga at pagkukupkop ng hari.

Sa ilalim ng kapamahalaan ng Iglesya Romana, ang mga tao'y napalubog sa karukhaan, at pinasadsad sa kailaliman ng paniniil. Salat sila sa Kasulatan; at sa pagkakaroon nila ng isang relihiyon ng mga tanda lamang at mga seremonya, na di-nagdudulot ng liwanag sa isipan, ay napapabalik sila sa mapamahiing paniniwala at mga gawaing pagano ng kanilang mga ninuno. Ang bansa ay nahati-hati sa mga pangkat na nagkakasalungatan, at ang walang patid nilang pagtutunggali ay siya pang nakaragdag sa kahirapan ng lahat. Ipinasiya ng hari ang pagbabago sa estado at sa iglesya, at magalak niyang tinanggap ang malalakas na katulong na ito sa pakikipagtunggali laban sa Roma.

Sa harapan ng hari at ng nangungunang mga lalaki ng Suesya, ay may malaking kakayahang ipinagsanggalang ni Olaf Petri ang mga aral ng bagong pananam'palataya laban sa mga tagapagtanggol

ng Roma. Ipinahayag niya na ang aral ng mga Padre ay maaaring tanggapin kung ito lamang ay kasang-ayon ng mga Kasulatan; na ang mga mahahalagang aral ng pananampalataya ay ipinakikilala sa Biblia sa isang paraang maliwanag at simple, upang maunawaan ito ng lahat ng tao. Ang wika ni Kristo, "Ang turo Ko ay hindi Akin, kundi roon sa nagsugo sa Akin;"[5] at sinabi ni Pablo na kung ipangangaral niya ang ebanghelyong naiiba kaysa kanyang tinanggap, siya'y matatakwil.[6] "Paano nga, kung gayon," ang wika ng Repormador, "makapangangahas ang mga iba na gumawa ng mga
[224] dogma ayon sa kanilang maibi- gan, at ipatupad ito bilang kailangan sa kaligtasan?"[7] Ipinakita niya na ang mga kapasiyahan ng iglesya ay walang kapangyarihan kung ito'y salungat sa mga utos ng Diyos, at pinanghawakan niya ang dakilang simulaing Protestante, na "ang Biblia at Biblia nga lamang," ang siyang tuntunin ng pananampalataya at paggawa.

Ang tunggaliang ito, bagaman isinagawa sa isang dakong di-tanyag, ay nagpapakilala sa atin "ng mga uri ng taong nagsibuo ng hanay ng hukbo ng mga Repormador. Sila'y di yaong mga di-nag-aral, nakikisekta, at maingay na palakipagtalo—malayo sa bagay na ito; sila'y mga lalaking nagsipag-aral ng salita ng Diyos, at may kasanayan sila sa paggamit ng mga sandatang ibinibigay sa kanila ng armoriya ng Biblia. Kung tungkol sa kaalaman sila'y una sa kanilang kapanahunan. Kung sa Wittenberg at sa Zurich lamang natin ipapako ang ating pansin, at sa tanyag na mga pangalang gaya ni Lutero at ni Melanchton, ni Zuinglio at Ecolampadio, ay sasabihin sa atin na ang mga ito ang mga tagapanguna ng kilusan, at katutubong ipalalagay nating sila'y mayroong malaking kapangyarihan at malawak na pinag-aralan; nguni't di nila katulad ang mga nasa ilalim nila. Datapuwa't tingnan natin ang di-tanyag na larangan ng Suesya, at ang hamak na mga pangalan ni 01af at ni Laurencio Petri—buhat sa mga guro hanggang sa mga alagad—ano ang masusumpungan natin? . . . Mga pantas at mga teologo; mga lalaking may ganap na kaalaman sa ebanghelyo ng katotohanan, at

[5] Juan 7:16.

[6] Galacia 1:8.

[7] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 10, kab. 4.

nagkaroon ng madaling tagumpay sa mga sopista ng mga paaralan at sa mga dinadakila ng Roma.”[7]

Bilang bunga ng pagtatalong ito, ang hari ng Suesya ay tumanggap ng pananampalatayang Protestante, at hindi natagalan at ipinahayag ng pambansang kapulungan ang pagkatig dito. Ang Bagong Tipan ay isinalin ni 0laf Petri sa wikang Suesya, at sa kagustuhan ng hari ay isi- nagawa ng magkapatid na lalaki ang pagsasalin ng [225]
buong Biblia. Sa gayo’y ito ang siyang unang-unang pagkakaroon ng mga taga-Suesya ng salita ng Diyos sa kanilang sariling wika. Ipinag-utos ng Diyeta na sa buong kaharian, ay dapat ipaliwanag ng mga ministro ang mga Kasulatan, at ang pagbasa ng Biblia ay dapat ituro sa mga bata sa mga paaralan.

Patuloy at tiyak na ang kadiliman ng kamangmangan at pamahiin ay pinawi ng pinagpalang liwanag ng ebanghelyo. Napalaya buhat sa paniniil ng Roma, ang bansa ay nakaabot sa isang kalakasan at kadakilaan na kailan ma’y di nito naabot noong una. Ang Suesya ay naging isa sa mga sanggalang ng Protestantismo. Pagkaraan ng isang dantaon, nang panahon ng lubhang panganib, ang maliit at mahinang bansang ito—na siya lamang bansa sa Europa na nangahas na tumulong—ay sumaklolo sa Alemanya sa pakikipagpunyagi noong panahon ng Tatlumpong Taong Digmaan. Ang buong Hilagaang dako ng Europa ay wari bagang mapapasailalim na muli sa Kapangyarihan ng Roma. Ang mga hukbo ng Suesya ang siyang nagbigay ng kalakasan sa Alemanya upang makuha ang tagumpay mula sa kapapahan, upang makuha ang pahintulot sa pagpapairal ng Protestantismo— mga Calvinista man o mga Luterano—at upang mapapanumbalik ang kalayaan ng budhi sa mga lupaing tumanggap sa Reporma. [226]

[227]

[7] J. A. Wylie, *History of Protestantism*, aklat 10, kab. 4.

## *Kabanata 14*—Sa mga pulo ng britanya

Samantalang binubuksan ni Lutero ang isang nakasarang Banal na Kasulatan sa bayang Aleman, si Tyndale naman ay inuudyukan ng Espiritu ng Diyos na gumawa ng gayon din sa Inglatera. Ang Biblia ni Wieleff ay salin mula sa Latin, na marami ang mali. Ito'y hindi kailan man napalimbag, at ang halaga ng mga salin ay napakalaki, na anupa't mayayaman o matataas na tao lamang ang makabibili nito; at bukod dito'y dahil sa mahigpit itong ipinagbabawal ng iglesya, sa maliit na lugar lamang ito naipangalat. Noong 1516, isang taon pa bago lumabas ang siyamnapu't limang pangangatuwiran ni Lutero laban sa mga indulhensya, ay inilathala na ni Erasmo ang kanyang salin ng Bagong Tipan sa Griego at Latin. Ito ang kauna-unahang pagkalimbag ng salita ng Diyos sa dating wika. Sa limbag na ito ay maraming kamalian ng dating salin ang naisaayos, at lalong maliwanag ang pagkakahanay ng isipan. Inakay nito ang mga marunong sa lalong mabuting pagkaunawa sa katotohanan, at ito ang nagkaloob sa kanila ng isang bagong sigla sa gawain ng Reporma. Datapuwa't ang mga karaniwang tao, sa isang malaking paraan, ay nahahadlangan pa rin sa salita ng Diyos. Si Tyndale ang tatapos sa gawain ni Wicleff na pagbibigay ng Biblia sa kanyang mga kababayan.

Bilang isang mag-aaral na mataimtim na naghahanap ng katotohanan, tinanggap niya ang ebanghelyo sa pamamagitan ng Bagong Tipang Griego ni Erasmo. Buong tapang niyang ipinangaral ang kanyang mga paniniwala, at iginiit niyang ang lahat ng aral ay dapat
[228] uriin sa pa- mamagitan ng mga Kasulatan. Sa ipinamamansag ng mga makapapa, na ang iglesya ang siyang nagbigay ng Biblia at ang Iglesya lamang ang makapagpapaliwanag nito, ay tumugon si Tyndale: "Nalalaman ba ninyo kung sino ang nagtuturo sa mga agila sa paghanap ng kanilang makakain? Ang Diyos ding iyan ang nagtuturo sa Kanyang nangagugutom na anak na hanapin ang kanilang Ama sa pamamagitan ng Kanyang salita. Malayong kayo ang nagbigay sa amin ng mga Kasulatan, kayo pa nga ang nagkubli nito

sa amin; kayo ang sumunog sa rnga nagtuturo ng mga ito, at kung mangyayari lamang, ay susunugin ninyo pati ang mga Kasulatan."[1]

Ang pangangaral ni Tyndale ay lumikha ng malaking pananabik; marami ang tumanggap ng katotohanan Nguni't nagmasid ang mga pari, at hindi pa niya halos naiiwan ang bukirin ay sinikap na nilang iwasak ang nagawa niya, sa pamamagitan ng pagtakot at pamamarali ng hindi matuwid. Malimit silang magwagi. "Ano ang dapat gawin?" ang kanyang sigaw. "Samantalang ako'y naghahasik sa isang dako, ay sinisira naman ng kaaway ang bukid na aking nahasikan. Hindi ako maaaring dumoon sa lahat ng dako. Oh, kung mayroon lamang Banal na Kasulatan ang mga Kristiyano sa kanilang sariling wika, ay malalabanan nila na rin ang mga magdarayang ito. Kung walang Biblia ay hindi mangyayaring maitatag sa katotohanan ang mga nananampalataya."[1]

Isang bagong layunin ang ngayo'y naghari sa kanyang pag-iisip. "Sa wika ng Israel," ang sabi niya, "inawit ang mga awit sa templo ni Heoba; at hindi baga magsasalita sa atin ang ebanghelyo sa wika ng Inglatera? . . . Dapat kayang magkaroon ang iglesya ng higit na liwanag sa bukang-liwayway kaysa katanghaliang-tapat? . . . Ang Bagong Tipan ay dapat basahin ng mga guro ng iglesya sa wikang kinagisnan nila." Ang mga teologo at mga guro ng iglesya ay [229]
hindi magkaisa. Sa pamamagitan lamang ng Biblia mangyayaring makilala ng mga tao ang katotohanan. "Ang isa'y umaayon sa teologong ito, ang iba'y sa iba naman. . . . Ang mga nagsisulat na ito ay nagsasalungatan sa isa't isa. Paano nga natin makikilala kung sino ang nagsasabi ng matuwid at kung sino ang nagsasabi ng mali?. . . Paano? . . . Tunay na sa pamamagitan lamang ng salita ng Diyos."[1]

Ang layuning kinikimkim ni Tyndale sa kanyang pagiisip, tungkol sa pagbibigay ng Bagong Tipan sa mga tao sa sariling wika nila, ay pinagtibay niya ngayon, at itinalaga niya kapagkaraka ang kanyang sarili sa gawain. Nang palayasin siya sa kanyang tahanan sa

[1] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 18, kab. 4.

[1] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 18, kab. 4.

[1] J. H. Merle D'Aubigne, *History of the Reformation in the Sixteenth Century*, aklat 18, kab. 4.

pamamagitan ng pag-uusig, ay napasa Londres siya, at doo'y ilang panahong tahimik niyang ipinagpatuloy ang kanyang mga gawain.

Datapuwa't napilitan na naman siyang lumayas dito, dahil sa karahasan ng mga makapapa. Mandi'y laban sa kanya ang buong Inglatera, kaya nga't ipinasiya niyang magkubli sa Alemanya. Dito niya sinimulan ang pagpapalimbag sa Bagong Tipang Ingles. Makalawang napatigil ang gawain; datapuwa't nang pagbawalan siyang maglimbag sa isang bayan ay lumipat siya sa iba.

Sa wakas ay nagpunta siya sa Worms, na doon noong ilang taong nakaraan, ay ipinagtanggol ni Lutero ang ebanghelyo sa harap ng Diyeta. Sa matandang bayang iyon ay marami ang kaibigan ng Reporma, at doon ipinagpatuloy ni Tyndale ang kanyang gawain, na walang balakid. Madaling natapos ang tatlong libong salin ng Bagong Tipan at sa taon ding yaon ay lumimbag ng panibago.

Si Tyndale ay ipinagkanulo sa mga kamay ng kanyang mga kaaway, at minsa'y nagbata siya ng pagkabilanggo na maraming buwan. Sa wakas ay sinaksihan niya ang kanyang pananampalataya nang siya'y pataying isang martir; subali't ang mga sandatang ini-
[230] handa niya ay tumulong sa ibang mga kawal sa pakikibaka sa buong panahon, hanggang sa ating kapanahunan.

Ipinagtanggol ni Latimer sa pulpito ang Banal na Kasulatan at anya'y dapat na mabasa ito ng mga tao sa kanilang sariling wika. Si Barnes at si Frith, mga tapat na kaibigan ni Tyndale, ay nagsitindig upang ipagtanggol ang katotohanan. Sumunod naman ang mga Ridleys at Granmer. Ang mga pangulong ito sa Repormang Ingles ay mga taong matatalino, at marami sa kanila ang pinuri at iginalang dahil sa kanilang kasipagan o kabanalan sa kapisanan ng mga Romano. Ang pagkakilala nila sa mga hiwaga ng Babilonya, ay nagbigay ng malaking kapangyarihan sa kanilang mga patotoo laban sa iglesyang makapapa.

Ang dakilang simulaing ipinagtanggol ng mga Repormador na ito—na siya ring ipinagtanggol ng mga Baldense, nina Juan Hus, Wicleff, Lutero, Zuinglio, at niyaong nakisama sa kanila— ay ang hindi marunong magkamaling kapangyarihan ng mga Banal na Kasulatan, na patakaran sa pananampalataya at sa kabuhayan. Pinasinungalingan nila ang sinasabing matuwid ng mga papa, ng mga konsilyo, ng mga Padre, at ng mga hari, na pagharian ang budhi ng mga tao, hinggil sa mga bagay na may kinalaman sa relihiyon.

Ang Banal na Kasulatan ay siya nilang pinanghawakan. at sa pamamagitan ng mga aral nito ay sinubok nila ang lahat ng aral at pagpapanggap. Pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang salita ang siyang nagpalakas ng loob ng mga banal na taong ito, nang ibigay na nila ang kanilang mga buhay sa sunugan. "Maaliw ka sana," ang sabi ni Latimer sa kasama niyang martir, nang mamamatay na lamang sila sa apoy, "sa araw na ito, sa biyaya ng Diyos ay magpapaningas tayo ng isang ilawan sa Inglatera, na pinaniniwilaan kong hindi mamamatay kailan man."[2]

Sa Eskosya ang mga binhi ng katotohanang ipinunla ni Columba [231]
at ng kanyang mga kasama ay hindi lubos na nasira. Sa loob ng daan-daang taon, pagkatapos na sumalilong ng kapamahalaan ng Roma ang mga iglesya sa Inglatera, ay iningatan ng mga iglesya sa Eskosya ang kanilang kalayaan. Nguni't nang ikalabindalawang dantaon, ay natatag doon ang kapapahan, at sa ibang bayan ay hindi lubos na nakapangibabaw ang kapapahan na gaya rito. Lalo ang kadiliman dito kaysa alin mang dako. Gayon ma'y dumating ang mga sinag ng liwanag na lumagos sa kadiliman, at nagbigay ng pag-asa sa dumarating na araw. Ang mga Lolardo, na nagmumula sa Inglatera at may dalang Kasulatan at mga aral ni Wicleff, ay tumulong ng malaki upang mapanatili ang pagkakilala sa ebanghelyo, at bawa't dantaon ay nagkaroon ng kanyang mga saksi at mga martir.

Dumating ang mga sinulat ni Lutero, na kasabay ng pagbubukas ng malaking Reporma, at saka sumunod ang Bagong Tipang Ingles na isinalin ni Tyndale. Hindi talos ng kapapahan na ang mga sugong ito ay tahimik at lihim na bumagtas sa mga bundok at mga libis na siyang nagsindi sa kalooban ng mga tao ng tanglaw ng katotohanan, na halos ay patay na sa Eskosya at sumisira ng gawaing ginawa ng Roma sa apat na siglong pagpapahirap.

Ang dugo ng mga martir ang nagpanariwa ng kasiglahan ng kilusan. Ang mga pangulong makapapa, na biglang nagising sa kapanganibang nagbabantang lumigalig sa kanilang kalayaan, ay nagdala sa sunugan ng ilan sa lalong marangal at lalong kapita-pitagang mga anak ng Eskosya. Nakapagtayo nga sila ng isang pulpito, na mula roo'y narinig sa buong lupain ang mga tinig ng mga namamatay na saksing ito, na lumikha sa kaluluwa ng mga tao

[2] *Works of Hugh Latimer*, limbag ng Parker Society, tomo 1, p. xiii.

ng isang hindi mamamatay na adhikang patirin ang mga tanikala ng Roma.

Inihandog nina Hamilton at Wishart, na mga prinsipe sa likas at
[232] pagkatao, ang kanilang buhay sa sunugan na kasama ng mahabang hanay ng mga mapagpakumbabang alagad.

Si Juan Knox ay tumalikod sa mga sali't-saling sabi at mga mistisismo ng iglesya, upang tanggapin ang mga katotohanan ng salita ng Diyos; at ang itinuro ni Wishart ay nagpatibay ng kanyang kapasiyahang talikdan ang pakikiugnay sa Roma, at makisama sa pinag-usig na mga Repormador.

Nang udyukan siya ng kanyang mga kasama na maging mangangaral ay umurong siya na nanginginig dahil sa kabigatan nito, at pagkatapos lamang ng maraming araw na pananalangin at mahigpit na pakikilaban sa kanyang sarili ay saka siya pumayag. Datapuwa't pagkatanggap niya ng tungkuling yaon ay nagpatuloy siyang taglay ang hindi nagmamaliw na kapasiyahan at katapangan hanggang kamatayan. Ang tapat na Repormador na ito ay walang gulat na humarap sa mga tao. Ang mga apoy ng kamatayan na naglalagablab sa paligid niya, ay siyang nagpainit na lalo sa kanyang sigla.

Nang pamukhaang iharap si Juan Knox sa reyna ng Eskosya na sa harapan niya'y nanghina ang kasigasigan ng maraming pangulo ng mga Protestante ay walang takot siyang sumaksi sa katotohanan. Hindi siya makukuha sa mga papuri; hindi siya umurong sa mga panakot. Siya'y pinaratangang erehe ng reyna, sapagka't tinuruan niya ang bayan na tumanggap ng isang relihiyong ipinagbabawal ng pamahalaan, ang wika niya, at sa gayo'y sinalangsang niya ang utos ng Diyos na nagbibiling ang sakop ay dapat sumunod sa kanilang mga prinsipe. Si Knox ay buong tapang na sumagot ng ganito:

"Yamang ang matuwid na relihiyon ay hindi kumuha ng bukal na lakas o kapangyarihan sa mga prinsipe ng sanlibutan, kundi sa walang-hanggang Diyos lamang, ang mga tao'y hindi mapipilit na bumalangkas ng kanilang relihiyon ayon sa nasa ng kanilang mga prinsipe. Sapagka't napakalimit na ang mga prinsipe ay siyang
[233] pinaka- mangmang sa lahat ng iba, sa tunay na relihiyon ng Diyos. . . . Kung ang lahat ng Anak ni Abraham ay naging karelihiyon ni Paraon, na malaon nilang pinaglingkuran, ano kayang relihiyon ngayon, mahal na reyna, mayroon sa sanlibutan? O kung ang lahat ng tao ng mga kaarawan ng mga alagad ay nangaging karelihiyon

ng mga emperador na Romano, ano kaya ang magiging relihiyon sa balat ng lupa? . . . Dahil dito, mahal na reyna, ay mapagmamalas ninyong ang mga sakop ay hindi itinatali ng relihiyon sa kanilang panginoon bagaman sila'y pinag-uutusang ang mga ito ay talimahin."

Ang sabi ni Maria: "Iyong ipinaliliwanag ang mga Kasulatan sa isang paraan, at sila [ang mga gurong Katoliko Romano] ay sa ibang paraan sino ang aking paniniwalaan, at sino ang hahatol?"

"Inyong paniniwalaan ang Diyos, na malinaw na nagsasalita sa Kanyang salita," ang tugon ng Repormador; "at libon sa itinuturo ng Salita ay huwag ninyong paniniwalaan ang alin man sa dalawa. Ang salita ng Diyos ay maliwanag sa kanyang sarili; at kung may gumigitaw mang kalabuan sa isang dako, ang Banal na Espiritu, na hindi sumasalungat sa Kanyang sarili kailan man, ay lalong malinaw na nagpapaliwanag nito sa mga ibang dako naman, kaya't walang matitirang pag-aalinlangan kundi doon lamang sa mga sadyang nagpapakamangmang."[3]

Iyan ang mga katotohanang binigkas ng walang pangambang Repormador sa pakinig ng reyna, nabingit man sa panganib ang kanyang buhay. Taglay ang gayon ding walang kinagugulatang katapangan ay nagtumibay siya sa kanyang layunin, na dumadalangin at ipinakikipaglaban ang Panginoon, hanggang sa lumaya ang Eskosya sa kapapahan.

Ang pagkatatag ng Protestantismo sa Inglatera na pinakarelihiyong pambansa ay nagpahina sa pag-uusig bagaman hindi ganap na nagpatigil. Bagaman tinanggihan na ang marami sa mga aral ng [234]
Roma, ay hindi naman iilan sa kanyang mga anyo o seremonya ang iningatan. Ang pagkapangulo ng papa ay tinanggihan, datapuwa't sa lugar niya ay iniluklok ang hari na pinaka pangulo ng iglesya. Sa gawain ng iglesya ay mayroon pa ring malaking kalayuan sa kadalisayan at kasimplihan ng ebanghelyo. Ang dakilang simulain ng kalayaan sa relihiyon, ay hindi pa nauunawa ng mga panahong yaon. Bagaman ang kakila-kilabot na mga pagpapahirap na ginawa ng Roma sa erehiya ay bihirang gamitin ng mga pinunong Protestante, gayunma'y ang matuwid ng bawa't tao na sumamba sa Diyos ng ayon sa kanyang budhi ay hindi kinikilala. Lahat ay kinailangang

[3]D. Laing. *Works of John Knox*, tomo 2, p. 281, 284. (1895.)

tumanggap ng mga aral at sumunod sa mga paraan ng pagsamba na ipinaguutos ng tatag na iglesya. Ang mga sumalansang ay nagbata ng malaki o maliit na pag-uusig sa loob ng daan-daang taon.

Gaya ng mga kaarawan ng mga apostol, ang pag-uusig ay muling tumulong sa paglalaganap ng ebanghelyo. Sa isang mabahong bilangguan na puno ng mga hampaslupa at mga kriminal, ay nalanghap ni Juan Bunyan ang tunay na hangin ng langit; at sinulat niya roon ang kanyang kahanga-hangang talinghaga ng paglalakad ng mga Kristiyanong naglalakbay mula sa lupain ng kapahamakan hanggang sa bayan sa kalangitan. Sa mahigit na dalawang daang taon, ang tinig na yaon sa bilangguan ng Bedford ay nagsalita na may malakas na kapangyarihan sa puso ng mga tao. Ang *Pilgrim's Progress, at Grace Abounding to the Chief of Sinners*, ni Bunyan ay umakay ng
[235] maraming paa sa landas ng buhay.

## *Kabanata 15*—Paggising sa bansa

Nang panahon ng malaking kadiliman sa espiritu, si Whitefield at sina Wesley ay lumitaw na pinakatagapagdala ng tanglaw ng Diyos. Sa ilalim ng pamamalakad ng tatag na iglesya, ang relihiyon ng mga tao sa Inglatera ay bumaba ng malaki at halos wala nang pinagibhan sa paganismo. Ang relihiyong ukol sa kalikasan ay siyang kinahihiligang pag-aralan ng mga pari, at dito'y nasasalig ang marami sa kanilang teolohiya. Ang pagpapakabanal ay tinatawanan lamang ng matataas na tao at may pagmamalaki pang sinasabi na sila'y malayo sa tinatawag nilang panatismo. Ang mga hamak na tao ay pawang napakamangmang, at gumon sa bisyo, samantala'y ang iglesya ay wala nang tapang o pananampalataya pa upang matangkilik ang nariwarang kapakanan ng katotohanan.

Ang dakilang aral na pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, na napakalinaw na itinuro ni Lutero, ay halos nakaligtaan na; at ang simulaing Romano na pag-asa sa mabubuting gawa sa ikaliligtas ay siyang humalili. Si Whitefield at sina Wesley, na mga kasapi ng tatag na iglesya, ay tapat na nagsihanap ng lingap ng Diyos, at ito'y itinuro sa kanila na matatamo sa pamamagitan ng isang mabuting kabuhayan at sa pagsunod sa mga ipinag-uutos ng relihiyon.

Nang minsang magkasakit si Carlos Wesley, at inakalang hindi
na siya makatatawid pa, ay tinanong siya kung saan niya ibinababaw
ang kanyang pag-asa sa buhay na walang-hanggan. Ganito ang
kanyang isinagot: "Ginamit ko ang aking pinakamabubuting pag-
sisikap sa pag- sunod sa Diyos." Nang tila hindi maunawang mabuti [236]
ng kaibigan niya ang kanyang isinagot, ay ganito ang sumaisip ni [237]
Wesley, "Ano! hindi baga sapat nang patibayan ng aking pag-asa
ang aking mga pagsisikap? Nanakawan ba niya ako sa aking mga
pagsusumakit? Wala na akong sukat pagkatiwalaan."[1]

[1] John Whitebead, *Life of the Rev. Gharles Wesley*, p. 102. (Ikalawang limbag, Amsterdam, 1845.)

Ganyang-ganyan ang makapal na kadilimang lumukob sa iglesya, tumakip sa pagtubos ni Kristo, umagaw sa Kanyang kaluwalhatian, at naglayo sa pag-iisip ng mga tao sa kanilang tanging pag-asa sa kaligtasan—ang dugo ng nabayubay na Manunubos.

Sina Juan at Carlos Wesley, pagkatapos na maitalaga sa paglilingkod ay isinugo ukol sa isang pagmimisyon sa Amerika. Sa bapor ay may kasama silang mga Morabo. Sa dagat ay nakasagupa sila ng malakas na unos, at naranasan ni Juan Wesley, nang mukhaan siyang mapaharap sa kamatayan, na wala siyang kapayapaan sa Diyos. Sa kabila nito'y ang mga Morabo ay nagpakilala ng isang kapayapaan at pagtitiwala na hindi niya nalalaman.

"Matagal ko nang pinagmamasdan," ang wika niya, "ang kataimtiman ng pagkilos nila. Lagi nilang pinatutunayan ang kanilang pagkamapagpakumbaba. Mayroon na ngayong pagkakataon upang masubok kung sila nga'y ligtas na buhat sa espiritu ng katakutan, gaya rin naman ng sa kapalaluan, galit, at paghihiganti.

"Nang mangangalahati na ang awit sa pasimula ng kanilang kulto," ang sabi niya, "ay umugong na ang dagat, nahapak ang malaking layag, at ang mga alon ay tumabon sa sasakyan na wari manding nilamon na kami ng kalaliman. Napasigaw ang mga Ingles. Ang mga Morabo ay payapang nagpatuloy sa pag-aawitan. Pagkatapos ay tinanong ko ang isa sa kanila: 'Hindi ba kayo natakot?' Siya'y sumagot: 'Salamat sa Diyos at hindi'. Tinanong ko siyang
[238] muli: 'Datapuwa't natakot ba ang inyong mga kasamang babae at mga bata?' malumay siyang tumugon: 'Hindi; ang aming kasamang mga babae at mga bata ay walang takot mamatay.' "[2]

Pagdating sa Sabana ay sandaling panahong nakisama si Wesley sa mga Morabo, at natanim na mabuti sa kanyang puso ang kanilang ugaling Kristiyano. Nang umuwi siya sa Inglatera, naliwanagan niya ang pananampalatayang ipinakikilala ng Banal na Kasulatan. Napagkilala niyang dapat niyang itakwil ang pananalig sa sarili niyang gawa sa ikaliligtas at lubusang magtiwala sa "Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlinbutan." Sa isang pulong ng kapisanang Morabo sa Londres ay binasa ang isang pahayag na galing kay Lutero, na nagpapakilala ng pagbabagong ginagawa ng Espiritu ng Diyos sa puso ng sumasampalataya. Sa pakikinig

[2]John Whitehead, *Life of the Rev. Charles Wesley*, p. 10.

ni Wesley ay nag-alab sa kanyang kaluluwa ang pananampalataya. "Naramdamang kong nakapagtatakang uminit ang aking puso," ang wika niya. "Naramdamang kong ako'y nagtiwala kay Kristo, kay Kristo lamang, sa ikaliligtas: at pinagkalooban Niya ako ng pag-asa na inalis na Niya ang *aking* mga kasalanan, oo, ang *akin*, at iniligtas Niya *ako* sa kautusan ng kasalanan at kamatayan."[3]

Sa mahabang panahon ng nakapapagod at walang kaaliwang pakikipagpunyagi ni Wesley—mga taon ng pangatawanang pagtanggi sa sarili, ng pag-uyam at pagpapakababa—siya'y mahigpit na nagtibay sa kanyang tanging hangad na hanapin ang Diyos. Ngayo'y natagpuan niya Siya; at nasumpungan niyang ang biyayang pinagsumakitan niyang matamo sa pamamagitan ng mga panalangin at pag-aayuno, sa pamamagitan ng paglilimos at pagtanggi sa sarili, ay isang kaloob pala "na walang salapi at walang kabayaran."

Nang matatag na ang kanyang pananampalataya kay Kristo, ang [239]
buo niyang kaluluwa ay nag-alab sa pagnanasang ikalat sa lahat ng dako ang pagkakilala sa maluwalhating ebanghelyo ng walang-bayad na biyaya ng Diyos. "Ang buong sanlibutan ay ibinilang kong sakop ng aking parokya," ang sabi niya.[4]

Ang buhay ni Wesley ay itinalaga niya sa pangangaral ng mga dakilang katotohanang kanyang tinanggap— pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya sa dugong tumutubos ni Kristo, at ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na bumago ng puso, na nagpapabunga sa isang kabuhayang kasang-ayon sa halimbawa ni Kristo.

Si Whitefield at sina Wesley ay nangahanda sa kanilang gawain sa pamamagitan ng malaon at malinaw na pagkakilala nila sa kanilang waglit na kalagayan; at upang makapagbata sila ng kahirapan na gaya ng mga kawal ni Kristo, ay inilagay sila sa mahigpit na pagsubok ng pagtuya, pag-uyam, at pag-uusig, maging sa loob ng unibersidad at sa pagpasok nila sa gawain ng pangangaral. Sila at ang ilan pang iba na nakiramay sa kanila ay may pagkutyang tinawag na mga Metodista ng kanilang mga walang kabanalang kasama sa pag-aaral—isang pangalan na ipinalalagay ngayong marangal ng isa sa mga malalaking denominasion sa Inglatera at sa Amerika.

[3] John Whitehead, *Life of the Rev. Charles Wesley*, p. 52.
[4] John Whitehead, *Life of the Rev. Charles Wesley*, p. 74.

Ang mga alipin ng Diyos ay nagsilakad sa baku-bakong landas. Ginamit ng mga taong may impluensya ang kanilang karunungan at kapangyarihan laban sa kanila. Pagkaraan ng panahon ay marami sa mga ministro ng relihiyon ang nagpakita ng may kapasiyahang pagtutol, at ang mga pintuan ng iglesya ay pawang ipininid laban sa isang dalisay na pananampalataya at doon sa mga nagpapahayag nito. Ang ginawa ng mga paring pagbatikos sa mga ito sa pulpito, ay siyang gumising sa mga elemento ng kadiliman, kamangmangan, at kasamaan.

[240] Si Juan Wesley ay muli at muling nakatakas sa kama- tayan sa isang hiwaga ng kaawaan ng Dios. Nang gayon na lamang ang kagalitan ng mga manggugulo laban sa kanya, at tila wala nang daang ikaliligtas niya, dumating sa kanyang piling ang isang anghel na nag-anyong tao at ang karamihan ay umurong, at ang lingkod ni Kristo ay panatag na nakalayo sa pook na mapanganib.

Ang mga Metodista noong unang panahong iyon—ang mga kaanib at mga mangangaral—ay nagbata ng libak at pag-uusig ng mga kasama nila sa iglesya at ng mga walang relihiyon na nagalit dahil sa masasamang bagay na sinabi patungkol sa kanila. Sila'y iniharap sa mga hukuman ng katarungan—iya'y sa pangalan lamang, sapagka't ang katarungan ay bibihira sa mga hukuman noong mga panahong yaon. Malimit silang magbata ng karahasan sa kamay ng sa kanila'y umuusig.

Hinalughog ng mga manggugulo ang bahay-bahay, sinira ang mga kasangkapan at mga pag-aari, dinala ang anumang maibigan nila, at nilapastangan ang mga lalaki at babae, at bata. Sa ilang pangyayari, ay nagdidikit sila ng mga pahiwatig sa mga lansangan, at inaanyayahan nilang magkatipon sa isang pook at sa takdang oras, ang lahat ng may nasang tumulong sa pagsira ng mga bintana at sa pagnanakaw sa mga bahay ng mga Metodista. Ang mga hayag na pagsalangsang na ito sa batas ng tao at ng Diyos ay pinaraan na hindi man lamang sinaway ng mga may kapangyarihan. Isang maayos na pag-uusig ang ginawa laban sa mga tao, na ang tanging kamalian ay ang pagsisikap nilang ilayo ang mga paa ng mga makasalanan sa landas ng kapahamakan upang itungo sa landas ng kabanalan.

Ang pagbaba ng bagay na ukol sa espiritu na nahayag sa Inglatera bago dumating ang kapanahunan ni Wesley, sa malaking bahagi,

ay bunga ng aral ng antinomyanismo."[5] Marami ang nagpatibay na pinawi na ni Kristo ang kautusang moral, at dahil dito'y hindi [241] na tungkulin ng mga Kristiyano ang dito'y sumunod; na ang isang nananampalataya ay pinalaya na sa "pamatok ng mabubuting gawa." Ang mga iba naman, bagaman umaaming nananatili ang kautusan ay nagpahayag na hindi na kailangang ipayo ng mga ministro sa bayan na sundin ang mga utos na ito, sapagka't yaong mga hinirang ng Diyos sa kaligtasan, "sa pamamagitan ng hindi mapaglalabanang udyok ng banal na biyaya, ay maaakay sa paggawa ng kabanalan at kagalingan," samantalang yaong mga ukol sa walang-hanggang kaparusahan "ay walang kapangyarihang sumunod sa banal na kautusan."

Bilang tugon sa katuwiran ng mga tao na sa pagkamatay ni Kristo ang mga utos na nasa Dekalogo ay nangapawing kasama ng kautusang seremonyal, ay ganito ang isinagot ni Wesley: "Ang kautusang moral, na nilalaman ng sampung utos at ipinasunod ng mga propeta, ay hindi pinawi ni Kristo. Hindi adhika ng Kanyang pagparito ang alisin ang alin mang bahagi nito. Ito'y isang kautusang hindi masisira kailan man, na 'tumatayong matibay bilang tapat na saksi sa kalangitan.' . . . Ito'y sapul pa sa pasimula ng sanlibutan, na 'nasulat hindi sa mga tapyas na bato,' kundi sa puso ng lahat ng anak ng tao, noong magsipanggaling sila sa kamay ng Maylalang. At bagaman ang mga titik na isinulat na minsan ng daliri ng Diyos ay napalabo na ngayon ng kasalanan, gayon ma'y hindi ganap na mapapawi ang mga ito hangga't nakakakilala tayo ng mabuti at ng masama. Ang bawa't bahagi ng kautusang ito ay kailangang sundin ng buong sangkatauhan, sa buong kapanahunan; na hindi nasasalig sa panahon o dako, o anumang ibang pangyayarri na nagbabago, kundi sa likas ng Diyos, at sa likas ng tao at sa kanilang hindi nagbabagong pagkakaugnay sa isa't isa.

" 'Hindi Ako naparito upang Aking sirain kundi upang ganapin.' . . . Hindi natin mapag-aalinlanganan na ang ibig niyang sabihin sa [242] talatang ito ay (nakakasangayon ng lahat ng nauuna at sumusunod pa)—ako'y naparito upang ito'y itatag sa kanyang kaganapan, sa kabila ng lahat ng pagdaraya ng mga tao: ako'y naparito uparg

[5] *Paliwanag*: Ang antinomianismo ay nagtuturo na ang sangkatauhan ay hindi na nararapat sumunod sa Sampung Utos ng Diyos.

ipakitang buo at malinaw ang anumang madilim o malabo roon: ako'y naparito upang ipahayag ang tunay at ganap na kahulugan ng bawa't bahagi nito; upang ipakita ang haba at luwang at buong nalalaganapan, ng bawa't utos na nalalaman doon, at ang taas at lalim ng hindi malirip na kalinisan at pagkaespiritual nito sa lahat ng mga sanga."[6]

Ipinahayag ni Wesley ang lubos na pagkakatugma ng kautusan at ng ebanghelyo. "Samakatuwid ay naririyan ang pinakamahigpit na pagkakaugnay ng kautusan at ng ebanghelyo na mangyayaring maisip ninuman. Sa isang dako ang kautusan ay laging nagbibigay daan, at inilalapit tayo sa ebanghelyo; sa kabila naman, ay lagi tayong inaakay ng ebanghelyo sa lalong ganap na pagsunod sa kautusan. Halimbawa, hinihingi sa atin ng kautusan na ibigin natin ang Diyos, na ibigin ang ating kapuwa na maging maamo, mapagpakumbaba o banal. Nararamdaman nating hindi tayo ganap sa mga bagay na ito; oo, 'hindi mangyayari ito sa mga tao;' datapuwa't nakikita natin ang isang pangako ng Diyos na ibibigay sa atin ang pag-ibig na yaon, at gagawin tayong mapagpakumbaba, maaamo at banal; pinanghahawakan natin ang ebanghelyong ito, ang mabubuting balitang ito; ito'y natutupad sa atin alinsunod sa ating pananampalataya; at 'ang katuwiran ng kautusan ay natutupad sa atin,' sa pamamagitan ng pananampalatayang nasa kay Kristo Jesus. . . .

Sa kataas-taasang hanay ng mga kaaway ng ebanghelyo ni Kristo," ang sabi ni Wesley, "ay nasusumpungan ang mga hayag at ganap na 'humahatol sa kautusan,' at 'nagsasr.lita ng masama sa kautusan;' na nagtuturo sa mga tao na sirain (iwasak, paluwagin,
[243] pawalang bisa) hindi ang isa lamang, maging ng pinakamaliit o ng pinakamalaki, kundi ang lahat ng utos, sa isang hampas lamang. . . . Ang lalong nakagugulat sa lahat ng pangyayaring umakbay sa malakas na pagdarayang ito, ay ang paniniwala ng mga nagumon na rito na iginagalang nila si Kristo sa pamamagitan ng kanilang pagwawasak sa Kanyang kautusan at pinadadakila nila ang Kanyang mataas na kalagayan samantalang sinisira nila ang Kanyang aral! Oo, iginagalang nila Siya kagaya ni Judas nang kanyang sabihin: 'Aba, Rabbi! at siya'y hinagkan.' At maaaring masasabi rin naman niya sa kanila: 'Judas, sa isang halik baga ay ipagkakanulo mo ang

[6] *Wesley's Works*, Sermon 25.

Anak ng tao?' Walang iba kundi isang pagkakanulo sa Kanya sa isang halik lamang, ang pawalang halaga ang Kanyang dugo, at alisin ang Kanyang putong; pawalang kabuluhan ang alin mang bahagi ng Kanyang kautusan, sa pagkukunwaring inilalaganap ang Kanyang ebanghelyo. Ni hindi makaiiwas sa paratang na ito ang sinumang nangangaral ng pananampalataya sa isang kaparaanang tuwiran o di-tuwirang nagwawaksi ng anumang sanga ng pagtalima: ang sinumang nangangaral ng tungkol kay Kristo upang pawalang bisa, o pahinain sa anumang kaparaanan ang kaliit-liitan sa mga utos ng Diyos."[6]

Doon sa mga nagpipilit na "ang pangangaral ng ebanghelyo ay tutugon sa lahat ng layunin ng kautusan," ay ganito ang itinugon ni Wesley: "Ito ay lubos naming tinatanggihan. Iyan ay hindi tumutugon sa unang adhika ng kautusan, alalaong baga, ay ang pagpapakilala sa mga tao ng kanilang kasalanan, ang paggising sa nangatutulog pa sa gilid ng impiyerno." Ipinahahayag ni apostol Pablo na "sa pamamagitan ng kautusan ay ang pagkakilala sa kasalanan;" "at hanggang hindi kinikilala ng tao ang kanyang kasalanan, ay hindi niya madadamang kanyang kailangan ang tumutubos na dugo ni Kristo. . . . 'Ang mga walang sakit'gaya na rin ng sinabi ng ating Panginoon', 'ay hindi nangangailangan ng mang- gagamot, kundi [244]
ang mga maysakit.' Samakatuwid ay walang kabuluhan ang magdala ng isang manggagamot sa mga walang sakit, o kaya ay sa mga nagiisip lamang na sila'y gayon nga. Kailangan munang papaniwalain na sila'y maysakit; kung hindi ay hindi nila pasasalamatan ang inyong pagpapagal. Gayon din namang walang kabuluhang idulot si Kristo roon sa mga walang sakit ang puso, at hindi pa nababagbag."[7]

Sa ganyang kaparaanan, si Wesley, gaya ng kanyang Panginoon, sa pangangaral ng ebanghelyo ng biyaya ng Diyos, ay nagsikap na "dakilain ang kautusan at gawing marangal." Matapat niyang ginanap ang gawaing ibinigay sa kanya ng Diyos, at maluwalhati ang mga nakita niyang ibinunga nito. Nang magtatapos na ang mahaba niyang buhay na mahigit sa walumpung taon—na mahigit sa 50 taon ang ginugol niya sa yao't ditong paglilingkod— ang kanyang mga kapanalig ay bumilang ng mahigit sa kalahating an-

[6] *Wesley's Works*, Sermon 25.
[7] *Wesley's Works*, Sermon 35.

gaw na kaluluwa. Datapuwa't ang karamihan, na sa pamamagitan ng kanyang pagpapagod ay nangalayo sa pagkapahamak at paninira ng kasalanan at nalipat sa lalong mataas at lalong malinis na pamumuhay, at ang bilang niyaong nagkaroon ng malalim at mayamang kabuhayan sa pamamagitan ng kanyang iniaral, ay hindi maaalaman kailan man hanggang sa matipon na sa kaharian ng Diyos ang lahat ng sambahayan ng mga tinubos. Ang kabuhayan ni Wesley ay nagpapakilala sa bawa't Kristiyano ng isang aral na hindi matutumbasan ng salapi. Ang pananampalataya, kapakumbabaan, walang kupas na kasiglahan, pagsasakripisyo ng sarili, at katapatan ng lingkod na ito
[245] ni Kristo, ay mahayag nawa sa mga iglesya sa panahong ito!

## *Kabanata 16*—Pagsisikap ukol sa kalayaan

Ang mga repormador na Ingles, bagaman tumiwalag sa mga aral ng Romanismo, ay nagsipagingat din ng marami sa mga porma nito. Dahil dito'y kahit tinanggihan na ang kapangyarihan at pananampalataya ng Roma, ay hindi rin iilan sa kanyang mga kaugalian at mga seremonya ang isinama sa pagsamba ng Iglesya Anglikana. Ikinatuwiran nila na ang mga bagay na ito ay walang kinalaman sa budhi; na bagaman hindi ipinag-uutos ng mga Banal na Kasulatan, at dahil dito'y walang halaga gayon ma'y hindi naman napakasama, sapagka't hindi ipinagbabawal. Ang pagsasagawa nila sa mga ito ay siyang nagpakitid sa look na naghiwalay sa Roma at sa mga nagbagong iglesya, at ipinahayag pa na mangyayaring makatulong ang mga ito sa pagtanggap ng mga Romanista sa pananampalataya ng Protestante.

Sa mga di-madaling magbago at mapagsang-ayon ay tila manding sapat na ang mga katuwirang ito. Datapuwa't may mga ibang tao namang hindi humatol ng ganyan. Ang katotohanan, na ang mga kaugaliang ito "ay tumulong upang malagyan ng tulay ang banging nakapagitan sa Roma at sa Reporma"[1] ayon sa kanilang palagay, ay isang ganap na katuwiran upang huwag tangkilikin ang mga kaugaliang ito. Ipinalalagay nilang ang mga ito'y tanda ng pagkaaliping pinagligtasan sa kanila, at hindi na nila adhika ang manumbalik pa. Ikinatuwiran nilang ang Diyos ay nagtatag sa Kanyang salita ng mga patakarang nangagtatadhana ng pa- raan ng pag:amba sa Kanya, at [246]
ang mga tao'y hindi malayang magdagdag o magbawas kaya sa mga [247]
ito. Ang pinagmulan ng malaking pagtalikod sa katotohanan ay ang pagsisikap na iragdag sa kapangyarihan ng Diyos ang kapangyarihan ng iglesya. Ang pagtalikod ng Roma ay nagpasimula sa pag-uutos niyaong hindi ipinagbabawal ng Diyos, at nagwakas sa pagbabawal niyaong napakalinaw na ipinag-uutos Niya.

Marami ang nagnasang manumbalik sa kalinisan at kasimplihan na siyang likas ng unang iglesya. Ang marami sa dating ugali ng

[1]W. C. Martyn, *The Life and Times of Luther*, tomo 5, p. 22.

iglesya sa Inglatera ay ipinalagay nilang mga bantayog ng pagsamba sa diyus-diyusan, at hindi maamin ng kanilang budhi ang makisama sa ganyang pagsamba. Nguni't ang iglesya, palibhasa'y tinatangkilik ng pamahalaan, ay ayaw tumanggap ng anumang tutol sa kanyang mga porma. Ipinag-utos ng batas na dumalo ang mga tao sa kulto ng iglesya, at ipinagbawal naman ang mga pagpupulong ukol sa relihiyon na walang pahintulot ito, sa ilalim ng parusang pagkabilanggo, pagkatapon, at kamatayan.

Sa pasimula ng ikalabimpitong dantaon ang haring umakyat sa luklukan ng Inglatera ay nagpahayag ng kanyang pasiya na pilitin ang mga Puritano [2] na "makiayon, o kung hindi ay palayasin sila sa lupain, o kaya'y parusahan ng masama pa rito."[3] Sila'y tinugis, inusig, at ibinilanggo, na anupa't wala silang matanaw sa haharapin na anumang pangako ng mabubuting araw, at marami ang nanganiwala na para sa mga mangaglilingkod sa Diyos alinsunod sa mga ipinakikilala ng kanilang budhi, "ang Inglatera ay hindi isang tahanang dako na matitirahan nila magpapakailan man."[4] Sa katapu-
[248] san ang iba ay nangagpasiyang magtago sa Olanda. Naranasan nila ang mga kahirapan, kasalatan, at pagkabilanggo. Datapuwa't ang pagtitiyaga ay nanagumpay rin, at nakatagpo sila ng kanlungan sa mapagpatuloy na dalampasigan ng Republika ng Olanda.

Sa pagtakas nila ay naiwan ang kanilang mga bahay, ariarian, at pagkabuhay. Sila'y nangibang bayan sa ibang lupa sa gitna ng mga taong may ibang wika at kaugalian. Napilitan silang humanap ng bago at ibang hanapbuhay upang kumita ng kakanin. Ang mga taong nangangalahati na ang katandaan na ginugol ang kanilang buhay sa pagbubungkal ng lupa, ay nangapilitan ngayong mag-aral ng paggamit ng kanilang kamay. Gayon ma'y natutuwa ring tinanggap nila ang kalagayang ito, at hindi sila nag-aksaya ng panahon sa katamaran o pagdaing. Bagaman malimit silang magbata ng karukhaan, pinasalamatan nila ang Diyos sa kanyang mga pagpapalang ipinatatamo pa Niya sa kanila at natagpuan nila ang kanilang

[2] *Paliwanag*: Ang Puritanismo ay isang kilusang banal sa Inglatera, noong ikalabimpitong dantaon, na tutol sa salit't saling sabit at pormal na paggamit sa simbahan, at tagapagsanggalang sa muling pagbabalik sa simpleng porma ng pananampalataya at pagsamba syon sa mga sinulat ng mga apostol.

[3] Jorge Bancroft, *History of the United States*, bah. 1, kab. 12, par. 6.

[4] J. G. Palfrey, *History of New England*, kab. 2, par. 43.

katuwaan sa matiwasay na pag-amba. "Alam nilang sila'y nangingibang bayan at hindi nila inalintana ang mga bagay na yaon kundi itinaas ang kanilang mga mata sa langit, na siyang pinakaiibig nilang bayan, at sa gayo'y namayapa ang kanilang kalooban."[5]

Sa pagkatapon sa kanila at sa kahirapan, ay napalakas din ang kanilang pag-ibig at pananampalataya. Nagtiwala sila sa mga pangako ng Panginoon, at hindi Niya binigo sila sa panahon ng pangangailangan. Ang mga anghel ng Panginoon ay nasa piling nila, upang sila'y palakasin ang loob at alalayan. At nang mandi'y itinuturo sila ng Diyos sa kabila ng dagat, sa isang lupaing mapagtatayuan nila ng isang pamahalaan para sa kanila at mapagbabangunan ng mahalagang mana na kalayaan sa relihiyon na kanilang maiiwan sa kanilang mga inanak, yumaon silang walang pag-aatubili, sa landas na inilaan ng Maykapal.

Pinahintulutan ng Diyos na sumapit sa Kanyang ba- yan ang mga [249]
pagsubok, upang ihanda sila sa ikagaganap ng Kanyang mabiyayang adhika para sa kanila. Ang iglesya ay ibinaba upang siya'y matanghal. Noo'y malapit nang ipakilala ng Diyos ang kanyang kapangyarihan, sa pangalan ng iglesya, upang bigyan ang sanlibutan ng isa pang katunayan na hindi niya tatanggihan yaong mga nagtitiwala sa kanya. Pinagharian Niya ang mga pangyayari upang ang galit ni Satanas at ang masasamang tangka ng masasamang tao ay maakay Niya sa paglalaganap ng Kanyang kaluwalhatian upang dalhin ang Kanyang bayan sa kapanatagan. Ang pag-uusig at pagkatapon ay nagbubukas ng daan sa ikalalaya.

Nang unang mapilitang humiwalay, sa iglesya ng Inglatera ang mga Puritano, sila'y nagkaisa sa pamamagitan ng tipanan na sila'y magiging bayang malaya ng Diyos, "na lalakad sa lahat ng daang ipinakilala na o ipakilala pa sa kanila ng Diyos."[6] Narito ang tunay na diwa ng pagbabago, ang mahalagang simulain ng Protestantismo. Ang adhikang ito ang inialis sa Olanda ng mga Manglalakbay na ito upang sila'y humanap ng tahanan sa Bagong Daigdig. Si Juan Robinson, ang kanilang pastor, na hindi pinahintulutan ng Diyos na sumama sa kanila, ay nagsabi ng ganito sa talumpating pagpapaalam sa mga aalis:

---

[5] Jorge Bancroft, *History of the United States*, bah. 1, kab. 12, par. 15.

[6] John Brown, *The Pilgrim Fathers*, p. 74.

"Mga kapatid ngayo'y magkakahiwalay na tayo, at nalalaman ng Diyos kung mabubuhay pa ako upang makita ang inyong mukha. Datapuwa't kung gayon man ang kalooban ng Panginoon o hindi, ay pinagbibilinan ko kayo sa harapan ng Diyos at ng Kanyang mga banal na anghel na sundan ninyo ako hangga lamang sa lugar na pagkasunod ko kay Kristo. Kung maghahayag sa inyo ang Diyos ng anumang bagay sa pamamagitan ninumang kasangkapang gagamitin Niya, ay humanda kayong lagi na tumanggap ng gaya ng pagtanggap ninyo ng anumang katotohanan sa pamamagitan ng aking pan-
[250] gangasiwa; sapagka't nagtitiwala akong lubos na ang Panginoon ay mayroon pang katotohanan at liwanag na ipakikilala mula sa Kanyang banal na salita."[7]

"Sa ganang akin, ay malabis kong dinaramdam ang kalagayan ng mga nagbagong iglesya, na nagsidating sa isang panahon ng relihiyon, at ngayo'y ayaw nang lumampas sa mga nangunguna sa kanila. Ang mga Luterano ay hindi mapalalakdaw sa kabila ng inabot ni Lutero; . . . at nakikita ninyo na ang mga Calvinista ay ayaw nang umalis sa pinag-iwanan sa kanila ng dakilang taong yaon ng Diyos na si Calvin na hindi naman nakakita ng lahat ng bagay. Ito'y isang malaking kahabag-habag na bagay na dapat itangis; sapagka't bagaman sila'y nagniningas at nagniningning na ilawan sa kanilang kapanahunan ay hindi nila inabot ang buong ipinapayo ng Diyos, nguni't kung nabubuhay pa sila hangga ngayon, ay magalak nilang tatanggapin ang iba pang liwanag na hindi nila tinanggap nang una."[8]

"Alalahanin ninyo ang inyong tipanan sa iglesya, na roo'y sumang-ayon kayong lalakad sa lahat ng daan ng Panginoon, na itinuro o ituturo pa sa inyo. Alalahanin ninyo ang inyong pangako at pakikipagtipan sa Diyos at sa isa't isa, na tatanggapin ninyo ang anumang liwanag at katotohanan, na ipakikilala sa inyo mula sa kanyang nasusulat na salita; datapuwa't ipinamamanhik ko sa inyo, na kayo'y mag-ingat sa tinatanggap ninyong katotohanan, ihambing ninyo at timbangin ninyo sa iba pang mga talata ng katotohanan bago ninyo tanggapin; sapagka't hindi mangyayari na ang sanlibutang Kristiyano ay lalabas agad sa ganyang napakakapal na kadilimang

[7] W. C. Martyn, *The Life and Times of Luther*, tomo 5, p. 70.

[8] D. Neal, *History of the Puritons*, tomo 1, p. 269. (1848.)

antikristiyano, at lilitaw agad ang ganap na kapuspusan ng kaalaman."[9]

Ang pagnanais ng mga Manglalakbay na kamtan ang kalayaan ng budhi ay siyang nagpatapang sa kanila na sagupain ang mga [251] kapanganiban sa mahabang lakbayin sa pagtawid sa dagat, na magbata ng mga kahirapan at panganib sa ilang, at sa pamamagitan ng mga pagpapala ng Diyos, ito rin ang nagpasigla sa kanila na itatag sa mga dalampasigan ng Amerika ang patibayan ng isang malakas na bansa. Datapuwa't bagaman sila ay mga tapat at matakutin sa Diyos, ay hindi nila nauunawa ang dakilang simulain ng kalayaan sa relihiyon. Mabigat sa loob nila ang ibigay sa mga iba ang kalayaang pinamuhunanan nila ng malaking pagbabata. "Iilan, maging sa mga pinakatanyag na palaisip at moralista ng ikalabimpitong dantaon ang may matuwid na pagkakilala sa dakilang simulaing yaon na siyang supling ng Bagong Tipan, simulaing kumikilala sa Diyos na tanging hukom ng pananampalataya ng tao."[10] Ang aral, na ang iglesya ay binigyan ng Diyos ng matuwid na maghari sa budhi, at magpakilala at magparusa sa erehiya, ay isa sa mga kamalian ng papa na napakalalim ang pagkakatanim. Bagaman tinanggihan ng mga Repormador ang pananampalataya ng Roma, ay hindi pa nila naiwawaksing lubos ang kanyang diwang mapang-usig. Natatag ang isang uri ng iglesya ng estado, na rito'y ang buong bayan ay kinailangang umabuloy sa pagtangkilik sa mga mangangasiwa at ang mga may kapangyarihan ay binigyan ng kapahintulutan na sumugpo sa erehiya. Sa gayon, ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nasa mga kamay ng iglesy?, Hindi nagtaga at ang mga hakbanging ito ay nauwi sa hindi naiwasang ibubunga—ang pag-uusig.

Pagkaraan ng labing-isang taon, nang maitatag na sa Amerika ang unang kolonya, si Roger Williams ay dumating. Kagaya ng mga unang Manglalakbay, siya'y naparoon upang lumasap ng kalayaan sa relihiyon; datapuwa't siya'y kaiba sa kanila, sapagka't nakita niya—ang nakita ng iilan sa kanyang kapanahunan—na ang kalaya ang ito ay siyang karapatan ng lahat na hindi ma- panghihima- [252] sukan ninuman, maging anuman ang kanilang pananampalataya. Siya'y masipag sa pagsasaliksik ng katotohanan, at tulad ni Robin-

[9] W. C. Martyn, *The Life and Times of Luther*, tomo 5, p. 70, 71

[10] W. C. Martyn, *The Life and Times of Luther*, tomo 5, p. 297.

son ay ipinahahayag niya na hindi mangyayaring natanggap na ang buong liwanag mula sa salita ng Diyos. Si Williams "ay siyang unang tao sa kasalukuyang Sangkakristiyanuhan na nagtatag ng pamahalaang sibil sa pamamagitan ng aral na kalayaan ng budhi, at pagkakapantay-pantay ng mga paniniwala sa harap ng kautusan."[11] Ipinahayag niyang tungkulin ng may kapangyarihan na pigilin ang pagsalansang sa batas ng pamahalaan, nguni't hindi ang pagharian ang budhi ng tao. "Ang bayan o ang mga may kapangyarihan ay makapagpapasiya," ang kanyang patuloy, "kung ano ang tungkulin ng tao sa kanyang kapuwa tao; datapuwa't kapag iniutos nila ang mga tungkulin ng tao sa Diyos, ay labas na sila sa dapat nilang kalagyan, at mawawala ang kapanatagan; sapagka't malinaw na pagka nasa pamahalaan ang kapangyarihan ay maiuutos niya ang isang hanay ng mga paniniwala o pananampalataya ngayon at iba naman sa kinabukasan; gaya ng ginawa sa Inglatera ng iba't ibang hari at reyna, at iba't ibang papa at konsilyo ng iglesya Romana; kaya't ang pananampalatayang iyan ay magiging isang bunton ng kaguluhan."[12] Ang pagdalo sa mga pulong ng tatag na iglesya ay ipinag-utos ng batas, at ang pagsuway ay nilalapatan ng multa o pagkabilanggo. Niwalang kabuluhan ni Williams ang batas na ito; ang pinakamacainang batas sa aklat ng kautusan ng Inglatera ay yaong nag-uutos sa mga tao na dumalo sa iglesya. Ang pamimilit sa mga tao na makisama roon sa mga iba sa kanila ang pananampalataya, ay ipinalagay ni Williams na isang lantarang pagsalansang sa kanilang mga katutubong karapatan; ang pagbatak sa pagsamba sa mga walang relihiyon at ayaw sa relihiyon, ay tila pag-uutos na
[253] magpaimbabaw. . . .
'Ang sinuman ay di dapat piliting sumamba, o,' ang kanyang dugtong, 'tumangkilik ng isang pagsamba, na laban sa kanyang kalooban.' 'Ano! ang tugon ng kanyang mga katunggali, na namangha sa kanyang mga paniniwala', 'hindi baga karapat-dapat ang manggagawa sa kanyang kaupahan?' 'Oo,' ang kanyang sagot, 'sa mga nangungupahan sa kanya.' "[13]

Si Roger Williams ay isang tapat na ministrong iginagalang at iniibig, isang taong may di-pangkaraniwang mga kaloob, di-nababal-

[11] Jorg Bancroft, *History of the united States*, bah. 1, kab. 15, par. 16.
[12] W. C. Martyn, *The Life and Times of Luther*, tomo 5, p. 340.
[13] Jorge Bancroft, *History of the United States*, bah. 1, kab. 15, par. 2.

ing katapatan, at tunay na kagandahang-loob; nguni't ang mahigpit niyang pagtanggi sa karapatan ng mga may kapangyarihan na mangasiwa sa iglesya, at ang kanyang kahilingan na magkaroon ng kalayaan sa relihiyon, ay hindi mapahihintulutan. Ang pagsasakatuparan ng bagong aral na ito, ay sinasabi ng kanyang mga kalaban na siyang "magwawasak sa matatag na kalagayan at pamahalaan ng bayan."[14] Siya'y nahatulang palayasin sa mga bayang nasasakupan ng Inglatera, at sa katapusan, upang maiwasan niya ang mahuli, ay napilitan siyang tumakas sa isang di pa napapasok na kagubatan sa gitna ng kalamigan at bagyo ng panahon ng tagginaw.

"Labing-apat na sanlinggo" ang sabi niya, na "ako'y nahirapang mainam sa masamang panahon, na wala akong pagkain na makain ni banig na matulugan." Datapuwa't "pinakain ako ng mga uwak sa ilang," at ang isang punong kahoy na may guwang ay malimit maging kanlungan niya.[15] Nagpatuloy siya ng gayon sa kanyang mahirap na pagtakas, na tinatahak ang niyebe at ang gubat na walang landas, hanggang sa nakakita siya ng kanlungan sa isang angkan ng mga Indiyo na ang kanilang pagtitiwala at pag-ibig ay nakuha nila samantalang tinuturuan niya ng mga katotohanan ng ebanghelyo.

Pagkaraan ng maraming buwang pabagu-bago at pa- gala-galang [254]
kabuhayan, pagdating niya sa dalampasigan ng Look ng Narragansett, ay itinatag niya roon ang patibayan ng pinakaunang bansang pangkasalukuyang panahon, na ganap na kumikilala sa karapatan ng tao na malayang makapamili ng kanyang relihiyon. Ang simulaing pinagtitibayan ng bayang ibinangon ni Roger Williams ay ito: "na ang bawa't isa ay dapat magkaroon ng kalayaang sumamba sa Diyos alinsunod sa liwanag ng kanyang budhi."[16] Ang kanyang maliit na bayan sa pulo ng Rhode, ay naging takbuhan ng dinuruhagi, at ito'y nanagana at lumaganap hanggang sa ang mga simulain nitong pinagtitibayan—ang kalayaan sa pamamahala at sa relihiyon—ay maging mga batong panulok ng Republika ng Amerika.

Sa dakila at matandang dokumentong yaon na ipinakilala ng mga unang ama ng Republika ng Amerika bilang panukalang batas ng kanilang mga karapatan—Pahayag ng Pagsasarili—-ay sinabi nila: "Pinaniniwalaan namin ang mga katotohanang ito na maliwanag sa

[14] Jorge Bancroft, *History of the United States*, bah. 1, kab. 15, tal. 10.
[15] W. C. Martyn, *The Life and Times of Luther*, tomo 5, p. 349, 350.
[16] W. C. Martyn, *The Life and Times of Luther*, tomo 5, p. 354.

ganang kanyang sarili, na ang lahat ng tao ay nilalang na pantay-pantay; na sila'y pinagkalooban ng Maylalang sa kanila ng tiyak na mga katutubong karapatan; na sa mga ito ay ang buhay, kalayaan, at ang paghanap ng kaligayahan." At sa malilinaw na pangungusap ay ginagarantiyahan ng Konstitusyon na hindi sasalansangin ang budhi ng bawa't isa: "Walang pagsusulit ukol sa relihiyon na hihilinging pinaka uring kailangan sa anumang tungkuling bayan sa pamahalaan ng Estados Unidos." "Ang Kongreso ay hindi gagawa ng anumang batas hinggil sa pagtatatag ng relihiyon o sa pagbabawal ng malayang pagpapairal nito."

"Ang mga nagsisulat ng Konstitusyon ay nagsikilala sa walang-hanggang simulain na ang pakikiugnay ng tao sa kanyang Diyos ay nakatataas sa batas ng tao, at ang kanyang mga karapatan tungkol sa
[255] budhi ay hindi ma- panghihimasukan. Hindi kailangan ang pagmamatuwid upang ito'y itatag; talos natin ito sa ating mga puso. Itong pagkaalam na ito bilang paghamon sa mga batas ng mga tao, ang umalalay sa napakaraming martir sa mga pagpapahirap at sa apoy. Nadama nila na ang tungkulin nila sa Diyos ay nakatataas sa mga batas ng mga tao, at hindi mapamamahalaan ng tao ang kanilang mga budhi. Ito ay isang katutubong simulain na hindi mapapawi ng anumang bagay."[17]

Nang kumalat sa mga bansa ng Europa ang mga balita na may isang lupaing doo'y matatamasa ng bawa't tao ang bunga ng kanyang kapagalan at masusunod ang mga pagkakilala ng kanyang budhi, ay libu-libo ang nagdagsaan sa baybayin ng Bagong Daigdig. Biglang dumami ang bayan. "Sa pamamagitan ng tanging batas, ang Masatsusets, ay malayang nag-alay ng paanyaya at tulong, sa gugol ng bayan, sa mga Kristiyano ng alin mang bansa na tatawid sa kabilang ibayo ng Atlantiko 'upang umiwas sa mga digmaan o kagutom o sa pagduhagi ng mga umuusig sa kanila.' Sa ganya'y ang tanan at mga api-apihan ay ginawang panauhin ng mga bayan sa pamamagitan ng batas."[18] Sa loob ng dalawampung taon, mula nang unang paglunsad sa Plymouth ng mga Manglalakbay ay dalawangpung libo naman ang nanirahan sa Nueba Inglatera. Iyan ang nagpakilala na ang mga simulain ng Biblia ay siyang maaasahang tagapagsanggalang ng

[17]*Congressional Documents*, E. U. A., Serye Blg. 200, Documento Blg. 271.

[18]W. C. Martyn, *The Life and Times of Luther*, tomo 5, p. 417.

kadakilaan ng bansa. Ang mahina at watak-watak na mga bayan ay naging isang kapisanan ng mga makapangyarihang estado at ang sanlibutan ay namangha sa kapayapaan at kasaganaan ng "isang iglesya na walang papa at isang bansa na walang hari."

Ang dakilang simulain na buong dangal na ipinakilala ni Robinson at ni Roger Williams, na umuunlad ang katotohanan, na ang mga Kristiyano ay dapat na tu- mayong handa sa pagtanggap sa [256]
lahat ng liwanag na maaaring sumikat mula sa banal na salita ng Diyos, ay nakaligtaan ng kanilang mga inanak. Ang mga iglesyang Protesatante sa Amerika—gayon din sa Europa—na tanging pinalad na makatanggap ng inga pagpapala dahil sa Reporma, ay hindi nakapagpatuloy sa landas ng pagbabago. Bagaman may ilang tapat na tao na tumindig sa pana-panahon, upang magpahayag ng bagong katotohanan at maglantad ng kamaliang malaong kinimkim, ang karamihan namang katulad ng mga Hudyo nang panahon ni Kristo o ng mga makapapa nang kapanahunan ni Lutero, ay panatag ang loob na nanampalataya ng gaya ng pananampalataya ng kanilang mga magulang, at nabuhay na gaya ng kanilang ikinabuhay. Dahil dito'y bumabang muli ang relihiyon sa pormalismo; at ang mga kamalian at pamahiin na matatakwil sana kung nagpatuloy na lumakad ang iglesya sa liwanag ng salita ng Diyos, ay iningatan at minahal. Sa ganyan ang diwang ibinigay ng Reporma ay unti-unting namatay, hanggang sa halos kailangang magkaroon ng malaking pagbabago sa mga iglesyang Protestante na rin, na gaya ng iglesya Romana nang panahon ni Lutero. Naghari ang gayon ding pagkamakasanlibutan at pagaantok na ukol na Espiritu, at gayon ding pag-aaring banal sa mga paniniwala ng mga tao, at pagpapalit ng mga katuwiran ng tao sa mga itinuturo ng salita ng Diyos.

Ang malaganap na pagkakalat ng Biblia nang unang bahagi nang ikalabinsiyam na dantaon, at ang mga malaking liwanag na sumikat sa buong sanlibutan bilang bunga nito, ay hindi sinundan ng ganito ring kalaganap na pagsulong sa kaalaman sa nahayag na katotohanan, o sa relihiyong isinasakabuhayan. Hindi maikubli ni Satanas ang salita ng Diyos sa mga tao gaya ng ginawa niya nang unang panahon; ito ay nailagay sa maaabot ng lahat; datapuwa't upang maganap ang kanyang adhika ay inakay niya ang marami [257]
upang ito'y di-gasino nilang pahalagahan. Iniwan ng mga tao ang pagsasaliksik ng mga Kasulatan, at ang ibinunga nito'y ang patuloy

nilang pagtanggap sa mga maling paliwanag, at ang pagkimkim nila sa mga aral na walang pinagtitibayan sa Biblia. Sagayo'y hinamak ang mga simulaing ginawa at ipinagbata ng malaki ng mga
[258] Repormador.

[259]

## *Kabanata 17*—Nakapagtatakang mga tanda

Ang isa sa pinakasolemne gayon ma'y pinakamaluwalhati sa mga katotohanang inihahayag sa Biblia ay ang ikalawang pagparito ni Kristo upang tapusin ang dakilang gawaing pagtubos sa sangkatauhan. Sa mga naglalakbay na bayan ng Diyos na malaon nang panahong naninirahan sa "lupain ng kamatayan,"ay isang mahalaga at nakagagalak na pag-asa ang ibinigay sa pangako ng Kanyang pagpapakita, na siyang "pagkabuhay na maguli at kabuhayan," upang "tipunin sa Kanya ang mga anak na itinapon." Ang aral tungkol sa ikalawang pagparito ay siyang batayang diwa ng Banal na Kasulatan. Mula nang araw na buong lungkot na lisanin ng unang mag-asawa ang Eden, ang mga anak ng pananampalataya ay nag-antabay na sa pagdating ng Isang Ipinangako na siyang sisira sa kapangyarihan ng mangwawasak, at siyang magdadalang muli sa kanila sa Paraisong nawaglit. Ang mga banal noong unang panahon ay nagsititig sa pagparito ng Mesias sa kaluwalhatian, na siyang katuparan ng kanilang pag-asa.

Si Enok na ikapito lamang sa bilang mula sa mga nanirahan sa Eden, at siyang sa loob ng tatlong dantaon ay lumakad sa lupa na kasama ng kanyang Diyos ay pinahintulutang makakita mula sa malayo sa pagbalik ng Tagapagligtas. "Narito," ang wika niya, "dumating ang Panginoon, na kasama ang kanyang mga laksa-laksang banal upang isagawa ang paghuhukom sa lahat."[1] Ang patiarkang si Job sa gabi ng kanyang kapighatian ay nangusap na taglay ang matibay na pagtitiwala: "Talastas ko na ang Manunubos sa akin ay [260]
buhay, at siya'y tatayo sa lupa sa kahuli-hulihan."[2] Ang pagparito ni Kristo upang magdala ng paghahari ng katuwiran, ay siyang nagbigay-diwa sa pinakamarangal at maningas na mga pangungusap ng mga nagsisulat sa Banal na Kasulatan. Inilarawan ng mga makata at mga propeta ng Biblia ang Kanyang pagparito sa mga pangungusap na pinapagniningas ng apoy ng kalangitan.

[1] Judas 14, 15.

[2] Job 19:25.

Nang ang Tagapagligtas ay malapit nang mawalay sa Kanyang mga alagad, ay inaliw Niya sila sa kalungkutan sa pamamagitan ng pangangako na Siya'y babalik: "Huwag magulumihanan ang inyong puso. . . . Sa bahay ng Aking Ama'y maraming tahanan. . . . Ako'y paroroon upang ipaghanda Ko kayo ng kalalagyan. At kung Ako'y makaparoon at kayo ay maipaghanda Ko ng kalalagyan, ay muling paririto Ako, at kayo'y tatanggapin Ko sa Aking sarili."[3] "Datapuwa't. pagparito ng Anak ng tao na nasa Kanyang kaluwalhatian, na kasama Niya ang lahat ng mga anghel, kung magkagayo'y lulukluk Siya sa luklukan ng Kanyang kaluwalhatian. At titipunin sa harap Niya ang lahat ng bansa."[4]

Inulit sa mga alagad noong mga anghel, na tumayo sa Bundok ng mga Olibo pagkatapos na makaakyat na si Kristo sa langit, ang pangako na siya'y babalik: "*Itong* si Jesus na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong *gaya rin* ng inyong nakitang pagparoon Niya sa langit."[5] At si apostol Pablo, nang magsalita sa pamamagitan ng udyok ng Espiritu Santo, ay nagpatotoo ng ganito: "Ang Panginoon din ang bababang mula sa langit na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Diyos."[6] Ang sabi naman ng propeta ng Patmos: "Narito, Siya'y pumaparitong nasasa mga alapaap, at makikita Siya ng bawa't mata."[7]

[261] Sa kanyang pagparito ay nalalangkay ang mga kaluwal- hatian niyaong "pagsasauli sa dati ng lahat ng bagay na sinabi ng Diyos sa pamamagitan ng bibig ng Kanyang mga banal na propeta buhat pa nang una."[8] Kung magkagayo'y masisira ang malaong paghahari ng kasamaan; "ang mga kaharian ng sanlibutang ito" ay magiging mga kaharian ng "ating Panginoon at ng Kanyang Kristo; at Siya'y maghahari magpakailan man."[9]

Ang pagbalik ng Panginoon ay naging pag-asa ng tapat Niyang mga alagad sa lahat ng panahon. Ang pangwakas na pangako ng Tagapagligtas sa Bundok ng mga Olibo na siya'y muling paririto,

[3] Juan 14:1-3.
[4] Mateo 25:31, 32.
[5] Mga Gawa 1:11.
[6] 1 Tesalonica 4:16.
[7] Apocalipsis 1:7.
[8] Mga Gawa 3:21.
[9] Apocalipsis 11:15.

ay siyang tumanglaw sa mga araw na hinaharap ng Kanyang mga alagad, at pumuno sa kanilang mga puso ng ligaya at pag-asa na hindi mapatay ng dalamhati ni mapapagdilim ng mga kahirapan. Sa gitna ng pagbabata at pag-uusig, "ang pagpapakita ng dakilang Diyos, at ng ating Tagapagligtas na si Jesu-Kristo," ay siyang "mapalad na pag-asa."[10]

Sa batuhang Patmos ay narinig ng minamahal na alagad ang pangako, "Oo ako'y madaling pumaparito," at ang tugon niyang nananabik ay nagpapahayag ng dalangin ng iglesya sa buo niyang paglalakbay: "Siya nawa, pumarito Ka, Panginoong Jesus.rdquo;[11]

Mula sa bilangguan, sa sunugan, sa bibitayan, na roo'y sinaksihan ng mga martir at mga banal ang katotohanan, ay dumating sa atin ang pahayag ng kanilang pananampalataya at pag-asa na tumawid sa maraming dantaon. Hinintay nila ang "pagdating ng Panginoon mula sa mga alapaap ng langit na may kaluwalhatian ng kanyang Ama" "na magdadala sa mga matuwid ng mga panahon ng kaharian." Ang mga Baldenses ay may ganyan ding pananampalataya. Hinintay ni Wicleff ang pagpapakahayag ng Manunubos na siyang pag-asa ng iglesya.[12]

Hindi lamang ipinagpapauna ng hula ang paraan at layon ng [262]
pagparito ni Kristo, kundi inihahayag din naman ang tandang magpapakilala sa mga tao na ito'y malapit na. Si Jesus na rin ang may sabi: "Magkakaroon ng mga tanda sa araw at buwan at mga bituin."[13] "Magdidilim ang araw, at ang buwan ay hindi magbibigay ng kanyang liwanag, at mangalalaglag ang mga bituin mula sa langit, at magsisipangatal ang mga kapangyarihan sa mga langit. At kung magkagayo'y makikita nila ang Anak ng tao na pariritong nasa mga alapaap na may dakilang kapangyarihan at kaluwalhatian."[14]

Nang ilarawan ng tagapagpahayag ang unang tanda ng pagbalik ni Jesus, ay ganito ang kanyang sinabi: "At nagkaroon ng malakas na lindol; at ang araw ay umitim na gaya ng isang magaspang na

[10]Tito 2:13.

[11]Apocalipsis 22:20.

[12]D. T. Taylor, *The Reign of Christ on Earth: or, The Voice of the Church in All Ages*, p. 129-134.

[13]Lucas 21:25.

[14]Marcos 13: 24-26.

kayong buhok na maitim, at ang buong buwan ay naging gaya ng dugo."[15]

Bilang katuparan ng hulang ito, ay nangyari noong 1755 ang kakilakilabot sa lahat ng lindol na natala kaikailan man sa kasaysayan ng sanlibutan. Bagaman karaniwang tawagin na lindol sa Lisboa, ay umabot ang yanig nito sa malaking bahagi ng Europa, Aprika, at Amerika. Ito'y naramdaman sa Groenlandya, sa Antilyas, sa pulo ng Madeira, sa Noruega, at Suesya, sa Gran Britanya at Irlanda. Ang nilaganapan ng yanig nito ay hindi kukulangin sa apat na angaw na milya kuadrada. Sa Aprika, ang pagkauga ng lupa ay kasinglakas ng sa Europa. Nawasak ang malaking bahagi ng Argel; at ang isang maliit na nayong malayo lamang ng kaunti sa Marwekos na tinitirhan ng walo o sampung libong katao ay nilamon ng lupa. Isang malaking alon ang humampas sa dalampasigan ng Espanya at Aprika, na lumamon sa mga bayan, at naminsala ng malaki.

Sa Espanya at Portugal ay naging totoong matindi ang lindol. Sa Kadis, ang pumasok na alon ay sinabing animnapung talampakan
[263] ang taas. Ang mga bundok, na "ang iba ay pinakamalaki sa Portugal, ay lubhang nauga mula sa kanilang mga batayan; at ang ilan sa mga ito ay bumuka sa taluktok, na nahati sa isang kahanga-hangang paraan at malalaking kimpal ng bundok ang nangapahagis sa mga kalapit na kapatagan. Ibinalitang nilabasan ng apoy ang mga bundok na ito."[16]

Sa Lisboa, "ay may narinig na ugong na gaya ng kulog sa ilalim ng lupa, at saka biglang-biglang sumabog ang malaking bahagi ng bayang yaon. Sa loob lamang ng mga anim na minuto ay animnapung libong katao ang napahamak. Umurong muna ang dagat, at natuyo ang pasigan pagkatapos ay pumasok na muli na tumaas ng limampung talampakan o mahigit kaysa dating lagay ng tubig." "Sa mga di pangkaraniwang pangyayaring ibinalitang nangyari sa Lisboa sa malaking kapahamakang ito, ay kabilang ang paglubog sa ilalim ng lupa ng isang bagong daungan, na yari sa lantay na marmol at nagkakahalaga ng malaki, na roo'y nagkatipon ang marami upang huwag mangabagsakan ng nangaguguhong gusali; datapuwa't

[15] Apocalipsis 6:12.

[16] Sir Charles lyell, *Principles of Geology*, p. 495. (Nueba York, 1858.)

biglang lumubog sa ilalim ng lupa ang daungan pati ng lahat ng tao, at kahit isang bangkay ay hindi lumutang sa ibabaw."[16]

"Ang pag-uga" ng lindol "ay sinundan kapagkaraka ng pagkabagsak ng bawa't simbahan at kombento, ng halos lahat ng malalaking gusali ng bayan, at ng mahigit sa isang ikaapat na bahagi ng lahat ng bahay. Sa mangabut-ngabot sa dalawang oras pagkatapos ng lindol ay nagkasunog sa lahat ng sulok ng bayan, at ito'y nanira ng gayon na lamang sa loob ng halos tatlong araw, at nalalos ang buong bayan. Ang lindol ay nangyari sa isang araw ng kapistahan, na ang mga simbahan at kombento ay puno ng tao, at iilan sa kanila ang nakatakas."[17] Ipinalalagay na siyamnapung libong buhay ang pumanaw sa kakila-kilabot na araw na yaon. [264]

Pagkaraan ng dalawanpu't limang taon, ay lumitaw ang ikalawang tandang binabanggit sa hula—ang pagdidilim ng araw at di pagliliwanag ng buwan. Ang kapuna-puna rito ay ang tiyak na pagkatukoy sa panahong ikatutupad. Sa pakikipag-usap ng Tagapagligtas sa Kanyang mga alagad sa Bundok ng Olibo, pagkatapos na mailarawan Niya ang mahabang panahon ng pagsubok sa iglesya—ang 1260 taon ng pag-uusig ng papa, na tungkol dito'y ipinangako Niyang paiikliin ang kapighatian—ay binanggit Niya ang ilang pangyayaring susundan ng Kanyang pagbalik, at tinutukoy Niya ang panahon na ikakikita ng una sa mga ito: "Sa mga araw na yaon, pagkatapos ng kapighatiang yaon, ay magdidilim ang araw, at ang buwan ay hindi magbibigay ng kanyang liwanag."[18] Ang 1260 araw o taon, ay natapos noong 1798. Dalawampu't limang taon pa muna bago dumating ang panahong ito ay halos tigil na ang paguusig. Kasunod ng pag-uusig na ito alinsunod sa mga pangungusap ni Kristo, ay magdidilim ang araw.

Isang-taga Masatsusets na nakakita nito ay naglalarawan ng pangyayari sa sumusunod na pangungusap:

"Nang umaga ay maliwanag ang sikat ng araw, datapuwa't biglang nagkulimlim, bumaba ang lagay ng mga ulap, at mula sa mga ito na maitim at nakatatakot sa tingin, ay lumabas ang kidlat, kumulog at umulan ng bahagya. Nang mag-iikasiyam na oras ng umaga, ay numipis ang mga alapaap, at nagkulay tanso, at ang lupa,

[16] Sir Charles lyell, *Principles of Geology*, p. 495. (Nueba York, 1858.)

[17] *Encyclopedia Americana*, art. "Lisboa." (Limbag ng 1831.)

[18] Marcos 13:24.

mga bato, mga punong-kahoy, mga bahay, tubig, at mga tao ay nagbago dahil sa kakaibang liwanag na ito na hindi pa nakikita sa lupa. Pagkaraan ng ilang sandali, ay isang makapal na ulap ang tumakip sa buong langit maliban sa isang makitid na pook sa hilihid, at ito'y kasindilim ng ikasiyam na oras ng gabi kung panahon ng tag-init. . . .

[265] Takot, bakla, at sindak ay unti-unting pumupuno sa mga pag-iisip ng mga tao. Ang mga babae ay sumungaw sa pinto at tumingin sa labas; umuwi ang mga lalaki na galing sa kanilang gawain sa bukid; iniwan ng anluwagi ang kanyang mga kasangkapan, ng panday ang kanyang pugon, ng mangangalakal ang lugar ng kanyang pagbibili. Tinapos ang mga pag-aaral, at ang mga bata'y tumakbong pauwi na nangatatakot. Ang mga naglalakad ay nanuluyan sa pinakamalapit na kubo. 'Ano kaya ang mangyayari,' ang tanong ng bawa't labi at puso. Tila bubugso ang napakalakas na bagyo sa lupain, o mandi'y kaarawan ng pagkatapos ng lahat ng bagay.

"Ginamit ang mga kandila; at ang apoy ng pugon ay nakitang nagliwanag gaya ng pagliliwanag nito sa gabing walang buwan kung taglagas . . . . Humapon ang mga manok at nangatulog, umuwi sa koral ang mga baka at umungal, humuni ang mga palaka, inawit ng mga ibon ang kanilang awit panggabi, at nagliparan ang mga kabag. Nguni't alam ng tao na hindi pa dumarating ang gabi. . . ."[19]

Ang makapal na kadilimang ito'y hinalinhan, isa o dalawang oras bago dumating ang gabi, ng bahagyang maliwanag na langit at napakita ang araw, bagaman natatakpan ng madilim at makapal na ulap. "Pagkalubog ng araw ay muling bumaba ang ulap, at nagmadali ang pagkapal ng dilim." "At ang kadiliman ng gabi ay hindi pangkaraniwan at kakila-kilabot ding gaya ng sa araw; at bagaman halos kabilugan ang buwan ay walang makilalang anumang bagay maliban nang magsindi ng ilawan, na kung titingnan sa mga ibang dako na may kalayuan, ay katulad ng kadiliman ng Ehipto na hindi halos malagos ng liwanag."[20] Ganito ang sabi ng isang nakakita ng malasing iyon: "Noong mga sandaling yaon ay naggugumiit sa aking pag-iisip ang palagay na kung ang lahat ng maliwanag na

---

[19] *The Essex Antiquarian*, Salem, Mass., E. U. A., Abril, 1899, tomo 3, No. 4, p. 53, 54.

[20] I. Thomas, *Massaehusetts Spy; or, American Oracle of Liberty*, tomo 10, Blg. 472 (Mayo 25, 1780.)

buntala sa santinakpan ay nabilot ng salimuot na kadilimang di-matatalo ng liwanag, o dili kaya'y pinawing lubusan, ang kadilimang ibubunga nito ay hindi pa rin maitutulad sa kadilimang iyon."[21] Bagaman nang ikasiyam ng gabing iyon ay sumikat ang buwan ng kabilugan, "ay hindi man lamang nito napawi kahi't bahagya ang wari'y mga anino ng kamatayan." Pagkaraan ng hatinggabi ay napawi ang dilim, at ang buwan nang sumikat ay naging gaya ng dugo. [266]

Ang Mayo 19, 1780, ay kilala sa kasaysayan sa pamagat na "Ang Madilim na Araw." Mula pa nang panahon ni Moises ay hindi nagkaroon ng kadilimang ganito kakapal, kalaganap at katagal, na napatala sa kasaysayan. Ang pagkakalarawan ng pangyayaring ito, alinsunod sa ulat ng mga nakakita, ay isang pag-uulit ng mga pangungusap ng Panginoon, na itinala ni Propeta Joel, dalawang libo't limang daang taon bago dumating ang katuparan: "Ang araw ay magiging kadiliman at ang buwan ay dugo, bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na kaarawan ng Panginoon."[22]

Pinagbilinan ni Kristo ang Kanyang bayan na maghintay sa mga tanda ng Kanyang pagbalik, at mangatuwa kapag nakita nila ang mga tanda ng kanilang Haring dumarating. "Kung magpasimulang mangyari ang mga bagay na ito," ang sabi niya, "ay magsitingin kayo, at itaas ninyo ang inyong mga ulo; sapagka't malapit na ang pagkatubos ninyo." Itinuro Niya sa Kanyang mga alagad ang mga nagdadahong punong-kahoy ng tagsibol, at saka Niya sinabi; "Pagka nangagdadahon na sila ay nakikita ninyo at nalalaman ninyo sa inyong sarili na malapit na ang tag-araw. Gayon din naman kayo, pagka nakita ninyong nangyari ang mga bagay na ito, talastasin ninyo na malapit na ang kaharian ng Diyos.[23]

Yamang malapit na ang dakilang araw na yaon, ang salita ng Diyos, sa pamamagitan ng mataimtim at kumikintal na pangungusap, ay nananawagan sa Kanyang bayan na gumising sila sa kanilang pagkakatulog ukol sa espiritu at hanapin ang Kanyang mukha na may pagsisisi at pagpapakababa: "Hipan ninyo ang pakakak sa Sion at mangagpatunog kayo ng hudyat sa aking banal na bundok; [267]

[21] Sulat ni Dr. Samuel Tenny ng Exeter, New Hampshire, E. U. A., Dis. 1785, *sa Massachusetts Historical Society Collections*, 1792, unang serye, tomo 1, p. 97.

[22] Joel 2:31.

[23] Lucas 21:28, 30, 31.

manginig ang lahat ng nananahan sa lupain; sapagka't ang kaarawan ng Panginoon ay dumating, sapagka't malapit na."[24]

Upang makapaghanda ng isang bayang tatayo sa kaarawan ng Diyos, ay kinakailangan ang isang pagbabago. Nakita ng Diyos na marami sa Kanyang nagbabansag na bayan ay hindi naghahanda para sa walanghanggang kapanahunan, at dahil sa Kanyang kaawaan ay malapit na Niyang isugo ang isang pabalitang magbababala upang sila'y gisingin mula sa kanilang pagkakatulog, at tulungan silang humanda sa pagbalik ng Panginoon.

Ang babalang ito ay ipinakikilala sa ikalabing-apat na pangkat ng Apokalipsis. Dito'y ipinakikilala ang tatlong magkakalakip na pabalita na ipinahayag ng anghel, at sinundan kapagkaraka ng pagbalik ng Anak ng tao upang anihin ang "aanihin sa lupa." Ang una sa mga babalang ito ay nagpapahayag na dumarating ang paghuhukom. Nakita ng propeta ang isang anghel na lumilipad "sa gitna ng langit na may mabuting balita na walang-hanggan, upang ibalita sa mga nanahan sa lupa, at sa bawa't bansa at angkan at wika at bayan; at sinasabi niya ng malakas na tinig: Matakot kayo sa Diyos at magbigay luwalhati sa kanya: sapagka't dumating ang panahon ng Kanyang paghatol: at magsisamba kayo sa gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig."[25]

Ang pabalitang ito ay ipinahahayag na isang bahagi ng "mabut-
[268] ing balita na walang-hanggan." Ang gawain na pangangaral ng ebanghelyo ay hindi ipinagkatiwala sa mga anghel, kundi ibinigay sa mga tao. Ginamit ang mga banal na anghel, sa pangungulo sa gawaing ito, sila ang nangangasiwa sa malaking kilusan ukol sa pagliligtas ng mga tao; datapuwa't ang pagpapahayag ng ebanghelyo ay ginagawa ng mga lingkod ni Kristo rito sa ibabaw ng lupa.

Hindi ang magagaling na teologo ang nakaaalam ng katotohanang ito, at nangangaral nito. Kung naging mga lapat na tagapagbantay ang mga ito, na masikap na nagsaliksik ng mga Banal na Kasulatan na may kalakip na pananalangin, ay naalaman sana nila ang oras ng gabi; binuksan sana sa kanila ng mga hula ang mga pangyayaring malapit nang mahayag. Datapuwa't wala sila sa ganitong tungkulin, at ang pabalita ay ibinigay sa mga hamak na

[24] Joel 2:1.

[25] Apocalipsis 14:6, 7.

tao. Ganito ang sinabi ni Jesus; "Kayo'y nragsilakad samantalang nasa inyo ang ilaw, upang huwag kayong abutin ng kadiliman."[26] Yaong mga nagsitalikod sa ilaw na ibinigay ng Diyos, o hindi kaya humanap dito nang ito'y malapit sa kanila, ay nangaiwan sa kadiliman. Datapuwa't sinabi ng Tagapagligtas; "Ang sumusunod sa Akin ay hindi lalagi sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan."[27] Sinumang may isang tiyak na adhika, na nagsisikap gumanap ng kalooban ng Diyos, na buong tapat na sumusunod sa liwanag na ibinigay na sa kanila, ay tatanggap pa ng lalong malaking liwanag; sa kaluluwang iyan ay ipadadala ng Diyos ang bituin na ang ningning ay mula sa langit upang akayin siya sa buong katotohanan. [269]

[26] Juan 12:35.
[27] Juan 8:12.

## *Kabanata 18*—Isang malaganap na pagkagising

Sa hula ng balita ng unang anghel sa ikalabingapat na kapitulo ng Apokalipsis ay ipinagpapauna ang tungkol sa isang malaking pagbabagong sigla sa relihiyon sa pangangaral ng madaling pagbalik ni Kristo. Isang anghel ang nakitang lumilipad sa "gitna ng langit, na may dalang mabuting balita na walang-hanggan, upang ipangaral sa mga tumatahan sa lupa at sa bawa't bansa, at lipi, at wika at bayan." Ang pabalita ay ipinahahayag niya ng "malakas na tinig:" "Matakot kayo sa Diyos, at magbigay kaluwalhatian sa Kanya; sapagka't dumating ang panahon ng Kanyang paghatol: at magsisamba kayo sa gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig."[1]

Ang katunayan na isang anghel ang sinasabing tagapagbansag ng babalang ito ay makahulugan. Sa pamamagitan ng kalinisan, ng kaluwalhatian, at ng kapangyarihan noong sugong taga-langit, ang Diyos ay nalugod na ipahayag ang mataas na uri ng gawaing gagampanan ng pabalita, at ang kapangyarihan at kaluwalhatiang aakbay rito. At ang paglipad ng anghel "sa gitna ng langit," ang "malakas na tinig" sa pagpapahayag ng babala, at ang pagkakalat nito sa "mga tumatahan sa lupa,"—sa bawa't bansa' at angkan at wika, at bayan," —ay nagpapatunay ng kabilisan at kalaganapan ng kilusang ito sa buong sanlibutan.

Ang pabalita na rin ang nagsasaad kung kailan mangyayari ang kilusang ito. Ito ay sinasabing kabahagi ng "mabuting balita na
[270] walang-hanggan;" at ito ang nagpa- pahayag ng pagpapasimula ng
[271] paghuhukom. Ang pabalita ng kaligtasan ay ipinangaral sa lahat ng kapanahunan; datapuwa't ang pabalitang ito ay isang bahagi ng ebanghelyo na sa mga huling araw lamang maipangangaral, sapagka't sa panahong ito lamang magkakatotoo na *dumating na* ang panahon ng paghuhukom. Ang mga hula ay naglalahad ng sunud-sunod na pangyayari hanggang sa pagbubukas ng paghuhukom. Ito'y lalo ang pagkakatotoo sa aklat ni Daniel. Datapuwa't sa bahagi

[1] Apocalipsis 14:6, 7.

ng kanyang hula na tumutukoy sa mga huling araw, ay sinabihan si Daniel na isara at tatakan ang aklat "hanggang sa panahon ng kawakasan." Hanggang hindi natin inaabot ang panahong ito ay hindi maipahahayag ang isang pabalita hinggil sa paghuhukom, na nasasalig sa isang katuparan ng mga hulang ito. Nguni't sinasabi ng propeta na sa panahon ng kawakasan, "ay marami ang tatakbo ng paroo't parito at ang kaalaman ay lalago."[2]
Pinagpaunahan ni apostol Pablo ang iglesya na huwag hintayin noong kapanahunan niya ang pagdating ni Kristo. Ang araw na yaon ay "hindi darating," ang sabi niya, "kundi dumating muna ang pagtaliwakas, at mahayag ang taong makasalanan."[3] Hangga't hindi dumarating ang malaking pagtalikod, at ang mahabang panahon na paghahari ng "taong makasalanan," ay hindi natin maaasahan ang pagdating ng ating Panginoon. Ang "taong makasalanan" na tinatawag din namang "hiwaga ng kasamaan," ang "anak ng kapahamakan," "yaong tampalasan," ay siyang kumakatawan sa kapapahan, na, gaya ng ipinagpauna ng hula ay maghahari sa loob ng 1260 taon. Ang panahong ito ay natapos noong 1798. Ang pagdating ni Kristo ay hindi mauuna pa sa riyan. Ang babala ni Pablo ay sumasaklaw sa buong panahong Kristiyano hanggang sa taong 1798. Sa panig na ito ng panahong yaon ipangangaral ang pabalita tungkol sa ikalawang pagparito ni Kristo. [272]

Nang mga nakaraang panahon ay walang iniaral na ganyang pabalita. Gaya ng ating nakita, hindi ito ipinangaral ni Pablo: Itinuro niya ang kanyang mga kapatid sa noon ay isang malayong hinaharap na pagdating ng Panginoon. Ito'y hindi ipinangaral ng mga Repormador. Inilagay ni Martin Lutero ang paghuhukom sa may tatlong daan pang taon pagkatapos ng kanyang kaarawan. Nguni't mula nang 1798 ay naalis ang tatak sa aklat ni Daniel, lumago ang pagkaalam sa mga hula, at marami ang nagpahayag ng mahalagang pabalita tungkol sa kalapitan ng kaarawan ng paghuhukom.

Katulad ng malaking Reporma noong ikalabing-anim na dantaon, ang kilusang Adventismo ay bumangong sabay-sabay sa iba't ibang bayan ng Sangkakristiyanuhan. Sa Europa at sa Amerika, ang mga taong may matitibay na pananampalataya at mga mapanalanginin ay

[2] Daniel 12:4.

[3] 2 Tesalonica 2:3.

naakay mag-aral ng mga hula, at nang saliksikin nila ang kinasihang ulat, ay nakita nila ang matitibay na katotohanan na dumating na ang wakas ng lahat ng bagay. Sa iba't ibang lupain ay may mga kalipunan ng mga Kristiyano na dumating sa paniniwala, sa pamamagitan lamang ng pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan, na malapit na ang pagdating ng Tagapagligtas.

Noong 1821, si Dr. Jose Wolff, ang "misyonero sa sanlibutan," ay nagpasimulang mangaral ng tungkol sa madaling pagbalik ng Panginoon.

Sa loob ng dalawainpu't apat na taon, mula nang 1821 hanggang sa 1845, malawak ang nalakbay ni Wolff: sa Aprika, ay dinalaw niya ang Ehipto at Abisinya; sa Asya, ay nalakbay niya ang Palestina, Sirya, Persya, Bokhara, at Indiya. Nilakbay ni Dr. Wolff ang pinakamababangis na lupain, na wala isa mang nasa kapangyarihang Europeo ang sa kanya'y magsasanggalang, at nagbata siya ng maraming hirap at naligiran ng di-mabilang na kapahamakan. Siya'y hinampas at ginutom, ipinagbiling isang busabos, at makaitlong nahatulang patayin. Siya'y kinub- kob ng mga mandarambong, at kung minsa'y nanganganib mamatay dahil sa uhaw. Minsan ay sinamsaman siya ng lahat niyang ariarian, at iniwang maglakad ng daandaang milya na wala mang sapin ang paa, na sinasalpok ng niyebe ang kanyang mukha, at ang paa niyang walang sapin ay namanhid dahil sa lamig ng lupa.

[273]

Nang siya'y pagsabihang huwag makisama sa mga mababangis na tao kung wala siyang dalang sandata, ay ipinahayag niyang siya'y "may dalang sandata"—ang "panalangin at kasiglahan alang-alang kay Kristo, at pagtitiwala sa Kanyang tulong." "Nasa aking puso rin naman," ang wika niya "ang pag-ibig ng Diyos at ang pag-ibig sa aking kapuwa, at ang Banal na Kasulatan ay nasa aking kamay."[4] Saan man siya pumaroon ay dala niya ang Biblia sa wikang Hebreo at Ingles. Tungkol sa isa sa mga huli niyang paglalakbay ay ganito ang kanyang sinabi: "Aking. . . pinapanatiling bukas ang Biblia sa aking kamay. Naramdamang kong nasa aklat na ito ang aking kapangyarihan, at ang kapangyarihan nito'y siyang aalalay sa akin."[5]

[4]W. H. D. Adams, *In Perils Oft*, p. 192.

[5]W. H. D. Adams, *In Perils Oft*, p. 201.

Sa ganya'y nagpatuloy siya sa kanyang paggawa hanggang sa mailaganap sa malaking bahagi ng sanlibutang tinatahanan ng mga tao ang pabalita tungkol sa paghuhukom. Sa mga Hudyo, Turko. Parsis. at Hindu, at sa marami pang ibang bansa at lahi, ay ipinamahagi niya ang salita ng Diyos sa mga wikang ito at ipinahayag niya ang dumarating na paghahari ng Mesias.

Sa mga paglalakbay niya sa Bokhara ay nakatagpo siya ng mga tao sa malalayong dako na nananampalataya sa aral ng madaling pagparito ng Panginoon. Sinasabi niyang ang mga Arabe sa Yemen, "ay may isang aklat na tinatawag na Seera na nagpapahiwatig sa ikalawang pagparito ni Kristo at ng Kanyang paghahari sa kaluwalhatian; at inaasahan nilang mangyayari ang mga dakilang pangyayari [274]
sa taong 1840."[6] "Sa Yemen . . . ay anim na araw akong nakisama sa mga inanak ni Rekab. Hindi sila umiinom ng alak, o nagtatanim man ng ubas, o naghahasik man ng binhi, at sila'y tumitira sa mga tolda, at ginugunita nila ang mabuting matanda na si Jonadab, na anak ni Rekab; at sa kanilang kapulungan ay nakita ko ang mga anak ni Israel, sa angkan ni Dan . . . na, kasama ng angkan ni Rekab, ay umaasang madaling darating ang Mesias sa mga alapaap ng langit."[7]

Ganyan ding pananampalataya ang natagpuan ng isang misyonero sa Tartarya. Nagtanong ang isang saserdoteng Tartaro sa misyonero kung kailan ang ikalawang pagparito ni Kristo. Nang itugon ng misyonro na wala siyang anumang naaalaman tungkol doon, nagtakang mainam ang saserdote sa gayong di pagkaalam ng isang nagbabansag na tagapagturo ng Biblia, at ipinahayag niya ang kanyang paniniwala na nasasalig sa hula, na si Kristo'y paririto humigit kumulang sa 1844.

Noon pa mang 1826 ay ipinangaral na sa Inglatera ang pabalitang Adventismo. Ang kilusan dito ay hindi tiyakang nakatulad ng kilusan sa Amerika; ang hustong panahon na idarating ni Kristo ay hindi itinuro sa karamihan, nguni't ipinangaral sa lahat ng pook ang dakilang katotohanan ng madaling pagparito ni Kristo sa kapangyarihan at kaluwalhatian. At ito'y ipinangaral hindi lamang sa gitna ng mga nagsisitutol at ng mga ayaw sumang-ayon. Ipinahayag ni Mourant Brock, isang manunulat na Ingles, na kulang-kulang

[6] *Journal* ni Rev. Joseph Wolff, p. 377.
[7] *Journal* ni Rev. Joseph Wolff, p.389.

sa pitong daang ministro ng Iglesya sa Inglatera ang nangaral ng "ebanghelyong ito ng kaharian." Ang pabalitang tumutukoy sa 1844 na siyang panahong iparirito ni Kristo ay ipinangaral din naman sa Gran Britanya. Ang mga babasahing galing sa Estados Unidos
[275] tungkol sa muling pagparito ay malawak na ipinangalat. Mga aklat at pahayagan ay muling nilimbag sa Inglatera. At noong 1842 si Roberto Winter, isang Ingles, na tumanggap ng pananampalatayang Adventismo sa Amerika, ay umuwi sa kanyang tinubuang bayan upang ihayag ang pagparito ng Panginoon. Marami ang nakisama sa kanya sa gawaing ito, at ang pabalita tungkol sa paghuhukom ay ipinangaral sa iba't ibang bahagi ng Inglatera.

Sa Timog Amerika, sa gitna ng mga barbaro at kahigpitan ng mga pari, si Lacunza na isang Jesuitang Kastila, ay nakakilala ng mga Banal na Kasulatan, at sa ganito'y tinanggap niya ang katotohanan tungkol sa madaling pagdating ni Kristo. Mahigpit na nakilos upang magbigay ng babala, gayon ma'y nais din niyang maiwasan ang pagsinghal ng Roma, inilathala niya ang kanyang mga kuru-kuro sa pangalang "Rabbi Ben-Ezra," na nagkukunwaring siya'y isang Hudyong nahikayat. Nabuhay si Lacunza noong ikalabingwalong dantaon, nguni't ang kanyang aklat na nakarating sa Londres ay noon lamang taong 1825 napasalin sa wikang Ingles. Ang pagkapaglathala nito ay nagpalaki ng interes sa paksa ng ikalawang pagdating na noo'y nagsisimula na sa Inglatera. Sa Alemanya ay si Bengel, isang ministro ng Iglesya Luterana, at isang palaaral ng Banal na Kasulatan, at tagasuri, ang nagturo ng aral ding ito noong ikalabingwalong dantaon.

Ang mga sinulat ni Bengel ay ikinalat sa buong Sangkakristiyanuhan. Ang kanyang mga paniniwala tungkol sa hula ay tinanggap ng kalahatan sa kanyang lalawigan sa Wurtemberg, at sa iba pang bahagi ng Alemanya. Ang kilusan ay nagpatuloy pagkamatay niya, at ang pabalitang Adventismo ay narinig sa Alemanya noong mga panahong ang pabalitang ito'y tumatawag ng mga tao sa ibang lupain. Sa pasimula ng kilusan, ang ilan sa nanampalataya ay tumungo sa Rusya, at doo'y bumuo sila ng mga kolonya, at ang pananam-
[276] palataya sa madaling pagparito ni Kristo ay iniingatan pa rin hangga ngayon ng mga iglesyang Aleman sa bayang yaon.

Sumilang din naman ang liwanag na ito sa Pransya at sa Suisa. Sa Henebra, na pinangaralan nina Farel at Calvino ng mga katoto-

hanan ng Reporma, ay ipinangaral naman ni Gausen ang pabalita tungkol sa ikalawang pagparito. Sa Eskandinabya ay ipinangaral din ang pabalitang Adventismo at ito'y lumikha sa mga tao ng malaking pag-ibig sa katotohanan. Marami ang nagising sa kanilang walang-ingat na kapanatagan, upang magpahayag at tumalikod sa kanilang mga kasalanan, at hanapin ang kapatawaran sa pangalan ni Kristo. Datapuwa't ang mga pari ng iglesya ng pamahalaan ay sumalansang sa kilusan, at sa pamamagitan nila ay nabilanggo ang iba sa pangangaral ng pabalita. Sa maraming pook na pinipigil ang mga nangangaral ng ikalawang pagparito ng Panginoon, ay minarapat ng Diyos na magsugo ng kanyang pabalita, sa isang mahiwagang kaparaanan, sa pamamagitan ng maliliit na bata. Dala ng kanilang kabataan, at wala pa sila sa hustong gulang ay hindi sila mapigil ng batas ng pamahalaan at pinahintulutan silang makapangaral.

Ang kilusan ay lalong namayani sa mga hamak na mamamayan, at sa tahanan ng mga karaniwang manggagawa nagkatipon ang mga tao upang makinig sa babala. Ang mga batang nangangaral ay kadalasang mga dukha. Ang ilan sa kanila ay hindi pa hihigit sa anim o walong taong gulang; at bagaman ang kanilang mga kabuhayan ay sumasaksing iniibig nila ang Tagapagligtas at nagsisikap silang sumunod sa mga banal na utos ng Diyos, ang karaniwan nilang kabuhayan ay nagpapakilala ng kaalaman at kakayahan na makikita lamang sa mga bata sa gulang na iyon. Gayon ma'y kapag tumatayo sila sa harap ng mga tao, maliwanag na kinikilos sila ng isang kapangyarihang higit sa kanilang katutubong mga kaloob.
Ang kanilang pananalita at kilos ay nababago, at sa pamamagitan [277]
ng banal na kapangyarihan ay ipinahayag nila ang banal na babala tungkol sa paghuhukom, na ang pangungusap na rin ng Banal na Kasulatan ang kanilang ginamit: "Matakot kayo sa Diyos at magbigay kaluwalhatian sa Kanya sapagka't dumating ang panahon ng kanyang paghatol." Sinaway nila ang mga tao sa kanilang mga kasalanan, hindi lamang ang kalaswaan at masamang kaugalian ang kanilang hinatulan, kundi pati ng pagkamakasanlibutan at pagtalikod sa pananampalataya, at pinangaralan ang sa kanila'y nakikinig na tumakas sa darating na poot.

Nanginig ang mga tao sa pagkarinig nila ng mga pangungusap na ito. Ang Espiritu ng Diyos na sumumbat sa mga kasalanan ay nagsalita sa kanilang mga puso. Marami ang naakay na muling

magsaliksik ng mga Banal na Kasulatan na taglay ang mataos na pag-ibig, nagbago ang mga walang pagtitimpi at may maruming kaugalian, ang iba naman ay humiwalay sa kanilang masamang gawain, at isang gawain ang hayag na hayag na naganap na anupa't ang mga ministro ng iglesya ng pamahalaan ay napilitang kumilala
[278] na ang kamay ng Diyos ay nasa kilusang yaon.

[279]

## *Kabanata 19*——Isang dakilang amerikano

Kay Guillermo Miller at sa kanyang mga kamanggagawa ay ipinagkatiwala ang pangangaral ng pabalita sa Amerika. Ang lupang ito ang naging sentro ng malaking Kilusang Adventista. Dito nagkaroon ng pinakatuwirang katuparan ang hula tungkol sa pabalita ng unang sinugong anghel.

Ang tanging hinirang ng Diyos upang manguna sa pagpapahayag ng ikalawang pagparito ni Kristo ay isang matuwid at tapat na magbubukid, na nag-aalinlangan sa banal na kapangyarihan ng Kasulatan, gayon ma'y buong pusong nananabik na maalaman ang katotohanan. Katulad ng maraming Repormador, si Guillermo Miller ay nakipagbaka sa karukhaan sa kanyang pagkabata pa lamang, at sa gayo'y natutuhan niya ang dakilang aral ng kasipagan at pagtitipid.

Siya'y may mabuting pangangatawan, at sa kabataan pa man ay nakitaan na siya ng katunayan ng hindi pangkaraniwang katalinuhan. Habang siya'y tumatanda ay lalo namang nahayag ito. Matalas at hinog ang kanyang pag-iisip, at malaki ang kauhawan niya sa karunungan. Bagaman hindi siya tumuntong ng kolehiyo, ang pagibig niyang makapag-aral, at ang ugali niyang banayad kung magkuru-kuro at mahigpit kung sumuri ay siyang sa kanya'y nagpaging isang tao na may malusog na pagiisip at malawak na kaalaman. Ang kanyang pag-uugali ay di-maaaaring hamakin at ang kanyang kabantugan ay kahili-hili, at siya'y pinupuri dahil sa kanyang pagkamatapat at pagkamatipid at kabutihang loob. Dahil sa sidhi ng kanyang kasipagan at katiyagaan, ay maagang natuto [280]
siya bagaman ang dati niyang ugali sa pag-aaral ay hindi nawala sa kanya. Siya'y napalagay sa iba t ibang tungkuling sibil at militar at pawang ipinagkapuri niya, at ang mga daan na tungo sa kayamanan at karangalan ay waring bukas na bukas sa harapan niya.

Ang kanyang ina'y isang babaeng sa kabanala'y di mapintasan at sa kasanggulan pa'y nakintal na sa isipan ni Miller ang mga bagay na ukol sa relihiyon. Nang siya'y magbinata na, napasapi siya sa kapisanan ng mga deista na may malalakas na impluensiya sa dahi-

lang ang marami sa kanila'y mabubuting mamamayan, at maramayin at may magagandang kalooban. Palibhasa'y nanganirahan sila sa gitna ng mga kalipunang Kristiyano, ang likas nila ay nahubog ng diwang sa kanila'y nakapalibot. Ang mga kagalingan na dahil dito sila'y pinagkatiwalaan at iginalang, ay utang nila sa Banal na Kasulatan; gayunma'y ang mabubuting kaloob na ito ay binaligtad nila ng gayon na lamang na anupa't ang kanilang impluensya ay naging laban sa salita ng Diyos. Sa pakikilaguyo ni Miller sa mga taong ito, ay naakay siya sa pagtanggap ng kanilang mga paniniwala. Ang umiiral na mga paliwanag tungkol sa Banal na Kasulatan ay nagharap sa kanya ng mga kagusutan na mandi'y hindi mapanagumpayan; subali't bagaman tinatanggihan ng bago niyang paniniwala ang Banal na Kasulatan, wala namang anumang ibinibigay na lalong mabuti, at siya'y lalo lamang di-nasiyahan. Kulangkulang sa labindalawang taong pinanghawakan ni Miller ang mga paniniwalang ito. Datapuwa't nang sumapit na siya sa gulang na tatlumpu't apat na taon, ay ipinadama sa kanyang puso ng Banal na Espiritu ang kanyang pagkamakasalanan. Sa kanyang dating paniniwala ay wala siyang makitang anumang pangako na sa kanya'y magdudulot ng katuwaan sa likod ng libingan. Ang hinaharap ay madilim at makulimlim.

Nanatili siya ng mga ilang buwan sa ganitong kalagayan.
[281] "Biglang-bigla," ang sabi niya, "na ang likas ng isang Tagapagligtas ay buhay na buhay na nakintal sa aking pag-isip. Wari mandi'y may isang gaya Niya na napakabuti at napakamaibigin, na tumubos sa ating mga pagsalansang, at sa gayo'y mailigtas tayo sa kaparusahan sa kasalanan. Naramdaman ko na Siya'y totoong kaibig-ibig, ipinalagay kong maaari ko nang ilagak ang aking sarili sa Kanyang mga kamay at sa Kanyang kaawaan. Datapuwa't bumangon sa akin ang katanungan, paano ko mapatutunayan na may nabubuhay na gayon? Maliban sa Biblia ay napaghulo kong wala akong kasusumpungan ng anumang katunayan na talagang mayroon ngang nabuhay na isang ganyang Tagapagligtas, o may isang kalagayan sa hinaharap. . . .

"Nakita kong mayroon ngang isang ganyang Tagapagligtas na inihayag ng Kasulatan na siya kong kailangan; at ako'y nagulumihanan sa aking pagsisiyasat kung paano kayang ang isang aklat na hindi kinasihan ng Banal na Espritu ay makagagawa ng mga simulaing agpangna-agpang sa mga pangangailangan ng isang sanlibutarg

nagkasala. Napilitan akong umamin na ang Banal na Kasulatan ay isang pahayag na mula sa Diyos. Ang mga ito ay naging aking kaluguran; at kay Jesus ay natuklasang ko ang isang kaibigan. Sa akin, ang Tagapagligtas ay naging pinakamainam sa sampung libo; at ang mga Banal na Kasulatan na noong una ay madilim at laban-laban, ngayon ay naging ilawan sa aking mga paa at liwanag sa aking landas. Nanahimik at nasiyahan ang aking pagiisip.

"Ang Banal na Kasulatan ay siya ngayong lagi kong pinag-aaralan, at tapat kong masasabi, na sinaliksik ko itong may malaking pagkalugod. Nasumpungan kong ang kalahati ay hindi nasabi sa akin kailan man. Pinagtakhan ko kung bakit hindi ko nakita ang kagandahan at kaluwalhatian nito noong una, at namangha ako kung bakit ito'y aking natanggihan. Nasumpungan kong nahahayag dito ang lahat ng mananasa ng aking puso, gayon din ang isang lunas sa [282]
bawa't sakit ng kaluluwa. Nawala sa akin ang pagnanasa na bumasa ng iba pang aklat, at itinalaga ko ang aking puso sa paghanap ng karunungang galing sa Diyos."[1]

Hayagang ipinagpanggap ni Miller ang kanyang pananampalataya sa relihiyong niwalang halaga niya noong una. Datapuwa't ang mga kasamahan niyang di-kumikilala sa Diyos ay nagharap sa kanya niyaong mga katuwirang ginagamit niya nang una laban sa banal na kapangyarihan ng mga Kasulatan. Hindi pa siya noon handang sumagot sa mga ito: datapuwa't iminatuwid niya na kung ang Biblia ay isang pahayag na mula sa Diyos ay dapat magkaroon ito ng kaisahan sa kanyang sarili; at sapagka't ito'y ibinigay upang magturo sa mga tao, dapat itong mabagay sa kaunawaan ng tao. Ipinasiya niya na pagaralan ang Banal na Kasulatan at siyasatin kung talaga ngang ang bawa't tila nagkakasalungatang sinasabi ay hindi mapagkakasundo.

Sa pagsisikap niyang iwan ang kanyang dating mga paniniwala hindi siya gumamit ng mga komentaryo, kundi ipinaris niya ang isang talata sa ibang talata sa pamamagitan ng tulong ng kongkordansya at ng mga reperensya sa gilid ng Kasulatan. Ipinagpatuloy niya ang kanyang pag-aaral sa isang maayos na paraan; mula sa Genesis ay binasa niya ang bawa't talata at hindi niya iniwan ang isang talata hanggang sa hindi niya nauunawa ang kahulugan niyaon,

[1] S. Bliss, *Memoirs of William Miller*, p. 65-67.

upang huwag siyang maiwan sa pagkalito. Pagka nakatagpo siya ng anumang bagay na malabo ay ugali niya ang ito'y iparis sa bawa't ibang talatang waring may kinalaman sa suliraning pinag-aaralan. Ang bawa't salita ay pinababayaan niyang mangahulugan sang-ayon sa punong isipan ng talatang kinapapalooban niya, at kung ang kanyang paniniwala tungkol dito ay kaayon ng katabing talata, hindi
[283] ito nagiging mahirap sa kanya. Sa ganyan, kailan ma't inakatagpo siya ng talatang mahirap unawain ay nakakasumpong naman siya ng paliwanag sa ibang bahagi ng Banal na Kasulatan. Sa kanyang pag-aaral na may kalakip na mga panalangin upang humingi ng banal na liwanag, yaong tila madilim sa kanya noong una ay lumiliwanag. Naranasan niya ang katotohanan ng pangungusap ng Mangaawit: "Ang bukas ng Iyong mga salita ay nagbibigay ng liwanag; nagbibigay ng unawa sa walang muwang."[2]

Pinag-aralan niya na taglay ang malaking kasabikan, ang aklat ni Daniel at ang Apokalipsis, na ginamit niya iyon ding mga simulain niya sa pagpapaliwanag ng ibang talata, at nagalak siyang totoo nang masumpungan niyang ang mga sagisag na ginamit ng hula ay maaaring maunawa. Nakita niyang ang mga hula, alinsunod sa naging katuparan, ay nangatupad ng sang-ayon sa natititik; na ang lahat ng iba't ibang paglalarawan, sagisag, pagwawangis, talinhaga, at iba pa, ay ipinaliliwanag doon din sa kinababanggitang iyon, o kung dili'y ang mga pangungusap nito ay ipinaliliwanag sa ibang talata, at kung ipinaliwanag sa ganyang paraan ay mauunawa na ayon sa pagkasulat. "Ako'y nasiyahan," anya "na ang Banal na Kasulatan ay isang hanay ng mga inihayag na katotohanan, na gayon na lamang kalinaw at kagaan, na anupa't ang taong palakad-lakad kahi't mangmang man ay hindi dapat magkamali."[3] Sunud-sunod na pagkaalam ng katotohanan ang naging kagantihan ng kanyang mga pagsisikap, nang tugaygayan niyang sunud-sunod ang mga dakilang hanay ng hula. Ang kanyang pagiisip ay inaakay ng mga anghel ng langit, at binubuksan nila sa kanyang unawa ang mga Banal na Kasulatan.

Natagpuan ni Miller na ang literal at personal na pagparito ni Kristo, ay malinaw na itinuturo sa mga Banal na Kasulatan. Ani

[2]Mga Awit 119:130.

[3]S. Bliss, *Memoirs of William Miller*, p. 70.

Pablo: "Ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Diyos."[4] At [284]
ipinahayag ng Tagapagligtas: "*Mangakikita* nila ang Anak ng tao na napaparitong sumasa mga alapaap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian." "Sapagka't gaya ng kidlat na kumikidlat sa silangan, at nakikita hanggang sa kanluran; gayon din naman ang pagparito ng Anak na tao."[5] Siya ay sasamahan ng lahat ng hukbo sa kalangitan. Paririto ang "Anak ng tao na nasa Kanyang kaluwalhatian, na kasama Niya ang lahat ng mga anghel."[6] At susuguin Niya ang Kanyang mga anghel na may matinding tunog ng pakakak, at kanilang titipunin ang Kanyang hinirang."[5]

Sa Kanyang pagparito ay bubuhayin ang mga patay na banal, at ang mga banal na nabubuhay ay babaguhin. "Hindi tayong lahat. ay mangatutulog," ang sabi ni Pablo, "nguni't tayong lahat ay babaguhin, sa isang sandali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak: sapagka't tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na mag-uli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin. Sapagka't kinakailangan na itong may kasira an ay magbihis ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay magbihis ng walang kamatayan."[7] At sa kanyang sulat sa mga taga Tesalonika, pagkatapos na mailarawan niya ang pagparito ng Panginoon ay idinugtong niya: "Ang nangamatay kay Kristo ay unang mangabubuhay na mag-uli: kung magkagayon, tayong nangabubuhay na nangatitira ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin; at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man."[4] Hanggang sa hindi dumarating dito si Kristo na nasa Kanyang katawan ay hindi maipamamana sa Kanyang bayan ang kaharian. Anang Tagapagligtas: "Pagparito ng Anak ng tao, na nasa Kanyang kaluwalhatian, na kasama Niya ang lahat ng mga anghel, kung magkagayo'y luluklok Siya sa luklukan ng Kanyang kaluwalhatian. At titipunin sa harap niya ang lahat ng bansa; at [285]
sila'y pagbubukdin-bukdin Niya na gaya ng pagbubukod-bukod ng

[4] 1 Tesalonica 4:16, 17.
[5] Mateo 24:30, 27, 31.
[6] Mateo 25:31-34.
[5] Mateo 24:30, 27, 31.
[7] 1 Corinto 15:51-53.
[4] 1 Tesalonica 4:16, 17.

pastor sa mga tupa at sa mga kambing; at ilalagay Niya ang mga tupa sa Kanyang kanan, datapuwa't sa kaliwa ang mga kambing. Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari sa nangasa Kanyang kanan: Magsiparito kayo mga pinagpala ng Aking Ama manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat ng itatag ang sanlibutan."[6]

Sa pamamagitan ng mga talatang ito ay nakita na natin, na sa pagdating ng Anak ng tao, ang mga patay ay mabubuhay na walang kasiraan, at ang nabubuhay ay babaguhin. Sa pamamagitan ng dakilang pagbabagong ito ay mahahanda silang manahin ang kaharian; sapagka't sinasabi ni Pablo, na "ang laman at ang dugo ay hindi makapagmamana ng kaharian ng Diyos ni ang kasiraan ay magmamana ng walang kasiraan."[8] Ang tao, sa kanyang kasalukuyang kalagayan ay may kamatayan, may kasiraan; datapuwa't ang kaharian ng Diyos ay hindi masisira, kundi mananatili magpakailan man. Kung gayon ang tao, sa kanyang kasalukuyang kalagayan, ay hindi makapapasok sa kaharian ng Diyos. Datapuwa't pagka dumating na si Jesus, ay bibigyan niya ng kawalang kamatayan ang Kanyang bayan; at kung magkagayo'y tatawagin Niya sila upang manahin ang kaharian na hanggang sa mga panahong ito ay hindi pa nila namamana.

Ang hula na tila napakalinaw na naghahayag ng *panahon* ng ikalawang pagparito ni Kristo ay ang nasa Daniel 8:14: "Hanggang sa dalawang libo at tatlong daan na hapon at umaga; kung magkagayo'y malilinis ang santuaryo." Sa pagsunod ni Miller sa kanyang patakaran na gawin ang Kasulatan na tagapagpaliwanag ng
[286] Kasulatan, natutuhan niya na ang isang araw sa hulang sumasagisag ay kumakatawan sa isang taon;[9] nakita niyang ang panahong 2300 araw na hula o 2300 taon, ay lalampas sa wakas ng kapanahunan ng mga Hudyo sa makatuwid ay hindi tumutukoy sa santuaryo ng kapanahunang iyon. Tinanggap ni Miller ang karaniwang paniniwala ng karamihan, na sa kapanahunang Kristiyano, ang lupa ay siyang santuaryo; kaya't ang pagkaalam niya sa paglilinis ng santuaryo na hinulaan sa Daniel 8:14 ay nangangahulugan ng paglilinis ng lupang ito sa pamamagitan ng apoy sa ikalawang pagparito ni Kristo.

[6]Mateo 25:31-34.
[8]1 Corinto 15:50.
[9]Mga Bilang 14:34; Ezekiel 4:6.

Dahil dito'y kung matatagpuan lamang ang hustong panahon na ipagpapasimula ng 2300 araw ay sinabi niyang madaling matitiyak kung kailan paririto si Kristo sa ikalawa. Sa ganya'y mahahayag ang panahon ng dakilang wakas, panahon na ang kasalukuyang kalagayan ng mga bagay-bagay pati "ng lahat ng kapalaluan at kapangyarihan, karangyaan at kalayawan, katampalasanan at paniniil, ay darating sa wakas," na kung magkagayo'y ang sama'y maaalis sa lupa, ang kamatayan ay lilipulin, ang kagantihan ay ibibigay sa mga lingkod ng Diyos, sa mga propeta at sa mga banal, at sa lahat na natatakot sa Kanyang pangalan, at ipapahamak niya ang lahat ng nagpahamak sa lupa."[10]

Taglay ang bago at taos na kasipagan ay itinuloy ni Miller ang pagsisiyasat ng mga hula, magdamagan, maghapunan ang ginugol noon na sa ganang kanya ay napakamahalaga at lubhang kailangan. Sa ikawalong pangkat ni Daniel ay wala siyang makita-kitang maaaring magsabi ng pasimula ng 2300 araw; ang anghel Gabriel bagaman inutusang ipaliwanag kay Daniel ang pangitain, ay bahagi lamang ang ipinaliwanag. Nang ilahad sa harap ng propeta ang kakila-kilabot na pag-uusig na daranasin ng iglesya ay nawalan siya ng lakas. Hindi na siya makapagbata, at sandaling iniwan siya ng anghel. Si Daniel ay "nanglupaypay at nagkasakit ng ilang araw." [287]
"At ako'y natigilan sa pangitain," ang wika niya "nguni't walang magpaaninaw."[11]

Gayunman, ay pinagbilinan ng Diyos ang Kanyang sugo: "Ipaaninaw mo sa taong ito ang pangitain."[12] Ang biling yaong ay nararapat tupdin. At dahil sa pagsunod dito, pagkatapos ng ilang panahon, ang anghel ay bumalik kay Daniel, na nagsabi: "Ako'y lumabas ngayon upang ipaaninaw ko sa iyo," "kaya't gunitain mo ang bagay at unawain mo ang pangitain."[13]

Sa pangitaing nasa ikawalong pangka't ay may isang mahalagang bahagi na iniwang hindi ipinaliwanag, yaong tungkol sa panahon—panahon ng 2300 araw; kaya nga't nang ipagpatuloy ng anghel ang kanyang paliwanag, ay tungkol sa panahon lamang ang kanyang sinabi:

[10] S. Bliss, *Memoirs of William Miller*, p. 76.
[11] Daniel 8:27.
[12] Daniel 8:16.
[13] Daniel 9:22, 23.

"Pitumpung sanlinggo ang ipinasiya sa iyong mga tao at sa iyong banal na bayan. . . . Iyo ngang talas-tasin at bulayin, na mula sa paglabas ng utos na isauli at itayo ang Jerusalem sa Pinahiran na prinsipe, magiging pitong sanlinggo at animnapu't dalawang sanlinggo: ito'y matatayo uli, na may lansangan, at kuta, samakatuwid baga'y sa mga panahong mabagabag. At pagkatapos ng animnapu't dalawang sanlinggo, mahihiwalay ang Pinahiran, at mawawalan ng anuman. . . . At pagtitibayin Niya ang tipan sa marami sa isang sanlinggo; at sa kalahati ng sanlinggo ay Kanyang ipatitigil ang hain at ang alay."[14]

Ang anghel ay sinugo kay Daniel upang sa kanya'y ipaliwanag ang bahagi ng pangitain na hindi niya naunawa sa ikawalong pangkat, yaong pahayag na tumutukoy sa panahon—"Hanggang sa dalawang libo at tatlong daan na hapon at umaga, kung magkagayo'y malilinis ang santuaryo." Pagkatapos na masabi ng anghel
[288] kay Daniel na "gunitain mo ang bagay, at unawain mo ang pangitain," ay ganito ang mga una niyang pangungusap: "Pitumpung sanlinggo ang ipinasiya sa iyong mga tao, at sa iyong banal na bayan."

Ang tunay na kahulugan ng salitang dito'y isinalin na "ipinasiya" ay "pinutol." Ang pitumpung sanlinggo, o 490 taon ay sinabi ng anghel na pinutol, bilang tanging sa mga Hudyo lamang. Datapuwa't saan pinutol ang panahong iyon? Sapagka't ang 2300 araw ay siya lamang panahong binabanggit sa ikawalong pangka't, walang pagsalang ito nga ang panahon na pinagputulan ng pitumpung sanlinggo; samakatuwid ang pitumpung sanlinggo ay dapat na maging bahagi ng 2300 araw, at ang dalawang kapanahunang ito ay nararapat na magpasimulang sabay. Ipinahayag ng anghel na ang pitumpung sanlinggo ay magpapasimula sa paglabas ng utos na isauli at itayo ang Jerusalem. Kung masusumpungan ang taon na inilabas ng utos na ito, ay matitiyak ang panahong ipinagpasimula ng mahabang panahon na 2300 araw.

Ang utos ay matatagpuan sa ikapitong pangkat ng Ezra.[15] Ang bagong kayarian ng utos na ito ay pinalabas ni Artaherhes na hari sa Persia, noong 457 B. K. Datapuwa't sa Ezra 6:14 ang bahay

[14]Daniel 9:24-27.

[15]Ezra 7:12-26.

ng Panginoon sa Jerusalem ay sinabing naitayo "ayon sa utos ni Ciro, at ni Dario at ni Artaherhes na hari sa Persia." Sa pagpapasimula, pagpapatibay na muli, at pagtatapos, ng tatlong haring ito sa pasiya, ay binuo nila ang utos alinsunod sa kahilingan ng hula, upang magtakda ng pasimula ng 2300 taon. Kung ang 457 B.K. panahon na ikinatapos ng pasiya, ay gagawin nating pasimula ng utos, ang bawa't katangian ng hula hinggil sa pitumpung sanlinggo ay makikita nating tupad na tupad.

"Mula sa paglabas ng utos na isauli at itayo ang Jerusalem hanggang sa pinahiran na Prinsipe ay magiging pitong sanlinggo, at animnapu't dalawang sanling- go" — samakatuwid ay animnapu't [289] siyam na sanlinggo, o 483 taon. Ang pasiya ni Artaherhes ay nagkabisa nang magtatapos ang taong 457 B. K. Mula sa taong ito, kung bibilang tayo ng 483 taon, ay aabot tayo sa panahong taglagas ng 27 P.K.[16] Nang panahong iyon ay natupad ang hula. Nang panahong taglagas ng taong 27 P.K. bininyagan ni Juan si Kristo at pinahiran siya ng Banal na Espiritu. Ang kahulugan ng salitang "Pinahiran na Prinsipe" ay "Mesias." Pinatutunayan ni apostol Pedro na si "Jesus na taga Nazaret . . . ay pinahiran ng Diyos ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan."[17] At ang Tagapagligtas na rin ang nagsabi "Sumasa Akin ang Espiritu ng Panginoon, sapagka't Ako'y pinahiran Niya upang ipangaral ang mabuting balita sa mga dukha."[18] Pagkatapos na Siya'y mabinyagan ay naparoon Siya sa Galilea, "na ipinangangaral ang ebanghelyo ng kaharian ng Diyos at nagsasabi, Naganap na *ang Panahon*."[19]

"Pagtitibayin Niya ang tipan sa marami sa sanlinggo." Ang "sanlinggong" ito ay siyang kahuli-hulihan sa pitumpung sanlinggo; at ito ang huling pitong taon ng panahong itinaan sa mga Hudyo. Sa panahong ito, mula sa 27 P. K. hanggang sa 34 P. K. Si Kristo na rin, at pagkatapos ay ang Kanyang mga alagad, ang naglaganap ng paanyaya ng ebanghelyo sa mga Hudyo lamang. Sa paghayo ng mga alagad na taglay ang mabuting balita ng kaharian, ang bilin sa kanila ng Tagapagligtas ay "huwag kayong magsitungo sa alin mang daan ng mga Hentil at huwag kayong magsipasok sa alin mang bayan ng

[16]Tingnan ang balangkas sa p. . .
[17]Mga Gawa 10:38.
[18]Lucas 4:18.
[19]Marcos 1:14, 15.

mga taga Samaria; kundi bagkus magsiparoon kayo sa mga tupang nangawaglit sa bahay ni Israel."[20]

"Sa kalahati ng sanlinggo ay ipatitigil Niya ang hain at ang alay." Nang 31 P. K. tatlong taon at kalahati pagkatapos na Siya'y mabinyagan, Siya'y ipinako sa krus. Kasama ng dakilang hain
[290] na inialay sa Kalbaryo, ay nawa- kasan iyong kaayusan ng mga paghahandog na sa apat na raang taon ay tumukoy sa Kordero ng Diyos. Nagkatagpo ang anino at ang inaninuhan, at lahat ng hain at alay ng seremonya ay nawakasan doon.

Nakita na natin na ang pitumpung sanlinggo, o 490 taon, na tanging itinaan sa mga Hudyo, ay nawakasan noong 34 P. K.[21] Nang panahong yaon sa pamamagitan ng pasiya ng Sanhedrin ng mga Hudyo ay tinatakan ng bansang Hudyo ang kanyang pagtanggi sa ebanghelyo sa pamamagitan ng pagpatay kay Esteban at sa pag-uusig sa mga sumusunod kay Kristo. Nang magkagayo'y ang balita ng kaligtasan ay hindi lamang sa bayang hinirang ipinangaral kundi sa buong sanlibutan din naman. Ang mga alagad, na dahil sa pag-uusig ay napilitang tumakas sa Jerusalem, ay "nagsipaglakbay, na ipinangangaral ang Salita." "Bumaba si Felipe sa bayan ng Samarya, at ipinangaral sa kanila si Kristo." Si Pedro, na inakay ng Banal na Espiritu, ay nagbukas ng ebanghelyo sa punong kawal ng Cesarea, kay Cornelio na matatakutin sa Diyos; at ang masipag na si Pablo, nang manampalataya kay Kristo ay pinagbilinan na dalhin niya ang mabubuting balita sa "malayo sa mga Hentil."[22]

Hanggang diyan ay maliwanag na natupad ang bawa't katangian ng hula, at ang pasimula ng pitumpung sanlinggo ay nailagay sa 457 B. K. na walang pag-aalinlangan at ang wakas nito ay sa 34 P. K. Mula sa mga katunayang ito ay wala nang liwag pang matatagpuan natin ang wakas ng 2300 araw. Pagkaalis ng pitumpung sanlinggo — 490 araw—sa 2300 araw, ay malalabi ang 1810 araw. Pagkatapos ng 490 araw ay may 1810 pa na kailangang matupad. Mula sa 34 P. K. ay bumilang tayo ng 1810 taon at aabot tayo sa 1844. Ang katapusan, kung gayon, ng 2300 araw sa Daniel 8:14 ay noong 1844. Alinsunod
[291] sa patotoo ng anghel ng Diyos sa katapusan ng mahabang panahong

[20] Mateo 10:5, 6.

[21] *Paliwonag*: Ang P. K. ay nangangahulugan nang "Pagkatapos na magkatawang tao si Kristo." Ang B. K. av nangangahulugan nang "Bago magkatawang tao si Kristo."

[22] Mga Gawa 8:4, 5; 22.21.

ito ng hula, ay "malilinis ang santuaryo." Malinaw kung gayon na tniutukoy nito ang paglilinis sa santuaryo—na pinaniniwalaan ng kalahatan na mangyayari sa ikalawang pagparito ni Kristo.

Nang pasimula si Miller at ang kanyang mga kasama ay may paniniwala na ang 2300 araw ay magtatapos sa *tagsibol* ng taong 1844, samantalang ang tinutukoy ng hula ay ang *taglagas* ng taon ding iyon. Ang di-pagkaunawa sa puntong ito ay siyang nagdala ng kabiguan at kagulumihanan sa mga nagtaning ng lalong maagang panahong idarating ng Panginoon. Datapuwa't ni kaunti ma'y di nito napapanghina ang lakas ng pangangatuwirang nagpapakilala na ang 2300 araw ay natapos nang 1844, at ang dakilang pangyayaring kinakatawanan ng paglilinis ng santuaryo ay dapat ngang mangyari noon.

Sa pagpapatuloy ng pag-aaral ni Miller sa Banal na Kasulatan gaya na nga ng ginawa niya, upang patunayan na ang mga ito ay isang pahayag na galing sa Diyos, wala siya ni bahagya mang pag-aakala, sa pasimula, na aabot siya sa ganitong kapasiyahan. Ni siya man ay hindi nakatatalos ng ibinunga ng kanyang pagsisiyasat. Datapuwa't napakalinaw at napakaganap ang patotoo ng Kasulatan na hindi mangyayaring tanggihan.

At ngayon, muling gumiit sa kanya na katungkulan niyang ipaalam sa mga iba ang pinaniniwalaan niyang napakalinaw na itinuturo ng mga Banal na Kasulatan. "Nang ako'y nasa aking gawain," ang sabi niya, "ay laging tumataginting sa aking mga pakinig ang ganitong pangungusap: 'Yumaon ka at sabihin mo sa sanlibutan ang kanilang kapanganiban.' Ang talatang ito ay lagi't laging sumasagi sa aking pag-iisip: 'Pagka aking sinasabi sa masama, Oh masamang tao, ikaw ay walang pagsalang mamamatay, at ikaw ay hindi nagsasalita upang magbigay alam sa masama ng kanyang lakad; ang masamang yaon ay mamamatay sa kanyang kasamaan, nguni't ang kanyang dugo ay sisiyasatin Ko sa iyong kamay. Gayon [292]
ma'y kung iyong pagbibigyang alam ang masama ng kanyang lakad upang humiwalay, at hindi niya hiniwalayan ang kanyang lakad; mamamatay siya sa kanyang kasamaan, nguni't iniligtas mo ang iyong kaluluwa.'[23] Nadama ko na kung mapagsasabihan lamang ang

[23]Ezekiel 33:8, 9.

masasama, ay marami sa kanila ang magsisipagsisi; at kung hindi ko sila pagsabihan ay sisiyasatin sa aking kamay ang kanilang dugo."[24]

Pinasimulan na ni Miller ang personal na pagpapakilala ng kanyang mga paniniwala kailan ma't magkakaroon siya ng pagkakataon, at kanyang idinalangin na madama nawa ng ilang ministro ang katotohanan ng mga paniniwalang ito at italaga ang kanilang sarili sa pagpapalaganap nito. Datapuwa't hindi niya mapawi sa kanyang alaala na siya'y may tungkuling ito'y ilaganap. Laging paulit-ulit sa kanyang pag-iisip ang mga pangungusap na ito: "Yumaon ka at sabihin mo ito sa sanlibutan; ang kanilang dugo ay sisiyasatin ko sa iyong kamay." Siyam na taon siyang nagwalang bahala, datapuwa't patuloy na gumigiit sa kanyang puso ang kanyang tungkulin hanggang sa nang 1831 ay sinimulan niyang ihayag ang mga katuwiran tungkol sa kanyang pananampalataya.

Kung paanong si Eliseo ay tinawag mula sa pag-aararo upang tanggapin ang balabal ng pagtatalaga sa tungkuling panghuhula, gayon din si Guillermo Miller ay tinawagan na iwan ang kanyang araro, at ilahad sa mga tao ang mga hiwaga ng kaharian ng Diyos. Nanginginig siyang nagpasimula sa kanyang gawain, na unti-unti niyang inaakay ang nagsisipakinig sa kanya sa mga panahong tinutukoy ng hula hanggang sa muling pagpapakita ni Kristo. Sa bawa't pagsisikap, ay nagtamo siya ng lakas at sigla sa kanyang pagkakita
[293] ng malaking pananabik ng mga tao.

Dahil lamang sa pamanhik ng mga kapatid ni Miller na sa kanilang pangungusap ay narinig niya ang tawag ng Diyos, kaya siya sumang-ayon na ipahayag sa madla ang kanyang mga paniniwala. Siya ngayo'y limangpung taon nang gulang, walang kasanayan sa pananalumpati, at nag-aalaala na hindi siya angkop sa gawaing nasa kanyang harapan. Datapuwa't buhat pa sa pasimula ay pinagpala na ang kanyang gawain sa isang kataka-takang kaparaanan sa pagliligtas ng mga tao. Ang una niyang pagsasalita ay sinundan ng pagpapanibagong sigla sa relihiyon, na siyang ikinahikayat ng labintatlong mag-anakan, maliban sa dalawang tao. Inanyayahan siya kapagkaraka na magsalita sa mga ibang dako, at sa halos lahat ay nagbunga ang kanyang gawain ng pagbabagong sigla para sa gawain ng Diyos. Ang mga makasalanan ay napanumbalik sa Diyos,

[24]S. Bliss, *Memoirs of William Miller*, p. 92.

ang mga Kristiyano ay lalong mataos na nagtalaga ng kanilang sarili sa Panginoon, at ang mga ateo at infiel ay nangaakay na kumilala sa katotohanan ng Banal na Kasulatan at ng relihiyong Kristiyano. Ang patotoo ng mga pinangaralan niya ay ito: "Isang uri ng mga tao ang naabot niya na wala sa impluensya ng mga iba."[25] Ang kanyang mga pangangaral ay ipinalagay ng marami na kumilos sa mga tao tungkol sa mga bagay na ukol sa relihiyon at pumigil ng lumalaganap na pagkamakasanlibutan at kahalayan ng panahong yaon na naglipana.

Halos sa bawa't bayan ay may puu-puo at mga iba naman ay daandaan, na nangapanumbalik sa Diyos, bilang bunga ng kanyang pangangaral. Sa maraming dako ay bukas sa kanya ang halos lahat ng iglesya ng mga Protestante at dumarating sa kanya ang mga paanyaya ng mga ministro ng iba't ibang kapulungan. Ang kanyang patakaran ay huwag gumawa sa alin mang dako kailan man at hindi siya inaanyayahan doon, gayon ma'y natagpuan niyang hindi niya magampanan ang kalahati man lamang ng mga paanyayang dumarat- [294]
ing sa kanya.

Ang marami na hindi umayon sa kanyang paniniwala tungkol sa tiyak na panahon na idarating ni Kristo ay nanganiwala naman sa katotohanan at kalapitan ng pagdating ni Kristo, at nakilala nilang kailangang sila'y maghanda. Sa ilang malalaking lunsod ay nakakilos ng malaki sa puso ng mga tao ang kanyang pangangaral. Iniwan ng mga mag-aalak ang pagtitinda ng alak, at ginawang mga pulungan ang kanilang mga tindahan; ang mga sugalan ay iniwan; ang mga impiyel deista, universalista, at pati ng mga kasama-samaang tao, ay napapagbago, na ang ilan sa mga ito ay matagal nang hindi nakakapasok ng simbahan. Nagdaos ng mga pulong panalangin ang maraming denominasyon sa iba't ibang dako, sa halos bawa't oras, at ang mga mangangalakal ay nagtitipon sa tanghali upang manalangin at magpuri sa Diyos. Hindi nagkaroon ng malabis na pagkaligalig, kundi sa isip ng karamihan ay naghari ang banal na kuru-kuro. Ang gawain ni Miller, gaya ng mga unang Repormador, ay nagawi sa paghikayat sa paniniwala at paggising sa budhi ng mga tao at hindi lamang isang pagkilos sa kanilang damdamin.

Noong 1833, dalawang taon pagkatapos ng unang pagpapakilala ni Miller sa madla ng mga katunayan ng pagparito ni Kristo ay

[25] S. Bliss, *Memoirs of William Miller*, p. 138.

nakita ang huli sa tatlong tanda na ipinangako ng Tagapagligtas na magiging tanda ng kanyang ikalawang pagparito. “Mangalalaglag ang mga bituin mula sa langit.”[26] At nang makita ni Juan sa pangitain ang mga panooring magbabalita ng kaarawan ng Diyos, ay ganito ang kanyang ipinahayag sa Apokalipsis: “Ang mga bituin sa langit ay nangahulog sa lupa gaya ng puno ng igos na isinasambulat ang kanyang mga bungang bubot pagka hinahampas ng malakas na hangin.”[27]

Ang hulang ito ay nagkaroon ng maliwanag na katuparan nang
[295] malaglag ang maraming bituin noong Nob- yembre 13, 1833. Yaon ang pinakamalaganap at lalong kagila-gilalas na malasin ng pagkakalaglag ng mga bituin na natatala sa dahon ng kasaysayan; “ang buong kalawakan ng buong Estados Unidos, ay mga ilang oras ding nagliliwanag! Wala pang kahanga-hangang bagay sa langit na nangyari sa bayang ito, mula nang magkatao, na tiningnan ng mga iba na taglay ang malaking pagkamangha, at ng iba naman, ng malaking pangingilabot.” “Ang kadakilaan at kagalang-galang na kagandahan nito ay nababakas pa hangga ngayon sa pag-iisip ng marami. . . Kailan man ay wala pang ulang lumagpak ng kasingsinsin ng paglagpak ng mga bituing yaon sa silangan, sa kalunuran, sa hilagaan, at sa timugan, ay gayon din. Sa madaling sabi, ang buong sangkalangitan ay tila gumagalaw. . . . Ang pagpapakitang ito ayon sa paglalarawan ng pahayagan ni Propesor Silliman, ay nakita sa buong Hilagang Amerika. . . . Mula sa ikalawa ng madaling araw hanggang sa mataas na ang araw, samantalang ang langit ay maliwanag at walang kaulap-ulap, ay patuloy ang walang patid na pagkakalaglag ng nakasisilaw na mga liwanag sa buong langit.”[28]

“Walang pangungusap na magagamit upang isaysay ang karilagan ng panooring yaon; . . . sinumang hindi nakamalas nito ay hindi makabubuo ng ganap na larawan ng kanyang karilagan. Wari mandi’y natipon sa isang pook sa taluk’tok ng langit ang mga bituin, at mula roo’y nangahuhulog sa lupa na kasimbilis ng kidlat, na napatutungo sa lahat ng dako; datapuwa’t hindi maubos—libulibo ang

[26]Mateo 24:29.

[27]Apocalipsis 6:13.

[28]R. M. Devens, *American Progress; or, The Great Events of the Greatest Century*, kab. 28, par. 1-5.

sumusunod sa libu-libo na mandi'y itinaang talaga sa pangyayaring ito."[29] "Wala nang makikita pang nakakahambing ng isang tunay na larawan ng puno ng igos na nananambulat ang kanyang bunga kapag hinahampas ng malakas na hangin."[30] [296]

Sa ganya'y nahayag ang huli sa mga tandang iyon ng pagdating ni Jesus na hinggil dito ay ganito ang sinabi niya sa Kanyang mga alagad: "Pagka nakita ninyo ang lahat ng bagay na ito, ay *talastasin* ninyo na siya'y malapit na, nasa mga pintuan nga."[31] Pagkaraan ng mga tandang ito, ang sumunod na dakilang pangyayaring nakita ni Juan, ay nahawi ang langit na tulad sa isang lulong aklat samantalang ang lupa nama'y umuga, ang mga bundok at ang mga pulo ay nangaalis sa kanilang kinalalagyan, at sa takot ng mga masama ay tumakas sila sa harap ng Anak ng tao.[32]

Marami sa nakakita ng pagkalaglag ng mga bituin ay nagpalagay na ito'y isang tagapagbalita ng dumarating na paghuhukom—"isang kakila-kilabot na anino, isang tunay na nangunguna, isang tanda ng kaawaan, niyaong dakila at kakila-kilabot na kaarawan."[30] Sa ganitong kaparaanan, ang isipan ng mga tao ay nangabaling sa katuparan ng hula, at marami ang nangaakay na makinig sa babala ng ikalawang pagdating ng Panginoon.

Ang mga lalaking nag-aral at may matataas na tungkulin ay nakiisa kay Miller, sa pangangaral at sa pagpapalathala ng kanyang mga iniaaral, at buhat nang 1840 hanggang 1844 ay mabilis na sumulong ang gawain.

Hindi nakapagpatuloy si Guillermo Miller sa kanyang paggawa na walang mahigpit na pagsalungat ang kanyang mga kalaban. Gaya ng mga unang Repormador, ang mga katotohanang ipinakilala niya ay hindi tinanggap ng mga tanyag na tagapagturo ng relihiyon. Sapagka't hindi mapatotohanan nila ang kanilang katuwiran sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan, napilitan silang gumamit ng mga salawikain at aral ng mga tao, at ng mga sali't saling sabi

[29] F. Reed, sa *Christian Advocate and Journal*, Dis. 13, 1833.

[30] "The Old Countryman" sa *Evening Advertiser*, Portland, Maine, E. U. A., Nob. 26, 1833.

[31] Mateo 24:33.

[32] Apocalipsis 6:12-17.

[30] "The Old Countryman" sa *Evening Advertiser*, Portland, Maine, E. U. A., Nob. 26, 1833.

ng mga Padre. Datapuwa't ang salita ng Diyos ay siya lamang patotoong tinanggap ng mga nangangaral ng katotohanang nagsasaad
[297] ng tungkol sa ikalawang pagparito ni Kristo. "Ang Biblia at ang Biblia lamang," ang sila nilang bukang bibig. Ang kakulangan ng katuwiran nababatay sa Kasulatan ng kanilang mga katunggali, ay pinunan nila ng pagsiphayo at pagkutya. Panahon, salapi, at katalinuhan ay ginamit nila upang siraan ng puri yaong ang kasalanan ay walang iba kundi ang paghihintay na may katuwaan sa pagbalik ng kanilang Panginoon, at nangagsisikap na mamuhay ng mga banal na kabuhayan, at payuhan ang mga iba na humanda sa kanyang pagpapakita.

Ang pasimuno ng lahat ng kasamaan ay nagsikap, hindi lamang upang pigilin ang pagsulong ng pabalitang Adventismo kundi upang ipahamak din naman pati ang tagapagbalita. Ang katotohanan ng Banal na Kasulatan ay ginagamit ni Miller sa puso ng nagsisipakinig sa kanya na sinasaway ang kanilang mga kasalanan at ginagambala sila sa kanilang kasiyahan sa sarili, at ang kanyang malinaw at tahakang pangungusap ay nakauntag sa kanilang kapootan. Ang pagsalungat sa kanyang pabalita ng mga nasasapi sa iglesya ay nagpatapang sa masasamang tao upang magpatuloy sa masama nilang gawa; at sa isang pagkakataon, ay tinangka ng kanyang mga kaaway na kitlin ang kanyang buhay pag-alis niya sa pulong. Datapuwa't ang mga banal na anghel ay kalahok ng karamihan, at ang isa sa mga ito, sa anyong tao, ay humawak sa kamay ng lingkod na ito ng Panginoon, at inakay siyang ligtas mula sa nagagalit na karamihan. Hindi pa tapos ang kanyang gawain at si Satanas at ang kanyang mga kasamahan ay nangabigo sa kanilang balak.

Sa pana-panahon ang mga babalang ipinadadala ng Diyos sa sanlibutan sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod ay paraparang hindi pinaniwalaan at hindi sinampalatayanan. Nang sa kasamaan ng mga tao noong unang panahon ay napilitan ang Diyos na magpadala ng baha sa sangkalupaan, ipinakilala muna Niya sa kanila ang Kanyang adhika, upang magkaroon sila ng pagkakataon na tu-
[298] malikod sa kanilang masasamang gawa. Sa loob ng isang daan at dalawampung taon ay pinaalingawngaw sa kanilang pakinig ang pamanhik na sila'y magsisi, baka sila lipulin ng Diyos dahil sa Kanyang poot. Datapuwa't ipinalagay nilang biro ang pabalita, at hindi nila sinampalatayanan. Tumapang palibhasa sa kanilang

kasamaan, hinamak nila ang sugo ng Diyos, niwalang kabuluhan ang kanyang mga pamanhik, at pinaratangan pang mapangahas. Paano makapangangahas na tumindig ang isang tao laban sa lahat ng dakilang tao sa lupa? Kung ang pabalita ni Noe ay totoo, bakit hindi iyon nakita at sinampalatayanan ng buong sanlibutan? Kurukuro lamang ng isang tao laban sa karunungan ng libulibo! Ayaw nilang kilalaning tunay ang babala, ni ayaw rin naman nilang magkanlong sa loob ng daong.

Itinuturo ng mga manunuya ang kalikasan—ang pagsusunud-sunod ng walang pagbabagong panahon, ang bughaw na langit na hindi pa nagbubuhos ng ulan, ang mga sariwang damo na binabasa ng hamog ng gabi—at sila'y sumigaw: "Hindi ba siya'y mapagsalita ng mga talinghaga?" Sa kanilang poot ay sinabi nilang ang nangangaral ng katuwiran ay isang natatangay lamang ng walang kabuluhang kasigasigan; at sila'y nagpatuloy na lalong sabik sa paghanap ng kalayawan, lalong sinadya ang paggawa ng kasamaan kaysa nakaraan. Datapuwa't ang hindi nila pananampalataya ay hindi nakapigil sa hinulaang pangyayari. Matagal na nagtiis ang Diyos sa kanilang mga kasamaan, at binigyan Niya sila ng mabuting pagkakataon upang magsisi; datapuwa't sa panahong takda ay dumating ang Kanyang kahatulan sa mga tumanggi sa Kanyang kaawaan.

Ipinahahayag ni Kristo na magkakaroon ng ganyan ding hindi paniniwala sa Kanyang ikalawang pagparito. Kung paanong "hindi naalaman" ng mga tao nang kaarawar ni Noe "hanggang sa dumating ang paggunaw, at sila'y tinangay na lahat ng baha; gayon din naman," ayon sa pangungusap ng ating Tagapagligtas, "ang pagparito ng [299]
anak ng tao."[33] Pagka ang mga nagpapanggap na tao ng Diyos ay nakikisama sa sanlibutan, nakikitulad sa kanilang pamumuhay, at nakikisalamuha sa kanila sa ipinagbabawal na kalayawan; pagka ang kinaluho ng sanlibutan ay naging kinaluho ng iglesya, pagka ang mga batingaw ng kasalan ay tumutunog at ang lahat ay umaasa sa maraming taon ng kasaganaan ng sanlibutan—kung magkagayo'y gaya ng kidlat na biglang gumuguhit sa mga langit, darating ang wakas ng kanilang maniningning na pangarap at magdarayang pag-asa.

[33] Mateo 24:39.

Kung paanong isinugo ng Diyos ang Kanyang lingkod upang babalaan ang sanlibutan sa dumarating na baha, gayon ding isinugo Niya ang mga piling tagapagbalita upang ipaalam ang kalapitan ng huling paghuhukom. At kung paanong nilibak ng mga tao noon ang hula ni Noe na tagapangaral ng katuwiran, gayon din noong kaarawan ni Miller, marami sa nangagpanggap na mga tao ng Diyos ang kumutya sa babala.

At bakit nga ang doktrina at pangangaral ng tungkol sa ikalawang pagparito ni Kristo ay hindi tinanggap ng mga iglesya? Bagaman sa makasalanan ay nagdadala ng hirap at kamatayan ang pagdating ng Panginoon, sa mga matuwid ay puspos ito ng ligaya at pag-asa. Ang dakilang katotohanang ito ay siyang naging kaaliwran ng mga tapat na anak ng Diyossa buong kapanahunan; bakit nga, gaya ng Maygawa, ito ay naging "isang batong katitisuran," at "batong pangbuwal" sa nangagpapanggap na Kanyang mga tao?

Ang ating Panginoon din ang nangako sa Kanyang mga alagad: "At kung Ako'y makaparoon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan ay muling paririto Ako, at kayo'y tatanggapin Ko sa Aking sarili."[34] Ang mahabagin din nating Tagapagligtas, sa pagkaalam na mama-
[300] manglaw at malulungkot ang Kanyang mga alagad, ay nagsugo ng mga anghel upang aliwin sila na may dalang pangako na siya'y muling paririto, na may katawan, gaya ng pag-akyat Niya sa langit.

Samantalang nangakatayo ang mga alagad na nakatitig ang kanilang paningin sa lumayo nilang minamahal, ang kanilang pansin ay natawagan ng mga pangungusap na ito: "Kayong mga lalaking taga-Galilea, bakit kayo nangakatayong tumitingin sa langit? itong si Jesus na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay pariritong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon Niya sa langit."[35] Ang kanilang pag-asa ay pinapanariwa ng pangungusap ng anghel. Ang mga alagad ay "nagsibalik sa Jerusalem, na may malaking galak at palaging sila'y nasa templo, na nagpupuri sa Diyos."[36] Hindi sila nangagalak sapagka't nahiwalay sa kanila si Jesus, at naiwan sila upang makipagpunyagi sa mga pagsubok at mga tukso ng sanlibutan, kundi dahil sa pangako ng anghel na siya'y muling paririto.

[34] Juan 14:3.
[35] Mga Gawa 1:11.
[36] Lucas 24:52, 53.

Ang pangangaral ngayon ng pagdating ni Kristo ay dapat maging mabuting balita ng malaking kagalakan gaya noong ipinahayag ng mga anghel sa mga pastor ng Betlehem. Ang mga tunay na umiibig sa Tagapagligtas ay tatanggap na may katuwaan sa pahayag na nasasalig sa salita ng Diyos na Siya na kinaroroonan ng lahat nilang pag-asa, ay muling darating, hindi upang hamakin, siphayuin, at uyamin, gaya noong siya'y unang pumarito, kundi upang tubusin, sa kapangyarihan at kaluwalhatian, ang Kanyang bayan. Yaon lamang hindi umiibig sa Tagapagligtas ang magnanasang huwag na Siyang dumating; at wala nang lilinaw pang patotoo na talagang ang mga iglesya ay tumalikod nga sa Diyos, kaysa pagkayamot at pagkapoot nila sa tagapagbalitang sinugo ng Langit.

Taglay ang kasabikang di-masambitla, yaong nagsitanggap ng pabalita ay nagsipaghintay sa dumarating nilang Tagapagligtas. Ang panahong inaasahan nilang isasalu- bong sa Kanya ay malapit na. [301] Nilapitan nila ang oras na ito sa isang banal na katahimikan. Naka-sumpong sila ng kapahingahan sa matamis na pakikipag-usap sa Diyos, kapahingahang patinga ng kapayapaan na magiging kanila sa marilag na panahong kanilang hinaharap.

Sinumang nakaranas at nagtiwala sa pag-asang ito ay hindi makalilimot sa mahalagang sandaling iyon ng paghihintay. Mga ilang sanlinggo bago dumating ang panahon na inaasahan nilang darating siya, ang kalakal at hanapbuhay ay pinabayaan na. Ang mga tapat na nanampalataya ay maingat na nagsiyasat ng bawa't isipan at damdamin ng kanilang mga puso na wari bagang mamamatay na sila at ilang oras na lamang ay ipipikit na ang kanilang mga mata sa mga panoorin sa lupa. Walang ginawang mga "balabal ng pag-akyat sa langit;" Naramdaman ng lahat na kailangang magpatotoo ang kani-lang kalooban na sila nga'y handang sumalubong sa Tagapagligtas; ang mapuputi nilang damit ay kalinisan ng kaluluwa—mga likas na hinugasan sa kasalanan ng tumutubos na dugo ni Kristo.

Oh, kung naghahari sana hangga ngayon sa mga taong nagba-bansag na bayan ng Diyos ang gayon ding diwa ng pagsasaliksik ng puso, ang gayon ding mataimtim at napasiyahang pananampalataya! Kung nagpatuloy sila na nagpakumbaba sa harap ng Panginoon at nagharap ng kanilang mga pamanhik sa luklukan ng awa, disi'y magtatamo sila ng lalong mayamang karanasan kaysa tinatamo nila ngayon. Ngayo'y bihirang-bihira ang pananalangin, bahagyang-

bahagya ang tunay na pagkilala sa kasalanan, at dahil sa kawalan ng buhay na pananampalataya ay marami ang salat sa biyayang ipinamamamahaging masagana ng ating Manunubos.

Pinanukala ng Diyos na subukin ang Kanyang bayan. Tinakpan ng Kanyang kamay ang kamalian nila sa pagbilang ng mga panahon ng hula. Hindi napuna ng mga Adventista ang kamalian nila
[302] noon at hindi rin ito natuklasan ng pinakamarunong sa kanilang tagasalungat.

Lumampas ang panahon nilang inaantabayanan, at hindi dumating si Kristo upang iligtas ang Kanyang bayan. Yaong mga may tapat na pananampalataya at pagibig na naghintay sa kanilang Tagapagligtas, ay nakaranas ng mapait na pagkabigo. Gayon ma'y nangatupad ang mga panukala ng Diyos: Sinusubok Niya ang mga puso niyaong nagbabansag na naghihintay sa Kanyang pagpapakita. Marami sa kanila ang nangakilos dahil sa takot lamang. Ang pagpapanggap nila na nananampalataya ay hindi nagbago ng kanilang mga puso o ng kanilang mga kabuhayan. Nang hindi natupad ang inaasahan ng mga taong ito na pangyayari ay ipinahayag nilang hindi sila nabigo; hindi naman nila talagang pinaniwalaang si Kristo'y darating. Sila ang unang-unang nanuya sa pagkabigo ng mga tunay na nananampalataya.

Datapuwa't si Jesus at ang buong hukbo ng sangkalangitan ay tumingin na may pag-ibig at pagkahabag sa mga sinubok at mga
[303] tapat gayunma'y nangabigo.

## *Kabanata 20*—Tinanggihan ang babala

Sa pangangaral ng doktrina ng ikalawang pagdating, si Guillermo Miller at ang kanyang mga kasamahan ay nagsigawa na ang kanilang adhikain lamang ay gisingin ang mga tao upang humanda sa paghuhukom. Pinagsikapan nilang imulat ang mga nagpapanggap ng relihiyon sa tunay na pag-asa ng iglesya, at sa kanilang pangangailangan ng isang lalong malalim na karanasang Kristiyano; at gumawa din naman sila upang gisingin ang mga di pa nagsisipagbalik-loob sa tungkulin nilang pagsisising walang pagpapaliban at sa pagbabalik sa Diyos. "Hindi nila sinikap na hikayatin ang mga tao sa isang sekta o pangkatin ng relihiyon. Dahil dito'y nagsigawa sila sa lahat ng mga pangkat at mga sekta, na walang pakikialam sa kanilang organisasyon o disiplina."

"Sa lahat kong mga paggawa," ang wika ni Miller, "kailan ma'y hindi ako nagkaroon ng pagnanais o isipan na magtayo ng anumang interes na hiwalay sa mga naitatag nang denominasyon, o makatulong sa isa sa kalugihan naman ng iba. Inisip ko ang makatulong sa lahat. Halimbawang ang lahat ng mga Kristiyano'y magkaroon ng kagalakan sa inaasahang pagdating ni Kristo, at yaong mga dinakakakita gaya ng aking pagkakita, ay di naman magkukulang ng pag-ibig sa mga magsisitanggap ng aral na ito, hindi ko nga ipinalalagay na kakailanganin pa ang pagkakaroon ng hiwalay na mga pagpupulong. Ang buo kong layunin ay ang isang hangaring hikayatin ang mga kaluluwa sa Diyos, ipabatid sa sanlibutan ang darating na paghuhukom, at akitin ang aking mga kapuwa sa [304]
paghahanda ng puso na siyang magpapaari sa kanila upang mapayapang makasalubong sila sa kanilang Diyos. Ang karamihan sa mga [305]
nahikayat sa pamamagitan ng aking paggawa ay nangagsianib sa iba't ibang nakatatag nang mga iglesya."[1]

Sapagka't ang kanyang paggawa'y nakapagpapalakas sa mga iglesya, ito nang una'y kinatigan nilang may pagsang-ayon. Datapuwa't sa pagpapasiya ng mga ministro at ng mga pangulo ng

[1] S. Bliss, *Memoirs of Wm. Miller, p. 328.*

relihiyon na tutulan ang aral ukol sa ikalawang pagdating, at sa pagnanais nilang patahimikin ang lahat ng usapan tungkol sa paksang ito, hindi lamang nila tinutulan ang pangangaral nito buhat sa pulpito, kundi inalis din naman nila ang karapatan ng mga kaanib na daluhan ang pagpupulong tungkol sa ikalawang pagparito, o kahit na ang pagpapahayag ng kanilang pag-asa sa mga pulong panglipunan ng iglesya. Sa gayo'y nasumpungan ng mga nananampalataya ang kanilang sarili sa isang kalagayang nasa mahigpit na pagsubok at kagulumihanan. Mahal sa kanila ang kani-kanilang mga iglesya, at di nila ibig ang humiwalay; nguni't sa pagkakita nilang ang patotoo ng Diyos ay di-bigyang laya, at di-ipagkaloob ang karapatan nilang magsiyasat ng mga hula, ang pagtatapat sa Diyos ayon sa kanilang damdamin ang siyang di-magpahintulot na sila'y magpahinuhod. Yaong mga nagnanais na tumanggi sa patotoo ng salita ng Diyos, ay di nila maaaring maipalagay na siyang bumubuo ng iglesya ni Kristo, na "haligi at suhay ng katotohanan." Sa gayo'y ipinalagay nga nilang matuwid ang sila'y humiwalay sa dati nilang kinauugnayan. Nang panahong tag-araw ng taong 1844 ay may limampung libo ang humiwalay sa mga iglesya nilang kinaaaniban.

Nang panahong ito ay nakita ang kapuna-punang pagbabago sa karamihan sa mga iglesya sa buong Estados Unidos. Maraming taon
[306] nang nagkakaroon ng unti- unti nguni't patuloy na pagsang-ayon sa mga gawain at ugali ng sanlibutan, at gayon din ng nakakatugong pagbaba ng tunay na kabuhayang ukol sa espiritu; nguni't nang taong yaon ay nagkaroon ng mga katunayan ng bigla at maliwanag na pagbaba sa halos lahat ng mga iglesya sa lupain. Bagaman waring walang makapagsabi ng kadahilanan, ang pangyayaring yao'y naging totoong kapansin-pansin at kapuna-puna sa pahatiran ng balita at sa pulpito.

Ganito ang patotoo ng isang manunulat sa *Religious Telescope*: "Kailan ma'y wala pa kaming nasaksihang pangkalahatang pagbaba ng relihiyon gaya ng nakikita sa kasalukuyan. Dapat ngang gumising ang iglesya, at siyasatin ang dahilan ng ganitong karamdaman; sapagka't dapat itong ipalagay na karamdaman ng bawa't isang umiibig sa Sion. Pagka ating naiisip kung gaano 'kaunti at napakadalang' ang mga tunay na pagkahikayat, at ang halos walang kaparang pagwawalang pitagan at katigasan ng mga makasalanan,

ay halos di-kinukusang sabihin natin, 'Nalimutan na kaya ng Diyos ang pagkamaawain? o, Nakapinid na kaya ang pinto ng awa?'"

Ang gayong kalagaya'y di-makikita kailan man sa iglesya na walang kadahilanan. Ang kadilimang ukol sa espiritu na lumulukob sa mga bansa, sa mga iglesya, at sa bawa't tao, ay hindi dahil sa sapilitang pag-aalis ng tulong ng banal na biyaya ng Diyos, kundi ito'y dahil sa pagpapabaya o pagtanggi ng mga tao sa banal na liwanag. Ang maliwanag na halimbawa ng katotohanang ito ay ipinakikilala sa kasaysayan ng bayang Hudyo noong panahon ni Kristo. Sa pamamagitan ng kanilang pagmamahal sa sanlibutan at paglimot sa Diyos at sa Kanyang salita, ay dumilim ang kanilang pang-unawa, ang kanilang mga puso ay naging makalupa at mahalay. Sa gayo'y di nila nalaman ang tungkol sa pagdating ng Mesias, at dahil sa kanilang kapalaluan at kawalan ng pananampalataya ay tinanggihan nila ang Manunubos. Noon ma'y hindi pa rin inalis ng [307]
Diyos ang bansang Hudyo mula sa kaalaman, o sa pakikibahagi, sa mga pagpapala ng kaligtasan. Datapuwa't yaong mga nagsitanggi sa katotohanan ay lubusang nawalan ng pagnanais ukol sa kaloob ng Langit. Inari nilang "dilim ang liwanag, at liwanag ang dilim," hanggang sa ang liwanag na nasa kanila ay naging kadiliman; at ano ngang laki ng kadilimang yaong!

Nasasang-ayon sa pamamalakad ni Satanas na manghawak ang tao sa anyo ng relihiyon, kung ito'y kulang sa espiritu ng kailangang kabanalan.

Ang pabalita ng unang anghel sa Apokalipsis 14, na nagpapahayag ng paghuhukom ng Diyos, at nananawagan sa tao upang matakot at sumamba sa Kanya, ay siyang pinanukalang maghiwalay sa mga nagpapanggap na bayan ng Diyos buhat sa nagpapasamang impluensya ng sanlibutan, at gumising sa kanila upang makita nila ang tunay nilang kalagayang makasanlibutan at pagtalikod. Sa pamamagitan ng pabalitang ito, ay nagpadala ang Diyos sa iglesya ng babalang, kung tinanggap, nakapagwasto sana sa mga kasamaang naghihiwalay sa kanila mula sa Kanya. Kung tinanggap sana nila ang pabalita buhat sa langit, na nagpapakumbaba ang kanilang mga puso sa harapan ng Panginoon, at mataimtim na pinagsisikapang humanda sa pagtayo sa Kanyang harapan, ang Espiritu at kapangyarihan ng Diyos ay nahayag sana sa kanila. Maaaring muling naabot sana ng iglesya ang pinagpalang kalagayan ng pagkakaisa,

ng pananampalataya, at pag-ibig, na nakita noong mga kaarawan ng mga apostol, nang ang mga nagsisisampalataya ay "nangagkakaisa ang puso at kaluluwa" at "kanilang sinalita na may katapangan ang salita ng Diyos," nang idagdag "sa kanila ng Panginoon araw-araw yaong nangaliligtas."[2]

[308] Gayon ang pinagpalang mga bungang dinanas ni- yaong mga tumanggap sa pabalita ng ikalawang pagdating. Sila'y galing sa iba't ibang mga denominasyon, at iwinasak nila ang mga hadlang ng kanilang pagkakaibaiba; ang nagkakasalungat na mga aral nila ay nangadurog hanggang sa naging maliliit na atomo; ang di-nababatay sa Kasulatang paniniwala sa sanlibong taon ng kaginhawahan dito sa lupa ay binayaan na nila, iniwasto nila ang mga di-tamang paniniwala tungkol sa ikalawang pagdating, ang kapalaluan at pagsang-ayon sa sanlibutan ay inalis na lahat; ang mga kamalian ay ltinuwid; nagkaisa ang mga puso sa matamis na pagsasamahan, at ang pag-ibig at kagalakan ang siyang nangibabaw. Kung ito ang nagawa ng doktrina sa ilang nagsitanggap nito, ito rin sana ang nagawa nito sa lahat, kung ang lahat ay nagsitanggap.

Datapuwa't, sa isang pangkalahatang pagsasabi, ang mga iglesya ay hindi tumanggap sa babalang ito. Ang kanilang mga ministro, bilang mga "bantay sa sambahayan ni Israel," na siya sanang unang nakaunawa ng mga tanda ng pagparito ni Jesus, ay siyang di-nakaalam ng katotohanan mula sa patotoo ng mga propeta o buhat sa mga tanda ng mga panahon.

Sa kanilang pagtanggi sa babala ng unang anghel, ay tinanggihan nila ang bagay na itinaan ng langit ukol sa kanilang pagkasauli. Tinanggihan nila ang maawaing sugo na siya sanang nagwasto sa mga kasamaang naghiwalay sa kanila sa Diyos, at may higit na kasabikan nilang pinagbalikan ang pakikipag-ibigan sa sanlibutan. Narito ang kadahilanan ng nakatatakot na kalagayang iyon ng pagkamakasanlibutan, pagtalikod, at kamatayang espiritual na nakita sa mga iglesya noong taong 1844.

Sa Apokalipsis 14, ang unang anghel ay sinusundan ng ikalawa, na nagsasabi, "Naguho, naguho ang dakilang Babilonya, na siyang nagpainom sa lahat na bansa ng alak ng kagalitan ng kanyang pakiki-

[2]Mga Gawa 4:32, 31; 2:47.

apid."[3] Ang sa- litang "Babilonya" ay buhat sa salitang "Babel," na ang ibig sabihin ay kagusutan. Ito'y ginagamit sa Kasulatan upang kumatawan sa iba't ibang anyo ng di-tunay at tumalikod na iglesya. [309]

Ang pabalita ng ikalawang anghel ng Apokalipsis 14 ay unang ipinangaral noong panahong tag-araw ng taong 1844, at noo'y nagkaroon ito ng lalong tuwirang kaangkupan sa mga iglesya ng Estados Unidos, na roo'y pinakamalawak ang pagkapagpahayag ng babala ng paghuhukom, at doon din naman pinakatanggihan ito sa isang pangkalahatang pagsasabi, at doon din naging pinakamabilis ang pagbaba ng mga iglesya. Nguni't ang pabalita ng ikalawang anghel ay di-lubos na nagkaroon ng katuparan noong 1844. Ang mga iglesya noon ay dumanas ng pagbagsak na moral, bilang bunga ng kanilang pagtanggi sa liwanag ng pabalita ng ikalawang pagdating; nguni't hindi nalubos ang pagbagsak na iyon. Sa patuloy na pagtanggi nila sa tanging mga katotohanang ukol sa panahong ito ay patuloy din naman ang kanilang pagkabagsak. Gayon ma'y hindi pa masasabi na "Naguho ang dakilang Babilonya, na siyang nagpainom sa *lahat na bansa* ng alak ng kagalitan ng kanyang pakikiapid." Hindi ang lahat ng bansa ay napagawa na niya ng bagay na ito. Ang espiritu ng pakikisang-ayon sa sanlibutan at pgwawalang bahala sa sumusubok na mga katotohanan ukol sa ating kapanahunan, ay umiiral at nakapananaig sa mga iglesya ng pananampalatayang Protestante sa lahat ng lupain ng Sangkakristiyanuhan; at ang mga iglesyang ito ay sinasaklaw sa solemne at kakila-kilabot na paghatol ng ikalawang anghel. Nguni't ang gawang pagtalikod ay di pa umaabot sa katapusan nito.

Sinasabi ng Biblia na bago dumating ang Panginoon, si Satanas ay gagawa na "may *buong* kapangyarihan at mga tanda at mga kahanga-hangang kasinungalingan, at may buong daya ng kalikuan;" at silang di-tumanggap ng "pag-ibig sa katotohanan, upang sila'y mangaligtas," ay pababayaan sa "paggawa ng kamalian, upang [310]
magsipaniwala sila sa kasinungalingan."[4] Hindi malulubos ang pagkaguho ng Babilonya hanggang hindi naaabot ang kalagayang ito, at ang pakikipag-isa ng iglesya sa sanlibutan ay lubusang maganap sa buong Sangkakristiyanuhan. Ang pagbabago ay hakbang-hakbang,

[3] Apocalipsis 14:8.

[4] 2 Tesalonika 2:9-11.

at ang lubos na katuparan ng Apokalipsis 14:8 ay nariyan pa sa hinaharap.

Sa kabila ng kadilimarg espiritual at pakikipagkasira sa Diyos na umiiral sa mga iglesyang bumubuo ng Babilonya, ang malaking bahagi ng tunay na mga alagad ni Kristo ay masusumpungan pa rin sa kanilang kapulungan. Marami sa mga ito ang kailan ma'y di pa nakakikita ng tanging mga katotohanan ukol sa panahong ito. Hindi iilan ang di-nasisiyahan sa kalagayan nila sa kasalukuyan, at kinasasabikan nila ang lalong malinaw na kaliwanagan. Walang kabuluhan silang naghahanap ng wangis ni Kristo sa mga iglesyang kinauugnayan nila ngayon. Sa paglayo nang paglayo ng mga iglesyang ito buhat sa katotohanan, at sa lalong pakikipanig nila sa sanlibutan, ay lalo namang lalaki ang pagkakaiba sa dalawang uring ito ng nananampalataya, at ito'y magwawakas sa paghihiwalay. Darating ang parahon na yaong mga nagsisiibig sa Diyos ng lalo sa lahat ay hindi na makapananatili pang kaugnay ng "mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos; na inay anyo ng kabanalan, datapuwa't tinanggihan ang kapangyarihan nito."

Ang Apokalipsis 18 ay tumutukoy sa panahong, dahil sa pagtanggi sa tatlong babala ng Apokalipsis 14:6-12, ay lubusan nang maaabot ng iglesya ang kalagayang paunang sinabi ng ikalawang anghel, at ang bayan ng Diyos na nasa Babilonya pa rin ay tatawagin upang humiwalay sa kanyang kapulungan. Ang pabalitang
[311] ito ang siyang kahuli-hulihang ibibigay sa sanlibutan; at gaganapin nito ang kanyang gawain. Pagka yaong mga "hindi nagsisampalataya sa katotohanan, kundi nangalugod sa kalikuan,"[5] ay naiwan sa paggawa ng kamalian at sa paniniwala sa kasinungalingan, kung magkagayo'y ang liwanag ng katotohanan ay sisikat doon sa ang mga puso'y bukas upang tanggapin ito, at ang lahat ng mga anak ng Panginoon na naroon pa sa Babilonya ay magsisipakinig sa panawa-
[312] gang "Mangagsilabas kayo sa kanya, bayan Ko."[6]

[313]

[5]Tesalonika 2:12.
[6]Apocalipsis 18:4.

## *Kabanata 21*—Ipinaliwanag ang hiwaga

Nang makaraan ang panahon ng una nilang paghihintay sa pagdating ng Panginoon— noong panahong tagsibol ng taong 1844—yaong mga may pananampalatayang nangaghihintay sa Kanyang pagpapakita ay may panahon ding nakasama sa pag-aalinlangan at sa dipagkakaroon ng kapanatagan. Bagaman ipinalalagay ng sanlibutang sila'y lubusang napagwagihan, at napatunayang nagtiwala sa isang karayaan, ang bukal ng kanilang kaaliwan ay naroon pa rin sa salita ng Diyos. Marami ang nagsipagpatuloy sa pagsasaliksik ng mga Kasulatan, na panibagong sinisiyasat ang mga katunayan ng kanilang pananampalataya, at maingat na pinag-aaralan ang mga hula upang magkaroon pa ng karagdagang liwanag. Ang patotoo ng Biblia na katibayan nila sa kanilang pananayuan ay waring maliwanag at tiyak. Ang mga tandang di-maaaring mapagkamalan ay tumutukoy sa malapit nang pagdating ni Kristo. Ang tanging pagpapala ng Panginoon, sa paghikayat sa mga makasalanan at muling pagpapasigla sa kabuhayang espiritual ng mga Kristiyano, ay nagpatotoo na ang pabalita ay buhat sa Langit. At bagaman dimaipaliwanag ng mga nananampalataya ang kanilang pagkabigo, ay nadama nila ang kasiguruhang ang Diyos ang umakay sa kanila sa lumipas nilang karanasan.

Kasama ng mga hulang ipinalagay nilang tungkol sa panahon ng ikalawang pagdating, ay tagubiling tanging naaangkop sa kalagayan nilang walang kapanatagan at aasa-asa, tagubiling nagpapatapang sa kanila upang matiyagang maghintay na may pananampalataya na [314]
ang madilim ngayon sa kanilang pang-unawa ay maliliwanagan sa tumpak na kapanahunan.

Ang isa sa mga hulang ito ay ang nasa Habakuk 2:1-4. Pagkaraan ng panahon ng pagkabigo, ang talatang ito'y waring nagkaroon ng totoong kahalagahan: "Ang pangitain ay sa panahong takda pa, at nagmamadali sa pagkatapos, at hindi magbubulaan: bagaman nagluluwat ay hintayin mo; sapagka't walang pagsalang darating,

hindi magtatagal. . . . Ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng kanyang *pananampalataya*."

Natuwa ang mga nagsisipaghintay, sa paniniwalang Siya na nakaaalam ng pasimula hanggang sa kawakasan ay tumunghay sa mga panahon, at sa pagkakita sa kanilang kabiguan, ay nagbigay sa kanila ng mga salita ng kalakasang-loob at pag-asa. Kung hindi nga sa bahaging yaon ng Kasulatan na nagbibigay payo sa kanila na maghintay na may pagtitiis, at panghawakan ang kanilang pagtitiwala sa salita ng Diyos, ay maaaring nanghina sana ang kanilang pananampalataya sa panahong iyon ng pagsubok.

Ang talinghaga ng sampung dalaga sa Mateo 25 ay naghahalimbawa rin ng karanasan ng bayang Adventista.[1] Ang kanilang karanasan sa talinghagang ito ay inihahalimbawa sa pamamagitan ng isang kasalan sa Silangan. "Kung magkagayon ay makakatulad ang kaharian ng langit ng sampung dalaga, na kinuha ang kanilang mga ilawan, at nagsilabas upang salubungin ang kasintahang lalaki. At ang lima sa kanila'y mga mangmang, at ang lima'y matatalino. Sapagka't nang dalhin ng mga mangmang ang kanilang mga ilawan, ay hindi sila nangagdala ng langis: datapuwa't ang matatalino ay nangagdala ng langis sa kanilang sisidlan na kasama ng kanilang mga ilawan. Samantalang nagtatagal nga ang kasintahang lalaki, ay nangag-antok silang lahat at nangakatulog. Datapuwa't pagkahating-
[315] gabi ay may sumi- gaw, Narito ang kasintahang lalaki! Magsilabas kayo upang salubungin siya."

Ang pagdating ni Kristo, gaya ng ipinahayag ng pabalita ng unang sugong anghel, ay naunawang kinakatawanan ng pagdating ng kasintahang lalaki. Ang laganap na pagbabago sa ilalim ng pagpapahayag ng malapit na pagdating Niya, ay siyang tumugon sa paglabas ng mga dalaga. Ang pagtatagal ng kasintahang lalaki ay kumakatawan sa paglampas ng panahong inaasahang idarating ng Panginoon, sa pagkabigo, at sa waring pagkabalam. Sa panahong itong walang kapanatagan, ang interes ng mga paimbabaw at di-buong pusong nananampalataya ay nagpasimulang maging mabuway, at huminto ang kanilang mga pagsisikap; nguni't yaong ang pananampalataya'y nasasalig sa personal na kaalaman ng Bib-

[1] Mateo 25:5-7.

lia, ay may batong tuntungan sa ilalim ng kanilang mga paa, na di-maaaring maianod ng mga alon ng kabiguan.

"Samantalang nagtatagal nga ang kasintahang lalaki, ay nangagantok silang lahat at nangatulog. Datapuwa't pagkahating-gabi ay may sumigaw, Narito ang kasintahang lalaki! Magsilabas kayo upang salubungin siya. Nang magkagayo'y nagsipagbangong lahat ang mga dalagang yaon, at pinag-igi ang kanilang mga ilawan."[1] Nang panahong tag-araw ng taong 1844, sa kalahatian ng panahong unang ipinalagay nilang katapusan ng 2300 araw, at nang panahong taglagas ng taon ding yaon, panahong natuklasan nilang inaabot ng bilang na ito, ang pabalita'y ipinahayag sa mga pangungusap na rin ng Kasulatan, "Narito ang kasintahang lalaki!"

Ang nag-akay sa kilusang ito ay ang pagkatuklas na ang pasiya ni Artaherhes na nag-uutos na gawin muli ang Jerusalem, ang pasiyang pasimula ng panahong 2300 araw, ay nagkaroon ng bisa noong panahong taglagas ng taong B. K. 457, at hindi noong magpasimula ang taon, gaya ng una nilang ipinalagay. Kung ang pagbi- lang ay [316]
pasisimulan sa panahong taglagas ng taong 457, ang 2300 taon ay magwawakas sa panahong taglagas ng taong 1844.

Ang mga pangangatuwirang hinango mula sa mga sagisag ng Matandang Tipan ay pawang tumutukoy rin sa panahong taglagas na panahong dapat ikatupad ng sinasabing "paglilinis ng santuaryo." Ang mga sagisag na may kaugnayan sa ikalawang pagdating ay dapat matupad sa panahong tinutukoy ng umaaninong gawain. Sa ilalim ng kaayusan ng gawain ni Moises, ang paglilinis ng santuaryo, o ang dakilang araw ng pagtubos, ay ginaganap sa ikasampung araw ng ikapitong buwan[2] ng mga Hudyo, na sa araw na ito'y lumalabas ang dakilang saserdote at pinagpapala ang bayan, pagkatapos na maganap ang pagtubos sa buong Israel at sa gayo'y maalis ang kanilang mga kasalanan mula sa santuaryo. Kaya't sa paniwala nila'y si Kristo, na ating Dakilang Saserdote, ay magpapakita upang linisin ang lupa sa pamamagitan ng pagpuksa sa kasalanan at sa mga makasalanan at upang pagkalooban Niya ng anyong walang-kamatayan ang bayan Niyang naghihintay. Ang ikasampung araw ng ikapitong buwan, ang dakilang araw ng pagtubos, ang araw ng

[1] Mateo 25:5-7.

[2] Levitico 16:29-34.

paglilinis ng santuaryo, araw ng taong 1884 na tumama sa Oktubre 22, ay ipinalagay na siyang araw na idarating ng Panginoon. Ito'y sang-ayon sa mga katibayan ipinakilala na, na ang 2300 araw ay magwawakas sa panahong taglagas, at ang huling diwang ito'y waring dimapaglalabanan.

Sa talinghaga ng Mateo 25 ang panahon ng paghihintay at pagtulog ay sinundan ng pagdating ng kasintahang lalaki. Ito'y kasang-ayon sa mga katuwirang ipinakilala na, sa hula man at sa mga sagisag. Ang katotohanan nito'y nagtaglay ng malaking paghikayat; at ang "sigaw sa hating-gabi" ay ibinansag ng libu-libong mga
[317] nananampalataya.

Kagaya ng baha, ang kilusang ito ay lumaganap sa boong lupain. Mula sa isang lunsod hanggang sa isa, mula sa isang nayon hanggang sa isa, at hanggang sa kalayulayuang pook ay umabot ito, hanggang sa napukaw ang naghihintay na mga tao ng Diyos. Sa harap ng pahayag na ito, ay naparam ang pagkapanatiko, gaya ng pagkaparam ng naging yelong hamog sa harap ng sumilang na araw. Nawala sa nangananampalataya ang pag-aalinlangan at kagulumihanan at ang kanilang mga puso ay binuhay ng pag-asa at kasiglahan.

Sa gawain nila ay di nagkaroon ng mga pagmamalabis na palaging nahayag kapag ang kasiglahan ng mga tao ay hindi pinangangasiwaan ng kapangyarihan ng salita at Espiritu ng Diyos. Yao'y kauri noong mga panahon ng pagpapakumbaba ng puso at panunumbalik sa Panginoon, na sa mga angkan ni Israel noong una, ay isinasagawa pagkatapos na sila'y hatdan ng lingkod ng Panginoon ng balita ng pagsaway. Taglay noon ang isang likas na nagiging katangian ng gawain ng Diyos sa lahat ng kapanahunan. Babahagya ang simbuyo ng malaking katuwaan, nguni't nagkaroon ng mataos na pagsasaliksik ng puso, pagpapahayag ng kasalanan, at pagtalikod sa sanlibutan. Ang mahanda upang sumalubong sa Panginoon ay siyang nilunggati ng kanilang nahahapis na espiritu. Nagkaroon ng matiyagang panalangin at lubos na pagtatalaga sa Diyos.

Sa lahat ng malalaking kilusang ukol sa relihiyon sapol pa noong panahon ng mga apostol ay wala ni isa mang lalong naging malinis mula sa kapintasan ng pagkatao at sa mga lalang ni Satanas kay sa kilusan noong panahong taglagas ng 1844. Sa panawagang "Narito ang Kasintahang lalaki! magsilabas kayo upang salubungin Siya," ang mga naghihintay ay "nagsipagbangong lahat . . . at pinag-igi

ang kanilang mga ilawan;" pinag-aralan nila ang salita ng Diyos na taglay ang masidhing pagsisikap at kasabikan na di nila naranasan nang una. [318]

Noong panahong iyon ay may pananampalataya na nagdala ng mga sagot sa mga panalangin—pananampalataya na tumitingin sa gantimpalang kabayaran. Katulad ng ambon sa uhaw na lupa, ang Espiritu ng biyaya ay bumabaw sa mga mataos na nagsisihanap. Yaong mga umasa na hindi na magluluwat at mukhaan nilang makakaharap ang kanilang Manunubos, ay nakadama ng banal na katuwaang hindi mabigkas. Ang nagpapalambot at nagpapasukong kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay tumanaw sa kanilang mga puso, samantala nama'y ibinubuhos Niya sa mga tapat at nanampalataya ang Kanyang mayayamang pagpapala.

Yaong mga nagsitanggap ng pabalita ay maingat at magalang na sumapit sa panahong inaasahan nilang masasalubong nila ang kanilang Panginoon. Tuwing umaga, ay naramdaman nila na kailangang matiyak nila na sila'y tinatanggap ng Diyos. Sa ganang kanila, ang pagkatiyak na sila'y tinanggap na ng Diyos ay lalong kailangan kaysa pagkain; at kapag pinakukulimlim ng isang ulap ang kanilang mga pag-iisip, hindi sila nagtitigil hanggang sa yao'y maparam. Sa kanilang pagkadama sa patotoo ng biyayang mapagpatawad, ay ikinasabik nilang mamalas si Kristong minamahal ng kanilang kaluluwa.

Datapuwa't sila'y talagang mabibigo. Dumaan ang panahon nilang hinihintay, nguni't ang tagapagligtas ay hindi napakita. Tagrlay ang hindi nagmamaliw na pagtitiwala, ay umasa sila sa Kanyang pagdating at ngayo'y nadama nila ang damdaming suma kav Maria, noong siya'y lumapit sa libinp-an ng Tagapagligtas at masumpungang yao'y walang laman, siya'y tumatangis na nagsabi: "Kinuha nila ang aking Panginoon, at hindi ko maalaman kung saan nila inilagay Siya."[3]

Isang pagkasindak, katakutan na baka nga totoo ang pabalita, ang siyang nakapigil ng mga ilang panahon sa sanlibutang hindi nanampalataya. Nang du- maan ang panahong hinihintay, ang pagkatakot [319]
na ito ay hindi agad lumipas sa kanila; hindi pa muna nila tinuya ang nangabigo; datapuwa't palibhasa'y walang dumarating na mga

[3] Juan 20:13.

tanda ng kagalitan ng Diyos, napawi ang kanilang mga takot, at sila'y nang-uyam at nanglibak.

Marami sa nangagbansag na nanampalataya sa madaling pagdating ng Panginoon ang nagtakwil ng kanilang pananampalataya. Nasugatan ng malubha ang mga damdamin ng ilan sa mga lubos na nanampalataya at tapat ang mga loob, anupa't minabuti pa nila ang sila'y wala na sa sanlibutan. Katulad ni Jonas, idinaing nila ang Diyos, at inibig pa nila ang mamatay kaysa mabuhay. Ang mga nagsalig ng kanilang pananampalataya sa mga palagay ng mga iba, at hindi sa salita ng Diyos, ay handa na ngayong magbago ng kanilang mga paniniwala.

Naakit ng mga manglilibak sa kanilang panig yaong mga mahihina at mga duwag, at lahat ng ito ay nagkaisa sa pagsasabi na wala na ngayong ikatatakot o aantabayanan pa. Nakaraan na ang panahon, ang Panginon ay hindi dumating, at ang sanlibutan ay mangyayaring manatiling gaya ng dati sa ilan pang libong taon.

Iniwan ng mga mataimtim at tapat na nanampalataya ang lahat alang-alang kay Kristo, at nakabahagi ng Kanyang pakikiharap na higit kaysa noong una. Alinsunod sa kanilang pananampalataya ay ibinigay nila sa sanlibutan ang kahuli-hulihang babala; at sa pag-asa nilang sandali na lamang at tatanggapin na sila sa lipunan ng kanilang banal na Panginoon at mga anghel sa langit ay nilisan nila ang pakikisama sa mga hindi tumanggap ng pabalita. Taglay ang mataos na pagnanasa ay dumalangin sila: "Pumarito Ka. Panginoong Jesus at Pumarito Kang madali." Nguni't hindi Siya dumating. At ang pagpasang muli ng mabigat na dalahin ng mga pag-aalaala sa buhay at ang mga kagulumihanan, at ang bathin ang mga pagtuya at biro
[320] ng sanlibutang lumilibak, ay isang kakila-kilabot na pagsubok sa kanilang pananampalataya at pagtitiis.

Ang karanasan ng mga alagad na nagsipangaral ng "ebanghelyo ng kaharian" noong unang pagparito ni Kristo, ay nagkaroon ng katugon sa karanasan niyaong mga nagsipangaral ng pabalita ng ikalawa Niyang pagdating. Kung paanong ang mga alagad ay nagsihayong nangangaral, "Naganap na ang panahon, at malapit na ang kaharian ng Diyos," gayon ding si Miller at ang kanyang mga kasama ay nagsipangaral na ang pinakamahaba at huli sa lahat na panahon ng hula na ipinahahayag ng Biblia ay malapit nang matapos, na ang paghuhukom ay dumating na, at ang walang-hanggang

kaharian ay dumarating. Ang pangangaral ng mga alagad tungkol sa panahon ay ibinatay sa pitumpong sanlinggo ng Daniel 9. Ang pabalitang ibinigay ni Miller at ng kanyang mga kasama ay siyang nagpahayag ng katapusan ng 2300 araw ng Daniel 8:14, na ang pitumpong sanlinggo ay bahagi nito. Ang pangangaral ng bawa't isa ay nasasalig sa magkaibang bahagi ng dakilang panahon ng hula ding ito.

Gayunma'y ang kabiguan ng 1844 ay hindi kasimpait ng naranasan ng mga alagad noong unang pumarito si Kristo. Sa may pagwawaging pagpasok ni Jesus sa Jerusaiem, inakala ng Kanyang mga alagad na uupo na Siya sa luklukan ni David, at ililigtas Niya ang Israel sa mga maniniil. Taglay ang mga dakilang pag-asa at masayang paghihintay ay nag-unahan silang gumalang sa kanilang Hari. Marami ang naglatag ng kanilang kasuutan bilang alpombra sa Kanyang daraanan, o naglatag kaya ng mga madahong sanga ng palma. Sa malaki nilang katuwaan, nagsama-sama sila sa masayang pagpupuri. "Hosana sa Anak ni David!" Nang ang mga pariseo, na nagulo at nagalit sa ginawang pagkakatuwang ito ay naghangad na sansalain ni Jesus ang kanyang mga alagad, tumugon Siya: "Kung hindi mangagsiimik ang mga ito, ang mga bato'y sisigaw."[4] Ang hula ay dapat matupad. Tumupad ang mga alagad sa adhika ng [321]
Diyos; datapuwa't walang pagsalang darating sa kanila ang isang mapait na pagkabigo. Subali't lumipas muna ang ilang araw bago nila nasaksihan ang kaawaawang pagkamatay ng Tagapagligtas, at inilibing nila siya. Ang mga paghihintay nila ay hindi natupad ni bahagya man, at ang kanilang mga pag-asa ay namatay na kasama ni Jesus. Hanggang sa di lumabas sa libingan ang kanilang Panginoon na nagtatagumpay ay hindi nila nakitang ipinagpauna nga ng hula ang lahat ng iyon na "kinakailangang si Kristo ay maghirap, at muling mabuhay sa mga patay."[5]

Limang daang taon pa bago ito nangyari ay ipinahayag na ng Panginoon sa pamamagitan ni propeta Zakarias: "Magalak kang mainam, oh, anak na babae ng Sion; humiyaw ka, oh anak na babae ng Jerusalem; narito, ang iyong Hari ay naparirito sa iyo: Siya'y ganap at may pagliligtas; mapagpakumbababa, at nakasakay sa isang

[4]Lukas 19:40.

[5]Mga Gawa 17:3.

asno, sa isang batang asno na anak ng asnong babae."[6] Kung nabatid lamang ng mga alagad na si Kristo'y tutungo sa hukuman at sa kamatayan, hindi sana naaring tinupad nila ang hulang ito.

Ganyan ding paraan ang pagtupad ni Miller at ng mga kasama niya sa hula, at ipinangaral nila sa sanlibutan ang isang pabalitang ipinagpauna ng Banal na Espiritu na dapat ibigay sa sanlibutan; pabalita na hindi sana nila naibigay kung lubos nilang naunawaan ang mga hulang tumutukoy sa kanilang pagkabigo at naghaharap ng ibang pabalitang ipangangaral sa lahat ng bansa bago dumating ang Panginoon. Ang pabalita ng una at ikalawang anghel ay natupad sa hustong panahon, at natapos ng mga ito ang gawaing itinalaga ng Diyos na kanilang tapusin.

[322] Nagmamasid noon ang sanlibutan, at umasa na, kung lumampas ang panahon at hindi pa dumating si Kristo, ang buong kaayusan ng Adventismo ay mapabayaan. Datapuwa't bagaman marami, sa ilalim ng mahigpit na tukso, ang nagbitiw ng kanilang pananampalataya, may ilan namang tumayong matatag. Ang mga bunga ng Kilusang Adventismo, ang diwa ng pagpapakababa at pagsasaliksik ng puso, ng pagtalikod sa sanlibutan at pagbabago ng kabuhayan, na siyang sumubaybay sa gawain, ay nagpatotoo na iyon nga'y sa Diyos. Hindi nila maitanggi na ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay sumaksi sa pangangaral ng pabalita tungkol sa ikalawang pagparito at wala silang makitang anumang pagkakamali sa kanilang pagbilang ng mga panahong itinuturo ng hula. Ang pinakamatalino sa kanilang mga katunggali ay hindi nagtagumpay sa pagbabagsak sa ayos ng kanilang paliwanag sa hula. Hindi sila makapayag, kung wala rin lamang patotoo ang Biblia, na iwan ang mga katayuang inabot na sa pamamagitan ng mataimtim, at puno ng panalanging pag-aaral ng mga nasulatan, ng mga isipang tinanglawan ng Espiritu ng Diyos at mga pusong pinapag-alab ng buhay na kapangyarihan nito; mga katayuang naging matatag sa harap ng pinakamahigpit na pagsuri at pinakamapait na pagsalansang ng mga tanyag na guro ng relihiyon at matatalinong tao sa sanlibutan, at tumayo ring matatag laban sa naglakip na mga kapangyarihan ng karunungan at tamis ng dila, at sa pagkutya at pag-uyam ng mararangal at mga imbi.

[6]Zakarias 9:9.

Tunay ngang nabigo sila sa hinihintay na pangyayari, datapuwa t ni ito man ay hindi nakaliglig ng kanilang pananalig sa salita ng Diyos. Nang ipahayag ni Jonas sa mga lansangan ng Ninibe na pagkatapos ng apatnapung araw ay iwawasak ang bayan, tinanggap ng Panginoon ang pagpapakumbaba ng mga taga-Ninibe, pinalugitan ang kanilang panahon ng biyaya; bagaman ang pabalita ni Jonas ay ipinadala ng Diyos at ang Ninibe ay sinubok alinsunod sa Kanyang kalooban. Ang mga Adven- tista ay nanganiwalang pinangunahan [323] din sila ng Diyos sa gayong paraan upang iaral ang babala tungkol sa paghuhukom.

Hindi itinakwil ng Diyos ang Kanyang bayan; ang Kanyang Espiritu ay naninirahan pa sa mga hindi biglang tumanggi sa liwanag na kanilang tinanggap, at hindi tumalikod sa Kilusang Adventismo. Sa Sulat sa mga Hebreo ay napapalaman ang mga pangungusap na pampasigla at babala sa mga sinubok na naghihintay ang sandaling yaon ng kagipitan: "Huwag nga ninyong itakwil ang inyong pagkakatiwala, na may dakilang gantimpala. Sapagka't kayo'y nangangailangan ng pagtitiis, upang kung inyong magawa ang kalooban ng Diyos, ay magsitanggap kayo ng pangako. Sapagka't sa madaling panahon, Siyang pumaparito ay darating, at hindi magluluwat. Nguni't ang Aking lingkod na matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya; at kung siya ay umurong, ay hindi kalulugdan ng Aking kaluluwa. Nguni't tayo'y hindi doon sa mga nagsisibalik sa kapahamakan, kundi doon sa mga may pananampalataya sa ikaliligtas ng kaluluwa."[7]

Na ang payong ito ay iniuukol sa iglesya sa mga huling araw, ay malinaw, mula sa pangungusap na tumutukoy sa kalapitan ng pagdating ng Panginoon: "Sapagka't sa madaling panahon, Siyang pumaparito ay darating at hindi magluluwat." At maliwanag na isinasaad na magkakaroon mandin ng pagluluwat at ang Panginoon ay tila magtatagal. Ang aral na rito'y itinuturo ay angkop sa karanasan ng mga Adventista sa panahong ito. Ang mga taong dito'y pinagsasabihan ay nasa panganib na masiraan ng pananampalataya. Ginanap nila ang kalooban ng Diyos sa kanilang pagsunod sa pangungulo ng Kanyang Espiritu at ng Kanyang salita; datapuwa't hindi nila maunawa ang Kanyang adhika sa nakaraan nilang karanasan, ni

[7] Hebreo 10:35-39.

hindi nila makita ang landasing nasa kanilang harapan, at natukso
[324] silang mag-alinlangan kung pinangu- ngunahan nga sila ng Diyos. Nang panahong yaon ay agpang ang mga pangungusap: "Ang aking lingkod na matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya." Sa pagtanglaw ng maliwanag na ilaw ng "sigaw sa hating-gabi" sa kanilang dinaraanan, at sa pagkakita nilang nangabuksan ang mga hula, at ang mabilis na natutupad na tandang nagsasaad na malapit na ang pagbalik ni Kristo, ay wari bagang nagsilakad sila sa tulong ng kanilang mga mata. Datapuwa't ngayong pinapanglupaypay sila ng nangabigong pag-asa, makatatayo sila sa pamamagitan lamang ng pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang salita.

Ang sanlibutang umuuyam ay nangagsabi: "Kayo'y nangadaya. Iwan na ninyo ang inyong pananampalataya, at sabihin ninyong ang Kilusang Adventismo ay kay Satanas." Datapuwa't ipinahayag ng salita ng Diyos: "Kung siya ay umurong ay hindi kalulugdan ng Aking kaluluwa." Ang pagbibitiw nila ngayon ng kanilang pananampalataya, at ang pagtanggi sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu na kumasi sa pabalita, ay pag-urong na tungo sa kapahamakan. Ang mga pangungusap ni Pablo ay siyang nagpasigla sa kanila na magtumibay, "huwag nga ninyong itakwil ang inyong pagkakatiwala;" "kayo'y nangangailangan ng pagtitiis" "sapagka't sa madaling panahon, Siyang pumaparito ay darating at hindi magluluwat." Ang kanila lamang kapanatagan ay ingatan ang liwanag na tinanggap na nila sa Diyos, manghawak sa Kanyang mga pangako, magpatuloy sa pagsisiyasat ng mga Banal na Kasulatan, at magtiis na maghintay
[325] at magpuyat upang tumanggap ng iba pang liwanag.

## *Kabanata 22*—Ang krus at ang anino nito

Ang talata na higit sa lahat ng iba ay naging patibayan at panggitnang haligi ng pananampalatayang Adventismo, ay ang pamamahayag: "Hanggang sa dalawang libo at tatlong daan na hapon at umaga, kung magkagayo'y malilinis ang santuaryo."[1] Ang mga pangungusap na ito ay totoong alam ng lahat ng nanganampalataya sa madaling pagdating ng Panginoon. Sa mga labi ng libu-libo ay namutawi ang hulang ito na pinakasalawikain ng kanilang pananampalataya. Naramdaman ng lahat na sa mga pangyayaring ipinagpauna roon nababatay ang kanilang pinakamaliwanag na pag-asa at pinakaiingatang pananalig. Ang mga araw na ito ng hula ay ipinakilalang matatapos sa panahong taglagas ng 1844. Katulad ng mga ibang tao sa Sangkakristiyanuhan, ang mga Adventista noon ay nanganiwala na ang lupa, o ang ibang bahagi nito, ay siyang santuaryo. Ang pagkaalam nila'y ang paglilinis ng santuaryo ay siyang paglilinis sa lupa sa pamamagitan ng mga apoy ng huling dakilang araw, at ito'y mangyayari sa ikalawang pagparito. Dahil dito'y sinabi nilang si Kristo'y babalik sa lupa noong 1844.

Datapuwa't dumaan ang panahong kanilang itinakda, at hindi dumating ang Panginoon. Alam ng mga nananampalataya na ang salita ng Diyos ay hindi magkakabula, ang paliwanag nila sa hula ang walang pagsalang nagkamali; nguni't saan naroon ang kamalian? Biglang pinutol ng marami ang buhol ng kahirapan sa pamamagitan ng pagtanggi na ang 2300 araw ay natapos noong 1844. Wala silang maikakatuwiran dito, kundi ang si Kristo'y hindi dumating [326]
sa panahong kanilang inasahan. Kanilang ipinangatuwiran na kung [327]
ang mga araw ng hula ay natapos noong 1844, ay dumating sana si Kristo upang linisin ang santuaryo sa pamamagitan ng apoy; at dahil sa di Siya dumating ang mga araw na yaon ay hindi natapos noon.

Ang pagtanggap sa hinuhang ito ay pagtanggi sa unang pagbilang sa mga panahon ng hula. Ang 2300 araw ay nakita nilang nagpasimula noong magkabisa ang utos ni Artaherhes na isauli at

[1] Daniel 8:14.

itayo ang Jerusalem ng magtatapos ang 457 B. K. Sa pagkuha dito bilang pasimula ay nagkaroon ng ganap na pagtutugma ang pag-aangkop ng lahat ng pangyayaring ipinagpauna sa pagpapaliwanag ng panahong yaon sa Daniel 9:25-27. Ang animnapu at siyam na sanlinggo, ang unang 483 taon ng 2300 taon, ay aabot sa Mesias, na Pinahiran; at ang pagbibinyag kay Kristo at ang pagpapahid ng Banal na Espiritu, noong 27 P. K. ay nangyari ayong-ayon sa salita ng hula. Sa kalagitnaan ng ikapitumpung sanlinggo, ang Mesias ay mahihiwalay. Tatlong taon at kalahati pagkatapos na mabinyagan si Kristo, Siya ay ipinako, noong panahong tagsibol ng 31 P. K. Ang pitumpung sanlinggo, o 490 taon, ay ukol sa mga Hudyo lamang. Sa wakas ng panahong ito, ay tinatakan ng kanilang bansa ang kanyang pagtatakwil kay Kristo nang kanilang usigin ang Kanyang mga alagad, at ang mga apostol ay yumaon sa mga hentil noong 34 P. K. Nang matapos ang unang 490 taon ng 2300 taon ay nalabi ang 1810 taon. Mula sa 34 P. K. ang 1810 taon ay aabot sa 1844. "Kung magkagayon," ang wika ng anghel, "malilinis ang santuaryo." Ang lahat ng unang ipinaliwanag ng hula ay natupad na walang pagkabula sa panahong takda.

Sa ganitong pagbilang, ang lahat ay maliwanag at magkakaayon, maliban nga lamang sa wala silang nakitang anumang pangyayaring
[328] tumutupad sa paglilinis ng santuaryo noong 1844.

Datapuwa't pinatnubayan ng Diyos ang Kanyang bayan sa malaking Kilusang Adventismo; ang Kanyang kapangyarihan at kaluwalhatian ay umakbay sa gawain, at hindi Niya pahihintulutang ito'y matapos sa kadiliman at pagkabigo, upang hamakin na tulad sa isang magdarayang pagkaligalig ng mga panatiko. Hindi Niya ibig na makaramay ang Kanyang salita sa pag-aalinlangan at walang katiyakan. Bagaman marami ang nagpabaya na sa kanilang unang pagbilang ng panahon ng hula, at tumanggi sa katiyakan ng kilusang nasasalig dito, ang mga iba naman ay ayaw bumitiw sa mga bahagi ng pananampalataya at karanasan na pinagtitibay ng Banal na Kasulatan at ng saksi ng Espiritu ng Diyos. Nanganiwala silang matuwid ang mga simulain ng pagpapaliwanag na kanilang ginamit sa pag-aaral ng mga hula, at tungkulin nila ang panghawakang matibay iyong mga katotohanang nakilala na nila, at magpatuloy sa gayon ding pagsasaliksik ng Banal na Kasulatan. Sa tulong ng mataos na pananalangin ay sinuri nilang muli ang kanilang katayuan,

at pinag-aralan nila ang mga Banal na Kasulatan upang kanilang makita ang kanilang pagkakamali. Nang wala silang makita sa kanilang pagbilang ng mga panahon ng hula, ay naakay silang lalong mahigpit na magsiyasat sa suliraning tungkol sa santuaryo.

Sa kanilang pagsisiyasat ay napag-alaman nilang hindi pinatutunayan ng Kasulatan ang paniniwala ng madla na ang lupa ay siyang santuaryo; datapuwa't natagpuan nila sa Biblia ang isang ganap na paliwanag tungkol sa suliranin ng santuaryo, ang uri, kinaroroonan, at mga gawain nito; ang patotoo ng mga banal na nagsisulat ng Kasulatan ay malinaw at sapat, na anupa't walang sukat ipag-alinlangan. Ito ang sabi ni apostol Pablo sa Sulat sa mga Hebreo: "Ngayon, ang unang tipan din ay nagkaroon ng mga palatuntunan ng pagsamba sa Diyos, at ng Kanyang santuaryo, ang santuaryo ng sanlibutang ito. Sapagka't inihanda ang isang tabernakulo, ang una, na kinaroroonan [329]
ng kandelero, at ng dulang, at ng mga tinapay na handog; na siyang tinatawag na Dakong Banal. At sa likod ng ikalawang tabing ay ang tabernakulo na tinatawag na Dakong Kabanal-banalan; na may isang gintong dambana ng kamanyang at kaban ng tipan, at ang paligid ay nakakalupkupan ng ginto, na siyang kinaroroonan ng sisidlang ginto na may lamang mana, at tungkod ni Aaron na namulaklak, at mga tapyas na bato ng tipan; at sa ibabaw nito, ay ang mga kerubin ng kaluwalhatian na nangagsisililim sa luklukan ngawa."[2]

Ang santuaryong dito'y binabanggit ni Pablo ay ang tabernakulong itinayo ni Moises sa utos ng Diyos, na pinakatirahang dako ng Kataas-taasan. "Kanilang igawa Ako ng isang santuaryo upang Ako'y makatahan sa gitna nila,"[3] ay siyang utos na ibinigay kay Moises samantalang siya'y kasama ng Diyos sa bundok. Ang mga Israelita noon ay naglalakbay sa ilang at ang tabernakulo ay niyari sa isang kaparaanan na mangyayaring mabuhat-buhat sa iba't ibang dako; gayon ma'y ito'y isang kayariang napakaganda. Ang mga dingding nito ay mga tablang naaayos na patayo na binalot ng makapal na ginto, at nakakama sa mga tuntungang pilak; samantalang ang bubong ay patung-patong na mga tabing o takip, ang labas ay balat ng hayop, at ang loob ay pinong lino na nabuburdahan ng maiinam na larawan ng kerubin. Bukod sa patyo, na kinaroroo-

[2] Hebreo 9:1-5.
[3] Exodo 25:8.

nan ng dambana ng handog na susunugin, ang tabernakulo ay may dalawang silid na tinatawag na banal at kabanal-banalang dako, na pinaghihiwalay ng isang matingkad ang kulay at magandang tabing, o lambong; mayroon din namang ganyang tabing sa pagpasok sa unang silid.

Sa dakong banal sa gawing timog ay naroon ang kandelero, na may pitong sanga na nagbibigay ng liwanag sa santuaryo sa araw at sa gabi; sa hilaga ay nakatayo ang dulang ng tinapay; sa harapan
[330] ng tabing na naghihiwa- lay sa banal at kabanal-banalang dako ay ang gintong dambana ng kamanyang na buhat dito'y umiilanglang araw-araw sa harapan ng Diyos ang mabangong usok na kasama ang panalangin ng Israel.

Sa kabanal-banalang dako ay nakatayo ang kaban, isang mahalagang sisidlang nababalot ng ginto, na kinatataguan ng dalawang tapyas na bato na sinulatan ng Diyos ng sampung utos. Sa ibabaw ng kaban, na siyang pinakatakip ng banal na sisidlan, ay ang luklukan ng awa, isang napakainam ang pagkakayari, na kinatatayuan ng dalawang kerubin na ang isa'y sa isang dulo at ang isa'y sa kabila naman at kapuwa lantay na ginto. Sa silid na ito ay nahahayag ang pakikiharap ng Diyos sa alapaap ng kaluwalhatian sa pagitan ng dalawang kerubin.

Nang manirahan na ang mga Hebreo sa Kanaan, ang tabernakulo ay pinalitan nila ng templo ni Salomon, na bagaman isang palagiang gusali at lalong malaki, ay gayon din ang tabas at may gayon ding mga kagamitan. Sa ganitong anyo ay namalagi ang santuaryo—maliban noong ito'y nawasak nang kapanahunan ni Daniel—hanggang sa ito ay iguho ng mga Romano noong 70 P. K.

Ito lamang ang santuaryong napatayo sa lupa na sinasabi sa atin ng Biblia. Ito'y sinasabi ni Pablo na santuaryo ng unang tipan. Datapuwa't wala bagang santuaryo ang Bagong tipan?

Sa pagtunghay ng mga humahanap ng katotohanan sa aklat ng mga Hebreo, nasumpungan nila na ang pagkakaroon ng pangalawa, o santuaryo ng bagong tipan, ay ipinahihiwatig ng mga salita ni Pablo na sinipi na: "Ngayon, ang unang tipan din ay nagkaroon ng mga palatuntunan ng pagsamba sa Diyos, at ng Kanyang santuaryo na ukol sa sanlibutang ito." Ang salitang "din" ay nagpapakilala na nabanggit na ni Pablo ang santuaryong ito. Sa pagbalik sa unang talata ng nakaraang pangkat, ay ganito ang mababasa: "Ang kin-

auuwian nga ng mga bagay na aming sinasabi ay ito: Mayroon tayong isang dakilang saserdote, na nakaupo sa kanan ng luklukan [331] ng Karangalan sa mga langit, ministro sa santuaryo, at sa tunay na tabernakulo, na itinayo ng Panginoon, hindi ng tao."[4]

Dito'y ipinakikilala ang santuaryo ng bagong tipan. Ang santuaryo ng unang tipan ay itinirik ng tao, itinayo ni Moises; ito'y itinayo ng Panginoon, hindi ng tao. Sa santuaryong yaon ay mga saserdoteng tao ang nangangasiwa; dito ay si Kristo, na ating dakilang saserdote, ang nangangasiwa sa kanan ng Diyos. Ang isang santuaryo ay nasa lupa, ang isa naman ay nasa langit.

Bukod dito'y ang tabernakulong itinayo ni Moises ay may pinagparisan. Tinuruan siya ng Panginoon na, "ayon sa lahat ng Aking ipinakita sa iyo, sa anyo ng tabernakulo, at sa anyo ng lahat ng kasangkapan niyaon, ay gayon ninyo gagawin." Muli pang ganito ang ipinagbilin, "ingatan mo, na iyong gawin ayon sa anyo ng mga yaon na ipinakita sa iyo sa bundok."[5] At sinasabi ni Pablo ang unang tabernakulo ay "isang talinghaga ng panahong kasalukuyan; ayon dito ay inihahandog ang mga kaloob at ang mga hain;" na ang mga banal na dako nito ay "mga anyo ng mga bagay sa kalangitan;" na ang mga saserdoteng nag-aalay ng mga kaloob ayon sa kautusan, ay naglingkod sa "anyo at anino ng mga bagay sa kalangitan," at "hindi pumasok si Kristo sa dakong banal na ginawa ng mga kamay, na kahalintulad lamang ng tunay; kundi sa talagang langit, upang humarap ngayon sa harapan ng Diyos dahil sa atin."[6]

Ang santuaryo sa langit, na pinangangasiwaan ni Kristo alang-alang sa atin, ay siyang dakilang huwaran, na pinagparisan ng santuaryong itinayo ni Moises.

Ang walang makatulad na kakinangan ng tabernakulo sa lupa ay nagpakita sa pag-iisip ng mga tao ng mga kaluwalhatian niyaong templo sa langit, pinangangasi- waan, alang-alang sa atin, ni Kristo [332] na ating Pangunahin sa harapan ng luklukan ng Diyos. Ang tirahang dako ng Hari ng mga hari, ay bahagya lamang nasisinag ang kalawakan at kaluwalhatian nito sa pinakamagandang gusali na itinayo ng mga kamay ng mga tao. Gayon may mahahalagang katotohanang ukol sa santuaryo sa langit at sa dakilang gawaing

[4] Hebreo 8:1, 2.

[5] Exodo 25:9, 40.

[6] Hebreo 9:9, 2:3; 8:5; 9:24.

ginaganap doon patungkol sa ikatutubos ng mga tao ang itinuro ng santuaryo sa lupa at ng mga paglilingkod doon.

Ang mga banal na dako ng santuaryo sa langit ay kinakatawanan ng dalawang silid ng santuaryo sa lupa. Nang ipakita kay apostol Juan sa pangitain ang templo ng Diyos, ay natanaw niya roon ang "pitong ilawang apoy na mga nagliliyab sa harapan ng luklukan."[7] Nakita niya ang isang anghel na "may hawak na isang gintong suuban ng kamanyang, at binigyan siya ng maraming kamanyang upang idagdag sa mga panalangin ng lahat ng banal sa ibabaw ng dambanang ginto, na nasa harapan ng luklukan."[8] Dito ay pinahintulutan ang propeta na makatingin sa unang silid ng santuaryo sa langit; at nakita niya roon ang "pitong ilawang apoy" at ang "dambana ng kamanyang sa santuaryo sa lupa. Muli: "at nabuksan ang templo ng Diyos,"[9] at tumingin siya sa loob, sa kabila ng tabing sa kabanal-banalang dako. Dito niya nakita ang "kaban ng Kanyang tipan," na kinakatawanan ng banal na kabang ginawa ni Moises upang paglagyan ng kautusan ng Diyos.

Sa gayo'y ang mga nag-aaral ng mga suliraning ito ay nakatagpo ng di matututulang katunayan na mayroon ngang santuaryo sa langit. Ginawa ni Moises ang santuaryo sa lupa ayon sa huwarang ipinakita sa kanya. Itinuturo ni Pablo na ang huwarang yaon na ipinakita ang siyang tunay na santuaryo na nasa langit. At pinatotohanan ni juan
[333] na iyo'y nakita niya sa langit.

Sa templo sa langit, na siyang tirahang dako ng Diyos, ang Kanyang luklukan ay natatag sa katuwiran at kahatulan. Sa kabanal-banalang dako ay nalalagay ang Kanyang kautusan, na siyang dakilang patakaran ng katuwiran na pagsusukatan sa buong sangkatauhan. Ang kaban na kinapapalooban ng mga tapyas ng kautusan ay nalulukuban ng luklukan ng awa, na sa harap nito'y inihahain ni Kristo ang Kanyang dugo patungkol sa makasalanan. Sa ganya'y ipinakikilala ang pagkakalakip ng katarungan at kaawaan sa panukala ng pagtubos sa mga tao. Ang pagkakalakip na ito ay walang-hanggang Karunungan lamang ang makababalangkas, at walang-hanggang kapangyarihan ang makatutupad; ito'y isang

[7]Apocalipsis 4:5.
[8]Apocalipsis 8:3.
[9]Apocalipsis 11:19.

paglalakip na pumuno sa buong sangkalangitan ng paghanga at pagsamba.

Ang mga kerubin ng santuaryo sa lupa, na magalang na tumutunghay sa luklukan ng awa, ay kumakatawan sa malaking pagibig ng sangkalangitan sa gawain ng pagtubos. Ito ang hiwaga ng kaawaan na ibig mamasdan ng mga anghel—na ang Diyos ay maaaring maging matuwid samantalang inaari Niyang ganap ang nagsisising makasalanan, at binago ang Kanyang pakikisama sa sangkatauhang nagkasala; na si Kristo ay makayuyuko upang hanguin ang hindi mabilang na karamihan sa pagkapahamak, at upang bihisan sila ng walang dungis na kasuutan ng Kanyang sariling katuwiran, upang makasama ng mga anghel na hindi nagkasala kailan man, at manahan sa harapan ng Diyos magpasa walang-hanggan.

Hanggang hindi natatapos ni Kristo ang Kanyang gawaing pagka tagapamagitan ay hindi ibibigay ng Diyos sa Kanya ang "luklukan ni David na Kanyang ama," isang kahariang "hindi magkakawakas."[10] Sa pagkasaserdote, si Kristo ay nakaupo ngayong kasama ng Kanyang Ama sa luklukan.[11] Sa luklukan na kasama noong Isang walanghanggan at walang pinagmulan, naroon si Kristo na nag- [334]
dala ng "ating mga kapanglawan," na "tinukso sa lahat ng paraang gaya rin naman natin, gayon ma'y walang kasalanan," upang "maabuluyan niya ang lahat ng mga tinutukso."[12] "Kung ang sinuma'y magkasala ay may pintakasi tayo sa Ama."[13] Ang nasugatang mga kamay, ang inulos na tagiliran, ang may pilat na mga paa, ay nangamamanhik alangalang sa nagkasalang sangkatauhan, na ang katubusan ay binili ng walang-hanggang halaga.

Ang tanong na: "Ano ang santuaryo?" ay buong linaw na sinasagot sa mga Banal na Kasulatan. Ang salitang "santuaryo" alinsunod sa pagkagamit ng Banal na Kasulatan, ay tumutukoy, una, sa tabernakulong itinayo ni Moises, na pinakalarawan ng mga bagay na nasa langit; at ikalawa, sa "tunay na tabernakulo" sa kalangitan na kinakatawanan ng santuaryo sa lupa. Nang mamatay si Kristo, nawakasan na ang paghahain at paghahandog sa santuaryo sa lupa.

[10] Lucas 1:32, 33.
[11] Apocalipsis 3:21.
[12] Isaias 53:4; Hebreo 4:15; 2:18.
[13] 1 Juan 2:1.

Ang “tunay na tabernakulo” sa langit ay siyang santuaryo ng bagong tipan. At yamang ang hula sa Daniel 8:14, ay natupad sa kapanahunang ito; ang santuaryong tinutukoy dito ay dapat na yaong santuaryo ng bagong tipan. Nang matapos ang 2300 araw, noong 1844 ay malaon nang walang santuaryo sa lupa. Samakatuwid ang hula, “Hanggang sa dalawang libo’t tatlong daang hapon at umaga; kung magkagayo’y malinis ang santuaryo,” ay di-mapag-aalinlanganang tumutukoy sa santuaryo sa langit.

Datapuwa’t natitira pa upang sagutin ang pinakamahalagang katanungan: “Ano ang paglilinis ng santuaryo?” Na talagang nagkaroon ng ganyang gawain sa santuaryo rito sa lupa, ay ipinahahayag ng mga Kasulatan ng Matandang Tipan. Datapuwa’t mayroon bagang anuman sa langit na lilinisin? Sa ikasiyam na kapitulo ng mga Hebreo ay buong linaw na itinuturo ang paglilinis ng santuaryo sa lupa at ng santuaryo sa langit. “Halos lahat ng mga bagay ay
[335] nililinis ng dugo, at maliban na sa pagkabuhos ng dugo ay walang kapatawaran. Kinakailangan nga na ang mga anyo ng mga bagay sa sangkalangitan ay linisin ng mga ito [ng dugo ng mga hayop]; nguni’t ang mga bagay ring ito sa sangkalangitan ay linisin ng lalong mabuting handog kaysa rito,”[14] samakatuwid baga’y ng mahalagang dugo ni Kristo.

Ang paglilinis sa sagisag at sa tunay na santuaryo ay dapat gawin sa pamamagitan ng dugo: ang una ay sa pamamagitan ng dugo ng mga hayop; ang ikalawa’y sa dugo ni Kristo. Sinasabi ni Pablo, na ang dahilan kung bakit dapat na ito’y gawin sa pamamagitan ng dugo, ay sapagka’t kung walang pagtitigis ng dugo ay walang kapatawaran. Ang *kapatawaran* o pag-aalis ng kasalanan, ay siyang gawaing dapat matapos. Nguni’t papaanong magkakaroon ng kasalanan sa loob ng santuaryo, maging sa langit o sa lupa? Ito’y matututuhan natin kung ating babalingan ang mga sumasagisag na gawain dito sa santuaryo sa lupa; sapagka’t ang mga saserdoteng nangasiwa, ay nangaglingkod alinsunod “sa anyo at anino ng mga bagay sa kalangitan.”[15]

Ang pangangasiwa sa santuaryo sa lupa ay nababahagi sa dalawa; ang mga saserdote ay nangangasiwa arawaraw sa banal na dako,

[14] Hebreo 9:22, 23.

[15] Hebreo 8:5.

samantala'y minsan isang taon, ang dakilang saserdote ay gumaganap ng isang tanging gawain ng pagtubos sa kabanal-banalang dako, upang linisin ang santuaryo. Araw-araw ang nagsisising makasalanan ay nagdadala ng handog sa pinto ng tabernakulo, ipinapatong niya ang kanyang mga kasalanan, na sa gayo'y sa anino ay naaalis ang kanyang kasalanan at nalilipat sa walang kasalanang iniaalay. Saka pinapatay ang hayop. "Maliban na sa pagkabuhos ng dugo," ang sabi ng apostol, "ay walang kapatawaran." "Ang buhay ng laman ay nasa dugo."[16] Hinihingi ng sinuway na kautusan ng Diyos ang buhay ng sumasalansang. Ang dugo, na kumakatawan sa nahatulang buhay ng makasalanan na inako noong hain, ay dinadala [336]
ng saserdote sa loob ng banal na dako at iwiniwisik sa harap ng tabing, na sa likuran ay ang kabang kinalalagyan ng kautusan na sinuway ng makasalanan. Sa pamamagitan ng seremonyang ito, ang kasalanan, sa pamamagitan ng dugo, ay nalilipat sa santuaryo, sa sagisag. Sa ibang pangyayari, ang dugo ay hindi dinadala sa banal na dako, nguni't ang laman ay kinakain ng saserdote, gaya ng iniutos ni Moises sa mga anak na lalaki ni Aaron, na nagsabi: "Sa inyo" iya'y "ibinigay upang dalhin ang kasamaan ng kapisanan."[17] Ang dalawang seremonyang iya'y sumasagisag sa pagkalipat sa santuaryo ng kasalanan ng nagsisisi.

Iyan ang ginagawa araw-araw sa buong santaon. Sa gayo'y nalipat ang mga kasalanan ng Israel sa santuaryo, at kailangan ang isang gawain upang iya'y maalis. Ipinagbilin ng Diyos na dapat magkaroon ng isang pagtubos para sa bawa't isa sa dalawang banal na dako. "Itutubos niya sa dakong banal dahil sa mga karumalan ng mga anak ni Israel, at dahil sa kanilang mga pagsalansang, sa makatuwid baga'y sa lahat nilang kasalanan; at gayon ang kanyang gagawin sa tabernakulo ng kapisanan na nasa kanila, sa gitna ng kanilang karumalan." Kailangan din namang gumawa ng pagtubos para sa dambana, na "lilinisin at babanalin dahil sa mga karumalan ng mga anak ni Israel."[18]

Minsan isang taon, sa dakilang araw ng pagtubos, ang saserdote ay pumapasok sa kabanal-banalang dako upang linisin ang santuaryo. Ang ginaganap na gawain doon ay siyang nagtatapos

[16] Levitico 17:11.
[17] Levitico 10:17.
[18] Levitico 16:16, 19.

sa pangangasiwa sa buong santaon. Sa kaarawan ng pagtubos, ay dalawang maliliit na kambing ang dinadala sa pintuan ng tabernakulo, at pinagsasapalaran, "ang isang kapalaran ay sa Panginoon at ang isang kapalaran ay kay Azazel."[19] Ang kambing na tina-
[337] maan ng kapalaran para sa Panginoon ay papatayin na pinaka hain patungkol sa kasalanan ng bayan. At ang dugo ay dadalhin ng saserdote sa loob ng tabing, at iwiwisik sa ibabaw at sa harap ng luklukan ng awa. Ang dugo ay iwiwisik din naman sa ibabaw ng dambana ng kamanyang, na nasa harap ng tabing.

"At ipapatong ni Aaron ang kanyang dalawang kamay sa ulo ng kambing na buhay, at isasaysay sa ibabaw niyaon ang lahat ng mga kasamaan ng mga anak ni Israel, at lahat ng kanilang mga pagsalansang, lahat nga ng kanilang mga kasalanan; at ilalagay niya sa ulo ng kambing, at ipadadala sa ilang sa pamamagitan ng kamay ng isang taong handa: at dadalhin ng kambing ang lahat ng mga kasamaan nila, sa lupaing hindi tinatahanan."[19] Ang kambing na pinawalan ay hindi na babalik sa kampamento ng Israel, at kailangang hugasan ng tubig ng taong nagdala nito ang kanyang katawan at damit bago siya bumalik sa kampamento.

Ang buong gawaing seremonya ay inayos upang itanim sa isip ng mga angkan ni Israel ang kabanalan ng Diyos at ang pagkasuklam Niya sa kasalanan; at bukod dito'y upang ipakilala sa kanilang hindi sila makalalapit sa kasalanan na hindi marurumihan. Kailangang papagdalamhatiin ng bawa't tao ang kanyang kaluluwa samantalang ginaganap ang gawaing ito ng pagtubos. Ang lahat ng gawain ay dapat itabi, at ang araw na iyan ay dapat gugulin ng buong kapulungan ng Israel sa banal na pagpapakumbaba sa harap ng Panginoon, sa pananalangin, sa pag-aayuno at sa mataos na pagsasaliksik ng puso.

Mahalagang katotohanang hinggil sa pagtubos ang itinuturo ng gawain sa santuaryo sa lupa. Isang panghalili ang tinanggap na kapalit ng makasalanan, datapuwa't ang kasalanan ay hindi napawi ng dugo ng hayop na pinatay, kaya't naglaan ng isang paraan upang ito'y mailipat sa santuaryo. Sa pagkahain ng dugo, kinikilala ng makasalanan ang kapangyarihan ng kautusan, ipinahahayag niya
[338] ang kanyang kasalanang pagsuway, at ipina- kikilala niya ang pag-

[19]Levitico 16:8, 21, 22.

[19]Levitico 16:8, 21, 22.

nanasang siya'y patawarin sa pamamagitan ng pananampalataya sa isang Manunubos na darating; datapuwa't hindi pa siya ganap na naalis sa hatol ng kautusan. Sa kaarawan ng pagtubos, ang dakilang saserdote, pagkatapos na makakuha ng isang hain sa kapulungan, ay napasasa loob ng kabanal-banalang dako na dala ang dugo ng handog, iwiniwisik sa ibabaw ng kaban ng tipan, sa ibabaw ng kautusan, upang bigyan ng kasiyahan ang mga hinihingi ng kautusang ito. Pagkatapos, sa kanyang likas na tagapamagitan, ay dinadala niya sa kanyang sarili ang mga kasalanan ng bayan at ilinalabas sa santuaryo. Ipinapatong niya ang kanyang mga kamay sa ulo ng kambing na pawawalan, at saka niya ipinahahayag ang lahat ng kasalanang ito, na sa gayo'y, sa anino, inaalis niya sa kanyang sarili ang mga kasalanang ito at inililipat sa kambing. Ang kambing pagkatapos, ang siyang aalis na taglay ang mga kasalanan, at ipinalalagay na hiwalay na magpakailan man ang mga kasalanang ito sa bayan.

Ganyan ang pangangasiwang ginanap "sa anyo at sa anino ng mga bagay sa langit." At ang ginagawa sa anino sa pangangasiwa sa santuaryo sa lupa, ay ginagawa sa tunay na pangangasiwa sa santuaryo sa langit. Nang umakyat na sa langit ang ating Tagapagligtas, sinimulan na Niya ang Kanyang gawain bilang dakilang saserdote natin. "Hindi pumasok si Kristo sa dakong banal na ginawa ng mga kamay, na kahalintulad lamang ng tunay; kundi sa talagang langit upang humarap ngayon sa harapan ng Diyos dahil sa atin."[20]

Ang pangangasiwa ng saserdote sa buong santaon sa unang silid o sa banal na dako ng santuaryo, "sa loob ng lambong" na siyang pinaka pinto at naghihiwalay ng banal na dako sa patyo ng tabernakulo, ay kumakatawan sa gawaing pangangasiwa na pinasukan ni Kristo sa Kanyang pag-akyat sa langit. Ang gawain ng saserdote, sa pa- ngangasiwa niya sa araw-araw, ay ang iharap sa Diyos ang [339]
dugo ng handog na patungkol sa kasalanan, gayon din naman ng kamanyang na pumapaitaas na kasama ng mga panalangin ng Israel. Ganyang-ganyan din naman ang pamanhik ni Kristo sa Kanyang Ama na inihaharap ang Kanyang dugo alang-alang sa makasalanan, at, inihaharap din naman Niya, kasama ng masarap na samyo ng Kanyang katuwiran, ang panalangin ng mga nanampalatayang nag-

[20]Hebreo 9:24.

sisisi. Iyan ang gawaing pangangasiwa sa unang dako ng santuaryo sa langit.

Doon sumunod ang pananampalataya ng mga alagad ni Kristo nang Siya'y umakyat sa langit mula sa kanilang paningin. Dito namalagi ang kanilang mga pag-asa "isang pag-asa," ang wika ni Pablo, "na ating inaring tulad sa sinepete ng kaluluwa, pag-asa na matibay at matatag at pumapasok sa nasa loob ng tabing; na roo'y pumasok dahil sa atin si Jesus na gaya ng pangunahin, na naging dakilang saserdote magpakailan man." "At hindi rin naman sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing at ng mga bulong baka, kundi sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo, ay pumasok na minsan magpakailan man sa dakong banal, na kinamtan ang walang-hanggang katubusan."[21]

Ang gawaing ito ng pangangasiwa sa unang dako ng santuaryo ay nagpatuloy sa loob ng labing walong dantaon. Natamo ng dugo ni Kristo na nagtatanggol sa nagsisising makasalanan ang kapatawaran at pagtanggap ng Ama, gayon ma'y nanatili pa rin sa mga aklat ang kanilang mga kasalanan. Kung paanong sa santuaryo sa lupa ay nagkaroon ng isang gawain ng pagtubos sa katapusan ng isang taon, gayon din naman bago matapos ang gawain ni Kristo sa pagtubos sa sangkatauhan, ay magkakaroon ng isang gawang pagtubos sa ikaaalis ng kasalanan sa santuaryo. Ito ang gawaing nagpasimula
[340] noong matapos ang 2300 araw. Nang panahong yaon ang ating dakilang saserdote ay nasok sa kabanal-banalang dako, upang gawin ang kahuli-hulihang bahagi ng Kanyang mahalagang gawain upang linisin ang santuaryo.

Kung paano na noong una'y nangalipat, sa pamamagitan ng pananampalataya ang mga kasalanan ng bayan sa handog na patungkol sa kasalanan, at sa pamamagitan ng dugo nito'y nangalipat, sa sagisag, sa santuaryo sa lupa; gayon din naman sa bagong tipan, ang mga kasalanan ng nangagsisi ay sa pamamagitan ng pananampalataya napapatong kay Kristo, at tunay na nalilipat, sa santuaryo sa langit. At kung paano, na sa santuaryo sa lupa ang paglilinis ay nagawa sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga kasalanang dito'y dumungis, gayon din naman ang tunay na paglilinis ng santuaryo sa langit ay magaganap sa pamamagitan ng pag-

[21] Hebreo 6:19, 20; 9:12.

aalis o pagpawi ng mga kasalanang doo'y natala. Datapuwa't bago ito magawa, ay kailangan munang siyasatin ang mga aklat-talaan upang makilala kung sino, sa pamamagitan ng pagsisisi ng kanyang mga kasalanan at pananampalataya kay Kristo, ang nararapat sa mga kapakinabangan ng pagtubos sa kanya. Samakatuwid ang paglilinis ng santuaryo ay sumasaklaw sa isang gawaing pagsisiyasat—isang gawain ng paghuhukom. Ito'y dapat matapos bago pumarito si Kristo upang tubusin ang kanyang bayan; sapagka't pagka siya'y pumarito na, ay dala niya ang gantimpala upang bigyan ang bawa't isa ayon sa kani-kanyang mga gawa.[22]

Kaya't nasumpungan niyaong nagsisunod sa liwanag ng salita ng hula, na sa halip na pumarito si Kristo sa lupa sa katapusan ng 2300 taon noong 1844, ay pumasok Siya sa kabanal-banalang dako ng santuaryo sa langit upang gawin ang kahuli-hulihang gawain ng pagtubos na siyang maghahanda sa Kanya sa pagbalik dito.

Nakita rin naman, na samantalang ang handog na patungkol sa kasalanan ay tumutukoy kay Kristo na pinaka hain, at ang dakilang saserdote ay kumakatawan kay Kristo bilang tagapamagitan, ang [341]
kambing na pinawawalan ay sumasagisag naman kay Satanas, na pinagmulan ng kasalanan, at pagpapatungan ng mga kasalanan ng tunay na nagsisipagsisi. Kung sa pamamagitan ng dugo ng handog na patungkol sa kasalanan ay maalis na ng punong saserdote ang mga kasalanan sa santuaryo, inilalagay niya ang mga ito sa kambing na pawawalan. Kung maalis na ni Kristo, sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo, ang mga kasalanan ng Kanyang bayan sa santuaryo sa langit sa katapusan ng kanyang pangangasiwa, ipapatong Niya ang mga ito kay Satanas, na pagka iginawad na ang kaparusahan ay siyang magdadala ng huling kabayaran. Ang kambing na pawawalan ay dinadala sa isang lupaing hindi tinatahanan, at ito'y hindi na muling babalik pa sa kampamento ng angkan ni Israel. Gayon din naman, si Satanas ay maaalis magpakailan man sa harapan ng Diyos at ng Kanyang bayan, at siya'y mamamatay sa kahulihulihang paglipol sa kasalanan at mga makasalanan. [342]

[343]

[22] Apocalipsis 22:12.

## *Kabanata 23*—ANG TEMPLO NG SANTINAKPAN

Ang paksang tungkol sa santuaryo ay siyang susing nagbukas ng hiwaga ng pagkabigo noong 1844. Ito ang nagpakita ng isang buong ayos ng katotohanang magkakaugnay at magkakaisa, na nagpapakilalang ang kamay ng Diyos ang siyang nanguna sa malaking kilusang Adventismo, at naghahayag ng kasalukuyang tungkulin sa pamamagitan ng pagpapahayag nito sa kalagayan at gawain ng Kanyang bayan.

Kung paanong ang mga alagad ni Jesus, pagkatapos ng kakila-kilabot na gabi ng kanilang kapighatian at pagkabigo, ay "nangagalak nang makita nila ang Panginoon," gayon ding nangagalak ngayon yaong sa pamamagitan ng pananampalataya ay umaasa sa Kanyang ikalawang pagparito. Inasahan nilang pakikita Siya sa kaluwalhatian upang bigyang kagantihan ang Kanyang mga lingkod. Sa pagkabigo ng kanilang mga pag-asa, ay nawala si Jesus sa kanilang paningin.

Ngayon, sa kabanal-banalang dako ay nakita na naman nila Siya, na kanilang mahabaging Dakilang Saserdote, na hindi magluluwat at mahahayag na kanilang Hari at Tagapagligtas.

Tinanglawan ng liwanag na galing sa santuaryo ang panahong nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. Naalaman nilang inakay sila ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang hindi nagkakamaling banal na kalooban. Bagaman hindi nila naunawa ang pabalitang kanilang inilaganap, katulad ng mga alagad, gayon ma'y sa lahat ng kaparaanan, ang pabalitang yao'y tumpak. Sa kanilang pagpapahayag nito ay
[344] tinupad nila ang adhika ng Diyos, at ang kanilang gawain ay hindi walang kabuluhan sa Panginoon. Yamang "ipinanganak na muli . . . sa isang buhay na pag-asa,' sila'y nangatutuwang taglay ang kagalakang "di-masayod at puspos ng kaluwalhatian.'[1]

Ang hula sa Daniel 8:14, "Hanggang sa dalawang libo at tatlong daan na hapon at umaga; kung magkagayo'y malilinis ang santuaryo," at ang pabalita ng unang anghel:

[1] 1 Pedro 1:3, 8.

"Matakot kayo sa Diyos at magbigay luwalhati sa Kanya; sapagka't dumating na ang oras ng Kanyang paghuhukom," ay kapuwa tumukoy sa pangangasiwa ni Kristo sa kabanal-banalang dako, sa pagsusuri ng kabuhayan ng tao o paghuhukom, at hindi sa pagdating ni Kristo upang tubusin ang Kanyang bayan at lipulin ang mga makasalanan. Ang kamalian ay wala sa pagbilang ng mga panahon ng hula, kundi sa *pangyayaring* magaganap sa katapusan ng 2300 araw. Dahil sa kamaliang ito, ay nagbata ng pagkabigo ang mga nananampalataya, datapuwa't ang lahat ng ipinagpauna ng hula at lahat ng pinatutunayan ng Kasulatan na inaasahan nila ay pawang nangyari.

Noong mga sandaling sila'y nahahapis dahil sa pagkabigo ng kanilang mga pag-asa, ay natupad naman ang pangyayaring ipinagpauna ng pabalita, na kinakailangang matupad bago mahayag ang Panginoon upang magbigay ng gantimpala sa Kanyang mga lingkod.

Si Kristo ay dumating, hindi sa lupa, na gaya ng kanilang inaasahan, kundi alinsunod sa inilarawan ng sagisag ay sa kabanal-banalang dako ng templo ng Diyos sa langit. Inilarawan siya ni propeta Daniel na lumalapit, sa panahong ito, sa Matanda sa mga Araw: "Ako'y nakakita sa pangitain sa gabi, at, narito, lumabas na kasama ng mga alapaap sa langit ang isang gaya ng Anak ng tao, at naparoon,"—hindi sa lupa, kundi—"sa Matanda sa mga Araw, at inilapit nila Siya sa harap Niya."[2] [345]

Ang pagparoong ito ay ipinagpauna rin naman m propeta Malakias: ' Ang Panginoon na inyong hinahanap, ay biglang paroroon sa Kanyang templo; at ang sugo ng tipan na inyong kinaliligayahan, narito Siya'y dumarating sabi ng Panginoon ng mga hukbo."[3] Ang pagparoon ng Panginoon sa Kanyang templo ay bigla at hindi inaakala ng Kanyang bayan. Hindi nila tinitingnan Siya roon. Ang pag-asa nila'y Siya'y paririto sa lupa, "na nasa nagniningas na apoy, na maghihiganti sa hindi nagsisikilala sa Diyos. At sa kanila na hindi nagsisitalima sa ebanghelyo."[4]

Ang pagparoon ni Kristo sa tungkuling dakilang saserdote sa kabanal-banalang dako upang linisin ang santuaryo, na ipinakikilala sa Daniel 8:14, ang paglapit ng Anak ng tao sa Matanda sa

[2]Daniel 7:13.

[3]Malakias 3:1.

[4]2 Tesalonica 1:8.

mga araw, gaya ng ipinakikilala ng Daniel 7:13; at ang pagparoon ng Panginoon sa Kanyang templo na ipinagpauna ni Malakias, ay pawang naglalarawan ng iisang pangyayari: at iya'y ipinakikilala rin naman ng pagpasok ng kasintahang lalaki sa kasalan, na inilarawan ni Kristo sa talinghaga tungkol sa sampung dalaga, sa Mateo 25.

Sa talinghaga sa Mateo 22 ay iyang larawan ding iyan ang ipinakikilala, at ang paghuhukom ay malinaw na ipinakikilalang nangyari muna bago nangyari ang kasalan. Bago ginawa ang kasal ay pumasok ang hari upang tingnan ang mga inanyayahan, upang tingnan kung ang lahat ay nararamtan ng damit kasalan, na siyang walang dungis na damit ng likas na hinugasan at pinaputi sa dugo ng Kordero. Ang natagpuang walang damit kasalan ay inihagis sa labas, datapuwa't ang lahat na nasumpungang, sa pagsisiyasat, na nararamtan ng damit kasalan ay tinatanggap ng Diyos at ibinilang na marapat na magkaroon ng bahagi sa Kanyang kaharian, at sa Kanyang luklukan.

[346] Ang gawaing ito ng pagsusuri sa likas, ng pagpapasiya kung sino ang handa sa kaharian ng Diyos, ay tinatawag na masiyasat na paghuhukom na siyang kahuli-hulihang gawain sa santuaryo sa itaas.

Kung matapos na ang gawain ng pagsisiyasat, kung masuri na at mapasiyahan ang kabuhayan ng lahat na nagbabansag na sumusunod kay Kristo sa lahat ng kapanahunan, saka pa lamang masasarhan ang panahon ng biyaya at ipipinid naman ang pinto ng awa. Kayat sa isang maikling pangungusap, na "ang mga nahahanda ay nagsipasok na kasama Niya sa piging ng kasalan at inilapat ang pintuan," ay dinadala tayo sa pangwakas na pangangasiwa ng Tagapagligtas, hanggang sa panahong ikatatapos ng dakilang gawain ng pagliligtas sa mga tao.

Sa paglilingkod sa santuaryo sa lupa, na, ayon sa pagkakita natin, ay isang larawan ng paglilingkod sa santuaryo sa langit, pagpasok ng dakilang saserdote sa kabanal-banalang dako kung araw ng pagtubos, ay tapos na ang pangangasiwa sa unang dako. Ipinag-utos ng Diyos: "Huwag magkakaroon ng sinumang tao sa tabernakulo pagka siya'y papasok upang itubos sa loob ng dakong banal hanggang sa lumabas siya."[5] Kaya't nang pumasok si Kristo sa kabanal-banalang

[5]Levitico 16:17.

dako upang gawin ang pangwakas na gawain ng pagtubos, ay natapos na Niya ang pangangasiwa sa unang dako. Datapuwa't nang matapos na ang pangangasiwa sa unang dako, ay nagpasimula naman ang pangangasiwa sa ikalawang dako. Sa pangangasiwa sa santuaryo sa lupa, kapag ang dakilang saserdote ay umalis sa banal na dako sa kaarawan ng pagtubos, ay naparoroon siya sa harapan ng Diyos upang iharap ang dugo ng handog na patungkol sa kasalanan ng buong Israel na buong tapat na nagsipagsisi sa kanilang mga kasalanan.

Kaya't bahagi lamang ng gawain ang natapos ni Kristo sa pagkatagapamagitan Niya nang pumasok Siya sa ikalawang bahagi ng Kanyang gawain, at iniharap rin Niya ang Kanyang dugo sa [347]
Ama alang-alang sa makasalanan.

Ngayon nila napagkita ang katuparan ng pangungusap na iyon ni Kristo sa Apokalipsis, na ipinahayag sa iglesya sa panahong ito. "Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Banal, niyaong totoo, niyaong may susi ni David, niyaong nagbubukas at di mailalapat ng sinuman, at naglalapat at di maibubukas ng sinuman; nalalaman Ko ang iyong mga gawa (narito, inilagay Ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, na di-mailalapat ng sinuman)."[6]

Ang kalagayan ng mga Hudyong walang pananampalataya ay naghahalimbawa sa mga walang ingat at ayaw manampalatayang mga tao na nagbabansag na Kristiyano, na kusang nagpapakamangmang tungkol sa gawain ng ating maawaing Dakilang Saserdote. Sa sumasagisag na paglilingkod kapag pumapasok ang dakilang saserdote sa kabanal-banalang dako, ang buong Israel ay kailangang magtipon sa palibot ng santuaryo, at sa pinakataimtim na paraan ay papagpakumbabain ang kapilang mga puso sa harapan ng Diyos upang tanggapin nila ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, at huwag silang mawalay sa kapulungan. Gaano pa nga ang lalong kahalagahan ngayon sa tunay na kaarawang ito ng pagtubos na ating maunawa ang gawain ng ating dakilang saserdote, at makilala ang mga tungkuling sa ati'y hinihiling.

Hindi walang kaparusahang matatanggihan ng tao ang babala ng kaawaang ipinadadala sa kanila ng Diyos. Isang pabalita ang ipinadala ng Diyos sa sanlibutan noong kaarawan ni Noe, at ang

[6] Apocalipsis 3:7, 8.

kaligtasan nila ay nasalig sa paraan ng kanilang pagtanggap sa pabalitang yaon. Sapagka't tinanggihan nila ang pabalita, ay inalis ang Espiritu ng Diyos sa kanila, at nangapahamak sila sa tubig ng baha. Noong panahon ni Abraham, ang kaawaan ay tumigil sa pamaman-
[348] hik sa mga masamang taga- Sodoma, at lahat, maliban kay Lot at sa kanyang asawa at dalawang anak na babae, ay nasunog sa apoy na pinababa mula sa langit. Gayon din naman sa panahon ni Kristo. Ipinahayag ng Anak ng Diyos sa mga Hudyo na nang panahong yaon ay hindi nanampalataya, na "ang inyong bahay ay iniwan sa inyong wasak."[7] Nang tunghayan ng Diyos ang mga huling araw, ay ganito ang Kanyang sinabi hinggil doon sa mga hindi tumanggap "ng pag-ibig sa katotohanan upang sila'y mangaligtas," "Dahil dito'y ipinadala sa kanila ng Diyos ang paggawa ng kamalian, upang magsipaniwala sila sa kasinungalingan; upang mangahatulan silang lahat na hindi nagsisisampalataya sa katotohanan kundi nangalugod sa kalikuan."[8] Nang tanggihan nila ang mga iniaaral ng salita ng Diyos ay inalis Niya ang kanyang Espiritu at pinabayaan sila sa mga karayaang iniibig nila.

Ang pagdaraan ng panahon noong 1844 ay sinundan ng isang panahon ng napakalaking pagsubok sa mga nanatili sa pananampalatayang Adventismo. Ang pinakaaliw lamang nila, sa pagkatiyak ng kanilang tunay na kalagayan, ay ang liwanag na umakay sa kanilang mga pagiisip sa santuaryo sa langit. Itinakwil ng ilan ang kanilang pananampalataya sa una nilang pagbilang ng mga panahon ng hula, at ikinapit nila sa tao o kay Satanas ang malakas na kapangyarihan ng Banal na Espiritu na siyang umakbay sa Kilusang Adventismo. Ang mga iba naman ay matibay na nanghawak sa paniwalang ang Panginoon ang siyang sa kanila'y umakay sa nakaraan ndang karanasan; at sa kanilang paghihintay, pagpupuyat, at pananalangin, upang makikilala ang kalooban ng Diyos, ay nakita nila na ang Dakilang Saserdote ay pumasok sa ibang pangangasiwa, at sa pagsunod nila sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya, ay natagpuan nila ang pangwakas na gawain ng iglesya. Nagkaroon
[349] sila ng lalong malinaw na kaunawaan sa pabalita ng una't ikalawang

[7] Mateo 23:38.

[8] 2 Tesalonica 2:10-12.

anghel, at nangahanda silang tumanggap at magbigay sa sanlibutan
ng mahalagang babala ng ikatlong anghel sa Apokalipsis 14. [350]

[351]

# *Kabanata 24*—Ang dakilang tuntunin ng buhay

Nabuksan ang templo ng Diyos na nasa langit, at nakita sa Kanyang templo ang kaban ng Kanyang tipan."[1] Ang kaban ng tipan ng Diyos ay nasa kabanalbanalang dako, sa ikalawang bahagi ng santuaryo. Sa pangangasiwa sa tabernakulo sa lupa, na siyang "anyo at anino ng mga bagay sa kalangitan,"[2] ang silid na ito ay binubuksan kung dumarating lamang ang dakilang araw ng pagtubos, upang linism ang santuaryo. Samakatuwid ang pahayag na nabuksan ang templo ng Diyos sa langit at nakita ang kaban ng Kanyang tipan, ay tumutukoy sa pagbubukas ng kabanal-banalang dako ng santuaryo sa langit, noong 1844, noong pumasok doon si Kristo upang ganapin ang pangwakas na gawain ng pagtubos. Ang kaban ng Kanyang tipan ay nakita ng mga nagsisunod sa kanilang Dakilang Saserdote sa pamamagitan ng pananampalataya, sa pagpasok Niya sa pangangasiwa sa kabanal-banalang dako. Nang mapag-aralan nila ang suliranin tungkol sa santuaryo, ay napagkilala nilang nagbago ng pinangangasiwaan ang Tagapagligtas, at nakita nilang siya ngayo'y naglilingkod sa harap ng kaban ng Diyos, na ipinamamanhik ang Kanyang dugo alang-alang sa mga makasalanan.

Ang kabang nasa loob ng tabernakulo sa lupa ay kinapapalooban ng dalawang tapyas na bato, na kinasusulatan ng mga utos ng Diyos. Ang kaban ay isa lamang sisidlan ng mga tapyas ng kautusan, at ang pagkakalagay ng mga banal na utos na ito ay siyang dito'y
[352] nagbigay ng kahalagahan at kabanalan. Nang buksan ang templo ng Diyos sa langit, ay nakita ang kaban ng Kanyang tipan. Sa loob ng kabanal-banalang dako, sa loob ng santuaryo sa langit ay natatago ang banal na kautusan—ang kautusang sinalita ng Diyos na rin sa gitna ng mga kulog at kidlat ng Sinai, at sinulat ng Kanyang sariling daliri sa mga tapyas na bato.

Ang kautusan ng Diyos sa loob ng santuaryo sa langit ay siyang dakilang orihinal, at ang mga utos na naukit sa mga tapyas na bato,

[1] Apocalipsis 11:19.
[2] Hebreo 8:5.

at itinitik ni Moises sa Pentateuko ay walang maling salin nito. Yaong mga nakaunawa sa mahalagang katotohanang ito, ay naakay upang makita nila ang banal at di nagbabagong likas ng kautusan ng Diyos. Nakita nila ngayon, higit kaysa noong una, ang lakas ng pangungusap ng Tagapagligtas na "hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok, o ang isang kudlit, sa anumang paraan ay hindi mawawala sa kautusan."[3] Sapagka't ang kautusan ng Diyos ay paghahayag ng kanyang kalooban at wangis ng Kanyang kalikasan, dapat itong manatili magpakailan man, na "gaya ng tapat na saksi sa langit." Ni isa mang utos ay hindi napawi; ni isang tuldok o kudlit ay hindi nabago. Ang wika ng mang-aawit: "Magpakailan man, oh Panginoon, ang Iyong salita ay natatag sa langit." "Lahat Niyang mga utos ay tunay mga nangatatag magpakailan man."[4]

Sa pinakasinapupunan ng Dekalogo ay nalalagay ang ikaapat na utos, gaya ng unang pagkapahayag dito: "Alalahanin mo ang araw ng Sabado upang ipangilin. Anim na araw na ikaw magtatrabaho at iyong gagawin ang lahat ng iyong gagawin; datapuwa't ang ikapitong araw ay Sabado para sa Panginoong iyong Diyos; sa araw na yaon ay huwag kang gagawa ng anumang gagawin, ikaw o ang iyong anak na lalaki man, o babae man, ang iyong aliping lalaki o babae man, o ang iyong baka o ang iyong taga ibang lupa na [353]
nasa loob ng iyong mga pintuang daan sapagka't sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nandoon, at nagpahinga sa ikapitong araw; na anupa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng Sabado at ipinangilin."[5]

Kinilos ng espiritu ng Diyos ang mga puso ng mga nagsipag-aral ng Kanyang salita. Paulit-ulit na inakay sila sa paniniwala na walang kaalamang nasuway nila ang utos na ito sa pamamagitan ng hindi nila pagpansin sa araw na kapahingahan ng Maylalang. Sinimulan nilang siyasatin ang mga dahilan sa pangingilin ng unang araw ng sanlinggo sa halip ng araw na pinakabanal ng Diyos. Wala silang makitang katunayan sa loob ng Banal na Kasulatan na napawi na nga ang ikaapat na utos o binago kaya ang Sabado; ang pagpapalang nagpabanal sa ikapitong araw ay hindi inaalis kailan man. Matapat nilang sinikap na makilala at gawin ang kalooban ng Diyos; at

[3] Mateo 5:18.

[4] 9:37; 119:89; 111:7, 8, dating salin sa Tagalog.Mga Awit

[5] Exodo 20:8-11, dating salin sa Tagalog.

ngayon, nang makita nilang sumasalansang sila sa Kanyang kautusan, napuno ng lungkot ang kanilang mga puso, at ipinakilala nila ang kanilang pagkamatapat sa Diyos sa pamamagitan ng pangingilin ng Kanyang banal na Sabado.

Marami at mataimtim ang mga pagsisikap na ginawa upang ibagsak ang kanilang pananampalataya. Walang di-makakita na kung ang santuaryo sa lupa ay isang anino o larawan ng nasa langit, ang kautusang nasisilid sa kabang nasa santuaryo sa lupa ay isang ganap na salin ng kautusang nakalagay sa loob ng kaban ng santuaryo sa langit; at ang pagtanggap sa katotohanang hinggil sa santuaryo sa langit ay sumasaklaw sa pagkilala sa mga inaangkin ng kautusan ng Diyos, at sa tungkuling ukol sa Sabado ng ikaapat na utos. Narito ang lihim ng mapait at napasiyahang pagsalungat sa nagkakaisang paliwanag ng mga Kasulatan na naghayag ng pangangasiwa ni Kristo sa santuaryo sa langit. Sinikap ng mga tao na
[354] ipi- nid ang pintuang binuksan ng Diyos, at buksan ang pintuang Kanyang ipininid. Datapuwa't Siya na "nagbubukas at di mailapat ng sinuman, at naglalapat at di maibubukas ng sinuman, ay nagsabi. "Narito, inilagay Ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas na di mailalapat ng sinuman."[6] Binuksan ni Kristo ang pintuan, o ang pangasiwaan, ng kabanal-banalang dako, lumalabas ang liwanag mula sa bukas na pintuang iyan ng santuaryo ng langit, at ang ikaapat na utos ay nakitang naroon sa kautusang nakapaloob; sa itinatag ng Diyos, ay wala sinumang makapagbagsak na tao.

Nasumpungan ng mga nagsitanggap ng liwanag hinggil sa pamamagitang ginagawa ni Kristo at hinggil sa pamamalagi ng kautusan ng Diyos, na ang mga ito'y siyang mga katotohanang ipinakikilala sa Apokalipsis 14. Ang mga pabalita ng pangkat na ito ay bumubuo ng tatlong magkakalakip na babala, na siyang maghahanda sa mga naninirahan sa lupa sa ikalawang pagdating ng Panginoon. Ang pahayag na "dumating ang panahon ng Kanyang paghatol," ay tumutukoy sa pangwakas na gawain ng pangangasiwa ni Kristo sa ikaliligtas ng mga tao. Ipinakikilala nito ang isang katotohanan na kailangang ipahayag hanggang sa matapos ng Tagapagligtas ang Kanyang pamamagitan, at bumalik Siya sa lupa upang kunin ang Kanyang bayang ukol sa Kanya rin. Ang gawaing paghuhukom na

[6] Apocalipsis 3:7, 8.

nagpasimula noong 1844, ay dapat magpatuloy hanggang sa mapagpasiyahan ang mga kaso ng lahat ng tao, ng mga nabubuhay at ng mga patay; samakatuwid ay aabot ito hanggang sa matapos ang panahon ng biyaya ng sangkatauhan. Upang mangahanda ang mga tao na tumayo sa hukuman, ay ipinag-uutos ng pabalita na "matakot kayo sa Diyos at magbigay kaluwalhatian sa Kanya at magsisamba kayo sa gumawa ng langit at ng lupa, at ng dagat, at ng mga bukal ng tubig." Ang bunga ng pagtanggap sa mga pabalitang ito ay nauulat sa pangungusap na, "narito ang . . . mga nagsisi- [355]
tupad ng mga utos ng Diyos, at ng pananampalataya kay Jesus."[7] Upang mahanda ang mga tao sa paghuhukom, ay kinakailangang tuparin nila ang kautusan ng Diyos. Ang kautusang iyan ay siyang magiging pamantayan ng likas sa paghuhukom. Ipinahahayag ni apostol Pablo na "ang lahat na nagkasala sa ilalim ng kautusan, ay sa kautusan din sila hahatulan . . . sa araw na hatulan ng Diyos ang mga lihim ng mga tao . . . sa pamamagitan ni Jesu-Kristo." At sinasabi niyang "ang nagsisitalima sa kautusan ay aariing mga ganap."[8] Ang pananampalataya ay kailangan upang masunod ang kautusan ng Diyos, sapagka't "kung walang pananampalataya ay hindi maging kalugud-lugod sa kanya," at "ang anumang hindi sa pananampalataya ay kasalanan."[9] Sa pamamagitan ng unang anghel, ang mga tao'y tinatawagan upang "matakot . . . sa Diyos at magbigay kaluwalhatian sa Kanya," at sambahin Siya sapagka't Siya ang lumalang ng langit at ng lupa. Upang magawa ito ay dapat nilang sundin ang Kanyang kautusan. Anang pantas: "Ikaw ay matakot sa Diyos at sundin mo ang Kanyang mga utos, sapagka't ito ang buong katungkulan ng tao."[10] Kung walang pagsunod sa mga utos Niya ay walang pagsambang makalulugod sa Kanya. "Ito ang pag-ibig sa Diyos na ating tuparin ang Kanyang mga utos."[11] "Siyang naglalayo ng kanyang pakinig sa pakikinig ng kautusan, maging ang kanyang dalangin ay karumaldumal."[12]

[7] Apocalipsis 14:12.
[8] Roma 2:12-16.
[9] Hebreo 11:6; Roma 14:23.
[10] Eclesiastes 12.13.
[11] 1 Juan 5:3.
[12] Kawikaan 28:9.

Ang tungkuling sambahin ang Diyos ay nababatay sa katotohanan na siya ang Maykapal, at sa Kanya'y utang ng lahat ng kinapal ang kanilang buhay. At saan man, sa Biblia, iniharap ang Kanyang pag-aangking igalang at sambahin Siya, na higit sa mga diyos ng
[356] mga pagano, ay binabanggit din naman ang katunayan ng Kanyang kapangyarihang makalalang. Ang "lahat ng mga diyos ng mga bayan ay mga diyus-diyusan; nguni t nilikha ng Panginoon ang langit."[13] "Kanino nga ninyo itutulad Ako, upang makaparis ako niya? sabi ng Banal. Itingin ninyo ang inyong mga mata sa itaas, at tingnan ninyo kung sinong lumikha ng mga ito." "Ganito ang sabi ng Panginoon na lumikha ng langit; na siyang Diyos na nag-anyo sa lupa at gumawa niyaon, . . . Ako ang Panginoon at wala nang iba."[14] Ang sabi naman ng mang-aawit: "Alamin ninyo na ang Panginoon ay siyang Diyos; Siya ang lumalang sa atin, at tayo'y Kanya.' "Oh magsiparito kayo, magsisamba at magsiyukod; tayo'y magsiluhod sa harap ng Panginoon na Maylalang sa atin."[15] At sinabi ng mga banal na nilalang na sumasamba sa Diyos sa sangkalangitan, bilang dahilan kung bakit sa Kanya nauukol ang kanilang paggalang: "Marapat Ka, oh, Panginoon namin, at Diyos namin, na tumanggap ng kaluwalhatian, at ng kapurihan at ng kapangyarihan; sapagka't nilikha Mo ang lahat ng mga bagay."[16]

Sa Apokalipsis 14 ay tinatawagan ang mga tao na sumamba sa Maykapal; at ipinakikita ng hula ang isang uri ng mga tao na sumusunod sa mga utos ng Diyos, bilang bunga ng tatlong magkalakip na pabalita. Ang isa sa mga utos na ito ay tiyak na tumutukoy sa Diyos na siyang manglalalang. Ipinahahayag ng ikaapat na utos: "Ang ikapitong araw ay Sabado para sa Panginoong iyong Diyos . . . sapagka't sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at ang lupa, ang dagat, at lahat ng nandoon at nagpahinga sa ikapitong araw, na anupa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng Sabado, at ipinangilin."[17] Tungkol sa Sabado ay sinasabi ng Panginoon na ito'y isang "tanda, . . . upang inyong maalaman na ako ang

[13] Mga Awit 96:5.
[14] Isaias 40:25, 26; 45:18.
[15] Mga Awit 100:3; 95:6.
[16] Apocalipsis 4:11.
[17] Exodo 20:10, 11, dating salin sa Tagalog.

Panginoon ninyong Diyos."[18] At ang dahil ay: "sa- pagka t sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, at sa ikapitong araw ay nagpahinga at naginhawahan."[19] [357]

"Ang kahalagahan ng Sabado bilang isang tagapagpaalaala ng paglalang ay naroon sa lagi nang paghaharap nito ng tunay na dahilan kung bakit dapat sambahin ang Diyos,"—sapagka't Siya ang Maykapal at tayo ay Kanyang kinapal. "Samakatuwid, ang Sabado ay nalalagay sa talagang patibayan ng banal na pagsamba; sapagka't itinuturo nito ang dakilang katotohanang ito sa isang paraang lubos na kumikilos ng pag-iisip at walang ibang itinatag ang gumagawa nito. Ang tunay na batayan ng banal na pagsamba, na hindi lamang ang sa ikapitong araw, kundi ang sa lahat ng pagsamba, ay masusumpungan sa maliwanag na pagkakaiba ang Maylalang sa Kanyang nilalang. Ang dakilang katotohanang ito ay hindi lilipas kailan man, at hindi naman nararapat na limutin."[20] Itinatag ng Diyos ang Sabado sa Eden upang pamalagiin sa isipan ng mga tao ang katotohanang ito; at habang ang katunayang Siya nga ang ating Manglalalang ay nananatiling katuwiran kung bakit nararapat natin siyang sambahin, ay mananatili rin naman ang Sabado na pinakatanda at tagapagpaalaala nito. Kung ang Sabado'y ipinangilin lamang ng buong sanlibutan, naakay sana ang pag-ibg at pag-iisip ng mga tao sa Manglalalang na siyang layon ng paggalang at pagsamba, at hindi sana nagkaroon ng mapagsamba sa diyus-diyusan, ng ateo, at ng di-kumikilala sa Diyos. Ang pangingilin ng Sabado ay tanda ng pagkamatapat sa tunay na Diyos, na "gumawa ng langit, at ng lupa, at ng dagat, at ng mga bukal ng tubig." Kung gayon, ang pabalitang nag-uutos sa mga tao na sumamba sa Diyos at sumunod sa Kanyang mga utos, ay tanging tatawag sa kanila upang sundin ang ikapat na utos. [358]

Bilang naiiba sa mga sumusunod sa mga utos ng Diyos at may pananampalataya kay Jesus, ay tinutukoy ng ikatlong anghel ang ibang uri ng mga tao, na laban sa kanilang mga kamalian ay binigkas ang isang solemne at kakila-kilabot na babala: "Kung ang sinuman ay sumamba sa hayop at sa kanyang larawan, at tumanggap ng tanda sa kanyang noo, o sa kanyang kamay, ay iinom din naman siya ng

[18] Ezekiel 20:20.

[19] Exodo 31:17.

[20] J. N. Andrews, *History of the Sabbath*, ikatlong limbag, kab. 27.

alak ng kagalitan ng Diyos."[21] Ang isang tumpak na paliwanag sa mga sagisag na ginagamit dito ay kailangan upang maunawa ang pabalitang ito. Ano ang kinakatawan ng hayop, ng larawan, at ng tanda?

Ang hanay ng hulang kinasusumpungan sa mga sagisag na ito, ay nagsisimula sa Apokalipsis 12, sa ahas na nagsikap pumatay kay Kristo noong siya'y ipanganak. Ang ahas ay sinasabing si Satanas,[22] siya ang kumilos kay Herodes upang ipapatay nito ang Tagapagligtas. Datapuwa't ang punong ahente ni Satanas sa pakikipagbaka kay Kristo at sa kanyang mga tao noong unang dantaon ng panahong Kristiyano ay ang imperyo ng Roma, na doo'y ang paganismo ang siyang naghaharing relihiyon. Sa gayo'y bagaman ang ahas, unauna, ay kumakatawan kay Satanas, ito, sa pangalawang kahulugan, ay sagisag ng Roma pagana.

Sa ika-13 kapitulo ay isinasaysay ang isa pang hayop, "katulad ng isang leopardo," na binigyan ng ahas ng "kanyang kapangyarihan, at ng kanyang luklukan, at dakilang kapamahalaan." Ang sagisag na ito, gaya ng pinaniniwalaan ng maraming Protestante, ay kumakatawan sa kapapahan, na humalili sa kapangyarihan at luklukan at kapamahalaan, na minsa'y hinawakan ng unang imperyo ng Roma.

"Binigyan siya ng kapamahalaan upang magpatuloy na apatnaput' dalawang buwan." Ang panahong ito, gaya ng 'pinahayag na sa mga nakaraang kabanata, ay nagpasimula sa pangingibabaw
[359] ng kapapahan', noong 538 P. K. at natapos noong 1798. Sa panahong yaon ang papa ay binihag ng hukbong Pranses, at natamo ng kapangyarihan ng papa ang kanyang sugat na ikamamatay, at ang hula ay natupad, "kung ang sinuman ay mamihag ay sa pagkabihag paroroon."

Sa bahaging ito ay may sumipot na ikalawang sagisag. Sinabi ng propeta: "Nakita ko ang ibang hayop na umaahon sa lupa; at may dalawang sungay na katulad ng sa isang kordero."[23]

Ang mga bantog na kahariang naghari sa sanlibutan ay iniharap sa propeta Daniel na tulad sa mga maninilang hayop, na umahon nang ang "apat na hangin ng langit ay nagsisihihip sa malaking

[21] Apocalipsis 14:9, 10.
[22] Apocalipsis 12:9.
[23] Apocalipsis 13:11.

dagat."[24] Sa Apokalipsis 17, ay ipinaliwanag ng Anghel na ang mga tubig ay kumakatawan sa "mga bayan, at mga karamihan, at mga bansa, at mga wika." Ang hangin ay sagisag ng paglalabanan. Ang apat na hangin na nagsisihihip sa malaking dagat, ay kumakatawan sa kakila-kilabot na panoorin ng pagsakop at paghihimagsik na sa pamamagitan nito'y nagtamo ang mga kaharian ng kapangyarihan.

Datapuwa't ang hayop na may mga sungay na katulad ng sa isang kordero ay nakitang "umaahon sa lupa." Sa halip na magbagsak ang bansang ipinakikilalang ito ng mga ibang kapangyarihan upang maitatag niya ang kanyang sarili, ay kailangang bumangon siya sa lupaing hindi tinatahanan ng tao at unti-unti at mapayapang lumaki. Kung gayon ay hindi ito makababangon sa gitna ng nangagsisiksikan at nagtutunggaliang mga bansa ng Matandang Daigdig.

Anong bansa ng Bagong Daigdig ang noong 1798 ay bumabangon sa kapangyarihan, nagpapakitang lalakas at dadakila, at tumatawag ng pansin ng sanlibutan? Ang pag-aangkop ng sagisag ay hindi mapag-aalinlanganan. Isang bansa at isa nga lamang, ang tumatama sa tinitiyak ng hulang ito; hindi mapagka- kamaliang tu- [360]
mutukoy ito sa Estados Unidos ng Amerika. Ang isang tanyag na manunulat, sa paglalarawan niya ng pagbangon ng Estados Unidos, ay nagsabi ng tungkol sa "*hiwaga ng kanyang pagsipot mula sa wala*,"[25] at saka dinugtungan ng: "*Katulad ng isang tahimik na binhi ay* lumitaw tayo at naging isang kaharian."

Datapuwa't yaong hayop na may mga sungay na gaya ng sa isang kordero ay "nagsasalitang gaya ng dragon. At kanyang isinasagawa ang buong kapamahalaan ng unang hayop sa kanyang paningin. At pinasasamba niya ang lupa at ang nangananahan dito sa unang hayop na gumaling ang sugat na ikamamatay . . . na sinasabi sa mga nananahan sa lupa na dapat silang gumawa ng isang larawan ng hayop na mayroon nang sugat ng tabak at nabuhay."[26]

Ang mga sungay na gaya ng sa isang kordero at ang tinig dragon ng sagisag ay tumutukoy sa isang maliwanag na pagkakasalungatan ng mga pagpapanggap at gawain ng bansang kinakatawanan. Ang "pagsasalita" ng bansa ay ang kapasiyahan ng kapangyarihan ng kanyang batasan at hukuman. Sa pamamagitan ng ganyang mga

[24] Daniel 7:2.

[25] G. A. Townsend, *The New World Compared with the Old*, pab. 462. (1869)

[26] Apocalipsis 13:11-14.

pasiya ay pawawalan niyang halaga ang mga mapagbigay at mapayapang simulaing ginawa niya bilang patibayan ng kanyang pamamalakad. Ang pagkakahula na siya ay magsasalita “gaya ng isang dragon” at gagamit ng “buong kapangyarihan ng unang hayop,” ay maliwanag na nagpapaunang magsabi ng pag-unlad ng paghihigpit at ng pag-uusig sa relihiyon na ipinakita ng mga bansang sinasagisagan ng dragon at ng hayop na tulad sa leopardo. Ang pangungusap na “pinasasamba niya ang lupa at ang nanganahan dito, sa hayop,” ay nagpapakilala na gagamitin ng bansang ito ang kanyang kapamahalaan sa sapilitang pagpapatupad ng pangingilin na magiging isang
[361] pagsamba sa kapapahan.

Matalinong pinagsikapan ng mga tagapagtatag ng bansa na mag-ingat laban sa paggamit ng iglesya ng kapangyarihan ng pamahalaan, na taglay nito ang hindi maiiwasang ibubunga—ang paghihigpit at ang pag-uusig. Ang saligang-batas ay nagtatadhana na “ang kongreso ay hindi gagawa ng anumang batas hinggil sa pagtatatag ng relihiyon ni magbabawal ng malayang pagpapairal nito,” at gayon din na “hindi kakailanganin ang anumang pagsusulit ukol sa relihiyon na isang uring kailangan sa anumang tungkuling bayan sa ilalim ng pamamamahala ng Estados Unidos.” Sa napakaliwanag na pagsuway lamang sa mga tagapagsanggalang na ito ng kalayaan ng bansa, maaaring ipatupad ng kapangyarihan ng pamahalaan ang alin mang pagsunod ukol sa relihiyon.

Datapuwa’t ano nga ang “larawan ng hayop?” at paano ito maaanyuan? Ang larawan ay ginagawa ng hayop na may dalawang sungay, at ito’y isang larawang *ukol sn* unang hayop. At ito’y tinatawag din namang larawan ng hayop. Upang malaman kung ano atig hitsura ng larawang ito, at kung paano ito maaanyuan, ay dapat nating pag-aralan ang mga likas ng hayop na rin—ang kapapahan. Nang sumama na ang unang iglesya dahil sa paghiwalay niya sa kasimplihan ng ebanghelyo at dahil sa pagtanggap niya sa mga ritos at ugali ng mga pagano, ay nawala sa kanya ang Espiritu at kapangyarihan ng Diyos; at upang mapangasiwaan niya ang budhi ng mga tao, ay hinanap niya ang tulong ng kapangyarihan ng pamahalaan. Ang bunga ay ang kapapahan, isang iglesyang namamahala sa kapangyarihan ng pamahalaan at ito’y ginagamit sa ikasusulong ng kanyang mga layunin, lalo na sa pagpaparusa sa “erehiya.” Upang ang Estados Unidos ay makapag-anyo ng isang larawan ng hayop,

ay kinakailangan na ang kapangyarihan ng relihiyon ay makapaghari ng gayon na lamang sa pamahalaan, na anupa't ang kapangyarihan ng pamahalaan ay gagamitin din naman ng iglesya sa ikagaganap ng kanyang mga layunin. [362]

Ang pagtalikwas ang siyang sa unang iglesya'y umakay na humingi ng tulong ng pamahalaan, at ito ang naghanda ng daan sa pag-unlad ng kapapahan—ng hayop. Sinabi ni Pablo: Darating "muna ang pagtaliwakas," at mahahayag "ang taong makasalanan."[27] Kaya't ang pagtaliwakas na nasa loob ng iglesya ay maghahanda ng daan para sa larawan ng hayop.

Ipinahahayag ng Biblia na bago parito ang Panginoon ay magkakaroon ang relihiyon ng isang kalagayang pababa na katulad noong mga unang dantaon. "Sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib. Sapagka't ang mga tao'y magiging *maibigin sa kanilang sarili, . . . hindi mga maibigin sa mabuti*, mga lilo, mga matitigas ang ulo, mga palalo, *mga maibigin sa kalayawan kaysa pagkamaibigin sa Diyos*; na may anyo ng kabanalan, datapuwa't tinatanggihan ang kapangyarihan nito."[28] Si Satanas ay gagawa na may "buong kapangyarihan, at mga tanda at mga kahanga-hangang kasinungalingan, at may buong daya ng kalikuan." At ang lahat na hindi tumatanggap ng "pagibig sa katotohanan, upang sila'y mangaligtas," ay mangaiiwan upang tumanggap ng "kamalian, upang magsipaniwala sila sa kasinungalingan."[29] Pagka dumating na ang ganitong kasamaan, susunod ang gaya rin ng ibinunga noong mga naunang dantaon.

Kapag inimpluensiyahan ang estado ng mga nangungunang iglesya ng Estados Unidos, na nagkakaisa sa mga bahagi ng aral na pinaniniwalaan nilang lahat, upang ipasunod nito ang kanilang mga pasiya, at upang tangkilikin ang kanilang mga relihiyon, kung magkagayo'y ang protestanteng Amerika ay makapag-aanyo na ng isang larawan ng *herarkiya Romana*, at walang pagsalang magbubunga ito ng pagpaparusa ng pamahalaan sa mga lumalaban.

"Pinabigyan" [inutusan] ng hayop na may dalawang sungay "ang lahat, maliliit at malalaki, at mayayaman at mga dukha, at ang mga laya at mga alipin, . . . ng isang tanda sa kanilang kanang kamay, [363]

[27] 2 Tesalonica 2:3, 4.
[28] 2 Timoteo 3:1-5.
[29] 2 Tesalonica 2:9-11.

o sa noo; at ng huwag makabili o makapagbili ang sinuman, kundi siyang mayroong tanda, samakatuwid ay ng pangalan ng hayop o bilang ng kanyang pangalan."[30] Ang babala ng ikatlong anghel ay, "Kung ang sinuman ay sumasamba sa hayop at sa kanyang larawan, at tumatanggap ng tanda sa kanyang noo, o sa kanyang kamay, ay iinum din naman siya ng alak ng kagalitan ng Diyos." Ang "hayop" na binabanggit sa pabalitang ito, na ang pagsamba sa kanya ay ipinatutupad ng hayop na may dalawang sungay, ay siyang una, o ang hayop na katulad ng leopardo ng Apokalipsis 13—ang kapapahan. Ang "larawang ukol sa hayop" ay kumakatawan sa tumalikod na Protestantismo na siyang mangyayari pagka ang mga iglesyang Protestante ay humingi na ng tulong sa mga pamahalaang sibil upang ipatupad ang kanilang mga dogma. Ang "larawan ng hayop" ay ipaliliwanag pa.

Pagkatapos ng babala laban sa pagsamba sa hayop at sa kanyang larawan ay ganito ang ipinahahayag ng hula; "Narito . . . ang nagsisitupad ng utos ng Diyos at ng pananampalataya ni Jesus."[31] Yamang yaong mga sumusunod sa mga utos ng Diyos ay napapalagay na kakaiba sa mga sumasamba sa hayop at sa kanyang larawan at tumatanggap ng kanyang tanda, ay nangangahulugan nga na ang pagsunod sa kautusan ng Diyos, sa isang dako, at pagsuway dito, sa kabila, ay gagawa ng pagkakaiba sa mga nagsisisamba sa Diyos at sa mga nagsisisamba sa hayop.

Ang tanging likas ng hayop, na samakatuwid ay likas din ng kanyang larawan, ay ang pagsuway sa mga utos ng Diyos. Ganito ang sabi ni Daniel tungkol sa maliit na sungay, ang kapapahan:
[364] "Kanyang iisiping baguhin ang panahon at ang kautusan."[32] At ang kapangyarihan ding yaon ay pinamagatan ni Pablo na "ang taong makasalanan,"[27] na siyang magtatanghal ng kanyang sarili na mataas kaysa Diyos. Ang isang hula ay karagdagan ng iba.

Sa pagbabago lamang sa kautusan ng Diyos maaaring itanghal ng kapapahan ang kanyang sarili na mataas pa kaysa Diyos; sinumang nakakaalam ng pagbabago ng kautusan at sumusunod ayon sa pagkabago ay nagpaparangal sa kapangyarihang bumago. Ang

[30] Apocalipsis 13:16, 17.
[31] Apocalipsis 14:12.
[32] Daniel 7:25.
[27] 2 Tesalonica 2:3, 4.

ganyang pagsunod sa mga utos ng papa ay magiging isang tanda ng pagkilala sa papa na kahalili ng Diyos.

Sinikap ng kapapahan na baguhin ang kautusan ng Diyos. Ang ikalawang utos, na nagbabawal ng pagsamba sa larawan ay inalis niya sa kautusan, at ang ikaapat na utos ay binago niya ng gayon na lamang na anupa't ang ipinag-uutos na ipangilin ay hindi ang ikapitong araw na Sabado, kundi ang unang araw na Linggo. Nguni't ikinakatuwiran ng mga makapapa sa pag-aalis nila ng ikalawang utos, na hindi iyan kailangan, dahil sa nakapaloob na rin lamang sa unang utos, at sinasabi nila na ibinibigay nila ang kautusan sa isang tamang-tamang paraan na nais ng Diyos na maunawaan ito. Hindi mangyayaring ito ang pagbabagong ipinagpauna ng propeta. Isang pagbabagong kinusa at sinadya ang ipinakilala: "Kanyang iisiping baguhin ang panahon at ang kautusan."[32] Ang pagkapagbago sa ikaapat na utos ay ganap na ganap na tumutupad sa salita ng hula. Ukol dito ang kapangyarihan lamang inaangkin ay yaong sa iglesya. Dito ay hayagang inilagay ng kapapahan ang kapangyarihan niya sa itaas ng kapangyarihan ng Diyos.

Samantalang ang mga sumasamba sa Diyos ay tanging mapagkikilala sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang nila sa ikaapat na utos—yamang ito ang tanda ng Kanyang kapangyarihang lumalang, at saksi sa Kanyang pag-angkin sa paggalang at sa pagsamba ng tao—ang mga sumasamba naman sa hayop ay mapagkikilala sa kanilang pagsi- sikap na iwasak ang nagpapaalaala sa Maylalang, [365]
upang maitanghal ang itinatag ng Roma.

Sa kapakanan ng araw ng Linggo iginiit ng kapapahan ang kanyang palalong pag-angkin: at ang una niyang paggamit ng kapangyarihan ng pamahalaan ay upang ipilit na ipangilin ang Linggo bilang "araw ng Panginoon." Datapuwa't tinutukoy ng Biblia na ang ikapitong araw ang siyang araw ng Panginoon, at hindi ang unang araw ng sanlinggo. Ani Kristo, "Ang Anak ng tao ay Panginoon din naman ng Sabado."[33] Sinasabi ng ikaapat na utos na "ang ikapitong araw ay Sabado sa Panginoon."[17] At sa pamamagitan ng

[32]Daniel 7:25.

[33]Macros 2:28, talatang Griego.

[17]Exodo 20:10, 11, dating salin sa Tagalog.

propeta Isaias ay tinatawag ito ng Panginoon na "Aking banal na kaarawan."[34]

Ang pag-angking malimit na ginagawa na anila'y binago ni Kristo ang kapangilinan, ay pinabubulaanan ng Kanya na ring mga salita. Sa Kanyang sermon sa bundok ay ganito ang Kanyang sinabi: "Huwag ninyong isiping Ako'y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: Ako'y naparito hindi upang sirain kundi upang ganapin. Sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo: Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o ang isang kudlit, sa anumang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay. Kaya't ang sinumang sumuway sa isa sa kaliit-liitang mga utos na ito, at ituturo ang gayon sa mga tao, ay tatawaging kaliit-liitan sa kaharian ng mga langit; datapuwa't sinumang gumanap at ituro, ito'y tatawaging dakila sa kaharian ng langit."[35]

Isang katunayang inaamin ng mga protestante na ang Banal na Kasulatan ay walang pahintulot na baguhin ang kapangilinan. Ito'y malinaw na ipinahayag ng mga inilathala ng *American Tract Society* at ng *American Sunday School Union*. Ang isa sa mga inilathalang
[366] ito ay kumikilala sa "ganap na katahimikan ng Bagong Tipan tungkol sa maliwanag na utos ukol sa kapangilinan, [Linggo, unang araw ng sanlinggo] o tungkol sa tiyak na mga tuntunin sa pangingilin nito."[36]

Ang wika naman ng isa: "Hanggang sa panahon ng kamatayan ni Kristo, ay walang ginawang pagbabago sa araw,"[37] at, "alinsunod sa ipinakikilala ng ulat, sila [ang mga apostol] ay hindi . . . nagbigay ng anumang utos na huwag nang ipangilin ang ikapitong araw na Sabado at ipangilin na ang unang araw ng sanlinggo."[38]

Kinikilala ng mga Katoliko Romano na ang pagbabago ng kapangilinan ay ginawa ng kanilang iglesya, at ipinahayag niya na kumikilala ang mga Protestante sa kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng pangingilin nila ng Linggo.

Bilang tanda ng kapangyarihan ng Iglesya Katolika Romana ay sinipi ng mga manunulat na makapapa "ang ginawang paglilipat

[34]Isaias 58:13.

[35]Mateo 5:17-19.

[36]George Elliot, *The Abiding Sabbath*, p. 184.

[37]A. E. Waffle, *The Lord's Day*, p. 186.

[38]A. E. Waffle, *The Lord's Day, p. 187, 188.*

ng kapangilinan sa Linggo, mula sa Sabado, na inaayunan ng mga Protestante; . . . sapagka't sa pangingilin nila ng Linggo, ay kinikilala nila ang kapangyarihan ng iglesya na magtatag ng mga kapistahan, ipag-utos ang mga ito at ang sumuway ay kasalanan."[39] Ano nga kung gayon, ang pagkapagbago ng kapangilinan kundi tanda, o marka, ng kapangyarihan ng iglesya Romana—"Ang tanda ng hayop?"

Hindi pa binabago ng Iglesya Romana ang kanyang pag-aangkin sa kapangyarihan; at kapag tinanggap ng sanlibutan at ng mga iglesyang Protestante ang isang kapangilinang linikha lamang niya, samantalang tinatanggihan nila ang Sabado ng Biblia, ay masasabing tinatanggap nila ang pag-angking ito. Mangyayaring angkinin nila ang kapangyarihan ng mga sali't saling sabi pati ng kapangyarihan ng mga pari sa pagkapagbago; datapuwa't sa pag-aangkin nilang ito'y winawalan nilang kabuluhan ang simulain na rin na naghihi- [367]
walay sa kanila sa Roma—na "ang Biblia at ang Biblia lamang, ang siyang relihiyon ng mga Protestante."

Ang pagpapatupad ng mga Protestante na ipangilin ang Linggo ay isang pagpapatupad ng pagsamba sa kapapahan—sa hayop. Yaong mga nakakaalam sa pag-angkin ng ikaapat na utos, gayon may pinipili pa nilang ipangilin ang huwad sa halip ng tunay na kapangilinan, ay sumasamba sa kapangyarihang yaon na siyang tanging nagutos nito. Datapuwa't sa pagpapatupad ng pamahalaan ng isang tungkuling ukol sa relihiyon, ang mga iglesya na rin ay nag-aanyo ng isang larawang patungkol sa hayop; dahil dito'y ang pagpapatupad na ipangilin ang Linggo sa Estados Unidos ay magiging isang pagpapatupad na sambahin ang hayop at ang kanyang larawan.

Nguni't ang mga Kristiyano ng mga salin-iahing nakaraan ay nangilin Linggo, sa pag-aakalang sa gayo'y ipinangingilin nila ang Sabado ng Biblia; at ngayo'y maraming tapat na Kristiyano sa bawa't iglesya pati sa Iglesya Katolika Romana, na tapat na nanganiniwalang ang Linggo ay siyang kapangilinang hinirang ng Diyos. Tinatanggap ng Diyos ang kanilang tapat na layunin at kalinisang-budhi sa harap Niya. Datapuwa't kapag ipinatutupad na ng batas ng pamahalaan ang pangingilin ng Linggo, at naliwanagan na ang

[39] H. Tuberville, *An Abridgement of the Christian Doctrine*, p.58.

sanlibutan hinggil sa katungkulang ipangilin ang tunay na Sabado, kung magkagayo'y sinumang susuway sa utos ng Diyos, upang sumunod sa utos na di-utos ng kapangyarihang nakatataas sa Roma, pinararangalan nga niya ang kapapahan ng higit kay sa Diyos. Gumagalang siya sa Roma, at sa kapangyarihang nagpapatupad ng tatag na itinalaga ng Roma. Sa pagtanggi ng mga tao sa itinatag ng Diyos, na ipinahayag Niya na tanda ng Kanyang kapamahalaan, at sa halip nito'y parangalan nila ang pinili ng Roma na pinakatanda ng Kanyang kapangyarihan, sa gayo'y tatanggapin nila ang tanda
[368] ng pakikikampi sa Ro- ma—"ang tanda ng hayop." Hanggang hindi maliwanag na naihaharap, na gaya nito, ang suliranin sa mga tao, at sila'y napapamili sa mga utos ng Diyos at sa mga utos ng tao, ay di pa tatanggap ng "Tanda ng hayop ang mga patuloy sa kanilang pagsuway."

Ang kakila-kilabot sa lahat ng pagbabantang iniukol sa mga tao ay ang napalaman sa pabalita ng ikatlong sugong anghel. Maaring isang kakila-kilabot na kasalanan ang nagpapababa sa kagalitan ng Diyos na walang halong awa. Ang mga tao'y hindi iiwan sa kadiliman hinggil sa mahalagang bagay na ito; ang babala laban sa ganitong pagkakasala ay dapat ikalat sa buong sanlibutan bago dumalaw ang mga kahatulan ng Diyos upang maalaman ng kalahatan kung bakit sila parurusahan, at upang magkaroon sila ng panahon na makaiwas sa mga parusang ito. Sinasabi ng hula na ang unang anghel ay gagawa ng kanyang pagpapahayag "sa bawa't bansa, at lipi at wika, at bayan."

Ang babala ng ikatlong anghel, na isang bahagi ng tatlong magkakalakip na pabalita. ay dapat ilaganap sa di liliit na kalawakan. Ito'y kinakatawanan sa hula na ipinahahayag na may malakas na tinig ng isang anghel na lumipad sa gitna ng langit at ito ang tatawag ng pansin ng sanlibutan.

Sa labanang ito ay mahahati sa dalawang malaking bahagi ang Sangkakristiyanuhan—yaong mga tumutupad ng mga utos ng Diyos at rnay pananampalataya kay Jesus, at yaong mga sumasamba sa hayop at sa kanyang larawan, at tumatanggap ng kanyang tanda. Bagaman papaglalakipin ng iglesya at ng pamahalaan ang kanilang kapangyarihan upang pilitin "ang lahat, maliliit at malaki, at mayaman at mga dukha, at ang mga laya at mga alipin," na tumanggap ng

"tanda ng hayop,"[40] gayon ma'y hindi ito tatanggapin ng mga tao ng Diyos. Natatanaw ng propeta ng Patmos "yaong nangagtagumpay sa hayop, at sa kan- yang larawan, at sa bilang ng kanyang pangalan, ay [369]
nangakatayo sa tabi ng dagat na bubog, na may mga alpa ng Diyos," at inaawit ang awit ni Moises at ng Kordero.[41] [370]

[371]

[40] Apocalipsis 13:16.
[41] Apocalipsis 15:2, 3.

## *Kabanata 25*— Isang kilusang pangsanlibutan

Ang gawaing pagbabago ng kapangilinan na isasa katuparan sa mga huling araw ay ipinagpauna sa hula ni Isaias: "Ganito ang sabi ng Panginoon: Kayo'y mangag-ingat ng kahatulan, at magsigawa ng katuwiran; sapagka't ang aking pagliligtas ay malapit nang darating, at ang aking katuwiran ay mahahayag. Mapalad ang taong gumagawa nito, at ang anak ng tao na nanghahawak dito; na nangingilin ng Sabado upang huwag lapastanganin, at nag-iingat ng kanyang kamay sa paggawa ng anumang kasamaan." "Gayon din naman ang mga taga ibang lupa, na nakikilakip sa Panginoon, upang magsipangasiwa sa Kanya, at magsiibig sa pangalan ng Panginoon, upang maging Kanyang mga lingkod, bawa't nangingilin ng Sabado upang huwag lapastanganin at nag-iingat ng aking tipan; sila ay dadalhin Ko sa Aking banal na bundok, at papagkakatuwain Ko sila sa Aking bahay na dalanginan."[1]

Ang mga pangungusap na ito ay naaangkop sa panahong Kristiyano, gaya ng ipinakikilala ng nilalaman: "Ang Panginoong Diyos na pumipisan ng mga itinapon sa Israel ay nagsasabi: Magpipisan pa Ako ng mga iba sa kanya, bukod sa kanyang sarili na nangapisan."[2] Dito'y paunang inaninuhan ang pagtitipon ng mga Hentil sa pamamagitan ng ebanghelyo. At sa mga magpaparangal sa Sabado ay binibigkas ang isang pagpapala. Sa gayo'y ang kahingian ng ikaapat na utos ay lumalampas sa panahon ng pagpapako, pagkabuhay na
[372] mag-uli at pag-akyat ni Kristo sa langit, at umaabot sa kapanahunan na ipangangaral ng Kanyang mga lingkod ang masasayang balita sa lahat ng bansa.

Ang Panginoon ay nag-uutos sa pamamagitan ng propeta ring yaon: "Talian mo ang patotoo, tatakan mo ang kautusan sa gitna ng aking mga alagad."[3] Ang tatak ng kautusan ng Diyos ay nasusumpungan sa ikaapat na utos. Ito lamang, sa buong sampu, ang

[1] Isaias 56:1, 2, 6, 7, talatang Hebreo.
[2] Isaias 56:8.
[3] Isaias 8:16.

naghahayag ng pangalan at titulo ng Tagapagbigay ng kautusan. Inihahayag nito na Siya ang Manglalalang ng langit at ng lupa, at sa gayo'y ipinakikita ang Kanyang pag-angkin sa paggalang at pagsamba sa Kanya ng higit kaysa lahat ng iba. Maliban sa utos na ito, ay wala nang anuman sa sampung utos ang magpapakita kung sa pamamagitan ng kaninong kapangyarihan ibinigay ang kautusan. Nang palitan ng kapapahan, ang kapangilinan ang tatak ay naalis sa kautusan. Ang mga alagad ni Jesus ay tinatawagan upang ito'y isauli, sa pamamagitan ng pagtatampok sa Sabado na ikaapat na utos sa matuwid na dapat kalagyan nito bilang tagapagpaalaala ng Manglalalang at tanda ng Kanyang kapamahalaan.

"Sa kautusan at sa patotoo." Bagaman lumilipana ang mga nagkakalabang aral at pala-palagay, ang kautusan naman ng Diyos ay siyang tanging hindi nagkakamaling tuntunin na pagsusubukan sa lahat ng kuru-kuro, aral, at pala-palagay. Sinabi ng propeta: "Kung hindi sila magsalita ng ayon sa salitang ito, tunay na walang umaga sa kanila."[4]

Muling nag-utos, "Humiyaw ka ng malakas, huwag kang magpigil, ilakas mo ang iyong tinig na parang pakakak, at iyong ipahayag sa Aking bayan ang kanilang pagsalansang, at sa angkan ni Jakob ang kanilang kasalanan." Hindi ang sanlibutang makasalanan ang sasawayin sa kanilang mga pagsalansang kundi yaong mga tinawag ng Panginoon na "Aking bayan." Ganito ang Kan- yang patuloy: [373]
"Gayon ma'y hinahanap nila Ako arawaraw; at kinalulugdan nilang maalaman ang Aking mga daan na gaya ng bansa na gumawang matuwid at hindi lumimot ng alituntunin ng kanilang Diyos."[5] Dito'y ipinakikilala ang isang uri ng mga tao na nag-aakalang matuwid na sila, at nagkukunwaring may malaking interes sa paglilingkod sa Diyos; datapuwa't ang matigas at taimtin na pagsaway ng Tagasaliksik ng mga puso ay nagpapakilalang niyuyurakan nila ang mga banal na utos.

Sa gayo'y tinutukoy ng propeta ang utos na tinalikdan: "Ikaw ay magbabangon ng mga patibayan ng maraming sali't saling lahi, at ikaw ay tatawaging, Ang tagapaghusay ng sira, Ang tagapagsauli ng mga landas na matatahanan. Kung iyong iurong ang iyong

[4]Isaias 8:20.
[5]Isaias 58:1, 2.

paa sa Sabado, sa paggawa ng iyang kalayawan sa Aking banal na kaarawan, at iyong tawagin ang Sabado na kaluguran, at ang banal ng Panginoon na marangal at iyong pararangalan, na hindi ka lalakad sa iyong mga sariling lakad, ni hahanap ng iyong sariling kalayawan, ni magsasalita ng iyong mga sariling salita; kung magkagayo'y malulugod ka nga sa Panginoon."[6] Ang hulang ito ay nakakapit din naman sa ating kapanahunan. Ginawa ang kasiraan sa kautusan ng Diyos nang palitan ng kapangyarihan ng Roma ang araw na Sabado. Datapuwa't dumating na ang panahon upang isauli ang itinatag na ito ng Diyos. Ang nasira ay huhusayin, at ang pinagtitibayan ng maraming sali't saling lahi ay dapat ibangon.

Ang Sabado na pinabanal sa pamamagitan ng pagpapahinga at pagpapala ng Maylalang, ay ipinangilin ni Adan noong wala pa siyang kasalanan sa loob ng banal na Eden; ipinangilin ni Adan na nagkasala nga datapuwa't nagsisi naman, nang siya'y palayasin sa kanyang maligayang tahanan. Ito'y ipinangilin ng lahat ng patiarka mula kay Abel hanggang kay Noe na matuwid, hanggang kay Abra-
[374] ham, at kay Jakob. Noong nasa pagkaalipin sa Egipto ang bayang hinirang ang marami sa kanila, sa gitna ng naglipanang pagsamba sa diyus-diyusan, ay nangakalimot sa kautusan ng Diyos; datapuwa't nang iligtas na ng Panginoon ang Israel, ay ipinahayag Niya na may dakilang karilagan ang Kanyang kautusan sa nagkakatipong karamihan, upang kanilang maalaman ang kanyang kalooban at sa gayo'y mangatakot at tumalima sa Kanya magpakailan man.

Sapul sa araw na yaon hanggang sa panahong ito, ay napanatili sa lupa ang pagkakilala sa kautusan ng Diyos, at ang Sabado ng ikaapat na utos ay ipinangilin. Bagaman nanaig yaong "taong makasalanan" sa pagyurak sa banal na kaarawan ng Diyos, sa panahon pa man ng kanyang pangingibabaw ay nagkaroon, sa mga lihim na dako, ng mga tapat na kaluluwa na nagpaparangal dito. Mula noong panahon ng Reporma, ay nagkaroon ng ilang tao sa bawa't salin ng lahi na nanatili sa pangingilin nito. Bagaman palaging nasa gitna sila ng pagtuya at paguusig, patuloy silang sumasaksi sa pamamalagi ng kautusan ng Diyos, at sa banal na tungkulin sa Sabado ng paglalang.

Ang mga katotohanang ito, ayon sa ipinakikilala sa Apokalipsis 14, kaugnay ng "mabubuting balita na walanghanggan," ay siyang

[6]Isaias 58:12-14, talatang Hebreo.

pagkakakilanlan sa iglesya ni Kristo sa panahon ng pagpapakita Niya. Sapagka't bilang bunga ng tatlong magkakalakip na pabalita ay ipinahahayag: "Narito ang mga nagsisitupad ng mga utos ng Diyos at ng pananampalataya ni Jesus." At ang pabalitang ito ay siyang kahuli-hulihang pabalita na ilalaganap bago dumating ang Panginoon. Kapagkarakang maipahayag na ito, ay nakita ng propeta ang Anak ng tao na pumaparito sa kaluwalhatian upang anihin ang aanihin sa lupa.

Yaong nagsitanggap ng liwanag tungkol sa santuaryo at nagsikilala sa di pagbabago ng kautusan ng Diyos, ay nangapuspos ng tuwa at pagtataka, nang makita nila ang ganda at pagtutugma ng [375]
pagkakaayos ng katotohanang nabuksan sa kanilang pang-unawa. Ninasa nilang maipamahagi sa lahat ng Kristiyano ang liwanag na napakamahalaga sa ganang kanila; at hindi nila mapigil na paniwalaang yao'y buong ligayang tatanggapin. Nguni't hindi tinanggap ng maraming nangagpapangap na alagad ni Kristo ang mga katotohanang nagpapaging iba sa kanila sa sanlibutan. Ang pagsunod sa ikaapat na utos ay nangangailangan ng isang pagsasakripisyo na inurungan ng marami.

Sa paghaharap ng mga pag-angkin ng Sabado, ang marami ay gumamit ng katuwirang makasanlibutan. Sinabi nila: "Ipinangilin na namin ang Linggo mula't mula pa; at ito'y ipinangilin ng aming mga magulang, at maraming mabuti at banal na tao ang nangamatay na natutuwang ito'y ipinangilin. Kung matuwid ang ginawa nila, ay matuwid din ang ginagawa namin. Ang pangingilin ng bagong kapangilinang ito ay maglalayo sa amin sa pakikiisa sa sanlibutan, at mawawalan kami ng impluensya sa kanila. Anong maaasahang magagawa ng isang maliit na pangkat na nangingilin ng ikapitong araw laban sa buong sanlibutan na nangingilin ng Linggo?" Sa ganyan ding mga pangangatuwiran ay sinikap ng mga Hudyo na ariing matuwid ang pagkatakwil nila kay Kristo. Ang kanilang mga magulang ay nilingap ng Diyos nang kanilang ihandog ang kanilang hain, at bakit nga hindi rin maliligtas ang mga anak sa paggawa ng gayon din? Gayon din, noong panahon ni Lutero, nangatuwiran ang mga makapapa na ang tapat na mga Kristiyano ay nangamatay sa pananampalatayang Katoliko, kaya't ang relihiyong iyan ay sapat na sa ikaliligtas. Ang ganyang pangangatuwiran ay magiging isang

mabisang sagabal sa lahat ng pagsulong sa pananampalataya o sa pagsasagawa ng itinuturo ng relihiyon.

Marami ang nangatuwiran na ang pangingilin ng Linggo ay
[376] isang doktrinang naitatag na at isang malaganap na ugali ng iglesya sa marami nang dantaon. Laban sa katuwirang ito ay ipinakilala na ang Sabado at ang pangingilin nito, ay lalong matanda at lalong malaganap, at kasintanda ng sanlibutan na rin, at may taglay na patotoo ng mga anghel at ng Diyos. Nang ilagay ang mga batong panulok ng lupa, nang magsiawit na magkakasama ang mga bituing pang-umaga, at ang lahat ng mga anak ng Diyos ay naghihiyawan sa kagalakan ay inilagay din ang patibayan ng Sabado.[7] Matuwid na hingin ng tatag na ito ang ating paggalang. Ito'y hindi itinalaga ng kapangyarihang tao; at hindi ito nababababaw sa mga sali't saling sabi ng mga tao; ito'y itinatag ng Matanda sa mga araw, at ipinag-utos ng Kanyang walang-hanggang salita.

Nang ang pansin ng mga tao ay matawagan sa suliraning tungkol sa pagbabago ng kapangilinan, ay binaligtad ng mga tanyag na ministro ang salita ng Diyos, at ang patotoo nito ay binigyan nila ng mga paliwanag na lalong makapagpapatahimik sa pag-iisip ng nangagtatanong. At yaong hindi nangagsaliksik ng Kasulatan sa ganang kanilang sarili, ay nasiyahan nang tumanggap ng kapasiyahang naaayon sa kanilang ninanasa. Sa pamamagitan ng katuwiran, ng daya, ng sali't-saling sabi ng mga Padre, at ng kapamahalaan ng iglesya, ay nagsikap ang marami na ibagsak ang katotohanan. Ang mga nagtatanyag nito ay nangapataboy sa kanilang mga Banal na Kasulatan upang ipagtanggol ang katibayan ng ikaapat na utos. Ang mga hamak na tao, na nasasakbatan ng Salita ng katotohanan lamang, ay sumagupa sa mga pagsalakay ng mga nagsipag-aral. Taglay ang pagka-mangha at pagkapoot, natuklasan ng mga nagsipag-aral naito na ang kanilang mabubuting panglinlang ay walang kapangyarihan laban sa simple, at tapatang pangangatuwiran ng mga taong sanay sa mga Banal na Kasulatan at hindi sa mga katusuhan
[377] ng mga paaralan.

Sa kawalan ng patotoo ng Biblia na kasang-ayon nila, ay walang pagod na iginigiit ng marami—sa pagkalimot nilang gayon ding pangangatuwiran ang ginamit laban kay Kristo at sa Kanyang mga

[7] Job 38:6, 7; Genesis 2:1-3.

alagad—"Bakit hindi naaalaman ng ating mga dakilang tao ang suliraning ito tungkol sa Sabado? Datapuwa't iilan ang nanganampalatayang gaya ninyo. Hindi mangyayaring kayo ang matuwid, at mali na ang lahat na may pinag-aralan sa sanlibutan."

Upang mapasinungalingan ang ganyang mga katuwiran ay kailangan lamang na banggitin ang mga aral ng Kasulatan at ang kasaysayan ng pakikitungo ng Panginoon sa Kanyang bayan sa lahat ng panahon. Ang Diyos ay gumagawa sa pamamagitan ng mga dumirinig at tumatalima sa Kanyang tinig; sa pamamagitan ng mga magsasalita, kung kakailanganin, ng hindi kalugud-lukod na katotohanan; ng mga hindi natatakot sumaway sa mga laganap na kasalanan. Ang dahilan ng hindi malimit na pagpili sa mga taong may pinag-aralan at may mataas na katungkulan upang manguna sa mga kilusan ng pagbabago, ay sapagka't nagtitiwala ang mga taong iyan sa kanilang mga aral, hakahaka, at teolohiya, at hindi nila nararamdaman na kailangang sila'y maturuan ng Diyos. Yaon lamang mga mayroong pakikipag-ugnay sa Bukal ng kaalaman ang makauunawa o makapagpapaliwanag ng mga Kasulatan. Ang mga taong kakaunti ang karunungang mula sa mga paaralan ay tinatawagang maminsan-minsan upang magpahayag ng katotohanan, hindi sapagka't wala silang kaalaman, kundi sapagka't wala silang gaanong kasiyahan sa sarili upang maturuan ng Diyos. Nagsipag-aral sila sa paaralan ni Kristo, at ang kanilang kapakumbabaan at pagkamasunurin ay siyang sa kanila'y nagpadakila. Sa pagbibigay sa kanila ng Diyos ng pagkakilala sa Kanyang katotohanan, ay binigyan din naman sila ng karangalan, na ang karangalang makalupa, kung itutulad dito, ay nawawalan ng kabuluhan. [378]

Ngayon, kagaya ng mga unang kapanahunan, ang pagpapakilala ng isang katotohanan na sumasaway sa mga kasalanan at kamalian ng panahon, ay pagbubuhatan ng pagsalungat. "Bawa't isa na gumagawa ng masama ay napopoot sa ilaw, at hindi lumalapit sa ilaw, upang huwag masaway ang kanyang mga gawa."[8] Sa pagkakita ng mga tao na hindi nila mapatitibay ang kanilang pananayuan sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan, ay ipinasisiya ng marami na tangkilikin ang kanilang pananayuan sa kabila ng lahat ng panganib, at taglay ang isang masamang diwa ay sinasalakay nila ang likas at

[8] Juan 3:20.

hangarin ng mga nagsasanggalang ng hindi tanyag na katotohanan. Ganyan din ang pamamalakad na sinunod sa lahat ng kapanahunan. Si Elias ay pinagsabihang isang manggugulo sa Israel, si Jeremias ay taksil, si Pablo ay nagpaparumi ng templo. Mula nang araw na yaon hanggang sa panahon ito, yaong ibig magtapat sa katotohanan ay pinararatangang mapanghimagsik, erehe, o mapaggawa ng pagbabaha-bahagi.

Dahil dito'y ano ang tungkulin ng sugo ng katotohanan? Ipasisiya ba niyang hindi na dapat ipakilala ang katotohanan, yayamang ang malimit na ibinubunga lamang nito ay ang gisingin ang mga tao upang iwasan o labanan ang mga paga-angkin nito? Hindi; wala siyang katuwirang pumigil sa patotoo ng salita ng Diyos, sa dahilang lumilikha ito ng pagsalansang ng mga tao, gaya ng mga unang Repormador na wala ring katuwiran. Ang pagpapahayag ng pananampalataya na ginawa ng mga banal at ng mga martir ay natala sa kapakinabangan ng mga susunod na salin ng lahi. Yaong mga buhay na halimbawa ng kabanalan at matibay na katapatan, ay umabot sa atin upang magbigay tapang sa mga tinatawagan ngayon na tumayong saksi para sa Diyos. Tumanggap sila ng biyaya at katotohanan hindi lamang para sa kanilang sarili, kundi upang sa pamamagitan nila, ay lumiwanag sa lupa ang pagkakilala sa Diyos.
[379] Binigyan baga ng Diyos ng liwa- nag ang Kanyang mga lingkod sa salin ng lahing ito? Kung gayo'y dapat nilang ito'y papagliwanagin sa sanlibutan!

Noong unang panahon ay ganito ang sinabi ng Panginoon sa isang nagsalita sa Kanyang pangalan: "Hindi ka diringgin ng sambahayan ni Israel; sapagka't hindi nila Ako diringgin." Gayon ma'y Kanyang sinabi: "Iyong sasalitain ang Aking mga salita sa kanila, sa diringgin o sa itatakwil man."[9] Ang lingkod ng Diyos sa panahong ito ay pinag-uutusan: "Ilakas mo ang iyong tinig na parang pakakak, at iyong ipahayag sa Aking bayan ang kanilang pagsalansang, at sa angkan ni Jakob ang kanilang mga kasalanan."[10]

Ang sinumang tumanggap ng liwanag ng katotohanan, alinsunod sa abot ng kanyang pagkakataon, ay nasa ilalim ng banal at nakapangingilabot na kapanagutan ng propeta sa Israel na dinatnan ng

[9] Ezekiel 3:7; 2:7.

[10] Isaias 58:1.

salita ng Panginoon, na nagsabi: "Ikaw anak ng tao, ay inilagay Ko na bantay sa sambahayan ni Israel; kaya't dinggin mo ang salita sa Aking bibig, at magbigay alam ka sa kanila sa ganang Akin. Pagka Aking sinabi sa masama: Oh masamang tao, ikaw ay walang pagsalang mamamatay, at ikaw ay hindi nagsalita upang magbigay alam sa masama ng kanyang lakad; ang masamang yaon ay mamamatay sa kanyang kasamaan, nguni't ang kanyang dugo ay sisiyasatin Ko sa iyong kamay. Gayon ma'y kung iyong pagbigyang alam ang masama ng kanyang lakad upang humiwalay, at hindi niya hiniwalayan ang kanyang lakad, mamamatay siya sa kanyang kasamaan, nguni't iniligtas mo ang iyong kaluluwa."[11]

Ang malaking sagabal sa pagtanggap at paglalaganap ng katotohanan, ay ang katunayang nakakalangkap nito ang kahirapan at pagkutya. Ito lamang ang tutol sa katotohanan na hindi mapasinungalingan ng mga nagtatanyag nito. Datapuwa't hindi ito nakapipigil sa mga tunay na alagad ni Kristo. Hindi nila in- [380]
aantabayanang matanyag ang katotohanan. Sa pagkakilala nila sa kanilang tungkulin, kusa nilang tinatanggap ang krus, at kasama ni apostol Pablo ay itinuturing nila na "aming magaang kapighatian na sa isang sandali lamang ay siyang gumagawa sa amin ng lalo't lalong bigat ng kaluwalhatiang walang-hanggan;" kasaina ng isa nang unang kapanahunan, ay "inaring malaking kayamanan ang kadustaan ni Kristo, kaysa mga kayainanan ng Ehipto."[12]

Yaon lamang naglilingkod sa sanlibutan ng buong puso, anuman ang kanilang pagpapanggap, ang kumikilos ayon sa pamamalakad at hindi ayon sa simulain ng mga bagay ng relihiyon. Dapat nating piliin ang matuwid sapagka't yao'y matuwid, at ipabahala natin sa Diyos ang anumang ibubunga nito. Sa mga taong may simulain, pananampalataya, at katapangan, ay utang ng sanlibutan ang malalaki niyang pagbabago. Sa painamagitan ng ganyang mga tao ang gawain ng pagbabago sa panahong ito ay kailangang sumulong.

Ganito ang wika ng Panginoon: "Inyong pakinggan Ako, ninyong nakaaalam ng katuwiran, bayan na ang puso ay kinaroroonan ng Aking kautusan; huwag ninyong katakutan ang pula ng mga tao, o manglupaypay man kayo sa kanilang mga paglait. Sapagka't sila'y

[11] Ezekiel 33:7-9.
[12] 2 Corinto 4:17.

lalamunin ng tanga na parang bihisan at kakanin sila ng uod na parang bihisang balahibo ng tupa; nguni't ang Aking katuwiran ay magiging magpakailan man, at ang Aking pagliligtas ay sa lahat ng
[381] salit-saling lahi."[13]

[13] Isaias 51:7, 8.

## *Kabanata 26*—"Ang panahon ng kanyang paghatol"

A King minasdan," ang sabi ni propeta Daniel, "hanggang sa ang mga luklukan ay nangalagay, at Isa na matanda sa mga araw ay umupo; ang Kanyang suot ay maputing parang niyebe at ang buhok ng Kanyang ulo ay parang taganas na lana; ang Kanyang luklukan ay mga liyab na apoy at ang mga gulong niyaon ay nagniningas na apoy. Isang mabangis na sigalbo ay lumabas at nagmula sa harap Niya; mga libu-libo ang naglilingkod sa Kanya, at makasampung libo na sampung libo ang nagsitayo sa harap Niya; ang kahatulan ay nalagda, at ang mga aklat ay nangabuksan."[1]

Sa ganyang mga pangungusap ay iniharap sa pangitain ng propeta ang dakila't nakapangingilabot na araw, araw na pagsusuri ng mga likas at mga kabuhayan ng mga tao sa harap ng Hukom ng buong lupa, at ang bawa't isa'y gagantihin ng "ayon sa kani-kanyang mga gawa." Ang Matanda sa mga araw ay ang Diyos Ama. Sinasabi ng mang-aawit: "Bago nalabas ang mga bundok, o bago Mo nilikha ang lupa at ang sanlibutan, mula nga ng walang pasimula hanggang sa walang-hanggan, Ikaw ang Diyos."[2] Siya, na pinanggagalingan ng lahat ng may buhay, at pinagmumulan ng lahat ng kautusan, ang mangungulo sa paghuhukom. At ang mga banal na anghel, bilang mga tagapangasiwa at mga saksi, na ang bilang ay "makasampung libo na sampung libo," ay humaharap sa dakilang hukumang ito.

"At, narito, lumabas na kasama ng mga alapaap sa langit ang
isang gaya ng Anak ng tao, at Siya'y naparoon sa Matanda sa mga [382]
araw, at inilapit nila siya sa harap Niya. At binigyan Siya ng ka- [383]
pangyarihan, at kaluwalhatian, at isang kaharian, upang ang lahat ng bayan, bansa at mga wika ay mangaglingkod sa Kanya; ang kanyang kapangyarihan ay walang-hanggang kapangyarihan na hindi lilipas."[3]

[1] Daniel 7:9, 10.

[2] Mga Awit 90:2.

[3] Daniel 7:13, 14.

Ang inilalarawan ditong paglabas ni Kristo ay hindi ang Kanyang ikalawang pagparito sa lupa. Siya'y paparoon sa Matanda sa mga araw sa langit upang tumanggap ng kapangyarihan at kaluwalhatian, at isang kaharian, na ibibigay sa Kanya pagkatapos ng Kanyang gawain bilang tagapamagitan. Ang paglabas na ito, at hindi ang Kanyang ikalawang pagparito sa lupa, ang ipinagpa una ng hula na mangyayari sa katapusan ng 2300 araw noong 1844. Kasama ng mga anghel ng langit, ang ating Dakilang Saserdote ay pumasok sa kabanal-banalang dako, at doo'y humaharap Siya sa Diyos upang gawin ang kahuli-hulihan Niyang pangangasiwa alang-alang sa mga tao—upang isagawa ang masiyasat na paghuhukom, at upang gumawa ng pagtubos sa lahat ng napagkilalang nararapat sa mga kapakinabangang idinudolot nito.

Sa sumasagisag na paglilingkod yaon lamang nangagsiharap sa Diyos na nangagpahayag ng mga kaalanan at mga nangagsisisi, na ang mga kasalanan sa pamamagit an ng handog na patungkol sa kasalanan ay nalipat sa santuaryo, ang nakakabahagi sa paglilingkod kung dumarating ang kaarawan ng pagtubos. Gayon din naman sa dakilang araw ng huling pagtubos at masiyasat na paghuhukom, ang mga kaso lamang na susuriin ay ang sa mga nagpapanggap na mga tao ng Diyos. Ang paghuhukom sa mga makasalanan ay isang kaiba at hiwalay na gawain, at isasagawa sa huling panahon. "Dumating na ang panahon ng pasimula ng paghuhukom sa bahay ng Diyos; at kung mauna sa atin, ano kaya ang wakas ng mga hindi nagsisitalima
[384] sa ebanghelyo ng Diyos?"[4]

Ang mga aklat ng ulat sa langit, na kinatititikan ng mga pangalan at gawa ng mga tao, ay siyang magpapasiya ng magiging hatol sa araw ng paghuhukom. Sinabi ni propeta Daniel, "Ang kahatulan ay nalagda, at ang mga aklat ay nangabuksan." Nang ilarawan ng tagapagpahayag ang panoorin ding ito, ay ganito ang kanyang idinugtong, "At nabuksan ang ibang aklat na siyang aklat ng buhay; at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa."[5]

Ang aklat ng buhay ay siyang kinatatalaan ng mga pangalan ng lahat ng pumasok sa paglilingkod sa Diyos. Sinabi ni Jesus sa

[4] 1 Pedro 4:17.
[5] Apocalipsis 20:12.

Kanyang mga alagad, “Inyong ikagalak na nangasusulat ang inyong mga pangalan sa langit.”[6] Binabanggit ni Pablo ang tungkol sa kanyang mga tapat na kamanggagawa, “na ang kanilang mga pangalan ay nangasa aklat ng buhay.”[7] Sa pagtunghay ni Daniel “sa panahon ng kabagabagan na hindi nangyari kailan man,” ay sinabi niya na ang mga tao ng Diyos ay maliligtas, “bawa’t isa na masusuinpungan na nakasulat sa aklat.” At sinasabi ng tagapagpahayag na ang makapapasok lamang sa lunsod ng Diyos ay yaong ang mga pangalan ay “nakasulat sa aklat ng buhay ng Kordero.”[8]

“Isang aklat ng alaala” ay nasusulat sa harapan ng Diyos, at doo’y natatala ang mabubuting gawa ng “nangatatakot sa Panginoon, at gumunita ng Kanyang pangalan.”[9] Ang kanilang salita ng pananampalataya, at ang kanilang gawa ng pag-ibig ay natatala sa langit. Ito ang tinutukoy ni Nehemias nang sabihin niyang, “Alalahanin Mo ako, oh aking Diyos . . . at huwag Mong pawiin ang aking mga mabuting gawa na aking ginawa sa ikabubuti ng bahay ng aking Dios.”[10] Sa aklat ng alaala ng Diyos ay natatala magpakailan man ang bawa’t gawa ng katuwiran. Doo’y buong tapat na itinititik ang bawa’t tuksong napaglabanan, ang bawa’t kasamaang napanagumpayan, at ang bawa’t binigkas na salita ng maibiging kaawaan. At [385]
ang bawa’t gawang pagsasakripisyo, bawa’t pagtitiis at lungkot na binata alang-alang kay Kristo, ay natatala. Sinabi ng mang-aawit, “Iyong isinasaysay ang aking mga paggagala: ilagay Mo ang aking luha sa Iyong botelya; wala ba sila sa Iyong aklat?”[11]

Mayroon din namang talaan ng mga kasalanan ng mga tao. “Sapagka’t dadalhin ng Diyos ang bawa’t gawa sa kahatulan, pati ng bawa’t kubling bagay, maging ito’y mabuti o maging ito’y masama.” “Ang bawa’t salitang walang kabuluhang sabihin ng mga tao, ay ipagsusulit nila sa araw ng paghuhukom.” Ang sabi ng Tagapagligtas: “Sa iyong mga salita, ikaw ay magiging banal at sa iyong mga salita ay hahatulan ka.”[12] Ang mga lihim na tangka at layunin ay pawang

[6]Lucas 10:20.

[7]Filipos 4:3.

[8]Daniel 12:1; Apocalipsis 21:27.

[9]Malakias 3:16.

[10]Nehemias 13:14.

[11]Mga Awit 56:8.

[12]Eclesiastes 12:14; Mateo 12:36, 37.

natatala sa hindi nagkakamaling talaan; sapagka't ihahayag ng Diyos ang "mga bagay na nalilihim sa kadiliman, at ipahahayag naman ang mga haka ng puso."[13] "Narito, nasulat sa harap Ko, . . . ang inyong sariling mga kasamaan, at ang mga kasamaan ng inyong mga magulang na magkakasama sabi ng Panginoon."[14]

Ang bawa't gawa ng tao ay sinusuri sa harap ng Diyos, at itinatala kung ukol sa pagtatapat o sa di-pagtatapat. Katapat ng bawa't pangalan sa mga aklat ng langit ay itinatala, na nakapangingilabot na walang kulang ang bawa't masamang salita, bawa't masakim na gawa, bawa't tungkuling di ginanap, at lihim na kasalanan, kasama ang bawa't ikinubling pagdaraya. Ang mga babala o pagsumbat ng langit na niwalang kabuluhan, ang mga panahong inaksaya, ang di sinamantalang mga pagkakataon, ang impluensya na nakagawa ng masama o ng mabuti, kalakip ang malalaking ibinunga nito, ay pawang itinatala ng anghel na tagasulat.

[386] Ang kautusan ng Diyos ay siyang pamantayan na sa pamamagitan nito'y susubukin ang mga likas at kabuhayan ng mga tao sa paghuhukom. Sinabi ng pantas: "Ikaw ay matakot sa Diyos, at sundin mo ang Kanyang mga utos sapagka't ito ang buong katungkulan ng tao. Sapagka't dadalhin ng Diyos ang bawa't gawa sa kahatulan."[15] Pinapayuhan ni apostol Santiago ang kanyang mga kapatid na, "Gayon ang inyong salitain at gayon ang inyong gawin, na gaya ng mga taong huhukuman sa pamamagitan ng kautusan ng kalayaan."[16]

Sa paghuhukom, yaong mga "inaaring karapat-dapat " ay magkakaroon ng bahagi sa pagkabuhay na mag-uli ng mga banal. Ang wika ni Jesus, "Ang mga inaaring karapat-dapat magkamit ng sanlibutang yaon, at ng pagkabuhay na mag-uli sa mga patay, ay . . . kahalintulad ng mga anghel; at sila'y mga anak ng Diyos, palibhasa'y mga anak ng pagkabuhay na mag-uli."[17] At muling ipinahahayag Niyang "ang mga nagsigawa ng mabuti" ay babangon sa "pagkabuhay na mag-uli sa buhay."[18] Ang mga patay na banal

[13] 1 Corinto 4:5.
[14] Isaias 65:6, 7.
[15]
[16] Santiago 2:12.
[17] Lucas 20:35, 36.
[18] Juan 5:29.

ay hindi babangon hanggang sa matapos ang paghuhukom, na sa pamamagitan nito'y aariin silang karapat-dapat sa "pagkabuhay na mag-uli sa buhay." Dahil dito'y sila'y hindi mahaharap sa hukuman sa pagsisiyasat sa kanilang mga ulat at sa pagpapasiya sa mga kaso nila.

Si Jesus ay tatayong tagapamagitan nila, upang mamanhik ukol sa kanila sa harapan ng Diyos. "Kung ang sinuman ay magkasala ay may Tagapamagitan tayo sa Ama, si Jesu-Kristo ang matuwid."[19] "Sapagka't hindi pumasok si Kristo sa dakong banal na ginawa ng mga kamay, na kahalintulad lamang ng tunay; kundi sa talagang langit, upang humarap ngayon sa harapan ng Diyos dahil sa atin." "Dahil dito naman Siya'y nakapagliligtas na lubos sa mga nagsisilapit sa Diyos sa pamamagitan Niya, palibhasa'y laging nabubuhay Siya upang mamagitan sa kanila."[20] [387]

Sa pagbubukas ng mga aklat talaan sa paghuhukom, ay napapaharap sa Diyos ang mga kabuhayan ng lahat ng nanganampalataya kay Jesus. Pasimula sa mga unang nabuhay dito sa lupa, ay inihaharap ng ating Tagapamagitan ang mga kaso ng bawa't lahi, ayon sa kanilang pagkakasunud-sunod, at magtatapos sa mga nabubuhay. Bawa t pangalan ay binabanggit, bawa't kabuhayan ay mahigpit na sinisiyasat. May mga pangalang tinatanggap, may mga pangalang itinatakwil. Pagka ang sinuman ay may mga kasalanang natitira pa sa mga aklat talaan na hindi napagsisihan at dahil dito'y hindi ipinatawad sa Kanila, ang kanilang mga pangalan ay papawiin sa aklat ng buhay, ang tala ng kanilang mga mabuting gawa ay aalisin sa aklat ng alaala ng Diyos. Ipinahayag ng Panginoon kay Moises, "Ang magkasala laban sa Akin ay siya Kong aalisin sa Aking aklat."[21] At sinabi ni propeta Ezekiel, "pagka ang matuwid ay humihiwalay sa kanyang katuwiran, at gumagawa ng kasamaan, . . . walang aalalahanin sa kanyang mga matuwid na gawa na kanyang ginawa.[22]

Ang lahat ng tapat na nagsisi ng kanilang kasalanan at sa pamamagitan ng pananampalataya'y inangkin nila ang dugo ni Kristo na pinakahaing sa kanila'y tumutubos, ay nagkamit ng kapatawaran na itinala sa tapat ng kanilang mga pangalan sa mga aklat ng langit; at

[19] 1 Juan 2:1.
[20] Hebreo 9:24; 7:25.
[21] Exodo 32:33.
[22] Ezekiel 18:24.

sapagka't nangaging kabahagi sila ng katuwiran ni Kristo, at ang mga likas nila'y natagpuang kasang-ayon ng kautusan ng Diyos, ang kanilang mga kasalanan ay papawiin, at sila'y ibibilang na karapat-dapat magtamo ng buhay na walang-hanggang. Sa pamamagitan ni Isaias ay ipinahayag ng Panginoon: "Ako, Ako nga ay siyang pumapawi ng iyong mga pagsalansang alang-alang sa Akin, at hindi Ko aalalahanin ang iyong mga kasalanan."[23] Sinabi naman ni Jesus,
[388] "Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi Ko papawiin sa anumang paraan ang kanyang pangalan sa harapan ng Aking Ama, at sa harapan ng Kanyang mga anghel." "Kaya't ang bawa't kumikilala sa Akin sa harap ng mga tao ay kikilalanin Ko naman siya sa harap ng Aking Ama na nasa langit. Datapuwa't sinumang sa Aki'y magkaila sa harap ng mga tao, ay ikakaila Ko naman siya sa harap ng Aking Ama na nasa langit."[24]

Ang mataos na interes na ipinakikita ng mga tao sa mga kapasiyahan ng mga hukuman dito sa lupa ay bahagya lamang kumakatawan sa interes na mahahayag sa hukuman sa langit kapag ang mga pangalang nakatala sa aklat ng buhay ay mapapaharap sa Hukom ng buong lupa. Iniharap ng banal na Tagapamagitan ang Kanyang pamanhik, na ang lahat ng nanaig sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanyang dugo ay patawarin sa lahat nilang pagsalansang, isauli sa kanilang tahanang Eden, at putungang tulad sa mga tagapaginana Niya ng "dating kapangyarihan."[25] Sa mga pagsisikap ni Satanas na dayain at tuksuhin ang ating lahi, ay inakala niyang ibagsak ang panukala ng Diyos sa pagkalalang sa tao; datapuwa't ngayo'y hinihingi ni Kristo na bigyang bisa ang panukalang ito, gaya ng kung hindi nagkasala. Hinihingi Niya para sa Kanyang bayan hindi lamang ang kapatawaran at pagaaring matuwid na lubos at ganap, kundi sila'y magkaroon ng bahagi sa Kanyang luklukan.

Samantalang si Jesus ay namamanhik patungkol sa mga nasasakupan ng Kanyang biyaya, pinararatangan naman sila ni Satanas bilang mga mananalansang sa harapan ng Diyos. Pinagsisikapan ng bantog na magdaraya na sila'y akayin sa pag-aalinlangan, na sila'y mawalan ng pagtitiwala sa Diyos, na tumiwalag sa Kanyang pag-ibig, at sumuway sa Kanyang kautusan. Itinuturo niya ang talaan

[23] Isaias 43:25.
[24] Apocalipsis 3_5; Mateo 10:32, 33.
[25] Malakias 4:8.

ng kanilang mga kabuhayan, ang mga kapintasan ng ka- nilang mga likas, ang kanilang di pagiging katulad ni Kristo, na ikinawawala ng dangal ng kanilang Manunubos, ang lahat ng kasalanang iniudyok niyang kanilang gawain, at dahil sa mga bagay na ito ay inaangkin niyang sila'y mga sakop niya. [389]

Hindi ipinagpapaumanhin ni Jesus ang kanilang mga kasalanan, kundi ipinakikita Niya ang kanilang pagsisisi at pananampalataya, at, sa paghingi Niya ng kapatawaran para sa kanila, ay itinataas Niya ang Kanyang mga nasugatang kamay sa harap ng Ama at ng mga banal na anghel, na sinasabi, "Kilala Ko sila at ang kanilang pangalan. Iniukit Ko sila sa mga palad ng Aking mga kamay."

Ang gawaing masiyasat na paghuhukom at ang pagpawi ng mga kasalanan ay tatapusin bago pumarito ng ikalawa ang Panginoon. Sapagka't ang mga patay ay hahatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ay hindi mangyayari na mapawi ang mga kasalanan ng mga tao hanggang sa matapos ang paghuhukom na sa panahong ito'y sisiyasatin ang kanilang mga kaso. Datapuwa't malinaw na ipinahahayag ni apostol Pedro na ang mga kasalanan ng nangananampalataya ay papawiin "Kung magsidating ang mga panahon ng kaginhawahan mula sa harapan ng Panginoon; at Kanyang susuguin si Kristo."[26] Pagkatapos ng masiyasat na paghuhukom ay paririto si Kristo, at dadalhin Niya ang gantimpala ng bawa't tao ayon sa kanyang gawa.

Sa sumasagisag na paglilingkod, pagka nagawa na ng punong saserdote ang pagtubos sa Israel, ay lumalabas siya at pinagpapala ang buong kapulungan. Gayon din naman si Kristo, pagkatapos ng gawain niyang pamamagitan, ay mahahayag siya, na "hiwalay sa kasalanan sa ikaliligtas,"[27] upang pagpalain ng buhay na walang-hanggan ang Kanyang mga taong nagsisipaghintay. Kung paanong ipinahahayag ng saserdote ang kasalanang inalis sa santuaryo sa ulo ng kambing na pawawalan, gayon ding ilalagay ni Kristo ang [390]
lahat ng mga kasalanang ito sa ulo ni Satanas, na siyang pasimuno at tagapag-udyok ng kasalanan. Ang kambing na may dalang lahat ng kasalanan ng Israel, ay pawawalan "sa isang lupaing hindi tinatahanan,'[28] gayon din naman si Satanas, dala ang lahat ng kasalanang

[26]Mga Gawa 3:19, 20.

[27]Hebreo 9:28.

[28]Levitico 16:22.

dahil sa kanya'y ipinagkasala ng bayan ng Diyos, ay kukulungin sa loob ng isang libong taon sa lupa na magiging wasak, at walang tao, at sa wakas ay daranasin niya ang buong kabayaran ng kasalanan sa apoy na siyang pupuksa sa lahat ng masama. Sa gayo'y ang dakilang panukala ng pagtubos sa sangkatauhan ay matutupad kung matapos na ang kasalanan, at maganap na ang pagliligtas sa lahat ng handang tumalikod sa kasamaan.

Sa panahong itinakda sa paghuhukom—nang matapos ang 2300 araw noong 1844—ay nagpasimula ang gawain ng pagsisiyasat at pagpawi ng mga kasalanan. Ang lahat ng tumanggap sa kanilang sarili ng pangalan ni Kristo ay dapat dumaan sa masuring pagsisiyasat na ito. Ang mga nabubuhay at ang mga patay ay kapuwa hahatulan "ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kani-kanilang mga gawa."[29]

Ang mga kasalanang hindi pinagsisisihan at hindi tinatalikdan ay hindi naman ipatatawad, at hindi papawiin sa mga aklat talaan, kundi mamamalagi upang maging saksi sa kaarawan ng Diyos laban sa nagkasala. Mangyayaring nagawa niya ang kanyang masasamang gawa sa liwanag ng araw o sa kadiliman ng gabi; nguni't pawang mga hayag at bukas sa harap Niya na ating pagsusulitan. Nasaksihan ng mga anghel ng Diyos ang bawa't kasalanan, at itinala ito sa mga di nagkakamaling ulat. Ang kasalanan ay maaaring itago, ikaila, o ilihim sa ama, sa ina, sa asawa, sa mga anak, at sa mga kasama; mangyayaring wala kundi ang mga nagkasala lamang ang siyang nakaalam ng kamalian nila; datapuwa't ito'y hayag sa harap ng mga
[391] naroon sa langit. Ang kadiliman ng pinakamadilim na gabi, ang lihim ng mga magdarayang karunungan, ay di-sapat na makapagkubli ng kahi't isang isipan sa kaalaman ng Walang-hanggang. Ang Diyos ay may isang ganap na ulat ng bawa't di-tamang pakikipagtuos at bawa't may-karayaang pakikisama. Hindi siya napaglalalangan sa pamamagitan ng pagkukunwaring banal. Hindi siya nagkakamali sa pagkilala Niya ng likas. Ang mga tao'y maaari pang madaya niyaong may masasamang puso, datapuwa't natatalos ng Diyos ang lahat ng pagbabalatkayo, at nababasa Niya ang tunay na kabuhayan.

Kaytinding isipan! Ang bawa't araw na dumaraan, na di na babalik magpakailan man, ay nagdadala ng mga ulat para sa mga

[29] Apocalipsis 20:12.

aklat sa langit. Ang mga binigkas na pangungusap, mga gawang nagawa na, ay hindi na mababawi pa. Naitala na ng mga anghel ang mabuti at ang masama. Hindi na mababawi pa ng pinakamakapangyarihang bayani sa ibabaw ng lupa, ang ulat ng kahi't isang araw. Ang ating mga kilos, ang ating mga pangungusap, maging ang mga lihim na tangka ng ating mga puso, ang lahat ng ito'y may timbang sa pagpapasiya sa ating hantungan maging ito'y sa ikaliligaya o sa ikapapahamak. Malimutan man natin ang mga ito, ay sasaksi sila sa pagaaring ganap o sa paghatol.

Kung paanong ang bawa't katangian ng mukha ay napapasalin sa makintab na plaka ng retratista gayon din ang likas ng tao ay maingat na nalalarawan sa mga aklat sa itaas. Subali't kayliit ang pagkabahala hinggil sa mga ulat na iyan na siyang tutunghayan ng buong sangkalangitan! Kung mahahawi lamang ang tabing na naghihiwalay sa sanlibutang nakikita at sa hindi nakikita, at matatanaw ng mga anak ng mga tao ang isang anghel na nagtatala ng bawa't salita at gawa, na muli nilang matatagpuan sa paghuhukom, kayrami sanang salita na binibigkas natin araw-araw ang hindi natin sasalitain? kayraming mga gawa ang hindi natin gagawin.

"Siyang nagtatakip ng kanyang mga pagsalansang ay hindi giginhawa; nguni't ang nagpapahayag at nag-iiwan ng mga yaon ay magtatamo ng kaawaan."[30] Kung nakikita lamang ng nangagkukubli at nangagpapaumanhin sa kanilang mga kamalian kung paanong nalulugod si Satanas, kung paanong hinahamak nila si Kristo at ang mga banal na anghel pati ng kanilang paggawa, ay madali nilang ipahahayag ang kanilang mga kasalanan at aalisin ang mga ito. Sa pamamagitan ng mga kapintasan sa likas, ay gumagawa si Satanas upang mapagharian niya ang buong pag-iisip, at naaalaman niyang pagka kikimkimin ang mga kapintasang ito, ay mananagumpay siyang walang pagsala. Kaya walang patid niyang sinisikap na madaya ang mga sumusunod kay Kristo sa pamamagitan ng kanyang mapanganib na pagdaya, na anupa't hindi sila makapananagumpay. Datapuwa't namamanhik si Jesus alang-alang sa kanila sa pamamagitan ng Kanyang nasugatang mga kamay, nabugbog na katawan; at ipinahahayag sa lahat ng susunod sa Kanya, "Ang Aking biyaya [392]

[30]Kawikaan 28:13.

ay sapat na sa iyo."[31] "Pasanin ninyo ang Aking pamatok, at magaral kayo sa Akin, sapagka't Ako'y maamo at mapagpakumbabang puso; at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa. Sapagka't malambot ang Aking pamatok, at magaan ang Aking pasan."[32] Kaya nga't huwag akalain ninumang hindi na magagamot ang kanyang kapintasan. Ang Diyos ay magbibigay ng pananampalataya at biyaya upang mapanagumpayan nila ang lahat ng iyon.

Tayo'y nabubuhay ngayon sa dakilang kaarawan ng pagtubos. Sa sumasagisag na paglilingkod pagka ang punong saserdote ay gumagawa ng pagtubos sa buong Israel, ang kalahatan ay kailangang magpighati ng kanilang mga kaluluwa sa pamamagitan ng pagsisisi sa kanilang mga kasalanan at pagpapakumbaba sa harapan
[393] ng Panginoon, kung hindi ay iwawalay sila sa bayan. Sa gayon ding kaparaanan, ang lahat na nagnanasang mamalagi ang kanilang mga pangalan sa aklat ng buhay, ay dapat magdalamhati ng kanilang kaluluwa ngayon, sa mga nalabing mga araw ng panahon ng biyaya sa harap ng Diyos sa pamamagitan ng pagkalungkot dahil sa kasalanan at ng tunay na pagsisisi. Dapat magkaroon ng mataos at matapat na pagsasaliksik ng puso. Ang walang kabuluhang mga pagbibiro na kinawilihang gayon na lamang na maraming nagsasabing mga Kristiyano ay dapat nang maalis. May mataimtim na pakikipaglaban sa harapan ng lahat ng handang magpasuko sa masasamang hilig na nagpupumilit na manaig. Ang gawang maghanda ay gawang pangsarilinan.

Tayo'y hindi maliligtas ng pulu-pulutong. Ang kalinisan at pagkamatapat ng isa ay hindi makapupuno sa kawalan ng mga likas na ito sa iba. Bagaman ang lahat ng bansa ay haharap sa Diyos sa paghuhukom, susuriin Niya ang kaso ng bawa't isa ng napakasinop na pagsisiyasat na wari baga'y wala nang iba pang tao sa ibabaw ng lupa. Ang bawa't isa'y dapat subukin, at dapat masumpungang walang dungis o kulubot man o anumang ganyang bagay.

Solemne ang mga panooring nauugnay sa pangwakas na gawain ng pagtubos. Mahalaga ang mga kapakanang nasasaklaw nito. Ang paghuhukom ay ginaganap ngayon sa santuaryo sa itaas. Sa loob

[31] 2 Corinto 12:9.

[32] Mateo 11:29, 30.

ng maraming taon ay ipinagpapatuloy ang gawaing ito. Sandali na lamang—walang nakaaalam na sinuman kung kailan —at ito'y darating sa mga kabuhayan ng mga nangabubuhay. Sa kagalang-galang na harapan ng Diyos ay mapapaharap ang ating mga kabuhayan. Sa panahong ito, higit sa lahat ng ibang panahong nakaraan, ay nararapat na dinggin ang payo ng Tagapagligtas: "Kayo'y mangagpuyat, at magsipanalangin; sapagka't hindi ninyo naaalaman kung kailan kaya ang panahon."[33] "Kaya't kung hindi ka magpupuyat, ay pariiriyan Akong gaya ng magna- nakaw, at hindi mo maaalaman [394]
kung anong panahon pariiriyan Ako sa iyo."[34]

Pagka natapos na ang gawain ng masiyasat na paghuhukom, ang kahihinatnan ng lahat ay pasisiyahan sa kabuhayan o sa kamatayan. Ang panahon ng biyaya ay matatapos sa sandaling panahon bago mahayag ang Panginoon sa mga alapaap ng langit. Sa Apokalipsis, nang tanawin ni Kristo ang panahong iyan, ay ganito ang Kanyang ipinahayag: "Ang liko ay magpakaliko pa; ang marumi ay magpakarumi pa; at ang matuwid ay magpakatuwid pa; at ang banal ay magpakabanal pa. Narito, Ako'y madaling pumaparito, at ang Aking kagantihan ay nasa Akin, upang bigyan ng kagantihan ang bawa't isa ayon sa kanyang gawa."[35]

Ang mga matuwid at ang mga makasalanan ay mananatili pa ring buhay sa lupa sa kanilang dating kalagayan—ang mga tao'y magtatanim at magtatayo ng bahay, kakain at iinom, na pawang hindi nakaaalam na ang pangwakas at hindi mababagong pasiya ay nabigkas na sa santuaryo sa itaas. Bago dumating ang baha, nang makapasok na si Noe sa daong, ay sinarhan siya ng Diyos sa loob, at ang masasama ay sa labas; datapuwa't pitong araw na nagpatuloy ang mga tao sa kanilang mapagpabaya at makakalayawang pamumuhay, at inuyam ang mga babala ng dumarating na paghatol, na hindi nila nauunawang napasiyahan na ang kanilang kapahamakan. "Gayon din naman," ang sabi nga ng Tagapagligtas, "ang pagparito ng Anak ng tao."[36] Tahimik at di-napapansin na gaya ng pagdating ng magnanakaw sa hatinggabi ay darating ang huling sandali

[33] Marcos 13:33.
[34] Apocalipsis 3:3.
[35] Apocalipsis 22:11, 12.
[36] Mateo 24:39.

na magtatakda ng kahihinatnan ng bawa't isa, ang kahuli-hulihang pagbawi ng iniaalay na kaawaan sa mga taong makasalanan.

"Mangagpuyat nga kayo . . . baka kung biglang pumarito, ay
[395] kayo'y mangaratnang nangatutulog."[37] Mapa- nganib ang kalagayan ng mga bumabaling sa mga pangakit ng sanlibutan, dahil sa kapaguran nila sa pagpupuyat. Samantalang iniuubos ng mangangalakal ang kanyang isipan sa paghanap ng salapi, samantalang ang maibigin sa kalayawan ay nagpapakagumon sa kalayawan, samantalang ang anak ng moda ay nag-aayos ng kanyang gayak— baka sa sandaling iyan ay bigkasin ng Hukom ng buong lupa ang pasiyang,"ikaw ay
[396] tinimbang sa timbangan at ikaw ay nasumpungang kulang."[38]

[397]

[37]Marcos 13:35, 36.

[38]Daniel 5:27.

## *Kabanata 27*—Ang pinagmulan ng masama

I kinagugulo ng pag-iisip ng marami ang pinagmulan ng kasalanan at ang pananatili nito. Nakikita nila ang gawa ng kasamaan, at ang kalakip nitong mga kakila-kilabot na ibinubungang kapighatian at kagibaan, at itinatanong nila kung paanong ang lahat ng ito ay nakapamamalagi sa ilalim ng pamamahala ng Isang walanghanggan sa karunungan, at pag-ibig. Narito ang isang hiwaga na hindi nila maipaliwanag. At dahil sa kanilang di-kapanatagan at pag-aalinlangan ay hindi nila nakikita ang mga katotohanang malinaw na inilalahad sa salita ng Diyos, at mahalaga sa ikaliligtas. Dahil sa pagsisiyasat ng ilan tungkol sa pagkakaroon ng kasamaan, sinasaliksik nila pati ang mga bagay na hindi kailan man ipinahayag ng Diyos, sa gayo'y hindi nila masuinpungan ang lunas sa kanilang kagulumihanan; at ito ang dinadahilan ng mga inaalihan ng pag-aalinlangan at pakutyang pagtutol sa kanilang pagtatakwil sa mga pangungusap ng Banal na Kasulatan. Sa kabilang dako, ay hindi lubos na matatarok ng mga iba ang malaking suliranin ng kasamaan, sa dahilang pinalabo ng mga sali't saling sabi at ng maling pagpapaliwanag ang iniaaral ng Banal na Kasulatan tungkol sa likas ng Diyos, sa uri ng Kanyang pamahalaan at sa simulain ng Kanyang pakikitungo sa kasalanan.

Hindi maaaring ipaliwanag ang pinagmulan ng kasalanan at kung bakit ito nananatili. Subali't mayroon tayong sapat na mababatid tungkol sa pinagmulan at kauuwian ng kasalanan, upang ating matalos ng lubusan ang pagkahayag ng katarungan at pagkamaawain ng Diyos sa lahat niyang pakikitungo sa masama. Walang lalong [398]
napakaliwanag na itinuturo ang Kasulatan kaysa katunayang ang Diyos sa anumang paraan ay walang kapanagutan sa pagpasok ng kasalanan; hindi sapilitan ang pagkapag-alis ng biyaya, walang pagkukulang ang pamahalaan ng Diyos na magbibigay daan upang bumangon ang paghihimagsik.

Mapanghimasok ang kasalanan, at sa pagkakaroon nito ay walang maikakatuwiran. Ito'y mahiwaga, hindi maipaliliwanag;

ang pagpapaumanhin sa kasalanan ay pagtatanggol dito. Kung may kadahilanang masusumpungan para sa kasalanan o may sanhing maipakikilala sa kanyang paglitaw, hindi na ito lalabas na kasalanan. Ang katuwirang maibibigay lamang natin sa kasalanan ay yaon lamang nasusulat sa salita ng Diyos: "ang kasalanan ay pagsuway sa kautusan;"[1] ito'y lalang ng isang simulaing lumalaban sa dakilang batas ng pag-ibig na siyang patibayan ng pamahalaan ng Diyos.

May kapayapaan at kagalakan sa buong daigdigan bago pumasok ang masama. Ang lahat ay may ganap na pakikitugma sa kalooban ng Manglalalang. Nangingibabaw sa lahat ang pag-ibig sa Diyos, at walang pagtatangi ang pag-ibig sa isa't isa. Si Kristo, ang Verbo, ang bugtong na Anak ng Diyos ay nakiisang kasama ng walang-hanggang Ama—isa sa katutubo sa kalikasan, at sa adhikain— Siya lamang sa buong daigdigan ang tanging nakakasangguni sa mga payo at adhika ng Diyos. Sa pamamagitan ni Kristo, nalikha ng Ama ang lahat ng nasa langit. "Sa Kanya nilalang ang lahat ng bagay sa sangkalangitan . . . maging mga luklukan o mga pagsakop, o mga pamunuan, o mga kapangyarihan;"[2] at kay Kristo, na kapantay ng Ama, ang buong sanlibutan ay tapat na nakikipanig.

Yamang ang batas ng pag-ibig ay siyang patibayan ng pama-
[399] halaan ng Diyos, ang kaligayahan ng lahat ng mga nilalang ay nababatay sa sakdal nilang pagtupad sa mga dakilang simulain ng katuwiran. Ninanasa ng Diyos na siya'y paglingkuran ng lahat Niyang mga nilalang ng paghlingkod ng pag-ibig,—ng paggalang na bumubukal sa matalinong pagkakilala sa Kanyang likas. Hindi Siya nalulugod sa sapilitang pakikipanig at binibigyan Niya ang lahat ng malayang kalooban upang sila'y kusang makapaglingkod sa Kanya.

Datapuwa't may isang nagnais na maglihis sa kalayaang ito. Ang kasalanan ay nagmula sa kanya na, pangalawa ni Kristo, dinadakila ng Diyos, at mataas sa lahat ng mga nananahan sa langit, sa katungkulan at sa kaluwalhatian man. Noong hindi pa siya nagkakasala si Lusiper ay una sa mga kerubing tumatakip, banal at malinis. "Ganito ang sabi ng Panginoong Diyos: iyong tinatakan ang kabuuan, na puno ng karunungan at sakdal sa kagandahan. Ikaw

[1] 1 Juan 3:4.
[2] Colosas 1:16.

ay nasa Eden, na halamanan ng Diyos, lahat na mahalagang bato ay iyong kasuotan." "Ikaw ang pinahirang kerubin na tumatakip; at itinatag kita, na anupa't ikaw ay nasa ibabaw ng banal na bundok ng Diyos; ikaw ay nagpanhik-manaog sa gitna ng mga batong mahalaga. Ikaw ay sakdal sa iyong mga lakad mula sa araw na ikaw ay lalangin, hanggang sa ang kalikuan ay nasumpungan sa iyo.rdquo;[3]

Maaari sanang nanatili si Lusiper sa lingap ng Diyos, na minamahal at iginagalang ng buong hukbo ng mga anghel, isinasagawa ang kanyang dakilang kapangyarihang magpala sa mga iba at lumuwalhati sa Maykapal sa kanya. Nguni't sinasabi ng propeta: "Ang iyong puso ay nagmataas dahil sa iyong kagandahan, iyong ipinahamak ang iyong karunungan dahil sa iyong kaningningan."[3] Unti-unting si Lusiper ay nagpakagumon sa pagnanasang matanghal ang sarili. "Iyong inilagak ang iyong puso na parang puso ng Diyos." "Sinabi mo sa iyong sarili. . . aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Diyos at ako'y uupo sa bundok ng kapisanan, sa [400] mga kadulu-duluhang bahagi ng hilagaan; ako'y sasampa sa itaas ng mga kaitaasan ng mga alapaap; ako'y magiging gaya ng Kataas-taasan."[4] Sa halip na pagsikapang matampok ang Diyos sa pag-ibig at pakikipanig ng Kanyang mga kinapal, ay pinagsikapan ni Lusiper na makuha niya ang kanilang paglilingkod at paggalang. At sa pag-iimbot niya sa karangalang ipinagkaloob ng walang-hanggang Ama sa Kanyang Anak, ay pinagnasaan ng prinsiping ito ng mga anghel ang kapangyarihan na si Kristo lamang ang may karapatang gumamit.

Ikinagalak ng buong sangkalangitan na ipasinag ang kaluwalhatian ng Ama at ipahayag ang pagpupuri sa Kanya. At samantalang pinararangalan ng gayon ang Diyos, ang lahat ay naging mapayapa at maligaya. Nguni't may isang tinig na sumisira ngayon sa mga pagtutugma sa langit. Ang paglilingkod at pagtatanghal sa sarili, na sinsay sa panukala ng Maylalang ay nakagising ng guniguni ng kasamaan sa pag-iisip na lubos na pinaghaharian ng kaluwalhatian ng Diyos. Si Lusiper ay pinakiusapan ng kapulungan sa kalangitan. Inilahad sa kanya ng Anak ng Diyos ang kadakilaan, kabutihan, at katarungan ng Manglalalang, gayon din ang banal at hindi nag-

[3]Ezekiel 28:12-15, 17.

[3]Ezekiel 28:12-15, 17.

[4]Ezekiel 28:6; Isaias 14:13, 14.

babagong likas ng Kanyang kautusan. Diyos na rin ang nagtatag ng kaayusan sa langit; at sa paglayo rito ni Lusiper, di nga niya pinarangalan ang Lumikha sa kanya, at nag-anyaya siya ng kapahamakan sa kanya ring sarili. Nguni't ang babalang sa kanya'y ibinigay na kalakip ang walang-hanggang pag-ibig at pagkaawa, ay gumising sa kanyang paglaban. Pinahintulutan niyang ma ngibabaw ang pagkainggit kay Kristo, at lalo siyang nagmatigas.

Iniwan ni Lusiper ang lugar niya sa harapan ng Diyos at humayo siya sa mga anghel upang maghasik sa kanila ng espiritung walang
[401] kasiyahan. Sa paggawa ni-
yang may mahiwagang kalihiman, na nang una'y ikinukubli ang tunay niyang layunin sa ilalim ng pagkukunwaring pagpipitagan sa Diyos, ay pinagsikapan niyang makalikha ng kawalang kasiyahan sa mga batas na sinusunod sa kalangitan, sa pagsasabing ang mga ito'y nagsasaad ng di-kailangang paghihigpit. Sapagka't ang kanilang katutubo ay banal, inulit-ulit niyang sinabi na dapat sundin ng mga anghel ang itinitibok ng kanilang sariling kalooban. Sinikap niyang makalikha ng pakikiramay ng iba sa kanya, sa pamamagitan ng pagsasabing inapi siya ng Diyos sa pagkakaloob Niya ng mataas na karangalang kay Kristo. Inaangkin niyang sa kanyang paglulunggati ng lalong malaking kapangyarihan at karangalan, ay hindi niya ibig na matanghal ang kanyang sarili, kundi sinisikap lamang niyang magkaroon ng kalayaan ang lahat ng naninirahan sa langit, upang sa pamamagitan nito'y maabot nila ang lalong mataas na kalagayan ng pamumuhay.

Sa malaking habag ng Diyos ay matagal na pinagtiisan Niya si Lusiper. Siya'y hindi kapagdaka'y inihulog mula sa kanyang mataas na katayuan noong una niyang bigyang lugar ang diwa ng kawalang kasiyahan, maging noon mang kanyang pasimulang ipakilala sa mga tapat na anghel ang kanyang lihis na mga pag-aangkin. Maluwat siyang pinamalagi sa kalangitan. Muli at muling inialok sa kanya ang kapatawaran, lamang ay magsisi siya at sumuko. Ang mga pagsisikap na walang makapagmumunakala kundi ang walang-hanggang pag-ibig at walang-hanggang karunungan lamang ay ipinamalas sa kanya upang ipakilala sa kanya ang kanyang pagkakamali. Ang diwa ng kawalang kasiyahan kailan man ay hindi pa noong una nakikilala sa langit. Ni si Lusiper man ay walang pagkabatid kung saan siya naaanod; hindi niya maunawa ang tunay na likas

ng kanyang damdamin. Datapuwa't nang mapatunayan na walang dahilan ang kakawalan niyang kasiyahan, ay kinilala ni Lusiper na si- ya'y namamali, na ang mga pag-aangkin ng Diyos ay matuwid, [402]
at dapat niyang kilalanin sa harap ng lahat na nasa langit na matuwid nga. Kung ginawa lamang niya ito, disin ay nailigtas niya ang kanyang sarili pati ng maraming mga anghel. Hindi pa niya noon lubos na pinapatid ang kanyang pakikiugnay sa Diyos. Bagaman kanyang nilisan na ang kanyang tungkuling kerubing tumatakip, gayunman, kung pumayag lamang siyang manumbalik sa Diyos, at kilalanin ang karunungan ng lumikha sa kanya, at nasiyahang lumagay sa dakong itinakda sa kanya ng dakilang panukala ng Diyos, kaipala'y naibalik siya sa dati niyang tungkulin. Datapuwa't ayaw siyang pasukuin ng kanyang kapalaluan. Naging mapilit siya sa pagtatanggol sa sarili niyang lakad, at ipinagmatigas niyang hindi siya nangangailangan ng pagsisisi, at lubusan niyang ibinigay ang kanyang sarili sa pakikipagtunggali sa Maylikha sa kanya.

Ang lahat ng kapangyarihan ng kanyang matalinong pag-iisip ay kanyang ibinaling sa gawang pagdaraya, upang makuha niya ang pagdamay ng mga anghel na dati'y nasa ilalim ng kanyang pamumuno. Maging ang pagbabala at pagpayo sa kanya ni Kristo ay kanyang binaligtad upang maiangkop sa kanyang taksil na panukala. Inilarawan niya sa mga buong pusong nagtitiwala sa kanya na mali ang ginawang paghatol sa kanya, na ang kanyang katungkulan ay hindi iginalan, at ang kanyang kalayaan ay mababawasan. Buhat sa maling pagpapakahulugan sa mga pangungusap ni Kristo, ay nagpatuloy siya sa paggawa ng di-matuwid at sa tahasang pagsisinungaling, na kanyang pinararatangan ang Anak ng Diyos na siya'y ibig hamakin sa harap ng mga tumatahan sa kalangitan. Pinagsikapan din naman niyang lumikha ng maling pagtatalunan laban sa mga tapat na anghel. Lahat ng hindi niya nakuha sa pagkamatapat at di niya nakabig na lubos sa panig niya, ay kanyang pinaratangang naging pabaya sa ikabubuti ng mga taga-langit. Ang gawaing [403]
kanyang ginawa ay kanyang ipinararatang sa mga nanatiling tapat sa Diyos. At upang patunayan ang pagaping ginawa sa kanya ng Diyos, kanyang binigyan ng maling kahulugan ang mga salita at gawa ng Maylalang. Naging pamamalakad niya na lituhin ang mga anghel sa pamamagitan ng mapanglinlang na pangangatuwiran tungkol sa mga adhikain ng Diyos. Ang bawa't bagay na malinaw, ay kanyang

kinulubungan ng hiwaga, at sa pamagitan ng mahusay na pagbabaligtad ay tinatakpan niya ng pag-aalinlangan ang maliliwanag na pangungusap ni Heoba. Ang kanyang mataas na tungkulin, na malapit na malapit sa pamahalaan ng langit, ay nakapagdulot ng lakas sa kanyang pagpapanggap at marami ang naakit na pumanig sa kanya sa paghihimagsik laban sa pamahalaan ng langit.

Sa karunungan ng Diyos ay pinahintulutan niyang itaguyod ni Satanas ang kanyang gawain, hanggang sa ang kanyang diwa ng kawalang kasiyahan ay mahinog at maging tahasang paghihimagsik. Kinakailangan na ang kanyang mga panukala'y lubos na isagawa upang ang likas ng mga ito at kinahihiligan ay makita ng lahat. Si Lusiper, sa kanyang tungkuling kerubing tumatakip ay natanghal na totoo; minahal siya ng labis ng mga nananahan sa langit at malaki ang kanyang impluensya sa kanila.

Hindi lamang ang lahat ng tumatahan sa langit ang sinasaklaw ng pamahalaan ng Diyos kundli pati lahat ng mga sanlibutan na kanyang nilalang; at inakala ni Satanas na kung kanya lamang mayayakag sa paghihimagsik ang mga anghel sa langit, kanya rin namang mayayakag ang ibang mga sanlibutan. Iniharap niya, taglay ang buong katusuhan, ang kanyang pagmamatuwid. at gumamit siya ng pagdaraya at panglilinlang upang magawa niya ang kanyang hangad. Ang kanyang kapangyarihang dumaya ay napakalaki, at sa pamamagitan ng kanyang balatkayong kasinungalingan ay nagkaroon siya ng kalamangan. Maging ang mga tapat na anghel ay
[404] hindi lubos na makatalos sa kanyang likas ni makita man kung saan patutungo ang kanyang ginagawa.

Si Satanas ay mataas na pinararangalan, at ang lahat niyang mga gawa'y totoong dinamtan ng hiwaga, na anupa't kayhirap na palitawin sa harap ng mga anghel ang likas ng kanyang gawa. Hanggang sa lubos na maisagawa, ang kasalanan ay hindi lumilitaw na masama gaya ng katutubo nito. Hanggang sa sandaling paglitaw nito, ang kasalanan ay walang naging lugar sa santinakpan ng Diyos, at ang mga banal na nilalang ay walang kaalaman tungkol sa likas at pagkamapanghimagsik nito. Hindi nila nabatid ang mga kakila-kilabot na ibubunga ng pagtatakwil sa kautusan ng Diyos. Sa pasimula ay nailingid ni Satanas ang kanyang gawain sa paimbabaw na pagpapanggap ng pagtatapat sa Diyos. Inangkin niyang itinataguyod niya ang karangalan ng Diyos, ang pagkatatag ng Kanyang pamahalaan,

at ang kabutihan ng lahat ng naninirahan sa langit. Samantalang ipinapasok niya ang kawalang kasiyahan sa pag-iisip ng mga anghel na nasa kapamahalaan niya, kanyang pinalilitaw sa pamamagitan ng malinis na pamamaraan na ang kanyang sinisikap alisin ay ang kawalang kasiyahan. Nang ulit-ulitin niya na kailangang magkaroon ng pagbabago sa kaayusan at sa batas ng pamahalaan ng Diyos, ay sinabi niya ito sa ilalim ng pagkukunwaring kailangan nga upang mapairal ang kaayusan sa langit.

Sa pakikitungo ng Diyos sa kasalanan, ay wala Siyang ibang magagamit kundi katuwiran at katotohanan lamang. Nagamit ni Satanas ang di magagamit ng Diyos —ang di-tunay na pamumuri at pagdaraya. Kanyang pinagsikapang palabasing bulaan ang salita ng Diyos, at kanyang inilarawan ng pamali sa harap ng mga anghel ang panukala ng pamahalaan ng Diyos na kanyang sinasabing ang Diyos ay hindi matuwid sa ginawa Niyang pagpapairal ng kautusan at mga palatuntunan sa mga naninirahan sa langit, at sa Kanyang paghinging igalang Siya ng Kanyang mga nilalang ay walang sinisikap Siya [405]
kundi ang maitanghal ang Kanyang sarili. Dahil dito kailangang mailantad sa harap ng lahat ng nasa langit at sa harap ng lahat ng sanlibutan na ang pamahalaan ng Diyos ay matuwid, at ang Kanyang kautusan ay sakdal.

Noon pa mang naipasiya na siya'y hindi makapamamalagi sa langit, hindi pa rin inalisan ng buhay si Satanas ng Walang-hanggang kaalaman. Yamang ang paglilingkod ng pag-ibig ang siya lamang tanging tinatanggap ng Diyos, ang pakikipanig ng Kanyang mga nilalang ay dapat mababaw sa Kanyang katarungan at pagkamaawain. Sapagka't di pa handang umunawa ang mga naninirahan sa langit at sa iba pang sanlibutan sa likas at sa mga ibinubunga ng kasalanan, ay hindi pa nila makikita ang katarungan at awa ng Diyos sa paglipol kay Satanas. Kung kapagkaraka'y nilipol siya, naglingkod sana sila sa Diyos dahil sa takot at hindi sa pag-ibig. Ang impluensiya ng magdaraya ay di sana napawing lubos, at di rin lubos na maalis ang diwa ng paghihimagsik. Ang kasamaan ay dapat pabayaan hanggang sa mahinog. Sa ikabubuti ng buong daigdigan sa buong walang-hanggang panahon, kailangang ipagpatuloy pa ni Satanas ang kanyang simulain upang ang kanyang paratang sa pamahalaan ng Diyos ay makita ng lahat ng mga kinapal sa tunay na liwanag nito, nang sa gayo'y ang katarungan at kahabagan ng Diyos

at ang di pagbabago ng Kanyang kautusan ay mailayo sa anumang pag-aalinlangan.

Ang paghihimagsik ni Satanas ay dapat maging aral sa buong daigdigan sa loob ng buong panahong darating, isang walang-paglipas na saksi sa likas at kakila-kilabot na bunga ng kasalanan. Ang pagsasagawa ng pamamahala ni Satanas, ang bunga nito sa mga tao at sa mga anghel, ay magpapakilala kung ano ang dapat ibunga ng pagtatakwil sa kapamahalaan ng Diyos. Magpapatotoo ito na ang ikabubuti ng lahat na nilalang ng Diyos ay nasasalig sa pamamalagi
[406] ng pamahalaan at kautusan ng Diyos. Sa ganya'y ang kasaysayan ng nakakikilabot na sinubukang paghihimagsik na ito ay magiging panghabang panahong makapipigil sa lahat ng banal upang huwag na silang malinlang pa tungkol sa likas ng pagsuway, upang iligtas sila sa paggawa ng kasalanan at sa pagpapahirap ng kaparusahan.

Si Satanas at ang kanyang hukbo'y nangagkaisang ilagay kay Kristo ang sisi sa kanilang paghihimagsik, na sinasabi nilang kung hindi sila sinaway disin ay di sila naghimagsik. Sa gayong pagmamatigas nila at paglaban dahil sa di nila pagtatapat, na walang kabuluhang nagsisikap na igupo ang pamahalaan ng Diyos, nguni't may kapusungang nag-aangkin na sila'y mga walang salang pinipighati ng mapagpahirap na kapangyarihan, sa wakas ang punong-manghihimagsik at ang mga nakipanig sa kanya ay pinaalis sa langit.

Yaong ding diwa na naging dahil ng himagsikan sa langit ang siyang nag-uudyok ng himagsikan sa lupa. Ipinagpapatuloy ni Satanas na ginagawa sa tao yaong pamamalakad na ginawa niya sa mga anghel. Ang kanyang diwa ay naghahari ngayon sa mga anak ng pagsuway. Kanilang sinisikap, gaya niya, na pawiin ang mga pagbabawal ng kautusan ng Diyos, at ipinangangako nila sa mga tao ang kalayaan sa pamamagitan ng pagsuway sa Kanyang mga utos. Ang pagsaway sa kasalanan hangga ngayo'y nakagigising ng diwa ng pagkapoot at paglaban. Kapag ang mga pabalita ng babala ng Diyos ay tumatalab na sa budhi ng mga tao, aakayin naman sila ni Satanas sa pag-aaring ganap sa kanilang sarili at sa paghanap ng pagsang-ayon ng mga iba sa kanilang pagkakasala. Sa halip na isaayos ang kanilang kamalian, ay nagagalit pa nga sila sa sumasansala, na tila baga siya lamang ang tanging pinagbubuhatan ng kaguluhan. Mula noong kaarawan ng matuwid na si Abel mag-

pahanggang sa kaarawan natin, ay ganyan ang diwa na ipinakikita sa mga nangangahas na humatol sa kasalanan. [407]

Datapuwa't inihayag ng walang-hanggang Diyos ang Kanyang likas: "Ang Panginoon, ang Panginoon Diyos na puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan; na gumagamit ng kawaan sa libu-libo, na nagpapatawad ng kasamaan at ng pagsalansang at ng kasalanan."[5]

Sa pagpapalayas kay Satanas mula sa langit, ay ipinahayag ng Diyos ang kanyang katarungan at pinagtibay Niya ang karangalan ng Kanyang luklukan. Datapuwa't nang magkasala ang tao dahil sa kanyang pagsuko sa mga pagdaraya ng espiritung tumalikod na ito, ipinakita ng Diyos ang katunayan ng Kanyang pag-ibig sa pamamagitan ng pagbibigay sa Kanyang bugtong na Anak upang mamatay alang-alang sa nagkasalang sangkatauhan. Sa ginawang pagtubos ay nahayag ang likas ng Diyos. Ang malakas na pangangatuwiran ng Krus ang nagpapakita sa buong sansinukob na ang daan ng pagkakasalang pinili ni Lusiper sa paano mang paraan ay di maaaring iparatang sa pamahalaan ng Diyos.

Si Satanas ang nag-udyok sa sanlibutan upang itakwil si Kristo. Iniubos ng prinsipe ng kasamaan ang lahat niyang kapangyarihan at katusuhan upang ipahamak si Jesus; sapagka't nakita niya na ang awa at pag-ibig ng Tagapagligtas, ang Kanyang pagkahabag at maawaing pagsinta, ay kumakatawan sa likas ng Diyos sa sanlibutan. Tinutulan ni Satanas ang bawa't pag-aangkin ng Anak ng Diyos, at ginamit niya ang tao bilang ahente niya upang punuin ang kabuhayan ng Tagapagligtas ng paghihirap at kalumbayan. Ang karayaan at kasinungalingan na ginamit niya sa paghadlang sa gawain ni Jesus, ang pagkapoot na nahayag sa pamamagitan ng mga anak ng pagsuway, ang malupit niyang paratang laban sa Kanya na ang kabuhayan ay walang naging tularan sa kabutihan, ang lahat ng iyan ay nanggaling sa malalim na paghihiganti. Ang inimpok na apoy ng pagkainggit at kasamaang loob, ng poot at paghihiganti, ay sumambulat sa [408] Kalbaryo laban sa Anak ng Diyos, samantalang nagmamasid ang buong sangkalangitan na tahimik na nanghihilakbot.

Nang matapos na ang dakilang paghahandog, si Kristo'y umakyat sa langit, at di Niya tinanggap ang pamimintuho ng mga

[5]Exodo 34:6, 7.

anghel hanggang sa di Niya naiharap ang Kanyang pamanhik na, "Yaong mga ibinigay Mo sa Akin ay ibig Kong kung saan Ako naroon, sila naman ay dumoong kasama Ko."[6] Nang magkagayon ang sagot ng Ama na puspos ng di-mabigkas na pag-ibig at kapangyarihan ay narinig naman na nagmumula sa Kanyang luklukan: "Sambahin Siya ng lahat ng mga anghel ng Diyos."[7] Wala ni isa mang kapintasan ang napasa kay Jesus. Ang Kanyang pagpapakababa ay natapos na, ang Kanyang paghahain ay nawakasan na, binigyan Siya ng pangalan na higit sa lahat ng ibang pangalan.

Ngayon ang kasalanan ni Satanas ay nakitang walang kadahilanan. Ipinahayag niya ang kanyang tunay na likas na sinungaling at mamamatay-tao. Napagkita na ang diwang kanyang ginamit sa pamamahala sa mga tao na nasa ilalim ng kanyang kapangyarihan, ay siya ring ipinamalas sana niya sa mga nananahan sa langit kung pinahihintulutan lamang siya na maghari sa kanila. Kanyang inangkin na ang pagsuway sa batas ng Diyos ay magbubunga ng kalayaan at ng pagkatanghal, nguni't napagkita na nagbunga ng pagkaalipin at pagkadusta.

Ang mga bulaang paratang ni Satanas laban sa likas at pamahalaan ng Diyos ay nahayag sa tunay na liwanag nila. Pinaratangan ni Lusiper ang Diyos na sinisikap lamang Niya ang pagkatanghal ng Kanyang sarili sa Kanyang paghinging sumuko sa Kanya at sundin Siya ng lahat Niyang nilalang, at ipinahayag pa na samantalang pinipilit ng Manglalalang na tanggihan ng lahat ang kanilang
[409] sarili, Siya na rin ay di-tumanggi sa sarili at wa- lang ginawang pagsasakripisyo. Ngayon, nakita na sa ikaliligtas ng nagkasalang sangkatauhan ay ginawa ng Puno ng buong daigdigan ang pinakamalaking sakripisyo na maaaring magawa ng pag-ibig; sapagka't "ang Diyos kay Kristo ay pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanya rin."[8] Nakita rin naman na bagaman binuksan ni Lusiper ang pintuan na mapapasukan ng kasalanan, dahil sa kanyang pagnanasa ng karangalan at paghahari, si Kristo naman, upang maiwasak ang kasalanan ay nagpakababa at nagmasunurin hanggang sa kamatayan.

Ang pagkamatay ni Kristo ay isang katuwiran sa kapakanan ng tao na hindi maaaring magapi. Ang parusa ng kautusan ay lumagpak

[6]Juan 17:24.
[7]Hebreo 1:6.
[8]2 Corinto 5:19.

sa Kanya na kapantay ng Diyos, ang tao ay lumaya upang tanggapin ang katuwiran ni Kristo, at 'sa pamamagitan ng kabuhayan ng pagsisisi at pagpapakababa, ay mananagumpay gaya ng pananagumpay ng Anak ng Diyos sa kapangyarihan ni Satanas. Sa gayo'y ganap nga ang Diyos, at tagapagpaaring ganap sa lahat ng nagsisisampalataya kay Jesus.

Nguni't ang ipinarito ni Kristo sa lupa upang maghirap at mamatay ay hindi upang tubusin lamang ang tao. Naparito siya upang "dakilain ang kautusan" at "gawing marangal."[9] Hindi siya naparito upang igalang lamang ng mga tumitira sa sanlibutan ang kautusan ng gaya ng nararapat, kundi upang ipakita din naman sa lahat ng sanlibutan sa buong sansinukub na ang batas ng Diyos ay hindi maaaring baguhin. Kung ang kahingian lamang ng kautusan ay maaaring itabi, hindi na sana ibinigay pa ng Anak ng Diyos ang Kanyang buhay upang matubos ang pagkasuway sa kautusan. Ang kamatayan ni Kristo ang nagpapatunay na hindi mababago ang kautusan. At ang pagsasakripisyo na ukol doo'y nakilos ang walanghanggang pag-ibig ng Ama at ng Anak, upang matubos ang mga makasalanan, ay nagpapakita sa sanlibutan—ng bagay na di-kukulangin sa panukalang ito ng pagtu- bos ang sapat na makagagawa—na ang katarungan at [410]
kaawaan ay siyang patibayan ng kautusan at pamahalaan ng Diyos.

Sa huling pagbibigay ng hatol ay mahahayag na walang dahilan na maibibigay sa pagkakasala. Kapag itinanong ng Hukom ng buong lupa kay Satanas: "Bakit ka naghimagsik sa Akin at ninakaw mo sa Aking kaharian ang mga nasasakupan Ko?" walang maisasagot na dahilan ang pasimuno ng kasamaan. Ang bawa't bibig ay mapipipilan at ang buong hukbo ng mga naghimagsik ay di makapagsasalita.

Samantalang ipinahahayag ng krus sa Kalbaryo na ang kautusan ay hindi maaaring mabago, ay ipinahahayag din nito sa buong sansinukub na ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. Noong sumigaw ang Tagapagligtas ng "naganap na" tinugtog noon ang batingaw ng kamatayan ni Satanas. Ang malaking tunggalian na malaon nang isinasagawa, noon ay napagpasiyahan na, at natiyak na ang pangkatapusang pagkaparam ng kasamaan. Ang Anak ng Diyos ay dumaan sa pintuan ng libingan "upang sa pamamagitan ng kamatayan ay Kanyang malipol yaong may paghahari sa kamatayan sa

[9] Isaias 42:21.

makatuwid ay ang diyablo."[10] Ang paghahangad ni Lusiper na siya'y matanghal ang nag-udyok sa kanya na magsabi: "Aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Diyos . . . ako'y magiging gaya ng Kataastaasan." Sinabi ng Diyos: "Pinapaging abo ka sa ibabaw ng lupa, . . . at ikaw ay hindi na mabubuhay pa."[11] Kapag "ang araw ay dumarating, na nagniningas na parang hurno; . . . ang lahat ng palalo, at ang lahat na nagsisigawa ng kasamaan ay magiging parang dayami, at ang araw na dumarating ay susunog sa kanila, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, na anupa't hindi mag-iiwan sa kanila ng kahi't ugat ni sanga man."[12]

[411] Ang buong sansinukub ay magiging saksi sa likas at bunga ng kasalanan. At ang lubusang pagpawi sa kasalanan, na noong una'y maaaring nakapaghatid ng pagkatakot sa mga anghel at di-pagpaparangal sa Diyos, ngayon ay magpapatunay sa Kanyang pag-ibig at magtatatag sa Kanyang karangalan sa harap ng mga sansinukub ng mga nilalang na nalulugod na sumunod sa Kanyang kalooban, na ang puso'y kinaroroonan ng Kanyang kautusan. Kailan ma'y hindi na makikita ang kasamaan. Ang sabi ng salita ng Diyos: "Ang pagdadalamhati ay hindi titindig na ikalawa."[13] Ang kautusan ng Diyos na kinutya ni Satanas sa pagsasabing yao'y pamatok ng pagkaalipin, ay pararangalan bilang kautusan ng kalayaan. Ang isang subok at napatunayang nilalang, kailan man ay hindi na muling malalayo sa panig ng Diyos na ang kalikasan ay lubos na nahayag sa harap nila,
[412] isang di-matarok na pagibig at walang-hanggang karunungan.

[413]

[10]Hebreo 2:14.

[11]Isaias 14:13, 14; Ezekiel 28:18, 19.

[12]Malakias 4:1.

[13]Nahum 1, 9.

## *Kabanata 28*—Tao laban sa diyablo

Papag-aalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kanyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kanyang sakong."[1] Ang hatol ng langit na inilapat kay Satanas pagkatapos na magkasala ang tao, ay isang hula rin naman, na sumasaklaw sa lahat ng kapanahunan hanggang sa dulo ng panahon, at naglalarawan ng malaking paglalabanan ng lahi ng tao na mabubuhay sa ibabaw ng lupa.

Ipinahahayag ng Diyos, "Papag-aalitin Ko." Ang pakikialit na ito ay hindi katutubong iniimpok. Nang salansangin ng tao ang banal na kautusan, ang kalikasan niya ay naging masama, naging kasang-ayon siya at hindi na kalaban, ni Satanas. Katutubong walang pagkakaalit ang taong makasalanan at ang pasimuno ng kasalanan. Kapuwa sila sumama dahil sa pagtaliwakas. Ang tumalikod ay hindi nagtitigil, malibang siya'y makakuha ng daramay at kakatig sa kanya sa pamamagitan ng paghikayat sa iba na sumunod sa kanyang halimbawa. Dahil dito, ang mga anghel na nagkasala at ang mga masamang tao ay magkakabigkis-bigkis sa pangatawanang pagsasama. Kung hindi tanging namagitan ang Diyos, si Satanas at ang sangkatauhan ay nagkampi sana ng paglaban sa langit; at sa halip na mag-impok ng pakikipaglaban kay Satanas, ang buong sangkatauhan ay nagkaisa sana sa pagsalungat sa Diyos.

Ang tao ay tinukso ni Satanas upang magkasala, katulad ng pag-uudyok niya sa mga anghel upang inaghimagsik, sa gayo'y may makatulong siya sa pakikidigma niya laban sa langit. [414] Walang pagsasalungatan siya at ang kanyang mga anghel hinggil sa kanilang pagkapoot kay Kristo; bagaman sa lahat ng ibang bagay ay mayroon silang dipagkakaisa, ay mahigpit silang nagkakalakip sa pagsalansang sa kapamahalaan ng Puno ng santinakpan. Nguni't nang marinig ni Satanas ang pahayag na magkakaroon ng pagkakaalit siya at ang babae, at ang kanyang binhi at ang binhi ng babae, ay napag-alaman niya na ang kanyang mga

[1] Genesis 3:15.

pagsisikap na pasamain ng pasamain ang kalikasan ng tao ay mapapatigil; at sa pamamagitan ng ilang kaparaana'y makalalaban ang tao sa kanyang kapangyarihan.

Ang poot ni Satanas sa sangkatauhan ay nagningas, sapagka't sa pamamagitan ni Kristo, ay sila ang layunin ng pag-ibig ng Diyos at ng Kanyang kahabagan. Ninasa niyang tumbalikin ang banal na panukala sa pagtubos sa tao, di-parangalan ang Diyos, sa pamamagitan ng pagsira at pagdungis sa ginawa ng Kanyang kamay; papagkakaroonin niya ng kalumbayan sa langit, at pupunuin niya ang lupa ng kahirapan at kasiraan. At itinuturo "niya ang lahat ng kasamaang ito bilang bunga ng ginawa ng Diyos sa kanyang paglikha sa tao.

Ang biyayang itinatanim ni Kristo sa kaluluwa ay siyang lumilikha sa tao ng pakikialit laban kay Satanas. Kung wala ang humihikayat na ito at bumabagong kapangyarihan ang tao ay mamamalaging bihag ni Satanas, isang alipin na laging handang gumawa ng kanyang ipag-uutos. Datapuwa't ang bagong simulain sa kaluluwa ay lumilikha ng labanan sa dati-dati'y kinaroroonan ng kapayapaan. Ang kapangyarihang ibinigay ni Kristo ay nakatulong sa tao na lumaban sa malupit at mapanggaga. Sinumang nakikitang nasusuklam sa kasalanan sa halip na umibig dito, sinumang lumaban at nanagumpay sa mga pusok ng damdaming naghahari sa kalooban, ay nagpapakilala ng paggawa ng isang simulaing ganap na mula sa itaas.

[415] Ang paglalabanang naghahari sa espiritu ni Kristo at sa espiritu ni Satanas ay nahayag sa kapuna-punang paraan sa ginawang pagtanggap ng sanlibutan kay Jesus. Hindi gaanong dahilan ang pagkahayag niyang walang yaman sa sanlibutan, walang gilas, ni karangalan, kung kaya itinakwil Siya ng mga Hudyo. Nakita nilang mayroon Siyang kapangyarihang higit na makapagpupuno sa kakulangang itong mga panglabas na kalamangan. Datapuwa't ang kadalisayan at kabanalan ni Kristo ay siyang naging dahil ng ikinapoot ng mga makasalanan sa Kanya. Ang kanyang kabuhayan ng pagtanggi sa sarili at pagtatalagang walang bahid kasalanan, ay isang namamalaging pagsaway sa isang palalo't mahalay na bayan. Ito ang kumilos ng kanilang pagkapoot laban sa anak ng Diyos. Si Satanas at ang masasamang anghel ay nakisama sa masasamang tao. Ang

lakas ng buong hukbong tumalikod ay nagbangon ng paghihimagsik laban sa Tagapagtanggol ng katotohanan.

Ang pakikipag-alit ding iyan ay nahahayag laban sa mga sumusunod kay Kristo, katulad ng pagkahayag laban sa kanilang Panginoon. Ang sinumang nakakikita ng kasuklam-suklam na likas ng kasalanan, at sa pamamagitan ng lakas na mula sa itaas ay nakikipag-laban sa tukso, ay walang pagsalang makagigising sa pagkapoot ni Satanas at ng kanyang mga kampon. Ang pagkapoot sa malilinis na simulan ng katotohanan, at ang paghamak at pag-uusig sa mga nagsisipagtanggol dito, ay mananatili habang nananatili ang kasalanan at makasalanan. Ang mga alagad ni Kristo at ang mga alipin ni Satanas ay hindi magkakaisa. Ang kinatitisuran sa krus ay nananatili pa. Ang lahat ng ibig mabuhay na may kabanalan kay Kristo Jesus ay mangagbabata ng pag-uusig."[2]

Tinatawag ni Satanas ang lahat niyang hukbo, at ginagamit niya ang buo niyang kapangyarihan sa pakikipaglaban. Bakit nga hindi siya nakasasagupa ng malaking pagsalungat? Bakit nangag-aantok at nagwawalang bahala ng gayon na lamang ang mga kawal ni [416] Kristo? Sapagka't napakaliit ang kanilang tunay na pakikiugnay kay Kristo; sapagka't salat na salat sila sa Kanyang Espiritu. Sa kanila, ay hindi kamuhi-muhi at hindi kasuklam-suklam ang kasalanan, na kinamuhian at kinasuklaman ng Kanilang Panginoon. Hindi nila ito sinasagupa ng gaya ng pagsagupa ni Kristo, na taglay ang itinalaga at pinasiyahang paglaban. Hindi nila nababatid ang higit na kasamaan at kabuktutan ng kasalanan, at hindi nila makita ang likas at kapangyarihan ng prinsipe ng kadiliman. Napakaliit ang pakikialit laban kay Satanas at sa kanyang mga ginagawa, sapagka't napakalaki ang di pagkaalam hinggil sa kanyang kapangyarihan at pagkapoot, at sa malawak na pakikibaka niya laban kay Kristo at sa kanyang iglesya. Dito nadadaya ang karamihan. Hindi nila natatalos na ang kanilang kaaway ay isang makapangyarihang heneral na namamahala sa mga pag-iisip ng mga masasamang anghel, at sa pamamagitan ng may kaganapang panukala at may kasanayang pagkilos ay nakikipagtunggali kay Kristo upang mapigil ang pagliligtas sa mga kaluluwa. Sa mga nagbabansag na Kristiyano, at maging sa mga nangangaral ng ebanghelyo ay bibihirang marinig na mabanggit si Satanas, mal-

[2] 2 Timoteo 3:12.

iban na lamang sa manaka-nakang pagkabanggit sa pulpito. Hindi nila tinitingnan ang mga katunayan ng kanyang patuloy na paggawa at pananagumpay; winawalang-bahala nila ang maraming babala ng kanyang pagkamagdaraya, waring di nila pansin ang kanyang pagka-Satanas.

Walang tigil na pinagsisikapan ni Satanas na madaig niya ang bayan ng Diyos sa pamamagitan ng pagsira sa mga bakod na naghihiwalay sa kanila sa sanlibutan. Ang Israel ng una ay narahuyong magkasala noong pangahasan nila ang ipinagbabawal na pakikisalamuha sa mga pagano. Sa paraan ding iyan ay naililigaw ang Israel ngayon. "Binulag ng diyos ng sanlibutang ito ang mga pag-iisip
[417] ng mga hindi nagsisisampalataya, upang sa kanila'y huwag su- milang ang kaliwanagan ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo na siyang larawan ng Diyos."[3]

Ang pakikibagay sa mga ugaling makasanlibutan ay siyang humihikayat sa iglesya para sa sanlibutan; hindi ito makahihikayat sa sanlibutan ukol kay Kristo. Ang pamimihasa sa kasalanan ay walang pagsalang siyang magiging dahil upang ito'y huwag kasuklaman. Siya na pumiling makisalamuha sa mga alipin ni Satanas ay hindi magluluwat at di na matatakot sa kanilang panginoon. Kung sa paggawa ng tungkulin ay dalhin tayo sa pagsubok, gaya ni Daniel noong siya'y nasa palasyo ng hari, matitiyak nating ipagtatanggol tayo ng Diyos; datapuwa't kung sinasadya nating isubo ang ating sarili sa tukso, ay babagsak tayong walang pagsala, malao't madali.

Ang manunukso ay malimit na gumawang may malaking tagumpay sa pamamagitan ng mga hindi sinasapantahang sumasailalim ng kanyang kapangyarihan. Ang mga may talento at dunong ay kinalulugdan at pinararangalan, na wari bagang makatutubos ang mga katangiang ito sa kawalan ng pagkatakot sa Diyos, o magpapaging-dapat sa mga tao sa kanyang paglingap. Ang talento at kalinangan, sa kanilang sarili, ay mga kaloob ng Divos; datapuwa't kapag ito'y inihahalili sa kabanalan, na sa balip na maglapit ng kaluluwa sa Diyos, ay bagkus naglalayo, kung magkagayon, ang mga ito'y nagiging isang sumpa at silo. Sa maraming tao ay naghahari ang pagaakala na ang lahat ng wari pagkamagalang o kahinhinan ay mula kay Kristo, sa ilang pagpapalagay. Kailan man ay hindi nagka-

[3] 2 Corinto 4:4.

roon ng kamaliang malaki kaysa riyan. Ang mga katangiang ito ay dapat maging palamuti sa likas ng bawa't Kristiyano, sapagka't magbibigay ito ng malaking impluensya sa tunay na relihiyon; datapuwa't kinakailangang ang mga ito'y matalaga sa Diyos, kung hindi ay magiging isang kapangyarihang ukol sa kasamaan. [418]

Samantalang palaging sinisikap ni Satanas, na bulagin ang mga pag-iisip ng mga Kristiyano sa tunay na nangyayari, ay hindi nila dapat limutin na sila'y nakikipagbaka "hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanlibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan."[4] Ang kinasihang babala ay tumataginting sa lahat ng panahon hangga ngayon: "Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kaaway na diyablo na gaya ng liyong umuungal ay gumagalang humahanap ng masisila niya."[5] "Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Diyos upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diyablo."[6]

Mula nang mga kaarawan ni Adan hanggang sa panahon natin, ang ating malakas na kalaban ay gumagamit ng kanyang kapangyarihan upang magpahirap at lumipol. Naghahanda siya ngayon para sa kahuli-hulihan niyang paggawa laban sa iglesya. Ang lahat ng sumusunod kay Jesus ay mapapasubo sa pakikilaban sa walang habag na kalabang ito. Sa lalo at lalong pagtulad ng Kristiyano sa banal ng Huwaran, lalo namang hindi sasalang siya'y magiging tudlaan ng mga pagsalakay ni Satanas. Ang lahat ng masiglang gumagawa sa gawain ng Diyos, na nagsisikap alisan ng tabing ang mga pandaya ng isang masama at iharap si Kristo sa mga tao, ay makapagpapatotoong gaya ni Pablo, nang sabihin niya ang tungkol sa paglilingkod sa Panginoon ng buong kaamuan ng pag-iisip, na may pagluha at mga tukso.

Si Kristo ay sinalakay ni Satanas ng kanyang pinakamabagsik at pinakamarayang mga tukso; datapuwa't dinaig siya sa bawa't paghahamok. Isinagawa ang mga pagbabakang iyon alang-alang sa atin; ang mga tagumpay na iyon ay nagpaaring tayo'y managumpay. Si Kristo'y nagbibigay ng lakas sa lahat ng humahanap ng lakas. [419]

[4]Efeso 6:12.
[5]1 Pedro 5:8.
[6]Efeso 6:11.

Sinuman ay hindi madadaig ni Satanas kung hindi siya papayag. Ang manunukso ay walang kapangyarihang maghari sa kalooban o pilitin kaya ang tao na magkasala. Maaaring siya'y pumighati datapuwa't hindi siya maaaring dumungis. Maaaring magbigay dalamhati siya, nguni't hindi karumihan. Ang katunayan na si Kristo ay nanagumpay ay dapat magpasigla sa kanyang mga alagad
[420] na makipagbakang may pagkalalaki sa kasalanan at sa kay Satanas.

[421]

## *Kabanata 29*—Mabuti at masamang espiritu

Ang pakikiugnay ng sanlibutang nakikita sa sanlibutang di-nakikita, ang pangangasiwa ng mga anghel ng Diyos, at ang gawain ng masasamang espiritu, ay kaylinaw na inihahayag sa Banal na Kasulatan at di-makakalas na nakahabi sa kasaysayan ng sangkatauhan. Lumalaganap ang pagkahilig na huwag paniwalaang mayroon ngang masasamang espiritu, samantala namang ang banal na anghel na "tagapaglingkod na mga sinugo upang magsipaglingkod sa kapakinabangan ng mangagmamana ng kaligtasan,"[1] ay ipinalalagay ng marami na mga espiritu ng nangamatay. Datapuwa't hindi lamang itinuturo ng Banal na Kasulatan na mayroon ngang anghel na mabubuti at masasama, kundi nagbibigay din naman ng di-mapag-aalinlanganang katibayan na ang mga anghel na ito ay hindi ang mga humiwalay na espiritu ng mga namatay.

Bago nilikha ang tao ay may mga anghel na; sapagka't nang ilagay ang mga patibayan ng lupa, ay "nagsisiawit na magkakasama ang mga bituing pang-umaga, at ang lahat ng mga anak ng Diyos ay naghihiyawan sa kagalakan."[2] Nang magkasala na ang tao, ay nagsugo ang Diyos ng mga anghel upang bantayan ang punong-kahoy ng buhay, at noon ay wala pang taong namamatay. Ang mga anghel ay katutubong mataas kaysa mga tao; sapagka't sinasabi ng mang-aawit na ang tao'y nilalang na "mababa ng kaunti kaysa mga anghel."[3]

Sinasabi sa atin sa Kasulatan ang bilang, lakas, at ka- luwal- [422]
hatian ng mga anghel, ang kanilang kaugnayan sa pamahalaan ng Diyos, gayon din ang tungkol sa kanilang bahagi sa gawain ng pagtubos sa mga tao. "Itinatag ng Panginoon ang Kanyang luklukan sa mga langit; at ang Kanyang kaharian ay nagpupuno sa lahat." At ang sabi ng propeta: "Narinig ko ang tinig ng maraming mga anghel sa palibot ng luklukan." Sa harap ng luklukan ng Hari ng

[1] Hebreo 1:14.

[2] Job 38:7.

[3] Mga Awit 8:5, talatang Hebreo.

mga hari ay nangaghihintay sila—“mga angel, na makapangyarihan sa kalakasan,” “mga tagapaglingkod Niya, na nagsisigawa ng Kanyang kasayahan,” “na nakikinig sa tinig ng Kanyang salita.”[4] Sampung libong tigsasampung libo at libu-libo, ay siyang bilang ng mga sugong taga-langit, na nakita ni propeta Daniel. Sinabi ni apostol Pablo na sila'y “di mabilang na mga hukbo.”[5] Sa kanilang pagiging mga sugo ng Diyos ay yumayaon silang “parang kislap ng kidlat,”[6] na nakasisilaw ang kanilang dilag, at mabilis ang kanilang lipad. Ang anghel na napakita sa libingan ng Tagapagligtas, na ang anyo ay “tulad sa kidlat, at ang kanyang pananamit ay maputing parang niyebe,” ay nagpanginig sa mga nagbabantay dahil sa takot sa kanya, “at sila'y nangaging tulad sa mga taong patay.”[7] Nang ang Diyos ay hamakin at pusungin ni Senakerib, na palalong taga-Asirya, at nang kanyang pagbantaang lipulin ang Israel, ay “nangyari, nang gabing yaon, na ang anghel ng Panginoon ay lumabas, at nanakit sa kampamento ng mga taga Asirya ng isang daan at walumpu't limang libo.” Nahiwalay sa hukbo ni Senakerib ang “lahat ng makapangyarihang lalaking may tapang, at ang mga pangulo at mga kapitan.” “Sa gayo'y bumalik siya na nahihiya sa kanyang sariling lupain.”[8]

Ang mga anghel ay isinusugo ukol sa mga gawain ng kaawaan para sa mga anak ng Diyos. Kay Abraham, taglay ang mga pan-
[423] gakong pagpapala; sa mga pintuan ng Sodoma, upang iligtas si Lot sa pagkasunog; kay Elias, noong halos mamatay na siya sa gutom at pagod doon sa ilang; kay Eliseo, na may karo at mga kabayo ng apoy na nakalilibot sa maliit na nayong binabakayan ng kanyang mga kaaway; kay Daniel, samantalang humahanap ng banal na kaalaman, noong siya ay nasa palasyo ng isang haring di-kumikilala sa tunay ng Diyos o nang siya'y bayaan upang silain ng mga liyon; kay Pedro na hinatulang mamatay sa bilangguan ni Herodes; sa mga bilanggo sa Pilipos; kay Pablo at sa kanyang kasama noong mabagyong gabi sa gitna ng dagat; upang buksan ang pagiisip ni Cornelio nang matanggap niya ang ebanghelyo; upang isugo si Pedro na may balita ng

[4] Mga Awit 103:19-21; Apocalipsis 5:11.

[5] Daniel 7:10; Hebreo 12:22.

[6] Ezekiel 1:14.

[7] Mateo 28:3, 4.

[8] 2 Mga Hari 19:35; 2 Cronica 32:21.

kaligtasan sa isang Hentil—sa ganyay'y sa lahat ng kapanahunan, ang mga banal na anghel ay naglilingkod sa bayan ng Diyos.

Isang anghel na tagatanod ang hinirang ng Diyos upang mangasiwa sa bawa't sumusunod kay Kristo. Ang mga bantay na itong taga langit ay siyang nagsasanggalang sa mga matuwid mula sa kapangyarihan ng diyablo. Ito ay kinilala ni Satanas na rin nang sabihin niyang "natatakot ba ng walang kabuluhan si Job sa Diyos? Hindi Mo ba kinulong siya at ang kanyang sambahayan, at ang lahat niyang tinatangkilik sa bawa't dako?"[9] Ang ginaHentil—sa ganya'y sa lahat ng kapanahunan, ang mga baay ipinakikilala sa mga pangungusap ng mang-aawit: "Ang anghel ng Panginoon ay humahantong sa buong palibot ng nangatatakot sa Kanya at ipinagsasanggalang sila."[10] Nang banggitin ng Tagapagligtas yaong nanganampalataya sa Kanya, ay ganito ang kanyang sinabi: "Ingatan ninyo na huwag ninyong pawalang halaga ang isa sa maliit na ito; sapagka't sinasabi ko sa inyo, na ang kanilang mga anghel sa mga langit ay nangakakakitang palagi ng mukha ng Aking Ama na nasa langit."[11] Ang mga anghel na nahirang upang mangasiwa sa mga anak ng Diyos ay [424] palaging nakalalapit sa harapan ng Ama.

Sa ganya'y ang bayan ng Diyos, bagaman nalalantad sa magdarayang kapangyarihan at walang idlip na pagkapoot ng prinsipe ng kadiliman, at nakikilaban sa buong hukbo ng kasamaan, ay pinangakuan ng walang tigil na pagbabantay ng mga anghel sa langit. At ang pangakong iyan ay hindi ibinigay kung hindi kailangan. Kung binigyan ng Diyos ang Kanyang mga anak ng pangakong biyaya at pagkakalinga, yao'y sapagka't may mga makapangyarihang kinatawan ng kasamaan na makakatagpo sila—mga kinatawang marami, may kapasiyahan, at walang pagod, na sa pagkamapagpahamak at kapangyarihan ng mga ito ay wala sinumang makapagwawalang malay o walang bahala.

Ang masasamang espiritu, na nang una'y nilikhang walang kasalanan, ay kapantay sa katutubo, kapangyarihan, at kaluwalhatian ng mga banal na anghel, na ngayo'y siyang mga sinusugo ng Diyos. Datapuwa't sa pagkabagsak nila sa pagkakasala, nagsapisapi sila upang di parangalan ang Diyos at ipahamak ang mga tao.

[9] Job 1:9, 10.
[10] Mga Awit34:7.
[11] Mateo 18:10.

Sa pakikiisa nila kay Satanas sa kanyang paghihimagsik, at pagkapalayas sa kanila mula sa langit na kasama niya, nagsitulong sila sa kanya, sa lahat ng sumunod na panahon, sa pagbaka sa banal na pamahalaan. Sinasabi sa atin ng Kasulatan ang tungkol sa kanilang pagtutulungan at pamahalaan, ang tungkol sa iba't iba nilang kaayusan, ang kanilang katalinuhan at katusuhan, ang tungkol sa masasama nilang balak laban sa kapayapaan at kaligayahan ng mga tao.

Ang kasaysayan ng Matandang Tipan ay bumabanggit paminsan-minsan ng kanilang pananatili at paggawa; datapuwa't noon lamang si Kristo ay narito sa ibabaw ng lupa ipinakita ng masasamang espiritu ang kanilang kapangyarihan sa isang kapuna-punang kaparaanan. Si Kristo ay naparito upang pasukan ang panukalang binalangkas sa lkatutubos ng tao, at ipinasiya naman ni Satanas na igiit ang
[425] kanyang matuwid na pagharian niya ang sanli- butan. Siya'y nanaig sa pagtatayo ng pagsamba sa diyusdiyusan sa lahat ng sulok ng lupa maliban sa Palestina. Sa lupain lamang na hindi ganap na sumuko sa pamumuno ng manunukso naparoon si Kristo upang bigyan ang mga tao ng liwanag ng langit. Dito'y dalawang kapangyarihan ang nagpapangagaw sa pamumuno. Iniunat ni Jesus ang Kanyang mga kamay ng pag-ibig, na inaanyayahan ang lahat ng may nais na humanap sa Kanya ng kapayapaan at kapatawaran. Nakita ng mga hukbo ng kadiliman na hindi nila hawak ang walang-hanggang kapangyarihan at naunawa nila na kung magwawagi ang gawain ni Kristo, ang kanilang pamumuno ay mawawakasan agad. Nag-alab ang galit ni Satanas na gaya ng isang liyong natatali, at may paglabang inihayag ang kanyang kapangyarihan sa mga katawan at mga kaluluwa ng mga tao.

Na talagang ang mga tao'y inaalihan ng masasamang espiritu, ay malinaw na ipinahahayag sa Bagong Tipan. Ang mga taong pinahihirapan ng ganito ay hindi lamang naghihirap sa sakit sanhi sa katutubong dahilan. Ganap ang pagkabatid ni Kristo sa kanyang mga pinakikitunguhan at nakikilala niya ang mukhaang pakikiharap at paggawa ng masasamang espiritu.

Ang isang kapuna-punang halimbawa ng kanilang bilang, kapangyarihan, kasamaan, at gayon din naman ng kapangyarihan at kahabagan ni Kristo, ay isinasaad ng ulat ng Kasulatan tungkol sa pagpapagaling sa mga inalihan ng mga demonyo sa lupain ng

Gadara. Ang kaawaawang mga ito na inalihan ng masasamang espiritu, pumipiglas sa anumang pagpigil, namimilipit, nagbubula ang bibig, nagngingitngit, ay pinaaalingawngaw ang himpapawid sa mga sigaw, na sinasaktan ang kanilang katawan, at ipinanganganib ang lahat ng mapapalapit sa kanila. Ang kanilang mga katawang duguduguan at pasapasa, at ang kanilang sirang pag-iisip ay nagharap ng isang panooring ikinalulugod ng prinsipe ng kadiliman. Ang isa sa [426] mga demonyong umaali sa mga naghihirap ay nagsabing, "pulutong ang pangalan ko; sapagka't marami kami."[12] Sa hukbong Romano, ang isang pulutong ay binubuo ng mula sa tatlo hanggang sa limang libong lalaki. Ang mga hukbo ni Satanas ay nahahati din sa mga pulutong, at ang pulutong na kinabibilangan ng mga demonyong ito ay hindi kukulangin sa bilang ng isang pulutong.

Sa utos ni Jesus ay nagsilabas ang masasamang espiritu sa kanilang mga inaalihan, na iniwan silang payapang nakaupo sa paanan ng Tagapagligtas, mabait, mabuti ang isipan, mahinahon. Datapuwa't pinahintulutan Niyang ibulusok ng mga demonyo ang isang kawan ng mga baboy sa dagat; at sa mga tumitira sa Gadara, ang kalugihan nilang ito ay malaki kaysa mga pagpapalang ibinigay ni Kristo, at ang banal na Mangagamot ay pinamanhikang umalis doon. Ito ang bungang pinanukala ni Satanas na mangyari. Sa pagbababaw kay Jesus ng sisi ng kanilang pagkalugi, ay ginising niya ang mga sakim na pangamba ng mga tao, at hinadlangan sila upang huwag mapakinggan ang Kanyang mga pangungusap. Ang mga Kristiyano ang laging pinararatangan ni Satanas na siyang dahil ng kalugihan, kasamaang palad, at paghihirap sa halip na pabagsakin ang sisi sa kinauukulan—sa kanyang sarili sa kanyang mga ahente.

Datapuwa't hindi nasira ang mga layunin ni Kristo. Pinabayaan Niyang patayin ng masasamang espiritu ang kawan ng baboy bilang pagsaway sa mga Hudyong iyon na nag-aalaga ng maruruming hayop na ito dahil lamang sa pakinabang. Kung hindi pinigil ni Kristo ang mga demonyo, ay ihuhulog sana nila sa dagat, hindi lamang ang baboy, kundi pati ng nag-aalaga at may-ari ng mga baboy na iyon. Ang pagkaligtas ng mga nag-aalaga sampu ng may-ari ay dahil lamang sa Kanyang kapangyarihan, na buong habag Niyang ginamit sa ikaliligtas nila. Bukod sa riyan, ito'y Kanyang pinahintu-

[12] Marcos 5:9.

[427] lutang mangyari upang masaksihan ng mga alagad ang malupit na kapangyarihan ni Satanas sa tao at sa hayop. Ibig ng Tagapagligtas na makilala nila ang kaaway na kanilang masasagupa, upang huwag silang madaya at madaig ng mga lalang niya. Kalooban din naman Niya na ang mga tao sa lupaing iyon ay makakita ng Kanyang kapangyarihang bumali ng pangaalipin ni Satanas at magpawala sa kanyang mga bihag. At bagaman umalis si Jesus, ang mga tao na mahiwagang naligtas, ay nangaiwan upang ibalita ang kahabagan noong sa kanila'y naging tagapagpala.

May mga iba pang pangyayaring kauri nito na natatala sa mga Banal na Kasulatan.[13]

Yaong mga inaalihan ng masamang espiritu ay karaniwang ipinakikilalang nasa isang kalagayan ng malaking paghihirap; datapuwa't ito'y hindi gayon sa tuwi-tuwina. Inaanyayahan ng mga iba ang kapangyarihan ni Satanas upang magkaroon lamang sila ng higit sa makataong kapangyarihan. Ito kung sa bagay ay hindi sinasalungat ng mga demonyo. Kabilang sa uring ito ng mga tao iyong mga may masamang espiritu na nanghuhula, gaya ni Simon Mago, ni Elimas na manggagaway, at ng dalagang sumunod kina Pablo at Silas-sa Pilipos.

Wala nang lalong may panganib sa impluensya ng masamang espiritu kaysa roon sa mga ayaw maniwala sa pananatili at paggawa ng diyablo at ng kanyang mga anghel, sa kabila ng tiyak at maliwanag na patotoo ng mga Banal na Kasulatan. Hanggang hindi natin naaalaman ang kanilang mga pandaya, ay mayroon silang hindi malirip na kalamangan sa atin; marami ang makikinig sa kanilang payo, samantala'y ipinalalagay nila na sila'y sumusunod sa udyok ng kanilang sariling karunungan. Ito nga ang dahil, na sa pagkalapit natin sa kawakasan ng panahon, panahon na si Satanas ay gagawa na may malaking kapangyarihan upang mandaya at magpahamak,
[428] ay ilalaganap niya sa lahat ng dako ang paniniwala na ditotoong may Satanas. Pamamalakad niya na ilihim ang kanyang sarili at ang kanyang paraan ng paggawa.

Ang kapangyarihan at poot ni Satanas at ng kanyang hukbo ay dapat ngang makabagabag sa atin, kung hindi sa bagay na tayo'y maaaring makasusumpong ng kanlungan at kaligtasan sa lalong

[13]Tingnan ang Marcos 7:26-30; Mateo 12:22; Marcos 9:17-27; Lucas 4:33-36.

malakas na kapangyarihan ng ating Manunubos. Pinakakaingat-ingatan nating kandaduhan at tarangkahan ang ating mga pintuan, upang iligtas ang ating mga pag-aari at mga buhay sa masasamang tao; datapuwa't bihira nating maala-ala ang masasamang anghel na laging nagsisikap na sumalakay sa atin at laban sa kanilang pagsalakay ay wala tayong anumang paraan ng pagtatanggol, sa ating sariling lakas. Kung sila'y pahihintulutan ng Diyos, ay masisira nila ang ating mga pagiisip, mapipinsala nila at mapahihirapan ang ating mga katawan, maipapahamak ang ating mga ariarian at ang ating mga buhay. Ang kaluguran nila ay nasa karalitaan at kapahamakan. Kakila-kilabot ang kalagayan niyaong mga tumatanggi sa mga pag-angkin ng Diyos at napahihinuhod sa mga tukso ni Satanas hanggang sa sila'y pabayaan ng Diyos upang pamahalaan ng masasamang espiritu. Datapuwa't ang mga sumusunod kay Kristo ay panatag sa ilalim ng kanyang pagkakalinga. Mula sa langit ay isinusugo ang mga anghel na makapangyarihan sa kalakasan upang sila'y ipagsanggalang. Ang masama ay hindi makalulusot sa mga bantay na inilagay ng Diyos sa paligid-ligid ng Kanyang bayan. [429]

## *Kabanata 30*—Nakasisilong mga erehiya

Ang malaking tunggalian ni Kristo at ni Satanas, na halos anim na libong taon na ngayong nagpapatuloy, ay malapit nang mawakasan; at pinapag-iibayo ng isang masama ang kanyang mga pagsisikap upang gapiin ang ginagawa ni Kristo sa kapakanan ng tao, at upang huwag makawala ang mga kaluluwa sa kanyang mga silo. Ang panatilihin ang mga tao sa kadiliman at di-pagsisisi hanggang sa matapos ang pamamagitan ng Tagapagligtas, at mawalan na ng haing patungkol sa kasalanan, ay siyang layuning sinisikap niyang maganap.

Kapag walang ginagawang tanging pagsisikap upang paglabanan ang kanyang kapangyarihan, kapag naghahari ang kawalang bahala sa loob ng iglesya at sa sanlibutan, hindi nababagabag si Satanas; sapagka't walang panganib na makawawala pa sa kanya yaong mga inaakay niyang bihag ayon sa kanyang loobin. Datapuwa't pagka natatawag ang pansin sa mga bagay na walanghanggan, at nangagtatanong ang mga kaluluwa, "Ano ang dapat kong gawin upang ako'y maligtas?" ay tumitindig agad siya na isinusukat ang kanyang kapangyarihan sa kapangyarihan ni Kristo, at sinasalungat ang paggawa ng Banal na Espiritu.

Sinasabi ng Kasulatan na minsan, nang magsidating ang mga anghel ng Diyos upang humarap sa Panginoon, ay dumating din naman si Satanas na kasama nila[1] hindi upang yumuko sa harap ng Walang-hanggang Hari, kundi upang itaguyod ang kanyang may kapootang pakana laban sa mga matuwid. Taglay ang ganyan ding
[430] adhika ay nakikiharap siya kapag nagtitipon ang mga tao upang
[431] sumamba sa Diyos. Bagaman siya'y di makita, gumagawa din siya ng buong kasipagan upang mapamahalaan ang mga pag-iisip ng mga nagsisisamba. Gaya ng isang sanay na heneral ay pauna niyang inaayos ang kanyang mga panukala. Pagka nakikita niya ang lingkod ng Diyos na nagsasaliksik ng mga Banal na Kasulatan, minamatyagan niya ang paksang ihaharap nito sa mga tao. Saka niya

[1] Job 1:6.

gagamitin ang buo niyang katusuhan at karayaan upang pamahalaan ang lahat ng pangyayari at sa gayo'y ang pabalita'y huwag umabot sa mga dinaraya niya sa bahaging iyon. Ang isang lubhang nangangailangan na makarinig ng babala ay aakitin niya sa usapang ukol sa pangangalakal na dapat niyang daluhan, o kaya'y sa pamamagitan ng iba pang pamamaraa'y hahadlangan siya mula sa pagdinig ng mga salitang sa kanya'y magiging samyo ng buhay sa ikabubuhay.

Muling nakikita ni Satanas ang dalahin ng mga lingkod ng Panginoon dahil sa kadilimang ukol sa espiritu na lumulukob sa mga tao. Naririnig niya ang kanilang mataimtim na dalanging ukol sa banal na biyaya at lakas na gigising mula sa pagwawalang bahala, kawalang ingat, at katamaran. Kung magkagayon, taglay ang panibagong sigla ay ginagamit niyang may kasipagan ang kanyang mga pakana. Tutuksuhin niya ang mga tao upang magpakagumon sa katakawan o sa ibang anyo ng pagbibigay lugod sa sarili, at sa gayo'y pinapatay niya ang kanilang mga pakiramdam, anupa't hindi nila naririnig ang mga bagay na totoong kailangan nilang matutuhan.

Alam na alam ni Satanas na ang lahat ng maaakay niyang magpabaya sa pananalangin at sa pagsasaliksik ng Banal na Kasulatan, ay madadaig ng kanyang mga pagsalakay. Dahil dito'y kumakatha siya ng lahat nang maaaring pakana upang pumuno sa isipan. Kailan mang panahon ay may mga taong may anyo ng kabanalan, na sa halip na sumunod upang maunawaan ang katotohanan, ay gina- [432]
gawang kanilang relihiyon ang humanap ng kakulangan o kamalian kaya sa pananampalataya ng hindi nila nakakasang-ayon. Sila'y mga kanang kamay na m,ga katulong ni Satanas. Hindi iilan ang mga mapagparatang sa mga kapatid; at walang humpay silang gumagawa kapag gumagawa ang Diyos, at ang mga lingkod Niya ay nagbibigay sa Kanya ng tunay na paggalang. Lalagyan nila ng maling kulay ang mga pangungusap at mga gawa ng umiibig at tumatalima sa katotohanan. Kanilang sasabihin na nangadaya o magdaraya ang mga pinakamasipag, tapat, at tumatanggi sa sarili na mga lingkod ni Kristo. Gawain nila ang maling pagpapakilala ng mga layunin ng bawa't tunay at marangal na gawa, ang magsilid sa isipan, at papaghinalain ang mga wala pang karanasan sa buhay. Sa lahat ng paraang kanilang makukuro ay pagsusumikapan nila na iyong mga malinis at matuwid ay maturingang marumi at magdaraya.

Datapuwa't hindi dapat madaya ang sinuman tungkol sa kanila. Madaling makikilala kung kanino silang mga anak, kung kaninong halimbawa ang kanilang sinusunod, at kung kaninong gawain ang kanilang ginagawa. "Sa kanilang mga bunga ay inyong makikilala sila."[2] Ang kanilang gawa ay gaya ng kay Satanas, sila'y makamandag na sinungaling, mga "tagapagsumbong sa ating mga kapatid."[3]

Yaong bantog na magdaraya ay may maraming ahente na handang magharap ng anuman at ng lahat ng uri ng kamaliang makasisilo sa mga kaluluwa—mga erehiyang sadyang inihanda upang makaayon ng mga hilig at kakayahan ng kanyang ipapahamak. Ang kanyang panukala ay ang magpasok sa iglesya ng mga hindi tapat, at hindi nagbabago na siyang magbabangon ng pagaalinlangan at kawalan ng pananampalataya, at pipigil sa lahat ng may nasang sumulong ang gawain ng Diyos, at sila'y sumulong na kasama nito.
[433] Ang maraming walang pananampalataya sa Diyos o sa Kanyang salita ay umaayon sa ilang simulain ng katotohanan at mga itinuturing silang mga Kristiyano; at sa ganito'y naipapasok nila ang kanilang mga kamalian na waring mga aral ng Kasulatan.

Ang palagay na maging anuman ang paniniwala ng tao ay walang kailangan, ay isa sa mga pinakamabisang pandaya ni Satanas. Talastas niya na ang katotohanan, kung tinanggap dahil sa talagang iniibig ay nagpapabanal sa kaluluwa ng tumatanggap; kaya nga't palagi niyang sinisikap na dito'y ihalili ang mga sinungaling na hakahaka, mga katha at ibang ebanghelyo. Sapul sa pasimula ay nakibaka na ang mga lingkod ng Diyos sa mga magdarayang tagapagturo, hindi lamang bilang mga lalaking gumon sa mahahalay na kaugalian, kundi mga tagapagturo rin ng kasinungalingang kapanga-panganib sa kaluluwa. Si Elias, si Jeremias, at si Pablo, ay buong tibay at walang takot na sumalansang sa mga nag-uudyok sa mga tao na tumalikod sa salita ng Diyos. Ang pagkaliberal na nagpapalagay na walang kahalagahan ang tumpak na pananampalataya ng isang relihiyon, ay hindi sinang-ayunan ng mga banal na tagapagsanggalang na ito ng katotohanan.

[2] Mateo 7:16.

[3] Apocalipsis 12:10.

Ang malabo at haka-hakang mga pagpapaliwanag sa Kasulatan, at ang maraming salu-salungat na mga paniniwala hinggil sa pananampalataya sa relihiyon, ay gawa ng bantog na kaaway upang lituhin niya ang pag-iisip ng mga tao at nang sa gayo'y huwag nilang makilala ang katotohanan. At ang di-pagkakaayun-ayon at ang pagkakahating naghahari sa mga iglesya ng Sangkakristiyanuhan, sa kalakhang bahagi, ay dahil sa laganap na kaugalian na pilipitin ang Kasulatan upang matangkilik lamang ang isang pinanghahawakang katuwiran. Sa halip na maingat na pag-aralan ang salita ng Diyos na may mapagpakumbabang puso upang makilala ang Kanyang kalooban, ang pinagsisikapan lamang ng marami ay ang makakita ng naiiba o bagay na tuklas ng kanilang isipan. Upang maipagtanggol [434]
ng ilan ang mga maling aral o mga gawaing hindi ukol sa Kristiyano, ay kukuha sila sa Kasulatan ng pangungusap na hiwalay sa isipang ipinakikilala ng talata, marahil ay sisipiin ang kalahati lamang ng isang talata upang patibayan ang kanilang pagmamatuwid, samantala'y ang nalalabing bahagi ng talata ring iyon ay nagpapakilala na ang kahulugan ay kalaban ng kanilang pinatutunayan. Taglay ang katusuhan ng ahas, ay ipinagsasanggalang nila ang kanilang sarili sa kabila ng mga putul-putol na mga pangungusap na kanilang inayos upang mabagay sa mga pita ng kanilang laman. Sa ganya'y sinasadyang binabaligtad ng marami ang salita ng Diyos. Kinukuha naman ng mga iba, na may matalas na pagkukuro, ang mga sagisag ng Banal na Kasulatan, at ipinaliliwanag ang mga yaon upang iangkop sa kanilang paniniwala, na hindi isinasaalang-alang ang patotoo ng Kasulatan na siyang tagapagpaliwanag sa kanya rin, at pagkatapos ay inilalabas nila ang kanilang mga sariling haka-haka na tulad sa mga aral ng Biblia.

Kapag ang Banal na Aklat ay hindi pinag-aaralang taglay ang diwang mapanalanginin, mapagpakumbaba, at maaamo, ang pinakamaliwanag at pinakasimple, pati ng pinakamahirap na talata ay nailalayo sa talagang kahulugan. Pinipili ng mga pinunong makapapa ang gayong mga bahagi ng Kasulatan na makatutulong ng malaki sa kanilang layunin, ipinaliliwanag nila ang mga ito upang makasang-ayon nila, at saka inihaharap sa mga tao, samantala'y ikinakait nila sa mga taong iyon ang karapatang mag-aral ng Biblia at maunawa ang mga banal na katotohanan nito para sa kanila. Ang buong Biblia ay dapat ituro sa mga tao ayon sa nababasa rito. Mabuti

pa ang huwag nang ituro sa kanila ang Biblia kaysa napakamaling ipakilala ang iniaaral nito.

Sa pamamagitan ng sigaw na, Liberalidad, ang tao'y nabubulag at di nakikita ang mga pakana ng kanilang kalaban, samantala'y
[435] walang tigil siyang gumagaga sa ika- gaganap ng kanyang adhika. Sa kanyang pananaig na halinhan ang Biblia ng mga katha-katha ng mga tao, ang kautusan ng Diyos ay napapatabi, at ang mga iglesya ay sumasa ilalim ng pagkaalipin sa kasalanan, samantalang sa kabila nito'y inaangkin nila ang paglaya.

Ang pagsasaliksik ng siyensiya ay naging isang sumpa sa marami. Pinahintulutan ng Diyos na ang sanlibutan ay apawan ng isang baha ng liwanag tungkol sa mga siyensiya at sining; datapuwa't ang mga dakilang pag-iisip man pagka hindi inaakay ng salita ng Diyos sa kanilang pagsasaliksik ay nagugulumihanan sa mga pagsisikap nilang masiyasat ang pagkakaugnay ng siyensiya at ng banal na pahayag.

Babahagya at di-ganap ang kaalaman ng tao tungkol sa mga bagay na ukol sa sanlibutan at ukol sa espiritu; dahil dito'y hindi maitugma ng marami ang kanilang nalalaman sa siyensiya sa mga pangungusap ng Banal na Kasulatan. Marami ang tumatanggap ng mga palagay lamang at katha-katha na bilang mga katunayan ng siyensiya at inaakala nila na ang salita ng Diyos ay kailangang subukin sa pamamagitan ng mga iniaaral ng "maling tinatawag na siyensiya."[4] Ang Maykapal at ang Kanyang gawa ay hindi abot ng kanilang unawa; at palibhasa'y hindi maipaliwanag ang mga ito sa pamamagitan ng mga batas ng kalikasan ay ipinalalagay nila na ang kasaysayan ng Biblia ay di-mapananaligan. Ang mga nagaalinglangang manalig sa mga ulat ng Matanda at Bagong Tipan ay malimit na lumalampas ang paghakbang, pinagaalinlanganan nila ang pamamalagi ng Diyos at ang kapangyarihang walang-hanggan ay ibinibilang na sa kalikasan. Sapagka't bumitaw sila sa kanilang sinepete, ay naiwan silang inihahampas ng mga alon sa malalaking bato ng kawalang pananampalataya.

Sa ganito'y marami ang namamali sa pananampalataya at nada-
[436] daya ng diyablo. Pinagsikapan ng mga tao na maging matalino pa kaysa Maylalang sa kanila; sinubok ng pilosopiya ng mga tao

[4] 1 Timoteo 6:20, talatang Griego.

na saliksikin at ipaliwanag ang mga hiwaga na hindi mahahayag kailan man, sa buong panahong walang-katapusan. Kung hahanapin at uunawain lamang ng mga tao kung ano ang ipinakikilala ng Diyos tungkol sa Kanyang sarili at sa Kanyang mga adhika, ay magkakaroon sila ng malaking pagkakilala tungkol sa kaluwalhatian, karangalan, at kapangyarihan ni Heoba na anupa't makikita nila ang kanilang kaliitan at mangasisiyahan sila sa inihayag para sa kanila at sa kanilang mga anak.

Ang lahat ng nagpapabaya sa salita ng Diyos upang pag-aralan ang mga ikagiginhawa at pamamalakad, at sa gayo'y huwag silang maging kasalungat ng sanlibutan, ay magsisitanggap ng kasumpa-sumpang erehiya sa halip ng katotohanang ukol sa relihiyon. Lahat ng anyo ng kamalian na maaaring isipin ay tatanggapin noong mga sadyang tumatanggi sa katotohanan. Ang nangingilabot sa isang daya ay madaling tatanggap ng iba. Nang banggitin ni apostol Pablo ang tungkol sa isang uri ng mga tao na hindi tumanggap "ng pagibig sa katotohanan, upang sila'y mangaligtas," ay ganito ang kanyang sinabi: "Dahil dito'y ipinadadala sa kanila ng Diyos ang paggawa ng kamalian, upang magsipaniwala sila sa kasinungalingan; upang mangahatulan silang lahat na hindi nagsisampalataya sa katotohanan, kundi nangalugod sa kalikuan."[5] Yamang nahaharap sa atin ang ganyang babala, marapat na tayo'y mag-ingat kung anong mga aral ang ating tinatanggap.

Kabilang sa mga mapagtagumpay na kasangkapan ng bantog na magdaraya, ay ang mga mapanghibong aral at mga kahanga-hangang kasinungalingan ng Espiritismo. Sa pagkukunwa niyang anghel ng kaliwanagan, ay inilatag niya ang kanyang mga lambat doon sa hindi sinasapantahang paglalatagan. Kung pag-aaralan lamang ng mga [437]
tao ang Aklat ng Diyos na kalakip ang mataos na panalangin upang ito'y kanilang maunawa, hindi sila maiiwan sa kadiliman upang tumanggap ng mga magdarayang aral. Datapuwa't sa pagtanggi nila sa katotohanan, ay nahuhuli sila ng daya.

Ang isa pang mapanganib na kamalian ay ang aral na tumatanggi sa pagka-Diyos ni Kristo, na nagsasabing Siya'y di-namamalagi bago Siya naparito sa sanlibutang ito. Ang palagay na ito ay tinanggap na may pagsangayon ng maraming nagsasabing nanampalataya

[5] 2 Tesalonica 2:10-12.

sa Biblia; datapuwa't mga sumasalungat sa pinakamaliwanag na mga pahayag ng ating Tagapagligtas hinggil sa Kanyang pakikiugnay sa Ama, sa Kanyang banal na likas, at sa Kanyang pagka-Diyos mula pa nang panahong walanghanggan. Iya'y hindi mapaniniwalaan ng hindi babaligtarin ang banal na Kasulatan. Hindi lamang iyan nagpapaliit ng kaalaman ng tao tungkol sa gawang pagtubos kundi sumisira rin naman sa pananampalataya na ang Biblia ay pahayag na buhat sa Diyos. Bukod pa sa ito'y nagiging lalong mapanganib, ito ay nagiging lalong mahirap na sagupain. Pagka tinatanggihan ng mga tao ang patotoo ng mga kinasihang Kasulatan tungkol sa pagka-Diyos ni Kristo, ay wala ng kabuluhang ipakipagtalo pa ang puntong ito sa kanila; sapagka't walang pangangatuwiran gaano man kaliwanag ang makahihikayat sa kanila. "Ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Diyos; sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kanya; at hindi niya nauunawa, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa Espiritu."[6] Walang sinumang nanghahawak sa kamaliang ito ang magkakaroon ng isang tunay na pagkakilala tungkol sa likas o layunin ni Kristo, o tungkol sa dakilang panukala ng Diyos sa ikatutubos ng tao.

Ang isa pang maraya at tusong kamalian ay ang mabilis na
[438] lumalaganap na paniniwala na si Satanas ay wa- lang anyong gaya ng tao; na ang pangalan niya ay ginagamit sa Kasulatan upang kumatawan lamang sa masasamang iniisip at pagnanasa ng mga tao.

Ang aral na napakadalas marinig sa mga popular na pulpito, na ang ikalawang pagparito ni Kristo ay ang pagdating Niya sa bawa't tao sa kanyang kamatayan, ay isang pakana upang ilihis ang isipan ng mga tao mula sa personal na pagparito Niya sa mga alapaap ng langit. Marami nang panahon na ganito ang sinasabi ni Satanas: "Narito siya'y nasa mga silid."[7] At maraming kaluluwa ang nawaglit dahil sa pagtanggap sa dayang ito.

Muli pa, itinuturo ng karunungan ng sanlibutan na ang pananalangin ay hindi kinakailangan. Ipinahahayag ng mga siyentipiko na hindi magkakaroon ng tunay na tugon sa panalangin; na ito'y magiging isang paglabag sa batas, isang kababalaghan, at kailan ma'y di nagkaroon ng mga kababalaghan. Ang santinakpan,

[6] 1 Corinto 2:14.
[7] Mateo 24:23-26.

anila, ay pinalalakad ng hindi nagbabagong mga batas, at ang Diyos na rin ay hindi gumagawa ng anumang laban sa mga batas na ito. Sa ganito'y isinasaad nila na ang Diyos ay sinasaklaw ng Kanyang sariling mga batas—na wari bagang ang pagpapairal ng mga batas ng Diyos ay makapag-aalis ng Kanyang sariling kalayaan. Ang ganyang aral ay laban sa patotoo ng mga Kasulatan. Hindi baga gumawa ng kababalaghan si Kristo at ang Kanyang mga apostol? Yaon ding maawaing Tagapagligtas na iyon ay nabubuhay ngayon, at handa siyang duminig sa panalanging may pananampalataya gaya noong unang siya'y nakitang lumalakad sa gitna ng mga tao. Ang katulubo ay gumagawang kasama ng higit sa katutubo. Isang bahagi ng panukala ng Diyos ang gantihin ang panalanging may kalakip na pananampalataya, at ipagkaloob sa atin yaong hindi niya ipagkakaloob kung hindi natin hinihingi sa ganitong paraan.

Napakarami ang mga maling aral at katha-kathang paniwala na pumasok sa mga iglesya ng Sangkakristiya- nuhan. Hindi matataya [439]
ang masasamang ibubunga kung maalis ang isa sa mga palatandaang itinatag ng salita ng Diyos. Iilan sa mga nangangahas gumawa nito ang humihinto pagkatapos na maitakwil niya ang isang katotohanan. Ang karamihan ay patuloy sa sunud-sunod na pagtanggi sa mga simulain ng katotohanan, hanggang sa sila'y mawalan ng pananampalataya.

Inihahatid ng mga kamalian ng popular na teolohiya ang maraming tao sa pag-aalinlangan na kung hindi dahil dito'y mananampalataya sana sa mga Kasulatan. Hindi niya mangyayaring matanggap ang mga aral na makasisira sa kanyang pagkakilala sa katuwiran, kahabagan, at kagandahang-loob; at sapagka't ipinakikilala na ang mga ito'y iniaaral ng Biblia, aayaw niyang tanggaping ito'y salita ng Diyos.

At ito ang layuning sinisikap ni Satanas na maganap. Wala siyang ibang ninanais kundi ang sirain ang pagtitiwala sa Diyos at sa Kanyang salita. Si Satanas ay nangunguna sa malaking hukbo ng mga mapag-aalinlangan, at ginagawa niya ang buo niyang kapangyarihan na paglalangan ang mga tao upang makipanig sa kanya. Nagiging karaniwan ang mag-alinlangan. May isang malaking pangkatin ng mga tao na walang tiwala sa salita ng Diyos gaya ng hindi nila pagtitiwala sa May-gawa nito—sapagka't ito'y sumasaway at humahatol sa kasalanan. Yaong mga ayaw tumupad sa

mga kahingian nito, ay nagsisikap upang ibagsak ang kapangyarihan nito. Binabasa nila ang Biblia, o nakikinig kaya sa mga iniaaral nito ayon sa pagkapaliwanag mula sa pulpito, upang hanapan lamang nila ng kamalian ang mga Kasulatan o ang sermon. Hindi iilan ang mga nawawalan ng pananampalataya upang pangatuwiranan at ipagbigay dahilan ang kanilang sarili sa pagpapabaya nila sa kanilang tungkulin. Ang mga iba naman ay gumagamit ng mga may pag-aalinlangang simulain dahil sa kapalaluan at katamaran. Totoong maibigin sa kaginhawahan upang itanghal ang kanilang sarili sa
[440] pagga- wa ng anumang nararapat parangalan, na nangangailangan ng pagsisikap at pagtanggi sa sarili, ay inadhika nilang matanghal ang nakatataas na karunungan nila sa pamamagitan ng pagtuligsa sa Biblia.

Ang Diyos ay nagbigay ng sapat na katibayan sa Kanyang salita tungkol sa banal na likas nito. Ang mga dakilang katotohanan na may kinalaman sa ating katubusan ay maliwanag ditong inihahayag. Sa pamamagitan ng tulong ng Banal na Espiritu, na ipinangako sa lahat ng matapat na hahanap sa Kanya, ang bawa't tao ay makauunawa ng mga katotohanang ito sa ganang kanyang sarili. Ang Diyos ay nagbibigay sa mga tao ng isang matibay na saligan na pagsasandigan ng kanilang pananampalataya.

Bagaman ang Diyos ay nagbigay ng sapat na katibayan ukol sa pananampalataya, ay hindi Niya aalisin kailan man ang lahat ng dinadahilan sa hindi pananampalataya. Ang lahat ng humahanap ng mga kawit na mapagsasabitan ng kanilang mga pag-aalinglangan, ay makasusumpong. Ang mga ayaw tumanggap at sumunod sa salita ng Diyos hanggang sa maaalis ang lahat ng sagwil ng sa gayon ay wala na silang maidadahilan upang mag-alinglangan pa, ay hindi lalapit sa liwanag kailan man.

Iisa lamang ang daang dapat lakaran ng mga tapat na nagnanasang makalaya sa mga alinlangan. Sa halip na pag-alinlanganan at hanapan ng kamalian yaong hindi naaabot ng kanilang unawa, ay dapat nilang tanggapin ang liwanag na nagliliwanag na sa kanila at tatanggap pa sila ng lalong malaking liwanag. Gawin sana nila ang bawa't tungkuling ipinaliwanag sa kanilang pangunawa, at kanilang mauunawa at magaganap yaong pinag-aalinlanganan nila ngayon.

Si Satanas ay makapaghaharap ng isang huwad na napakalapit ang pagkakawangki sa katotohanan, na anupa't madadaya nito ang

lahat ng payag padaya, at nag- nanasang umilag sa pagtanggi sa sarili at pagsakripisyo na hinihiling ng katotohanan; datapuwa't hindi niya mailalagay sa ilalim ng kanyang kapangyarihan ang isang kaluluwa na taos ang pagnanasang makaalam ng katotohanan, anuman ang maging halaga. Si Kristo ang katotohanan, at ang "ilaw, na lumiliwanag sa bawa't tao na pumaparito sa sanlibutan.'[8] Ang Espiritu ng katotohanan ay ipinadala upang akayin ang mga tao sa boong katotohanan. At sa kapangyarihan ng Anak ng Diyos ay ipinahayag na "Magsihanap kayo at kayo'y mangakasusumpong." "Kung ang sinumang tao ay nag-iibig gumawa ng Kanyang kalooban ay makikilala niya ang turo."[9] [441]

Ang masasamang tao at ang mga diyablo man ay hindi makapipigil sa gawain ng Diyos, ni makahahadlang sa pakikiharap Niya sa Kanyang bayan, kung kanilang ipahahayag at iwawaksi ang kanilang mga kasalanan, na taglay ang sumusuko at bagbag na puso, at sa pamamagitan ng pananampalataya'y aangkinin nila ang Kanyang mga pangako. Bawa't pagtukso, bawa't sumasalungat na impluensya, maging lihim o hayag man ay matagumpay na mapaglalabanan, "hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu, sabi ng Panginoon ng mga hukbo."[10]

"Tunay na walang engkanto laban sa Jakob, ni panghuhula laban sa Israel, ngayo'y sasabihin tungkol sa Jakob at sa Israel: Anong ginawa ng Diyos!"[11]

Naaalamang lubos ni Satanas na ang pinakamahinang kaluluwa na nananatili kay Kristo ay lalong malakas kaysa mga hukbo ng kadiliman, at kung ipakilala niya ng hayagan ang kanyang sarili ay sasagupain at lalabanan siya. Dahil dito'y pinagsisikapan niyang mailayo ang mga kawal ng krus sa kanilang matibay na muog samantala nama'y nag-aabang siyang kasama ang kanyang mga hukbo, na handang magpahamak sa lahat ng mangangahas na pu- masok [442]
sa kanyang lugar. Sa pamamagitan lamang ng mapagpakumbabang pagtitiwala sa Diyos, at pagtalima sa lahat Niyang ipinag-uutos mangyayaring tayo'y maging panatag.

[8]Juan 1:9.

[9]Mateo 7:7; Juan 7:17.

[10]Zakarias 4:6.

[11]Mga Bilang 23:23.

Walang sinumang tao ang mapanatag sa isang araw o sa isang oras man na hindi nananalangin. Lalo nang dapat nating hingin sa Panginoon ang kaalaman upang maunawaan ang Kanyang salita. Dito'y ipinahahayag ang silo ng manunukso, at ang mga pamamaraan na sa pamamagitan ng mga ito'y maaaring siya'y matagumpay na mapaglabanan. Si Satanas ay may kasanayan sa pagsipi ng Kasulatan, na binibigyan niya ang mga talata ng sarili niyang kakahulugan, at sa pamamagitan nito'y umaasa siyang tayo'y mangatitisod. Dapat nating pagaralan ang Biblia na may mapagpakumbabang puso, na kailan ma'y di-nawawala ang pananalig sa Diyos. Bagaman lagi nang dapat tayong mag-ingat laban sa mga pakana ni Satanas, ay dapat din naman tayong lagi nang manalanging may pananampalataya,
[443] "Huwag Mo kaming ihatid sa tukso."[12]

[12] Mateo 6:13.

## *Kabanata 31*—Ang hiwaga ng kaluluwa

Sa kauna-unahang kasaysayan ng tao, ay sinimulan ni Satanas ang kanyang mga pagsisikap na dayain ang ating lahi. Napukaw ang pananaghili ni Satanas nang mamasdan niya ang mainam na tahanang inihanda ng Diyos para sa mag-asawang walang kasalanan. Ipinasiya niyang sila'y papagkasalahin, upang, pagka naihiwalay niya sila sa Diyos at nailagay sila sa ilalim ng kanyang kapangyarihan, ay maging ari niya ang lupa, at dito'y maitatatag niya ang kanyang kaharian, laban sa Kataas-taasan.

Kung inihayag ni Satanas ang kanyang sarili ayon sa kanyang tunay na likas, siya sana'y napaurong nila agad, sapagka't si Adan at si Eba ay binalaan laban sa mapanganib na kaaway na ito; datapuwa't siya'y gumawa sa dilim, na inililihim ang kanyang layunin, upang lalong mabisa niyang maisakatuparan ang kanyang adhika. Sa paggamit niya sa ahas bilang isang kasangkapan, na noo'y isang kinapal na may nakabibighaning anyo, ay nagsalita siya kay Eba: "Tunay bang sinabi ng Diyos, Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?"[1] Kung nagpigil lamang si Eba at hindi pumasok sa pakikipagtalo sa manunukso, naging panatag sana siya; nguni't nangahas siyang nakipagsalitaan sa ahas, at nahuli siya ng kanyang mga silo. Sa ganito ring paraan nadadaig ang marami. Sila'y nag-aalinlangan at nakikipagtalo hinggil sa mga kahingian ng Diyos; at sa halip na sumunod sila sa mga banal na utos, ay tinatanggap nila ang mga pala-palagay ng tao, na pinagkukublihan ng mga lalang ni Satanas. [444]

"At sinabi ng babae sa ahas: Sa bunga ng mga punong kahoy sa [445]
halamanan ay makakakain kami; datapuwa t sa bunga ng punong-kahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Diyos, Huwag kayong kakain niyon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay. At sinabi ng ahas sa babae: Tunay na hindi kayo mamamatay; sapagka't talastas ng Diyos na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang

[1] Genesis 3:1.

Diyos, na nakakakilala ng mabuti at masama."[2] Ipinahayag niya na matutulad sila sa Diyos, magkakaroon sila ng lalong malaking kaalaman at mabubuhay ng lalong mataas na kabuhayan. Si Eba ay sumuko sa tukso; at sa pamamagitan niya'y naakay naman si Adan sa pagkakasala. Tinanggap nila ang mga salita ng ahas; na iba ang ibig sabihin ng Diyos kaysa Kanyang sinalita; hindi sila nagtiwala sa Maylalang sa kanila, at inakala nilang binabawalan Niya ang kanilang kalayaan, at sa pamamagitan ng paglaban nila sa Kanyang kautusan ay magtatamo sila ng malaking karunungan at pagkatampok.

Datapuwa't nang magkasala na si Adan, ano nga ang natagpuan niyang kahulugan ng mga salitang, "Sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka?"[2] Natuklasan ba niyang iyo'y nangangahulugan ng gaya ng ibig ni Satanas na kanyang paniwalaan, na ipapasok siya sa lalong mataas na lagay ng kabuhayan? Kung gayon ay malaking kabutihan ang matatamo sa pagsuway, at si Satanas ay napatotohanang mapagpala sa sangkatausan. Datapuwa't hindi natuklasan ni Adan na ito nga ang kahulugan ng banal na hatol. Ipinahayag ng Diyos na bilang parusa sa pagkakasala ng tao ay manunumbalik siya sa alabok na pinagkunan sa kanya: "Ikaw ay alabok, at sa alabok ka uuwi."[3] Ang mga salita ni Satanas: "Madidilat nga ang inyong mga mata,"[2] ay nagkatotoo sa ganitong paraan lamang; pagkatapos na makasuway na sa Diyos sina
[446] Adan at Eba ay nangadilat ang ka- nilang mga mata upang makita nila ang kanilang kamalian; nalaman nila ang masama, at natikman nila ang mapait na bunga ng pagsuway.

Sa gitna ng Eden ay tumubo ang punong-kahoy ng buhay na ang bunga'y may kapangyarihang magpanatili ng buhay. Kung namalagi lamang masunurin si Adan sa Diyos, ay nagpatuloy sana ang pagtatamasa niya ng malayang paglapit sa punong-kahoy na ito, at nabuhay sana siya magpakailan man. Datapuwa't nang siya'y magkasala ay hindi na siya pinakain ng bunga ng punor.g-kahoy ng buhay, at sumailalim siya ng kamatayan. Ang banal na hatol:

[2]Genesis 3:2-5.

[2]Genesis 3:2-5.

[3]Genesis 3:19.

[2]Genesis 3:2-5.

"Ikaw ay alabok, at sa alabok ka uuwi,"[3] ay tumutukoy sa ganap na pagkapawi ng buhay.

Ang kawalang kamatayan na ipinangako sa tao kung siya'y tatalima ay binawi dahil sa pagsuway. Hindi maipamamana ni Adan sa kanyang mga inanak yaong wala sa kanya; at hindi sana nagkaroon ng pag-asa ang nagkasalang sangkatauhan, kung hindi inilagay ng Diyos sa pamamagitan ng paghahandog sa Kanyang Anak, ang pagkawalang kamatayan sa lugar na kanilang maaabot. Bagaman "ang kamatayan ay naranasan ng iahat ng tao, sapagka't ang lahat ay nangagkasala," gayon ma'y dinala sila ni Kristo "sa liwanag ng buhay at ng walang pagkasira sa pamamagitan ng ebanghelyo."[4] At sa pamamagitan lamang ni Kristo matatamo ang kawalang kamatayan. Ani Jesus: "Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang-hanggan; nguni't ang hindi tumatalima sa Anak ay hindi makakakita ng buhay."[5] Bawa't tao ay mangyayaring magkaroon ng walang katumbas na pagpapalang ito, kung siya'y aalinsunod sa mga kahilingan. Lahat ng "mga nagsisipagtiyaga sa mabubuting gawa sa paghanap ng kaluwalhatian at puri at ng di pagkasira," ay tatanggap ng "buhay na walang hanggan."[6]

Ang nangangako lamang ng buhay kay Adan kung si- ya'y [447] susuway ay ang bantog na magdaraya. At ang pahayag ng ahas kay Eba sa Eden—"Tunay na hindi kayo mamamatay"[2] —ay siyang kauna-unahang sermong ipinangaral tungkol sa hindi pagkamatay ng kaluluwa. Nguni't ang pahayag na ito, na nababatay lamang sa sinabi ni Satanas, ay pinaaalingawngaw mula sa mga pulpito ng Sangkakristiyanuhan at tinatanggap ng marami na kasingdali ng pagtanggap dito ng ating mga unang magulang. Ang hatol ng Diyos, "Ang kaluluwang nagkasala, mamamatay,"[7] ay pinakakahuluganan ng, Ang kaluluwang magkasala ay hindi mamamatay, kundi mabubuhay magpakailan man. Nanggigilalas tayo sa nakapagtatakang pagkahaling na umaakit sa mga tao upang maniwala sa

[3]Genesis 3:19.

[4]Roma 5:12; 2 Timoteo 1:10.

[5]Juan 3:36.

[6]Roma 2:7.

[2]Genesis 3:2-5.

[7]Ezekiel 18:20, dating salin sa Tagalog.

mga pangungusap ni Satanas, at di-sumampalataya sa mga salita ng Diyos.

Kung pagkatapos na magkasala ang tao, ay pinahintulutan siyang makakain ng bunga ng punong-kahoy ng buhay, ay mabubuhay siya magpakailan man, at sagayo'y hindi na magkakawakas ang pagkakasala. Datapuwa't binantayan ng kerubing may nagniningas na tabak "ang daang patungo sa kahoy ng buhay."[8] at isa man sa sambahayan ni Adan ay hindi pinahintulutang makalampas sa bantay na yaon at makakain ng bungang nagbibigay buhay. Kaya nga't wala kahit isang makasalanang di-mamamatay.

Nguni't pagkatapos na magkasala ang tao, pinagbilinan ni Satanas ang kanyang mga anghel na gumawa ng isang tanging pagsisikap na itanim sa pag-iisip ng mga tao ang paniwalang sila'y hindi mamamatay; at pagka napapaniwala na ang mga tao na tanggapin ang kamaliang ito, aakayin naman sila na maniwala na ang makasalanan ay mabubuhay sa walang-hanggang paghihirap. Ipinakikilala ngayon ng pangulo ng kadiliman, na gumagawa sa pama-
[448] magitan ng kanyang mga katulong, na ang Diyos ay mapaghiganting pinuno, at sinasabi pang ibinubulid Niya sa impiyerno ang lahat ng hindi niya kinalulugdan, at laging ipinadadama Niya sa kanila ang Kanyang kagalitan; at samantalang sila'y nagbabata ng di-mabigkas na kahirapan, at namimilipit sa gitna ng mga apoy na hindi mamamatay, at ang Maylalang naman ay may kasiyahang pinapanood sila.

Sa gayo'y dinaramtan ng puno ng kasamaan ng sarili niyang mga likas ang Maylalang at Mapagpala sa sangkatauhan. Ang kalupitan ay kay Satanas. Ang Diyos ay pag-ibig; at ang lahat ng Kanyang nilalang ay dalisay, banal, at kaibig-ibig hanggang sa ang kasalana'y ipasok ng bantog na manghihimagsik. Si Satanas na rin ang siyang kaaway na tumutukso sa tao upang magkasala, at pagkatapos ay ipapahamak niya siya hangga't kanyang magagawa; at pagka natiyak na niya ang pagkapahamak, ay ikinatutuwa niya ang nagawang kasawian. Kung siya'y pahihintulutan, ay paminsanang ilalagay niya sa kanyang silo ang buong lahi. Kung hindi lamang sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, wala ni isa mang anak na lalaki o anak na babae ni Adan ang makatatakas.

[8]Genesis 3:24.

Sinisikap ni Satanas na panagumpayan ang mga tao ngayon, gaya ng pananagumpay niya sa una nating mga magulang, sa pamamagitan ng pagpapabuway ng kanilang tiwala sa Maylalang, at sa pag-akay niya sa kanila na pag-alinlanganan ang kaalaman ng Kanyang pamahalaan at ang katarungan ng Kanyang mga utos. Ipinakikilala ni Satanas at ng kanyang mga kinatawan na ang Diyos ay masama pa kaysa kanilang sarili, upang bigyang matuwid ang kanila na ring kapootan at paghihimagsik. Pinagsisikapan ng bantog na magdaraya na ilipat ang nakapanghihilakbot na kalupitan ng kanyang likas sa ating Ama na nasa langit, upang ipakita niya ang kanyang sarili na wari'y totoong inapi sa pagkapagpaalis sa kanya sa langit sapagka't ayaw siyang sumuko sa gayong walang katarungang gobernador. Ipinakikita niya sa san- libutan ang kalayaang [449] maaari nilang tamasahin sa ilalim ng walang paghihigpit niyang pamamahala, na iyo'y inihahambing sa ipinipilit na pang-aalipin ng mga pasiya ni Heoba. Sa gayo'y nananagumpay siya sa pag-akit sa mga kaluluwa na iwan ang pakikipanig nila sa Diyos.

Kamuhi-muhing lubha sa bawa't damdaming may pag-ibig, at may habag, at maging sa atin mang pagkakilala ng katuwiran, ang aral na ang mga patay na makasalanan ay pinahihirapan ng apoy at asupre sa isang impiyernong nag-aalab na walang katapusan; na dahil sa kasalanan ng isang maikling kabuhayan sa lupa ay magbabata sila ng pasakit habang ang Diyos ay nabubuhay. Subali't malaganap na itinuturo ang aral na ito, at napapalaman pa sa maraming doktrina ng Sangkakristiyanuhan. Saan sa mga dahon ng salita ng Diyos masusumpungan ang gayong aral?

Hindi abot kuruin ng isipan ng tao ang kasamaang ginawa ng erehiya ng walang-hanggang pagpapahirap. Ang relihiyon ng Biblia na puspos ng pag-ibig at kabutihan, at nananagana sa kahabagan, ay pinadilim ng pamahiin at dinamtan ng kahilakbutan. Kapag isasaalangalang natin ang masasamang kulay na ipininta ni Satanas tungkol sa likas ng Diyos, ay pagtatakhan baga natin na ang ating mahabaging Manglalalang ay kinatatakutan, kinasisindakan, at kinapopootan? Ang nakapanglulupaypay na mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, na siyang lumaganap sa buong sanlibutan buhat sa mga iniaaral sa pulpito ay siyang dahil ng pagkakaroon ng libu-libo, oo, ng angaw-angaw na walang Diyos at mga walang pananampalataya.

Ang paniniwala sa walang-hanggang pagpapahirap ay isa sa mga maling aral na bumubuo sa alak ng mga karumalan ng Babilonya, na kanyang ipinanglalasing sa lahat ng bansa.[9] Tunay ngang ito'y
[450] itinuro ng mga dakila't mabubuting tao; datapuwa't angliwanag tungkol sa suliraning ito ay hindi dumating sa kanilang gaya ng sa atin. Walang pinanagutan sila kundi yaon lamang liwanag na natamo nila sa kanilang kapanahunan; pinananagutan naman natin ang liwanag na ating natamo sa ating kapanahunan. Kung tinatalikdan natin ang patotoo ng salita ng Diyos, at tinatanggap natin ang mga maling aral, sapagka't itinuro ng ating mga magulang, ay binabagsakan tayo ng hatol na inihatol sa Babilonya; umiinom tayo ng alak ng kanyang mga karumalan.

Ang maraming tumatanggi sa aral na walang-hanggang pagpapahirap ay nangapapataboy naman sa katuwas na kamalian. Nakikita nilang ipinakikilala ng mga Kasulatan na ang Diyos ay Diyos ng pag-ibig at kahabagan, at hindi nila mapaniwalaan na ibibigay Niya ang Kanyang mga kinapal sa di-mamamatay na apoy ng impiyerno. Datapuwa't sa paniniwala nila na ang kaluluwa ay katutubong walang kamatayan, ay wala silang makitang ibang kauuwian nito kundi ang lahat ng tao ay maliligtas. Marami ang nagpapalagay na ang mga bala ng Biblia ay pinanukala upang takutin lamang ang mga tao upang sila'y magsisunod, hindi upang tuparin ayon sa pagkatitik. Sa ganya'y makapamumuhay ang makasalanan sa makasariling kalayawan, na walang pagsasaalang-alang sa mga hinihingi ng Diyos at gayon ma'y makaaasa na sa wakas ay matatanggap sa kanyang pagsang-ayon. Ang ganyang aral, na nagsasapantaha sa kahabagan ng Diyos, datapuwa't winawalang bahala ang kanyang katuwiran, ay nakalulugod sa pusong laman, at pinatatapang ang masama na magpatuloy sa kanilang kasamaan.

Kung tunay na ang kaluluwa ng lahat ng tao ay tuloy-tuloy sa langit kapagkarakang mamatay, mabuti pa'y nasain na natin ang mamatay kaysa mabuhay. Marami, ang dahil sa paniniwalang ito, ay nakaisip tapusin na ang kanilang buhay. Kung pinananaigan ng kabagabagan, kagulumihanan, at pagkabigo, ay napakadaling bagay
[451] man- din ang lagutin ang marupok na sinulid ng buhay, at lumipad sa kaluwalhatian ng daigdig na walang-hanggan.

[9] Apocalipsis 14:8; 17:2.

Ibinigay ng Diyos sa Kanyang salita ang pinasiyahang katunayan na parurusahan Niya ang mga sumasalansang sa Kanyang kautusan. Ang mga dumaraya sa kanilang sarili na nagsasabing ang Diyos ay napakamahahabagin na hindi Niya parurusahan ang makasalanan, ay dapat lamang tumingin sa krus ng Kalbaryo. Ang pagkamatay ng walang bahid kasalanang Anak ng Diyos ay nagpapatotoo na "ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan," na bawa't pagsuway sa kautusan ng Diyos ay dapat tumanggap ng karampatang kagantihan. Si Kristo na walang kasalanan ay inaring salarin dahil sa tao. Dinala Niya ang kasalanan ng pagsalansang, at ang pagkukubli ng Ama ng Kanyang mukha, hanggang sa madurog ang Kanyang puso, at pumanaw ang Kanyang hininga. Ang buong pagaalay na ito ay ginawa upang matubos ang mga makasalanan. Wala nang ibang kaparaanan pa upang mapalaya ang tao sa kaparusahan ng kasalanan. At ang bawa't kaluluwang ayaw makibahagi sa katubusang itinaan sa gayong halaga, ay dapat magdala sa kanyang sarili ng kasalanan at kaparusahan ng pagsalansang.

Ang mga simulain ng kagandahang loob, habag, at pagibig, na itinuro at isinakabuhayan ng ating Tagapagligtas, ay isang salin ng kalooban at likas ng Diyos. Ipinahayag ni Kristo na wala Siyang itinuro maliban sa tinanggap Niya sa Kanyang Ama. Ang mga simulain ng pamahalaan ng langit ay ganap na kasang-ayon ng utos ng Tagapagligtas, "Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway."[10] Isinasagawa ng Diyos ang matuwid sa mga masama, sa ikabubuti ng santinakpan at sa ikabubuti noon na ring mga lalagpakan ng Kanyang hatol. Ibig sana Niyang lumigaya sila kung magagawa Niya ng ayon sa mga batas ng Kanyang pamahalaan at ng katuwiran ng Kanyang likas. Pinaliligiran Niya sila ng mga tanda ng Kan- yang [452]
pag-ibig, binibigyan Niya sila ng isang pagkakilala sa Kanyang kautusan, at sinusundan Niya sila na idinudulot ang Kanyang habag; nguni't hinahamak nila ang Kanyang pag-ibig, winawalang kabuluhan ang Kanyang kautusan, at tinatanggihan ang Kanyang kahabagan. Samantalang patuloy silang tumatanggap ng mga kaloob, di naman nila pinararangalan ang Nagkakaloob; napopoot sila sa Diyos sapagka't naalaman nilang nasusuklam Siya sa kanilang mga kasalanan. Ang Panginoon ay matagal na nagtitiis sa kanilang kabuk-

[10]Mateo 5:44.

tutan; nguni't darating din sa wakas ang kahuli-hulihang oras, na siyang oras ng pagpapasiya sa kanilang kahahantungan. Itatanikala ba Niya kung gayon sa Kanyang piling ang mga manghihimagsik na ito? Pipilitin ba Niya sila upang gawin ang Kanyang kalooban?

Yaong nangagsipili kay Satanas bilang pangulo nila, at napagharian ng kanyang kapangyarihan ay hindi handang tumayo sa harapan ng Diyos. Ang kapalaluan, karayaan, karumihan, kalupitan ay napaukit na sa kanilang mga likas. Makapapasok ba sila sa langit, upang manirahang kasama noong mga tinuya at kinapootan nila sa lupa? Kailan man ay hindi iibigin ng sinungaling ang katotohanan; ang kaamuan ay hindi magbibigay kasiyahan sa mapagmataas at palalo; ang kalinisan ay hindi tatanggapin ng marumi; ang mapagbiyayang pag-ibig ay hindi kanasa-nasa sa mga sakim. Ano ngang kaligayahan ang maidudulot ng langit doon sa mga nagugumon sa kasakiman at sa mga hangaring ukol sa lupa?

Kung yaon lamang mga nangaggugol ng kanilang mga kabuhayan sa paghihimagsik sa Diyos ay biglang mapapalipat sa langit, at masasaksihan nila ang mataas at banal na kalagayan ng kasakdalang laging naghahari doon—na ang bawa't kaluluwa ay puspos ng pag-ibig, ang bawa't mukha'y naluluwalhati sa katuwaan, ang nakaliligayang awit ng pagpuri ay pumapailanglang sa karangalan
[453] ng Diyos at sa Kordero, at walang patid na daloy ng liwanag mula sa mukha Niya na nakaupo sa luklukan ang lumaganap sa mga tinubos—maaari kayang yaong ang mga puso'y puno ng poot sa Diyos, sa katotohanan at sa kabanalan, ay makilahok sa kalipunan ng langit at makasasama sa kanilang pag-aawit ng pagpupuri? Matatagalan ba nila ang kaluwalhatian ng Diyos at ng Kordero? Hinding hindi; binigyan sila ng maraming taon na panahon ng biyaya, upang bumuo ng mga likas na ukol sa langit; datapuwa't hindi nila sinanay ang kanilang pag-iisip na umibig sa kalinisan: hindi nila kailan man pinag-aralan ang salita ng langit at ngayo'y huling huli na. Ang kabuhayang mapaghimagsik laban sa Diyos ay siyang sa kanila'y hindi nagpaging dapat sa langit. Ang kadalisayan, kabanalan, at kapayapaan doon ay magiging pahirap sa kanila; ang kaluwalhatian ng Diyos ay magiging isang pumupugnaw na apoy. Iibigin pa nila ang lumayo sa banal na dakong yaon. Mamarapatin pa nila ang pagkapahamak makubli lamang sila sa mukha Niyaong namatay upang tubusin sila. Ang hantungan ng masasama'y itinatakda ng

kanila na ring pamimili. Kinusa nila ang paglabas nila sa langit, at sa ganang sa Diyos, ito'y katampatan at kaawaan.

Gaya ng tubig ng bahang gumunaw, ay ipahahayag ng mga apoy ng dakilang araw na yaon ang pasiya ng Diyos, na wala nang mailulunas sa masama. Wala silang nais na pakupkop sa Diyos. Ang kanilang kalooban ay ginamit nila sa paghihimagsik; at kung matapos na ang buhay nila ay huli nang totoo na pabalikin pa ang takbo ng kanilang mga kaisipan, totoong huli nang iwan pa ang pagsuway upang tumalima, at iwan ang pagkapoot upang umibig.

Sa pagpapalawig sa buhay ni Kain na mamamatay-tao, ay binigyan ng Diyos ang sanlibutan ng isang halimbawa kung ano ang magiging bunga kung pababayaan niyang mabuhay ang makasalanan upang magpatuloy sa isang walang taros na kabuhayan. Sa pamamagitan ng turo at halimbawa ni Kain ay marami sa kanyang mga [454]
anak ang nadala sa pagkakasala, hanggang sa naging "mabigat ang kasamaan ng tao sa lupa, at ang buong haka ng mga pagiisip ng kanilang puso ay pawang masama lamang na parati." "At sumama ang lupa sa harap ng Diyos at ang lupa ay napuno ng karahasan."[11]

Sa habag ng Diyos sa sanlibutan ay nilipol Niya ang masasamang taong nanirahan dito nang kapanahunan ni Noe. Dahil din sa habag ay nilipol Niya ang masasamang taga-Sodoma. Sa pamamagitan ng magdarayang kapangyarihan ni Satanas, ang manggagawa ng kasamaan ay kinakatigan at hinahangaan, at sa ganito'y palagi nilang inaakay ang mga iba sa paghihimagsik. Ganyan ang nangyari nang kaarawan ni Kain at ni Noe, at nang panahon ni Abraham at ni Lot; ganyan din sa ating kapanahunan. Dahil sa habag ng Diyos sa sanlibutan ay lilipulin niya, sa wakas ang mga nagsitanggi sa biyaya.

"Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapuwa't ang kaloob na walang bayad ng Diyos ay buhay na walang-hanggan kay Kristo Jesus na Panginoon natin."[12] Samantalang buhay ang mamanahin ng mga banal, kamatayan naman ang bahagi ng mga masama. Sinabi ni Moises sa Israel: "Inilagay ko sa harap mo sa araw na ito ang buhay at ang kabutihan, at ang kamatayan at ang kasamaan."[13] Ang kamatayan na linutukoy sa mga talatang ito ay hindi iyong binigkas kay Adan, sapagka't ang buong sangkatauhan

[11]Genesis 6:5, 11.
[12]Roma 6:23.
[13]Deuteronomio 30:25.

ay nagdadanas ng kabayaran ng kanyang pagsuway. Ito'y ang "ikalawang kamatayan." na ipinakikilalang katuwas ng buhay na walang-hanggan.

Bilang bunga ng pagkakasala ni Adan ay dinanas ng sangkatauhan ang kamatayan. Ang lahat ay para-parang bumababa sa libingan. At sa pamamagitan ng inilaan ng panukala ng pagliligtas, ang lahat ay ilalabas sa kanilang mga libingan. "Magkakaroon
[455] ng pagkabuhay na mag-uli ng mga ganap at gayon din ng mga di-ganap;"[14] "sapagka't kung papaanong kay Adan ang lahat ay nangamatay gayon din kay Kristo ang lahat ay bubuhayin."[15] Datapuwa't may pagkakaiba ang dalawang uri ng mga taong bubuhayin. "Ang lahat ng nangasa libingan ay mangakakarinig ng Kanyang tinig, at magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na mag-uli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na mag-uli sa paghatol."[16] Yaong mga "inaring dapat" sa pagkabuhay na mag-uli sa buhay, ay "mapalad at banal." "Sa mga ito'y walang kapangyarihan ang ikalawang pagkamatay."[17] Datapuwa't dapat tanggapin niyaong hindi pa tumatanggap ng kapatawaran, sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya, ang parusa sa kanilang pagsuway—"ang kabayaran ng kasalanan."[12] Magbabata sila ng parusa na ang tagal at sidhi sa isa't isa ay iba-iba, "ayon sa kani-kanyang mga gawa,"[18] datapuwa't sa wakas ay matatapos sa ikalawang kamatayan. Yayamang ayon sa katuwiran at kahabagan ng Diyos ay hindi Niya maililigtas ang makasalanang nasa kanya pang kasalanan, ay ipagkakait nga Niya sa kanya ang buhay na iniwala ng kanyang pagsuway, buhay na ukol dito'y hindi siya karapat-dapat. Ganito ang sabi ng isang kinasihang manunulat: "Sandali na lamang, at ang masama ay mawawala na; oo, sisiyasatin mong mainam ang kanyang dako, at siya'y mawawala na." At ganito naman ang pahayag ng iba: "Wari bagang sila'y hindi nangabuhay."[19]

[14] Mga Gawa 24:15.
[15] 1 Corinto 15:22.
[16] Juan 5:28, 29.
[17] Apocalipsis 20:6.
[12]
[18] Apocalipsis 20:12-15; 21:8.
[19] Mga Awit 37:10; Obadias 16.

Lipos ng kadustaan, lulubog sila sa kawalang pag-asa, at sa walang-hanggang limot.

Sa ganya'y mawawakasan ang kasalanan, sampu ng lahat ng kahirapan at kasiraang kanyang ibinunga. Sinabi ng mang-aawit: "Iyong nilipol ang masama, Iyong pinawi ang kanilang pangalan magpakailan man. Ang kaaway ay dumating sa wakas."[20] Si Juan, sa Apokalipsis, sa pagtingin niya sa kalagayang walang-hanggan, ay [456]
nakarinig ng malaking awitan ng pagpupuri, na di-ginugulo ng kahit isang tunog na di-tugma. Ang bawa't kinapal sa langit at sa lupa ay narinig niyang nagpupuri sa Diyos.[21] Sa panahong yaon, doo'y walang mga kaluluwang waglit na tutungayaw sa Diyos, samantalang sila'y namimilipit sa walang katapusang paghihirap; walang taong naghihirap sa impiyerno ang magsisidaing na kasabay ng pag-awit ng mga naligtas.

Sa pinagbabatayang maling paniniwala na ang tao ay hindi namamatay ay nakababaw ang aral na ang patay ay nakakamalay—isang aral, na, gaya ng walang katapusang pagpapahirap, ay laban sa mga iniaaral ng mga Kasulatan, laban sa itinitibok ng katuwiran, at laban sa damdamin ng ating pagkatao.

Ano nga ang sinasabi ng Kasulatan hinggil sa mga bagay na ito? Sinasabi ni David na ang tao'y walang malay kung patay. "Ang hininga niya ay pumapanaw, siya'y nanunumbalik sa kanyang pagkalupa; sa araw ding yaon ay mawawala ang kanyang pag-iisip."[22] Gayon din ang patotoo ni Salomon: "Nalalaman ng mga buhay na sila'y mangamamatay; nguni't hindi nalalaman ng patay ang anumang bagay." "Maging ang kanilang pag-ibig, gaya ng kanilang pagtatanim at ng kanilang pananaghili ay nawala ngayon; na wala man silang anumang bahagi pa magpakailan man sa anumang bagay na nagawa sa ilalim ng araw." "Walang gawa, ni katha man ni kaalaman man, ni karunungan man, sa sheol [libingan] na iyong pinaparunan."[23]

Nang ang buhay ng haring si Hezekias ay palawigin ng labinlimang taon bilang bunga ng kanyang panalangin, ang nagpapasalamat na hari ay nagpuri sa Diyos dahil sa Kanyang malaking kaawaan. Sa

[20]Mga Awit 9:5, 6.
[21]Apocalipsis 5:13.
[22]Mga Awit 146:4.
[23]Eclesiastes 9:5, 6, 10.

awit na ito ay sinasabi niya ang dahilan ng gayon niyang katuwaan:
[457] "Hin- di Ka maaaring pupurihin ng sheol [libingan], hindi Ka maaaring ipagdiwang ng kamatayan; silang nagsisibaba sa hukay ay hindi makaaasa sa lyong katotohanan. Ang buhay, ang buhay, siya'y pupuri sa Iyo, gaya ng ginagawa ko sa araw na ito."[24] Ang laganap na teolohiya ay nagpapakilala na ang mga patay na banal ay nasa langit, nasok na sa kaluwalhatian, at nagsisipuri sa Diyos magpasa walang-hanggan. Datapuwa't si Hezekias ay walang makitang magandang hinaharap na gaya niyan, sa kamatayan. Nakikiisa sa kanyang mga pangungusap ang patotoo ng mang-aawit: "Sa kamatayan ay walang alaala sa Iyo, sa libingan, sinong mangagpapasalamat sa Iyo?" "Ang patay ay hindi pumupuri sa Panginoon, ni sinumang nababababa sa katahimikan."[25]

Ipinahayag ni Pedro, noong kaarawan ng pentekostes, na ang patiarkang si David, "ay namatay at inilibing at nasa atin ang kanyang libingan hanggang sa araw na ito." "Sapagka't hindi umakyat si David sa mga langit."[26] Ang pananatili ni David sa libingan hanggang sa pagkabuhay na mag-uli, ay nagpapatunay na ang mga banal ay hindi umaakyat sa langit pagkamatay. Sa pamamagitan lamang ng pagka-buhay na mag-uli, at sa bisa ng pagkabuhay na mag-uli ni Kristo makauupo si David sa kanan ng Diyos sa huling panahon.

At sinabi ni Pablo: "Kung hindi muling binubuhay ang mga patay ay hindi rin nga muling binuhay si Kristo; at kung si Kristo'y hindi muling binuhay, ang inyong pananampalataya ay walang kabuluhan; kayo'y nasa inyong mga kasalanan pa. Kung gayon nga, ang mga nangatutulog din naman kay Kristo ay pawang nangapahamak."[27] Kung sa loob ng apat na libong taon ay umakyat na sa langit ang bawa't banal na namamatay, papaanong masasabi ni Pablo na kung walang pagkabuhay na maguli, "ang mga nangatutulog din naman
[458] kay Kris- to ay pawang nangapahamak?" Kung gayon nga ay hindi na kailangan ang muling pagkabuhay.

Nang tukuyin ni Tyndale na martir ang kalagayan ng mga patay, ay ganito ang kanyang sinabi: "Hayag kong ipinagtatapat, na ako'y walang kapani-paniwalang sila [ang mga patay] ay nasa puspos na

[24] Isaias 38:18, 19.
[25] Mga Awit 6:5; 115:17.
[26] Mga Gawa 2:29, 34.
[27] 1 Corinto 15:16-18.

kaluwalhatiang kinalalagyan ni Kristo, o sa kinaroroonan man ng mga hirang na anghel ng Diyos. Ito [ang pag-akyat sa langit ng mga patay] ay hindi bahagi ng aking pananampalataya; sapagka't kung bahagi nga ito, ay wala akong nakikita kundi itong pangangaral ng tungkol sa muling pagkabuhay ng katawan ay isang bagay na walang kabuluhan."[28]

Isang katotohanang hindi maitatatuwa, na ang pagasa sa walang-hanggang kaligayahan sa pagkamatay, ay nag-akay sa malaganap na pagpapabaya sa iniaaral ng Kasulatan tungkol sa muling pagkabuhay. Ang pagkahilig na ito ay napuna ni Dr. Adam Clarke, na nagsabi: "Sa malas ang aral na muling pagkabuhay ay lalo ang kahalagahan sa mga Kristiyano noong una kaysa panahong ito! Paano kaya ito? Ito'y laging ipinakikilala ng mga apostol, at inudyukan nila ang mga sumusunod sa Diyos na maging masikap, maging masunurin, at masaya sa pamamagitan nito. At manaka-naka lamang ito'y mabanggit sa ating kapanahunan ng mga humalili sa kanila. Gayon ang ipinangaral ng mga apostol, at gayon naniwala ang mga unang Kristiyano; gayon ang ipinangangaral natin, at gayon naniwala ang. nangakikinig sa atin. Walang ibang aral sa ebanghelyo na lalong binigyang diin; at wala ring aral sa kasalukuyang kaayusan ng pangangaral na lalong pinababayaan."[29]

Ito ay nagpatuloy hanggang sa halos ganap na madimlan at makaligtaan ng Sangkakristiyanuhan ang mari- lag na katotohanan [459]
ng muling pagkabuhay. Dahil dito'y ang isang bantog na manunulat sa relihiyon nang magpaliwanag tungkol sa mga pangungusap ni Pablo sa l Tesalonika 4:13-18 ay nagsabi ng ganito: "Sa lahat na hinahangad na makapagbibigay aliw, ang aral tungkol sa mapalad na kawalang kamatayan ng mga banal ay siyang sa, ganang atin ay humahalili sa anumang pinag-aalinlanganang aral tungkol sa ikalawang pagparito ng Panginoon. Sa ating kamatayan ay dumarating na sa atin ang Panginoon. Iyan ang ating dapat hintayin at abangan. Ang mga patay ay nangalipat na sa kaluwalhatian. Hindi na sila naghihintay pa ng tunog ng pakakak upang humarap sa paghuhukom at pagpapala."

[28] Wm. Tyndale Paunang Salita sa Bagong Tipan. (1534.) Huling limbag sa *British Reformers-Tindal, Firth, Barnes*, p. 349. (1830.)

[29] Adam Clarke, *Commentary* (sa Bagong Tipan), komentaryo heneral sa 1 Corinto 15, tal. 3.

Datapuwa't nang malapit nang iwan ni Jesus ang Kanyang mga alagad, ay hindi Niya sinabi sa kanilang hindi malalauna't sila'y pupunta sa Kanya. "Ako'y paroroon upang ipaghanda Ko kayo ng kalalagyan," ang wika Niya. "At kung Ako'y makaparoon at kayo ay maipaghanda Ko ng kalalagyan ay muling paririto Ako, at kayo'y tatanggapin Ko sa aking sarili."[30] At sa ati'y sinasabi naman ni Pablo, "Ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Diyos; at ang nangamatay kay Kristo ay unang mabubuhay na mag-uli; kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawin kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin; at sa ganito,y sasa Panginoon tayo magpakailan man." At dinugtungan pa niya, "kaya't mangag-aliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito."[31] Kaylaki ng kaibhan ng mga pangungusap na ito na pang-aliw, doon sa mga pangungusap ng ministrong Unibersalista na kasisipi pa lamang! Itong huli ay umaaliw sa nangalulumbay niyang mga kaibigan sa pamamagitan ng pangako na, anumang laki ng kasalanan ng namatay, kapag pumanaw ang kanyang hininga dito
[460] ay tatanggapin siya sa kalipu- nan ng mga anghel. Itinuro ni Pablo sa kanyang mga kapatid ang pagparito ng Panginoon sa panahong hinaharap, na kung magkagayo'y ang mga tanikala ng libingan ay mapapatid, at ang mga "nangamatay kay Kristo" ay babangon sa buhay na walang-hanggan.

Bago makapasok ang sinuman sa mga tahanan ng mga pinagpala, ang kanilang mga kaso ay kinakailangan munang masiyasat, at ang kanilang likas at mga gawa ay dapat dumaan sa pagsusuri ng Diyos. Ang lahat ay huhukuman ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat at gagantihin ayon sa kani-kanilang mga gawa. Ang paghatol na ito ay hindi nangyayari sa oras ng kamatayan. Punahin ninyo ang mga pangungusap ni Pablo: "Siya'y nagtakda ng isang araw, na Kanyang ipaghuhukom sa sanlibutan ayon sa katuwiran, sa pamamagitan ng Lalaking Kanyang itinalaga; na ito'y pinatunayan Niya sa lahat ng mga tao nang Siya'y buhayin Niyang mag-uli sa mga patay."[32] Dito'y malinaw na ipinahayag ng apostol na ang

[30] Juan 14:2, 3.
[31] 1 Tesalonika 4:16-18.
[32] Mga Gawa 17:31.

isang tiyak na panahon, na yao'y sa haharapin pa, ay itinakda na ipaghuhukom sa sanlibutan.

Ang panahon ding iyan ay tinutukoy ni Judas: "Ang mga anghel na hindi nangag-ingat ng kanilang sariling pamunuan, kundi iniwan ang kanilang sariling tahanan, ay iningatan niya sa mga tanikalang walang-hanggan sa paghuhukom sa dakilang araw."[33] At saka niya inulit ang mga pangungusap ni Enok: "Narito, dumating ang Panginoon, na kasama ang kanyang mga laksa-laksang banal, upang isagawa ang paghuhukom sa lahat."[33]

Sinasabi ni Juan na nakita niya "ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo sa harapan ng luklukan; at nangabuksan ang mga aklat. . . at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat."[34]

Datapuwa't kung tinatamasa na ng mga patay ang mga pagpa- [461]
pala ng kalangitan, o namimilipit kaya sa mga apoy ng impiyerno, ano pang kailangan ng isang paghuhukom sa panahong hinaharap? Ang mga iniaaral ng salita ng Diyos tungkol sa mahalagang suliraning ito ay hindi malabo ni nagkakalaban man; ang mga ito'y mangyayaring maunawa ng mga pangkaraniwang pag-iisip. Datapuwa't aling dalisay na pag-iisip ang makakakita ng kaalaman o katuwiran sa karaniwang paniniwala? Pagkatapos baga ng pagsusuri sa kabuhayan ng mga matuwid sa araw ng paghuhukom ay tatanggap na sila ng papuring; "Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin, . . . *pumasok ka* sa kagalakan ng iyong Panginoon,"[35] kung malaon nang panahon marahil silang naninirahan sa Kanyang haharapan? Tatawagin baga ang mga makasalanan sa pook na pahirapan upang tumanggap ng pasiya ng Hukom ng buong lupa, "Magsilayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa, at pasa apoy na walang-hanggan?"[35] Oh, matinding pag-uyam! kahiya-hiyang pagpaparatang sa karunungan at katarungan ng Diyos!

Ang kuru-kurong ukol sa kawalang kamatayan ng kaluluwa ay isa roon sa mga maling aral na hiniram ng Roma sa mga pagano, at ipinasok sa relihiyon ng Sangkakristiyanuhan. Iyan ay isinama

[33] Judas 6, 14, 15.
[33] Judas 6, 14, 15.
[34] Apocalipsis 20:12.
[35] Mateo 25:21, 41.
[35] Mateo 25:21, 41.

ni Martin Lutero sa uri ng mga "kahanga-hangang mga katha na bahagi ng maruming bunton ng mga kapasiyahang Romano."[36] Sa pagpapaliwanag ng Repormador sa mga pangungusap ni Salomon sa Eclesiastes, na ang mga patay ay walang nalalamang anuman, ay sinabi niya: "Isa pang katibayan na ang patay ay walang . . . pakiramdam, anya'y walang tungkulin, walang siyensiya, walang kaalaman, walang katalinuhan, doon. Kinikilala ni Salomon na ang mga patay ay nangatutulog, at walang nararamdamang anuman. Sapagka't nakahiga doon ang patay, na hindi nagpapahalaga sa mga
[462] araw ni taon man; nguni't pagka nangagi- sing na sila, ay aakalain nilang wala pang isang minuto silang nakatulog."[37]

Saan man sa Banal na Kasulatan ay walang matatagpuang pahayag na ang mga banal ay nagtutungo na kapagkaraka sa kanilang kagantihan o ang mga makasalanan ay sa kanilang parusang pagkamatay. Ang mga patiarka at ang mga propeta ay hindi nag-iwan ng ganyang pangako. Hindi man lamang nabanggit ni Kristo at ng Kanyang mga apostoi ang tungkol sa bagay na ito. Maliwanag na itinuturo ng Biblia na ang mga patay ay hindi nagtutungo kapagkaraka sa langit. Sila'y ipinakikilalang tulad sa natutulog hanggang sa muling pagkabuhay.[38] Sa araw na ang panaling pilak ay mapatid o mabasag ang mangkok na ginto,[39] sa araw ding yaon ay nawawala ang pagisip ng tao.

Ang nangagsisitungo sa libingan ay nangasa katahimikan. Wala na silang naaalaman tungkol sa anumang bagay na ginagawa sa ilalim ng araw.[40] Mapalad na pagpapahingalay sa mga banal na nangapapagal! Ang panahon, mahaba o maikli man, ay isang sandali lamang sa kanila. Sila'y natutulog; sila'y gigisingin ng pakakak ng Diyos sa isang maluwalhating buhay na hindi matatapos. "Sapagka't tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan. . . . Datapuwa't pagka itong may kasiraan ay nabihisan ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay nabihisan ng walang kamatayan, kung magkagayon ay mangyayari ang

[36] E. Petavel, *The Problem of Immortality*, p. 255. (1892.)

[37] Martin Luther, *Exposition of Solomon's Book Called Ecclesiastes*, p. 152. (Londres, 1573.)

[38] 1 Tesalonica 4:14; Job 14:10-12.

[39] Eclesiastes 12:6.

[40] Job 14:21.

wikang nasusulat: Nilamon ng pagtatagumpay ang kamatayan."[41] Pagka sila'y pinukaw na sa kanilang mahimbing na pagkakatulog magsisimulang gumawa ang kanilang pag-iisip kung saan napatigil. Ang kahuli-hulihan nilang pakiramdam ay ang hapdi ng kamatayan, ang kahuli-hulihan nilang isipan ay ang pagkahulog nila sa ilalim [463]
ng kapangyarihan ng libingan. Kapag bumangon na sila sa kanilang libingan, ang kauna-unahan nilang masayang kaisipan ay paaalingawngawin sa sigaw ng tagumpay: "Saan naroon, oh kamatayan, ang iyong pagtatagumpay? Saan naroon, oh kamatayan, ang iyong tibo."[41] [464]

[465]

[41] 1 Corinto 15:52-55.
[41] 1 Corinto 15:52-55.

## *Kabanata 32*—Makakausap ba natin ang patay?

Ang paglilingkod ng mga banal na anghel, alinsunod sa ipinakikilala ng mga Kasulatan, ay isang katotohanang lubhang nakaaaliw at mahalaga sa bawa t sumusunod kay Kristo. Datapuwa't ang itinuturo ng Biblia hinggil sa suliraning ito ay pinalabo at binaligtad ng mga kamalian ng malaganap na teolohiya. Ang aral na katutubong walang pagkamatay, paniniwalang nang una'y hiram sa pilosopiyang pagano, at sa madilim na kapanahunan ng pagtalikod na ipinasok sa pananampalatayang Kristiyano, ay siyang napalit sa katotohanang napakalinaw na itinuturo ng Kasulatan, na "ang mga patay ay walang naaalamang anuman."[1] Marami ang nananiniwala na ang mga espiritu ng mga patay ay siyang "mga espiritung tagapangasiwa, na mga sinugo upang maglingkod sa kapakinabangan ng mangagmamana ng kaligtasan."[2] Ito ang paniniwala ng mga tao sa kabila ng patotoo ng Kasulatan tungkol sa pagkakaroon ng mga anghel sa langit, at tungkol sa pakikipag-ugnay nila sa sangkatauhan, bago may taong namatay.

Ang aral na nagsasabing may malay ang tao kung siya'y mamatay, lalo na ang paniniwalang ang mga espiritu ng nangamatay ay bumabalik upang maglingkod sa mga nabubuhay, ay siyang nagbukas ng daan para sa espiritismo sa kasalukuyan. Narito ang daang ipinalalagay na banal, na sa pamamagitan nito'y itinataguyod ni Satanas ang kanyang mga layunin. Ang mga anghel na nagkasala na siyang tumatalima sa kanyang mga ipinag-uutos ay napakikitang tu-
[466] lad sa mga sugong mula sa sanlibutan ng mga espiritu. Samantalang nagpapanggap ang prinsipe ng kasamaan na maaaring makausap ng mga buhay ang mga patay, pinagagawa naman niya ang kanyang mapanghalinang kapangyarihan sa kanilang mga pag-iisip.

Siya'y may kapangyarihang magharap sa mga tao ng kamukha ng kanilang yumaong kaibigan. Ang panghuwad ay walang pagkukulang; ang anyo, pangungusap, at pati tinig, ay napalalabas

[1] Eclesiastes 9:5.

[2] Hebreo 1:14.

sa kahanga-hangang kaliwanagan. Marami ang naaaliw sa pangako, na ang kanilang pinakaiibig ay nagtatamasa ng katuwaan sa kalangitan; at di-naghihinalang may panganib, ay nakikinig sila sa "mga magdarayang espiritu, at sa mga aral ng mga demonyo."[3]

Kapag napapaniwala na sila ni Satanas na ang mga patay ay talaga ngang bumabalik upang makipag-usap sa kanila, ipinakikita naman niya yaong mga hindi handang nagsitungo sa libingan. Nagkukunwari ang mga ito na sila'y masasaya sa langit, at may mataas na tungkulin doon; at sa gayo'y malaganap na naituturo ang kamalian, na walang pagkakaiba ang makasalanan at ang banal. Ang nagkukunwaring panauhing ito na galing sa sanlibutan ng mga espiritu ay nagbibigay maminsanminsan ng mga pahiwatig at babala na nagkakatotoo. At pagka pinagtitiwalaan na sila, maghaharap naman sila ng mga aral na sumisira ng pananampalataya sa Kasulatan. Taglay ang paimbabaw na malaking kasabikan sa ikapapanuto ng kanilang mga kaibigan sa lupa, ay magpapasok sila ng pinakamapanganib na mga kamalian. Dahil sa katunayan na sila'y nagsasabi ng ilang katotohanan, at paminsan-minsan ay nakahuhula ng mga pangyayari sa haharapin, lumalabas na ang kanilang mga pahayag ay tila totoo nga; at ang mali nilang mga aral ay madaling tinatanggap at lubos na sinasampalatayanan na wari bagang mga banal na katotohanan ng Biblia. Na- wawalang kabuluhan ang kautusan ng [467]
Diyos, kinapopootan ang Espiritu ng biyaya, ibinibilang na hindi banal ang dugo ng tipan. Ang mga espiritung iyan ay tumatanggi sa pagka-Diyos ni Kristo, at pati ang Maylalang ay ipinapantay nila sa kanilang mga sarili. Sa ganyang paraan, sa ilalim ng isang bagong pagbabalatkayo ay ipinagpapatuloy ni Satanas ang kanyang pakikipagbaka sa Diyos, na kanyang sinimulan sa langit, at halos anim na libong taon nang ipinagpapatuloy niya ngayon dito sa lupa.

Marami ang nagsasapantahang ang mga pahayag ng mga espiritu ay bunga ng daya at liksi ng kamay ng espiritista. Datapuwa't bagaman totoo na ang mga ibinubunga ng daya ay malimit na ipinakikilalang tunay na paghahayag, ay nagkaroon din naman ang mga pagkakahayag ng kapangyarihang higit sa kapangyarihan ng tao. Ang mahiwagang pagkatok na pinagmulan ng espiritismo sa kasalukuyan ay hindi bunga ng daya o lalang ng tao, kundi tiyak na

[3] 1 Timoteo 4:1.

gawa ng masamang anghel na siyang nagpasok ng isang malaking pagdaraya na ikapapahamak ng mga kaluluwa; marami ang masisilo sa paniniwala na ang espiritismo ay lalang ng tao lamang; nguni't kapag napaharap na sila ng mukhaan sa mga pagkakahayag na di nila maaaring di kilalaning higit sa kapangyarihan ng tao, ay mangadadaya sila, at maaakay tuloy silang maniwala na ito'y malaking kapangyarihan ng Diyos.

Nakakaligtaan ng mga taong ito ang patotoo ng Kasulatan tungkol sa kababalaghang ginawa ni Satanas at ng kanyang mga ahente. Sa tulong ni Satanas ay naparisan ng mga mahiko ni Paraon ang mga gawa ng Diyos. Pinatunayan ni Pablo na bago dumating si Kristo sa ikalawa, ay magkakaroon ng gayon ding pagkakahayag ng kapangyarihan ni Satanas. Ang pagparito ng Panginoon ay darating na kasunod ng "paggawa ni Satanas na may buong kapangyarihan, at mga tanda, at mga kahanga-hangang kasinungalingan, at may [468] buong daya ng kalikuan."[4] At nang ilarawan ni apostol Juan ang kapangyarihang gumagawa ng kababalaghan na mahahayag sa mga huling araw ay ganito ng kanyang sinabi: "Siya'y gumagawa ng mga dakilang tanda, na anupa't nakapagpapababa ng kahi't apoy mula sa langit hanggang sa lupa sa paningin ng tao. At nadadala niya ang mga nananahan sa lupa dahil sa mga tanda na sa kanya'y ipinagkaloob na magawa."[5] Hindi ang mga pagdaraya lamang ang dito'y ipinagpapauna. Ang mga tao'y nalilinlang sa pamamagitan ng mga kababalaghang ginagawa ng mga ahente ni Satanas, hindi ng ipinagkukunwa nilang ginagawa.

Ibinabagay na may katalinuhan sa lahat ng uri at kalagayan ng tao, ng prinsipe ng kadiliman, na malaong panahong nag-uubos ng lakas ng kanyang pag-iisip sa gawang pagdaraya, ang kanyang mga tukso. Sa mga may pinag-aralan at mga mahal na tao ay ipinakikilala niya ang espiritismo sa lalong maayos at matalinong anyo nito, at sa ganito'y nagwawagi siya sa pagtataboy ng marami sa kanyang silo.

Datapuwa't hindi dapat maraya ang sinuman sa mga sinungaling na pagpapanggap ng espiritismo. Sapat na liwanag ang ibinibigay ng Diyos sa sanlibutan upang makita nila ang silo. Gaya ng naipakilala na, ang paniniwalang pinagtitibayan ng espiritismo ay laban sa

[4] 2 Tesalonica 2:9, 10.
[5] Apocalipsis 13:13, 14.

pinakamalilinaw na pahayag ng Kasulatan. Ipinahayag ng Banal na Kasulatan na ang mga patay ay walang nalalamang anuman, pumanaw na ang kanilang pag-iisip; wala silang anumang bahagi sa mga ginagawa sa ilalim ng araw; hindi nila nalalaman ang anumang ipinagsasaya o ikinalulungkot ng pinakaiibig nila dito sa lupa.

At hindi lamang iyan; hayag na ipinagbabawal ng Diyos ang lahat ng pakikipag-usap sa espiritu ng mga patay. Noong kapanahunan ng mga Hebreo ay may isang uri ng mga tao na nagpapanggap, gaya ng mga espiritista ngayon, na mayroon silang pakikisangguni sa patay. Da- tapuwa't "ang masamang espiritu," na siyang itinatawag [469]
sa mga panauhing itong mula sa ibang sanlibutan, ay sinasabi ng Biblia na mga "espiritu ng mga demonyo."[6] Ang pakikitungo sa masasamang espiritu ay ipinahayag na kasuklam-suklam sa Panginoon, at mahigpit na ipinagbabawal na may parusang kamatayan.[7]

Kung wala nang ibang katibayang magsasabi sa tunay na likas ng espiritismo, ay dapat maging sapat sa Kristiyano na ang mga espiritu ay hindi naglalagay ng anumang pagkakaiba ng katuwiran sa kasalanan, ng pinakamarangal at pinakamalinis na mga apostol ni Kristo sa pinakamasama sa mga lingkod ni Satanas.

Ang mga apostol, ayon sa pakilala ng mga sinungaling na espiritung ito, ay sumasalungat sa kanilang isinulat sa udyok ng Banal na espiritu nang nabubuhay pa sila. Tinatanggihan nila ang banal na pinagmulan ng Biblia, at sa ganito'y sinisira nila ang patibayan ng pag-asang Kristiyano, at pinapatay ang ilaw na naghahayag ng daang patungo sa langit. Pinapaniniwala ni Satanas ang sanlibutan na ang Biblia ay isang katha lamang, o isang aklat na bagay sa pagkasanggol ng sangkatauhan, datapuwa't dapat nang pawalang kabuluhan, o itabi na ngayon sapagka't lipas na sa panahon. At itatanyag niyang ang dapat mahalili sa salita ng Diyos ay ang pahayag ng mga espiritu. Narito ang daan na ganap na nasa kanyang kapamahalaan; sa pamamagitan nito'y mapaniniwala niya ang sanlibutan sa bala niyang naisin. Ang Aklat na ito na hahatol sa kanya at sa mga sumusunod sa kanya ay inilalagay niya sa dilim, doon sa ninanasa niyang kalagyan nito; ang Tagapagligtas ng sanlibutan ay itinutulad niya sa isang taong karaniwan.

[6]Paghuwarin ang Mga Bilang 25:1-3; Mga Awit 106:28; 1 Corinto 10:20; at Apocalipsis 16:14.

[7]Levitico 19:31; 20:27.

Tunay ngang ang espiritismo ay nagbabago na ngayon ng kanyang anyo, at, sa pamamagitan ng pagtatalukbong sa ilan niyang
[470] masasamang anyo, ay nagdadamit Kristiyano siya. Nguni't ang kanyang mga pahayag mula sa pulpito at sa pahayagan ay matagal nang naipakilala sa bayan at sa mga pahayag na ito ay napagkikilala ang kanyang tunay na likas. Ang mga aral na ito ay hindi maitatatuwa o maikukubli man.

Maging sa kasalukuyan man niyang anyo, na hindi lalong karapat-dapat na pairalin kaysa roon sa una, ito'y tunay na lalong mapanganib, dahil sa naging lalong tusong pagdaraya. Bagaman noong una'y tumanggi ito kay Kristo at sa Banal na Kasulatan, ngayo'y *nagpapanggap* na siyang umaayon sa dalawang ito. Datapuwa't ang Biblia ay ipinaliliwanag sa isang paraang kalugud-lugod sa pusong hindi nagbabago, samantalang ang banal at mahalagang katotohanan ay winawalang kabuluhan. Itinuturo niya na ang pag-ibig ay siyang punong likas ng Diyos, nguni't ang pag-ibig na ito ay pinaliit sa isang mahinang sentimentalismo, na babahagya ang ginagawang pag-ibig sa mabuti at sa masama. Ang katarungan ng Diyos, ang Kanyang mga paghatol sa kasalanan, ang mga kahingian ng Kanyang banal na kautusan ay pawang ikinubli sa paningin. Tinuturuan ang rnga tao upang ituring na isang patay na titik lamang ang sampung utos ng Diyos. Ang kawili-wili at nakagagayumang mga katha-katha ay nakabibihag sa damdamin at siyang umaakay sa mga tao na huwag kilalanin na ang Biblia ay siyang patibayan ng kanilang pananampalataya. Sa ganya'y maliwanag na itinatakwil si Kristo gaya rin noong una; datapuwa't binulag ni Satanas ng gayon na lamang ang mga mata ng mga tao na anupa't hindi nila nahahalata ang daya.

Iilan ang may matuwid na pagkakilala tungkol sa magdarayang kapangyarihan ng espiritismo at sa mapanganib na pagkapasailalim ng impluensya nito. Marami ang nakikialam dito upang pagbigyan lamang ang kanilang pagkamausisa. Wala silang tunay na pananam-
[471] palataya rito, at kikilabutan sila sa isipang mapailalim sa kapamahalaan ng masasamang espiritu. Datapuwa't nangangahas silang pumasok sa lugar na ibinabawal, at ginagamit ng makapangyarihang mangwawasak ang kanyang lakas sa kanila laban sa kanilang kalooban. Itulot lamang nilang minsan na ipasakop ang kanilang mga pag-iisip sa kanyang pag-uutos at nabibihag na niya sila. Sa kanilang sariling lakas ay hindi sila makawawala sa mapanilo at

nakagagayumang bisa nito. Wala nang iba kundi ang kapangyarihan lamang ng Diyos na iginagawad bilang tugon sa mataos na pananalanging may pananampalataya ang makapagliligtas sa mga nasilong kaluluwang ito.

Ang lahat ng nagpapakalubog sa masasamang kaugalian o nagiimpok ng alam na talagang kasalanan, ay nag-aanyaya sa mga tukso ni Satanas. Inilalayo nila ang kanilang sarili sa Diyos at sa pagbabantay ng Kanyang mga anghel; sa paghaharap ng diyablo ng kanyang mga daya, ay walang magsasanggalang sa kanila at madali silang mahuhuli. Yaong mga nangaglalagay ng kanilang sarili sa ilalim ng kanyang kapangyarihan sa ganitong paraan ay babahagya ang pagkabatid sa kanilang kahahanggahan. At kung matapos na manunukso ang pagpapahamak sa kanila, ay kakasangkapanin naman sila upang umakit ng mga iba sa kapahamakan.

Sinabi ni propeta Isaias: "Pagka kanilang sasabihin sa inyo: Hanapin ninyo silang nakikipagsanggunian sa masasamang espiritu at mga manghuhula, na nagsisihuni at nagsisibulong; hindi ba marapat na sanggunian ng bayan ang kanilang Diyos? Dahil ba sa mga buhay ay sasangguni sila sa mga patay? Sa kautusan at sa patotoo! kung hindi sila magsasalita ng ayon sa salitang ito, tunay na walang umaga sa kanila."[8] Kung tinanggap lamang ng mga tao ang katotohanang napakalinaw na nahahayag sa loob ng mga Kasulatan hinggil sa katutubo ng tao at tungkol sa kalagayan ng mga patay, makikita nila sa mga pagbabansag at pagpapalabas ng espiritismo ang paggawa ni Satanas na may kapangyarihan at mga [472]
tanda at kahangahangang kasinungalingan. Datapuwa't sa halip na isuko ng marami ang kalayaang kinagigiliwan ng pusong laman, at layuan ang mga kasalanang kanilang naiibigan, ay ipinipikit nila ang kanilang mga mata sa liwanag, at patuloy sila sa paglakad, na hindi pinapansin ang mga babala, samantalang inilalagay naman ni Satanas ang kanyang mga silo sa palibot nila, at sila'y nangahuhuli. "Sapagka't hindi nila tinanggap ang pag-ibig sa katotohanan, upang sila'y mangaligtas," kaya "ipinadadala sa kanila ng Diyos ang paggawa ng kamalian, upang magsipaniwala sila sa kasinungalingan."[9]

[8]Isaias 8:19, 20.

[9]2 Tesalonica 2:10, 11.

Ang mga sumasalungat sa mga iniaaral ng espiritismo ay sumasalungat, hindi sa mga tao lamang kundi kay Satanas at sa kanyang mga anghel. Nakilahok sila sa pakikipaglamas sa mga pamunuan at sa mga kapangyarihan at sa masamang espiritu ng mga dakong kaitaasan. Si Satanas ay hindi uurong ng kahi't gadali sa kanyang kinatatayuan malibang siya'y itaboy ng kapangyarihan ng mga anghel na taga langit. Ang mga tao ng Diyos ay nararapat sumagupa sa kanya sa pamamagitan ng pangungusap na "Nasusulat," gaya ng pagsagupa ng ating Tagapagligtas. Si Satanas ay nakasisipi ngayon ng Kasulatan gaya noong narito pa si Kristo, at tinutumbalik niya ang mga iniaaral ng Kasulatan upang patunayan ang kanyang ipinangdaraya. Kilangang malaman ng mga may nasang makatayong matatag sa panahong ito ng kapanganiban, ang patotoo ng Kasulatan, para sa kanilang sarili.

Sa marami'y pakikita ang mga espiritu ng mga demonyo na nagkukunwaring kamag-anak nilang minamahal o kaibigan, at ipahahayag sa kanila ang mga napakamapanganib na mga erehiya. Kikilusin ng mga dumadalaw na ito ang ating mga damdamin, at magsisigawa sila ng mga kababalaghan upang patunayan ang kani-
[473] lang mga ipinagpapanggap. Nararapat tayong humanda sa paglaban sa kanila sa pamamagitan ng katotohanan ng Biblia, na ang mga patay ay walang nalalamang anuman, at silang napakikita ay mga espiritu ng mga diyablo.

Nabubungad na sa harapan natin ang "panahon ng pagtukso, na darating sa buong sanlibutan, upang subukin ang mga nananahan sa ibabaw ng lupa."[10] Ang lahat ng may pananampalatayang hindi matibay na nasasalig sa salita ng Diyos ay madadaya at madadaig. Si Satanas ay "gumagawa na may buong daya ng kasinungalingan"[4] upang pamahalaan ang mga anak ng mga tao; at ang kanyang mga pagdaraya ay patuloy ng pagdami. Datapuwa't kaya lamang siya mananaig ay kung kusang susuko ang mga tao sa kanyang mga tukso. Ang mga mataimtim na naghahanap ng kaalaman ng katotohanan, at nagsisikap na luminis ang kanilang mga kaluluwa sa pamamagitan ng pagtalima, na dahil dito'y ginagawa ang kanilang magagawa upang sila'y mahanda sa pakikipaglaban, ay makasusumpong sa Diyos

[10] Apocalipsis 3:10.

[4] 2 Tesalonica 2:9, 10.

ng katotohanan, ng isang panatag na sanggalang. "Sapagka't tinupad mo ang salita ng Aking pagtitiis ikaw naman ay aking iingatan,"[10] ang pangako ng Tagapagligtas. Lalo pang madali na isugo Niya ang lahat ng anghel na nasa langit upang ipagsanggalang ang Kanyang bayan, kaysa pabayaang magapi ni Satanas ang isang kaluluwang nagtitiwala sa Kanya.

Ipinahahayag ni propeta Isaias ang nakakikilabot na pagdarayang darating sa masasama na siyang sa kanila'y magpapaniwala na sila'y ligtas sa mga hatol ng Diyos: "Tayo'y nakipagtipan sa kamatayan, at sa sheol [libingan] ay nakikipagkasundo tayo; pagka ang mahigpit na kasakunaan ay dumaan, hindi darating sa atin; sapagka't ating ginagawang pinaka kanlungan natin ang mga kabulaanan, at sa ilalim ng kasinungalingan ay nangagkubli tayo."[11] Sa uri ng taong dito'y isinasalaysay ay kasama iyong mga may matitigas na puso na ayaw magsisi na inaaliw ang kanilang sarili sa pananalig na hindi parurusahan ang makasalanan; na ang buong sangkatauhan, napakasama man, ay ipapanhik sa langit, upang makatulad ng mga anghel ng Diyos. Nguni't lalong binibigyang diin dito ang tungkol sa mga nakipagtipan sa kamatayan at nakipagkasundo sa libingan niyaong nagsitanggi sa katotohanang itinaan ng langit na maging sanggalang ng mga matuwid sa kaarawan ng kabagabagan at nagsikanlong sa ilalim ng kasinungalingang inialay ni Satanas na kapalit nito—ang mga magdarayang pagpapanggap ng espiritismo. [474]

Malaon nang naghahanda si Satanas sa pangwakas na pagsisikap na madaya ang sanlibutan. Ang pinagtitibayan ng kanyang gawain ay itinayo noong pangakong binigkas kay Eba sa Eden, "Tunay na hindi kayo mamamatay." "Sa araw na kayo'y kumain niyon, ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Diyos, na nakakakilala ng mabuti at masama."[12] Untiunti niyang inihanda ang daan para sa kanyang pinakamalaking daya sa pamamagitan ng paglago ng espiritismo. Hindi pa niya inaabot ang ganap na kayarian ng kanyang mga layunin; nguni't aabutin niya iyan sa kahuli-hulihang bahagi ng panahon. Sinabi ng propeta: "Nakita ko. . . ang tatlong espiritung karumaldumal, na gaya ng mga palaka. . . sila'y mga espiritu ng mga demonyo, na nagsisigawa ng mga

[10] Apocalipsis 3:10.
[11] Isaias 28:15.
[12] Genesis 3:4, 5.

tanda; na pinaparoonan nila ang mga hari sa buong sanlibutan, upang tipunin sa pagbabaka sa dakilang araw ng Diyos na makapangyarihan sa lahat."[13] Maliban doon sa mga iniingatan ng kapangyarihan ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya nila sa Kanyang salita, ang buong sanlibutan ay matatangay ng dayang ito. Ang mga tao'y matuling naipaghehele sa isang mapanganib na pamamanatag, at magigising sa pagbubuhos lamang ng galit ng Diyos.

[475] Sinabi ng Panginoong Diyos: "Aking ilalagay na pi- nakapising panukat ang katuwiran, at pinaka pabato ang kabanalan; at papalisin ng graniso ang kanlungan ng mga kabulaanan, at aapawan ng mga tubig ang taguang dako. At ang inyong tipan sa kamatayan ay mawawalan ng kabuluhan at ang inyong pakikipagkasundo sa sheol [libingan] ay hindi mamamalagi; sapagka't ang mahigpit na
[476] kasakunaan ay daraan, kayo nga'y ipapahamak niyaon."[14]

[477]

[13] Apocalipsis 16:13, 14.
[14] Isaias 28:17, 18.

## *Kabanata 33*—Tumitingin sa roma ang sanlibutan

Ang Romanismo ay pinagpapakitaan ngayon ng mga Protestante ng lalong malaking paglingap kaysa nang mga panahong nakaraan. Doon sa mga bayang ang Katolisismo ay hindi lumalaki, at ang mga makapapa ay gumagawa ng pakikipagkasundo upang magkaroon sila ng impluensya ay lumalaki ang pagwawalang bahala hinggil sa mga aral na naghihiwalay sa mga iglesyang nagkaroon ng pagbabago mula sa kapapahan; lumalaganap ang paniniwala, na hindi rin pala naman tayo naiiba ng malaki tungkol sa mahahalagang bahagi ng pananampalataya gaya ng ipinalagay noong una, at sa pamamagitan ng bahagya lamang pakikipagkasundo natin ay dumarating tayo sa lalong mabuting pakikipagunawaan sa Roma. Nagkaroon ng panahon na malaki ang pahalaga ng mga Protestante sa kalayaan ng budhi na binili ng napakalaking halaga. Itinuro nila sa kanilang mga anak na kasuklaman ang kapapahan, at ipinakilala nilang ang makiayon sa Roma ay pagtataksil sa Diyos. Datapuwa't kaylaki ng kaibahan ng mga ipinahahayag na mga damdamin ng mga tao ngayon!

Ipinahahayag ng mga tagapagtanggol ng kapapahan na ang iglesya ay nilapastangan, at ang mga Protestante ay nahihilig maniwala sa pahayag na ito. Marami ang nangangatuwiran na hindi matuwid na hatulan ang iglesya sa panahong ito sa pamamagitan ng mga karumalan at kabuktutan na siyang naging tatak ng kanyang paghahari noong mga panahon ng kamangmangan at kadiliman. Ipinagpapaumanhin nila ang kanyang kakila-kilabot na kabangisan at sinasabing yao'y bunga ng walang kabihasnang panahong yaon [478]
at nangangatuwiran sila na ang bisa ng kabihasnan sa ngayon ay nakabago sa kanyang mga damdamin.

Nalimutan na ba ng mga taong iyan ang inaangkin ng palalong kapangyarihang ito sa loob ng walong daang taon, na siya'y hindi nagkakamali? Ang pag-aaangking ito ay lalong tiyak na napagtibay nang ikalabing-siyam na dantaon higit kailan man noong una, kaya nga't ito'y napakalayong mawasak. Ayon sa iginigiit ng Roma na

ang iglesya "*ay hindi nagkamali kailan man*; ni hindi rin *magkakamali kailan man* alinsunod sa mga Kasulatan."[1] paano nga niya itatakwil ang mga simulaing kanyang sinunod nang mga panahong nagdaan?

Magpakailan man ay hindi tatalikdan ng iglesyang makapapa ang kanyang pag-aangkin na hindi siya nagkakamali. Ang lahat niyang ginawa sa kanyang pag-uusig sa mga tumanggi sa kanyang mga aral, ay pinagtitibay niyang matuwid; at hindi ba niya uuliting muli ang ganyang asal, sakaling magkaroon siya ng gayon ding pagkakataon? Alisin lamang ang pangpigil na inilalagay ng pamahalaan, at isauli ang Roma sa kanyang dating kapangyarihan, at biglang magpapanibago ang kanyang kalupitan at pag-uusig.

Ang pag-aakala ng kapapahan tungkol sa kalayaan ng budhi, at tungkol sa mga kapanganibang nagbabantang sumira sa maayos na pagpapatupad sa simulain ng Estados Unidos ay inihanay ng isang tanyag na manunulat sa ganitong pangungusap: "Nahihilig ang marami na ikapit sa pagkapanatiko o sa pangangatuwirang bata ang pagkatakot na ang Katolisismo Romano ay magiging mapanganib sa Estados Unidos. Ang mga taong iyan ay walan nakikitang anuman sa likas at kilos ng Romanismo na laban sa ating malayang kalagayan, ni makakasumpong inan kaya sila ng anumang pan-
[479] ganib sa kanyang paglaki. Atin ngang ihambing muna ang ilang pinagtitibayang simulain ng ating pamahalaan sa Iglesya Katolika.

"Tinatayuan ng Konstitusyon ng Estados Unidos ang *kalayaan ng budhi*. Wala nang bagay na mahal o mahalaga pa kaysa rito. Si Papa Pio IX, sa kanyang Liham Ensiklika noong Agosto 15, 1854, ay nagsabi ng ganito: 'Ang kabalintunaan at kamalian ng mga aral o katha na pagsasanggalang ng kalayaan ng budhi, ay napakalaking salot na kamalian—isang salot, na higit sa lahat, na dapat katakutan sa isang pamahalaan. Sinumpa ng papa ring iyan sa kanyang Liham Ensiklika ng Disyembre 8, 1846, yaong 'mga mapilit na humihingi ng kalayaan ng budhi at ng kalayaan ng pagsamba ukol sa relihion,' gayon din 'ang lahat na nangangatuwiran na ang iglesya ay hindi nararapat gumamit ng lakas.'

[1] J. L. von Mosheim, *Institutes of Ecclesiastical History*, aklat 3, sig. 11, bah. 2, kab. 2, tal. 9, par.1.

"Ang banayad na tinig ng Roma sa Estados Unidos ay hindi nangangahulugan ng isang pagbabago ng puso. Siya ay mapagpasunod doon sa mga bayang siya ay walang magagawa. Ang wika ni Obispo O'Connor: 'Ang kalayaan sa relihiyon ay pinagtitiisan lamang hanggang sa ang katuwas nito ay maisagawa na walang panganib sa sanlibutang Katoliko.' . . . Minsan ang arsobispo ng San Luis ay nagsabi ng ganito: 'Ang erehiya at di-pananampalataya ay mga krimen, at sa mga bayang Kristiyano, gaya ng Italya at ng Espanya, na roon ang relihiyong Katoliko ay isang mahalagang bahagi ng kautusan ng lupain, ay pinarurusahan ang mga ito gaya ng pagpaparusa sa mga ibang krimen.'. . .

"Ang bawa't kardinal, arsobispo, at obispo sa Iglesya Katolika, ay nanunumpa sa papa, na sa sumpang ito'y makikita ang ganitong mga pangungusap: 'Ang mga erehe, mga mapagbaha-bahagi', at 'ang mga naghihimagsik sa ating panginoon (sa papa), o sa sumusunod sa kanya, ay uusigin at lalabanan ko hanggang sa aking makakaya.' "[2] [480]

Tunay nga na may mga tapat na Kristiyano sa kapulungan ng Katoliko Romano. Libu-libo sa mga nasa iglesyang iyan ang nangaglilingkod sa Diyos alinsunod sa pinakamabuting liwanag na kanilang nakikilala. Tinutunghayan ng Diyos na may malaking habag ang mga kaluluwang ito na mga tinuruan sa isang pananampalatayang magdaraya at hindi nakasisiya. Magpapadala siya ng mga sinag ng liwanag upang lumagos sa makapal na dilim na sa kanila'y nakabalot. Ihahayag Niya sa kanila ang katotohanan gaya ng nasa kay Jesus, at marami pa ang makikisanib sa Kanyang bayan.

Datapuwa't ang Romanismo sa kanyang buong kaayusan ay hindi kasang-ayon ngayon ng ebanghelyo ni Kristo gaya rin nang unang kapanahunan ng kanyang kasaysayan. Ang mga iglesyang Protestante ay nasa makapal na kadiliman, kung hindi ay makikilala sana nila ang mga tanda ng panahon. Ang Iglesya Romana ay may malalawak na panukala at paraan ng paggawa. Ginagamit niya ang lahat ng paraan upang mapalaganap ang kanyang impluensya at maragdagan ang kanyang kapangyarihan sa paghahanda sa isang mabangis at mahigpit na pakikibaka upang maibalik ang dating pamumuno niya sa sanlibutan. Ang Katolisismo ay nananagumpay sa

[2] Josiah Strong, *Our Country*, kab. 5, par. 1-3.

lahat ng dako. Tingnan ninyo ang nagdadamihan niyang simbahan at kapilya sa mga bansang Protestante. Tingnan ninyo ang kabantugan ng kanyang mga kolehiyo at seminaryo sa Amerika, na pinapasukan ng maraming Protestante. Tingnan ninyo ang paglago ng ritualismo sa Inglatera, at ang malimit na pakikipanig sa hanay ng mga Katoliko. Ang mga bagay na ito ay dapat gumising ng pagkabalisa ng lahat na nagpapahalaga sa malinis na simulain ng ebanghelyo.

Ang mga Protestante ay nakikialam at tumatangkilik sa kapapahan; sila'y nangakipagkasundo at nangakibagay sa kanya na ipinagtatakang makita ng mga makapapa na rin, at hindi nila maunawaan
[481] kung bakit. Ipinipikit ng mga tao ang kanilang mga mata sa tunay na likas ng Romanismo, at sa mga kapanganibang dapat pag-ingatan sa kanyang pangingibabaw. Kailangang sila'y pukawin upang salansangin ang mga pagsulong ng napakamapanganib na kalabang ito ng kalayaan sa pamahalaan at sa relihiyon.

Ipinalalagay ng maraming Protestante na ang relihiyong Katoliko ay hindi kaakit-akit, at ang mga gawain nito sa pagsamba ay patay at walang kahulugan. Dito'y nagkakamali sila. Ang seremonya ng iglesya Romana ay lubhang kaakit-akit na seremonya. Ang marilag na karangyaan, at ang makarelihiyong mga seremonya nito ay bumibihag sa mga pandama ng mga tao, at siyang nagpapatahimik sa tinig ng katuwiran at ng budhi. Nagagayuma ang mata. Ang magagandang simbahan, ang naglalakihang mga prusisyon, ang mga gintong dambana, ang nahihiyasang urna, ang mga piling dibuho, at ang sakdal gandang mga eskultura ay pawang umaakit sa pag-ibig sa ganda. Nabibihag din naman ang pakinig. Ang tugtugin ay walang kahambing. Ang maiinam na tugtog ng matutunog na organo na sumasaliw sa himig ng maraming mga tinig samantalang ito'y umaalingawngaw sa matataas at nakabalantok na bubong nito at mga pagitang dinadaanan na may malalaking haligi ng kanyang magagandang katedral, ay walang pagsalang magkikintal ng paghanga at paggalang sa pag-iisip ng tao.

Ang panglabas na karilagan, kagandahan, at seremonyang ito, na lumilibak lamang sa mga kauhawan ng kaluluwang lipos ng kasalanan, ay katunayan ng kasamaang nasa loob. Ang relihiyon ni Kristo ay hindi nangangailangan ng ganyang mga panghalina upang tanggapin ng mga tao. Sa liwanag na sumisilang mula sa krus, ang tunay na relihiyong Kristiyano ay lumilitaw na napakalinis

at tunay na kaibig-ibig na anupa't walang palamuting panglabas na makapagpapalaki ng tunay na kahalagahan nito. Ang kagandahan ng kabanalan ang isang maamo at tahimik na diwa, ay siyang mahalaga [482]
sa Panginoon.

Ang kaningningan ng ayos ay hindi lagi nang palatandaan ng malinis at dakilang pag-iisip. Ang matataas na pagkakilala sa sining, ang maselang na kakinisan ng panuri, ay malimit na naghahari sa mga isipang makalupa at mahalay. Ang mga ito'y madalas gamitin ni Satanas upang ipalimot sa mga tao ang pangangailangan ng kaluluwa, upang huwag nilang alalahanin ang hinaharap na walang-hanggang buhay, upang tumalikod sila sa Katulong nilang walang-hanggan, at upang mabuhay sila na ukol lamang sa sanlibutang ito.

Ang relihiyong may panglabas na kagandahan ay nakatatawag nga sa pusong hindi nababago. Ang karangyaan at seremonya ng pagsambang Katoliko ay mayroong kapangyarihang mapanlinlang at mapamihag, na siyang dumaraya sa marami; at inaakala nilang ang Iglesya Romana ay siyang pintuan ng langit. Wala kundi iyong nagsitungtung lamang sa patibayan ng katotohanan, at yaong ang mga puso'y nabago ng Espiritu ng Diyos, ang makatatayo laban sa kanyang impluensya. Libu-libo sa mga walang subok na pagkakilala kay Kristo ang maaakay tumanggap sa mga anyo ng kabanalan na wala naman ng kapangyarihan nito. Ang ganyang relihiyon ay siya ngang ninanasa ng karamihan.

Ang inaangkin ng iglesya na karapatang magpatawad ng kasalanan, ay siyang nag-akay sa Romanista sa malayang pagkakasala; at ang pagkukumpisal na kung wala ito'y hindi matatamo ang kanyang patawad, ay nakakatulong lamang sa kasamaan. Ang lumuluhod sa harap ng taong makasalanan, at nagbubukas ng mga lihim na isipan at tangka ng kanyang puso sa pamamagitan ng pagkukumpisal ay nagpapababa ng kanyang pagkatao, at humahamak sa bawa't marangal na katutubo ng kanyang kaluluwa. Ang pagkakilala niya sa Diyos ay natutulad sa pagkakilala niya sa taong makasalanan, sapagka't ang pari ay tumatayong kinatawan ng Diyos. Gayunma'y isang nagpapakabuyo sa hilig ng sarili, ay [483]
lalong nakalulugod ang magpahayag ng kasalanan sa kapuwa tao kaysa buksan sa Diyos ang laman ng puso. Sa katutubo ng tao ay lalong masarap ang magpenitensya kaysa magwaksi ng kasalanan;

lalong magaan ang pahinain ang laman sa pamamagitan ng magagaspang na damit at panghampas na may tinik at mga tanikalang sumusugat kaysa ipako sa krus ang kahalayan ng laman. Ibig pa ng pusong laman ang magpasan ng mabigat na pasanin kaysa yumuko sa pamatok ni Kristo.

Walang tigil na sinisikap ni Satanas na pamaling ipakilala ang likas ng Diyos, ang likas ng kasalanan, at ang tunay na mga suliraning napapaloob sa malaking tunggalian. Ang kanyang pagdaraya ay nagbabawas sa hinihingi ng banal na kautusan, at ito ang nagbibigay ng lisensiya sa tao sa pagkakasala. Kanya din namang ipinaiimpok sa kanila ang maling pagkakilala sa Diyos, upang kanila siyang katakutan at kapootan, sa halip ng handugan ng pag-ibig. Ang kalupitan na sadyang katutubo niya ay ipinararatang niya sa Maylalang; ito'y ipinaloloob sa mga kayarian ng relihiyon, at ipinahahayag sa mga paraan ng pagsamba.

Sa mga nagsisisunod sa kanya ang pangdisiplina niya ay pamalo, paggutom, ang lahat ng maiisip at nakapagpapasakit sa pusong mahigpit na pagpapahirap sa katawan. Upang kamtin ang lingap ng Langit, ay sinusuway ng mga nagpipinitensya ang kautusan ng Diyos sa pamamagitan ng pagsuway sa batas ng kalikasan. Itinuturo sa kanila na patdin ang pagkakabigkis na Kanyang ginawa upang pagpalain at paligayahin ang paninirahan ng tao sa lupa. Sa looban ng iglesya ay naroon ang angawangaw na nasawi, na naggugugol ng kanilang buhay sa walang kabuluhang pagsisikap na pakipaglabanan ang katutubo nilang pag-ibig, na pigilin, sapagka't kamuhimuhi sa Diyos, ang bawa't isipan at damdaming may pakikiramay sa
[484] kapuwra nilalang.

Sa pamamagitan ng malaking kaayusang ito ng pagdaraya ay naganap ng prinsipe ng kasamaan ang kanyang layuning magdudulot ng di-pagpaparangal sa Diyos at ng kaabaan sa tao. Nananagumpay siya sa pagtatanyag sa kanyang sarili, at sa paggawa ng kanyang gawain sa pamamagitan ng mga nangungulo sa iglesya.

Kung binabasa ng isang tao ang Banal na Kasulatan, ay nahahayag sa kanya ang habag at pag-ibig ng Diyos; makikita niyang hindi ipinapataw ng Diyos sa mga tao ang mabibigat na pasaning ito. Ang hinihingi lamang Niya ay isang bagbag at nagsisising puso, isang mapagpakumbaba't matalimahing diwa.

Sa kabuhayan ni Kristo ay hindi Siya nag-iwan ng halimbawa para sa mga lalaki't babae na kulungin ang kanilang sarili sa mga monasteryo upang mahanda sa langit. Kailan man ay hindi Niya itinuro na ang pag-ibig at pakikiramay ay dapat timpiin. Ang puso ng Tagapagligtas ay inaapawan ng pag-ibig. Sa pagkalapit ng tao sa kasakdalang moral, ay lalo namang tumatalas ang kanyang pakiramdam, lalong tumatalas ang pagkakilala niya sa kasalanan, at lalong lumalaki ang pakikiramay niya sa nangapipighati. Hindi walang kadahilanan ang inaangkin sa mga lupaing Protestante, na ang Katolisismo ay kakaunti na ang pagkakaiba sa Protestantismo ngayon kaysa noong nagdaang panahon. Nagkaroon ng pagbabago; datapuwa't ang pagbabago ay hindi sa kapapahan. Ang Katolisismo ay walang pinag-ibhan sa Protestantismo ngayon; sapagka't ang Protestantismo ay malaki ang naging pagbabago sa ikasasama niya mula nang kaarawan ng mga Repormador.

Sa paghanap ng mga iglesyang Protestante ng pagtingin ng sanlibutan, ang kanilang mata ay binulag ng hindi tunay na kagandahang-loob. Wala silang makita kundi matuwid ang maniwala na may mabuti sa lahat ng masama; at sa wakas ay walang salang mauuwi ito sa paniniwalang masama ang lahat ng mabuti. Sa halip na ipagsang- galang nila ang pananampalatayang ibinigay na minsan at [485]
magpakailan man sa mga banal. sila ngayon, mandin ay humihingi ng paumanhin sa Roma dahil sa walang kagandahang-loob na pagpapalagay sa kanya, at inihihingi ng tawad ang kasigasigan nila sa kanilang iglesya.

Marami, maging doon man sa mga ayaw kumilala sa Romanismo, ang nakakadama ng bahagya lamang panganib sa kanyang kapangyarihan at lakas. Marami ang nangangatuwiran na ang kadiliman sa pag-iisip at sa moral na naghari noong Madilim na Kapanahunan ay siyang tumulong sa paglaganap ng mga aral ng Romanismo, pamahiin, at pagpapahirap, at ang lalong malaking katalinuhan sa panahong ito, ang paglaganap ng kaalaman sa lahat ng dako, at ang kumakalat na kalayaan sa mga bagay tungkol sa relihiyon, ay nagbabawal ng pananauli ng pag-uusig at paniniil. Ang pag-iisip na makikita sa kapanahunang ito ng kaliwanagan ang ganyang kalagayan ng mga bagay-bagay ay tinatawanan. Tunay nga na ang malaking liwanag sa katalinuhan, sa moral, at sa relihiyon ay tumatanglaw sa saling ito ng lahi. Sa mga bukas na dahon ng banal na

salita ng Diyos ay nagliwanag sa sanlibutan ang ilaw na galing sa langit. Nguni't dapat nating alalahanin na kung kailan lalong malaki ang liwanag na ipinagkakaloob, lalong malaki naman ang kadiliman niyaong mga nagbabaligtad o tumatanggi dito.

Ang pag-aaral ng mga Protestante ng Banal na Kasulatan na may kalakip na panalangin ay magpapakilala sa kanila ng tunay na likas ng kapapahan; datapuwa't marami ang nagpapakarunong sa kanilang sariling haka na anupa't hindi nila maramdamang kailangan nilang hanapin ang Diyos na may mapagpakumbabang puso upang maakay sila sa katotohanan. Bagaman ipinagmamalaki nila ang kanilang kaalaman, mangmang din sila sa Kasulatan at sa kapangyarihan ng Diyos. Nangangailangan sila ng ilang kaparaanan upang mapatahimik ang kanilang budhi, at hinahanap nila yaong
[486] mga kulang sa kahalaga- hang ukol sa espiritu at yaong hindi totoong nakapagpapababa. Ang kanilang ninanasa ay isang paraan upang malimutan nila ang Diyos, paraan na maaaring ituring na isang pagalaala sa Kanya. Ang kapapahan ay bagay na bagay magdulot ng lahat ng mga pangangailangang ito. Ito'y handa sa dalawang uri ng tao, na siyang bumubuo halos sa buong sanlibutan—iyong mga nagnanais maligtas sa pamamagitan ng kanilang sariling kabutihan, at iyong nagnanais maligtas na nasa kanilang mga kasalanan. Narito ang lihim ng kanyang kapangyarihan.

Ang panahon ng malaking kadiliman sa kaalaman ay napagkilalang tumulong sa pananagumpay ng kapapahan. Nguni't ipakikita pa rin na ang panahon ng malaking kaliwanagan sa kaalaman ay gayon din tutulong sa kanyang pananagumpay. Noong mga panahong lumipas, nang ang mga tao'y walang salita ng Diyos, at walang kaalaman sa katotohanan, ang mga mata nila ay may takip, at libulibo ang nasilo, dahil sa hindi pagkakita sa lambat na naumang sa kanilang mga paa. Sa saling ito ng lahi ay marami naman ang nangasilaw sa matingkad na ningning ng mga haka-haka ng tao, at ng "maling tinatawag na kaalaman:"[3] hindi nila nakikita ang lambat at madali silang pumapasok dito na anaki may takip ang kanilang mga mata.

Itinalaga ng Diyos na kilalanin ng tao na ang kapangyarihan ng kanyang pagiisip ay isang kaloob na galing sa Maykapal, at nararapat

[3] 1 Timoteo 6:20.

gamitin sa kapakanan ng katotohanan at katuwiran; datapuwa't pagka iniimpok ang kapalaluan at layunin at itinataas ng tao ang kanilang sariling kuru-kuro na mataas kaysa salita ng Diyos, kung magkagayon, ang katalinuhan ay makagagawa ng lalong malaking kasamaan kaysa nagagawa ng kamangmangan. Sa ganya'y ang maling siyensiya sa kasalukuyang panahon, na siyang sumisira ng pananampalataya sa Kasulatan, ay magiging mapagtagumpay sa paghahanda ng daan upang tanggapin ang kapapahan, kalakip ang [487] mga kaakit-akit niyang mga porma, gaya ng nangyari noong pigilin ang kaalaman sa pagbubukas ng daan upang mabunyi ito noong Madilim na Kapanahunan.

Sa mga kilusang ngayo'y itinataguyod sa Estados Unidos upang makuha ang pagtangkilik ng estado sa mga institusyon at mga ginagamit ng iglesya, ang Protestante ay sumusunod sa mga hakbang ng mga makapapa. Hindi lamang iyan kundi lalong higit, sila ang nagbubukas ng daang mapapasukan upang mabawi nito sa Protestanteng Amerika ang paghahari na nawala sa kanya sa Matandang Daigdig. At ang nagbibigay ng lalong katangian sa kilusang ito ay ang punong layunin na ipag-utos na ipangilin ang Linggo—isang kaugaliang ibinangon ng Roma, at inaangkin niyang tanda ng kanyang kapangyarihan. Ang diwa ng kapapahan—ang diwa ng pakikibagay sa mga ugaling makasanlibutan, ang pagpapahalaga sa mga sali't saling sabi ng tao ng higit sa mga utos ng Diyos—ang siyang nanunuut sa mga iglesyang Protestante, at umaakay sa mga tao na itanghal ang Linggo na siyang ginawa ng kapapahan na nauna sa kanila.

Kung nais na maalaman ng bumabasa ang mga bagay na gagamitin sa nalalapit na paglalabanan, ay kailangan niyang tunghayan lamang ang ulat ng mga ginamit ng Roma sa ganito ring layunin noong mga panahong lumipas. Kung ibig niyang maunawa kung ano ang magiging pakikitungo ng nagtutulungang makapapa at Protestante doon sa mga tumantanggi sa kanilang mga aral, ay dapat niyang tingnan ang diwang ipinamalas ng Roma tungkol sa Sabado at sa mga nagtatanggol nito.

Ang mga kapasiyahang hari, ang mga pangkalahatang sanggunian, at ang mga utos ng iglesya na tinatangkilik ng kapangyarihang makasanlibutan, ay mga hakbanging sa pamamagitan nito'y nakarating ang kapangilinang pagano sa kanyang marangal na kalagayan

[488] sa Sangkakristiyanuhan. Ang kauna-unahang utos sa bayan na ipangilin ang Linggo ay siyang batas na ginawa ni Konstantino.[4] Ito ang nag-utos sa mga taong bayan na magpahinga sa "kagalang-galang na kaarawan ng araw," datapuwa't pinahintulutan ang mga taga bukid na magpatuloy sa kanilang mga pagbubukid. Bagaman ito'y isang utos pagano sa pasimula, ay ipinasunod din ng emperador pagkarapos na siya'y maging Kristiyano sa ngalan lamang.

Palibhasa'y ang kapasiyahan ng hari ay di-sapat ipalit sa bilin ng Diyos, si Eusebio, na isang obispo na nagsikap na makakuha ng paglingap ng mga prinsipe, at tanging kaibigan at tagapuri ni Konstantino, ay nangatuwiran na inalis ni Kristo ang pangingilin sa araw ng Sabado at inilipat sa Linggo. Wala siyang ibinigay na isa mang patotoo mula sa Kasulatan upang patunayan ang bagong aral na ito. Si Eusebio na rin ang kumikilala na ito'y di totoo, at itinuro niya ang tunay na may kagagawan ng pagbabago. "Ang lahat ng bagay," ang wika niya, "na tungkuling gawin sa araw ng Sabado ay inilipat namin sa araw ng Panginoon."[5] Nguni't ang katuwirang ayon sa Linggo, na kung sa bagay ay walang pinagtitibayan noon, ay siyang nagpatapang sa tao upang yurakan ang Sabado ng Panginoon. Ang lahat na nagnais parangalan ng sanlibutan ay kumilala sa tanyag na kapangilinang ito.

Nang matatag nang matibay ang kapapahan, ang gawaing pagtatanghal sa Linggo ay nagpatuloy. Nagkaroon ng panahon, na ang mga tao'y nangagbubukid pagka hindi sila nagsisimba, at ang ikapitong araw ay kinikilala pa ring kapangilinan. Datapuwa't nagpatuloy ang pagbabago. Yaong nangasa banal na tungkulin ay pinagbawalang magbitiw ng hatol sa anumang tunggaliang sibil kung araw ng Linggo. Hindi nagluwat at ang lahat ng tao, anuman ang uri niya, ay pinag-utusang huminto sa paggawa, at kung ang sumuway ay laya ang parusa'y multa at kung alipin naman ay palo. Sa huli
[489] ay ipina- siya na ang mga mayayaman ay parusahan ng pag-aalis ng kalahati ng kanilang mga lupain at sa wakas pagka nagmamatigas pa rin, ay gagawin silang mga busabos. Ang mga may kaunti lamang kabuhayan ay magdurusa sa walang-hanggang pagkatapon.

[4]Tingnan ang Paliwanag sa p. 43.

[5]R. Cox, *Sabbath Laws and Sabbath Duties, p. 538. (1853.)*

Kinailangan din naman ang pagsasabi ng mga kababalaghan. Kabilang ng mga ibang kababalaghan ay ibinabalita na nang mag-aararo na ang isang magsasaka sa kanyang bukid isang araw ng Linggo, ay nililinis niya ang kanyang araro sa pamamagitan ng isang bakal, ang bakal na ito ay dumikit sa kanyang kamay, at dalawang taong dala-dala niya ito, "na malabis niyang ipinagdamdam at ikinahiya."[6]

Nang malaunan ay nagbilin ang papa, sa mga pari ng bayan na nararapat nilang payuhan ang mga hindi nangingilin ng Linggo at pagsabihan silang pumasok sa simbahan at magdasal, kung hindi ay baka may dumating sa kanilang sarili at sa kanilang mga kapitbahay na malubhang kapahamakan. Ang isang kapulungan ng iglesya ay nagharap ng katuwiran, na mula noo'y ginamit na ng marami, maging mga Protestante, na sapagka't may mga taong tinamaan ng kulog samantalang gumagawa ng araw ng Linggo, ay walang pagsalang ito na nga ang kapangilinan. "Malinaw" ang sabi ng mga pari, "na malaki ang poot ng Diyos sa paglapastangan nila sa araw na ito." Dahil dito'y nagkaroon ng isang panawagan na ang mga pari at mga ministro, mga hari at prinsipe, at lahat ng mga tapat na tao, ay "magsikap at mag-ingat ng buo nilang magagawa upang ang araw na ito ay maisauli sa kanyang karangalan, at, alang-alang sa ikapupuri sa Sangkakristiyanuhan, ay ipangilin ng lalong mahigpit sa panahong hinaharap."[7]

Nang hindi makasapat ang mga kapasiyan ng mga kon- silyo, ay [490]
nilapitan naman ang mga pinuno ng pamahalaan upang gumawa ng utos na siyang sisindak sa mga puso ng mga tao, at pipilit sa kanila upang tumigil ng paggawa sa araw ng Linggo. Sa isang pulong na ginanap sa Roma, ang lahat ng unang kapasiyahan ay muling pinagtibay na may lalong kalakasan at kataimtiman. Isinama din naman ang mga ito sa kautusan ng iglesya, at ipinasunod ng mga pinuno ng pamahalaan sa halos buong Sangkakristiyanuhan.[8]

Gayon ma'y ang kawalan ng katibayang mula sa Kasulatan sa pangingilin ng Linggo ay lumikha ng di gagaanong pagkakapahiya. Tinutulan ng mga tao ang karapatan ng kanilang mga tagapagturo na

[6]Francis West, *Historical and Practical Discourse on the Lord's Day*, p. 174.

[7]Thomas Morer, *Discourse in Six Dialogues on the Name, Nation, and Observation of the Lord's Day*, p. 271. (1701.)

[8]P. Heylyn, *History of the Sabbath*, bah. 2, Kab. 5, pangkat 7.

walang kabuluhan ang malinaw na pahayag ni Heoba na, "Ang ikapitong araw ay Sabado sa Panginoon mong Diyos," upang igalang ang kaarawan ng araw. Upang mapagpunan ang kawalan ng patotoo ng Biblia, ay kinailangan nila ang ibang matalinong pamamaraan. Ang isang masigasig na tagapagtanyag ng Linggo, na dumalaw sa mga iglesya ng Inglatera nang magtatapos na ang ikalabindalawang dantaon ay sinagupa ng mga tapat na saksi ng katotohanan; at gayon na lamang ang pagkabigo ng ginawa niyang mga pagsisikap, na anupa't umalis siya sa lupaing ito sa loob ng kaunting panahon, at gumawa ng ibang paraan upang maipasunod ang kanyang mga iniaaral. Nang siya'y bumalik ay dala na niya ang kapupunan at sa mga huli niyang paggawa ay nagkaroon siya ng lalong malaking tagumpay. Nagdala siya ng isang balumbong ipinamamarali niyang galing sa Diyos, na kinaroroonan ng kinakailangan nilang utos tungkol sa pangingilin ng Linggo, na may kalakip na mga babala upang takutin ang mga masuwayin. Ang mahalagang dukomentong ito—isang huwad na kasingsama ng doktrinang pinatutunayan—ay sinasabing nagmula
[491] sa langit, at natagpuan sa Jerusalem, sa ibabaw ng dambana ni San Simeon, sa Golgota. Datapuwa't sa katotohana'y sa palasyo ng papa sa Roma ito nanggaling. Ang mga pagdaraya at paghuhuwad upang masulong ang kapangyarihan at kasaganaan ng iglesya ay ipinalagay ng kapapahan na ayon sa matuwid.

Ang balumbong yaon ay nagbabawal ng paggawa mula sa alas tres ng Sabado ng hapon hanggang sa pagsikat ng araw sa umaga ng Lunes; at ang kapangyarihan nito ay sinabi nilang pinatunayan ng maraming kababalaghan. Ibinabalita nilang ang mga taong gumawa ng lampas sa takdang oras ay dinapuan ng sakit na paralisis. Hindi harina ang nakita ng isang tao na gumigiling ng trigo, na lumalabas sa kanyang gilingan kundi dugong umaagos, at huminto ang gilingan, bagaman malakas ang agos ng tubig na siyang nagpapatakbo nito. May isang babaing naglagay ng minasang harina sa hurno nguni't nang hanguin niya'y hindi luto, bagaman napakainit ang hurno. Ang isa naman ay nagmasa rin ng harina at naghanda ng harina upang gawing tinapay sa alas tres ng hapon ng Sabado, nguni't nagpasiyang itabi na muna hanggang sa kinaumagahan ng Lunes, datapuwa't kinabukasan ay nasumpungan niyang luto na ang tinapay, linuto ng kapangyarihan ng Diyos. Nasumpungan ng isang lalaking nagluluto ng tinapay pagkaraan ng alas tres ng hapon ng Sabado, nang hatiin

na niya ang tinapay sa kinabukasan na may dugong dumadaloy. Sa pamamagitan ng ganyang kamangmanga't mapamahiing katha-katha ay sinikap ng mga nagtatanyag ng Linggo na itatag ang kabanalan ng araw na ito.[9]

Sa Eskosya, gayon din sa Inglatera, ang malaking paggalang sa araw ng Linggo ay natamo sa pamamagitan ng paglalakip dito ng isang bahagi ng dating kapangilinan. Datapuwa't ang iniuutos na panahong ipa ngilin ay iba-iba. Ang isang utos ng hari sa Eskosya ay nagpahayag na "mula sa katanghaliang tapat ng Sabado ay dapat ibilang na banal," at mula sa panahong iyan hanggang sa Lunes ng umaga, ay wala nang nararapat gumawa ng gawaing makasanlibutan.[10] [492]

Nguni't sa kabila ng lahat na pagsisikap na maitatag ang kabanalan ng Linggo, ang mga makapapa na rin ang kumilalang Diyos ang nag-uutos ng pangingilin ng Sabado, at ang Linggo na siyang dito'y inihalili ay isang likhang tao lamang. Nang ikalabing-anim na dantaon ay ganito ang ipinahayag na malinaw ng isang konsilyo ng mga makapapa: "Dapat alalahanin ng mga Kristiyano na ang ikapitong araw ay itinalaga ng Diyos, at tinanggap at ipinangilin, hindi lamang ng mga Hudyo kundi ng lahat ng mga nagsasabing sumasamba sa Diyos; bagaman binago nating mga Kristiyano ang kanilang kapangilinan at inilipat natin sa Linggo."[11] Ang mga nanghihimasok sa banal na kautusan ay hindi walang malay sa kanilang ginawa. Tikis nilang inilagay ang kanilang sarili na mataas pa kaysa Diyos.

Ang isang kapuna-punang halimbawa ng pamamalakad ng Roma roon sa mga sumasalungat sa kanya ay nahayag sa matagal at madugong pag-uusig niya sa mga Baldense, na ang ilan ay nangingilin ng Sabado. Ang mga iba naman ay dumanas ng ganito rin dahil sa pagtatapat nila sa ikaapat na utos. Ang kasaysayan ng mga iglesya sa Etyopya at Abisinya ay lalong katangi-tangi. Sa gitna ng kadiliman noong madilim na Kapanahunan, ang mga Kristiyano ng gitnang Aprika ay nakaligtaan na at nalimutan ng

[9]Tingnan ang sulat ni Roger de Hoveden, *Annals*, tomo 2, p. 528-530.

[10]Thomas Morer, *Discourse in Six Dialogues on the Name, Nation, and Observation of the Lord's Day*, p. 290, 291.

[11]Thomas Morer, *Discourse in Six Dialogues on the Name, Nation, and Observation of the Lord's Day*, p. 281, 282.

sanlibutan, at sa malaong panahon ay tinamasa nila ang kalayaan sa kanilang pananampalataya. Datapuwa't sa wakas ay napag-alaman ng Roma ang kanilang kalagayan, at ang emperador ng Abisinya ay [493] madaling na- daya sa paniniwala na ang papa ay kahalili ni Kristo. Sumunod na ang mga ibang pakikiayon. Lumabas ang isang pasiya na nagbabawal ng pangingilin ng Sabado sa ilalim ng mabibigat na parusa.[12] Datapuwa't ang kalupitan ng papa ay di natagala't naging napakabigat na pamatok na anupa't ipinasiya ng mga taga-Abisinya na ito'y baliin. Pagkatapos ng isang kakila-kilabot na paglalabanan, ang mga Romanista ay napalayas sa kanilang mga nasasakupan, at napasauli ang dating pananampalataya. Ikinaligaya ng mga iglesya ang kanilang paglaya, at hindi na nila nalimutan ang aral na kanilang natutuhan tungkol sa karayaan, pagkapanatiko, at mapaniil na kapangyarihan ng Roma. Ikinasiya nilang manirahan sa kanilang bayan na hindi nalalaman ng ibang bahagi ng Sangkakristiyanuhan.

Ang mga iglesya sa Aprika ay nangilin ng Sabado gaya ng ginawa ng iglesyang makapapa bago siya lubusang tumalikod. Samantalang ipinangingilin nila ang ikapitong araw dahil sa pagtalima sa utos ng Diyos, ay humihinto naman sila sa paggawa kung araw ng Linggo dahil sa pakikibagay sa kaugalian ng iglesya. Nang umabot na ang Roma sa tugatog ng kapangyarihan, ay niyurakan niya ang Sabado ng Diyos upang pagtibayin ang araw na kanyang itinatag; nguni't ang mga iglesya sa Aprika, na napatago ng halos isang libong taon, ay hindi nakisama sa pagbabagong ito. Nang sumailalim sila sa kapangyarihan ng Roma, ay napilitan silang magpabaya sa tunay na kapangilinan at itanghal ang maling kapangilinan; datapuwa't kapagkarakang makuha nila ang kanilang kasarinlan, ay nanumbalik sila sa pagtalima sa ikaapat na utos.[12]

Ang mga ulat na ito nang panahong lumipas ay maliwanag na naghahayag ng pakikialit ng Roma sa tunay na kapangilinan at sa mga nagsasanggalang nito, at inihahayag din naman ang mga paraan niya upang parangalan ang kanyang itinatag. Itinuturo ng salita ng [494] Di- yos na ang mga malasing ito ay mauulit kapagka ang Katoliko Romano at ang mga Protestante ay nagkaisa na sa pagtatampok sa Linggo.

[12]Michael Geddes, *Church History of Ethiopia*, p. 311, 312.

[12]Michael Geddes, *Church History of Ethiopia*, p. 311, 312.

Ang hula sa Apokalipsis 13 ay nagpahayag na ang kapangyarihang kinakatawanan ng hayop na may mga sungay na gaya ng sa isang kordero ay siyang pipilit "sa lupa at sa mga tumatahan dito" na sumamba sa kapapahan. —na siyang sinasagisagan ng hayop na "katulad ng isang leopardo." Ang hayop na may dalawang sungay ay magsasabi rin naman "sa nanganananahan sa lupa, na dapat silang gumawa ng larawan ng hayop," at iuutos din nito sa lahat, "maliliit at malalaki, mayayaman at mga dukha, at mga laya, at mga alipin," na tanggapin "ang tanda ng hayop."[13] Napatotohanan na ang Estados Unidos ay siyang kapangyarihang kinakatawanan ng hayop na may mga sungay na gaya ng sa isang kordero, at ang hulang ito ay mattutupad kapag ipinag-utos na ng Estados Unidos na ipangilin ang Linggo, na siyang inaangkin ng Roma na tanging tanda ng kanyang pamumuno. Datapuwa't sa pagsambang ito sa kapapahan ay hindi magiisa ang Estados Unidos. Ang impluensya ng Roma sa mga lupaing kumilala noong una sa kanyang pamumuno, ay hindi pa nasisira. At ipinagpauna ng hula ang pananauli ng kanyang kapangyarihan. "Nakita ko ang isa sa kanyang mga ulo na tila sinugatan ng ikamamatay; at ang kanyang sugat na ikamamatay ay gumaling; at ang buong lupa'y nanggilalas sa hayop."[14] Ang pagkakaroon ng sugat na ikamamatay ay tumutukoy sa pagkabagsak ng kapapahan noong 1798. Pagkatapos nito'y sinabi ng propeta; "Ang kanyang sugat na ikamamatay ay gumaling; at ang buong lupa'y nanggilalas sa hayop." Malinaw na isinasalaysay ni Pablo, na ang taong makasalanan ay mamamalagi hanggang sa ikalawang pagparito ni Kristo.[15] Hanggang sa wakas ng panahon ay ipag- papatuloy [495]
niya ang kanyang gawang pagdaraya. At sinabi rin ng mamamahayag tungkol sa kapapahan, "Ang lahat ng nanganananahan sa lupa ay magsisisamba sa kanya, na ang kani-kanyang pangalan ay hindi nasusulat sa aklat ng buhay."[16] Sa Europa at sa Amerika ay sasambahin ang kapapahan dahil sa paggalang sa kapangilinang Linggo, na tanging-tanging likha ng kapangyarihan ng Iglesya Romana.

Buhat pa nang kalahatian ng ika-19 na dantaon, ang patotoong ito ay inihaharap na sa sanlibutan ng nagsisipag-aral ng hula sa Estados

[13] Apocalipsis 13:11-16.
[14] Apocalipsis 13:3.
[15] 2 Tesalonica 2:8.
[16] Apocalipsis 13:8.

Unidos. Sa mga pangyayaring ngayo'y nakikita ay namamalas ang mabilis na pagsulong na tungo sa pagkatupad ng hula. Ang mga gurong Protestante ay nagsasabi ring may pahintulot ang Diyos sa pangingilin ng Linggo, at gaya rin ng mga pinunong makapapa na kumatha ng mga kababalaghan upang ilagay sa lugar ng utos ng Diyos, sila'y walang maibigay na patotoo mula sa Kasulatan. Ang walang batayang pagsasabi na ang mga tao'y dinadalaw ng mga hatol ng Diyos dahil sa paglabag nila sa kapangilinang Linggo, ay uulitin; ngayon pa ma'y ipinipilit na ito. Ang isang kilusan upang ipagutos na ipangilin ang Linggo ay matuling na sumusulong.

Ang Iglesya Katolika Romana, kalakip ang lahat niyang sangay sa buong sanlibutan, ay bumubuo sa isang malaking kapisanan, sa ilalim ng pangangasiwa ng kapapahan, at itinalagang maglingkod sa mga kapakanan ng kapapahan. Ang angaw-angaw na mga kasapi niya sa lahat ng bansa ng sangkalupaan ay tinuruang mahigpit na kumilala sa papa. Maging anuman ang kanilang bansa, o ang kanilang pamahalaan, ay dapat nilang kilalaning mataas sa lahat ang kapangyarihan ng iglesya. Kahi't nakasumpa na sila na magtatapat sa pamahalaan, sa likod nito'y nalalagay ang pangako ng pagtalima sa Roma, na nagpapalaya sa kanila sa lahat ng pangakong laban sa
[496] kanyang mga kapakanan.

Noong taong 1204, si Papa Inocencio III, ay sumipi mula kay Pedro II, na hari sa Aragon, ng sumusunod na di pangkaraniwang sumpa "Akong si Pedro, hari ng Aragon, ay nagpapahayag at nangangako na magtatapat at magmamasunurin magmula ngayon sa aking panginoon, na Papa Inocencio, sa mga kasumunod niyang Katoliko, at sa Iglesya Romana, at buong tapat kong iingatan ang aking kaharian sa pagtalima sa kanya, na ipagsasanggalang ko ang pananampalatayang Katoliko, at pag-uusigin ko ang mga likong erehe."[17] Itoy agpang na agpang sa mga inaangking kapangyarihan ng papa ng Roma, na "may matuwid siyang magbaba ng mga emperador sa kanilang luklukan," at "magligtas sa mga tao sa pagkapailalim sa mga masamang puno."[18]

Ipinagpaunang sinabi ng salita ng Diyos ang nagbabalang kapanganiban; bayaang huwag pakinggan ito, at mapaglalaman ng daigdig

[17] J. Dowling, *History of Romanism*, aklat 5. hab. 6, pangkat 55.

[18] J. L. von Mosheim, *Institutes of Ecclesiastical History*, aklat 3, sig. 11, bah. 2, kab. 2, pangkat 9, paliwanag 8.

Protestante kung ano ang mga layunin ng Roma sa panahong wala nang panahon pa upang makaiwas sa silo. Ang Roma ay walang imik na umaakyat sa kapangyarihan. Ang kanyang mga aral ay gumigiit sa loob ng mga lehislatura, sa loob ng mga iglesya, at sa mga puno ng mga tao. Nagtatayo siya ng matatayog at malalaking gusali at sa mga lihim na dako ng mga ito ay uulitin ang kanyang dating pag-uusig. Marahan at di-inaakala ninuman na pinalalakas niya ang kanyang mga hukbo upang itaguyod ang kanyang mga mithiin at nang siya'y makadagok pag dumating na ang ukol na panahon. Ang ninanasa na lamang niya ay ang siya'y makalamang, at ito'y ibinibigay na sa kanya. Hindi na magluluwat at makikita at madadama natin kung ano ang layunin ng Roma. Sinumang mananampalataya at susunod sa salita ng Diyos, ay magtatamo ng paglibak at pag-uusig. [497]

# *Kabanata 34*—Ang darating na labanan

Sapul pa sa pasimula ng malaking tunggalian sa langit, ay naging mithiin na ni Satanas ang ibagsak ang kautusan ng Diyos. Ang ipinaghimagsik niya sa Maylalang ay ang adhika ngang ito'y maisagawa; at bagaman napalayas na siya sa langit, ay ipinagpapatuloy pa rin niya ang pakikibaka dito sa lupa. Ang dayain ang mga tao, at sa gayo'y maakay silang sumuway sa kautusan ng Diyos, ay siyang adhikaing walang tigil niyang itinataguyod. Kahit na paano ang pagkaganap nito, maging sa pamamagitan ng pagwawalang kabuluhan sa kautusan o kaya'y sa pagtatakwil sa isa sa mga utos nito, ang kauuwian ay iisa. Ang natitisod sa "isa" ay naghahayag ng paghamak sa buong kautusan; ang kanyang impluensya at halimbawa ay nasa panig ng pagsuway; siya'y nagiging "makasalanan sa lahat."[1]

Sa pagsisikap ni Satanas na hamakin ang mga banal na utos, binaligtad niya ang mga aral ng Biblia, at sa ganito'y napalakip ang mga kamalian sa pananampalataya ng libu-libong nagbabansag na nananalig sa Banal na Kasulatan. Ang kahuli-hulihang tunggalian ng kamalian at ng katotohanan ay wakas lamang ng malaong paglalabanan tungkol sa kautusan ng Diyos. Pumapasok na tayo ngayon sa labanang ito—isang labanan ng mga batas ng mga tao at ng mga utos ni Heoba, labanan ng relihiyon ng Banal na Kasulatan at ng relihiyon ng katha-katha at sali't saling sabi.

Ang mga kinatawang mangagkakaisa laban sa katotohanan at
[498] katuwiran sa punyagiang ito ay masiglang nag- sisigawa ngayon.
[499] Ang banal na salita ng Diyos, na ipinamana sa atin sa pamamagitan ng maraming pagbabata at dugo, ay bahagya nang pinahahalagahan. Ang Biblia ay nasa maaabot ng lahat, nguni't iilan ang tumatanggap dito na pinakapatnubay sa kabuhayan. Ang kawalan ng pananampalataya ay palasak, hindi lamang sa sanlibutan, kundi pati sa loob ng iglesya. Marami ang mga nagsisitanggi sa mga doktrinang pinakahaligi ng pananampalatayang Kristiyano. Ang mga dakilang

[1] Santiago 2:10.

katunayan ng mga kinasihang nagsisulat, ang pagkakasala ng tao, ang pagtubos, at ang pamamalagi ng kautusan ng Diyos, ang lahat o ang bahagi nito, ay halos pawang tinanggihan ng nagpapanggap na daigdig Kristiyano. Ipinalalagay ng libu-libong nagpapalalo dahil sa kanilang karunungan at pagkamapagsarili, na isang kahinaan ang maglagak ng ganap na tiwala sa Banal na Kasulatan: inaakala nilang isang katunayan ng malaking kakayahan at kaalaman ang pagtuligsa sa Banal na Kasulatan, ang pag-uukol sa espiritu at ang pagpapawalang kabuluhan sa mahalagang katotohanan nito sa pamamagitan ng paliwanag. Maraming ministro ang nagtuturo sa kanilang mga tao, at maraming propesor at mga guro ang nagtuturo sa kanilang mga mag-aaral na ang kautusan ng Diyos ay nabago o inalis na; at yaong mga kumikilala na may bisa pa hanggang ngayon ang mga utos nito, upang sundin ayon sa pagkasulat, ay ipinalalagay na karapat-dapat sa pagkutya at paghamak. Sa pagtatakwil ng mga tao sa katotohanan ay itinatakwil nila pati ang May-gawa nito. Sa pagyurak nila sa kautusan ng Diyos, ay tinatanggihan nila ang kapangyarihan ng Nagbigay-utos.

Walang kamaliang tinanggap ng daigdig Kristiyano na lalong may katapangang lumaban sa kapangyarihan ng langit, walang lalong salungat sa mga ipinakikilala ng katuwiran, walang lalong mapanganib sa kanyang ibinubunga, kaysa kasalukuyang aral, na mabilis na kumakalat, na ang kautusan ng Diyos ay di na dapat
talimahin ng tao. Ang bawa't bansa ay may kanyang mga batas, na [500]
nag-uutos ng paggalang at pagtalima; walang makapamamalaging pamahalaan kung wala ang mga ito, at maipalalagay kaya na ang Maylalang ng langit at ng lupa ay walang kautusan upang mamahala sa mga kinapal Niya? Lalo parg tugma na pawiin ng mga bansa ang kanilang sariling mga kautusan, at pahintulutan ang bayan na gumawa ng bala nilang mananasa, kaysa pawalang kabuluhan ng Puno ng santinakpan ang Kanyang kautusan, at pabayaan ang sanlibutan na walang batayan ng paghatol sa mga makasalanan o sa pag-aaring matuwid sa mga masunurin.

Kapag pinabayaan ang pamantayan ng katuwiran, nabubuksan ang daan upang maitatag ng pangulo ng kasamaan ang kanyang kapangyarihan dito sa lupa. Saan man tinatanggihan ang mga banal na utos, ang kasalanan ay hindi lumilitaw na pagkakasala, ni hindi lumilitaw ang katuwiran na isang bagay na kanasa-nasa. Yaong

tumatangging pasakop sa pamahalaan ng Diyos ay lubos na hindi nababagay na mamahala sa kanilang mga sarili. Sa pamamagitan ng kanilang mga mapanirang aral, ang diwa ng di-pagpapasakop ay natatanim sa puso ng mga bata at kabataan, na katutubong di-makapagtiis ng pagsupil; at ang nagiging bunga'y isang walang batas at mahalay na lipunan. Samantalang kinukutya ng karamihan ang paniniwala niyaong mga gumaganap sa mga kahilingan ng Diyos, ay sabik naman silang tumatanggap sa mga daya ni Satanas. Pinapaghahari nila ang mahahalay na pita ng laman, at gumagawa sila ng mga pagkakasalang tumawag ng mga hatol ng Diyos sa mga pagano.

Yaong nangagtuturo sa mga tao na di-gaanong pahalagahan ang mga utos ng Diyos, ay nangaghahasik ng kasuwailan upang mag-ani ng kasuwailan. Alisin ninyo ang pagpigil ng kautusan ng Diyos, at hindi malalaunan at hindi rin papansinin ang mga kautusan ng mga
[501] tao. Sapagka't ipinagbabawal ng Diyos ang masasamang gawa, ang pag-iimbot, ang pagsisinungaling, at ang pagdaraya, ang mga tao'y handang yumurak sa kanyang kautusan bilang isang pumipigil sa kanilang pagsagana sa sanlibutan; datapuwa't ang mga ibubunga ng pagtatakwil sa mga utos na ito ay magiging kaiba kaysa kanilang inaasahan. Kung wala nang pananatili ang kautusan, ay bakit natatakot pa ang mga tao na sumalansang? Ang ariarian ay hindi na malalagay sa panatag. Kukuning pagahasa ng mga tao ang mga ariarian ng kanilang kapuwa; at ang pinakamalakas ay siyang magiging pinakamayaman. Pati ng buhay ay hindi pagpipitaganan. Ang sumpaan sa pag-aasawa ay hindi mananayong pinaka isang banal na kutang magsasanggalang sa sambahayan. Kung nanasain ng mayroong lakas, maaagaw niya ang asawa ng kanyang kapuwa sa pamamagitan ng dahas. Ang ikalimang utos ay itatakwil na kasama ng ikaapat. Ang mga anak ay hindi na uurong pang umutang ng buhay ng kanilang mga magulang, kung sa gayo'y matatamo nila ang nasa ng kanilang masasamang puso. Ang sanlibutan ng kabihasnan ay magiging isang hukbo ng mga magnanakaw at mamamatay tao; at ang kapayapaan, kapanatagan at kaligayahan ay mawawala sa lupa.

Ngayon pa ma'y ang aral na ang mga tao ay wala sa pagganap ng mga utos ng Diyos, ay nagpahina sa bisa ng pagsunod at nagbukas ng mga pintuang dinaanan ng malaking baha ng kasamaan sa sanlibutan.

Ang di pagkilala sa kautusan, ang kabulagsakan, at ang karumihan ng pag-iisip ay tulad sa isang malaking bahang tumatabon sa atin.

Ang lumaganap na kasamaan at kadilimang ukol sa espiritu sa ilalim ng pagpupuno ng Roma ay ang di-maiwasang bunga ng kanyang pagtatakwil sa Banal na Kasulatan; datapuwa't saan masusumpungan ang dahil ng malaganap na kawalan ng pananampalataya, ang pagtanggi sa kautusan ng Diyos, at ang kasiraang ibubunga nito, sa harap ng lubusang liwanag ng ebanghelyo at sa pa- nahon ng kalayaan sa relihiyon? Ngayong hindi na maipailalim [502]
ni Satanas ang sanlibutan sa kanyang kapamahalaan sa pamamagitan ng pagkakait ng Kasulatan, ay iba namang paraan ang kanyang ginagamit upang maganap ang layunin ding ito. Ang pagsira ng pananalig sa Banal na Kasulatan ay gayon ding gumaganap ng kanyang adhika na katulad din ng pagsira sa Banal na Kasulatan. Sa pagpapasok niya ng paniniwala, na hindi na nananatili pa ang kautusan ng Diyos, ay malakas niyang naaakay ang mga tao na sumalansang na anaki'y wala silang naaalamang anuman tungkol sa mga utos nito. Ang mga pinuno ng kilusan tungkol sa pangingilin ng Linggo ay mangyayaring magpasok ng mga pagbabagong kinakailangan ng mga tao, mga simulaing kasangayon ng Banal na Kasulatan; datapuwa't habang may nalalakip sa mga ito na isang utos na lumalaban sa kautusan ng Diyos ang mga lingkod ng Panginoon ay hindi makasasama sa kanila. Walang makapag-aaring matuwid sa kanila sa pagpapalit ng mga utos ng mga tao sa mga utos ng Panginoon.

Sa pamamagitan ng dalawang malaking kamalian: ang hindi pagkamatay ng kaluluwa at ang kabanalan ng Linggo, ay dadalhin ni Satanas ang mga tao sa ilalim ng kanyang mga daya. Samantalang ang una'y nagtatayo ng patibayan ng espiritismo ang ikalawa'y lumilikha ng isang tali ng pakikiramay ng damdamin sa Roma. Ang mga makapapa, na may pagmamalaking nagsasabi na ang kababalaghan ay isang tanda ng tunay na iglesya, ay madaling madaraya ng kapangyarihang gumagawa ng kababalaghan; at palibhasa'y itinapon ng mga Protestante ang kalasag ng katotohanan, ay madaraya rin sila. Ang mga makapapa, ang mga Protestante, at ang mga makasanlibutan ay paraparang magsisitanggap ng anyo ng kabanalan na walang kapangyarihan nito, at sa pagkakaisang ito ay makikita nila ang isang kilusan na siyang hihikayat sa sanlibutan, at maghahatid

[503] ng isang libong taon ng kapa- yapaan at kaligayahan na malaon nang panahong inaantabayanan.

Sa pamamagitan ng espiritismo, ay nagkukunwari si Satanas na mapagkawanggawa sa sangkatauhan, na nilulunasan ang mga karamdaman ng mga tao, at magpapanggap na makapaghaharap ng isang bago't lalong marangal na kaayusan ng relihiyon; samantala'y gumagawa siya bilang isang mangwawasak. Ang kanyang mga tukso ay umaakay sa maraming tao sa kapahamakan. Ang di-pagtitimpi ay nagbabagsak ng katuwiran; at dito'y sumusunod ang pagkabuyo sa kahalayan, pagaalit, at pagbubuhos ng dugo. Kinalulugdan ni Satanas ang pagdidigmaan; sapagka't ito ang gumigising sa pinakamasamang damdamin ng kaluluwa, at nagtataboy sa walang-hanggang pagkapahamak sa kanyang mga sinawing gumon sa bisyo at pagbubuhos ng dugo. Ang kanyang layunin ay ang papagdigmain ang mga bansa sapagka't sa ganito'y maaalis niya ang isipan ng mga tao sa gawang paghahanda upang makatayo sa kaarawan ng Diyos.

Gumagawa rin naman si Satanas sa pamamagitan ng mga elemento upang maipon ang kanyang ani na mga hindi handang kaluluwa. Pinag-aralan niya ang mga lihim na paggawa ng kalikasan, at ginagamit niya ang kanyang kapangyarihan upang pamunuan ang mga elemento ayon sa ipinahihintulot sa kanya ng Diyos. Nang siya'y pahintulutang magpahirap kay Job, ay kaydaling pinalis niya ang mga kawan ng tupa at baka, mga alila, mga bahay, mga anak, sunud-sunod na dumating ang kabagabagan na mandi'y sa isang sandali lamang.

Ang Diyos ang siyang nagsasanggalang sa Kanyang mga nilikha, at nagkakanlong sa kanila buhat sa kapangyarihan ng manglilipol. Datapuwa't ang Sangkakristiyanuhan ay nagpakita ng paghamak sa kautusan ng Diyos; at gagawin ng Panginoon ang sinabi Niya na
[504] kanyang gaga- win—babawiin Niya ang Kanyang mga pagpapala sa lupa, at aalisin ang Kanyang pag-iingat doon sa mga nangaghihimagsik sa Kanyang kautusan at nagtuturo at namimilit sa mga iba na gumawa ng gayon din.

Pinamamahalaan ni Satanas ang lahat ng hindi tanging iniingatan ng Diyos. Lilingapin at pasasaganain niya ang ilan upang maitaguyod ang kanyang mga layunin; at dudulutan naman niya ng bagabag ang mga iba, at papaniniwalain sila na ang Diyos ang siyang

sa kanila'y pumipighati. Bagaman siya'y nag-aanyo sa mga tao na isang dakilang manggagamot na makapagpapagaling sa lahat nilang karamdaman, ay magdadala siya ng sakit at kapahamakan, hanggang sa maging kagibaan at maging basal ang mga bayang tinatahanan ng maraming tao. Ngayon pa ma'y gumagawa na siya. Sa mga bigla't malulubhang kapahamakan at kasakunaan sa dagat at sa lupa, sa malaking sunog, sa mga mapanirang buhawi at kakila-kilabot na bagyo ng yelo, sa mga unos, baha, ipuipo, biglang paglaki ng tubig, at lindol, sa lahat ng dako at sa isang libong anyo, ay ginagamit ni Satanas ang kanyang kapangyarihan. Sinisira niya ang nahihinog na pananim, at nagkakaroon ng kagutom at panglulupaypay. Ang hangin ay pinupuno niya ng sakit, at libu-libo ang napapahamak sa salot.

Ang mga pagpaparusang ito ay magiging lalo't lalong malimit at mapangwasak. Ang kapahamakan ay darating sa tao at sa hayop. "Ang lupa ay tumatangis at nasisira," "ang mapagmataas na bayan . . . ay manghihina. Ang lupa naman ay nadumhan sa ilalim ng mga nainanahan doon; sapagka't kanilang sinalansang ang kautusan, binago ang alituntunin, sinira ang walanghanggang tipan."[2]

At kung magkagayo'y papaniniwalain ng bihasang magdarayang ito na ang mga tao na naglilingkod sa Diyos ay siyang may kaga-
gawan sa mga kasamaang ito. Ipararatang ng mga taong naging [505]
dahil ng di-pagkalugod ng Langit ang lahat nilang kabagabagan doon sa mga taong ang pagtalima sa mga utos ng Diyos ay isang palaging pagsaway sa mga mananalansang. Ipahahayag nilang ginagalit ng tao ang Diyos dahil sa pagsuway nila sa kapangilinang Linggo; na ang salang ito ay nagdala ng mga kasakunaan na hindi titigil hanggang sa hindi mahigpit na ipag-utos ang pangingilin ng Linggo; at ang nagsasabi na dapat sundin ang ikaapat na utos, na sa gayo'y sinisira ang paggalang sa Linggo, ay gumugulo sa bayan, na hinahadlangan ang kanilang pagbabalik sa lingap ng Diyos at sa kaginhawahan sa buhay na ito.

Ang kapangyarihang gumagawa ng kababalaghan na nahayag sa pamamagitan ng espiritismo ay gagamit ng kanyang impluensya laban sa mga nagpapasiyang susunod sa Diyos bago sa mga tao. Ang mga pakikisangguni sa mga espiritu ay magsasabing isinugo

[2]Isaias 24:4, 5.

sila ng Diyos upang ipakilala sa mga tumatanggi sa Linggo ang kanilang kamalian, na pagtibayin nila na ang mga batas ng bayan ay kinakailangang sundin gaya ng kautusan ng Diyos. Ikahahapis nila ang malaking kasamaan sa sanlibutan, at kakatigan nila ang patotoo ng mga tagapagturo ng relihiyon, na ang mababang kalagayang moral ay dahil sa paglapastangan sa Linggo. Magiging malaki ang poot sa mga ayaw tumanggap sa kanilang patotoo. Ang patakaran ni Satanas sa huling pakikilaban niyang ito sa bayan ng Diyos ay gaya rin ng ginamit niya noon magpasimula ang malaking tunggalian sa langit. Ipinamamansag niyang kanyang sinikap na pagtibayin ang pamahalaan ng Diyos, samantalang lihim na iniuubos niya ang lahat niyang kaya upang ito'y ibagsak. At yaong gawaing sinikap niyang mangyari ay ipinaratang niya sa mga tapat na anghel.

Kailan ma'y hindi pinipilit ng Diyos ang kalooban o ang budhi ng tao; datapuwa't ang palaging ginagawa ni Satanas—na mapag-
[506] punuan yaong hindi madaraya sa ibang paraan—ay pilitin sila sa pamamagitan ng kalupitan. Sa pamamagitan ng pananakot o pamimilit ay sinisikap niyang pagharian ang budhi ng tao, upang siya'y igalang. Upang ito'y maganap ay gumagawa siya sa pamamagitan ng mga may kapangyarihan sa relihiyon at pamahalaan, na uudyukan silang mag-utos ng mga batas ng tao na siyang pagsumang sa kautusan ng Diyos. Sa pagtanggi ng mga iglesyang Protestante sa malilinaw na katuwirang mula sa Kasulatan na nagsasanggalang sa kautusan ng Diyos, ay pananabikan nilang mapatahimik yaong mga may pananampalatayang hindi nila maibagsak sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan. Bagaman ipinikit nila ang kanilang mga mata sa katunayan, ay ginagawa nila ngayon ang isang hakbang na mag-aakay sa pag-uusig sa mga may malinis na budhing tumatanggi sa paggawa ng gaya ng ginagawa ng ibang daigdig Kristiyano, at ayaw kumilala sa mga pag-aangkin ng kapangilinang makapapa.

Ang mga matataas na tao ng iglesya at ng pamahalaan ay mangagtutulong upang suhulan, hikayatin, o pilitin kaya ang lahat ng tao na igalang ang Linggo. Ang kakulangan ng kapangyarihang mula sa Diyos ay papalitan ng mga mapagpahirap na batas. Ang kabulukan sa politika ay sumisira ng pag-ibig sa katarungan at paggalang sa katotohanan; at maging sa malayang Amerika ang mga makapangyarihan at mangbabatas ay pahihinuhod sa kahilingan ng madla na gumawa ng batas na naguutos na ipangilin ang Linggo up-

ang makamtan ang pagtingin ng bayan. Ang kalayaan ng budhi, na binayaran sa pamamagitan ng di-maulatang kahirapan, ay hindi pagpipitaganan. Sa malapit nang dumating na tunggalian ay makikita nating matutupad ang mga pangungusap ng propeta: "Nagalit ang dragon sa babae, at umalis upang bumaka sa nalabi sa kanyang binhi, na siyang nagsisitupad ng utos ng Diyos, at may patotoo ni Jesus."[3] [507]

[3] Apocalipsis 12:17.

## *Kabanata 35*—Ang sanggalang laban sa pagdaraya

Sa kautusan at sa patotoo! kung hindi sila magsalita ng ayon sa salitang ito, tunay na walang umaga sa kanila."[1] Ang bayan ng Diyos ay itinuturo sa mga Banal na Kautusan na nagsasanggalang sa kanila laban sa impluensya ng mga di-tunay na tagapagturo at sa magdarayang kapangyarihan ng mga espiritu ng kadiliman. Ginagamit ni Satanas ang lahat ng paraang abot ng kanyang katalinuhan upang mapigil niya ang mga tao sa pagkakaroon ng kaunawaan tungkol sa Banal na Kasulatan; sapagka't ang malinaw na pangungusap nito'y naghahayag ng kanyang pagdaraya. Sa bawa't pagbabagong sigla ng gawain ng Diyos, ang prinsipe ng kasamaan ay nagigising sa lalong mahigpit na paggawa; iniuubos niya ngayon ang buo niyang kaya para sa pangwakas na pakikilaban kay Kristo at sa mga sumusunod sa kanya. Ang kahuli-hulihang malaking pandaya ay malapit nang mabuksan sa harap natin. Gagawin ng antikristo ang kanyang mga gawang kababalaghan sa ating mga paningin. Ang huwad ay magiging katulad na katulad ng tunay, na anupa't hindi mangyayaring makilala ang pagkakaiba ng dalawa malibang suriin sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan. Sa mga patotoo nito'y nararapat subukin ang bawa't pahayag at bawa't kababalaghan.

Ang nangagsisikap na sumunod sa lahat ng utos ng Diyos, ay sasalangsangin at kukutyain. Sila'y makatatayo sa lakas lamang ng Diyos. Upang mabata ang pagsubok na nasa harapan nila ay kinakailangang maunawa nila ang kalooban ng Diyos ayon sa naha-
[508] hayag sa Kanyang salita; mapararangalan nila Siya kung mayroon
[509] silang matuwid na pagkakilala sa Kanyang likas, pamahalaan, at mga layunin, at kung gumagawa silang kasangayon ng mga ito. Wala kundi iyong nangagpatibay ng kanilang pag-iisip sa pamamagitan ng mga katotohanan ng Biblia ang makatatayo sa kahuli-hulihang malaking tunggalian. Sa bawa't kaluluwa'y darating ang sumasaliksik na pagsubok: Susundin ko ba ang Diyos bago ang tao? Narito na ang oras na magpapasiya. Nakatayo ba ang ating mga paa sa

[1] Isaias 8:20.

malaking bato ng hindi mababagong salita ng Diyos? Handa ba tayong tumayong matatag sa pagsasanggalang sa mga utos ng Diyos at sa pananampalataya kay Jesus?

Bago napapako sa krus ang Tagapagligtas ay ipinaliwanag muna Niya sa Kanyang mga alagad na Siya'y papatayin, at Siya'y muling babangon sa libingan; at noo'y kaharap ang mga anghel upang ikintal ang mga pangungusap niya sa mga pag-iisip at puso nila. Datapuwa't ang hinihintay ng mga alagad ay ang pagkaligtas nila sa pamatok ng Roma, at hindi nila matanggap ang isipan, na Siya, na hantungan ng lahat nilang pag-asa ay magdaraan sa kahiya-hiyang pagkamatay. Ang mga pangungusap na dapat nilang matandaan ay nawala sa kanilang mga pag-iisip; at nang dumating ang panahon ng pagsubok, ay natagpuan silang mga hindi handa. Ang pagkamatay ni Jesus ay ganap na sumira ng kanilang mga pag-asa na parang hindi sila binalaang pauna. Kaya nga't sa mga hula, ang panahong ating hinaharap ay nalalahad sa harap natin na kasinlinaw ng pagkalahad nito sa mga alagad sa pamamagitan ng mga salita ni Kristo. Ang mga pangyayaring nauugnay sa pagtatapos ng panahon ng biyaya, at ang gawaing paghahanda sa panahon ng kabagabagan, ay maliwanag na inihahayag. Datapuwa't napakarami ang hindi nakauunawa ng mahahalagang katotohanang ito na para bagang hindi kailan man nahayag. Laging nakabantay si Satanas upang agawin ang lahat ng [510]
mababakas na katotohanan na siyang sa mga tao'y magpapatalino sa ikaliligtas, at aabutan sila ng panahon ng kabagabagan na mga hindi handa.

Pagka nagpapadala ang Diyos sa mga tao ng mga babalang totoong mahalaga, na anupa't ang mga ito'y kinakatawanan ng mga banal na anghel na lumilipad sa gitna ng langit, hinihingi Niya na ang bawa't taong pinagkalooban ng kapangyarihang umisip ay makinig sa pabalita. Ang mga kakila-kilabot na hatol na ipinahayag laban sa pagsamba sa hayop at sa kanyang larawan [2] ay dapat makaakay sa lahat sa isang masinop na pag-aaral ng mga hula upang matutuhan kung ano ang tanda ng hayop, at kung paano naman ang pag-iwas upang huwag matanggap ito. Datapuwa't ang karamihan ay tumatalikod upang huwag pakinggan ang katotohanan, at nagsibaling sila sa mga katha-katha. Sa pagtunghay ni Apostol Pablo sa mga huling

[2] Apocalipsis 14:9-11.

araw, ay ipinahayag niya: "Darating ang panahon na hindi nila titiisin ang magaling na aral."[3] Dumating na ang panahong iyan. Ang karamihan ay ayaw sa katotohanan ng Banal na Kasulatan, pagka't nanghihimasok ito sa nasain ng pusong makasalanan at maibigin sa sanlibutan; at ibinibigay naman ni Satanas ang mga karayaang kanilang iniibig.

Datapuwa't ang Diyos ay magkakaroon ng isang bayang magkakandili sa Biblia, at sa Biblia lamang, bilang pamantayan ng lahat ng aral, at batayan ng lahat na pagbabago.

Ang mga pala-palagay ng mga pantas, ang mga hinuha ng siyensiya, ang mga pahayag ng pananampalataya o kapasiyahan ng mga kapulungan ng iglesya, na nagkakasalungatan at kasindami ng mga iglesya na ring kinakatawan nila, ang tinig ng nakararami—ang isa, ni ang lahat ng ito ay hindi dapat tanggaping patotoo laban o ayon sa anumang bahagi ng relihiyon. Bago natin tanggapin ang anumang
[511] aral o utos, ay dapat muna nating hingin kung ito'y pinatitibayang malinaw ng "Sabi ng Panginoon."

Laging sinisikap ni Satanas na tawagin ang pansin sa tao sa lugar ng sa Diyos. Inaakay niya ang mga tao na tumingin sa mga obispo, sa mga pastor, at sa mga guro ng teolohiya, na pinaka patnubay nila, sa halip na sa pagsasaliksik ng mga Kasulatan upang matutuhan ang kanilang tungkulin. Sa gayo'y, sa pamamagitan ng pamamahala niya sa mga pag-iisip ng mga nangungulong ito, ay maiimpluensya niya ang marami ng ayon sa kanyang kalooban.

Nang pumarito si Kristo upang salitain ang mga salita ng buhay, pinakinggan Siyang may kagalakan ng mga karaniwang tao; at marami, maging sa mga saserdote at mga pinuno, ang naniwala sa Kanya. Datapuwa't ang punong saserdote at ang mga mataas na tao ng bansa ay nangagpasiyang humatol at magtakwil sa Kanyang mga aral. Bagaman sila'y nangalito sa lahat nilang pagsisikap na humanap ng mga ipararatang sa kanya, bagaman di nila maiwasan ang pagkadama sa impluensya ng banal na kapangyarihan at karunungang umaakbay sa Kanyang mga pangungusap, gayon ma'y inilagi nila ang kanilang sarili sa maling pagkakilala; tinanggihan nila ang pinakamalinaw na katibayan ng Kanyang pagka Mesias, baka mapilitan silang maging alagad Niya. Ang mga katunggaling

[3] 2 Timoteo 4:3.

ito ni Jesus ay mga lalaki na sa kanila'y tinuruan ang mga tao na gumalang mula sa kanilang pagkasanggol, at sa kapangyarihan nila ay pinagkaugalian na ng mga tao ang lubos na pagyukod. "Bakit nga," ang tanong nila, "na ang ating mga pinuno at matatalinong eskriba ay hindi nananiniwala kay Jesus? Hindi baga Siya tatanggapin ng mga banal na taong ito kung talagang Siya nga ang Kristo?" Ang impluensya ng mga tagapagturong iyan ang siyang umakay sa bansang Hudyo upang itakwil ang kanilang Manunubos.

Ang diwang kumilos sa mga saserdote at mga pinuno ay in- [512]
ihahayag pa rin hangga ngayon ng maraming nagpapanggap ng malaking kabanalan. Ayaw nilang siyasatin ang patotoo ng mga Kasulatan hinggil sa mga katangitanging katotohanang ukol sa panahong ito. Itinuturo nila ang kanilang sariling karamihan, ang kanilang kayamanan, at ang pagkatanghal nila, at hinahamak nila ang mga nagtatanyag ng katotohanan na sinasabing iilan, mga dukha, at hindi kilala, na may pananampalatayang naghihiwalay sa kanila sa sanlibutan.

Paunang nakita ni Kristo na ang malabis na pangangamkam ng mga eskriba at pariseo sa kapangyarihan ay hindi mawawakasan sa pangangalat ng mga Hudyo. Isang hulang tanawin ang nakita Niya ng gawang pagtatanghal sa kapangyarihan ng tao upang ito ang papaghariin sa budhi, kapangyarihang naging isang katakut-takot na sumpa sa iglesya sa lahat ng panahon. At ang nakatatakot niyang paghatol sa mga eskriba at Pariseo, at ang mga babala niya sa mga tao na huwag sumunod sa mga bulag na tagaakay na ito, ay pawang mga itinala upang magpaalaala sa mga susunod na lahi.

Ang karapatang magpaliwanag ng mga Kasulatan ay itinaan ng kapapahan para sa mga pari. Dahil sa pangangatuwiran na ang mga pari lamang ang may kayang magpaliwanag ng salita ng Diyos, ito'y ipinagkait sa mga karaniwang tao. Bagaman ibinigay ng Reporma ang Kasulatan sa mga kamay ng kalahatan, ang simulaing ito na pinanghawakan ng Roma ay nakapipigil din sa maraming tao sa mga iglesyang Protestante na magsaliksik ng Banal na Kasulatan sa ganang kanilang sarili. Itinuturo sa kanila na kanilang tanggapin ang mga aral ng Kasulatan *alinsunod sa ipinaliliiuanag ng iglesya*; at may libu-libo na ayaw tumanggap ng anuman, kahi't na maliwanag na ipinakikilala ng Kasulatan, kailan ma't laban sa kanilang pananampalataya, o sa aral ng kanilang iglesya.

[513] Bagaman ang Banal na Kasulatan ay nananagana sa mga babala laban sa mga bulaang tagapagturo, marami pa rin ang handang magpakupkop ng kaluluwa nila sa mga ministro at pari. Libulibo ngayon sa mga nagpapanggap ng relihiyon, ang walang ibang maikakatuwiran sa panghahawak nila sa mga bahagi ng kanilang pananampalataya maliban sa iyon ang sa kanila'y itinuro ng mga nangungulo sa kanilang relihiyon. Nilalampasan nilang halos dipansin ang mga aral ng Tagapagligtas, at inilalagak nila ang malabis nilang pagtitiwala sa mga salita ng kanilang mga ministro. Nguni't hindi baga nagkakamali ang mga ministro? Papaano nga natin maipagkakatiwala ang ating mga kaluluwa sa kanilang pangunguna, malibang nauunawa natin, mula sa salita ng Diyos, na sila'y tagapagdala ng liwanag? Ang kakulangan ng katapangang moral na lumihis sa landas ng sanlibutan, ay umaakay sa marami na sumunod sa mga hakbang ng mga taong nagsipagaral; at dahil sa ayaw silang magsiyasat sa ganang kanilang sarili ay walang pag-asa silang napapatali sa mga tanikala ng kamalian. Nakikita nilang ang katotohanang ukol sa panahong ito ay malinaw na ipinakikilala ng Biblia, at nadadama nila ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na umaakbay sa pagpapahayag dito; gayon ma'y pinahintulutan nila ang pagtutol ng mga ministro na maglayo sa kanila sa liwanag. Bagaman nahihikayat ang pag-iisip at budhi ng mga nangadayang kaluluwang ito, gayon ma'y di sila makapangahas na mag-isip ng kaiba sa iniisip ng kanilang ministro; at ang pagkukuro ng bawa't isa sa kanila, at ang walanghanggang kapakanan nila, ay pinapalitan ng iba ng kawalaan ng pananampalataya, ng kapalaluan at maling pagkakilala.

Marami ang paraan ng paggawa ni Satanas sa pamamagitan ng tao upang matalian ang kanyang mga bihag. Nakakabig niya sa kanya ang marami, sa pamamagitan ng pagtatali sa kanila ng mga
[514] sedang lubid ng pag-ibig sa mga kaaway ng krus ni Kristo. Maging anuman ang pagkakataling ito, maging sa magulang, sa anak, sa asawa, o sa kaibigan, ang ibinubunga ay iisa; ang mga lumalaban sa katotohanan ay nag-uubos ng kanilang lakas upang mapagharian ang budhi, at ang mga kaluluwang napaghaharian ng ganito ay walang sapat na tapang o kalayaan upang sumunod sa kanilang sariling pagkakilala sa kanilang tungkulin.

Ang katotohanan at ang kaluwalhatian ng Diyos ay hindi mapaghihiwalay; yamang nasa maaabot natin ang Biblia ay hindi natin mapararangalan ang Diyos sa pamamagitan ng paniniwalang batbat ng kamalian. Marami ang nangangatuwiran na walang pagkakaiba, maging anuman ang paniniwala ng isang tao, matuwid lamang ang kanyang kabuhayan. Datapuwa't ang kabuhayan ay nahuhugis ng pananampalataya. Kung malapit sa atin ang liwanag at katotohanan at di natin samantalahin ang karapatang pakinggan at malasin ito, ay tinanggihan na rin natin ito; pinipili natin ang kadiliman sa halip ng kaliwanagan.

"May daan na tila matuwid sa tao, nguni't. ang dulo niyaon ay mga daan ng kamatayan."[4] Ang hindi pagkaalam ay hindi maidadahilan sa pagkakamali o sa pagkakasala, kapagka nasa atin ng lahat ang pagkakataong makilala ang kalooban ng Diyos. Ang isang tao ay naglalakad, at dumating sa isang dakong maraming sanga ang landas, at may isang posteng nagtuturo kung saan ang tungo ng bawa't isa. Pagka hindi niya pinansin ang posteng ito at tinunton niya ang alin mang landas na inaakala niyang tama, maaaring siya'y taimtim, datapuwa't malamang na siya'y maligaw.

Dapat nating iubos ang buong kapangyarihan at lakas ng ating pag-iisip sa pag-aaral ng Banal na Kasulatan, at batakin natin ang ating pang-unawa upang matarok natin, hanggang maabot ng pag-iisip ng tao, ang malalim na bagay ng Diyos; nguni't huwag [515]
nating lilimutin na ang kasabikang matuto at kaamuang loob ng isang bata ay siyang tunay na espiritu ng nag-aaral. Ang mahihirap na suliranin sa Kasulatan ay hindi mauunawang lubos sa pamamagitan ng mga paraang ginagamit sa pag-unawa sa mahihirap na suliranin ng pilosopiya. Sa pag-aaral ng Kasulatan ay hindi tayo nararapat magtiwala sa ating sarili gaya ng ginagawa ng marami sa kanilang pagpasok sa larangan ng siyensiya, kundi magtaglay tayo ng mapanalangining pananalig sa Diyos, at mataos na pagnanasang matutuhan ang Kanyang kalooban. Nararapat tayong lumapit na may isang mapagpakumbaba't napatuturong diwa upang tumanggap ng kaalaman sa dakilang AKO NGA. Kung hindi gayon, ay bubulagin ang ating mga pag-iisip at patitigasin ang ating mga puso ng

[4]Kawikaan 16:25.

gayon na lamang ng masasamang anghel, na anupa't hindi na tayo tatalaban ng katotohanan.

Maraming bahagi ng Kasulatan na ipinahayag na isang hiwaga ng mga marunong, o pinalampas kayang tulad sa walang kabuluhan, ang puno ng kaaliwan at aral sa isang tinuruan sa paaralan ni Kristo. Ang isang dahilan kung bakit ang maraming teologo ay walang malinaw na kaunawaan sa salita ng Diyos ay, sapagka't ipinipikit nila ang kanilang mga mata sa mga katotohanang ayaw nilang isakabuhayan. Ang pagkaunawa sa katotohanan ng Biblia ay hindi gaanong nasasalig sa kapangyarihan ng pag-iisip na ginamit sa pagsasaliksik na digaya ng pagkakaroon ng isang layunin, na taimtim na pagkasabik sa katuwiran.

Ang Biblia ay hindi dapat pag-aralan ng walang kalakip na panalangin. Ang Banal na Espiritu lamang ang makagagawa upang madama natin ang kahalagahan niyaong mga bagay na madaling mauunawa, o makapipigil sa atin sa pagpilipit ng mga katotohanang
[516] mahirap unawain. Ang mga banal na anghel ang may tungkuling maghanda ng puso sa pag-unawa ng salita ng Diyos, upang tayo'y mahalina ng kagandahan nito, maaralan ng mga babala nito, o sumigla at mapalakas ng mga pangako nito. Dapat nating gawing atin ang pamanhik ng mang-aawit: "Idilat Mo ang aking mga mata, upang ako'y makakita ng kagilagilalas na mga bagay sa Iyong kautusan."[5] Ang mga tukso'y malimit na tila mandin hindi mapaglalabanan, sapagka't sa dahilang kinakaligtaan ang panalangin at ang pag-aaral ng Biblia, ay hindi kaagad maalaala ng natutukso ang mga pangako ng Diyos at salagin si Satanas ng mga sandata ng Kasulatan. Datapuwa't ang mga anghel ay nakapalibot doon sa mga handang paturo tungkol sa mga bagay ng Diyos at sa panahon ng malaking pangangailangan ay ipaalaala nila ang mga katotohanang kinakailangan. Sa gayo'y "pagka dumating ang kaaway na parang bugso ng tubig, ang Espiritu ng Panginoon ay magtataas ng isang bandila laban sa kanya."[6]

Pinangakuan ni Jesus ang Kanyang mga alagad na, "Ang mangaaliw, ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa Aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay, at magpapaalaala ng

[5]Mga Awit 119:18.

[6]Isaias 59:19.

lahat na sa inyo'y Aking sinabi."[7] Nguni't kailangan munang masilid sa pag-iisip ang mga itinuro ni Kristo, upang maipaalaala ng Espiritu ng Diyos ang mga ito sa panahon ng kapanganiban. "Ang salita mo'y aking iningatan sa aking puso, upang huwag akong magkasala laban sa Iyo."[8] Ang lahat ng nagpapahalaga sa kanilang mga kapakanang walang-hanggan ay dapat mag-ingat sa pagpasok ng pag-aalinlangan. Ang mga haligi na rin ng katotohanan ay sasalakayin. Hindi mangyayaring layuan ang mga pag-uyam at mga pagdaraya, ang mga magdaraya't masamang aral, ng kawalang pananampalataya sa panahong ito. Ibinabagay ni Satanas ang kanyang mga tukso sa [517]
lahat ng uri ng tao. Ang mga di-nag-aral ay sinasalakay niya sa pamamagitan ng pagbibiro o pagtuya, samantalang ang mga nagsipag-aral ay sa pamamagitan naman ng mga tutol ng siyensiya at katuwiran ng pilosopiya, na pawa niyang inayos upang lumikha ng kawalang tiwala o ng pagkapoot sa mga Banal na Kasulatan. Kahit na ang kabataang kakaunti ang karanasan ay nangangahas na magmungkahi ng pag-aalinlangan hinggil sa mga simulaing pinagtitibayan ng pananampalatayang Kristiyano. At ang kawalang pananampalatayang ito ng mga kabataan, bagaman mababaw, ay may impluensya rin. Sa ganito'y marami ang naaakay na bumiro sa pananampalataya ng kanilang mga magulang, at humamak sa Espiritu ng biyaya.[9] Maraming mga buhay na nangakong magiging karangalan ng Diyos at tulong sa sanlibutan, ang nadungisan ng mabahong hininga ng kawalang pananampalataya. Ang lahat ng nagtitiwala sa mga palalong kapasiyahan ng tao, at nag-aakalang maipaliliwanag nila ang mga hiwaga ng Diyos, at sasapit sa katotohanan ng hindi tinutulungan ng karunungan ng Diyos, ay nahuhuli sa silo ni Satanas.

Tayo'y nabubuhay sa pinakamalubhang panahon ng kasaysayan ng sanlibutang ito. Ang kahahantungan ng makapal na karamihan sa lupa ay malapit nang mapasiyahan. Ang ating ikabubuti sa haharapin, at ang ikaliligtas ng mga ibang kaluluwa, ay nangasasalig sa sinusunod nating kabuhayan ngayon. Nararapat tayong paakay sa Espiritu ng katotohanan. Ang bawa't sumusunod kay Kristo ay dapat mataimtim na magtanong: "Panginoon, ano ang ipagagawa

[7] Juan 14:26.
[8] Mga Awit 119:11.
[9] Hebreo 10:29.

Mo sa akin?” Dapat tayong mangayupapa sa harap ng Panginoon na may pag-aayuno at pananalangin, at magbulaybulay sa Kanyang salita, lalo na sa mga tanawing tungkol sa paghuhukom. Nararapat tayo ngayong humanap ng malalim at buhay na karanasan sa mga [518] bagay na tungkol sa Diyos. Wala tayong nararapat na aksayahin ni isa mang sandali. Sa palibot nati’y nangyayari ang mga bagay na may malalaking kahulugan; tayo’y nasa enkantadong lupa ni Satanas. Huwag kayong mangatulog, mga bantay ng Diyos; ang kaaway ay aali-aligid at sa anumang sandaling kayo’y magpabaya at mag-antok ay handang dumakma sa inyo upang kayo’y bihagin.

Marami ang nadaraya hingil sa kanilang tunay na kalagayan sa harapan ng Diyos. Ipinagmamalaki nila ang hindi nila paggawa ng kamalian, at nalilimutan nilang bilangin ang mabubuti’t marangal na gawang sa kanila’y hinihiling ng Diyos na kanila namang kinaligtaang gawin. Hindi sapat na sila’y maging mga punong-kahoy sa halamanan ng Diyos. Nararapat na matugunan nila ang Kanyang pag-asa sa pamamagitan ng pamumunga. Pinapananagot Niya sila sa hindi nila paggawa ng lahat ng mabuting magagawa nila, sa pamamagitan ng Kanyang biyayang sa kanila’y nagpapalakas. Sa mga aklat sa langit ay matatala silang tulad sa mga nakasisikip sa lupa. Datapuwa’t ang kaso ng mga taong ito ay hindi walang pag-asa. Doon sa nangagpawalang halaga sa kaawaan ng Diyos at umiiring sa Kanyang biyaya, ang puso ng matiising pag-ibig ng Diyos ay namamanhik pa rin: “Kaya sinasabi Niya: Gumising kang natutulog, at magbangon ka sa gitna ng mga patay, at liliwanagan ka ni Kristo. Mag-ingat nga kayong lubos kung paano kayo lumalakad, . . . na inyong samantalahin ang panahon, sapagka’t ang mga araw ay masasama.”[10]

Pagka dumating na ang panahon ng pagsubok, yaong mga nagsigamit ng salita ng Diyos na pinakabatayan ng kanilang kabuhayan, ay mahahayag. Kung tagaraw ay hindi mahalata ang pagkakaiba ng mga may luntiang kulay na punong kahoy at ng mga ibang punong kahoy, datapuwa’t kapag dumating na ang panahong [519] taglamig ang nananatiling walang pagbabago ay ang mga punong kahoy na lagi nang may luntiang kulay, samantalang ang mga ibang puno ay nalalagasan ng dahon. Gayon ding hindi mahahalata ang

[10]Efeso 5:14-16.

pagkakaiba ng may magdarayang pusong nagpapanggap at ng tunay na Kristiyano, nguni't naririto na halos ang panahon na kung magkagayo'y mahahayag ang pagkakaiba. Pabayaan ninyong bumangon ang pagsalansang, mangibabaw ang pagkapanatiko at diwang mapag-usig, magningas ang pamumuksa, at ang mapag-paimbabaw at di-lubusang Kristiyano ay mag-aalinlangan at tatalikod sa kanyang pananampalataya; datapuwa't ang tunay na Kristiyano ay tatayong matibay na tulad sa malaking bato; lalong malakas ang kanyang pananampalataya, lalong maningning ang kanyang pag-asa, kaysa nang mga panahon ng kaginhawahan. [520]

[521]

## *Kabanata 36*—Ang babala sa sanlibutan

Nakita ko ang ibang anghel na nanaog mula sa langit, na may dakilang kapamahalaan; at ang lupa ay naliwanagan ng kanyang kaluwalhatian. At siya'y sumigaw ng malakas na tinig, na nagsasabi, Naguho, naguho ang dakilang Babilonya, at naging tahanan ng mga demonyo, at kulungan ng bawa't espiritung karumaldumal, at kulungan ng bawa't kasuklam-suklam na mga ibon." "At narinig ko ang ibang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, Mangagsilabas kayo sa kanya, bayan Ko, upang huwag kayong mangaramay sa kanyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kanyang mga salot."[1] Ang mga talatang ito ay tumutukoy sa isang panahon na ang pahayag tungkol sa pagkabagsak ng Babilonya, alinsunod sa ipinahahayag ng ikalawang anghel[2] ng Apokalipsis 14 ay uulitin, na kalakip ang pagbanggit sa mga karumihang pumasok sa bawa't ibang bahagi ng Babilonya, mula nang unang ipahayag ang pabalita, noong tag-araw ng 1844. Dito'y inilarawan ang isang kakilakilabot na kalagayan ng daigdig ng relihiyon. Sa bawa't pagtanggi ng mga tao sa katotohanan ay lalong dumidilim ang kanilang pag-iisip, lalong tumitigas ang kanilang mga puso, hanggang sa sila'y mapaloob sa katigasan ng isang di-kumikilala sa Diyos. Bilang pagsumang sa mga babalang ibinigay ng Diyos, ay magpapatuloy sila sa pagyurak sa isa sa sampung utos, hanggang sa sila'y maakay upang pag-usigin yaong mga nagpapalagay na banal ang utos na ito. Si Kristo ang di-pinahahalagahan kapag hinahamak ang Kanyang
[522] salita at ang Kanyang bayan. Sa pagtanggap ng mga iglesya sa mga iniaaral ng espiritismo, ang pagbabawa na inilagay sa pusong laman ay naaalis, at ang pagpapanggap ng relihiyon ay nagiging isang balabal na panakip sa kaitim-itimang kasamaan. Ang paniniwala sa pagpapakita ng mga espiritu ay nagbubukas ng pintuan sa mga magdarayang espiritu, at sa mga aral ng mga demonyo, at sa ganito'y

[1] Apocalipsis 18:1, 2, 4.
[2] Apocalipsis 14:8.

mararamdaman sa mga iglesya ang impluensya ng masasamang anghel.

Tungkol sa Babilonya, sa kapanahunang dito'y ipinakikilala ng hula, ay ganito ang isinasaad: "Ang kanyang mga kasalanan ay umabot hanggang sa langit, at naalaala ng Diyos ang kanyang mga katampalasanan."[3] Napuno na niya ang takalan ng kanyang katampalasanan at babagsak na lamang sa kanya ang kapahamakan. Datapuwa't ang Diyos ay mayroon pa ring mga tao sa Babilonya; at bago lumagpak ang Kanyang mga hatol, ang mga matapating ito ay nararapat munang pagsabihang magsilabas at "nang huwag mangaramay sa kanyang mga kasalanan, at huwag magsitanggap ng kanyang mga salot." Dahil dito ang kilusan ay sinasagisagan ng anghel na bumababang mula sa langit, na nagbibigay liwanag sa lupa sa pamamagitan ng kanyang kaluwalhatian, at sumisigaw ng malakas, na ipinahahayag ang mga kasalanan ng Babilonya. Kaugnay ng dala niyang balita ay ganitong panawagan ang naririnig: "Mangagsilabas kayo sa kanya, bayan Ko." Ang mga pahayag na ito, na nalalagum sa pabalita ng ikatlong anghel, ay siyang bumubuo sa pangwakas na babala na ibibigay sa mga tumatahan sa lupa.

Kakila-kilabot ang pangyayaring sasapitin ng sanlibutan. Ang mga kapangyarihan sa lupa, na magtutulungtulong upang labanan ang mga utos ng Diyos, ay maguutos na ang lahat, "Maliliit at malalaki, at mayayaman at mga dukha, at ang mga laya at ang mga alipin,"[4] ay kailangang makibagay sa mga kaugalian ng iglesya sa [523]
pamamagitan ng pangingilin ng araw na hindi tunay na kapahingahan. Lahat ng tatangging tumalima ay lalapatan ng pamahalaan ng kani-kanilang kaparusahan, at sa katapus-tapusan ay ipag-uutos na sila'y nararapat sa kamatayan. Sa kabilang dako, ang kautusan ng Diyos na nagpapakilala ng araw na ipinagpahingalay ng Maykapal ay humihingi ng pagtalima at nagbabala ng poot sa lahat ng sasalansang sa mga utos nito.

Yamang napakalinaw na ipinakikilala ang bagay naito, ang sinumang yuyurak sa kautusan ng Diyos upang sumunod sa utos ng tao, ay tatanggap ng tatak ng hayop; tinatanggap niya ang tanda ng pakikipanig sa kapangyarihan na pinipili pa niyang sundin kaysa

[3] Apocalipsis 18:5.
[4] Apocalipsis 13:16.

Diyos. Ang babalang galing sa langit ay: "Kung ang sinuman ay sumasamba sa hayop at sa kanyang larawan, at tumatanggap ng tanda sa kanyang noo o sa kanyang kamay, ay iinom din naman siya ng kagalitan ng Diyos, na nahahandang walang halo sa inuman ng Kanyang kagalitan."[5]

Datapuwa't wala isa mang papagbabathin ng galit ng Diyos malibang naikintal na ang katotohanan sa kanyang pag-iisip at budhi, at kanyang tinanggihan pa. Marami ang hindi nagkakaroon ng pagkakataon na makapakinig ng mga tanging katotohanang ukol sa panahong ito. Ang kahingian ng ikaapat na utos ay hindi pa naihaharap sa kanila sa tunay na liwanag nito. Ang Diyos na bumabasa sa bawa't puso, at sumusubok sa bawa't layunin, ay hindi magpapabaya sa kanino mang nagnanasang makakilala ng katotohanan, na madaya hinggil sa ibubunga ng tunggaliang ito. Ang utos ay hindi ipipilit sa mga tao ng walang kadahilanan. Ang lahat ay magkakaroon ng sapat na liwanag upang magawa ang kanilang may talinong pagpapasiya.

Ang Sabado ay magiging malaking pansubok ng pagkamatapat; sapagka't ito ang bahagi ng katotohanan na tanging tinututu-
[524] lan. Kapag ginamit na sa mga tao ang pangwakas na pansubok, kung magkagayo'y rnalalagay ang guhit na pagkakakilanlan ng mga naglilingkod sa Diyos at ng mga hindi naglilingkod sa Kanya. Kung paanong ang pangingilin ng hindi tunay na kapangilinan bilang pagtupad sa batas ng pamahalaan, na ito'y labag sa ikaapat na utos, ay magiging isang katunayan ng pagkilala sa isang kapangyarihan na sumasalansang sa Diyos, ang pangingilin naman ng tunay na kapangilinan bilang pagganap sa kautusan ng Diyos, ay isang katibayan ng pagtatapat sa Maykapal. Samantalang ang isang uri ng mga tao, sa pamamagitan ng tanda ng pagsuko sa mga kapangyarihan sa lupa, ay tumatanggap ng tanda ng hayop, ang isa naman, sa pagtanggap ng tanda ng pagkilala sa kapangyarihan ng Diyos, ay tumatanggap ng tatak ng Diyos.

Sa bawa't salin ng lahi ay isinugo ng Diyos ang Kanyang mga lingkod upang sawayin ang kasalanan, sa sanlibutan at sa iglesya. Datapuwa't ang ninanasa ng mga taong sa kanila'y sabihin ay mga kaaya-ayang bagay, at ang dalisay at walang pahiyas na katotohanan ay hindi nila tinatanggap. Ipinasiya ng maraming repormador, sa

[5] Apocalipsis 14:9, 10.

pagpasok nila sa kanilang gawain, na sila'y gumamit ng malaking pag-iingat sa pagsalakay sa mga kasalanan ng iglesya at ng bansa. Nagsiasa silang sa pamamagitan ng halimbawa ng isang malinis na kabuhayang Kristiyano, ay maaakay nila ang mga tao na manumbalik sa mga aral ng Banal na Kasulatan. Nguni't dumating sa kanila ang Espiritu ng Diyos gaya ng pagdating kay Elias, na siyang dito'y kumilos na sansalain ang mga kasalanan ng isang tampalasang hari at ng isang bayang tumalikod sa Diyos; hindi nila mapigilang di ipangaral ang malilinaw na pahayag ng Banal na Kasulatan—ang aral na hindi nila ibig ipakilala. Sila'y mangapipilitang masikap na magpahayag ng katotohanan, at ng kapanganibang kinabubungaran ng mga tao. Ang mga salitang sa kanila'y ibinigay ng Panginoon ay kanilang binigkas, na di kinatakutan ang mga ibubunga, at ang mga [525] tao'y napilitang makinig sa babala.

Sa ganya'y maipangangaral ang pabalita ng ikatlong anghel. Pagka dumating na ang kapanahunan upang ito'y iaral na may buong kapangyarihan, ay gagawa ang Panginoon sa pamamagitan ng mga mapagpakumbabang tao, at papatnubayan Niya ang mga pag-iisip niyaong nagtalaga ng kanilang sarili sa Kanyang gawain. Ang pagkakaloob Niya ng Kanyang Espiritu sa mga mangagawa ay siyang mag-aangkop sa kanila sa paggawa, hindi ang pagkapag-aral nila sa mga paaralan. Ang mga lalaking may matitibay na pananampalataya at mga mapanalanginin ay mapipilitang yumaong dala ang banal na kasiglahan, na ipinahahayag ang mga salitang sa kanila'y sinabi ng Diyos. Ang mga kasalanan ng Babilonya ay mahahayag. Ang mga katakut-takot na ibubunga ng sapilitang pagpapasunod sa mga ipinagaganap ng iglesya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pamahalaan, ang sapilitang pagpasok ng espiritismo, ang lihim nguni't mabilis na pagsulong ng kapangyarihang makapapa—ang lahat ng ito'y pawang malalantad. Sa pamamagitan ng mga taimtim na babalang ito ay mangakikilos ang mga tao.

Libu-libo ang mangakikinig na hindi pa nakapakinig kailan man noong una ng mga salitang katulad nito. Sa kanilang panggigilalas ay mapapakinggan nila ang patotoo na ang Babilonya ay siyang iglesya na nabagsak dahil sa kanyang mga kamalian at mga kasalanan, sa dahilang tinanggihan niya ang katotohanang ipinadala ng langit.

Sa paglapit ng mga tao sa unang mga tagapagturo nila, na buong may pananabik na nagsisiyasat, Tunay ba ang mga ito? ang mga

ministro'y naghaharap ng mga katha-katha at nanghuhula ng mga kaaya-ayang bagay, upang mapayapa ang mga pangamba ng mga tao, at mapatahimik ang nagising nilang budhi. Nguni't palibhasa'y
[526] ma- rami ang tumangging masiyahan sa patunay ng mga tao lamang, at mapilit na humihiling sila ng, "Ganito ang sinasabi ng Panginoon," ay hahatulan ng mga tanyag na ministro na ang pabalitang ito ay mula kay Satanas, at kikilusin nila ang karamihang maibigin sa kasalanan upang tuyain at usigin yaong nangagpapahayag nito, gaya ng mga Pariseo noong una, na napuno ng galit sapagka't pinag-aalinlanganan ang kanilang kapamahalaan.

At sa pag-abot sa mga bagong bukiran ng pagtutunggalian, at ang mga pag-iisip ng mga tao ay nababaling sa malaong niyurakang kautusan ng Diyos, si Satanas ay maliligalig. Ang kapangyarihang umalalay sa pabalita ay makapagpapagalit lamang sa mga nagsisisalungat dito. Ang mga pari, mga ministro ay gagamit ng buong pagsisikap upang maikubli ang ilaw, baka ito'y magliwanag sa kanilang mga kawan. Sa lahat ng paraang magagawa nila ay kanilang sisikaping mapigil ang pagtatalo hinggil sa mahahalagang suliraning ito.

Ang iglesya ay mananawagan sa malakas na bisig ng kapangyarihan ng pamahalaan, at sa gawang ito'y magtutulungan ang mga Katoliko at mga Protestante. Kapagka mahigpit na at marahas na ang kilusan tungkol sa pagpipilit na ipangilin ang Linggo, ay maglalagda ng utos laban sa sumusunod sa mga utos ng Diyos. Sila'y babalaang pagmumultahin at ibibilanggo, ang ilan ay dudulutan ng mga may impluensyang tungkulin, at ang iba'y mga gantimpala at mga bentaha, bilang pag-akit upang talikdan ang kanilang pananampalataya. Datapuwa't ang matibay na tugon nila ay, "Ipakita ninyo sa amin sa Banal na Kasulatan ang aming kamalian"—iyan din ang kahilingan na ginawa ni Lutero sa ilalim ng ganyan ding mga pangyayari. Itatanyag niyaong mangadadala sa harap ng mga hukuman ang katotohanan, at ang ilan sa mga naagsisipakinig ay mangagpapasiyang sumunod sa lahat ng utos ng Diyos dahil sa pagkarinig sa kanila. Sa
[527] ganyan ay mapapaharap ang liwanag sa mga libu-libo na sa ibang paraan ay hindi makakakilala ng anuman hinggil sa mga katotohanang ito.

Ang malinis na budhing pagsunod sa salita ng Diyos ay ipalalagay na isang paghihimagsik. Ang magulang na binulag ni Satanas

ay gagamit ng panggagahasa at kabagsikan sa anak niyang nanampalataya; ang alilang tumutupad sa mga utos ng Diyos ay pahihirapan ng kanyang panginoong lalaki o babae. Ang pag-ibig ay masisira; ang mga anak ay babawian ng kanilang mana at ipagtatabuyan. Ang mga salita ni Pablo ay matutupad sang-ayon sa titik: "Lahat ng ibig mabuhay na may kabanalan kay Kristo Jesus ay mangagbabata ng pag-uusig."[6] Sa pagtanggi ng mga nagsasanggalang sa katotohanan na igalang ang kapangilinang linggo, ang ilan sa kanila'y ihuhulog sa bilangguan, ang ilan ay itatapon sa ibang lugar, ang ilan ay aariing tulad sa mga busabos. Sa isip ng mga tao, ang lahat ng ito'y hindi mandin mangyayari ngayon, datapuwa't pagka binawi na ng Diyos sa mga tao ang pumipigil Niyang Espiritu, at nasailalim na sila ng pamamahala ni Satanas, na napopoot sa mga banal na utos, kung magkagayo'y maaaring maging totoong malupit pagka nawala na ang takot at pag-ibig sa Diyos.

Sa pagkalapit ng bagyo, ang maraming tao na nagpapanggap na nananampalataya sa pabalita ng ikatlong anghel, datapuwa't hindi napaging banal sa pamamagitan ng pagtalima sa katotohanan, ay aalis sa kanilang kinalalagyan at makikisama sa nagsisisalansang. Sa pakikisama nila sa sanlibutan at pakikibahagi sa diwa nito, ay mapagkikita nila ang mga bagay-bagay gaya ng pagkakita ng sanlibutan; pagka dumating na ang pagsubok, sila nama'y handa nang lumipat sa kung saan ang magaan at sa kung alin ang tanyag. Ang mga lalaking may talento at mga mabuting mangusap, na noong una'y nagagalak sa katotohanan, ay gagamit na ng kanilang mga kapangyarihan upang dayain at akayin sa maling landas ang mga [528]
kaluluwa. Sila'y magiging totoong malupit na kaaway ng dati nilang mga kapatid. Kapag ang mga nangingilin ng Sabado ay ihaharap na sa hukuman upang pangatuwiranan ang kanilang pananampalataya, ang mga nagsitalikod na ito ay siyang mga pinakamalakas na kinatawan ni Satanas upang sa kanila'y magparatang, at sa pamamagitan ng mga maling ulat at mungkahi, ang mga pinuno ay kinikilos nila laban sa kanila.

Sa panahong ito ng pag-uusig, ang pananampalataya ng mga lingkod ng Panginoon ay susubukin. Buong tapat nilang iniaral ang babala, na nangakatingin sa Diyos at sa Kanyang salita lamang. Ang

[6] 2 Timoteo 3:12.

Espiritu ng Diyos na nag-uudyok sa kanilang mga puso, ay siyang sa kanila'y pipilit na magsalita. Palibhasa'y ginigising sila ng banal na kasiglahan, at inuudyukan ng banal na damdamin, ay gaganapin nila ang kanilang mga tungkulin na hindi inaalaala ang kahirapang daranasin nila sa pagsasabi sa mga tao ng salitang sinabi sa kanila ng Diyos. Hindi nila isasaalang-alang ang kanilang mga kapakanan sa lupa, ni sisikapin man nilang maingatan ang kanilang kabantngan, ni ang kanilang mga buhay man.

Gayon ma'y pagka bumulalas sa kanila ang bagyo ng pagsalansang at pagkutya, ang ilan sa kanila'y mapapasigaw, dahil sa takot: "Kung kapagkaraka'y nakita lamang namin ang mga ibubunga ng aming mga pagsasalita, ay nanahimik na sana kami." Sa magkabi-kabila'y naliligiran sila ng mga kahirapan. Dinadagsaan sila ni Satanas ng mababangis na tukso. Ang gawaing kanilang pinasukan ay hindi nila kaya manding gampanan. Binabalaan sila ng kapahamakan. Ang siglang bumuhay sa kanilang loob ay wala na; datapuwa't hindi na sila makabalik. Sa gayo'y sa pagkaramdam nila sa kanilang ganap na kahinaan, siia'y tumakbo sa Isang Makapangyarihan upang humingi ng lakas Naalaala nilang ang mga salitang kanilang sinabi ay hindi kanilang salita kundi salita Niya na nag-utos
[529] sa kanila. Ang katotohanan ay inilagay ng Diyos sa kani- lang mga puso at hindi nila mapigilang yao'y di itanyag.

Iyang ding mga pagsubok na iyan ang dinanas ng mga tao ng Diyos ng mga panahong nakaraan. Si Wicleff, si Hus, si Lutero, si Tyndale, si Baxter, si Wesley, ay nangatuwiran na ang lahat ng aral ay kailangang subukin sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan, at kanilang ipinahayag ding tatanggihan nila ang lahat ng bagay na hinahatulan nila. Laban sa mga taong ito ay namayani ang pag-uusig na walang awa; gayon ma'y hindi sila tumigil sa pagpapahayag ng katotohanan. Ang iba'tibang panahon ng kasaysayan ng iglesya ay napagkilala sa paglitaw ng ilang tanging katotohanan, na agpang sa mga pangangailangan ng bayan ng Diyos sa panahong iyon.

Ang bawa't bagong katotohanan ay tumawid sa kapootan at pagtutol; iyong mga pinagpala ng kanyang liwanag ay tinukso at sinubok. Ang Panginoon ay nagbibigay sa mga tao ng isang tanging katotohanan sa panahon ng kagipitan. Sino ang mangangahas na tumangging ito'y ilathala? Pinag-uutusan Niya ang Kanyang mga lingkod na ipakilala sa sanlibutan ang kahuli-hulihang paanyaya

ng kahabagan. Hindi sila maaaring manahimik, na di mapapasa panganib ang kanilang mga kaluluwa. Ang mga kinatawan ni Kristo ay walang kinalaman sa mga ibubunga. Dapat nilang gampanan ang kanilang mga tungkulin, at ipabahala sa Diyos ang mga ibubunga nito.

Pagka lumulubha na ang pagsalungat, ang mga lingkod ng Diyos ay muling magugulumihanan; sapagka't sa palagay nila'y sila ang nagdala ng kasakunaan. Datapuwa't ang kanilang budhi at ang salita ng Diyos ay kapuwa magpapatotoong tumpak ang kanilang ginagawa; at bagaman magpapatuloy ang mga pagsubok, ay palalakasin naman sila upang mabata ang mga iyon. Ang labanan ay lumalala at humihigpit, datapuwa't ang kanilang pananampalataya at tapang ay makikipantay sa kagi- pitan. Ang kanilang patotoo ay: "Hindi [530]
namin mapakikialaman ang salita ng Diyos, na hatiin namin ang Kanyang banal na kautusan; na tawaging mahalaga ang isang bahagi at walang halaga ang isa, upang lingapin lamang kami ng sanlibutan. Ang Panginoong aming pinaglilingkuran ay makapagliligtas sa amin. Dinaig ni Kristo ang lahat ng kapangyarihan sa lupa, at katatakutan ba namin ang isang sanlibutan dinaig na?"

Ang pag-uusig, sa iba't ibang anyo, ay bunga ng isang simulain na mananatili hanggang nabubuhay si Satanas at hanggang may lakas naman ang pananampalatayang Kristiyano. Walang makapaglilingkod sa Diyos na hindi babakahin ng mga hukbo ng kadiliman. Siya'y dadaluhungin ng masasamang anghel na nangababalisa sapagka't inaagaw ng kanyang kabuhayan at halimbawa ang kanilang bihag na hawak-hawak na nila. Ang masasamang tao na sinasansala ng kanyang kabuhayan, ay makikilakip sa masasamang anghel upang ilayo siya sa Diyos sa pamamagitan ng mga nakahahalinang tukso. At pagka hindi ito manaig gagamit naman sila ng lakas upang pilitin ang kanyang budhi.

Ang anghel na nakikisama sa pagpapahayag ng pabalita ng ikatlong anghel, ay siyang liliwanag sa buong lupa sa pamamagitan ng kanyang kaluwalhatian. Dito'y ipinagpapauna ang isang gawaing malaganap at may kapangyarihang di-karaniwan. Ang kilusang Adventista noong 1840-44 ay isang maluwalhating pagpapakilala ng kapangyarihan ng Diyos, ang pabalita ng unang anghel ay dinala sa lahat ng himpilan ng mga misyonero sa sanlibutan, at sa ibang malalaking bayan ay nagkaroon ng pinakamalalaking pananabik sa

relihiyon na nasaksihan sa alin mang lupain mula nang Reporma noong ikalabing-anim na dantaon; datapuwa't ito'y lalampasan ng malakas na kilusan sa ilalim ng huling babala ng ikatlong anghel.

[531] Ang gawain ay magiging katulad noong kaarawan ng Pentekostes. Kung paanong ipinagkaloob ang "unang ulan" sa pagbubuhos ng Banal na Espiritu noong bago pa lamang pinasimulang ipangaral ang ebanghelyo, upang mapasibol ang mahalagang binhi, gayon din naman ang "huling ulan"[7] ay ipagkakaloob sa pagtatapos nito, upang mahinog ang aanihin.

Ang malaking gawain ng ebanghelyo ay hindi magtatapos na kulang sa paghahayag ng kapangyarihan ng Diyos kaysa nahayag ng ito'y magpasimula. Ang mga lingkod ng Diyos, na ang mga mukha'y nagliliwanag at pinapagniningning ng banal na pagtatalaga, ay magmamadaling magpapalipat-lipat sa iba't ibang dako upang ikalat ang pabalitang mula sa langit. Sa pamamagitan ng libu-libong tinig ay maikakalat sa buong lupain ang babala. Gagawa ng mga kababalaghan, magpapagaling ng mga maysakit, at ang mga nananampalataya ay susundan ng mga tanda at mga kababalaghan. Gagawa rin naman si Satanas ng mga kahanga-hangang kasinungalingan, hanggang sa magpapababa siya ng apoy mula sa langit sa paningin ng mga tao.[8] Sa gayo'y ang lahat ng tumatahan sa lupa ay madadala sa pagpapasiya kung saan sila papanig.

Ang pabalita ay ilalaganap hindi sa pamamagitan ng pakikipagkatuwiranan kundi sa pamamagitan ng pagsumbat ng Espiritu ng Diyos sa puso ng mga tao. Naiharap na ang mga katuwiran. Naihasik na ang binhi, at ngayo'y sisibol na ito at mamumunga. Ang mga babasahing ipinamahagi; ng mga manggagawang misyonero ay nagkaroon na ng kanilang impluensya, gayon ma'y ang maraming nangakilos ang pag-iisip ay napigilan sa ganap na pagunawa sa katotohanan o sa pagsunod kaya. Ngayo'y lumalagos na sa lahat ng dako ang sinag ng liwanag; ang katotohana'y nakikitang buong linaw, at nilalagot naman ng mga tapat na anak ng Diyos ang mga taling nakapipigil sa kanila. Ang pagkakamag-anak, at ang
[532] pa- kikipagkapatiran sa iglesya ay wala ngayong kapangyarihang pumigil sa kanila. Ang katotohana'y lalong mahalaga sa lahat. Sa

[7]Oseas 6:3, talatang Hebreo.
[8]Apocalipsis 13:13.

harap ng mga kapangyarihang naglalakip laban sa katotohanan, ay
marami ang pumapanig sa Panginoon. [533]

## *Kabanata 37*—Ang panahon ng kabagabagan

Sa panahong yaon ay tatayo si Miguel, na dakilang Pangulo na tumatayo sa ikabubuti ng mga anak ng iyong bayan; at magkakaroon ng panahon ng kabagabagan, na hindi nangyari kailan man mula nang magkaroon ng bansa hanggang sa panahong yaon; at sa panahong yaon ay maliligtas ang iyong bayan, bawa't isa na masusumpungang nakasulat sa aklat."[1]

Pagka natapos na ang pabalita ng ikatlong anghel, ang mga makasalanang tumatahan sa sangkalupaan ay hindi na ipamamagitan ng kahabagan. Natapos na ng bayan ng Diyos ang kanilang gawain. Tinanggap na nila ang "huling ulan," ang "kaginhawahang mula sa harapan ng Panginoon,"[2] at handa na sila sa panahon ng pagsubok na nasa kanilang harapan.

Ang mga anghel ay walang tigil ng pagpaparoo't parito sa langit. Ang isang anghel na buhat sa lupa ay nagsasabi na natapos na niya ang kanyang gawain; naibigay na sa sanlibutan ang kahuli-hulihang pagsubok, at ang lahat ng napagkilalang mga tapat sa mga banal na utos ay nagsitanggap na ng "tatak ng Diyos na buhay."[3] Kung magkagayo'y titigil si Jesus sa Kanyang pamamagitan sa santuaryo sa itaas. Itataas Niya ang Kanyang kamay, at magsasabing may malakas na tinig, "Tapos na,"[4] at ibababa ng buong hukbo ng mga anghel ang kanilang mga putong samantalang ipinahahayag naman ni Jesus na: "Ang liko ay magpakaliko pa: ang marumi ay magpakarumi pa; at
[534] ang matuwid ay magpakatuwid pa; at ang banal ay magpakabanal
[535] pa."[5] Ang bawa t kaso ay pinasiyahan na sa kabuhayan o sa kamatayan. Nagawa na ni Kristo ang pagtubos sa Kanyang bayan at pinawi na Niya ang lahat nilang mga kasalanan. Nabuo na ang bilang ng Kanyang mga sakop "ang kaharian, at ang kapangyarihan, at

[1] Daniel 12:1.

[2] Mga Gawa 3:19; Oseas 6:3, talatang Hebreo.

[3] Apocalipsis 7:2.

[4] Apocalipsis 16:17.

[5] Apocalipsis 22:11.

ang kadakilaan ng kaharian sa silong ng buong langit,"[6] ay ibinigay na sa mga magmamana ng pagkaligtas, at si Jesus ay maghahari na Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon.

Pagka iniwan na ni Kristo ang santuaryo, ay kadiliman ang tatakip sa mga tumatahan sa lupa. Sa kakila-kilabot na panahong yaon, ang mga matuwid ay kinakailangang mamuhay ng walang tagapamagitan sa paningin ng isang banal na Diyos. Aalisin ang pumipigil sa mga makasalanan, at si Satanas ay magkakaroon ng ganap na pamumuno sa mga hindi nagsisisi. Natapos na ang matagal na pagtitiis ng Diyos. Tinanggihan na ng sanlibutan ang kanyang kahabagan, hinamak ang Kanyang pag-ibig, at niyurakan ang Kanyang kautusan. Linampasan na ng mga makasalanan ang hangganan ng kanilang panahon ng biyaya; ang Espiritu ng Diyos, na lagi nilang tinatanggi, han, ay inalis na. Dahil sa hindi na sila ikinakanlong ng banal na biyaya, ay wala na silang sanggalang laban sa isang masama.

Kung magkagayon, ang mga naninirahan sa lupa ay isusugba ni Satanas sa isang malaki't pangwakas na labanan. Sa paghinto ng mga anghel ng Diyos sa pagpigil sa mababagsik na hangin ng mga masasamang damdamin ng tao, bibitiwan na ang lahat ng elemento ng pag-aalitan. Ang buong sanlibutan ay aabutin ng pagkawrasak na lalong kakila-kilabot kaysa inabot ng Jerusalem nang panahong una.

Ang mga nagpaparangal sa kautusan ng Diyos ay pararatangan na nagdadala ng mga hatol na ito sa sanlibutan, at ipalalagay na sila ang dahil ng nakapanghihilak- bot na mga lindol ng kalikasan at [536] ng pag-aalitan at pagtitigisan ng dugo ng mga tao, na pumupuno sa lupa ng kahapisan. Ang kapangyarihang umaagapay sa kahulihulihang babala ay magpapagalit sa masama; ang kanilang poot ay magniningas laban sa lahat ng tumanggap ng pabalita, at lalong pasisidhiin ni Satanas ang diwa ng kapootan at pag-uusig.

Nang sa wakas ay bawiin ng Diyos ang Kanyang pakikiharap sa bansang Hudyo, ay walang kamalay-malay ang mga saserdote at ang bayan. Bagaman sumailalim sila ng paghahari ni Satanas, at tinangay ng lalong kakila-kilabot at kagalit-galit na mga damdamin, ipinalalagay pa rin nilang sila'y mga hirang ng Diyos. Nagpatuloy ang pangangasiwa sa loob ng templo; ang hain ay inihandog

[6] Daniel 7:27.

sa ibabaw ng kanyang mga narumhang dambana, at arawaraw ay hiningi ang pagpapala sa isang bayang nagkasala sa dugo ng sinisintang Anak ng Diyos, at nagbabantang pumatay sa Kanyang mga tagapaglingkod at mga apostol. Kaya't pagka naipahayag na ang hindi mababagong pasiya ng santuaryo, at naitakda na magpakailan man ang kahihinatnan ng sanlibutan, ito'y di malalaman ng mga tumatahan sa lupa.

Ang mga anyo ng relihiyon ay ipagpapatuloy ng isang bayang binawian na ng Espiritu ng Diyos; at ang siglang maka-Satanas na iaali sa kanila ng pangulo ng kasamaan sa ikagaganap ng kanyang kapoot-poot na mga panukala, ay magtataglay ng wangis ng kasiglahang ukol sa Diyos.

Sapagka't ang Sabado ay siyang tanging pinagtu-tunggalian sa buong Sangkakristiyanuhan, at ang mga makapangyarihan sa relihiyon at sa pamahalaan ay naglakip upang iutos ang pangingilin ng Linggo, ang palaging di pagpayag ng iilan-ilang mga tao na umayon sa kahilingan ng karamihan, ay siyang magiging dahil ng pagkasuklam sa kanila ng buong sanlibutan. Kanilang ikakatuwiran
[537] na ang iilang tumatayo sa pagsalansang sa isang itinatatag ng iglesya at sa isang batas ng pamahalaan ay hindi nararapat pamalagiin.

Kung magkagayo'y masusugba ang bayan ng Diyos sa mga tanawin ng kapighatian at kabagabagang sinasabi ng propeta na panahon ng kabagabagan ni Jakob. "Ganito ang sabi ng Panginoon: Kami ay nangakarinig ng tinig ng panginginig, ng takot, at hindi ng kapayapaan . . . . Ang lahat ng mukha ay naging maputla. Ay! sapagka't ang araw na yaon ay dakila, na anupa't walang gaya niyaon: siya ngang panahon ng kabagabagan ng Jakob; nguni't siya'y maliligtas doon."[7]

Ang gabi ng kadalamhatian ni Jakob, noong makipagbuno siya sa pananalangin upang maligtas sa kamay ni Esau[8] ay kumakatawan sa karanasan ng bayan ng Diyos sa panahon ng kabagabagan. "Siya'y nagtaglay ng kapangyarihan sa anghel at nanaig."[9] Sa pamamagitan ng pagpapakababa, pagsisisi, at pagpapakupkop ng sarili, ang makasalanan at mapagkamaling taong ito ay nanaig sa Karangalan ng kalangitan. Hinigpitan niya ang kanyang nanginginig na pagkapit

[7]Jeremias 30:5-6-7.
[8]Genesis 32:24-30.
[9]Oseas 12:4.

sa mga pangako ng Diyos, at ang puso ng walang-hanggang Pag-ibig ay di makatanggi sa samo ng makasalanan.

Si Jakob ay pinaratangan ni Satanas sa harap ng mga anghel ng Diyos, na inaangking may matuwid siyang magpahamak kay Jakob dahil sa kanyang kasalanan; kinilos niya si Esau na humayo laban sa kanya; at noong buong gabing pakikipagbuno ng patiarka, ay pinagsikapan ni Satanas na piliting ipadama sa kanya ang kanyang pagkakasala, upang siya'y papanglupaypayin, at mabitiwan ang kanyang panghahawak sa Diyos. Halos naitaboy si Jacob sa kawalang-pag-asa; datapuwa't nalalaman niya na kung walang tulong na manggagaling sa langit siya nga'y mapapahamak. Datapuwa't taos-pusong pinagsisihan ni Jakob ang kanyang malaking kasalanan, at ti- nawagan niya ang kahabagan ng Diyos. Hindi [538]
siya mailinsad sa kanyang layunin, bagkus mahigpit na kumapit sa Anghel, maningas na idinaing ang kanyang kahilingan, na tumangis ng kapait-paitan hanggang sa siya'y nanaig.

Kung paanong si Esau ay inudyukan ni Satanas na lumabas laban kay Jakob, gayon din kikilusin niya ang masasama upang ipahamak ang bayan ng Diyos sa panahon ng kabagabagan. At kung paanong pinaratangan niya si Jakob, gayon niya inihaharap ang kanyang mga paratang laban sa bayan ng Diyos. Ibinibilang niya ang sanlibutan na kanyang sakop; datapuwa't ang maliit na kalipunang nag-iingat ng mga utos ng Diyos ay lumalaban sa kanyang pananakop. Kung malilipol niya sila sa lupa, ang kanyang tagumpay ay magiging ganap. Nakikita niyang sila'y binabantayan ng mga banal na anghel, at dahil dito'y kinukuro niyang naipatawad na ang kanilang mga kasalanan; nguni't hindi niya naaalamang nangapasiyahan na ang kanilang mga kabuhayan sa santuaryo sa itaas. Mayroon siyang ganap na pagkaalam sa mga kasalanang iniudyok niyang kanilang gawin, at ang mga ito'y inihaharap niya sa Diyos sa isang labis na paraan na ipinakikilala niya na ang mga taong ito ay hindi nararapat tumanggap ng lingap ng Diyos na gaya niya. Ipinahahayag niyang ayon sa katuwiran ay hindi maipatatawad ng Diyos ang kanilang mga kasalanan, at ipahamak siya at ang kanyang mga anghel. Inaangkin niya silang kanyang huli, at hinihingi niyang sila'y ibigay sa kanyang mga kamay upang malipol niya.

Sa pagpaparatang ni Satanas sa mga tao ng Diyos dahil sa kanilang mga kasalanan, ay pinahihintulutan siya ng Panginoon

na mahigpit silang subukin. Ang kanilang pagtitiwala sa Diyos, ang kanilang pananampalataya at katibayan, ay mahigpit na susubukin. Sa pagbubulaybulay nila ng kanilang kabuhayan sa nakaraan, ay nan-
[539] gliliit ang kanilang pag-asa; sapagka't ba- bahagyang kabutihan ang nakikita nila sa kanilang mga kabuhayan. Talastas nilang lubos ang kanilang kahinaan at pagkadi-karapat-dapat. Sinisikap ni Satanas na sila'y takutin sa pamamagitan ng isipang sila ay wala nang pag-asa, at ang dungis ng kanilang karumihan ay hindi mahuhugasan kailan man. Umaasa siyang masisira niya ang kanilang pananampalataya, na anupa't pahihinuhod sila sa kanyang mga tukso, at tatalikod sa kanilang pakikipanig sa Diyos.

Sa bawa't dako ay nakaririnig ang mga tao ng Diyos ng mga balak ng kaliluhan at nakikita nila ang masipag na pagkilos ng himagsikan, at sa kanilang kalooban ay nagigising ang isang maningas na pagnanais, isang mataos na pananabik ng kaluluwa, na matapos nawa ang malaking pagtaliwakas na ito, at umabot na sa wakas ang katampalasanan ng mga makasalanan. Datapuwa't samantalang namamanhik sila sa Diyos upang pigilin ang paghihimagsik, ay taglay nila ang malabis na pagbibigay-sisi sa sarili na sila na rin ay wala nang kapangyarihan upang paglabanan at itaboy ang malakas na agos ng kasamaan. Ipinalalagay nilang kung palagi lamang nilang ginamit ang buo nilang kaya sa paglilingkod kay Kristo, na yumayaon sila mula sa kalakasan hanggang sa kalakasan, ay humina sana ang mga hukbo ni Satanas sa pakikipaglaban sa kanila.

Pinapagdadalamhati nila ang kanilang mga kaluluwa sa harapan ng Diyos, na itinuturo ang nakaraan nilang pagsisisi sa marami nilang kasalanan, at hinihiling ang pangako ng Tagapagligtas na, "Manghawak nawa siya sa Aking lakas, upang siya'y makipagpayapaan sa Akin, oo, makipagpayapaan siya sa Akin."[10] Ang kanilang pananampalataya ay hindi nanglalamig dahil sa hindi sinasagot kapagkaraka ang kanilang mga panalangin. Bagaman nagbabata sila ng malabis na pagkabalisa, pangamba, at kagulumihanan, ay hindi
[540] sila nagtitigil ng pagsamo. Nanghahawak sila sa lakas ng Diyos gaya naman ni Jakob na nanghawak sa Anghel; at ang sinasabi ng

[10]Isaias 27:5.

kanilang kaluluwa ay, “Hindi Kita bibitawan hanggang hindi Mo ako mabasbasan.”[11]

Kung hindi muna pinagsisihan ni Jakob ang kanyang kasalanan sa pagkamkam ng pagkapanganay ng kanyang kapatid, sa pamamagitan ng daya ay hindi sana dininig ng Diyos ang kanyang dalangin at hindi iningatang may pagkahabag ang kanyang buhay. Gayon din, sa panahon ng kabagabagan, kung ang mga tao ng Diyos ay may nalalabing mga kasalanan na hindi pa napagsisisihan na sa kanilang harapan ay gigitaw samantalang sila'y pinahihirapan ng pangamba at kadalamhatian, ay manganglulumo sila; ang kawalang-pag-asa ay siyang puputol sa kanilang pananampalataya at mawawalan sila ng tiwalang sumamo sa Diyos na sila'y iligtas. Nguni't bagaman malabis nilang inaalaala ang di nila pagiging karapat-dapat, ay wala naman silang maihahayag na nakukubling mga kamalian na kanilang nagawa. Ang kanilang mga kasalanan ay nangauna na sa paghuhukom, at. nangapawi na; at hindi na nila maaalaala pa.

Pinapaniwala ni Satanas ang marami na ipagpapaumanhin ng Diyos ang hindi nila pagkamatapat sa maliliit na bagay ng kabuhayan; datapuwa't ipinakikilala ng Panginoon sa Kanyang pakikitungo kay Jakob na sa anumang paraan ay hindi niya mapahihintulutan o mapababayaan ang masama. Ang lahat ng nagsisikap na magpaumanhin o magkubli ng kanilang mga kasalanan, at pinababayaang manganatili ang mga iyon sa mga aklat sa kalangitan, na hindi pa ipinahahayag at hindi naman ipinatawad pa sa kanila, ay malulupigan ni Satanas. Kung kailan lalong mataas ang kanilang pagpapanggap, at lalong marangal ang tungkulin nilang hinahawakan, ay lalo namang mabigat sa paningin ng Diyos ang kanilang tinutungo, at lalong tiyak ang pagwawagi ng kanilang ban- tog na kaaway. Yaong mga nagpapaliban sa paghahanda para [541]
sa kaarawan ng Diyos ay hindi na rin mahahanda sa panahon ng kabagabagan, o sa mga panahon mang susunod. Wala nang sukat maasahan pa ang mga ganyan.

Ang mga gumagamit ngayon ng maliit na pananampalataya ay nasa malaking panganib na mahulog sa kapangyarihan ng mga daya ni Satanas, at sa utos na pipilit sa budhi ng mga tao. At mabata man nila ang pagsubok ay masusugba rin sila sa lalong matinding

[11] Genesis 32:26.

kawalang pag-asa at pananambitan sa panahon ng kabagabagan, sapagka't hindi nila pinagkaugaliang magtiwala sa Diyos. Ang mga aral tungkol sa pananampalataya na kanilang kinaligtaan, ay mapipilitan nilang pag-aralan sa ilalim ng kakila-kilabot na katindihan ng panglulupaypay.

Kinakailangang makilala natin ngayon ang Diyos sa pamamagitan ng pagsubok sa Kanyang mga pangako. Itinatala ng mga anghel ang bawa't panalanging taimtim at taos sa puso. Dapat pa nating bayaan ang pagbibigay kasiyahan sa ating sarili kaysa magpabaya sa pakikipag-usap sa Diyos. Ang pinakamatinding paghihikahos, ang pinakamalaking pagbabawa sa sarili, kung kasang-ayon ng Kanyang kalooban, ay lalong mabuti kaysa mga kayamanan, karangalan, kaginhawahan, at pakikipagkaibigan na wala Siyang pagsang-ayon. Kinakailangang maggugul tayo ng panahon sa pananalangin. Kung pahihintulutan nating mapuno ang ating mga pag-iisip ng mga bagay na ukol sa sanlibutan, mangyayaring bigyan tayo ng Panginoon ng panahon upang makapanalangin sa pamamagitan ng pag-alis Niya sa ating mga dinidiyos na ginto, mga bahay, o matabang mga lupain.

Sa pangitain ay narinig ni apostol Juan ang isang malakas na tinig sa langit na sumisigaw ng, "Sa aba ng lupa at ng dagat: sapagka't ang diyablo'y bumaba sa inyo, na may malaking galit, sa pagkaalam niya
[542] na kaunting panahon na lamang mayroon siya."[12] Kakila-kila- bot ang mga tanawing nag-udyok sa tinig na ito sa langit na sumigaw ng ganito. Ang galit ni Satanas ay lumalaki habang umiikli ang panahon, at ang kanyang pagdaraya at pagpapahamak ay aabot sa kanyang sukdulan kung dumating na ang panahon ng kabagabagan.

Kakila-kilabot na mga panoorin na may likas na higit sa katutubo ang hindi malalaunan at mahahayag sa mga langit bilang isang tanda ng kapangyarihan ng mga demonyo na makagawa ng mga kababalaghan. Ang mga espiritu ng mga diyablo ay magsisihayo sa mga hari ng lupa at sa buong sanlibutan, upang patibayin ang kanilang pagkaraya, at upang hikayatin silang makiisa kay Satanas sa kahuli-hulihan niyang pagsisikap laban sa pamahalaan ng langit. Sa pamamagitan nito'y madaraya ang mga pangulo at mga pinangunguluhan. Lilitaw ang mga tao na magkukunwaring sila'y si Kristo, at aangkinin nila ang pamagat at pagsamba na ukol lamang

[12] Apocalipsis 12:12.

sa Manunubos ng sanlibutan. Gagawa sila ng mga kahanga-hangang kababalaghan na magpagaling, at mangangalandakang sila'y tumatanggap ng mga pahayag mula sa langit na kasalungat ng patotoo ng Kasulatan.

Bilang kawakasang yugto sa malaking dula ng pagdaraya, si Satanas ay mag-aanyong Kristo. Malaon nang sinasabi ng iglesya na hinihintay niya ang pagbalik ng Tagapagligtas at ito ang katuparan ng kanyang mga pag-asa. Ngayo'y nagkukunwang ipakikita ng bantog na magdaraya na dumating na si Kristo. Sa iba't ibang bahagi ng sangkalupaan, ay pakikilala si Satanas sa mga tao na isang may makaharing anyo na nakasisilaw sa liwanag, at nakakatulad ng inilarawan ni Juan sa Apokalipsis tungkol sa Anak ng Diyos.[13] Ang kaluwalhatiang sa kanya'y nakaliligid ay hindi mahihigitan ng anumang nakita na ng mga tao. Ang sigaw ng tagumpay ay umaalingawngaw sa himpapawid: "Dumating na si Kristo! Dumating na si Kristo." [543]

Nagpapatirapa ang mga tao sa harap niya upang siya'y sambahin, samantala nama'y itinataas niya ang kanyang mga kamay at binibigkas ang isang pagpapala sa kanila, gaya nang pagpalain ni Kristo ang Kanyang mga alagad noong Siya'y narito sa ibabaw ng lupa. Ang kanyang tinig ay malambot at maamo, nguni't may magandang himig. Sa mahinahon at maawaing mga pangungusap ay ilalahad niya ang ilang mabiyayang mga katotohanan ng langit na binigkas ng Tagapagligtas; pagagalingin niya ang mga karamdaman ng mga tao, at pagkatapos, sa pagtulad niya sa likas ni Kristo ay sasabihin niyang inalis na niya sa Sabado ang pangingilin at inilipat na niya sa Linggo, at pag-uutusan niya ang lahat na mangilin ng araw na kanyang pinagpala. Ipahahayag niyang yaong mapilit sa pangingilin ng ikapitong araw ay namumusong sa kanyang pangalan dahil sa pagtangging makinig sa mga anghel na may liwanag ng katotohanan na kanyang isinugo sa kanila. Ito ang malakas at halos hindi mapaglalabanang pandaya. Gaya ng mga taga-Samaria na dinaya ni Simon Mago, ang mga karamihan, mula sa kaliit-liitan hanggang sa kalaki-lakihan, ay makikinig sa mga pangkukulam na

[13] Apocalipsis 1:13-15.

ito, na nagsisipagsabi: "Ito ang siyang kapangyarihan ng Diyos na tinatawag na dakila."[14]

Datapuwa't ang bayan ng Diyos ay hindi maililigaw. Ang mga iniaaral ng hindi tunay na kristong ito ay hindi katugma ng Banal na Kasulatan. Ang pagpapalang kanyang binigkas ay sa mga sumasamba sa hayop at sa kanyang larawan, na siya ring mga taong sinabi ng banal na Kasulatan na bubuhusan ng poot ng Diyos na walang halong habag.

At, bukod sa riya'y, hindi ipahihintulot na maparisan ni Satanas ang paraan ng pagparito ni Kristo. Binalaan ng Tagapagligtas ang Kanyang bayan laban sa pandayang ito, at maliwanag Niyang ip-
[544] inagpauna ang paraan ng Kan- yang ikalawang pagparito. "May magsisilitaw na mga bulaang kristo at mga bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan; anupa't ililigaw, kung maaari, pati ng mga hirang. . . . Kaya nga, kung sa inyo'y kanilang sasabihin, narito, siya'y nasa ilang; huwag kayong magsilabas; narito, siya'y nasa mga silid; huwag ninyong paniwalaan. Sapagka't gaya ng kidlat na kumikidlat sa silanganan, at nakikita hanggang sa kalunuran ay gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao."[15] Ang pagparitong ito ay hindi matutularan. Ito'y maaalaman ng kalahatan—masasaksihan ng buong sanlibutan.

Iyon lamang nagsipag-aral ng buong sikap ng Banal na Kasulatan, at tumanggap ng pag-ibig sa katotohanan, ang maliligtas sa malakas na pandaya na bibihag sa sanlibutan. Sa pamamagitan ng patotoo ng Banal na Kasulatan ay mapagkikilala nila ang magdaraya sa kanyang balatkayo. Darating sa lahat ang panahon ng pagsubok. Sa pagliliglig na gagawin ng tukso, ay mahahayag ang tunay na Kristiyano. Matitibay na ba ngayon ang mga tao ng Diyos, na anupa't hindi sila pahihinuhod sa mga pinatutunayang ng kanilang pandama? Sa ganyan bagang kalagayan ay manghahawak sila sa Banal na Kasulatan at sa Banal na Kasulatan lamang? Kung mangyayari ay hahadlangan sila ni Satanas sa paghahandang makatayo sa araw na yaon. Aayusin niya ng gayon na lamang ang mga bagay na anupa't masasarhan niya ang kanilang daraanan, babalakidan sila ng mga kayamanan sa lupa, at pagdadalhin sila ng mabibigat at

[14] Mga Gawa 8:10.

[15] Mateo 24:24-27, 31; 25:31; Apocalipsis 1:7; 1 Tesalonica 4:16, 17.

nakapapagal na pasanin, upang malugmok ang kanilang mga puso sa pag-aalaala sa buhay na ito, at sa gayo'y dumating sa kanila ang araw ng pagsubok gaya ng isang magnanakaw.

Kapag inalis na ng pasiyang inilagda ng iba't ibang pinuno ng Sangkakristiyanuhan laban sa mga nag-iingat ng kautusan, ang pagtatanggol ng pamahalaan at paba- yaan na sila sa nangagnanasang [545] sila'y ipahamak, ang bayan ng Diyos ay tatakas mula sa mga bayan at mga nayon at magtitipun-tipon sa maliliit na pulutong at maninirahan sa mga ilang at sa mga tagong lugar. Ang marami ay magkakanlong sa matitibay na kuta ng mga bundok. Tulad sa mga Kristiyano sa mga libis ng Piyamonte, gagawin nilang mga santuaryo ang mataas na dako, at pasasalamatan nila ang Diyos dahil sa "mga katibayan na malalaking bato."[16] Datapuwa't marami mula sa lahat ng bansa, sa lahat ng uri ng tao, marangal at aba, mayaman at dukha, itim at puti, ang ihahagis sa pinakamasama at pinakamabagsik na pagkabusabos. Ang mga pinakaiibig ng Diyos ay daranas ng nakaiinip na mga araw, na natatanikala, nakukulong sa mga bilangguan, hinatulang patayin, na ang ilan ay iniwan upang mamatay sa gutom sa madidilim at mababahong kulungan. Walang bukas na tainga upang duminig sa kanilang mga daing; walang kamay na handang magbigay sa kanila ng saklolo.

Lilimutin kaya ng Panginoon ang Kanyang bayan sa panahong ito ng pagsubok? "Malilimutan ba ng babae ang kanyang batang pasusuhin, na siya'y hindi mahahabag sa anak ng kanyang bahay-bata? Oo, ito'y makalilimot, nguni't hindi kita kalilimutan. Narito, aking iniukit ka sa mga palad ng aking mga kamay."[17] Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo: "Ang humipo sa inyo ay humihipo sa itim ng Kanyang mata."[18] Ang bilangguan ay magiging gaya ng isang palasyo; sapagka't naroroon ang mayaman sa pananampalataya, at ang madidilim na dingding nito'y liliwanagan ng liwanag na buhat sa langit, gaya noong si Pablo at si Silas ay manalangin at umawit ng mga pagpupuri noong isang hatinggabi sa loob ng bilangguan ng Pilipos.

Bagaman ipasok sila ng kanilang mga kaaway sa bilangguan, ang mga kuta nito ay hindi makapipigil sa pa- kikipag-usap ng kanilang [546]

[16]Isaias 33:16.
[17]Isaias 49:14-16, talatang Hebreo.
[18]Zakarias 2:8.

kaluluwa kay Kristo. Sa malungkot na piitan ay lalapit sa kanila ang mga anghel, na magdadala sa kanila ng liwanag at kapayapaang mula sa langit. Ang bilangguan ay magiging gaya ng isang palasyo; sapagka't nananahan doon ang mayaman sa pananampalataya, at ang madilim na mga dingding ay liliwanagan ng liwanag na buhat sa langit, gaya noong si Pablo at si Silas ay manalangin at umawit ng mga pagpupuri nang isang hating-gabi sa bilangguan ng Filipos.

Ang mga hatol ng Diyos ay lalagpak sa mga nagsisikap na magpahirap at lumipol sa Kanyang bayan. Ang malaon Niyang pagtitiis sa masasama ay nagpapalakas ng loob ng mga tao sa gawang pagsalansang, datapuwa't ang kaparusahan nila'y hindi makukulangan sa katiyakan at kakilabutan dahil sa pagkaantala nito. Sa pamamagitan ng mga kakila-kilabot na bagay sa katuwiran ay ipakikilala Niya ang kapamahalaan ng Kanyang kautusang niyuyurakan. Ang kabigatan ng parusang naghihintay sa mananalansang ay maaaring malaman sa pamamagitan ng pagaatubili ng Diyos na magbigay parusa. Ang bansang matagal na Niyang pinagtitiisan at hindi Niya nais parusahan hanggang sa mapuno na ang takalan ng katampalasanan nila alinsunod sa pagbilang ng Diyos, ay iinom din, sa wakas, sa saro ng poot na walang halong habag.

Kapag natapos na ni Kristo ang Kanyang pamamagitan sa loob ng santuaryo, ang poot na hindi nahahaluan ng habag ay ibubuhos sa mga sumasamba sa hayop at sa kanyang larawan at sa tumatanggap ng kanyang tanda.[19] Ang salot na ibinuhos sa Ehipto, nang ilalabas na lamang ng Diyos ang angkan ni Israel, ay nakakatulad sa likas ng lalong kakila-kilabot at lalong malaganap na kahatulang babagsak sa sanlibutan bago gawin ang huling pagliligtas sa bayan ng Diyos. Ganito ang sinasabi ng mamamahayag nang ilarawan niya ang mga
[547] nakapanghihilakbot na hampas ng Diyos; Ang ibinuhos ay "naging sugat na masama at mabigat sa mga taong may tanda ng hayop na yaon, at nangagsisamba sa kanyang larawan." Ang dagat "ay naging dugo na gaya ng isang patay; at bawa't kaluluwang buhay sa makatuwid ay ang nangasa dagat ay nangamatay." At ang mga ilog at ang mga bukal ng tubig ay nangaging dugo.[20]

[19] Apocalipsis 14:9, 10.
[20] Apocalipsis 16:2-6.

Bagaman kahila-hilakbot ang mga hampas na ito, ang katarungan ng Diyos ay mapatutunayang matuwid. Sinasabi ng anghel ng Diyos: "Matuwid ka . . . Oh Banal sapagka't humatol Ka na gayon; sapagka't ibinuhos nila ang dugo; ito'y karapat-dapat sa kanila."[21] Sa paghatol nilang patayin ang bayan ng Diyos, tunay na nagkasala na sila sa kanilang dugo na parang ang kamay nila ang nagpatulo. Sa ganyan ding paraan ay ipinahayag ni Kristo na ang mga Hudyo nang Kanyang kapanahunan ay nagkasala sa dugo ng lahat ng banal na tao na pinatay mula nang kaarawan ni Abel; sapagka't taglay nila ang gayon ding espiritu, at pinagsisikapan nilang gawin ang gayon ding gawain, kasama ng mga mamamatay na ito sa mga propeta.

Sa salot na sumusunod, ang kapangyarihan ay ipinagkaloob sa araw upang sunugin "ng apoy ang mga tao. At nangasunog ang mga tao sa matinding init."[22]

Hindi lahat ng mga salot na ito ay laganap sa buong sanlibutan, sapagka't kung gayon ay malilipol na lahat ang mga tumatahan sa sangkalupaan. Gayon ma'y ang mga ito'y magiging kakila-kilabot sa lahat na hampas ng Diyos na nakilala ng tao kaikailan man. Ang lahat ng kahatulan sa mga tao, bago matapos ang panahon ng biyaya ay may halong awa. Ang namamagitang dugo ni Kristo ay siyang nagsasanggalang sa makasalanan upang huwag tanggapin ang ganap na kahatulan ng kanyang kasalanan; nguni't sa wakas na paghuhukom ay ibubuhos ang poot ng Diyos na walang halong habag.

Sa araw na yaon ay magnanasa ang mga karamihan na ikanlong [548]
sila ng kahabagan ng Diyos na malaong panahon nilang hinamak. "Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng Panginoong Diyos, na ako'y magpapasapit ng kagutom sa lupain, hindi kagutom sa tinapay o kauhawan man dahil sa tubig, kundi sa pagkarinig ng mga salita ng Panginoon; at sila'y magsisilaboy sa dagat at dagat, at mula sa hilagaan hanggang sa silanganan, sila'y magsisitakbo ng paroo't parito upang hanapin ang salita ng Panginoon, at hindi masusumpungan."[23]

Ang bayan ng Diyos ay hindi maliligtas sa paghihirap datapuwa't bagaman pinag-uusig at pinipighati, bagaman nagbabata ng kasala-

[21] Apocalipsis 16:5, 6.
[22] Apocalipsis 16:8, 9.
[23] Amos 8:11, 12.

tan, at nagtitiis ng kakulangan sa pagkain, ay hindi sila pababayaang mamatay. Iyong Diyos na nag-alaga kay Elias ay hindi makalilimot sa isa sa Kanyang mga tapat na anak. Aalagaan sila ng Diyos na nakabibilang ng mga buhok ng kanilang mga ulo, at sa panahon ng kagutom ay mabubusog sila. Samantalang ang masasama ay mamamatay dahil sa gutom at salot, ang mga matuwid ay ikakanlong ng mga anghel, at pagkakalooban ng kanilang mga kailangan. Sa "lumalakad ng matuwid" ay nauukol ang pangako: "Ang kanyang tinapay ay mabibigay sa kanya; ang kanyang tubig ay sagana." Pagka "ang dukha at mapagkailangan ay humahanap ng tubig at wala, at ang kanilang dila ay natutuyo dahil sa uhaw; Akong Panginoon ay sasagot sa kanila, Akong Diyos ng Israel ay hindi magpapabaya sa kanila."[24]

"Bagama't ang puno ng igos ay hindi namumulaklak, ni magkakaroon man ng bunga sa mga puno ng ubas; ang bunga ng olibo ay maglilikat, at ang mga bukid ay hindi magbibigay ng pagkain; ang kawan ay mahihiwalay sa kulungan at hindi magkakaroon ng bakahan sa mga silungan," gayon ma'y silang nangatatakol sa Kanya ay "magagalak sa Panginoon," at malulugod sa Diyos ng
[549] kanilang kaligtasan."[25]

"Ang Panginoon ay tagapag-ingat sa iyo: ang Panginoon ay lilim mo sa iyong kanan. Hindi ka sasaktan ng araw sa araw, ni ng buwan man sa gabi. Iingatan ka ng Panginoon sa lahat ng kasamaan; Kanyang iingatan ang iyong kaluluwa." "Kanyang ililigtas ka sa silo ng maninilo, at sa mapamuksang salot. Kanyang tatakpan ka ng Kanyang mga bagwis, at sa ilalim ng Kanyang mga pakpak ay manganganlong ka; ang Kanyang katotohanan ay kalasag at baluti. Ikaw ay hindi matatakot sa kakilabutan sa gabi, ni sa pana man na humihilagpos kung araw; dahil sa salot na dumarating sa kadiliman, ni dahil sa paggiba man na sumisira sa katanghaliang tapat. Isang libo ay mabubuwal sa iyong siping, at sampung libo sa iyong kanan, nguni't hindi lalapit sa iyo. Iyong mamamasdan lamang ng iyong mga mata, at iyong makikita ang ganti sa masama. Sapagka't ikaw, Oh Panginoon, ay aking kanlungan! Iyong ginawa ang Kataas-

[24]Isaias 33:15, 16; 41:17.
[25]Habacuc 3:17, 18.

taasan na iyong tahanan; walang kasamaang mangyayari sa iyo, ni anumang salot ay lalapit sa iyong tolda."[26]

Kung maaari lamang magkaroon ang mga tao ng paningning makamamalas ng mga bagay ng langit ay makikita nila ang kalipunan ng mga anghel na makapangyarihan sa kalakasan na humahantong sa palibot niyong mga nagiingat ng salita ng pagtitiis ni Kristo. Pinagmamasdan sila ng mga anghel sa kanilang kapighatian, at dinirinig ang kanilang mga panalangin, na taglay ang maibiging pakikiramay. Hinihintay nila ang salita ng kanilang Pinuno na sila'y agawin sa kapanganiban. Datapuwa't kailangang maghintay pa sila ng ilang sandali. Ang mga tao ng Diyos ay dapat uminom sa saro at mabinyagan ng bautismong ito. Ang pagkabalam, na sa kanila'y nagbibigay hirap ay siyang pinakamabuting tugon sa kanilang mga pamanhik. Samantalang sinisikap nilang hintaying may pagtitiwala ang paggawa ng Panginoon, ay naakay sila sa paggamit ng pananampalataya, pag-asa, at pagtitiis, na di nila gaanong gina- [550]
mit sa kanilang karanasan sa relihiyon. Gayon man, alang-alang sa mga hirang, ang panahon ng kabagabagan ay paiikliin. "Hindi baga igaganti ng Diyos ang Kanyang mga hirang, na sumisigaw sa Kanya araw at gabi?. . . Sinasabi ko sa inyo, na sila'y madaling igaganti Niya."[27]

Ang wakas ay darating sa lalong madaling panahon kaysa inaasahan nga mga tao. Ang trigo ay gagapasin at tatalian para sa kamalig ng Diyos; at ang mga pangsirang damo ay tataliang tulad sa mga bigkis ng kahoy upang igatong sa apoy ng kapahamakan

Ang mga sentinelang taga langit, tapat sa kanilang tungkulin, ay patuloy sa kanilang pagbabantay. Bagaman may isang pangkalahatang pasiya na nagtakda ng panahon na siyang dapat ikamatay ng rnga nagsisitupad sa utos ng Diyos, sa ilang mga pangyayari'y uunahan ng kanilang mga kaaway ang pasiyang ito, at bago dumating ang panahong taning, ay sisikapin nila ang pumatay. Nguni't wala sinumang makalalampas sa malalakas na bantay sa palibot ng mga tapat na kaluluwa. Ang iba'y dinadaluhong sa kanilang pagtakas buhat sa mga lunsod at mga nayon; nguni't ang nakabantang mga tabak nila'y nangaputol at nangahulog na parang dayami. Ang mga

[26]Mga Awit 121:5-7; 91:3-10.
[27]Lucas 18:7, 8.

iba pa'y ipinagsanggalang ng mga anghel na naganyong mga taong mangdirigma.

Sa lahat ng panahon, ang Diyos ay gumagawTa sa pamamagitan ng Kanyang mga banal na anghel upang tulungan at iligtas ang Kanyang bayan. Masiglang nakikibahagi ang mga anghel sa gawain ng mga tao. Nangakita silang nadaramtan ng mga balabal na nagliliwanag na parang kidlat; dumating silang nag-anyong tao, na tila mga naglalakbay. Nasa anyong taong napakita ang mga anghel sa mga lalaki ng Diyos. Nagpahingalay sila, na waring napapagod, sa ilalim ng mga punong-kahoy na ensina sa katanghaliang tapat.
[551] Tinanggap nila ang mga pagpapanluloy ng mga tao sa kanilang mga tahanan. Naging mga patnubay sila sa mga naglalakbay na ginagabi sa daan. Ang kanila na ring mga kamay ay nagpaningas ng apoy sa dambana. Nagbukas sila ng mga pinto ng bilangguan, at pinalaya ang mga alipin ng Panginoon.

Ang paningin ng Diyos na nakatunghay sa mga kapanahunan, ay nakatitig sa kalagayang panganib na sasagupain ng Kanyang bayan, pagka naglakip-lakip na ang mga kapangyarihan sa lupa laban sa kanila. Gaya ng bihag na itinapon, mangangamba silang baka mamatay sila sa gutom o sa karahasan. Datapuwa't yaong Banal na humati sa Dagat na Pula sa harapan ng buong Israel, ay manghaharap ng Kanyang malakas na kapangyarihan at babaligtarin ang kanilang pagkabihag. "Sila'y magiging Akin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, sa araw na Aking gawin, sa makatuwid baga'y isang tanging kayamanan; at Akin silang kaawaan, na gaya ng isang tao na naaawa sa kanyang anak na naglilingkod sa kanya."[28]

Kung matigis ang dugo ng mga tapat na saksi ni Kristo sa panahong ito, ay hindi ito, katulad ng dugo ng mga martir na nangauna, magiging gaya ng binhing inihasik upang magbunga para sa Diyos. Ang kanilang pagkamatapat ay hindi magiging isang patotoo pa upang hikayatin ang mga iba sa katotohanan, sapagka't naitaboy na ng matigas na puso ang mga alon ng kaawaan na anupa't ayaw ng magbalik pa kailan man. Kung ang mga matuwid ay pababayaan ngayong mapasa kamay ng kanilang mga kalaban, ay magiging pagwawTagi ito ng prinsipe ng kadiliman.

[28]Malakias 3:17.

Ang wika ng mang-aawit, "Sa kaarawan ng kabagabagan ay iingatan Niya ako na lihim sa Kanyang kulandong: sa kublihan ng Kanyang tabernakulo ay ikukubli Niya ako."[29] Sinabi ni Kristo: "Ikaw ay parito bayan Ko, pumasok ka sa iyong mga silid, at isara mo ang iyong mga pintuan sa palibot mo, magkubli kang sandali, [552]
hanggang sa ang galit ay makalampas."[30] Magiging maluwalhati ang pagliligtas sa mga matiyagang nagsipaghintay sa kanyang pagdating, na ang kanikanilang pangalan ay nasusulat sa aklat ng buhay. [553]

[29] Mga Awit 27:5.
[30] Isaias 26:20.

## *Kabanata 38*—Magtatagumpay ang katotohanan

Kapag ang pagsasanggalang ng mga batas ng tao ay binawi na sa mga nagpaparangal sa kautusan ng Diyos, magkakaroon, sa iba't ibang lupain, ng sabaysabay na kilusan upang sila'y ipahamak. Pagka lumalapit na ang takdang panahon ayon sa kapasiyahan, magsasang-usapan ang mga tao na pawiing lubusan ang sektang kinapopootan. Ipapasiyang gagawin sa gabi ang isang pangwakas na dagok na siyang magpapatahimik sa tinig ng pagtutol at pagsansala.

Ang mga tao ng Diyos—ang ilan ay nasa bilangguan, at ang mga ibang nagkukubli sa mga ilang na dako ng kagubatan at mga kabundukan—ay namamanhik pa rin sa Diyos na sila'y ipagtanggol, samantala'y sa lahat ng dako ay pulu-pulutong na mga taong sandatahan, na hinihila ng mga hukbo ng mga masamang anghel, ang naghahanda sa gawang pagpatay. Sa oras na yaon ng sukdol na kahirapan ay mamamagitan ang Diyos ng Israel sa ikaliligtas ng Kanyang hirang na bayan.

Taglay ang sigaw ng tagumpay, na nagsisiuyam at nagsisihamak, ang isang pulutong ng masasamang tao ay halos dumaluhong na sa kanilang mga talunan, nang, narito, isang makapal na kadiliman, na lalong makapal kaysa kadiliman ng gabi ang bumalot sa lupa. At ang isang bahaghari, na nagniningning sa kaluwalhatiang nagmumula sa luklukan ng Diyos, ay nakabalantok sa mga langit at wari'y nakapaligid sa bawa't pulutong na nananalangin. Biglang nangatigilan ang nagagalit na karamihan. Ang kanilang mga sigawan ng pag-uyam ay nangaparam. Nalimutan nila ang layunin ng kani-
[554] lang ka- galitang may tangkang pumatay. Tiningnan nilang may
[555] katakutan ang tanda ng tipan ng Diyos, at nais nilang makanlong sa makapangyarihang liwanag nito.

Ang mga tao ng Diyos ay nakarinig ng isang malinaw at malamig na tinig, na nagsasabi: "Kayo'y tumingala, at sa pagtingala nila sa langit ay nakita nila ang bahaghari ng pangako. Ang maitim at nagngangalit na ulap na kumukubong sa buong kalawakan ay nawahi at gaya ni Esteban ay tumingala sila sa langit, at kanilang nakita ang

kaluwalhatian ng Diyos, at ang Anak ng tao na nakaupo sa Kanyang luklukan. Sa Kanyang banal na anyo ay natanaw nila ang mga bakas ng Kanyang kapakumbabaan at mula sa Kanyang mga labi ay narinig nilang iniharap Niya ang samo sa Ama at sa Kanyang mga banal na anghel: "Ama, yaong mga ibinigay Mo sa Akin, ay ibig Kong kung saan Ako naroon, sila naman ay dumoong kasama Ko."[1] Muling narinig ang isang tinig, na may himig at tagumpay, na nagsasabi: "Sila'y dumarating! banal, walang kasamaan, at walang dungis. Iningatan nila ang salita ng Aking pagtitiis kaya't sila'y lalakad sa gitna ng mga anghel;" at ang namumutla at nanginginig na mga labi niyaong matibay na nanghawak sa kanilang pananampalataya ay sisigaw ng tagumpay.

Hatinggabi ang paghahayag ng Diyos ng Kanyang kapangyarihan sa pagliligtas sa Kanyang bayan. Pakikita ang araw na sumisikat sa kaliwanagan nito. Madaling magsusunud-sunod ang mga tanda at kababalaghan. Ang mga makasalanan ay may pangingilabot at pagkamangha na nakatingala sa panoorin, samantalang minamasdan ng mga matuwid na may banal na katuwaan ang mga tanda ng kanilang pagkaligtas. Ang bawa't bagay sa kalikasan ay waring lisya sa kanyang daan. Tumigil ng pagdaloy ang mga batis. Maitim at makakapal na ulap ang tumaas at nagbubungguan sa isa't isa. Sa gitna ng nagngangalit na langit ay may isang puwang na hindi [556]
sukat mailarawan ang karilagan, na mula roo'y lumalabas ang tinig ng Diyos na tulad sa lagaslas ng maraming tubig, na nagsasabi: "Nagawa na."[2]

Ang tinig na iya'y yumayanig sa langit at sa lupa. Nagkaroon ng isang malakas na lindol, na "di nangyari kailan man mula ng magkatao sa lupa, isang lindol na lubhang malakas, lubhang kakilakilabot."[3] Ang kalawakan ay waring nahahawi at nagdadaop. Ang kaluwalhatiang nagmumula sa luklukan ng Diyos ay kumikislap na mandin. Ang mga bundok ay umuugang gaya ng tambong hinahampas ng hangin, at putul-putol na bato ay napapahagis sa lahat ng dako. May naririnig na ugong na dumarating na tulad sa ugong ng bagyo. Ang dagat ay umaalimbukay. May naririnig na dagundong ng unos, na katulad ng tinig ng mga demonyong patungo sa kani-

[1] Juan 17:24.
[2] Apocalipsis 16:17.
[3] Apocalipsis 16:18.

lang gawaing paglipol. Ang buong lupa ay tataas at bababa gaya ng mga alon ng dagat. Ang kanyang balat ay bumubuka. Ang mga patibayan ay nangangalog mandin. Nagsisilubog ang kabit-kabit na mga bundok. Ang mga daungang naging katulad ng Sodoma sa katampalasanan ay nilalaman ng galit ng tubig.

Ang dakilang Babilonya ay naalaala ng Diyos, "upang siya'y bigyan ng inuman ng alak ng kabagsikan ng kanyang kagalitan."[4] Malalaking graniso na ang bawa't isa'y "kasinlaki ng isang talento," ay gumagawa ng kawasakan. Ang pinakapalalong mga bayan sa sangkalupaan ay nabababa. Ang mga palasyong pinagbubuntunan ng mga kayamanan ng mga dakilang tao ng sanlibutan sa kanilang pagpapakalayaw, ay gumuguho sa harap ng kanilang paningin. Ang mga kuta ng bilangguan ay nangababagsak, at ang mga tao ng Diyos, na binusabos dahil sa kanilang pananampalataya, ay napalalaya.

[557] Mabubuksan ang mga libingan at "marami sa kanila na nangatulog sa alabok ng lupa ay mangagigising, ang iba'y sa walang-hanggang pagkapahamak."[5] Ang lahat ng namatay sa pananampalataya sa pabalita ng ikatlong anghel ay lalabas sa kani-kanilang libingan na mga niluwalhati upang pakinggan ang tipan ng Diyos tungkol sa kapayapaan para sa mga nag-iingat ng Kanyang kautusan. "At ang nangag-siulos sa Kanya,"[6] iyong mga tumuya at umupasala sa mga pahimakas na daing ni Kristo, at yaong mga pinakahigpit na sumalansang sa Kanyang katotohanan, at sa Kanyang bayan, ay pawang ibabangon upang makita ang Kanyang kaluwalhatian, at upang mamalas ang karangalang ilalagay sa mga tapat at masunurin.

Ang langit ay natatakpan pa rin ng makakapal na ulap; datapuwa't manakanaka'y nakikita ang araw, na kung tingnan ay tulad sa naghihiganting mata ni Heoba. Mababalasik na kidlat ang nagbubuhat sa langit, at binabalut ang lupa sa isang kumot na apoy. Nangingibabaw sa nakapanghihilakbot na dagundong ng kulog, ang mga tinig, na mahiwaga at nakatatakot, ay nagpapahayag ng kapahamakan ng masasama. Ang binibigkas na mga pangungusap ay hindi mawawatasan ng kalahatan; datapuwa't malinaw sa mga magdarayang tagapagturo. Yaong nang mga ilang sandaling nakaraan ay mapagpabaya, palalo, nanglalaban, at napakabagsik sa mga tao

[4]Apocalipsis 16:19, 21.
[5]Daniel 12:2.
[6]Apocalipsis 1:7.

ng Diyos na nagsisitupad ng Kanyang mga utos, ngayo'y pinanaiggan ng kahinaan ng loob, at nanginginig sa katakutan. Ang mga panaghoy nila ay naririnig na nangingibabaw sa ugong ng mga elemento. Ang mga demonyo ay nangagpapahayag ng kanilang pagkilala sa pagka-Diyos ni Kristo, at nanginginig sa harap ng Kanyang kapangyarihan, samantalang ang mga tao'y tumatawag upang sila'y kahabagan at nangagpapatirapang taglay ang makabusabos na katakutan.

Sa siwang ng mga alapaap ay lumalagos ang kislap ng isang [558]
bituin na ang kakinangan ay nag-aapat na ibayo dahil sa kadiliman. Ito'y nagpapahayag ng pag-asa at katuwaan sa mga tapat, datapuwa't kabagsikan at poot sa mga sumasalansang sa kautusan ng Diyos. Ang mga nagsakripisyo ng lahat alang-alang kay Kristo ay panatag na ngayon at nakukubli sa kulandong ng Panginoon. Sila'y sinubok, at sa harap ng sanlibutan at ng mga humahamak sa katotohanan ay ipinakilala nila ang kanilang pagkamatapat sa Kanya na namatay dahil sa kanila. Isang kagila-gilalas na pagbabago ang nangyari sa nanatiling matibay sa kanilang kalinisang-budhi maging sa harap ng kamatayan. Sila'y biglang iniligtas sa madilim at nakatatakot na pagduhagi ng mga tao na naging mga demonyo. Ang kanilang mga mukha, na hindi pa nalalauna'y mapuputla, nagugulumihanan, at nangangayayat, ngayo'y nagliliwanag sa paghanga, sa pananampalataya, at sa pag-ibig. Ang kanilang mga tinig ay pumapailanglang sa awit ng tagumpay: "Ang Diyos ay ating ampunan at kalakasan, saklolo sa kabagabagan. Kaya't hindi tayo matatakot bagaman ang lupa ay mabago, at bagaman ang mga bundok ay mangapalipat sa kagitnaan ng mga dagat; bagaman ang mga tubig niyaon ay magsiugong at mabagabag, bagaman ang mga bundok ay mangauga dahil sa unos niyaon."[7]

Habang pumapaitaas sa Diyos ang mga pangungusap na ito ng banal na pagtitiwala, ang mga ulap naman ay nangahahawi, at ang langit na mabituin ay natanaw, na ang kaluwalhatian ay di mabigkas kung itutulad sa maiitim at inaalimbukay na himpapawid sa magkabi-kabila. Ang kaluwalhatian ng banal na lunsod ay lumalabas sa mga pintuang nakabukas. Pagkatapos ay lumitaw sa langit ang isang kamay na may hawak na dalawang tapyas na bato na magkataklob.

[7] Mga Awit 46:1-3.

Ang sabi ng propeta: "Ipapahayag ng langit ang Kanyang katuwiran; sapagka't ang Diyos ay siyang hukom."[8] Ang banal na kautusang
[559] yaon, ang katu- wiran ng Diyos, na sa gitna ng kulog at lingas ay ipinahayag sa Sinai na pinaka patnubay sa kabuhayan, ay ipinahahayag sa mga tao bilang batayan ng paghukom. Binuksan ng kamay ang magkataklob na mga tapyas na bato at doo'y nakikita ang mga utos ng dekalogo na itinitik ng gaya ng isang panitik na apoy. Gayon na lamang kalinaw ang mga pangungusap, na anupa't mababasa ng lahat. Magigising ang alaala, ang kadiliman ng pamahiin at erehiya ay maaalis sa bawa't pag-iisip at ang sampung pangungusap ng Diyos, maikli, malawak at makapangyarihan ay ihaharap sa paningin ng lahat ng tumatahan sa lupa.

Hindi mailalarawan ang pagkatakot at kawalang pag-asa niyaong yumuyurak sa mga banal na kautusan ng Diyos. Ibinigay sa kanila ng Panginoon ang Kanyang kautusan; maaaring inihambing nila dito ang kanilang mga likas, at naalaman ang kanilang mga kakulangan samantalang may panahon sa pagsisisi at pagbabago; datapuwa't upang sila'y matanghal sa sanlibutan ay winalan nila ng kabuluhan ang mga utos na ito at itinuro nila sa mga iba na ito'y salansangin. Sinikap nilang pilitin ang mga tao ng Diyos na lapastanganin ang Kanyang Sabado. Ngayo'y hinahatulan sila ng kautusang yaon na kanilang hinamak. Nakasisindak at napakalinaw nilang nakikita na wala nga silang madadahilan. Pinili nila ang ibig nilang paglingkuran at sambahin. "Kung magkagayo'y manunumbalik kayo at makikilala ninyo ang matuwid at ang masama, yaong naglilingkod sa Diyos at yaong hindi naglilingkod sa Kanya."[9]

Ang mga kalaban ng kautusan ng Diyos, mula sa mga ministro hanggang sa kaliit-liitan sa kanila, ay magkakaron ng isang bagong pagkakilala tungkol sa katotohanan at sa kanilang tungkulin. Huling huli na ang pagkakita nila na ang Sabado ng ikaapat na utos ay
[560] siyang tatak ng Diyos na buhay. Totoong huli na ang pagka- kita nila sa tunay na likas ng huwad na kapangilinan, at sa buhanginang patibayan na kanilang pinagtatayuan. Nakita nilang nilabanan nila ang Diyos. Ang mga tao ay inakay sa kapahamakan ng mga guro sa relihiyon, samantalang ipinagpapanggap nilang sa mga pintuan

[8] Mga Awit 50:6.
[9] Malakias 3:18.

ng Paraiso sila inaakay. Malalaman sa araw lamang ng kahuli-hulihang pagsusulit ang laki ng kapanagutan ng mga taong nasa banal na tungkulin, at ang kakila-kilabot na mga ibubunga ng kanilang kawalang pagtatapat. Doon lamang sa panahong walang-hanggan tumpak na matataya ang bigat ng pagkawaglit ng isang kaluluwa. Kakila-kilabot ang magiging kapahamakan niyaong pagsasabihan ng Diyos: Lumayo ka, ikaw na masamang alipin.

Maririnig mula sa langit ang tinig ng Diyos na nagsasabi ng araw at oras ng pagdating ni Jesus, at ipahahayag ang walang-hanggang tipan sa Kanyang bayan. Tulad sa napakalakas na dagundong ng kulog, ang Kanyang mga salita ay uugong sa buong lupa. Ang Israel ng Diyos ay nangakatayong nakikinig, na nangakatitig sa itaas. Ang Kanilang mga mukha ay nagliliwanag sa kaluwalhatian ng Diyos at nagniningning na gaya ng mukha ni Moises nang siya'y bumaba sa Sinai. Hindi makatitingin sa kanila ang masasama. At nang mabigkas na ang pagpapala doon sa mga nagpaparangal sa Diyos sa pangingilin ng Kanyang Sabado, ay nagkaroon ng isang malakas na sigaw ng tagumpay.

Hindi nalauna't nakita sa silangan ang isang maliit na ulap na ang laki ay kalahati ng palad ng tao. Iyon ang ulap na nakapaligid sa Tagapagligtas, at sa malayo'y tila napapaloob sa kadiliman. Nalalaman ng bayan ng Diyos na ito'y tanda ng Anak ng tao. Taglay ang banal na katahimikan ay tinititigan nila ito habang napapalapit sa lupa, na nagiging lalong maliwanag at lalong maluwalhati, hanggang sa naging isang malaking ulap na maputi, na ang ibaba'y isang kaluwalhatiang katulad ng namumugnaw na apoy, at sa itaas ay ang bahaghari ng tipan. [561]

Si Jesus ay nakasakay na isang makapangyarihang mananakop. Hindi na "isang taong sa kapanglawan," upang uminom sa mapait na saro ng kahihiyan at kahirapan, kundi siya'y pariritong mapagtagumpay sa langit at sa lupa, upang humatol sa mga nabubuhay at sa mga patay. "Tapat at totoo," "sa katuwiran siya'y humahatol at nakikipagbaka." At "ang mga hukbong nasa langit"[10] ay sumusunod sa kanya. Ang mga banal na anghel na hindi mabilang sa karamihan ay aabay sa Kanya na inaawit ang awit ng langit. Ang buong

[10]Apocalipsis 19:11, 14.

kalawakan ay waring puno ng maluluwalhating anyo—"sampung libong tigsasampung libo at libu-libo."

Walang panitik ng tao na makapaglalarawan ng panooring yaon, hindi nasok sa pag-iisip ng tao ang karilagan niyaon. "Ang Kanyang kaluwalhatia'y tumakip sa langit, at ang lupa'y napuno ng Kanyang kapurihan. At ang Kanyang ningning ay parang liwanag."[11] Samantalang napapalapit ang buhay na alapaap, nakikita ng bawa't mata ang prinsipe ng buhay. Wala nang putong na tinik na dumurungis sa banal na ulo Niya, kundi isang diyadema ng kaluwalhatian ang doo'y nababababaw. Ang kanyang mukha ay maliwanag pa kaysa nakasisilaw na liwanag ng araw kung katanghaliang tapat. "At Siya'y mayroong isang pangalang nakasulat sa Kanyang damit at sa Kanyang hita, HARI NG MGA HARI AT PANGINOON NG MGA PANGINOON."[12]

Sa harap Niya, "ang lahat ng mukha'y mangamumutla;" sa mga nagsisitanggi sa habag ng Diyos ay babagsak ang kakilabutan ng di-mahahanggahang kawalang pag-asa. "Ang puso ay natutunaw, at ang mga tuhod ay nagkakaumpugan," "at ang mga mukha nilang lahat ay nangamumutla"[13] Ang mga matuwid ay sumisigaw na nanginginig: "Sino ang makatatayo?"

[562] Tumigil ang awitan ng mga anghel, at nagkakaroon ng dakilang katahimikan. Nang magkagayo'y narinig ang tinig ni Jesus na nagsasabi: "Ang aking biyaya ay sukat na sa iyo." Nagliwanag ang mukha ng mga matuwid, at napuspus ng katuwaan ang kanilang mga puso. Kinalabit ng mga anghel ang mataas-taas na nota at sila'y muling nagsiawit habang sila'y napapalapit sa lupa.

Ang Hari ng mga hari ay bumababang nakasakay sa alapaap, at nabibilot ng nagliliyab na apoy. Ang langit ay nalululong tulad sa isang lulong aklat, at ang lupa'y nayayanig sa harap Niya, at ang bawa't bundok at pulo ay nagsisitakas. "Ang aming Diyos ay darating at hindi tatahimik: Isang apoy na mamumugnaw sa harap Niya, at magiging totoong malaking bagyo sa palibot Niya. Siya'y tatawag sa langit sa itaas, at sa lupa upang mahatulan Niya ang Kanyang bayan."[14]

[11] Habacue 3:3, 4.
[12] Apocalipsis 19:12.
[13] Jeremias 30:6; Nahum 2:10.
[14] Mga Awit 50:3, 4.

"At ang mga hari sa lupa, at ang mga prinsipe, at ang mga pangulong kapitan, at ang mayayaman, at ang mga makapangyarihan, at ang bawa't alipin at ang bawa't laya, ay nagsipagtago sa mga yungib at sa mga bato sa mga bundok; at sinasabi nila sa mga bundok at sa mga bato, Mahulog kayo sa amin, at kami inyong itago sa mukha noong nakaupo sa luklukan, at sa galit ng Kordero: sapagka't dumating na ang dakilang araw ng Kanilang kagalitan; at sino ang makatatayo?"[15]

Ang pauyam na mga pagbibiro ay nangapatigil. Ang mga sinungaling na labi ay nanahimik. Ang pagpipingkian ng sandata, ang alingasngas ng pagdidigma, "sa kaguluhan at sa kasuutang puno ng dugo."[16] ay nagsitahan. Walang napapakinggan ngayon kundi tinig ng panalangin at tinig ng iyakan at taghuyan. Ang sigaw ay namumulas sa mga labi niyong mga nang sandaling nakaraan ay nagsisipanuya: "Ang dakilang araw ng Kanyang kagalitan ay dumating na; at sino ang makatatayo?"[15] Idinadalangin ng mga masama na sila'y tabunan ng malalaking bato at mga bundok, huwag na lamang [563]
nilang matanaw ang mukha niyaong inuyam at tinanggihan nila.

Yaong tinig na nanunuot sa pakinig ng mga patay ay kilala nila. Gaano kalimit na sila'y tinawagan sa pagsisisi ng malilinaw at mabibiyayang mga pangungusap na yaon. Gaano kalimit nila itong napakinggan sa malulumanay na mga pamanhik ng isang kaibigan, ng isang kapatid, at ng isang Manunubos. Sa nangagsitanggi sa Kanyang biyaya ay wala nang tinig pang lalong masakit na gaya ng tinig na yaon na malaong namanhik, "Manumbalik kayo, manumbalik kayo mula sa inyong masasamang lakad, sapagka't bakit kayo mangamamatay."[17] Oh, naging tinig na sana yaon ng isang taong hindi nila nakikilala! Ang sabi ni Jesus: "Ako'y tumawag at kayo'y tumanggi: Aking iniunat ang Aking kamay, at walang makinig; kundi inyong iniuwi sa wala ang buo Kong payo, at hindi ninyo inibig ang Aking saway."[18] Ang tinig na yaon ay gigising sa kanilang mga gunita ng mga alaala na nanaisin nilang mangapawi na sana—

[15] Apocalipsis 6:15-17.

[16] Isaias 9:5.

[15] Apocalipsis 6:15-17.

[17] Ezekiel 33:11.

[18] Mga Kawikaan 1:24, 25.

mga babalang hinamak, paanyayang tinanggihan, at mga karapatang sinira.

Doroon din naman yaong mga kumutya kay Kristo noong siya'y nagdurusa. Taglay ng nakapangingilabot na kapangyarihan ay dumating sa kanilang alaala ang mga pangungusap ng Nagbata, noong pasumpain ng punong saserdote, ay nagpahayag: "Buhat ngayon ay inyong makikita ang Anak ng tao na nakaupo sa kanan ng kapangyarihan ng Diyos, at pumaparitong nasa mga alapaap ng langit."[19] Ngayo'y nakikita nila Siya sa Kanyang kaluwalhatian, at makikita rin nila Siya sa kanang kamay ng kapangyarihan.

Napipi ngayon yaong mga nagsiuyam sa pag-angkin Niyang siya'y Anak ng Diyos. Doroon ang mayabang na si Herodes na kumutya sa Kanyang pagkahari, at nagutos sa nanunuyang mga kawal
[564] na putungan siyang tu- lad sa hari. Doroon iyong mga tampalasang kamay na nagsuot sa Kanya ng damit na kulay ube, nagputong sa Kanyang banal na noo ng putong na tinik, at nagpahawak sa kanyang kamay ng kunwa'y setro, at nagsiyukod sa kanya sa kapusungang pagtuya. Ang mga taong tumampal at lumura sa Prinsipe ng buhay, ay ngayo'y nagsisitakas sa Kanyang lumalagos na titig at nagsisikap na lumayo sa hindi nila matagalang kaluwalhatian ng Kanyang pakikiharap. Yaong mga nagbaon ng pako sa Kanyang kamay at paa, yaong kawal na umulos sa Kanyang tagiliran, ay titingin sa mga bakas na ito na taglay ang pangingilabot at pagbibigay-sala sa sarili.

Sa kabuhayan ng lahat na nagsitanggi sa katotohanan, ay may mga sandali na nagigising ang budhi, na naghaharap ang alaala ng masasakit na gunita ng isang mapagpaimbabaw na kabuhayan, at ang kaluluwa ay napapagal dahil sa walang kabuluhang pagbibigay-sisi. Datapuwa't gaano na ito kung itutulad sa pagbibigay-sala sa sarili sa araw na yaon pagka ang "takot ay dumarating na parang bagyo," pagka ang "kasakunaan ay dumarating na parang ipuipo."[20] Yaong mga nagsikap na ipahamak si Kristo at ang Kanyang bayan, ay mga saksi ngayon sa kaluwalhatiang sumasa kanila. Sa kalagitnaan ng kanilang pangangamba ay nakaririnig sila ng mga tinig ng mga banal na masayang nag-aawitan, na nagsisipagsabi: "Narito ito'y ating Diyos; hinihintay natin Siya, at ililigtas Niya tayo."[21]

[19]Mateo 26:64.
[20]Mga Kawikaan 1:27.
[21]Isaias 25:9.

Sa gitna ng pagiray-giray ng lupa, ng pagliliwanag ng kidlat, at ng dagundong ng kulog, ay tinatawag ng tinig ng Anak ng Diyos ang nangatutulog na banal. Tinutunghayan Niya ang mga libingan ng mga matuwid, at sa pagtataas Niya ng Kanyang mga kamay sa langit ay sinasabi Niya: "Kayo'y gumising, kayo'y gumising, kayo'y gumising, kayong nangatutulog sa alabok, at kayo'y magsibangon!" Sa linapad-lapad at hinaba-haba ng lupa ay mari- rinig ng mga patay [565] ang Kanyang tinig; at ang mga dirinig ay mangabubuhay. At ang buong lupa ay uugong dahil sa yabag ng napakalaking hukbo na mula sa bawa't bansa, lipi, wika, at bayan. Mula sa bahay bilangguan ng kamatayan ay magsisilabas sila, na nararamtan ng kaluwalhatiang walang paglipas, na nagsisipagsabi: "Saan naroon, Oh kamatayan, ang iyong pagtatagumpay? saan naroon, Oh, kamatayan ang iyong tibo?"[22] At ang tinig ng mga nabubuhay na matuwid pati ng sa mga binuhay na banal ay maglalagum sa isang mahaba at masayang sigaw ng tagumpay.

Lahat ay lalabas sa kani-kanilang libingan na ang laki nila ay gaya rin noong sila'y nasok sa libingan. Si Adan, na nakatayo sa gitna ng karamihan ng mga binuhay, ay mataas at marangal ang katawan, nguni't mababa ng kaunti sa Anak ng Diyos. Siya ang magpapakilala ng kapunapunang ipinag-iba ng mga tao ng huling salin ng lahi; sa bagay na ito ay mapagkikilala ang malaking ikinababa ng uri ng sangkatauhan. Datapuwa't ang lahat ay babangong taglay ang kasariwaan at kalakasan ng walang-hanggang kabataan. Sa pasimula ay nilalang ang tao ayon sa wangis ng Diyos, hindi lamang sa likas, kundi sa anyo at hugis din naman. Ang banal na larawan ay halos pinawi ng kasalanan; nguni't si Kristo'y naparito upang isauli ang nawala. Babaguhin Niya ang ating mga hamak na katawan, at huhugisin Niya ayon sa Kanyang maluwalhating katawan. Ang may kamatayan at nasisirang anyo na walang kagandahan, narumhan ng kasalanan, ay magiging sakdal, maganda, at walang kamatayan. Lahat ng kapintasan at kapinsalaan ay maiiwan sa libingan. Pagka naisauli na ang mga tinubos sa punong-kahoy ng buhay na nasa malaong nawalang Eden, sila'y "magsisilaki"[23] sa hustong taas ng lahi noong ito'y nasa unang kaluwalhatian. Ang

[22] 1 Corinto 15:55.
[23] Malakias 4:2, talatang Hebreo.

mga nalalabing bakas ng sumpa ng kasalanan ay maaalis, at ang
[566] mga tapat na tao ni Kris- to ay mangagkakaroon ng "kagandahan ng Panginoon aming Diyos,"[24] sa pag-iisip at kaluluwa at katawan, at mahahayag ang sakdal na larawan ng kanilang Panginoon. Oh, kahanga-hangang pagtubos! malaong sinasambit-sambit, malaong inaasahan, hinihintay na may maningas na pananabik, datapuwa't hindi ganap na napag-unawa!

Ang buhay na mga banal ay babaguhin "sa isang sandali, sa isang kisap mata."[25] Sa tinig ng Diyos sila'y naluwalhati; ngayon nama'y bibigyan sila ng kawalang kamatayan, at kasama ng mga banal na nagsibangon sa kani-kanilang libingan ay aagawin sila upang salubungin ang Panginoon sa hangin. Ang mga hinirang ay titipunin ng mga anghel sa "apat na panig ng sanlibutan mula sa isang dulo ng langit hanggang sa kabila."[26] Ang maliliit na bata ay dala ng mga anghel sa kani-kanilang ina. Ang magkakaibigang malaong nagkahiwalay dahil sa kamatayan ay muling nagkakasama upang huwag nang magkalayo magpakailan man, at nagsisiakyat sa bayan ng Diyos na nag-aawitan ng awit ng kagalakan.

Bago pumasok sa bayan ng Diyos, ang tagapagligtas ay magkakaloob sa Kanyang mga alagad ng tanda ng kanilang pananagumpay, at igagawad Niya sa kanila ang sagisag ng kanilang makaharing kalagayan. Ang nagkikislapang mga hanay ay inayos sa isang parisukat sa palibot ng kanilang Hari, na ang anyo ay lalong mataas kaysa alin mang anghel, at ang Kanyang mukha'y nagliliwanag sa kanila na puno ng mabiyayang pag-ibig. Ang mga mata ng hindi mabilang na hukbo ng mga tinubos ay nakatitig sa Kanya, at namamalas ng bawa't mata ang Kanyang kaluwalhatian na "ang Kanyang mukha ay [pinapaging] napakakatuwa kaysa kanino mang lalaki, at ang Kanyang anyo ay higit na kumatuwa kaysa mga anak ng mga tao."[27] Sa ulo ng mga nagtagumpay ay ipapatong ni
[567] Jesus ng Kanyang sariling kamay ang putong na kaluwalhatian. Ang bawa't isa ay may putong na roo'y nakasulat ang kanyang "bagong pangalan,"[28] at ang pangungusap na "Banal sa Panginoon."

[24] Salmos 90:17.

[25] 1 Corinto 15:52.

[26] Mateo 24:31.

[27] Isaias 52:14.

[28] Apocalipsis 2:17.

Sa bawa't kamay ng nagtagumpay ay ilalagay ang palma at ang kumikinang na alpa. At sa pagkalabit ng mga nangungulong anghel sa nota, ang bawa't kamay ay may kasanayang tutugtog ng kanyang alpa, na siyang magdudulot ng matamis na tugtugin sa pamamagitan ng masasarap at maiinam na himig. Ang bawa't puso ay sisidlan ng di-mabigkas na katuwaan, at bawa't tinig ay magpapailanglang ng pagpupuri: "Doon sa umiibig sa atin, at sa nagkalag sa atin sa ating mga kasalanan, sa pamamagitan ng Kanyang dugo; at ginawa tayong kaharian, mga saserdote sa Kanyang Diyos at Ama, suma Kanya nawa ang kaluwalhatian at ang kaharian magpakailan man."[29]

Nasa harapan ng karamihang mga tinubos ang banal na lunsod. Bubuksan ni Jesus ng maluwang ang mga pinerlasang pintuan, at magsisipasok ang mga bansa na nangag-iingat ng katotohanan. Doo'y makikita nila ang Paraiso ng Diyos, ang tahanan ni Adan noong hindi pa siya nagkakasala. Kung magkagayon ang isang tinig, na kawili-wiling pakinggan kaysa alin mang awit na narinig na ng pakinig ng tao, ay mapapakinggang magsasabi: "Ganap na ang inyong pakikipagpunyagi." "Pumarito kayo mga pinagpala ng Aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat ng itatag ang sanlibutan."[30]

Taglay ang di-mabigkas na pag-ibig ay aanyayahan ni Jesus ang mga matapatin sa "galak ng kanilang Panginoon." Ang galak ng Panginoon ay nasa pagkakita Niya, doon sa kaharian ng kaluwalhatian, sa mga kaluluwang naligtas sa pamamagitan ng Kanyang pagdadalamhati at pagkaalipusta. At ang mga natubos ay mangakakabahagi sa Kanyang galak, kung makita nila, sa gitna ng mga [568]
pinagpala yaong mga nailapit kay Kristo sa pamamagitan ng kanilang mga panalangin, ng kanilang mga pagpapagal, at ng kanilang maibiging pagsasakripisyo. Sa pagtitipon nila sa palibot ng malaking luklukang maputi, ay hindi masabing katuwaan ang aapaw sa kanilang mga puso sa pagkatanaw nila sa mga nailapit nila kay Kristo, at sa pagkatalos nila na ang isang iyon ay nakapaglapit ng isa pa, at ang mga ito'y ng iba pa rin, at silang lahat ay nangapasa payapang pahingahan, upang doon sa paanan ni Jesus ay ibaba nila

[29] Apocalipsis 1:5, 6.
[30] Mateo 25:34.

ang kanilang mga putong at magpuri sa Kanya sa buong panahong walang katapusan.

Samantalang magalak na tinatanggap sa bayan ng Diyos ang mga natubos, ay umalingawngaw sa buong himpapawid ang isang masayang sigaw ng pagsamba. Magtatagpo na ang dalawang Adan.[31] Ang Anak ng Diyos ay nakatayo na nakaunat ang mga kamay upang tanggapin ang ama ng ating lahi—ang tao na Kanyang nilikha, na nagkasala sa Maylalang sa kanya, at dahil sa kanyang kasalanan ay dala pa ng Tagapagligtas ang mga bakas ng pagpapako sa krus sa Kanyang katawan. Sa pagkakita ni Adan ng mga bakas ng malupit na pako, hindi niya yinayakap ang kanyang Panginoon, kundi sa pagpapakumbaba ay nagpapatirapa siya sa Kanyang paanan, na nagsasabi ng "karapat-dapat, karapat-dapat ang Kordero na pinatay!"[32] Buong giliw siyang itinatayo ng Tagapagligtas, at minsan pang pinatitingnan sa kanya ang tahanang Eden na malaong panahon niyang kinalayuan.

Dala ng di-gagaanong katuwaan, ay nakita niya ang mga punong-kahoy na mga kinalugdan niya noong una—iyon ding mga puno, na ang mga bunga ay kanyang tinipon, noong kaarawan ng kanyang kalinisan at kaligayahan. Nakita niya iyong mga dating baging na
[569] kanyang inayos, iyong niga dating bulaklak na kinalugdan niyang alagaan. Naunawa ng kanyang pag-iisip ang katunayan ng kanyang napapanood; nabatid niyang ito nga ang Eden na isinauli, lalong kaibig-ibig ngayon kaysa noong siya'y paalisin doon. Isinama siya ng Tagapagligtas sa punong-kahoy ng buhay. Pumitas Siya ng maluwalhating bunga at ipinakain Niya kay Adan.

Tumingin siya sa kanyang palibut-libot, at nakita niya ang isang karamihan ng kanyang mga inanak na natubos, na nangakatayo sa Paraiso ng Diyos, inilapag niya ang kanyang nagniningning na putong sa paanan ni Jesus, at sa pagkalapit niya sa kanyang dibdib ay yinakap niya ang Manunubos. Kinalabit niya ang gintong alpa, at ang nakabalantok na langit ay umalingawngaw sa awit ng tagumpay: "Karapatdapat, karapat-dapat ang Kordero na pinatay at

[31] *Paliwanag:* Ang unang Adan ay siyang ama n gating lahi, sa kanya'y nawala ang buhay at kaharian dahil sa kasalanana; ang ikalawang Adan ay si Kristo, na siyang tumubos sa lahi sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at kaniyang ibinalik ang nawalang nasasakupan.

[32] Apocalipsis 5:12.

muling nabuhay!” Inawit din ng mga anak ni Adan ang himig na ito, at inilapag ang kanilang mga putong sa paanan ng Tagapagligtas samantalang sila’y yumuyukod na sumasamba sa harapan Niya.

Ang pagtitipong ito ay sinasaksihan niyaong mga anghel na tumatangis noong magkasala si Adan, at nangatuwa noong si Jesus ay umakyat sa langit, pagkatapos na Siya’y mabuhay na mag-uli, at mabuksan Niya ang libingan para sa lahat ng sasampalataya sa Kanyang pangalan. Ngayo’y nakikita nilang ganap na ang gawain ng pagtubos, at isinasama nila ang kanilang tinig sa awit ng pagpupuri.

Sa ibabaw niyaong dagat na bubog na parang may halong apoy, na nasa harapan ng luklukan na gayon na lamang kaliwanag dahil sa kaluwalhatian ng Diyos—ay magkakatipon ang karamihan na “nangagtagumpay sa hayop, at sa kanyang larawan, at sa bilang ng kanyang pangalan.’[33] “Kayat sila’y nasa harapan ng luklukan ng Diyos at naglilingkod sa Kanya araw at gabi sa Kanyang templo; at Siyang nakaupo sa luklukan ay lulukuban sila ng Kanyang taber- [570]
nakulo.”[34] Nakita nilang ang lupa ay nasalanta sa gutom at salot. ang araw ay nagkaroon ng kapangyarihang sumupok sa mga tao ng matinding init, at sila man ay nagbata rin ng hirap, gutom, at uhaw. Datapuwa’t sa araw na yao’y “sila’y hindi na magugutom pa ni mauuhaw pa man; ni hindi na sila tatamaan ng araw, o ng anumang init. Sapagka’t ang Kordero na nasa gitna ng luklukan, ay siyang magiging pastor nila; at sila’y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay: papahirin ng Diyos ang bawa’t luha ng kanilang mga mata.”[34]

Sa lahat ng kapanahunan, ang mga taong hirang ng Tagapagligtas ay tinuruan at sinanay sa paaralan ng pagsubok. Sila’y nagsilakad sa makipot na daan sa lupa; sila’y dinalisay sa hurno ng kapighatian. Alang-alang kay Jesus ay nagbata sila ng mga pagsalansang, poot at paratang. Nagsisunod sila sa Kanya sa mahihigpit na labanan; nagdanas sila ng pagbabawa sa kanilang sarili at ng mapapait na pagkabigo. Sa pamamagitan ng kanilang sariling mahapding karanasan ay nangatutuhan nila ang kasamaan ng kasalanan, ang kapangyarihan nito, ang pagkamakasalanan nito, at ang kaabaan nito; at kanila itong kinasusuklaman. Ang pagkakilala nila sa walang katumbas

[33] Apocalipsis 15:2.
[34] Apocalipsis 7:15-17.
[34] Apocalipsis 7:15-17.

na paghahain na ginawa upang dito'y lumunas, ay siyang nagbaba sa kanila sa sarili nilang paningin, at pumuno sa kanilang puso ng pagpapasalamat at pagpupuri, na hindi mapahahalagahan kailan man noong mga hindi nagkakasala. Umiibig sila ng malaki, sapagka't malaki ang sa kanila'y ipinatawad. Palibhasa'y mga kasama sila sa mga pagbabata ni Kristo, ay karapat-dapat naman silang maging kabahagi sa Kanyang kaluwalhatian.

Ang mga tagapagmana ng Diyos ay magsisipanggaling sa mga taguan sa itaas ng bahay, sa mga hamak na dampa. sa mga bilangguan, sa mga bibitayan, sa mga bundok, sa mga ilang, sa mga yungib, at sa mga lungga ng dagat. Dito sa lupa sila'y mga "salat, pinighati,
[571] at pinahirapan." Angaw-angaw ang nagsitungo sa libingan na taglay ang kadustaan, sapagka't matibay silang tumangging pasakop sa magdarayang pag-aangkin ni Satanas. Sila'y hinatulan ng mga hukuman sa lupa na mga kasama-samaan sa lahat ng kriminal. Nguni't ngayo'y ang "Diyos ay siyang hukom."[35] Ngayo'y nabaligtad ang mga kapasiyahan ng lupa. "Ang kakutyaan ng Kanyang bayan ay maaalis sa buong lupa."[36] "Tatawagin nila sila: Ang banal na bayan, ang tinubos ng Panginoon."[37] Kanyang ipag-uutos na "bigyan sila ng putong na bulaklak na kahalili ng mga abo, ng langis ng kagalakan na kahalili ng pagtangis, ng damit ng kapurihan na kahalili ng kabigatan ng loob."[37] Hindi na sila mahihina, ni naghihirap, ni nagkakawatak-watak, ni napipighati. Sasa Panginoon na sila magpakailan man. Nakatayo sila sa harap ng luklukan na nangararamtan ng lalong mahal na damit na hindi naisuot kailan man ng mga pinakamarangal na tao sa lupa. Pinutungan sila ng mga diyadema na lalong maringal kaysa naiputong na sa mga ulo ng mga hari dito sa lupa. Ang mga panahon ng paghihirap at pagtangis ay wala na. Pinahid na ng Hari ng kaluwalhatian ang luha sa lahat ng mukha; ang bawa't magiging dahil ng kalumbayan ay inalis na. Sa kalagitnaan ng mga pagwawagayway ng mga sanga ng mga palma ay namumulas sa kanilang mga labi ang awit ng pagpupuri, malinaw, matamis, at nagkakatugma, sumama sa pag-awit ang bawa't tinig hanggang sa ang awitan ay

[35] Mga Awit 50:6.

[36] Isaias 25:8.

[37] Isaias 62:12; 61:3.

[37] Apocalipsis 7:10, 12.

makarating sa pagkakabalantok ng kalangitan. “Ang pagliligtas ay sumaaming Diyos na nakaupo sa luklukan at sa Kordero.”

At lahat ng tumatahan sa langit ay tumugon sa pagpupuri: “Siya nawa: Pagpapala, at kaluwalhatian, at karunungan. at pagpapasalamat, at karangalan, at kapangyarihan, at kalakasan, nawa ang suma aming Diyos magpakailan man.[38] [572]

Sa buhay na ito ay mapasisimulan lamang natin ang pag-unawa sa kahanga-hangang suliranin ng pagtubos. Sa pamamagitan ng maiigsi nating pag-iisip ay mapag-aaralan natin ng buong sikap ang kahihiyan at ang kaluwalhatian, ang buhay at ang kamatayan, ang katuwiran at ang kahabagan, na nagtatagpo sa krus; datapuwa’t sa lubusan mang pagkabanat ng mga kapangyarihan ng ating pag-iisip ay hindi natin matatarok ang lubos na kahulugan nito. Ang haba at ang luwang, ang lalim at ang taas, ng tumutubos na pag-ibig ay bahagya lamang maunawaan.

Ang panukala ng pagtubos ay hindi ganap na mauunawa, kahi’t na sa panahong makakita ang mga tinubos gaya ng pagkakita sa kanilang sarili at makaalam gaya ng pagkaalam sa kanila, datapuwa’t sa buong kapanahunang walang katapusan, ay bago’t bagong katotohanan ang malalahad sa nanggigilalas at nangatutuwang pagiisip. Bagaman matatapos ang mga kapighatian, at kaharian at kahirapan at mga tukso sa lupa, at maaalis na rin ang pinanggagalingan ng mga ito, ay magkakaroon pa rin ang mga tao ng Diyos ng isang tiyak at malinaw na pagkaunawa sa naging halaga ng kanilang kaligtasan.

Ang krus ni Kristo ay siyang magiging siyensiya at awit sa buong panahong walang-hanggan ng mga natubos. Sa kay Kristong niluwalhati ay makikita nila si Kristong napako. Kailan ma’y di malilimutan, na Siya na makapangyarihang lumikha at umalalay sa di mabilang na sanlibutan sa malaking kalawakan, Siya na pinakaiibig ng Diyos, na Hari ng sangkalangitan, Siya na kinalulugdang sambahin ng mga kerubin at mga serapin—ay nagpakababa upang angatin ang nagkasalang sangkatauhan; na Kanyang dinala ang pagkamakasalanan at hiya ng pagkakasala, at ang pagkukubli ng mukha ng Kanyang Ama, hanggang sa dinurog ang Kanyang puso ng mga katampalasanan ng isang sanlibutang makasalanan, at kitilin nito ang Kanyang hininga doon sa krus ng Kal- baryo. Na ang May- [573]

[38] Apocalipsis 7:10, 12.

gawa ng lahat ng daigdig, ang Tagapagpasiya ng lahat ng hantungan, ay mag-iiwan ng Kanyang kaluwalhatian, at magpapakababa dahil sa pagibig Niya sa tao, ay siyang lagi nang gigising ng paghanga at pagsamba ng santinakpan.

Sa pagtingin ng bansang nangaligtas sa kanilang Manunubos, at pagkakita nila sa walang-hanggang kaluwalhatiang nagliliwanag sa Kanyang mukha; sa pagkakita nila sa Kanyang luklukan na mula sa walang pasimula at hanggang sa walang-hanggan, at pagkaalam nila na ang Kanyang kaharian ay hindi magkakaroon ng wakas, bubulalas ang kanilang tinig sa kawili-wiling awitan: "Karapat-dapat, karapat-dapat, ang korderong pinatay, at tinubos tayo sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang napakamahalagang dugo."

Ipinaliliwanag ng hiwaga ng krus ang lahat ng ibang hiwaga. Sa liwanag na nagmumula sa Kalbaryo, ang mga likas ng Diyos na pumuno sa atin ng takot at paggalang ay lilitaw na maganda at kahali-halina. Ang kahabagan, kagandahang loob, at pag-ibig magulang ay makikitang nalalagum sa kabanalan, katarungan, at kapangyarihan. Samantalang minamasdan natin ang karangalan ng Kanyang luklukang matayog at mataas, ay makikita natin ang Kanyang likas sa mga mabiyayang pagkakahayag, at mauunawaan natin, ng pagkaunawang kailan ma'y di pa sumaatin, ang kahalagahan ng kaibig-ibig na tawag na "Ama Namin."

Doo'y mapagkikilala, na Siyang walang-hanggan sa karunungan, ay walang ibang panukalang maaayos sa ikaliligtas natin kundi ang ialay ang Kanyang anak. Ang gantimpala sa pag-aalay na ito ay ang kaligayahan sa pagkakita sa lupa na tinatahanan ng mga taong natubos; mga banal, masaya, at hindi na mamamatay. Ang bunga ng pakikipagpunyagi ng Tagapagligtas sa mga kapangyarihan ng kadiliman ay ang kaligayahan ng mga tinubos, na umaapaw sa
[574] pagluwalhati sa Diyos sa buong panahong walang katapusan. At gayon na lamang ang halaga ng isang kaluluwa, na anupa't ikasisiya ng Ama ang naging kabayaran; at si Kristo na rin sa pagkakita Niya sa mga bunga ng Kanyang dakilang paghahain, ay nagkaroon ng
[575] kasiyahan.

## *Kabanata 39*—Ang paghihirap ng lupa

Pagka binawi na ng tinig ng Diyos ang pagkabihag ng Kanyang bayan, ay magkakaroon ng kakila-kilabot na pagkagising ang mga nawalan ng lahat ng bagay sa malaking pakikipaglaban sa kabuhayan. Noong may panahon pang sila'y makapagsisisi ay binulag sila ng mga daya ni Satanas at inari nilang matuwid ang ginagawa nilang pagkakasala. Ipinagmalaki ng mayayaman ang kanilang kataasan sa mga lalong kulang palad; nguni't tinamo nila ang mga kayamanan sa pamamagitan ng paglabag nila sa kautusan ng Diyos. Hindi nila pinakain ang nangagugutom at hindi pinaramtan ang mga walang damit; hindi rin sila nakitungong matuwid at umibig sa kahabagan. Sinikap nilang itampok ang kanilang sarili, at kunin ang paggalang ng kanilang mga kapuwa. Ngayo'y hinubad sa kanila ang lahat ng sa kanila'y nagpadakila, at iniwan silang salat at walang sanggalang. Tiningnan nilang may malaking takot ang pagkasira ng mga diyus-diyusang minahal nila ng higit kaysa Lumalang sa kanila. Ipinagbili nila ang kanilang mga kaluluwa sa mga kayamanan at katuwaan sa lupa, at hindi nila hinanap ang maging mayaman sa Diyos. Ang naging bunga'y, ang pagkabigo ng kanilang mga kabuhayan, ang kanilang kaligayahan ay pumait, at ang kanilang mga kayamanan ay nangasira. Ang naimpok nila sa buong panahon ng kanilang buhay ay nangaparam sa isang sandali. Tinangisan ng mayayaman ang pagkasira ng kanilang malalaking bahay, at ang pananambulat ng kanilang ginto at pilak. Datapuwa't ang kanilang pananaghoy ay pinatahimik ng pangamba na pati sila ay mamamatay na kasama ng kanilang mga dinidiyos. [576]

Sinisisi ng mga masasama ang kanila na ring sarili, hindi [577]
sapagka't kinaligtaan nila ang Diyos at ang kanilang kapuwa, kundi sapagka't ang Diyos ang nagtagumpay. Napipighati sila dahil sa naging bunga; nguni't hindi nila pinagsisisihan ang kanilang kasamaan. Kung magagawa lamang nila'y susubukin nilang gawin ang lahat ng bagay upang sila ang makapanagumpay.

Makikita ng sanlibutan ang mga taong kanilang kinutya at inuyam, na di-sinasagid ng salot, bagyo, at lindol, at nais sana nilang lipulin. Siya na pumupugnaw na apoy sa mga mananalansang ng Kanyan,g kautusan, ay isang mapanatag na kulandong sa Kanyang bayan.

Nababatid ngayon ng ministrong tumanggi sa katotohanan sa pagnanasang magkamit ng papuri ng mga tao, ang likas at impluensya ng kanyang mga aral. Maliwanag na ang mata noong marunong sa lahat ay sumusunod sa kanya sa pagtayo niya sa pulpito, sa paglakad niya sa rnga lansangan, at sa pakikisalamuha niya sa mga tao sa iba't ibang anyo ng buhay. Ang bawa't damdamin ng kaluluwa, ang bawa't hanay na nasulat, ang bawa't pangungusap na binigkas, ang bawa't kilos na nakaakay sa mga tao na magtiwala sa isang kublihang kasinungalingan, ay nakapaghasik ng binhi; at ngayon sa aba't waglit na mga kaluluwang nangasa palibot niya ay nakikita niya ang aanihin.

Ang wika ng Panginoon: "Kanilang pinagaling ng kaunti ang sugat ng anak na babae ng Aking bayan, na sinasabi: Kapayapaan, kapayapaan; gayon ma'y walang kapayapaan." "Sa pamamagitan ng kasinungalingan ay inyong pinighati ang puso ng matuwid na hindi Ko pinalungkot, at inyong pinalakas ang kamay ng masama, upang huwag humiwalay sa kanyang masamang lakad, at maligtas na buhay."[1]

[578] "Sa aba ng mga pastor na nangagpapahamak at na- ngagpapangalat sa mga tupa sa Aking pastulan! . . . Narito dadalawin Ko sa inyo ang kasamaan ng inyong mga gawain." "Kayo'y magsiangal, kayong mga pastor, at kayo'y magsihiyaw; at kayo'y mangagsigumon sa abo, kayong pinakamainam sa kawan; sapagka't ang mga kaarawan ng pagpatay at ang pangangalat sa inyo ay lubos na dumating . . . at ang mga pastor ay walang daang tatakasan o tatananan man ang pinakamainam sa kawan."[2]

Makikita ng mga ministro at ng mga tao na hindi matuwid ang kanilang pakikiugnay sa Diyos; makikita nila na nangaghimagsik sila sa May-gawa ng lahat ng matuwid at banal na kautusan. Ang pagtatabi nila sa mga banal na utos ay nagbangon ng libu-libong

[1] Jeremias 8:11; Ezekiel 13:22.

[2] Jeremias 23:1, 2; 25:34, 35.

supling na kasamaan, pagkakasalungatan, poot, katampalasanan, hanggang sa ang lupa ay maging isang malaking larangan ng labanan, at isang lupang tigmak ng kasamaan. Ito ang tanawing nahahayag ngayon sa mga nagsitanggi sa katotohanan at pinili pang mahalin ang kamalian.

Walang pangungusap ang makapaglalarawan ng pananabik na dinaramdam ng mga masuwayin at di-tapat sa iwinala nila magpakailan man—ang buhay na walanghanggan. Nakikita ng mga taong sinamba ng sanlibutan, dahil sa kanilang mga talento at mabuting pananalita, ang mga bagay na ito sa kanilang tunay na kalagayan. Nababatid nila ang kanilang iwinala dahil sa pagsuway, at nangalugmok sila sa paanan nila na ang pagtatapat ay kanilang hinamak at inuyam, at kanilang inamin na ang mga tapat na ito'y iniibig ng Diyos.

"Ang ingay ay darating hanggang sa wakas ng lupa; sapagka't ang Panginoon ay may pakikipagpunyagi sa mga bansa; Siya'y papasok sa paghatol sa lahat ng tao; tungkol sa masasama ay Kanyang ibibigay sila sa tabak."[3] Anim na libong taon nang nagpapatuloy ang tunggalian; ang Anak ng Diyos at ang Kanyang mga sugong tagalangit ay nakikipaglaban sa diyablo, upang babalaan, liwanagan, [579]
at iligtas ang anak ng mga tao. Ngayo'y nakapagpasiya na ang lahat; ang masasama ay lubos na nakipanig kay Satanas sa kanyang pagbaka sa Diyos. Dumating na ang panahon upang ibunyi ng Diyos ang kapangyarihan ng Kanyang kautusan na niyurakan ng mga tao. Ngayon ang pakikipaglaban ay hindi kay Satanas lamang kundi pati sa mga tao. "Ang Panginoon ay may pakikipagpunyagi sa mga bansa;" "tungkol sa masasama ay Kanyang ibibigay sila sa tabak."[3]

Ang tanda ng pagkaligtas ay mababakas doon sa "mga tumatangis at sumisigaw dahil sa lahat ng mga karumaldumal na ginagawa sa lupain."[4] Lalabas ngayon ang anghel ng kamatayan, na sa pangitain ni Ezekiel ay kinakatawanan ng mga lalaking may dalang sandatang pamatay, na pinagsabihang: "Lipulin ninyong lubos ang matanda, ang binata, at ang dalaga, at ang mga bata at ang mga babae; nguni't huwag lumapit sa sinumang lalaki na tinandaan;

[3]Jeremias 25:31.
[3]Jeremias 25:31.
[4]Ezekiel 9:1-6.

at inyong pasimulan sa aking santuaryo."[4] Ang sabi ng propeta: "Kanilang pinasimulan sa mga matandang lalaki na nangasa harap ng bahay."[4] Ang gawang paglipol ay pasisimulan sa gitna niyaong nangagpapanggap na mga tagapagbantay ng mga tao sa mga bagay na ukol sa espiritu. Ang mga bulaang bantay ay siyang kaunaunahang ipapahamak. Walang kahahabagan ni kaliligtaan man. Ang mga lalaki, babae, dalaga, at maliliit na bata ay mangalilipol na magkakasama.

"Ang Panginoon ay lumalabas mula sa Kanyang dako upang parusahan ang mga nananahan sa lupa dahil sa kanilang kasamaan: ililitaw naman ng lupa ang kanyang dugo, at hindi na tatakpan ang kanyang nangapatay."[5] "At ito ang «alot na ipananalot ng Panginoon sa lahat ng bayan na nakipagdigma laban sa Jerusalem: ang kanilang laman ay matutunaw samantalang sila'y nangakatayo ng kanilang mga paa, at ang kanilang mga mata'y mangatutunaw sa kanilang
[580] ukit, at ang kanilang dila ay matunu- naw sa kanilang bibig. At mangyayari sa araw na yaon, na magkakaroon ng isang malaking kaingay sa gitna nila na mula sa Panginoon; at hahawak ang bawa't isa sa kanila sa kamay ng kanyang kapuwa at ang kamay niya'y mabubuhat laban sa kamay ng kanyang kapuwa."[6] Sa walang taros na paglalabanan ng kanilang sariling bagsik ng damdamin at ng kakila-kilabot na pagbubuhos ng walang halong kagalitan ng Diyos, ay mangatitimbuwang ang mga naninirahan sa lupa—ang mga saserdote, ang mga pinuno, at ang mga tao, mayayaman at mga dukha, matataas at mabababa. "At ang mapapatay ng Panginoon sa araw na yao'y magiging mula sa isang dulo ng lupa hanggang sa kabilang dulo ng lupa: sila'y hindi tataghuyan, o dadamputin man, o ililibing man."[7]

Sa pagparito ni Kristo ay mangalilipol ang mga makasalanan sa balat ng buong lupa—mapupugnaw sa espiritu ng Kanyang bibig, at mangapapahamak sa kaningningan ng Kanyang kaluwalhatian. Ipagsasama ni Kristo ang Kanyang bayan sa lunsod ng Diyos, at ang lupa ay mawawalan ng tao. "Narito, pinawawalan ng

[4] Ezekiel 9:1-6.
[4] Ezekiel 9:1-6.
[5] Isaias 26:21.
[6] Zacharias 14:12, 13.
[7] Jeremias 25:33.

laman ng Panginoon ng tao ang lupa, at sinisira, at binabaligtad, at pinangangalat ang mga nananahan doon." "Ang lupa ay lubos na mawawalan ng laman, at lubos na masasamsaman." "Sapagka't kanilang sinalansang ang kautusan, binago ang alituntunin, sinira ang walang-hanggang tipan kaya't nilamon ng sumpa ang lupa, at silang nagsisitahan doon ay nangasumpungang salarin: kaya't ang mga nananahan sa lupa ay nangasunog."[8]

Ang buong lupa ay katulad ng isang mapanglaw na ilang. Ang kagibaan ng mga bayan at mga nayon na iginuho ng lindol, ang nangabunot na punong kahoy, ang putol na mga bato na inihagis ng dagat o nangatungkab na rin sa lupa, ay nagkalat sa ibabaw nito, samantalang ang malalaking yungib ay nagpapakilala naman ng pagka- tuklab ng mga bundok sa kanilang mga pinagtitibayan. [581]

Natutupad na ngayon ang pangyayaring inilarawan sa huling gawain sa kaarawan ng pagtubos. Pagka natapos na sa santuaryo ang pangangasiwa sa kabanal-banalang dako, at naalis na sa santuaryo ang mga kasalanan ng Israel sa pamamagitan ng dugo ng handog na patungkol sa kasalanan, kung magkagayo'y dadalhing buhay sa harap ng Panginoon ang kambing na pawawalan; at sa paningin ng buong kapulungan ay ipahahayag ng punong saserdote sa ulo niyaon "ang lahat ng mga kasamaan ng anak ni Israel, at lahat ng kanilang mga pagsalansang, lahat nga ng kanilang mga kasalanan; at ilalagay niya sa ulo ng kambing."[9] Sa gayon din namang paraan, kapag natapos na sa santuaryo sa langit ang gawain ng pagtubos, kung magkagayon sa harapan ng Diyos at ng mga anghel sa langit, at ng hukbo ng mga natubos, ay ipapatong kay Satanas ang lahat ng kasalanan ng mga tao ng Diyos; ipahahayag na siya ang may sala ng lahat ng kasalanang ipinapagkasala niya sa kanila. At kung paano na ang kambing na pinawawalan ay dinadala sa malayong lupaing hindi tinatahanan, gayon din si Satanas ay ikukulong sa mapanglaw na lupa, isang di-tinatahanan at malungkot na ilang.

Ang pagtatapon kay Satanas, at ang magulong kalagayan at kagibaang kauuwian ng lupa ay pawang ipinagpapauna ng tagapag-pahayag at sinabi niya na ang kalagayang ito ay mamamalagi sa loob ng isang libong taon. Pagkatapos na maiharap ng hula ang

[8]Isaias 24:1, 3, 5, 6.
[9]Levitico 16:21.

mga panoorin ng ikalawang pagparito ng Panginoon at ang pagkapahamak ng mga makasalanan, ay nagpatuloy pa ng pagsasabi: "Nakita ko ang isang anghel na nananaog mula sa langit, na may susi ng kalaliman at isang malaking tanikala sa kanyang kamay. At sinunggaban niya ang dragon, ang matandang ahas, na siyang diyablo at Satanas, at ginapos na isang libong taon, at siya'y ibinulid
[582] sa kalali- man, at sinarhan, at tinatakan ito sa ibabaw niya, upang huwag nang mangdaya pa sa mga bansa, hanggang sa maganap ang isang libong taon; pagkatapos nito ay kailangang siya'y pawalang kaunting panahon."[10]

Na ang pangungusap na "kalaliman" ay tumutukoy sa lupa sa kalagayang magulo at dumilim, ay ipinaliliwanag ng mga ibang Kasulatan. Hinggil sa kalagayan ng lupa "sa pasimula," ay sinasabi ng Banal na Kasulatan na ito'y "walang anyo at walang laman; at ang kadiliman ay sumasa ibabaw ng kalaliman."[11] Itinuturo ng hula na ang lupa ay mababalik, bagaman marahil di-lubos, sa ganitong kalagayan. Sa pagtingin ni propeta Jeremias sa dumarating na dakilang kaarawan ng Diyos, ay ganito ang ipinahayag niya: "Aking minasdan ang lupa, at narito, sira at walang laman, at ang langit ay walang liwanag. Aking minasdan ang mga bundok, at narito, nagsisiyanig at ang lahat na burol ay nagsisiindayog. Ako'y nagmasid at narito, walang tao, at lahat ng ibon sa himpapawid ay nangakatakas. Ako'y nagmasid at narito, ang mainam na parang ay ilang, at lahat ng bayan niyaon ay nangasira."[12]

Ito ang magiging tahanan ni Satanas na kasama ng kanyang mga anghel sa loob ng isang libong taon. Sapagka't makukulong siya sa lupa, hindi siya makaaakyat sa mga ibang sanlibutan, upang tuksuhin o gambalain iyong mga hindi nagkasala kailan man. Sa ganitong paraan siya natatalian: wala nang natitira pa na mapaggagamitan niya ng kanyang kapangyarihan. Lubos na pinutol ang kanyang gawang pagdaraya at pagpapahamak na sa maraming kapanahunan ay siyang tangi niyang kinalulugdang gawin.

Nang tunghayan ni propeta Isaias ang panahon ng pagkabagsak ni Satanas, ay sinabi niya: "Ano't nahulog ka mula sa langit, Oh tala
[583] sa umaga, anak ng umaga! pa- anong ikaw ay lumagpak sa lupa,

[10]Apocalipsis 20:1-3.
[11]Genesis 1:2.
[12]Jeremias 4:23-26.

ikaw na siyang nagpahina sa mga bansa! At sinabi mo sa iyong sarili: Ako'y sasampa sa langit, aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Diyos . . . . Ako'y magiging gaya ng kataastaasan. Gayon ma'y mabababa ka sa sheol, [kamatayan], sa mga kadulu-duluhang bahagi ng hukay. Silang nangakakakita sa iyo ay magsisititig sa iyo, kanilang mamasdan ka, na mangagsasabi: Ito baga ang lalaki na nagpanginig ng lupa, na nagpauga ng mga kaharian: na ginawang gaya ng ilang ang sanlibutan, at gumiba ng mga bayan nito: na *hindi nagpakawala ng kanyang mga bilanggo upang magsiuwi?*"[13]

Sa loob ng anim na libong taon ay "pinapanginig ang lupa"[14] ng gawang paghihimagsik ni Satanas. "Kanyang ginawang gaya ng ilang ang sanlibutan, at gumiba ng mga bayan nito."[14] At hindi niya binuksan ang bahay ng kanyang mga bilanggo. Sa loob ng anim na libong taon ay tumanggap ang kanyang bahay bilangguan ng mga tao ng Diyos, at papananatilihin sana niyang mga bihag sila magpakailan man, datapuwa't nilagot ni Kristo ang kanyang mga panali at pinalaya ang kanyang mga bihag.

Ang masasama rin naman ay di na maaabot ng kapangyarihan ni Satanas; at nag-iisang kasama ng kanyang mga anghel ay maiiwan siya upang madama ang sumpang ibinunga ng kasalanan. "Lahat ng mga hari ng mga bansa, silang lahat, nangatutulog sa kaluwalhatian, bawa't isa'y sa kanyang sariling bahay [sa libingan]. Nguni't ikaw ay natapon mula sa iyong libingan na gaya ng kasuklam-suklam na sanga . . . . Ikaw ay hindi malalakip sa kanila sa libingan, sapagka't iyong sinira ang iyong lupain, iyong pinatay ang iyong bayan."[14]

Sa loob ng isang libong taon ay maglalagalag si Satanas sa mapanglaw na lupa, upang makita ang mga nagawa ng paghihimagsik niya sa kautusan ng Diyos. Sa buong panahong ito ay malaking hirap ang kanyang babathin. Sapul nang siya'y mahulog, ang kanyang [584]
kabuhayang walang tigil sa paggawa ay di na nagkaroon pa ng pagbubulaybulay; datapuwa't siya ngayo'y inalisan na ng kapangyarihan, at iniwan upang nilay-nilayin ang kanyang ginawa mula noong siya'y maghimagsik sa pamahalaan ng langit, at upang hin-

[13]Isaias 14:12-17.
[14]Isaias 14:18-20.
[14]Isaias 14:18-20.
[14]Isaias 14:18-20.

taying may panginginig ang kanyang kakila-kilabot na hinaharap, panahon ng pagdurusa niya dahil sa lahat ng kasamaang kanyang ginawa, at pagpaparusa sa kanya dahil sa mga kasalanang ipinagawa niya sa mga tao.

Sa loob ng isang libong taon, sa pagitan ng una at ikalawang pagkabuhay na mag-uli, ay gagawin ang paghuhukom sa mga makasalanan. Ang paghuhukom na ito ay itinuturo ni apostol Pablo na isang pangyayaring sumusunod sa ikalawang pagparito ng Panginoon. "Huwag muna kayong magsihatol ng anuman hanggang sa dumating ang Panginoon, na Siya ang maghahayag ng mga bagay na nalilihim sa kadiliman, at ipahahayag naman ang mga haka ng mga puso."[15] Sinasabi ni Daniel na nang dumating ang Matanda sa mga araw "ang kahatulan ay ibinigay sa mga banal ng Kataas-taasan."[16] Sa panahong ito ay maghahari ang mga matuwid na tulad sa mga hari at mga saserdote ng Diyos. Sa Apokalipsis ay sinasabi ni Juan: "Nakakita ako ng mga luklukan, at may mga nagsisiluklok sa mga ito, at sila'y pinagkalooban ng paghatol." "Sila'y magiging mga saserdote ng Diyos at ni Kristo, at mangaghaharing kasama Niya sa loob ng isang libong taon."[17] Sa panahong ito, alinsunod sa ipinagpauna ni Pablo, "ang mga banal ay magsisihukom sa sanlibutan."[18] Kasama ni Kristo ay huhukuman nila ang mga makasalanan, na ipinaparis ang kanilang mga ginawa sa aklat ng kautusan, ayon sa mga gawang ginawa sa katawan. Kung magkagayon ay ibibigay
[585] sa mga makasalanan ang parusang nararapat nilang kamtin, ayon sa kanilang mga gawa; at ito'y itatala sa tapat ng kanilang mga pangalan sa aklat ng kamatayan.

Si Satanas din at ang masasama niyang mga anghel ay huhukuman ni Kristo at ng Kanyang bayan. Sinabi ni Pablo: "Hindi baga ninyo naaalaman na ating huhukuman ang mga anghel?"[18] At ipinahahayag ni Judas na "ang mga anghel na hindi nangag-ingat ng kanilang sariling pamunuan, kundi iniwan ang kanilang sariling

[15] 1 Corinto 4:5.
[16] Daniel 7:22.
[17] Apocalipsis 20:4, 6.
[18] 1 Corinto 6:2, 3.
[18] 1 Corinto 6:2, 3.

tahanan, ay iningatan niya sa mga tanikalang walang-hanggan sa paghuhukom sa dakilang araw."[19]

Sa katapusan ng isang libong taon ay mangyayari ang ikalawang pagkabuhay na mag-uli. Saka pa lamang mabubuhay ang mga makasalanan, at magsisiharap sa Diyos upang igawad sa kanila ang "hatol na nasusulat." Kaya nga't pagkatapos na mailarawan ng tagapagpahayag ang pagkabuhay na mag-uli ng mga banal, ay ganito ang sinabi: "Ang mga iba sa mga patay ay hindi nangabuhay hanggang sa naganap ang isang libong taon."[20] At hinggil sa mga masasama ay sinabi ni Isaias: "Sila'y mangapipisan, gaya ng mga bilanggo na mangapipisan sa hukay, at masasarhan sa bilangguan, at *pagkaraan ng maraming araw ay dadalawin sila*."[21] [586]

[587]

[19] Judas 6.
[20] Apocalipsis 20:5.
[21] Isaias 24:22.

## *Kabanata 40*—Ang wakas ng tunggalian

Sa katapusan ng isang libong taon ay muling mananaog si Kristo sa lupa. Sasama sa Kanya ang buong hukbo ng mga natubos, at aabayan Siya ng mga anghel. Sa pananaog Niyang taglay ang kakila-kilabot na kadakilaan, ay pababangunin niya ang mga patay na makasalanan upang tanggapin ang kanilang kawakasan. Ang mga makasalanan na isang malaking hukbo, na di-mabilang na gaya ng buhangin sa dagat ay magsisilabas. Ano nga ang kaibhan nila sa mga nagsibangon sa unang pagkabuhay na mag-uli! Ang mga matuwid ay nadaramtan ng walang maliw na kabataan at kagandahan. Ang mga masama ay nangagtataglay ng bakas ng sakit at kamatayan.

Nakatingin ang bawa't mata sa malaking karamihang iyon sa kaluwalhatian ng Anak ng Diyos. Sabaysabay na tulad sa iisang tinig, ang lahat ng makasalanan ay sisigaw. "Mapalad ang pumarito sa pangalan ng Panginoon!" Hindi ang pag-ibig nila kay Jesus ang sa kanila'y nag-udyok na magsabi ng ganito. Ang lakas ng katotohanan ang pumipilit sa kanilang mga labi. Kung paanong nagsilusong sa kanilang mga libingan ang mga masama gayon din silang magsisilabas, taglay ang dati ring pakikipagkaalit kay Kristo, at ang dati ring diwa ng paghihimagsik. Hindi na sila magkakaroon ng panibagong panahon ng biyaya upang lunasan ang mga kapintasan ng kanilang mga nakaraang kabuhayan. Ang ganitong paraan ay walang pakikinabangin. Hindi napalambot ng buong panahon ng kanilang kabuhayan ang kanilang puso. Bigyan man sila ng ikalawang pana-
[588] hon ng biyaya, gugugulin din nila iyon ng gaya noong nauna, sa pagwawalang bahala sa mga ipinag-uutos ng Diyos at sa paguudyok sa mga iba na maghimagsik sa Kanya.

Si Kristo'y bababa sa Bundok ng mga Olibo, na roo'y nagmula Siya nang pag-akyat sa langit noong Siya'y mabuhay na mag-uli, at doon inulit ng mga anghel ang pangako na Kanyang pagbalik. Sinasabi ng propeta: "Ang Panginoon kong Diyos ay daratig, at ang lahat na banal na kasama Niya." "At ang Kanyang mga paa ay magsisitayo sa araw na yaon sa Bundok ng mga Olibo, na nasa tapat

ng Jerusalem sa dakong silangan, ang Bundok ng mga Olibo ay mahahati sa gitna niya, . . . at magiging totoong malaking libis." "At ang Panginoo'y magiging Hari sa buong lupa: sa araw na yao'y magiging ang Panginoon ay isa, at ang Kanyang pangalan ay isa."[1] Pagbaba ng bagong Jerusalem mula sa langit, sa nakasisilaw na kaliwanagan, ay lalapag ito sa dakong dinalisay at inihandang talaga sa kanya, at si Kristo, pati ng Kanyang bayan at mga anghel ay papasok sa banal na lunsod.

Naghahanda naman si Satanas ngayon sa kahuli-hulihan niyang malaking pagsisikap na makapangibabaw. Noong wala siyang kapangyarihan, at nahadlangan siya sa gawain niyang pagdaraya, ang prinsipe ng kasamaan ay nahapis at nalumbay; datapuwa't sa pagkabuhay na mag-uli ng mga makasalanan, at sa pagkakita niya sa malaking karamihang nakapanig sa kanya, mananauli ang kanyang mga pag-asa, at ipapasiya niyang huwag isuko ang malaking tunggalian. Pangunguluhan niya ang lahat ng hukbo ng mga napahamak sa ilalim ng kanyang watawat, at sa pamamagitan nila'y sisikapin niyang maisagawa ang kanyang mga panukala.

Ang masasama ay bihag ni Satanas. Sa pagtanggi nila kay Kristo ay tinanggap nila ang pagkapuno ng pangulo ng mga naghimagsik. Kaya naman handa silang umulinig sa kanyang mga payo at sumunod sa kanyang ipaguutos. Tapat sa kanyang dating katusuhan, ay di niya amining siya'y si Satanas. Ipagpapanggap niyang siya [589] ang prinsipe na may-aring tunay ng sanlibutan, at ang kanyang mana ay inagaw lamang sa kanya. Ipinakikilala niya ang kanyang sarili, sa mga naligaw na sakop niya na siya ang manunubos, at pinapananatag niya sila na ang kanyang kapangyarihan ang siyang sa kanila'y naglabas sa kanilang mga libingan, at sasabihin ding malapit na niyang hanguin sila sa pinakamalupit na paghahari-harian.

Sa pagkaalis ng pakikiharap ni Kristo, si Satanas ay gagawa ng mga kababalaghan upang patibayan ang kanyang mga ipinagpapanggap. Palalakasin niya ang mahihina, at bibigyan niya ang lahat ng kanyang sariling espiritu at lakas. Babalakin niyang pangunahan sila upang lusubin ang kampamento ng mga banal, upang maagaw nila ang bayan ng Diyos. Taglay ang tuwang demonyo ay ituturo niya ang di-mabilang na karamihan na mga binuhay mula sa mga patay, at

[1] Zakarias 14:5, 4, 9.

ipahahayag niyang pagka siya ang nangulo sa mga ito maiwawasak niya ang bayan, at mababawi niya ang kanyang luklukan pati ng kanyang kaharian.

Doroon sa malaking kalipunang iyon ang maraming taong nangabuhay noong una bago dumating ang bahang gumunaw; mga taong matataas at may malalaking katalinuhan, na dahil sa pagsunod nila sa mga anghel na nagkasala, ay nangagtalaga ng buo nilang katalinuhan at kaalaman sa pagtatanyag ng kanilang mga sarili; mga taong ang kagila-gilalas na mga gawa tungkol sa sining ay nagudyok sa sanlibutan upang sambahin ang kanilang mga katalinuhan, datapuwa't ang kanilang kalupitan at masasamang katha, na nagparumi sa sangkalupaan at sumira sa larawan ng Diyos, ay siyang nagbuyo na lipulin sila ng Diyos sa sanlibutan. Doroon ang mga hari at mga heneral ng mga hukbo na tumalo ng mga bansa; matatapang na mga lalaki na hindi nadaig kailang man, mayayabang, at masikhay na mga mandirigma, na sa paglapit nila'y nanginig ang mga kahar-
[590] ian. Wala silang pag- babagong dinanas sa kanilang pagkamatay. Sa paglabas nila sa libingan, ay ipagpapatuloy nila ang takbo ng kanilang mga pag-iisip kung saan ito huminto. Uudyukan sila noon ding pagnanasang makapanakop na naghari sa kanila noong sila'y mangamatay.

Sasangguni si Satanas sa kanyang mga anghel, at sa mga hari at sa mga mananakop at sa makapangyarihang mga lalaking ito. Titingnan nila ang lakas at dami ng nasa kanilang panig, at ipahahayag nila na ang hukbong nasa loob ng lunsod ay maliit kung ipaparis sa kanila, at yao'y madali nilang magagapi. Aayusin nila ang kanilang mga panukala ng pagkuha sa mga kayamanan at kaluwalhatian ng bagong Jerusalem. Kapagkaraka'y maghahanda sila sa pakikibaka. Ang mga sanay na mga manggagawa ng mga sandata ay gagawa ng mga kasangkapan sa digma. Ang mga pinuno ng hukbo na nabantog sa kanilang mga tagumpay, ay mangunguna sa maraming mandirigma na nababahagi sa maraming pangkat.

Sa wakas ay lalabas ang utos na sila'y sumulong at ang hukbo ng di-mabilang na tao ay yayaon—isang hukbo na hindi natipon kailan man ng mga mananalo dito sa lupa, na hindi napantayan ng mga pinaglakip na hukbo ng lahat ng kapanahunan mula nang magkaroon ng digma sa ibabaw ng lupa. Si Satanas na siyang pinakamakapangyarihan sa lahat ng mangdirigma ay mangunguna

sa karamihan, at ang hukbo ng mga masamang anghel ay kasama rin sa pangwakas na pagpupunyagiang ito. Ang mga hari at ang mga mandirigma ay kasama sa kanyang hukbo at ang karamihan naman ay sumusunod sa malaking kalipunan na ang bawa't isa'y nasa ilalim ng kani-kanyang pinuno. Taglay ang may kaganapang pagkilos militar, ang hukbo ay susulong na sunudsunod sa baku-bakong lupa at magsisitungo sa lunsod ng Diyos. Sa utos ni Jesus ay sasarhan ang mga pinto ng bagong Jerusalem, at kukubkubin ang bayan ng mga hukbo ni Satanas at maghahandang lumusob. [591]

Pakikitang muli si Kristo sa Kanyang mga kaaway. Sa itaas ng bayan, sa ibabaw ng isang patibayang pinakintab na ginto, ay may isang luklukang mataas at matayog. Sa luklukang ito ay nakaupo ang Anak ng Diyos, at sa palibot niya'y ang mga kampon ng kanyang kaharian. Ang kapangyarihan at kadakilaan ni Kristo ay hindi mailarawan ng pangungusap, ni maiguhit man ng panitik. Ang kaluwalhatian ng Walang-hanggang Ama ay lumulukob sa Kanyang anak. Ang kaningningan ng Kanyang kaluwalhatian ay pumupuno sa lunsod ng Diyos at kumakalat sa kabila ng mga pintuan, at pinupuno ang buong lupa ng luningning.

Sa pinakamalapit sa luklukan ay doroon yaong nanguna'y nangaging masipag sa gawain ni Satanas; datapuwa't tulad sa isang dupong na naagaw sa apoy, ay nagsinunod sila sa kanilang Tagapagligtas na may mataos at maningas na pagtatapat. Kasunod ng mga ito'y doroon naman yaong mga nagpasakdal sa mga kalikasang Kristiyano sa kalagitnaan ng kasinungalingan at kawalang pananampalataya sa Diyos; mga taong gumalang sa kautusan ng Diyos bagaman ipinahayag ng buong Sangkakristiyanuhan na ang mga ito'y walang kabuluhan; at doroon din naman ang mga angaw-angaw ng lahat ng mga panahon, na pawang naging martir dahil sa kanilang pananampalataya.

At sa dako roon ay matatanawan ang "isang lubhang karamihang di-mabilang ng sinumam na mula sa bawa't bansa, at lahat ng mga angkan at mga bayan at mga wika, na nakatayo sa harapan ng luklukan ng Diyos at sa harapan ng Kordero, na nangadaramtan ng mapuputing damit, at may mga palma sa kanilang mga kamay."[2] Naganap na ang kanilang pakikipaglaban, natamo na nila ang tagum-

[2]Apocalipsis 7:9, 10.

pay. Tinakbo nila ang takbuhin at nakamtan ang gantimpala. Ang sanga ng palma na nasa kanilang mga kamay ay sagisag ng kanilang
[592] tagumpay at ang maputing damit ay isang tanda ng walang dungis na katuwiran ni Kristo na ngayo'y naging kanila.

Ang mga natubos ay umaawit ng pagpupuri na muli't muling umaalingaw-ngaw sa mga balantok ng langit, "Ang pagliligtas ay sumaaming Diyos na nakaupo sa luklukan at sa Kordero."[2] Pinaglakip ng mga anghel at mga serapin ang kanilang tinig sa pagsamba. Sa pagkakita ng mga natubos sa kapangyarihan at kagalitan ni Satanas, ay nakita nila, higit kailan man, na walang kapangyarihan liban sa kay Kristo, na nakapagbigay sa kanila ng tagumpay. Sa buong karamihang iyon ay wala ni isang magsasabi na ang kanya ring sarili ang sa kanya'y nagligtas, na tila baga nanagumpay sila sa pamamagitan ng kanilang sariling kapangyarihan at kabutihan. Wala silang sinasabing anuman tungkol sa kanilang nagawa o binata; kundi ang damdamin ng bawa't awit, ang laman ng bawa't pagpupuri, ay, Ang pagliligtas ay sumaaming Diyos na nakaupo sa luklukan at sa Kordero.

Sa harapan ng nagkakatipong mga naninirahan sa lupa at sa langit ay gaganapin ang pagpuputong sa Anak ng Diyos. At ngayong mabigyan na ng mataas na kadakilaan at kapangyarihan ang Hari ng mga hari, ay ipahahayag Niya ang parusa sa mga nagsipaghimagsik sa Kanyang pamahalaan, at ibibigay Niya ang kahatulan sa lahat ng sumalansang sa Kanyang kautusan at nagpahirap sa Kanyang bayan. Sinasabi ng propeta ng Diyos: "At nakita ko ang isang malaking luklukang maputi, at ang nakaluklok doon, na sa Kanyang harapan ang lupa at ang langit ay tumakas; at walang nasumpungang kalalagyan nila. At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo sa harapan ng luklukan, at nangabuksan ang mga aklat; at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay; at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat,
[593] ayon sa kanilang mga gawa."[3]

Kapagkarakang nabuksan ang mga aklat talaan at tingnan ni Jesus ang mga masama, ay nagunita nila ang lahat nilang nagawang kasalanan. Nakita nila kung saan luminsad ang kanilang mga paa

[2]Apocalipsis 7:9, 10.
[3]Apocalipsis 20:11, 12.

sa landas ng kalinisan at kabanalan, at kung hanggang saan dinala sila sa pagsuway sa kautusan ng Diyos ng kanilang kapalaluan at paghihimagsik. Ang mapanghibong mga tukso, na kanilang sinang-ayunan sa pamamagitan ng pagkagumon sa kasalanan, ang mga pagpapalang binaligtad, ang paghamak sa mga sinugo ng Diyos, ang pagtanggi sa mga babala, ang mga alon ng awang hinadlangan ng matigas at ayaw magising na mga puso—ang lahat ay mangahahayag na tulad sa nasusulat na mga titik na apoy.

Sa ibabaw ng luklukan ay inihahayag ang krus; at gaya ng isang tanawin ay nakikita ang mga panoorin ng pagsuway ni Adan at ang pagkabagsak niya, at ang sunudsunod na baitang ng dakilang panukala ng pagtubos. Ang abang pagkapanganak sa Tagapagligtas; ang simple at masunurin pamumuhay ng kanyang kabataan, ang pagkabinyag sa Kanya sa Jordan; Ang pag-aayuno at pagtukso sa Kanya sa ilang; ang paglilingkod Niya sa madla, na inihahayag Niya sa mga tao ang pinakamahalagang pagpapala ng langit; ang mga araw na puno ng mga gawain ng pag-ibig at kahabagan, ang mga gabi ng pananalangin at pagpupuyat na nag-iisa sa mga kabundukan; ang mga pakana ng kainggitan, poot, galit na kabayaran sa Kanyang mga pagpapala; ang mahiwagang paghihirap Niya sa Getsemane, na sa Kanya'y nakababaw ang mabigat na kasalanan ng buong sanlibutan; ang pagkakanulo sa Kanya sa mga kamay ng mga mamamatay-tao; ang kakilakilabot na mga pangyayari nang gabing yaong kahilahilakbot—ang di-tumatangging bilanggo, na iniwan ng Kanyang mga pinakaiibig na mga alagad, may paglapastangan at inaapurang idinaan sa lansangan ng Jerusalem; ang Anak ng Diyos na dinala nilang taglay nila ang kapalaluan sa harapan ni Anas, pinaratangan nila sa pa- lasyo ng dakilang saserdote, sa hukuman [594]
ni Piiato, sa harapan ng duwag at malupit na Herodes, hinamak, kinutya, pinahirapan at hinatulan sa karnatayan—ang lahat ng ito'y pawang maliwanag na inilalarawan.

At ngayon sa harapan ng nanginginig na karamihan ay inihahayag ang huling panoorin—ang matiising Nagbabata na naglalakad sa daang patungong Kalbaryo; ang Prinsipe ng langit na nababayubay sa krus; ang mga palalong saserdote at ang nanunuyang mga tao na kumukutya sa huli Niyang paghihirap; ang di-karaniwang kadiliman; ang tumaas at bumabang lupa, ang mga

gumuhong bato, ang mga nabuksang libingan, na siyang tanda ng sandaling malagutan ng hininga ang Manunubos ng sanlibutan.

Si Satanas, kasama ang kanyang mga anghel, at ang kanyang mga nasasakupan ay walang kapangyarihang makaiwas sa larawan ng kanilang sariling gawa. Nagunita ng bawa't gumawa ang kanyang naging bahagi. Walang kabuluhang nagtatago sila sa banal na karilagan ng Kanyang mukha, na lalong maluwalhati kaysa liwanag ng araw, samantalang inilalapag ng mga natubos ang kanilang mga putong sa paanan ng Tagapagligtas, na kanilang sinasabi, "Siya'y namatay dahil sa akin!"

Sa gitna ng katipunan ng mga natubos ay doroon ang mga apostol ni Kristo: ang bayaning si Pablo, ang mapusok na loob na si Pedro, ang minamahal at nagmamahal na si Juan, at ang tapat nilang mga kapatid, at kasama nila ang isang lubhang karamihan ng mga martir; samantalang sa labas ng kuta ng bayan, kasama ng lahat ng marumi at karumaldumal na bagay, ay doroon iyong mga nangag-usig, nangagbilanggo, at pumatay sa kanila. Doroon ang mga pari at mga prelado na nagsipagpanggap na mga sugo ni Kristo, gayunma'y nagsigamit ng pagpapahirap, ng bilangguan, at bibitayan, upang masupil nila ang budhi ng mga tao ng Diyos. Totoong huli nang kanilang napag-uunawa na ang Isang Maalam-sa-
[595] lahat ay may panibughong nag-iingat ng Kanyang kautusan, at sa anumang paraa'y di Niya aariing walang sala ang salarin. Napagkilala nila ngayon na si Kristo'y nakikiramay sa Kanyang mga taong nagdanas ng kahirapan; at mararanasan nila ang tindi ng Kanyang mga pangungusap, "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa Aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa Akin ninyo ginawa."[4]

Ang buong daigdig ng masasama ay magsisitayo sa harap ng hukuman ng Diyos, upang sagutin ang paratang na pagtataksil sa pamahalaan ng langit. Walang magtatanggol sa kanilang usap; wala silang maidadahilan; at ang hatol na walang-hanggang kamatayan ay igagawad sa kanila.

Maliwanag na ngayon sa lahat na ang kabayaran ng kasalanan ay hindi ang marangal na kalayaan at walang-hanggang buhay, kundi pagkaalipin, kapahamakan at kamatayan. Nakikita ng mga masama kung ano ang inalis sa kanila ng kanilang kabuhayang ma-

[4]Mateo 25:40.

paghimagsik. Ang lalo't lalong higit na walang-hanggang kaluwalhatian ay kanilang hinamak nang idulot sa kanila; datapuwa't ngayo'y lubhang kanasa-nasa. "Ang lahat na ito," ang sigaw ng waglit na kaluluwa, "ay nangatamo ko sana; nguni't pinili kong malayo sa akin ang mga bagay na ito. Oh, nakapagtatakang kahalingan! Aking ipinagpalit ang kapayapaan, kaligayahan, at karangalan sa kaabaan, sa kadustaan, at sa pagkabigo." Nakikita ng lahat na ang pagkawaglit nila sa langit ay karapatdapat sa kanila. Sa pamamagitan ng kanilang mga kabuhayan ay ipinahayag nilang, "Ayaw naming kami'y pagharian ng Jesus na ito."

Tulad sa namamalikmata, makikita ng mga masama ang pagpuputong sa Anak ng Diyos. Sa Kanyang mga kamay ay makikita nila ang mga tapyas na batong kinasusulatan ng banal na kautusan, ang palatuntunang kani- lang pinalibhasa at sinalangsang. Nasasak- [596]
sihan nila ang pagbulalas ng panggigilalas, pagkatuwa, at pagsamba ng mga naligtas; at sa pagkarinig ng karamihang nangasa labas ng bayan sa laganap na alon ng himig, silang lahat ay sabaysabay na nagsipagsabi: "Mga dakila at kagilagilalas ang Iyong mga gawa: Oh Panginoong Diyos, na Makapangyarihan sa lahat; matuwid at tunay ang Iyong mga daan, Ikaw na Hari ng mga bansa."[5] At sila'y magpapatirapa upang sambahin ang Prinsipe ng buhay.

Parang nawawalan ng lakas at pakiramdan si Satanas sa pagkakita niya sa kaluwalhatian at kadakilaan ni Kristo. Siya, na minsa'y isang kerubing tumatakip, ay nakaalaala sa lugar na buha't doo'y nahulog siya. Isang seraping nagniningning, "anak ng umaga," . . . kaylaking pagbabago, kaylaking pagkababa! Sa sangguniang noong una'y pinararangalan siya, ay di na siya kasama magpakailan man. Nakikita niya ngayon ang isang nakatayo sa tabi ng Ama, na naglalambong sa Kanyang kaluwalhatian. Nakita niyang inilagay ang putong sa ulo ni Kristo ng isang anghel na mataas at may dakilang pakikiharap, at nalalaman niyang ang mataas na katungkulan ng anghel na iyon ay naging kanya sana. Sa pagtunghay ni Satanas sa kanyang kaharian, at sa bunga ng kanyang pagpapagal, ay wala siyang nakikita kundi ang pagkabigo at kawakasan. Pinapaniwala niya ang karamihan na madali niyang makukuha ang lunsod ng Diyos; datapuwa't nakikilala niyang yao'y karayaan lamang. Muli't

[5] Apocalipsis 15:3.

muli, sa gitna ng malaking tunggalian ay nagapi siya, at napilitan siyang sumuko. Alam na alam niya ang kapangyarihan at karangalan ng Walang-hanggan.

Ang layunin ng bantog na mapaghimagsik sa mula't mula pa ay ang ariing matuwid ang kanyang sarili at patunayan na ang pamahalaan ng Diyos ay siyang dapat managot sa nangyaring paghihimagsik. At sa ikatutupad ng adnikang ito ay iniuubos niya ang
[597] kanyang kapang- yarihan at malaking katalinuhan. Siya ay gumawang buong ayos at buong katalinuhan, at inakbayan siya ng kahanga-hangang pananagumpay; naakay niya ang lubhang karamihang nakipanig sa kanya sa malaking tunggaliang malaong panahong nagpatuloy. Libu-libong taon na may karayaang ipinahayag ng pangulong ito ng paghihimagsik, na katotohanan ang kasinungalingan. Datapuwa't dumating na ang panahon na kailangang tapusin ang himagsikan, at ihayag ang kasaysayan at likas ni Satanas. Sa kahuli-hulihan niyang pagsisikap na alisin si Kristo sa Kanyang luklukan, lipulin ang Kanyang bayan, at sakupin ang lunsod ng Diyos, ang punong-magdaraya ay lubusang nahahayag Nakita ng mga nakisama sa kanya ang ganap na pagkabigo ng kanyang gawain. Namalas ng mga alagad ni Kristo at ng mga tapat na anghel ang buong karayaan ng kanyang mga pakana laban sa pamahalaan ng Diyos. Siya'y kinasusuklaman ng buong sanlibutan.

Nakita ni Satanas na ang kusa niyang paghihimagsik ay hindi nagpaging dapat sa kanya sa langit. Sinanay niya ang kanyang mga kapangyarihan na makipagdigma sa Diyos; ang kalinisan, kapayapaan, at kaayusan ng langit ay magdudulot lamang ng malaking kahirapan sa kanya. Ang mga paratang niya laban sa kahabagan at katuwiran ng Diyos ngayon ay tahimik na. Ang kakutyaang sinikap niyang ibabaw kay Heoba ay lubusang napababaw sa kanyang sarili. Lumuluhod si Satanas, at ipinahahayag niyang matuwid ang hatol ng Panginoon.

Bagaman napilitan si Satanas na kumilala sa katarungan ng Diyos at yumuko sa kataasan ni Kristo, hindi rin nabago ang kanyang likas. Ang diwa ng paghihimagsik, gaya ng isang malakas na agos, ay muling bumulalas. Sa kanyang hibang na kagalitan ay ipinasiya niyang huwag padaig sa malaking pakikilaban. Dumating na ang panahon ng pangwakas na malaking pakikipaglaban sa
[598] Hari ng langit. Madali siyang pumagitna sa kanyang mga sakop,

at kinilos niya sila ng kanyang sariling poot, at agad pinahahayo sa pakikibaka. Datapuwa't sa di-mabilang na angaw-angaw na nadaya niyang maghimagsik ay wala ni isa mang kumilala sa kanyang pamumuno. Nasa wakas na ang kanyang kapangyarihan.

Ang masasama ay inaalihan ng poot na gaya ng umali kay Satanas, laban sa Diyos; datapuwa't napagkikita nilang walang mararating ang kanilang pagsisikap at talagang hindi sila mananaig kay Heoba. Ang kanilang poot ay nagliyab laban kay Satanas at sa mga ginamit niya sa pagdaraya, at taglay ang galit na tulad ng sa demonyo ay sila ang kanilang hinarap. Ganito ang sabi ng Panginoon: "Ipinahahamak kita, Oh tumatakip na kerubin, mula sa gitna ng mga batong mahalaga . . . Aking inihagis ka sa lupa, Aking inilagay ka sa harap ng mga hari upang kanilang masdan ka . . . sinupok ka at pinapaging abo ka sa ibabaw ng lupa sa paningin ng lahat na nanganonood sa iyo. Ikaw ay naging kakila-kilabot at ikaw ay hindi na mabubuhay pa."[6]

"Sa masama ay magpapaulan Siya ng mga silo; apoy at asupre at nag-aalab na hangin ay magiging bahagi ng kanilang saro."[7] Ang apoy ay bababang mula sa langit buhat sa Diyos. Ang lupa ay bubuka. Ang mga sandatang natatago sa kanyang mga kalaliman ay lalabas. Namumugnaw na apoy ay sisilakbo sa bawa't bitak. Ang malaking bato ay magliliyab. Dumating na ang araw na magliliyab na gaya ng isang hurno. Ang elemento ay mapupugnaw sa matinding init, at ang lupa, pati ng mga gawang nasa lupa ay matutunaw—parang isang maluwang na dagat-dagatang apoy.[8] Iyan ang araw ng paghatol at pagkapahamak ng mga masamang tao, ang kaarawan ng paghihiganti ng Panginoon, ang taon ng kagantihan sa pagaaway sa Sion."[9]

Tatanggapin ng mga masama ang kanilang kagantihan dito sa [599]
lupa.[9] Sila'y "magiging dayami, at ang araw na dumarating ay susunog, sa kanila, sabi ng Panginoon ng mga hukbo."[10] Ang ilan ay namamatay sa isang sandali lamang, samantalang ang iba ay

[6] Ezekiel 28:16-19.
[7] Mga Awit 11:6.
[8] Malakias 4:1; 2 Pedro 3:10.
[9] Isaias 34:8; Mga Kawikaam 11:31.
[9] Isaias 34:8; Mga Kawikaam 11:31.
[10] Malakias 4:1.

naghihirap ng maraming araw. Bawa't isa'y parurusahan "ayon sa kanyang mga gawa."[3] Pagkalipat kay Satanas ng mga kasalanan ng mga matuwid, siya ay pahihirapan hindi lamang dahil sa paghihimagsik niya, kundi dahil sa lahat ng kasalanang ipinapagkasala niya sa mga tao ng Diyos. Ang parusa sa kanya ay malaki ang kahigitan kaysa mga dinaya niya. Pagka namatay na ang lahat ng napahamak dahil sa kanyang mga daya, ay buhay pa rin siya at magbabata pa. Sa mga apoy na maglilinis ay malilipol sa wakas ang mga masasama, ugat at sanga—si Satanas ang ugat, ang mga nagsisunod sa kanya ang mga sanga. Iginawad ang buong kaparusahang hinihingi ng kautusan; ibinigay ang hinihiling ng katarungan; at sa pagkakita ng langit at lupa, ay sasaksi at ipahahayag ang katuwiran ni Heoba.

Ang mapangwasak na gawain ni Satanas ay tapos na magpakailan man. Sa loob ng anim na libong taon ay ginawa niya ang kanyang kalooban, na pinupuno ng kaabaan ang sangkalupaan at pinapagdadalamhati ang buong santinakpan. Ang buong nilalang ay dumaing at naghirap dahil sa pagkakasakit. Ngayo'y ligtas na ang mga nilalang ng Diyos sa pakikiharap at pagtukso ni Satanas magpasa walang-hanggan. "Ang buong lupa ay nasa katiwasayan, at tahimik: sila'y [ang matuwid] biglang nagsiawit."[11] At isang sigaw ng pagpupuri at tagumpay ay umiilang-lang mula sa lahat ng mga tapat na sansinukuban. Ang "tinig ng isang makapal na karamihan, at gaya ng isang lagaslas ng maraming tubig, at gaya ng ugong ng malakas na kulog," ay narinig na nagsabi: "Aleluya; sapagka't naghahari ang Panginoong ating Diyos, na Makapangyarihan sa
[600] lahat."[12]

Samantalang ang lupa ay nabibilot ng apoy ng kawasakan, ang mga matuwid nama'y panatag sa loob ng banal na lunsod. Doon sa mga nakasama sa unang pagkabuhay na mag-uli, ay walang kapangyarihan ang ikalawang kamatayan. Samantalang ang Diyos ay isang mamumugnaw na apoy sa mga masasama, Siya ay araw at kalasag sa Kanyang bayan.[13]

[3] Apocalipsis 20:11, 12.
[11] Isaias 14:7.
[12] Apocalipsis 19:6.
[13] Apocalipsis 20:6; Mga Awit 84: 11.

"Nakita ko ang isang bagong langit, at ang isang bagong lupa: sapagka't ang unang langit at ang unang lupa ay naparam."[14] Ang apoy na pumupugnaw sa masasama ay siyang dumadalisay sa lupa. Ang bawa't bakas ng sumpa ay naparam.

Isang tagapagpaalaala lamang ang naiwan: taglay ng ating Manunubos magpakailan man ang mga bakas ng pagkapako sa Kanya. Sa nasugatan Niyang ulo, sa Kanyang tagiliran, sa Kanyang mga kamay at paa, ay doroon ang mga bakas lamang ng malupit na gawa ng kasalanan. Sinabi ng propeta, nang masdan niya si Kristo sa kanyang kaluwalhatian: "Siya'y may mga sinag sa Kanyang tagiliran at doo'y nakukubli ang Kanyang kapangyarihan."[15] Sa inulos na tagiliran na binukalan ng Kanyang dugo na nagpakasundo sa tao sa Diyos—naroon ang kaluwalhatian ng Tagapagligtas, doon "nakukubli ang Kanyang kapangyarihan." "Makapangyarihan upang magligtas," sa pamamagitan ng haing pangtubos kaya't Siya ay malakas upang magsagawa ng kahatulan sa mga humamak sa habag ng Diyos. At ang mga tanda ng Kanyang pagkaalipusta ay siya Niyang pinakamataas na karangalan; sa buong panahong walang katapusan, ang mga sugat na tinamo Niya sa Kalbaryo ay magpapakilala ng Kanyang kapurihan, at magpapahayag ng Kanyang kapangyarihan.

Ang lupang ibinigay sa tao noong una upang maging kaharian niya, na kanyang ipinagkanulo sa mag kamay ni Satanas, at malaong [601]
iningatan ng makapangyarihang kaaway, ay isinauli ng dakilang panukala ng pagtubos. Ang lahat na iwinaglit ng kasalanan ay isinauli. "Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon . . . na nag-anyo sa lupa at gumawa niyaon; na Kanyang itinatag, at hindi Niya nilikha na sira, Kanyang inanyuan upang tahanan."[16] Ang dating balak ng Diyos sa paglikha Niya sa lupa ay matutupad kung gawin na Niya ito na walang-hanggang tahanan ng mga natubos. "Mamanahin ng matuwid ang lupain, at tatahan doon magpakailan man."[17]

Ang pangambang baka mapaging napakamatiryal ang mamanahin sa hinaharap, ay siyang nakaakay sa marami upang gawing espiritual ang mga katotohanang nag-aakay sa atin upang ipalagay

[14] Apocalipsis 21:1.
[15] Habacuc 3:4, salin ni Smith at Goodspeed.
[16] Isaias 45:18.
[17] Mga Awit 37:29.

nating ito'y ating tahanan. Tiniyak ni Kristo sa Kanyang mga alagad na Siya'y nagpunta roon upang ipaghanda sila ng kalalagyan sa tahanan ng Kanyang Ama. Yaong mga nagsisitanggap sa itinuturo ng salita ng Diyos ay di-lubos na mawawalan ng kaalaman tungkol sa tahanan sa langit. Gayon ma'y "hindi nakita ng mga mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, anumang bagay na inihanda ng Diyos sa kanila na nangagsisiibig sa Kanya."[18] Di-sapat ang pangungusap ng tao upang ilarawan ang ganti sa mga matuwid. Yaon lamang mga makakakita ang maaaring makaalam nito. Walang isipan ng tao ang maaaring makaunawa ng kaluwalhatian ng Paraiso ng Diyos.

Sa Banal na Kasulatan ang mana ng mga maliligtas ay tinatawag na isang lupain.[19] Doon ay aakayin pastor na taga langit ang kanyang kawan sa mga bukal ng tubig na buhay. Ang punong-kahoy ng buhay ay mamumunga bawa't buwan, at ang mga dahon niyaon ay sa ikabubuti ng mga bansa. Doroon ang mga batis na walang patid ng
[602] pagdaloy, kasinglinaw ng salamin, at sa tabi ng mga ito, ang gumagalaw na mga punongkahoy ay lumililim sa mga daang inihanda sa mga tinubos ng Panginoon. Ang maluluwang na kapatagan ay humahangga sa magagandang burol, at itataas ng mga bundok ng Diyos ang matatayog nilang tuktok. Sa tahimik na mga kapatagang iyon, at sa tabi niyaong mga bukal na tubig na buhay, ay makatatagpo ng isang tahanan ang bayan ng Diyos, na malaong naging maglalakbay at maglalagalag.

"Ang bayan Ko ay tatahan sa payapang tahanan, at sa mga tiwasay na tahanan at sa mga tahimik na dako na pahingahan." "Karahasan ay hindi na maririnig sa iyong lupain, ni ang kawasakan o kagibaan sa loob ng iyong mga hangganan; kundi tatawagin mo ang iyong mga kuta na kaligtasan, at ang iyong mga pintuang bayan na kapurihan." "Sila'y mangagtatayo ng mga bahay, at ang mga yao'y kanilang tatahanan; at sila'y mangaguubasan, at magsisikain ng bunga niyaon. Sila'y hindi magtatayo at iba ang tatahan; sila'y hindi magtatanim, at iba ang kakain; . . . ang Aking mga pinili ay mangagagalak na malaon sa gawa ng kanilang mga kamay."[20]

[18] 1 Corinto 2:9.
[19] Hebreo 11:14-16.
[20] Isaias 32:18; 60:18; 65:21, 22.

Doon "ang ilang at ang tuyong lupa ay sasaya, at ang ilang ay magagalak, at mamumulaklak na gaya ng rosa." "Kahalili ng tinik ay tutubo ang puno ng abeto, at kahalili ng dawag ay tutubo ang arayan."[21] "Ang lobo ay tatahang kasama ng kordero, at ang leopardo ay mahihigang kasiping ng batang kambing; . . . at papatnubayan sila ng munting bata." "Hindi sila magsisipanakit o magsisipanira man sa Aking buong banal na bundok,"[22] sabi ng Panginoon.

Ang sakit ay hindi iiral pa sa langit. Wala na roong pagluha, wala nang paglilibing, wala nang sagisag ng pagdadalamhati. "Hindi na magkakaroon ng kamatayan, hindi na magkakaron pa ng dalamhati o ng pa- nambitan man, . . . ang mga bagay nang una ay naparam [603]
na."[23] "Ang mamamayan ay hindi magsasabi, Ako'y may-sakit; ang bayan na tumatahan doon ay patatawarin sa kanilang kasamaan."[22]

Naroon ang Bagong Jerusalem, ang pangulong lunsod ng niluwalhating bagong lupa, "putong na kagandahan sa kamay ng Panginoon, at diyademang hari sa kamay ng iyong Diyos."[22] "Ang kanyang ilaw ay katulad ng isang totoong mahalagang bato, na gaya ng batong haspe, na malinaw na gaya ng salamin."[24] "Ang mga bansa ay lalakad sa pamamagitan ng liwanag nito: at ang mga hari sa lupa ay mangagdadala ng kanilang karangalan sa loob niyaon." [25] Ang wika ng Panginoon, "Ako'y magagalak sa Jerusalem, at maliligaya sa Aking bayan." "Ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao, at Siya'y mananahan sa kanila, at sila'y magiging mga bayan Niya, at ang Diyos din ay sasa kanila, at magiging Diyos nila."[24]

Sa loob ng bayan ng Diyos ay "hindi na magkakaroon ng gabi." Wala nang nangangailangan o magnanasa ng pamamahinga. Hindi magkakaroon ng kapaguran sa pagganap ng kalooban ng Diyos at sa pag-aalay ng pagpupuri sa kanyang pangalan. Lagi nating mararanasan ang kaginhawahan ng umaga, na hindi mawawakasan kailanman. "At hindi nangangailangan ng liwanag ng ilawan, ni ng liwanag man ng araw; sapagka't liliwanagan sila ng Panginoong

[21] Isaias 35:1; 55:13.
[22] Isaias 11:6, 9; 33:24; 62:3; 65:19.
[23] Apocalipsis 21:4.
[22] Isaias 11:6, 9; 33:24; 62:3; 65:19.
[22] Isaias 11:6, 9; 33:24; 62:3; 65:19.
[24] Apocalipsis 21:11, 24, 3.
[25] Apocalipsis 22:5.
[24] Apocalipsis 21:11, 24, 3.

Diyos."[25] Ang liwanag ng araw ay lalaluan pa ng isang liwanag na hindi naman nakasisilaw, datapuwa't malaki ang kaliwanagan kaysa liwanag ng ating katanghaliang tapat. Ang banal na lunsod ay aapawan ng di-kumukupas na kaluwalhatian ng Diyos at ng Kordero. Ang mga tinubos ay lalakad sa walang araw na kaluwalhatian ng
[604] walanghanggang panahon.

"Hindi ako nakakita ng templo roon; sapagka't ang Panginoong Diyos, ang Makapangyarihan sa lahat, at ang Kordero, ay siyang templo roon."[26] Magkakaroon ng karapatan ang mga tao ng Diyos na makipag-usap ng mukhaan sa Ama at sa Anak. Ngayon pa man ay nababanaagan na natin ang larawan ng Diyos, gaya ng sa isang salamin, sa mga gawa ng katalagahan at sa pagpapasunod Niya sa mga tao; datapuwa't pagka dumating na ang panahong iyon, makikita natin Siya ng mukhaan, na walang makakakubli pa sa pagitan. Tatayo tayo sa Kanyang harapan, at makikita natin ang kaluwalhatian ng Kanyang mukha.

Doon, ang mga natubos ay makakakilala gaya naman ng pagkakilala sa kanila.[27] Ang mga pag-ibig at mga pakikiramay na itinanim ng Diyos sa kaluluwa ay makakasumpong doon ng pinakatunay at nakaliligayang pagsasagawa. Ang dalisay na pakikisama ng mga banal, ang maayos na pakikisama ng mga pinagpalang anghel sa mga nangagtapat sa lahat ng kapanahunan, na nangaglaba ng kanilang damit at pinaputi sa dugo ng Kordero, ang banal na pagsambang nakatatali sa buong "sambahayan sa langit at sa lupa,"[28] ang lahat ng ito'y tumutulong sa pagbubuo ng kaligayahan ng mga natubos.

Doo'y bubulaybulayin ng walang-paglipas na mga pag-iisip na may walang pagkupas na kagalakan ang mga kahanga-hangang kapangyarihan ng paglalang, ang mga hiwaga ng tumutubos na pag-ibig. Wala na roong malupit at marayang kaaway na manunukso pa upang limutin ang Diyos. Ang bawa't bahagi ng isipan ay mapauunlad, ang bawa't kakayahan ay mapalalago. Ang paghahangad ng kaalaman ay di-makapapagod sa pag-iisip ni makapanghihina man sa kalakasan. Ang pinakamalaking pinapanukalang gawain ay maaaring isakatuparan; at mayroon pa ring mga bagong matataas na

[25] Apocalipsis 22:5.
[26] Apocalipsis 21:22.
[27] 1 Corinto 13:12.
[28] Efeso 3:15.

hangaring aakyatin, mga bagong kataka-takang hahangaan, mga bagong katotohanang uunawain, mga bagong bagay na makatatawag sa mga kapangyarihan ng pag-iisip ng kaluluwa at katawan. [605]

Ang buong kayamanan ng santinakpan ay pawang bubuksan upang pag-aralan ng tinubos ng Diyos. Mga dinatatalian ng kamatayan, ay magsisilipad silang walang kapagalan sa ibang malalayong sanlibutan—mga sanlibutang kinilos ng kalungkutan sa pagkakita nila sa kaabaan ng tao, at umalingawngaw sa mga awit ng kagalakan sa pagkabalita sa isang kaluluwang natubos. Taglay and di-mabigkas na kagalakan ang mga anak ng lupa ay makikisama sa kagalakan at kaalaman ng mga nilalang na di-nagkasala. Makikibahagi sila sa mga kayamanan ng kaalaman at pagkaunawang tinamo nila sa nalolooban ng napakaraming panahong pagbubulaybulay ng ginawa ng kamay ng Diyos. Sa pamamagitan ng walang ulap na paningin ay mamamasdan nila ang kaluwalhatian ng nilalang—mga araw at mga bituin at mga kaayusan, ang lahat ay nasa pinaglagyan sa kanila, na pawang nagpapalibut-libot sa luklukan ng Diyos. Sa lahat ng mga ito, buhat sa kaliit-liitan hanggang sa kalaki-lakihan, ang pangalan ng Maylalang ay nasusulat, at sa lahat ng ito'y nakikita ang kasaganaan ng Kanyang kapangyarihan.

At ang mga taon ng walang-hanggang panahon, sa kanilang paglakad ay magdadala ng lalong sagana at lalong maluwalhating mga pahayag ng Diyos at ni Kristo. Sa pagsulong ng kaalaman, ay lalago ang pagibig, ang paggalang at kaligayahan. Habang natututo ang mga tao tungkol sa Diyos, ay lalo namang lumalaki ang kanilang paghanga sa Kanyang likas. Sa pagbubukas ni Jesus sa kanilang harapan ng mga kayamanan ng pagtubus, at ng malalaking pananagumpay sa pakikipagpunyagi kay Satanas, ay lalong magaalab sa mga puso ng mga natubos ang pag-ibig at pagtatapat, at taglay ang di-mabigkas na katuwaan, ay kakalabitin nilang la- hat [606]
ang kanilang mga alpang ginto; at sampung libong tigsasampung libo at libu-libong tinig ay mangaglalagum sa malaking awitan ng pagpupuri.

"At ang bawa't bagay na nilalang na nasa langit, at nasa ibabaw ng lupa, at nasa ilalim ng lupa, at nasa ibabaw ng dagat, at lahat ng mga bagay na nasa mga ito, ay narinig kong nangagsasabi: Sa

Kanya na nakaupo sa luklukan, at sa Kordero ay ang pagpapala, at kapurihan, at kaluwalhatian, at paghahari, magpakailan man."[29]

Natapos ang malaking tunggalian. Wala na ang kasalanan at makasalanan. Malinis na ang buong santinakpan. Iisang tibukin lamang ng pagkakaisa at katuwaan ang naghahari sa buong nilalang. Mula sa Kanya na Maylalang sa lahat, ay dadaloy ang buhay at liwanag at kaligayahan, sa buong kaharian ng walang-hanggang kalawakan. Mula sa kaliit-liitang atomo hanggang sa pinakamalaking sanlibutan, ang lahat ng bagay, may buhay at walang buhay, sa kanilang hayag na kagandahan at sakdal na katuwaan, ay pawang nagpapahayag na ang Diyos ay pag-ibig.

* * * * *

[29] Apocalipsis 5:13.